

My Prince

By alyloony

I did my best to be in that place and I succeeded, but I didn't expect that things will turn the other way around.

I went to school that doesn't fit my lifestyle but I don't care. All I want is to be with my love.

But I guess my decision is wrong.

Very wrong.

I'm currently studying in Prince Academy, a school for elites. I'm a mere commoner and guess what, ako lang ang nagiisang ganyan sa school namin. HAHA unique ako dito diba? And VERY POPULAR!

Very popular na pagtripan

I want my highschool days to be memorable but the only memories I had is yung mga times na binubully ako dito.

And what happened dun sa love ko na sinundan ko?

I GAVE UP ON HIM

Well, not completely. Because I know deep down I still love him.

Darn, how I hate everything in this school. From it's air-conditioned room to it's very expensive foods.

Especially those students who called their selves STAR SIX. They are group of students who's very rich and very popular in this school. Buhay celebrity sila dito. Kulang na lang sambahin sila ng mga estudyante dito-except me. Naiinis ako from the way they talk, they walk and from the way they treat others! And most of all, from the way they made me realize that me and the person I love is living in a very different worlds

Yes.

The person I love is one of them

That's why I decided to give up. Ang plano ko nga lang is magpaka loner dito until the day that I graduate. Well, nag succeed naman ako for three years. This is my last year of being a highschool student.

My last year of suffering.

She's a commoner

He's a prince

She doesn't have a good highschool memory

He doesn't have a good past

They're strangers to each other.

Until one day

Unexpected things happend

Characters

Arcie Morales - the commoner

Jiro Festin - the Ultimate Prince

Ren Salvador - the Romantic Prince

Michelle Rhias - the MVP Princess

Justine Mendrez - the Genius Prince

Lance Victorino - the Casanova Prince

Yanna Scott - the Heartthrob Princess

Krissa Fuentes - the cute adviser

Nike Sanchez - the handsome new teacher

Jennica Festin - the Principal

Chapter 1

The start

LAAAATTTTEEEEEEEEEEEEEEE NAAAAAAAAAAA KOOOOOOOOOOOOO!!!

Tumakbo ako palabas ng bahay. Malaki sigurong achievement saakin na walking distant lang ang house ko sa school. Pero mas malaking disadvantage saakin na pag late akong nagiging, ang walking distant na school sa bahay namin ay kailangan kong takbuhin at kahit gaano pa kabilis ang pag takbo ko, lagi parin akong late! Hay.

Anyways, I'm Arcie Morales, and this is my first day of being a senior highschool which is, sad to say, late ako.

Tumingin ako sa watch ko. Uh-oh! 10 minutes to go masasaraduhan na ko ng gate!!

BEEEEEEEEEEEEEP BEEEEEEEEEEEEEP*

Ay tipaklong!

Napatingin ako sa likod ko na ready to fight kung sino man yung napaka walang manners na bumusina saakin, kaya lang-

"binbo! Nakaharang ka sa daan!"

Natigilan ako and I can't move my body na kala mo eh ginamitan ako ng stunning spell.

That voice.

Lumingon ako and yun nga nakita ko si Ren Salvador na nakasilip sa bintana ng kotse niya. He is smiling at me.

How I hate that smile. It made me fall for him again

"good morning binbo ."

Teka baka nagtataka kayo kung bakit binbo ang tawag niya saakin. That's a Japanese term for poor.

Matagal na niya kong tinatawag ng ganyan, since preschool pa!

Ren Salvador is my childhood friend. And he is also the reason why I entered Prince Academy, a school for elites. Siguro nagtataka kayo kung paanong ang isang commoner na tulad ko eh nakapasok sa school na to.

Every year kasi, nagbibigay sila ng scholarship dun sa mga incoming freshman na mag take ng entrance exam sa kanila. Then they will grant a full scholarship kung sino ang mag rank na number one sa entrance exam. And fortunately or should I say, unfortunately ako ang nakakuha ng scholarship. Kaso kailangan ko maging student assistant and mag maintain ng good grades para dun sa scholarship.

Anyways, ang tagal ko ding hindi nakita tong mokong na to. Na miss ko siya kasi sa school hindi naman ako makalapit sa kanya dahil kung hindi siya palaging pinaliligiran ng mga girls, lagi naman niyang kasama ang Star 6 or S6 for short.

"l-labanos"

Aba syempre kung may terms of endearment siya sakin (binbo) ako din dapat no! I called him radish or labanos because of his very white complexion. Para tuloy siyang kumikinang palagi.

"at bat grabe ka naman makatakbo diyan ha?"

"late na ko eh! Ikaw kasi naka-kotse noh!"

Binuksan niya yung door ng car "hop-in! sabay na tayo "

"h-ha?"

"first day na first day late ka? Kawawa ka naman! Sakay na kasi!"

Sumakay na ko katabi niya. Weeeeeeeeeeeee swerte! Haha

"bat kasi hindi ka na lang sumakay sa tricycle no!"

"nagtitipid po kasi ako!"

"sus! Parang six pesos na pamasaha lang"

"ang six pesos samin ginto na!"

Ginulo niya ang hair ko "binbo ka talaga! "

Ganyan talaga si Ren, makulit at ang hilig hilig mang asar. Yun nga lang sa school hindi kami ganito.

Three minutes lang nakarating na agad kami sa school and as expected, ang dami na namang naka abang na mga students sa gate.

Oo nga pala, isang S6 ang kasama ko dito kaya hindi na nakakapag taka kung bat ganyan karami ang tao dito.

Ren is known to be the Romantic Prince. He is the vocalist of our school's official band. Magaling na kumanta, marami pang instruments na kayang tugtugin. He captured a lot of girls heart (including me). Lalo na kung narinig niyo siyang kumanta on stage. Pero tingin ko hindi lang dahil dun, friendly kasi siya sa lahat and laging naka-smile. No wonder kaya ganyan kadami ang nag aabang diyan.

"let's go?"

"ah hehe"

"why?"

"paano tayo bababa?"

"ah. Wag ka mag alala. Basta dirediretso lang nang lakad "

Tumingin ako sa bintana. Dirediretso lang? eh parang hindi ako makakalabas nang buhay sa dami nang mga taong yan eh! Mali talaga!! Maling mali na sumabay ako sa labanos na to (kahit kinikilig ako!)

"oh bakit? Baka naman kinahihiya mo na makita ka nila na kasabay mo ko?"

"paano mo nahulaan? "

"ikaw naman binbo! Sa gwapo kong to nahihiya ka!!"

Sus! Baka ikaw pa ang mahiya sakin!

Hinila ako ni Ren pababa and bigla naman humawi yung mga students, mostly girls na naka-abang sa car ni Ren. They look at me from head to toe then nag bulungan sila

"don't mind them"

Hay, this is one of the reasons kung bakit nakakalungkot ang pagiging S6 ni Ren. Parang all the people in this world are shouting na hindi kami bagay.

"Hey Ren here!" May isang magandang babae na kumaway sa kanya na kabababa lang sa car.

That's Michelle Rhias, one of the S6 and known as the MVP Princess. She is the captain ball of the school's volleyball varsity team. She is also beautiful and smart. Her family owns two restaurant and one five star hotel. She was admired by many guys but in some reasons hindi siya tumatanggap ng mga suitors.

"halika, pakilala kita sa kanila"

"ha? Ah wag na!"

"bakit? Tara na!" he held my hand then I can feel my heart beat faster kaya bumitaw ako.

"ahm, ano may gagawin pa kasi ako. Next time na lang!"

Sa totoo lang iniwasan ko talagang maging involve sa S6 kasi feeling ko magugulo ang buhay ko once na magpakilala ako sa kanila. And besides hindi ko talaga sila feel na makilala!

Lumapit naman si Ren kay Michelle then nakita ko may mga students na nagbabaan sa kani-kanilang kotse. All the eyes of the students are on them.

I saw a girl na kabababa lang sa car niya. She has a very beautiful face and a good posture na halatang halata mo naman na mayaman kung kumilos.

Yanna Scott, the beauty queen of S6. She was entitled 'Miss Prince academy' at wala pang nakaka-agaw nang place niya. She's beautiful and talagang pinag aagawan ng mga guys sa school na to. Pero kahit gaano siyang pagkaguluhan, wala siyang sinasagot na suitors and lagi niyang sinasabi "My heart belongs to Lance only"

Narinig ko naman nag tilian ang mga girls and nakita ko yung mga pinagkakaguluhan nila. Together with Ren, may dalawa pang guys na kasama niya. Yung isang guy he has a good body and very tall and the other one has a chinito eyes and a nice smile. Both of them are good-looking.

One of them is Justin Mendrez, the genius prince. He ranked number two on the entrance exam three years ago. Hindi nga ako makapaniwala nun kung paano ko siya natalo pero close fight ang nangyari samin. I won by two points only. But other than that, siya ang president ng star section and leader ng tatlong club sa school which is science, English and math club.

The other one is Lance Victorino, the Casanova Prince. He is a very good looking guy. Favorite collection: girls! Kung gaano karaming beses na sabihin ni Yanna na may relationship sila, ganoon din niya karaming beses na itanggi ito.

Wala paring tigil yung tilian ng mga tao dito. Akala mo may isang malaking celebrity na nagpunta sa school. Well kung sabagay mga buhay celebrity naman yang mga yan.

"OMG!! Si Jiro parating na!!!!!"

Lumakas yung mga tili ng mga tao habang papasok ang isang limousine sa school namin. mas lalo pang naglakasan nung huminto na yung limousine and may isang guy na bumaba. Kung titignan ko siya, this guy is very handsome, nice skin complexion, beautiful eyes and a very kissable lips. But there is something wrong with this guy.

I never seen him smile for the whole three years I'm studying in this school. Parang laging problemado at aburido sa buhay.

That's Jiro Festin, the Ultimate Prince. He is the most popular among the six of them. Ang family niya ang may-ari ng school na to. Her sister is the principal in this school. School basketball varsity din siya. He's very handsome and surrounded by many admirers, but ni-isang beses, hindi ko pa siya nakitang nag smile. Hay! Hindi ko alam kung bakit siya nagustuhan ng mga babae dito! Mukha naman siyang suplado eh!

"Jiro!! It's been a long time bro!" nilapitan ni Lance si Jiro.

"hey!" inakbayan ni Ren si Jiro "how was your summer?"

"as usual!"

"tara na. Punta na tayo sa classroom" sumenyas si Justin sa kanila and nag sunuran naman ang S6 sa kanya

Habang naglalakad sila, lahat ng tao nakatingin sa kanila.

"Ms. Yanna please accept my gift for you! Bag yan, binili ko pa sa France para lang sayo!"

Eh? Ang sosyal ah! Mahal pa ata yang bag na yan sa buong bahay namin!

"oh thank you!! " kinuha niya yung bag "pero sorry di parin kita sasagutin!" pinulupot niya yung braso niya kay Lance "may boyfriend na ko! " she winked.

Inalis naman ni Lance yung braso ni Yanna. "at sino naman nagsabi sayo na tayo ha? "

"sus naman Lance! Pakipot ka pa! "

"ahhhgggg!! Para kang linta!! Justine oh!! "

"tumigil nga kayong dalawa."

Naguguluhan talaga ako sa relationship nang dalawang yan!!

"Miss Michelle please accept this! Cake yan, ako ang nag bake"

"sorry I'm not fond of eating sweets!"

Eh?! Sayang ang cake!! Sayang na sayang!!

Inalisan ni Michelle yung guy! Grabe ang mean naman! At least tanggapin niya manlang no! nag effort pa yung lalake na mag bake para sa kanya! Napaka unusual nun for a guy ah!

"pwede bang akin na lang to?"

"ah. Sige" inabot nung guy kay Ren yung cake.

"hey Michelle! Tanggapin mo naman to. pinaghirapan ata tong gawin!"

"kung gusto mo Ren sayo na lang!"

Teka, bat si Justin ang nag react?

"ikaw naman Justine! High blood ka agad! Akin na lang talaga to"

"Ren kunin mo din to" inabutan siya nang gift nung isang girl.

"thanks " he winked. Nagtitili naman yung girl!

GRRRR RADISH!! FLIRT! FLIRT!

"Jiro please accept this." Hindi niya pinansin yung girl, tuloy tuloy lang siya sa paglalakad. Kahit yung ibang nag-aabot nang gift sa kanya hindi niya pinapansin.

Hay nakakapag-taka talaga. Napaka suplado naman niya pero bat ang dami nagkakagusto sa kanya.

"huy Jiro ayaw mo nang mga to? akin na lang!"

"bahala ka Ren!" pinagkukuha ni Ren yung mga gifts ni Jiro.

HAY NAKU RADISH!

Maraming nag-aabot nang gifts sa S6. Ganyan sila every after nang isang vacation. Mapa holy week man, Christmas vacation, o summer vacation basta pag dating nang pasukan lagi nila binibigyan nang gift ang S6. Mukhang ako nga lang ang hindi nagbibigay sa kanila eh!

Ganyan ang buhay ng Star Six sa school namin. Parang mga hari't reyna. But wala naman akong pakialam dun kasi wala namang kinalaman sa buhay ko ang S6 na yan. Si Ren lang ang kilala ko sa kanila personally. Pero yung iba? Well, sabihin na nating they don't even know my very own existence. Wala rin naman akong pakialam sa kanila. For me, they are just this kind of people na masyadong na-eejoy ang popularity nila sa school. Kaya nga siguro ang dami nilang good highschool memories unlike ko na laging napag titripan dahil sa pagiging "commoner" ko.

But little did I know, everything will change starting this day.

Chapter 2

Mask of a Prince

Busying busy ako kumain dito sa favorite spot ko sa school: Ang garden. Peaceful kasi dito and eto lang yung place na walang katao-tao pag lunch break. Most of the students kasi, sa cafeteria ng school kumakain at ang mga presyo ng pagkain dun eh pang five star hotel. Kung sa bagay afford naman nilang lahat yun.

From here tanaw ko yung Leisure room ng Star 6. Dahil pure glass ang windows sa room, kitang kita ko yung mga ginagawa nila. Si Michelle nagsusulat. Si Justine nagbabasa ng book. Si Yanna naman and Lance nag hahabulan while Ren is busy stramming his guitar. Every break kasi lagi silang nandiyan. Hindi sila kumakain sa cafeteria, may nagdadala na ng food sa leisure room para sa kanila.

Napaka biased talaga ng school na to pagdating sa kanila. Bat kaya nakakakuha ng special treatment yang mga yan samantalang pare-pareho lang naman kami--este sila--ng tuition na binabayaran dito!

Hay naku! Bat ko pa ba kasi pinagiintindi yang mga taong yan?! Kukulo lang ang dugo ko sa kanila!!

After ko kumain tumayo na ko then pumasok sa loob ng building. May bigla namang humarang sakín na mga girls na hindi ko kilalala.

“she’s the one”

“talaga? Yung commoner na to?” may mga babaeng lumapit saakin at tinuro turo ako

O—kay? Ano naman ang kasalanan ng commoner na tulad ko?

“bat ka kasabay kanina ni Prince Ren?!”

“ha?”

“sino ka para sumabay kay Prince Ren namin?!”

Sino ko para sumabay sa Prince Ren niyo at labanos ko?! Ako lang naman ang girlfriend niya!

--charing! Hay nananaginip na naman ako ng gising!

“ha? Wala, pinasakay niya lang ako”

“imposible!! Ang isang maduming tulad mo pasasakayin niya?!”

Hindi na ko nakapag pigil sa bunganga ng babaeng to. Nilapitan ko siya atsaka sinabunutan! Pinagtatadyakan ko sila at napaluhod naman sila sa harap ko na nagiiiyak at humihingi ng sorry

Charing ulit! Nananaginip na naman ako! Geez! What a wild imagination!

Hindi ko na sila pinansin at nagtuloy-tuloy na ko sa paglalakad kaso hinawakan ng babae yung braso ko ng mahigpit na maghpit. Yung iba naman pinaligiran kami.

“a-aray”

Nak ng tokwa naman! First day na first day mukhang mapagtitripan na naman ako!

Labanos help me!

“excuse me”

Napalingon sila sa nagsalita at bigla naman akong binitawan nung isang babae at halatang halatang nagulat. Napatingin ako dun sa nagsalita at nakita kong nakatingin din siya sakin.

Si Jiro.

“P-prince Jiro! ”

Hindi siya pinansin ni Jiro at nag tuloy-tuloy sa paglalakad palapit sakin.

“Arcie Morales?” nagulat naman ako nung sinabi niya yung name ko.

“a-ako nga” nakatingin parin siya sakin ng seryosong seryoso.

Uhhh, well normal na tingin na niya yun!

Teka nga, at bat naman ako kilala ng isang to?

“kanina ka pa hinahanap sa office”

“h-ha?”

Tinuro niya yung speaker **“paulit-ulit na sinasabi name mo diyan”**

“ha? Ah t-thanks!”

Umalis na ko sa scene and kitang kita ko yung pagmumukha nung mga babaeng yun.

OK? Niligtas ba ko ni Jiro Festin?

Nakita ko na sinusundan ako ni Jiro kaya huminto ako

“ano Jiro, yung kanina ano s-salama—“

“what are you talking about? And why are YOU talking to me? And are we that close for

you to call me by name?”

Eh?

“ha? Ano kasi, y-yung k-kanina—“

“napagutusan lang ako tawagin ka.” Nagtuloy-tuloy na siyang naglakad, siguro pabalik na sa classroom nila. Kala ko sinusundan niya ko mali pala

At akala ko niligtas niya ko **MALING MALI PALA**

Ang taray ng lolo mo ah!! At talagang sinabihan ako ng ganun!! Naku naman sarap sabunutan!! **GRRRRRR**

Pumasok naman ako sa teachers office na katabi ng principal’s office. Nilapitan ko yung directress ng school.

“ma’am pinatawag niyo daw po ako.”

“oh! Yes, you’re just in time! Paki distribute naman tong mga papers sa mga teachers. Yan yung mga schedules of activities for the whole year. Thanks”

Kinuha ko yung mga papers then as I told to do, dinistribute ko na.

Isang teacher na lang ang hindi ko pa nabibigyan ng paper, si Ms. Krissa Fuentes, new teacher ata siya dito. Tinignan ko kung ano ang advisory class niya; Star Section.

Star Section? Naku! Kailangan ko ba talaga pumunta sa room na yun!

Yun lang naman ang section kung saan nag-sama sama ang mga students na mas mayaman and mas angat sa iba pang students sa school na to. Syempre kasama sa section na yan ang S6.

Pumunta ako dun sa classroom ng star section. At bago pa ko makakatok, may isang babaeng teacher na na lumabas sa room at umiiyak.

Ok? Ano naman kaya ang nangyari?

Naku! Baka kung anu-ano na naman ang pinagsasabi ng mga taga star section sa new adviser nila. Palibhasa mga mapang-mata mga tao diyan.

Sinundan ko yung teacher then nakita ko siyang pumasok sa CR.

“ma’am?”

Napalingon siya sakin then I can see her eyes full of tears.

Agad naman niyang pinunasan yung luha niya

“y-yes?”

“ibigay ko lang po sana to sainyo. Schedule of activities po”

“ah th-thanks! Sige you can go na”

“ma’am are you ok?”

“y-yes! Yes I’m fine. Please go”

“sige po”

Lumabas na ko kasi ramdam ko naman na gusto niya mapag-isa

Hay ibang klase talaga sila! Ang sasama ng mga ugali!!

[Jiro’s POV]

Bell rings

Hay salamat at natapos na rin ang araw na to. Kahit nakaupo na lang ako magdamag sa room, napagod parin ako. Paano ba naman kahit saan ako mag punta may mga nakaharang na taong nag-aabang saakin.

Siguro iniisip niyo na natutuwa ako sa mag nangyayari saakin dito sa school, well you’re wrong. Inis na inis ako. Wala na kong peaceful moment dito sa school na to.

Dumiretso ako sa leisure room para kunin yung ibang mga gamit ko. As expected nandun yung lima sa loob. Routine na ata ng mga yan na tumambay sa leisure room bago umuwi.

“hay salamat dumating na rin ang Ultimate Prince” sinalubong ako agad ni Ren

“ano’ng meron?”

“wala lang naman. Wag ka muna umuwi, ilang months tayong hindi nagkita” sabi saakin ni Justin ng hindi man lang tumitingin at busy sa pagbabasa ng kanyang libro

Lumapit si Michelle kay Justin at umupo sa tabi niya atsaka tumingin saakin **“nag paluto ako sa chef ng hotel namin ng foods. Siguro malapit nang maluto yun ngayon”**

“weeeeeeee!! Gutom na ko!! ”

“hoy Yanna, ako muna unang kukuha bago ikaw! Baka ubusan mo ko!”

“hoy Ren ikaw kaya ang PG diyan no! unahan na kita bago mo pa kami maubusan”

Wag na kayong magtaka, ganyan lang talaga yang dalawang yan, ang hilig mag bangayan pero lokohan lang naman nila yun. Siguro kung wala silang dalawa dito, ang tahimik ng leisure room.

Lumapit saakin si Lance a inakbayan ako **“so Jiro, what can you say? Party time na ba? ”**

“sorry guys I need to go”

“HA?!”

Napatakip ako ng tenga. Tama ba namang sigawan ako sa tenga?!

“Yanna I’m not deaf!”

Lance: “ang KJ mo talaga Jiro!”

Michelle: “oo nga naman! Dito ka muna!”

“sorry” lumabas na ko sa room.

I’m not in the mood to party. Well, I’m not in the mood to have fun for the last 2 years. Ever since that day, hindi na naman ako nakaramdam ng saya eh.

Pumunta ko sa comfort room and sakto walang ka-tao tao. Ni lock ko yung door para walang ibang makapasok.

I faced the mirror then sinuot ko yung wig, eyeglass, and braces na nasa bag ko.

Mukha na naman akong nerd dito sa itsura ko. Pero I prefer this one kasi pag lumalabas ako ng ganito ang itsura ko, hindi ako nilalapitan ng mga tao.

Pag ganito ang itsura ko, natatago ko ang Prince Jiro nila na hate na hate ko.

Lumabas na ko ng comfort room and as expected wala man lang pumapansin saakin.

Hay! Peaceful ulit ang buhay ko!!

Lumabas na ko sa school and naglakad saking daily routine. Kaya lang may biglang nang hila saakin sa may kanto. nung tinignan ko kung sino yung nanghila saakin, tatlong malalaking lalake.

“mukang tiba-tiba tayo ngayon ah”

“hahaha biruin mo yun mga pre taga Prince Academy pa ang nahuli mo”

“hijo” tumingin saakin yung isa “tatal mayaman ka naman ibigay mo na samin lahat ng mga gamit mo lalo na ang wallet at cellphone”

Sa loob ng isang buwan tatlong beses ata ako nagaganito.

Oh well, I think I need some exercise and mukhang nakahanap na naman ako ng magandang punching bag.

[Arcie’s POV]

WEEEEEEEEEEEEEEE!!! Uwian narin sa wakas. Eto ata ang pinaka favorite time of the day ko. Para kasing kada uwian lumalabas ako sa isang hell na lugar!!

I’m so tired and hungry! Nagluto daw si mama nang ginataan pang meryenda kaya excited na ko umuwi!!

Nag lakad na ko pauwi. Hay nasan kaya si Ren? Sana makita ko ulit siya para maihatid ako sa bahay namin! Wahihihi.

“ibigay mo na samin lahat ng mga gamit mo lalo na ang wallet at cellphone”

WOOOOOOOOOOTT

Napabalik ako sa kantong nalagpasan ko and nakita ko may tatlong lalake na pinapaligiran ang

isang lalake.

Wait! Schoolmate ko yung pinapaligiran nila!! Napansin ko dahil dun sa suot niyang uniform. Pero bat parang ngayon ko lang ata siya nakita? Meron siyang weird na buhok at color brown pa! teka, pwede ba sa school ang may kulay ang buhok? Nakasalamin siya and naka brace.

Yung buhok niya pang rakista, pero ang porma niya pang nerd? No wonder napag tripan to nang mga lalakeng to!

Pero teka, tutulungan ko ba siya o hindi?

Naku naman!!

Chapter 3

WLS

[Jiro]

"paalisin niyo na ako"

Syempre onting arte muna no. Para naman isipin ng mga to na hindi ko sila kaya! Haha pero mamaya patay sakín yang mga yan!

"ano ka ba bata! Hindi halata sa itsura mo pero alam naming bigatin ka! Nag-aaral ka sa Prince Academy di ba?"

[Arcie]

Eh? May dukha, mahirap, binbo din sa Prince Academy no!

Ano ba naman itech! Tatayo na lang ba ko dito at manunuod o mag- aala darna at tutulungan si schoolmate?

[Jiro]

"e-eto na"

kunyari ilalabas ko yung wallet para lahat na ng attention nila dun sa wallet ko mapunta at nang makapag simula na kong mag exercise, kaya lang--

[Arcie]

ilalabas na niya sana yung wallet niya kaya lang hindi ko alam kung tatawagin niyong kahanga-hanga o katanga-tanga ang ginawa ko, lumapit ako sa kanila at pinigilan ko si weird-looking schoolmate na ibigay sa kanila yung pera.

"nakita rin kita! Kala mo makakapagtago ka sakin ha?"

"ha?"

[Jiro]

may babaeng lumapit samin at pinigilan yung kamay ko sa pagaabot sa kanila ng wallet. Teka, eto yung commoner na nagaaral sa school namin ah? Ano naman kaya ang kailangan nito?!

[Arcie]

Kinuha ko yung wallet sa kamay niya "ang laki nang utang mo sakin! May pera ka pala, bat hindi ka nagbabayad?"

[Jiro]

Utang? Ako? Nangutang? Ni-isang beses ata sa buhay ko hindi ko pa nararanasan yun! Ano bang pinagsasabi ng babaeng to?

"ah miss, umalis ka dito kung ayaw mong masaktan!"

[Arcie]

"bakit? May utang din ba sa inyo ang taong to?" tumingin ako kay weird-looking schoolmate "naku masama yung mangutang nang mangutang!" hinila ko siya paunti-unti "dapat kung may pera ka na wag ka nang nangungutang."

"ano bang sinasabi mo?" ay tokwa! Kay slow naman nang lalakeng to!

"maki-ride on ka na lang kung gusto mo pang makauwi nang kumpleto ang katawan mo" bulong ko sa kanya

[Jiro]

Eh? Eh yakang yaka ko tong mga to! naku naman! Bat ba nakikialam tong babaeng to?!

"hoy miss! Mabait ako sa mga babae! Pero ayoko sa lahat yung pakielamera. Kung ako sayo umalis ka na dito bago ka pa masaktan."

Haha! Korek ka diyan! Masyadong pakielamera eh!

[Arcie]

Etong gorilla na to!! naku talaga naman!!

Ngumiti ako sa kanya, yung pinaka sweet na smile. "ah hehehe, aalis na ko" hinigpitan ko yung hawak ko sa wrist ni weird-looking schoolmate, WLS for short. "aalis ako, kasma niya" bigla akong tumakbo habang hatak-hatak si WLS. Yung mga gorilla naman, hinabol kami.

[Jiro]

"t-teka miss!"

Nagulat ako dahil bigla ba naman akong kinaladkad palayo sa mga goons na yun.

"manahimik ka na lang diyan at tumakbo WLS!! Ayoko pang mamatay!!"

"WLS?"

Ano naman kaya yun?

[Arcie]

Lumingon ako sa likod and nakita kong hinahabol parin kami ng mga gorilla!!

WAAHH!! Gorillas are on the loose!! Kailangan nilang maibalik sa manila zoo!!

May nakita akong ga-bundok na tambakan nang basura, at dahil masyado akong desperadang mabuhay, hinila ko si WLS na gilid nang mga basura para dun kami magtago.

"miss, bat tayo nandito? "

"shh wag ka maingay, nagtatago tayo"

"bakit dito? "

[Jiro]

ang daming pwedeng pagtaguan at bat dito pa niya napili?

"wala na tayong ibang pagtataguan no!"

"ang baho kaya" nagtakip ako ng ilong

[Arcie]

Anak nang tokwa naman tong WLS na to oh!! mas gusto pa atang mamatay kesa makaamoy nang mabaho eh!!

"singhutin mo nang singhutin para mawala ang amoy"

"papatayin mo ba ko? "

"sila ang papatay satin"

[Jiro]

"mamatay ako sa suffocation dito" parang mas gusto ko pa ata mamatay sa bugbog ng mga goons na yan kesa mamatay sa mabahong lugar na to.

Ang pakielamera naman kasi! Siguro kung hindi nakialam yang babaeng yan kanina ko pa nagulpe ang mga goons na to!!

[Arcie]

Nakita kong parating na yung mga gorilla kaya tinakpan ko yung bibig ni WLS.

Nung nakita kong nakalagpas na sila, tsaka ako nakahinga nang maluwap.

"ligtas na tayo!!! weeeeeeeeeee"

[Jiro]

Nagtatalon naman si pakielamera sa tuwa. Ako naman hinila ko na siya palayo dun sa mga basura dahil hindi ko na ma-take ang amoy dun.

"grabe kala ko mamamatay na ko!! Marami pa kong pangarap sa buhay! Gusto ko pang makapagtapos nang pag-aaral. Gusto ko pang magkaroon nang sariling pamilya. Gusto ko pang tuparin ang mga pangarap ko sa buhay! Hindi maaring matapos ang buhay ko sa ganito lang. magmimistulang isang napakawalang silbe nang buhay ko pag nangyari yon! tsaka panigurado malulungkot si mama at ang mga kapatid ko pag nawala ako. at paano na ang mundo pag wala na ko?"

Napatigil ako then napatingin ako sa kanya. Nakita ko sa mukha niya na tuwang tuwa siya sa mga nangyayari at the same time may halo din takot.

Ang weird nang itsura niya.

"hindi naman ikaw ang na-holdap eh bat ikaw ang nag rereact ng ganyan?"

Napatigil naman siya and from her expression kanina, napalitan ng pagtataka yung mukha niya.

I can't help my self, I burst in laughter.

"ibang klase ka "

Tumawa din si Ardie-err tama ba yung name? or is it Arnie?

"ngayon lang ako nakatakbo nang ganun! "

"ngayon lang ako nakapag tago sa mga basura "

[Arcie]

Inabot ko sa kanya yung wallet niya "eto oh "

"ah, salamat"

"schoolmates pala tayo, pero parang hindi kita madalas makita sa school, ano nga palang name mo?"

[Jiro]

Do I really need to tell her my real name?

Siguro wag na lang, baka eto na rin ang last time na magkita kami.

"J-jacob"

[Arcie]

"Jacob" so hindi WLS ang name niya! "I'm Arcie senior na ko sa Prince Academy, ikaw?"

"junior palang"

[Jiro]

Para hindi na siya maghinala masyado, yan nalang sinabi ko.

"oh I see, kaya pala hindi kita masydong nakikita. Tara kain tayo samin?"

"ha? Ano, kasi-"

"tara na dali!! "

Wala na kong nagawa kasi kinaladkad niya na ko papunta sa kanila.

Tumigil kami sa isang maliit na bahay na may cafeteria na karugtong.

"you live here?"

"ah, hindi ko pa pala nasabi sayo, ordinaryong tao lang ako, kaya ako nakapag aral sa Prince Academy, kasi nakakuha ako nang scholarship. Pasensya ka na sa house namin ah? Kahit naman maliit yang malinis naman."

"ah, ok lang"

"tara na?"

[Arcie]

Pinapasok ko siya sa loob nang house namin at sinalubong naman kami nang tatlo kong makukulit na kapatid. I had three younger siblings, isang 12 years old, isang 9 at isang 7. medyo mahirap silang alagaan pero carry ko naman! Ako pa! hehe

Pinakain ko nang ginataan si WLS este Jacob pala. Nakakatawa nga ang expression niya kasi hindi niya alam kung ano ang ginataan pero nung na-try niya, ayun sarap na sarap.

Pero for the first time in history nagkaroon ako nang friend sa school na makakausap ko freely. Kahit papano pala angels in disguise din yung mga gorilla na yun! Hehe

[Jiro]

Habang pinapakain niya ko nang.. basta kulay purple na pagkain na hindi ko na matandaan ang pangalan.. batsa masarap! Ayun, napaisip naman ako..

I've never laugh like that for 2 years..

And sa isang hindi inaasahang incident, ang commoner na to pala ang makakapagpatawa ulit sakin ng ganun.

[Arcie's POV]

(Next Day.)

"Arcie, pinatatwag ka ni principal sa office niya."

Umagang-umaga pa lang, may lumapit na agad na teacher sakin para sabihin yan. Hay, bakit kaya?

Pumunta ako sa office ni principal, then nakita ko siyang nasa desk at may kung anong sinusulat. Kung titignan mo maigi, hindi mo masasabing principal ang kaharap mo. She looks more like a model. Ang ganda niya kasi para maging isang principal.

Hay, oh well, nasa dugo naman ata nila. Gwapo si Jiro, maganda si Ms. Jennica. Siblings yung dalawa.

"ma'am pinatatawag niyo daw po ako?"

"oh yes, please sit down." Umupo naman ako sa chair katapat niya. "tinitignan ko yung grades mo kanina, and I want to congratulate you for having a good grades this past years"

"ah thank you po"

"then as a reward, tatal fourth year ka na, I transferred you to star section."

"thank you po"

^_^ ^_^ ??? >_< O_O O_O O_O

"WHAT?!"

"nilipat na kita sa star section. Starting today dun na ang section mo. "

S-S-S-S-S-S-S-STAR SECTION?!?!?!?!?

Ano ba dapat maramdaman ko?

Tuwa o lungkot?!

Chapter 4 *Star Section*

“hello, I’m Ms. Krissa Fuentes, new adviser ng star section and at the same time, math teacher din. ”

“hi po ma’am, I’m Arcie Morales”

“so punta na tayo sa classroom?”

Bata pa ang adviser ng star section, kung iisipin mukhang newly grad lang siya eh. Well, I remember her kahit bagong teacher pa lang siya dito, siya kasi yung teacher na nakita kong lumabas sa hell na classroom ng star section na umiiyak. Mukhang ok naman si Ma’am Fuentes. Hay, pero ako kaya maging ok lang? mapupunta ko sa star section kung saan ang mga classmates ko ay mas mayaman at mas popular pa sa ibang nag-aaral dito. Malala na nga mga classmates ko dati, ngayon pa kaya? Hay naku naman! Tapos magiging classmate ko pa ang S6. I hope hindi sila bully! Pag nagkataon naku po hindi ko sila uurungan. Ang problema nga lang pag kinalaban ko sila baka maging me against the world ako sa school na to! Mag-ala San Chai-Makino-Jan Di na kinalaban ang F4 ang drama ko! Susme! Wag naman sana!!

Nakarating na kami sa classroom. Mas onti ang students dito compared to other sections pero mas malaki ang room. Tingin pa lang sa mga classmates ko babae mukhang maarte na at sa mga classmates ko namang lalake mukhang mayayabang. Pero wala pa ang S6. Late sila? I wonder kung nasaan ang anim na yun.

“ok, class please listen” tumigil naman sila sa pagdadaldal **“you have a new classmate here. Please introduce yourself.”**

“ah hello, I’m Arcie Morales—“

“Arcie Morales? Yung mahirap na scholar sa school na to??” tinignan ko yung girl na nag salita

Grr!! Hindi ako mahirap noh!! Kahit papano nakakain ako more than three times a day!!

“ah, ako nga yu—“

“ma’am what is she doing here?” sabat ng isa ko pang classmate

Umpisa pa lang alam ko nang hindi ako welcome!

“ah, kasi—“

“pss!” sabi nung isang lalake sa likod **“baka nagkakamali kayo nang pasok sa kanya? For reach and famous lang ang section na to”**

“ano ka ba! She’s famous! Siya lang kasi ang nag-iisang mahirap sa school na to ”

Nagtawanan naman sila. Ok napapahiya na lahi ko dito!!

“class please—“

Bigla naman may nagbukas nang pinto kaya lahat kami napatingin

Justine: “good morning”

Lance: “ohayo!!”

Yanna: “bonjur!!”

Napalunok ako bigla.

Ang S6!!

Nanlaki naman ang mata ko nung nakita ko si Ren.

Bobitang bata!! Nakalimutan ko na star section din pala si Radish at member din nang S6!!
Weeee!!

“ma’am who is she?” tanong ni Michelle

Napatingin naman sakín yung buong S6. nagkatinginan kami ni Radish and like me, nanlaki din yung eyes niya.

“oh?” napaturo siya sakín

“ah, new classmate niyo siya. She is Arcie Morales.

“wow may new classmate na naman tayo!! ” nagpapalakpak naman si Yanna

“Ms. Yanna siya yung **laugh** scholar na mahirap ”

Napayuko na lang ako. Hay, napapahiya ako sa harap ni Radish!

“welcome to star section” biglang napataas ang ulo ko. Ren held out his hand “enjoy your stay here ok? ”

Nakipag shake-hands ako sa kanya “th-thanks! ”

He winked at me.

Waaaaaaaaaaaaahhh Radish!! **sniff** ang kind mo talaga kahit kelan!! Ikaw talagang labanos ka!! Savior kita!

“ah ok class, please sit down. Mag start na ang lesson.”

Nagsibalikan naman sila sa mga upuan nila

“hmpf kainis! Pasalamat siya kay Prince Ren!”

Prince Ren?

“hoy sabi ni ma’am umupo na daw!”

Ay oo nga! Teka, saan ako uupo?

“ah, ma’am saan po ako uupo?”

“ay oh, yes I’m sorry. Saan ba may vacant seat?”

“ma’am walang vacant seat dito except dun sa tabi ni Prince Jiro. Pero girl sorry ka na lang, ayaw niya na may umuupo sa tabi niya.”

So saan niyo ko pauupuin? Sa labas? GRRR bat ba ko napunta sa section na to!!

“I don’t mind at all.” Napatingin kami lahat sa likod, at ayun nga nakaupo si Jiro dun at may isang vacant sit sa tabi niya. **“I guess it can’t be helped. Walang ibang vacant seat eh”**

“Ms. Morales you can seat over there.”

Umupo na ko sa tabi ni Jiro. Lumingon ako sa kanya **“uh, thanks”**

“for what?”

“dito sa—“

“don’t misunderstood, I didn’t do it for you. Tsaka please wag mo kong kausapin kasi ayoko nang bino-bother ako sa loob nang classroom”

OK PAYN WATEBER!!

Hmp!! Nag thank you lang eh!! Buti nga at marunong pa ko mag pasalamat!!!!!!!

“tignan mo talaga yang babaeng yan! Na-welcome na nga ni Prince Ren nakatabi pa si Prince Jiro natin!! Humanda talaga siya!!”

At grabe naman pag-uusapan na nga lang ako ang lalakas pa nang boses nila!!

Naku naman Ms. Jennica!! Ano bang kasalanan ko sayo at bat mo ko pinarusahan nang ganito!!
Waaaaaaaaaaaaaaaaahhhh!!

[Jiro’s POV]

Recess time..

“isu-suot mo ulit yan?”

Ay pusa!!

Palabas ako nang principal’s office para kunin ang gamit ko nang biglang sumulpot na lang kung saan ang ate ko, and at the same time principal din nang school na to.

Tinignan niya yung hawak kong wig, salamin and brace.

“mag di-disguise ka ulit?”

“It’s none of your business”

Pumunta si ate sa desk niya **“she’s in the garden right now .”**

“eh? ”

“si Arcie. Nakita ko siya sa garden. Dun siya madalas mag lunch.”

“oh, and so? ”

“alam ko gusto mo siyang puntahan”

Ano ba tong sinasabi ni ate?

“di kita maintindihan.”

“yung tawa mo kahapon”

“ha?”

“accidentally nakita ko kayo, and you were laughing.”

Naalala ko yung nangyari kahapon. Nung niligtas niya ko dun sa tatlong mokong na balak kunin ang pera ko.

“nagkamali ka nang nakita mo.”

“she can help you.”

Napatingin ako kay ate **“kaya ba nilipat mo siya sa star section?”**

She didn't answer

“I don't need help from anyone! ”

“you're so stubborn”

Palabas na ko sa principal's office. Ayoko na naman maka rinig ng kung ano kay ate about sa nangyari noon.

“parang ngayon hindi ko na mabasa kung ano ang iniisip mo”

Napatigil ako, then I look at her

“well, we're siblings right? Kahit ako din ate hindi ko mabsa ang nasa isip mo. Like for example ang pag hire mo dun sa baguhang teacher na yun as the adviser of star section. Well, mukhang nasa dugo na natin ang ganun so wag ka na mag taka”

Lumabas na ko sa office.

My sister is really annoying! Bakit be she always jump into a conclusion? Hindi naman kami close nung girl na yun. Nagkataon lang na nakialam siya kahapon.

Ready to fight na sana ko tapos biglang dumating!

Pero tama rin si ate, for a long time hindi ako nakatawa nang ganun. Ewan ko ba, magaan ang pakiramdam ko dun sa pakialamerang babae na yun. And unfairness masarp yung pinakain niya sakín na, nakalimutan ko ang pangalan, basta color violet siya na may saging, ube tapos may sago ba tawag dun? Basta yun!

Pumasok ako sa locker room then sinuot ko yung wig, salamin and braces. Hay dati ako si “Mr.

Nobody” pag suot ko ito, ngayon nagkapangalan na. I’m Jacob!

Lagi ako nag di-disguise pag sawa na ko sa too much attention na nakukuha ko. Lagi na lang Prince Jiro here, Prince Jiro there. Naiirita na kasi ako. Tsaka kelan pa ba ko naging prince? Eh hamak na anak lang ako nang may ari nang school na to! ni-hindi nga ako nagpapatakbo nang bansa eh!

Lumabas na ko nang locker room. Panigurado hinahanap na ko nang S6 ngayon.

“si Arcie. Nakita ko siya sa garden. Dun siya madalas mag lunch.”

Oh e ano ngayon kung nasa garden siya nag lulunch? After nang incident kahapon, I promise my self na hindi na ko magpapakita sa kanya. Kahit papano naman kasi nakita ko na mabuti siyang tao. Tinulungan niya ko kahapon kahit ganito itsura ko. Tinulungan niya si Jacob hindi si Jiro. At alam ko wala siyang hinihiling na kapalit sa ginawa niya. Kaya ayoko siyang lokohin sa identity ko.

Maya-maya lang nakita ko na ang sarili ko na naglalakad papunta sa garden.

Tsk! Grabe naman kasing mga paa to eh! Ang galing mag tempt!

“Jacob?” napalingon ako sa likod ko and ayun nga, nakita ko ang kaisa-isang estudyante na nakakakilala sakín bilang Jacob.

“Arcie”

“ano ginagawa mo dito?”

Ano nga ba? “ah nagpapahangin lang”

“tara kain tayo!”

Bago pa ko naka-hindi kinaladkad na naman niya ko.

“wala ka bang kasama?”

“wala. Lagi lang din ako mag-isa. Ikaw?”

“tulad mo.” Lagi akong mag-isa pag naka disguise ako and I’m enjoying it! “wala ka bang kaibigan?”

“sa school na to wala” napatahimik naman siya “ay wait meron pala! Ikaw! Friend kita di ba? ”

“friend?”

“oo friend. Bat, ayaw mo ba kong maging friend? ”

She looks down

“no I didn’t mean that! Kasi—ano I like to be your friend ” I smiled to her

“Thanks” she smiled back “ay meron pa palang isa. Kaso pag nasa school kasi hindi kami ganoong nag-uusap.”

“ha? Sino?”

“wag mo nang alamin baka di ka lang maniwala sakin ”

“alam ko naman di ka magsisinungaling”

She smiled at me “si Ren ”

“Ren? Yung vocalist? ”

Bigla naman siyang napatingin sakin “b-bakit? Hindi ba siya? Baka ibang Ren.”

“siya nga yun. Nagulat lang ako kasi sinabi mo ‘yung vocalist’ hindi ‘yung S6”

“ha ano ka ba eh—“ ay oo nga pala! Nakalimutan ko kilala niya ko na Jacob hindi Jiro! “uhmm, idol ko kasi siya”

Siguro pag marinig ni Ren ang mga sinasabi ko papalampak ang tenga nun! Pero friend niya pala si Ren? Siya kaya yung laging nababanggit ni Ren na childhood friend niya?

“tama ka magaling nga siyang kumanta”

“uhm bat pala hindi kayo masyadong nag-uusap dito?”

“madalas kasi lagi siyang napapaligiran nang maraming tao ”

“S6 siya eh” at ayun ang disadvantage nang pagiging S6.

“tama ang S6. hay”

“hindi mo ba gusto ang S6?”

“hindi naman, medyo inis lang sa iba nilang pinakikta. Tignan mo na lang, si Justine na naturingang president late kung pumasok! Si Yanna na laging sinasabi na boyfriend niya si Lance pero tanggap nang tanggap ng gifts kung kani-kanino. Si Lance naman walang ibang ginawa kundi ang mang babae! Hindi laruan ang puso nang babae no! tapos si Michelle, mukhang suplada! At si Jiro, naku wala na ata akong nakilalang ibang tao na mas susunget pa sa kanya!!”

“eh?” alam ba nang babaeng to ang sinasabi niya?!

“oo! Alam mo ba sa hindi malamang kadahilanan nilipat ako nang principal sa star section! Tapos alam mo nakatabi ko pa yun! Ang sunget talaga!! ”

Paanong hindi eh ang daldal niya kanina?! Thank you thank you pa!! kailangan pa ba yun?! As if namang gusto ko talaga ibigay yung upuan na yun sa kanya!!

“hindi ko talaga alam kung ano nagustuhan nang mga babae sa kanya!! Di hamak naman na mas mabait si Ren no!”

Di hamak naman na mas gwapo ako no!

Bigla namang nag ring ang bell

“hala!! Kailangan ko na bumalik sa room!”

“ako din”

“Jacob thanks for keeping me company! ”

“no prob!” kahit katakot-takot na lait ang natamo ko sayo!

“bye bye” tumakbo na siya paalis

Pero kahit nalait ako, sa hindi malamang kadahilanan

natuwa ako nung sinabi niya na friend niya ko.

Chapter 5

Official Best Friend

[Arcie's POV]

Katatapos lang nang Japanese subject namin, isa sa pinaka hate kong subject. Sa school kasi na to, required lahat na kumuha nang Japanese and French subject. Hay, as if namang kailangan ko yun para makapasok nang college?!

Yung katabi kong masunget, magdamag lang tulog habang nag le-lecture yung teacher namin. Naku talaga kung ako ang teacher matagal ko nang nabato ito nang chalk!! Palibhasa may-ari nang school tsaka S6 eh!!

Supposed to be English time na ngayon kaya lang nagulat kami na si Ma'am Krissa ang teacher na pumasok samin.

“**what are you doing here?**” sabi nang isa kong classmate na babae na hanggang ngayon hindi ko pa alam ang pangalan, tawagin na lang natin siyang si Arte 1

“**tapos na kanina pa ang math time ah**” ayan si arte 2

“**chu chu ka na**” eto naman si arte 3

“**oh what are you waiting? Chupy! Alis!**” at si arte 4!

Ang mga walang manners kong classmates.

“**ah, ano may announcement kasi—**“

“**bilis bilisan mo! You're an eye sore!**”

Medyo napapahiya na si ma'am kaya sumabat na ko “**ma'am ano po yung announcement?**”

“**ah, nag resign na yung English teacher niyo—**“

“**yung matandang hukluban? ”**

“**buti naman nag resign na no!! ni hindi na nga maintindihan yung sinasabi nun eh!**” nagtawanan naman yung mga classmates ko

Talking about manners!! Mga elites ba talaga tong mga to?! kung mga makaasta parang walang

pinag-aralan eh! Tapos etong katabi ko tulog parin hanggang ngayon!!

Gigisingin ko na sana kaya lang bigla akong pingilan ni Michelle

“kung ako sayo, wag mo na ituloy yang binabalak mo.”

“p-pero—“

“gawin mo yan kung gusto mong mapahiya dito.”

Nanahimik na lang ako. Ok fine!!

Yung mga classmates ko patuloy parin sa pagtawa.

“patapusin niyo nga muna siya mag-salita!” sigaw ni Justin

Hay salamat nanaway narin ang president!!

“ano, y-yung new English teacher niyo tomorrow pa dadating kaya mag break muna kayo ngayon.”

“I wonder kung sino yung new teacher?”

“sana naman may kwenta na noh! Unlike nang adviser natin na nasa harapan ngayon”

Nagtawanan ulit yung mga classmates ko. Si Ma’am Krissa, dahil siguro sobrang napapahiya na, nag walk-out palabas!

Ang mean naman talaga nang mga taong to!! wala atang teacher ang tatagal dito eh!! Kahit ata si Yankumi di kakayanin ang mga to!! grrr!! Hindi na talaga ko makapag pigil!!

Sa sobrang inis ko napatayo ako bigla **“ano ba naman kayo!! Mga wala kayong respeto ah! !”**

Tumayo din si Arte 1 at lumapit sakin **“sino ka sa palagay mo para sabihan kami nang ganyan ah?!”**

“wow! May away! May away!! ” nagtatalon naman si Yanna na kala mo nag che-cheer sa isang basketball game!!

“I’m nobody! Walang name tulad niyo, walang pera tulad niyo pero wala din ako pakialam kung sino pa kayo! Hindi ko na masikmura yang pinag-gagagawa niyo!! Mga asal kalye yang pinakikita niyo hindi niyo ba alam?!”

“hoy amoy kalye! Manahimik ka kung ayaw mong durugin ko yang mukha mo!”

“hoy maarte compare to Ma’am Krissa, ikaw ang walang kwenta no! at least marunong siyang rumespeto”

Nakita ko na inambaan na niya ko nang sampal at hinanda ko narin ang sarili ko na masampal niya kaya lang—

“gutom ako”

Nakita kong nakatayo si labanos sa harap ko. Teka paano siya napunta diyan?

“P-prince Ren”

“sabi ko gutom ako, tara samahan mo ko kumain” kinuha ni labanos yung kamay ko then hinila niya ko palabas nang classroom

“hay naku naman binbo! Kahit kelan war freak ka talaga! Pasalamat ka classmate mo ko.”

Kinaladkad ako ni labanos papunta sa may gate ng school habang sinesermonan ako.

“alam mo dapat hinintay mo na lang na pagsabihan sila ni Justine bago ka nang-away. For sure hindi ka na tatantanan nang mga mukhang paa na yun.”

Mukhang paa? Mas malala pa pala manlait si labanos kesa sakin eh!

But infairness, naligtas na naman ako ni Ren. Kahit talaga siya ang knight in shining armor ko.

“ok payn wateber!” binitawan niya na yung kamay ko **“at bat mo naman ako dinala dito?”** paano ba naman nandito na kami sa may gate nang school, palabas

“di ba sabi ko gutom ako?”

Ah! So kung hindi pala talaga siya nagugutom hindi niya ko kakaladkarin palayo sa mga maaarte na yun?

Ok! Binabawi ko na ang sinabi ko! Hindi ko siya savior! At lalong hindi siya ang aking knight in shining armor!!

“kumain ka mag-isa mo!” ready na sana ako mag walk-out kaya lang pinigilan niya ko.

“wait lang! samahan mo ko bumili nung bilog-bilog”

“bilog-bilog? ” ano’ng klaseng pagkain yun? Baka fertilizer para sa labanos. Hehe

“oo! Yung sinasawsaw! Yung pinakain mo sakin dati! Basta nasa kariton siya”

“sinasawsaw na nasa kariton?”

“oo!! yung color white!”

“ah fishball! Kasi nman hindi bilog-bilog ang tawag dun at hindi rin kariton ang tawag sa pinagtitindahan nila nun!”

“ayun nga fishball!! Tara na binbo!”

“teka” pinigilan ko ulit siya **“ang aga pa kaya no! wala pang nagtitinda nun! Tsaka bawal tayo lumabas nang school”**

“ano ba yan!” umupo siya sa malaking bato **“gusto ko pa naman kumain nun”**

Susme! Para namang bata tong si labanos!

“TAAHHHHOOOOOO”

“si manong puti!! ” tumayo naman siya at tumakbo palabas nang gate

Manong puti? Sarili ba niya tinutukoy niya?

“huy! Sinong manong puti?”

“yung nagtitinda nang taho!”

“bat manong puti?”

“color white kasi ang tinitinda niya”

“ahh” ang dami naman talagang nalalamang pangalan nang labanos na to!

Bumili siya nang taho kay Manong Puti, “uy binbo gusto mo din ba?”

“ako din po isa”

Magbabayad na sana si labanos kaya lang pinigilan ko siya “libre na kita labanos”

“ha?”

“dahil niligtas mo ko kanina. ”

He smiled at me “edi ililigtas na kita araw-araw”

“wag naman! Baka mamulubi na ko kakabili sayo nang taho!”

He laughed “but I’m really glad na classmate na kita. Mababantayan na kita araw-araw. Hindi kasi kita mahagilap kung saang sulok ka nang school nagpupunta dati. But now, lagi na kitang nakikita.” Tumakbo siya papasok nang school “mahuli panget!”

“h-hoy! Teka anong sinabi mo?”

“sabi ko binbo ka talaga! Eto lang ba kaya mong ilibre sa savior mo?”

Tumakbo ako papunta sa kanya “hindi yon! Ano ulit yung sinabi mo kanina?”

“sorry, cannot be repeated!!”

Actually I heard it clearly. Yung sinabi niyang mababantayan na niya ko. Sadyang hindi lang ako makapaniwala sa narinig ko.

[Michelle’s POV]

I know he really loves cookies. Nabili ko na ata halos lahat nang mamahaling brand nang cookies na alam ko pero bakit hindi parin siya masaya?

I love him eversince I first met him. I know tingin niya lang sakin is good friend, and ang akala niya siguro ganun din ang tingin ko sa kanya. Sabi niya dati sakin, kung sino daw ang girl na makakapag bigay sa kanya nang pinaka masarap na cookies, siguro yun na yung girl na destined sa kanya. Lahat na nang masarap na cookies na alam ko binili ko. Nagpa bake narin ako sa mga professional patessier na kilala ko, pero not even once nag kaintirest siya sa mga yun. Lagi niyang sinasabi na thanks, the cookies are good. Pero halata naman sa expression niya na hindi niya gusto yun. Hay what should I do?

“kaboom! ”

“oh my!!—ano ka ba naman Ren! Bat ka ba nang gugulat? ”

“nakapangalumbaba ka nanaman diyan eh! Ano bang problem ha?”

“wala akong problem no!”

“sus! Eh bakit mukha kang pinagsakluban nang langit at lupa diyan?”

Hay, when I’m in this kind of state, ang pinaka-last person na ayokong makakita sakin is si Ren. Mangugulit kasi yan nang mangugulit hanggang sobra ka nang mapikon sa kanya.

“I’m just hungry!!”

“edi kumain ka! Ang dami dami namang cookies diyan sa harap mo”

“ayoko niyan”

“ayaw mo edi akin na lang!” kumuha si Ren nang isang cookies

“masarap ba? ”

“oo naman no!! saan mo to nabili?” hay si Ren naman nasarapan, bakit kaya siya hindi?

Kung sabagay lahat naman ata nang pagkain masarap para sa lalaking to eh!

Kinuha niya yung isa pang box na nasa harapan niya “cookies din ba laman nito?”

“oo, bigay lang sakin ni—I forgot her name eh. Basta sabi niya idol na idol niya daw ako, tapos ayun binigyan ako nang cookies. Siya ata nag bake kaya I doubt na masarap yan”

“talaga?” binuksan niya yung box “wag mong sabihin na hindi masarap unless na hindi mo pa na-try” kumuha siya nang isang cookies “ang sarap kaya!! Try mo oh” inabot niya sakin yung box.

Kumuha naman ako nang cookies. Masarap? Eh ordinary nga lang yung lasa eh! Mas masarap pa yung pina bake ko.

“mas masarap kaya yung isa no! bake yan nang isang professional patissier samantalang to, napaka ordinary nang pagkakagawa”

“hmm I don’t think so! Let’s ask the professional kung ano ang mas masarap?”

“professional?”

Hinila ako palabas ni Ren. At sino namang professional ang tatanungin niya?

“wait here”

Nakita kong lumapit si Ren dun sa girl na bago naming classmate. Tekang siya ba yung professional na sinasabi niya? Paano naman nangyari yun eh balita ko hamak na commoner lang siya?

Lumapit ako nang onti sa kanila para mapakinggan ko yung pinaguusapan nila.

“binbo, tignan mo oh may mga fans na naman ako na nag bigay ng gifts puro cookies pa! ”

“ang dami niyan ah? May galit ata sayo ang nagbigay niyan! Bukod sa gusto ka nang masiraan nang ngipin, may plano pa atang magka- diabetes ka!”

Aba, bat parang close ata sila? Matagal na kaya silang magkakilala. Wait, siya kaya yung nakwento niya minsan sakín sa childhood friend niya?

“grabe ka naman! Wala naman akong kaaway no! sa bait kong to. Anyways, tingin mo ano mas masarap dito? Eto gawa nang isang professional patisserie” tinuro niya yung isang box, **“eto naman sariling bake nang nagbigay sakín. Tingin mo ano mas masarap?”**

Hay naku naman, kahit sinong matinong tao ang tanungin niya, natural pipiliin nila yung bake nang patisserie! Kahit hindi na nga tikman eh. Hindi ko alam bat pa kailangang tanungin ni Ren yan!

“syempre eto” tinuro niya yung isang box

Nagulat naman ako kasi yung box na tinuro niya eh yung box na may lamang cookies na home-made! Teka, baka naman nagkamali lang siya nang turo?

“etong sariling bake ni fan?”

“yup!” eh? Iba ba talaga ang taste ng mga commoner?

“bakit mo naman nasabi? Eh hindi mo pa natitikman?”

“ano ka ba naman labanos! Pinaghirapan gawin to para sayo no. pinagtuunan niya to nang oras at pagod niya para lang sayo. Let’s say compare sa taste nang ibang tao mas masarap tong gawa ng professional ek-ek na yan! Pero kung ang tao marunong talaga maka-appreciate nang bagay, mas magugustuhan niya to. Mahirap magustuhan ang bagay lalo na kung galing sa purse mo hindi galing sa heart mo.”

Hinimas ni Ren si Arcie sa ulo **“as expected ganyan ang sasabihin mo! ”**

“eh?”

“thanks a lot binbo! Alam kong may isang taong nalinawan ang pag-iisip sa sinabi mo!”

“huh?”

“I need to go now!”

Lumapit sakín si Ren then inabot niya yung mga box ng cookies **“alam mo na kung ano ang mas masarap?”**

“ah Ren, thanks”

“for what? Wala akong nagawa no!” kinuha niya sakín yung isang box **“tatal alam ko namang kakainin mo yang home-made cookies, akin na lang tong gawa nang famous patisserie!!”**tumakbo na siya paalis

After our dismissal, dumiretso agad ako sa bookstore to buy a cookbook. Then that night, I started to bake the cookies. First time ko lang mag bake, but I excerpt all my efforts. Sana nga lang magustuhan niya.

The next morning iniwan ko sa ibabaw ng locker niya yung cookies. I left a note pero anonymously.

(S6's leisure room)

“loves ko kelan mo ba ko yayayain mag date ha? ”

“tigilan mo na kakadikit mo sakín Yanna!!”

Eto na naman tong dalawang to, naghahabulan.

“pwede ba tumigil nga kayo diyan!”

Yanna: “hay naku Jiro, umagang-umaga high-blood ka na naman! ”

Ren: “kaya nga naman. Di mo gayahin si Michelle, mukhang happy ”

Michelle: “ha?”

Pumasok nang room si Justine, and nakita kong may hawak siyang box. Sinalubong naman agad siya ni Lance

“uy Justine ano yan cookies?”

“yup ”

“penge naman!!” lumapit si Yanna kay Justine para kumuha ng cookies kaya lang tinabing niya yung kamay ni Yanna.

“wag ka nga magulo Yanna!”

“hmp damot! Isa lang eh!”

“bumili ka nang sarili mo! Plano mo pa atang talunin si Ren sa pagiging PG eh!”

“uy narinig ko yun ah!”

Lance: “eh, eh eh.. I smell something fishy!! Mukha atang may nagustuhan na gift si Mr. president ah! Galing ba kanino yan? ”

“I dunno. But the cookies are great!” he bite one cookie.

I smile to myself

[Arcie's POV]

Lunch break..

Hay naku naman. Parang hindi na ko makakatagal sa section na yun. Pasalamat pa ko ngayon dahil hanggang masasamang tingin pa lang ng mga maarte kong classmate ang natatamo ko! Pero kung nakakamatay lang talaga ang tingin matagal na kong dedbol!!

Lunch break ngayon, at dahil sa nagdidilig nang halaman sa garden, no choice ako kundi sa cafeteria mag lunch.

“oh my gosh!! Amoy basura sa cafeteria” nakita kong palapit sakín yung apat na maarte,

“eh kaya naman pala eh! May basura dito!” nakatingin silang apat.

“ano ba yan! Baka maumay ang mga students dito!! Dapat tinatapon ang mga basura eh”

“masisira mga tyan natin dahil sa amoy nang basura!

“eww”

“gross!”

“yuck!”

“kadirdir”

Hindi ko na lang sila pinansin. Tinuloy ko lang yung pagkain ko.

“hoy! Hindi mo ba kami naririnig? Umalis ka nga dito!!”

“chupi na!! alis!!”

Tinulak tulak naman nila ko!! Naku!!! Nababdtrip na ko ah!!

“ah, excuse me?” lumingon kami sa nagsalita.

“Ms. Michelle ikaw pala!”

“ano ginagawa niyo?”

“pinapaalis yung mga hindi dapat nandito”

“ah ganun ba? Bat hindi kayo umalis?”

“ha?” sabay-sabay nilang sinabi.

At talaga naman, duet pa!!

“kasabay ko siya kumain, kaya umalis na kayo.” Nag walk-out naman na yung mga maarte. Hay salamat!!

Wait, kasabay niya ko kumain?

“pwede ba ko umupo dito?”

“ha. Ah sige”

“uhmm, gusto ko lang ibigay to” may inabot siya saking box “thank you ah?”

“para saan?” she just smiled.

Eh?

“ah here” may tinawag naman siya kaya napalingon ako sa likod.

Ang buong S6 palapit samin. Naku po!

“hey! New friend?” tanong ni Justin kay Michelle habang nakatingin siya saakin at nakangiti

“yes ”

Eh? New friend? Ako?

Napatingin ako kay labanos. He just smiled at me.

“ah! Miss! Nice meeting you” kinuha ni Lance ang kamay ko “anatawa kirei desu” (*you look so beautiful*). Then he winked at me

Ano daw sabi niya?

Piningot naman ni Yanna si Lance sa tenga “araayyy!!”

“wag mong pag papansinin ang isang to. anyway I’m Yanna! Sama ka minsan pag nag shopping ako ah? ”

“ah.. hehe”

“that hurts ha!! ”

Ano ba ginagawa ko dito?

Nilapitan ako bigla ni Ren “Alright! Dahil new friend ka ni Michelle, and bihira lang mangyari na magkaroon siya nang bagong kaibigan, at dahil friends din tayo, ikaw na ngayon ang official best friend ng S6!!”

Yanna: “weeeeeeeee!! Weeeeeeeee!! Masaya yan!! ”

Nagpalakpakan naman silang lahat. Si Jiro, nakangiwe.

O---K?

Bestfriend ng S6?

WAAAAAAAAAH

Mukhang magugulo na ang tahimik kong buhay!!

Chapter 6

New teacher

[Krissa’s POV]

Thursday morning..

Ang tagal naman talaga ng weekend!! Para atang tumatanda na ko. Bat naman kasi sa dinami-dami ng pwede kong i-handle na section, bat yun pang star section na yun. Kakagraduate ko lang ng college last march. Ni-hindi ko nga expected na sa Prince Academy ako makakapag trabaho eh! Tapos pina-handle agad ako ng isang class, and star section pa!! walang ibang alam gawin ang mga estudyante dun kundi manlait na manlait!! Halos araw-araw ko na nga kinukulit si Ms. Jennica na palitan na ko dun kaso ayaw talaga niya. Ano bang nasa isip niya at nilagay niya ko dun?

After kong mag-bihis, bumaba na ko para makaalis na pero narinig ko na ang daming tao sa

sala namin. Ano na naman kaya meron?

“naku! Eto na ang anak ko!!” hinila niya ko papalapit sa mga bisita niya **“nag tatrabaho yan sa Prince academy!! Teacher siya dun!”**

“totoo ba talaga yang sinasabi mo?”

“oo naman! Naku anak, hala sige ipakita mo nga sa kanila yang ID mo”

“ma naman eh!”

Pinakita ni mama yung ID na nakasabit sa leeg ko.

“o ayan o tignan niyo!”

“ay oo nga ano. Ang galing naman”

“nakakahanga naman ang anak mo”

“ha! Syempre mana sa nanay”

“ma alis na po ako!”

Lumabas na ko sa bahay. hay, ganyan talaga si mama. Nung nalaman niya na sa Prince Academy ako magtatrabaho, tuwang-tuwa siya. Kahit nga siguro makapasok ako na janitress sa school na yun ipagmamalaki na ni mama!

Bago ako pumasok nang school, dumaan mo na ko sa convenience store para bumili ng fresh milk, pang pakalma lang. ugali ko na kasi na uminom ng gatas bago pumasok ng school para at least mabawasan ang presyon na nararamdaman ko sa mga students kong mapanglait!

Sakto isa na lang yung fresh milk na nasa fridge. kukunin ko na sana kaya lang may isang kamay na humawak din dun sa fresh milk

“miss nauna ako”

“ha? Ako nauna! Tignan mo oh nasa ilalim ang kamay ko!” nakapatong kasi sa kamay ko ang kamay nung lalaki

“kanina ko pa yan nakita no! iniwan ko lang sandali”

“sorry ka ako naunang nakakuha”

“oh meron pa pala dun eh” may tinuro siya. Ako namang si utu-uto, tumingin kaya bigla niyang naagaw yung fresh milk sa kamay ko

“hoy teka--!!”

“joke lang! thanks sa milk! ” tumakbo siya papunta sa counter

GRRR!!! Sino ba yung bwisit na lalaking yun!

Kumuha nalang ako nang chocolate and dumiretso na ko sa counter. Kamalas-malasan, nakasunod ko pa yung bwisit na lalake.

“ang dami naman ng chocolate na binili mo. Hindi ka ba natatakot tumaba?” tanong niya

sakin

Tinignan ko yung bwisit na lalake **“excuse me? Are you talking to me? ”**

He smiled **“no, I’m talking to myself ”**

I laughed **“maybe you are crazy?”**

He also laughed **“bakit hindi mo ba kinakausap yung sarili mo?”**

Napatigil ako. Come to think of it. Madalas ko atang gawin yun? Hehe

“eto na yung bayad” nag abot siya ng 500php dun sa babae sa counter **“pati narin sa kanya. Keep the change”** umalis na siya

Eh? Ano’ng ibig niyang sabihin dun?

“amin na po yung chocolate” binigay ko sa babae yung chocolate

“miss kukunin ko yung sukli!” binigay naman sakin nung girl yung sukil dun sa 500.

Pagkakuhang pagkakuha ko ng chocolate ko hinabol kaagad yung lalake

“hoy!!” sinigawan ko agad siya. Buti hindi pa nakakalayo. Pero hindi naman tumigil sa paglalakad kaya napatakbo pa tuloy ako.

“hoy!” kinalabit ko siya **“kanina pa kita tinatawag bat hindi ka humihinto?”**

“ako ba?” tinuro niya sarili niya **“akala ko ibang tao eh”**

“sino pa bang ibang tao ang hahabulin ko!”

“malay. Baka may kasama ka diyan na hoy ang pangalan.”

Hindi rin naman siya masyadong pilosopo no?

“eto sukli mo! Tsaka kasama diyan yung bayad ko sa chocolate! Ano bang nasa isip mo at binayaran mo yung binili ko ha?!”

“mahilig ako mantreat ng new friends ”

“eh? At kelan pa tayo naging magkaibigan?! Ngayon nga lang kita nakita eh! Makaalis na nga and don’t you dare follow me!!”

Hmp bwisit talaga!! Gwapo sana siya kaya lang ang hangin masyado eh!! Ang ganda niyang manira ng araw ah! Sino ba yung lalaking yun? Naku wish ko lang sana hindi ko na siya makita!!

Lumingon ako sa likod ko and nakita kong nakasunod sakin yung lalaki. Nag smile pa nga sakin.

Binilisan ko naman yung paglalakad ko. Naku baka rapist ang isang to ah!!

Sumakay ako ng jeep, at siya din sumakay sa jeep. Ano bang problema nitong tao na to at sinusundan ako? Baka talaga ngang may pagnanasa yan sakin!! Naku po!

Bumaba na ko nang jeep, at nagulat ako dahil bumaba din siya.

Ok! Sigurado na ko! Target talaga ko nito!

Binilisan ko ang paglalakad papuntang school. Nakasunod parin siya sakín.

Hindi na ko nakatiis, hinarap ko siya.

“hoy lalake! Ano bang problema mo at sunod ka ng sunod sakín ha?!”

“ha?” tinuro niya ang sarili niya **Ako ba?”**

“sino pa ba ang kausap ko!!!”

“hindi kasi hoy lalake ang name ko”

GRRR pinapainit talaga nito ang ulo ko!

“ano bang kailangan mo bat mo ko sinusundan ha?!”

“hindi kita sinusundan ah. Dito rin kaya ang way ko papunta sa work”

“hmpf! ” tinalikuran ko siya and tumuloy na ko sa paglalakad. Nang makarating na ko sa school, nakita ko na nakasunod parin siya.

“you!” tinuro ko siya **“sinusundan mo talaga ko!!”**

“ha? Hindi nga sabi eh. Diyan ako nagtatrabaho oh. teacher ako diyan” tinuro niya yung Prince Academy.

I started to laugh.

Then he laugh too.

Eh?

“bat ka nakikitawa?”

“wala lang. Kasi hindi ko malaman kung anong nakakatawa sa sinabi ko pero tumawa ka. kaya natawa din ako sayo ”

Talaganag nakakabadtrip siya no?

“natawa ko kasi magpapalusot ka na lang palpak pa!”

“what do you mean?”

“ha! Teacher kaya ako diyan sa school na yan! At hindi ko matandaan na naging katrabaho kita ”

“really? Teacher ka diyan?” he held out his hand **“I’m Nike Sanchez nga pala. I’m the new English teacher here.”**

New?

English?

Teacher?

Waiit!!!! Don't tell me siya yung bagong teacher?!

>_< >_< >_< O_o

Oh no!! oh hindeeeeeeeeee!!!!

Faculty room...

Katatapos ko lang ng lesson sa star section. As usual wala paring pag babago. Good luck dun sa new teacher!!

Pero bat naman kasi sa dinami-dami pa ng teacher sa Pilipinas, yung lalake pa na yun ang kamalas-malasan na nakuhang English teacher dito sa school na to!! pwede namang iba na lang eh!!

Naku one of this days talaga mag re-resign na ko dito.

“Ms. Krissa, nakita mo ba yung new English teacher? Gwapo ha”

Gwapo nga ang panget naman ng ugali!!

“medyo ka-edad mo rin siya. Naku baka magka-lovelife ka na niyan”

Kung sa kanya lang wag na no! mas pipiliin ko pang tumandang dalaga!

“naku po Ma'am hindi. Mas pinagtutuunan ko po ngayon ang work ko.”

“so workaholic ka pala?”

Napalingon ako dun sa nag salita. Siya na naman!! May lahing kabute ba to at basta-basta na lang sumusulpot?!

“pake mo!” walang manners!! Tama bang makinig sa usapan ng may usapan?!

He smiled at me then tumingin siya kay ma'am **“hello po, I'm Nike Sanchez, new teacher po dito”**

“hello. I'm Ma'am Dana Santos, history teacher. Buti naman at may nakatrabaho narin kami na bata-bata. At least may makakabonding na si Krissa”

Eh?!

“just feel free to ask her anything pag may kailangan ka ok?”

“yes ma'am thank you ”

“maiwan ko muna kayo diyan.”

Ma'am Dana!! Don't leave me!!

“paano ba yan nagtagpo na naman ang mga landas natin ” tumingin siya saakin at bigla akong kinindatan

“siguro may kamag-anak ako na may balat sa pwet at mukhang nahawa ako sa kamalasan niya”

“ayaw mo nun may makakabonding ka na”

“mas mabuti pang makipag bonding na lang ako sa aso no!!”

“so Krissa pala name mo. Krissa Fuentes?”

“stalker ka ba at alam mo ang buong name ko?”

“nakalagay sa ID mo”

“hmpf!”

“uy alam mo ang dami pala magaganda dito. Pati yung principal niyo.”

“kung gusto mo mag-hunting ng magaganda, dun ka sa bar pumunta no!”

Tsaka bat ba kausap to ng kausap saakin ha?!

“ano ka ba sinasabi ko lang. Ikaw din naman maganda”

Ano daw?

“hoy kung akala mo—“

Hindi ko naituloy yung sasabihin ko kasi bigla niya ko kinurot sa ilong

“ang cute mo! ”

Anak ng tinapa!!!

“aba mukhang nagkakasundo kayo ah?”

Nagulat kami ng biglang pumasok si Ms. Jennica sa teachers' office kaya naman napa-upo kami ng maayos ni Nike.

“good morning po ma’am” I greeted her

“good morning po” nakigayang greet ni Nike.

“good morning too Mr. Sanchez and Ms. Fuentes. Ms. Fuentes, paki samahan naman si Mr. Sanchez sa star section after ng class ni Sasamoto-sensei doon.”

“opo ma’am”

“thank you.” Umalis na si ma’am

Oo nga pala, after ng Japanese lesson ng klase ko, English naman. Pero bat ko pa kailangang samahan ang hoodlum na to?!

“ang ganda ni ma’am Jennica noh?” bulon saakin ni Nike.

“matagal ko nang alam. Hindi mo na kailangang sabihin noh! So ngayon crush mo na siya?!”

“hindi rin, I prefer younger ones” he winked at me

Bat parang nagsitaasan lahat ng balahibo ko sa katawan?

Inirapan ko siya.

“ang sunget mo Ms. Krissa. Tatanda ka agad niyan.”

“wala kang paki Sir Nike!”

“Sasamoto-sensei? May Japanese teacher kayo?”

Ang galing din naman niyang mag change ng topic no!!

“obvious?”

“wow naman”

Maya-maya lang pumasok na si Sasamoto-sensei sa faculty room. Meaning tapos na ang class niya sa star section kaya dumiretso na kami ni Nike dun.

Bago ko buksan yung door ng classroom, hinarap ko si Nike.

“making ka sa sasabihin ko. Medyo careful ka kasi mapang-mata masyado ang mga students dito. Don’t mess up with them.”

He smiled at me.

“don’t misunderstood. Sinabi ko sayo to hindi dahil concern ako! Nag papaalala lang.”

“Concern nga tawag dun .” tinawanan naman niya ako.

“you--!!”

“I don’t care kung mapang-mata sila. Kung iintindihin ko lahat ng sasabihin nila, hndi rin ako makakapagtrabaho ng maayos. Anyways hindi mo pa ba bubuksan yung door? ”

Ouch. Parang tinamaan ako dun ah!

Binuksan ko na yung door. Goodluck na lang.

“oh she’s here again”

“oh my gosh! Yung new teacher ba yung kasama niya?”

“ok class please listen” I was shocked because they are listening to me attentively. Err, may masama kaya silang nakain? **“please welcome you’re new English teacher—“**

Di pa ko tapos magsalita, nagpalakpakan na yung iba sa kanila. Mostly, girls.

“I think I should introduce myself now?” sabat ni Nike saakin

“yes you may do so.”

“hi class. I’m you’re new English teacher. Sorry kung hindi ako nakapasok yesterday because I am officially hired today.”

“it’s ok sir .”

“sir ano pong name mo?”

Bat ang babait ng mga students ko sa kanya?!

“oh yes. I’m Nike Sanchez. I think we will be together for the whole school year so please be nice to me .”

“kawaii!!” (so cute!!)

Eh? Saang banda? Baka sa kuko.

“ok, please get ¼ sheet of paper and write the following” kumuha siya ng chalk then nag-sulat siya sa board.

“kakkoi!!” (so cool!!)

Absolutely not!!!

“class alam ko katatapos lang ng Japanese class niyo but we’re in English class now so kindly stop speaking in Japanese”

“yes sir!!”

“ay sir! I’m so distracted eh. Hindi ako sanay na may nanunood sa class.” Then she pointed at me

“ms. Krissa--?” tumingin siya sakín na parang sinasabi na please get out.

Tumayo naman ako “ok” I smiled

GRRR!!

First thing in the morning, inagawan niya ko ng fresh milk, nalaman ko na magiging magkatrabaho kami, ang hangin hangin pa niya. Tapos ngayon, bat gusto siya ng mga students ko ako hind?!

That guy really ruined my day!!!!!!!!!!!!!!!

S6’s Leisure room..

Lance: “Michelle nasan yung official best friend natin?”

Michelle: “you mean si Arcie? I think may work siya eh.”

Justin: “work? saan?”

Michelle: “dito rin sa school. I think tinutulungan niya yung mga teachers”

Jiro: “ha? Bakit?”

Michelle: “kasi di ba scholar siya. Recuired ata siya na mag work”

Jiro: “what about the other scholar? Yung third year, 2nd year and first year?”

Ren: “mayayaman naman kasi yung nakakuha ng scholarship from first to third year. Syempre para hindi na sila mag-work, nagbayad narin sila ng tuition.”

Jiro: “ah I see.”

Yanna: “hay di bale! One of this days isasama ko si Arcie na mag shopping!!”

[Arcie’s POV]

“sir Sasamoto!!” hinabol ko si sir

“ano ka bang bata ka! Japanese teacher mo ko! Bat yan ang tawag mo sakin!”

“ay pasen—I mean sumimasen Sasamoto-sensei. Pinabibigay po ni Ma’am Jennica”

Kinuha niya sakin yung papel “arigato”

[Sumimasen - I’m sorry
Sensei- teacher
Arigato- thank you]

Buti na lang nakakausap pa ng tagalong kahit papano yung teacher na yun!

Hay salamat tapos na rin!! Makakauwi na sa wakas! Super pagod ako ngayon. Nakakapagod pala na madalas kang tignan! Yung mga maarte ko kasing classmate every subject nalang ata ang sama makatingin sayo! Buti nga nung English behave sila. Siguro dahil gwapo yung teacher.

Pumunta na ko sa locker ko para kunin yung ibang mga gamit at nang makauwi na ko. Kaya lang pag bukas ko ng locker may color pink na papel na nakasabit dun. With matching ribbons pa! sa papel may nakasulat na malaking F4.

Kinuha ko yung papel. May nakalagay sa likod na “**prepare to die**”

Eh?

Did I just get a red notice from F4 right now? Ay correction, pink notice pala!

So sinong version naman kaya nang F4 ang nag bigay sakin nito?

Hindi kaya yung Taiwanese version? Weee Hua Ze Lei

O kaya naman ang Japanese version? Ahoy Domyuji!!

Or baka naman yung Korean version? Yehey Yi Jeong!!!

Wait.

May F4 ba sa school?

Kung meron man mukhang group nang mga bakla!!

Fenk na fenk!

Chapter 7

the Pink notice

[Arcie's POV]

Three weeks narin ang nakalilipas. Lagi na kong kasama ng S6 ngayon. So far nag-eeenjoy ako sa company nila. Hindi rin naman pala sila ganun ka-sama tulad ng iniisip ko. Sa totoo lang, nakakaaliw nga sila eh. Nakonsensya tuloy ako na jinudge ko sila agad.

Oo nga pala, may secret admirer ako. hehe what I mean is, may nagpapadala parin sakín ng pink notice with matching ribbons pa na may nakasulat sa likod na **“prepare to die”** three weeks narin akong nakakatanggap nun pero mukhang nananakot lang naman kasi I'm still alive and kicking pa naman hanggang ngayon. But I wonder kung sino ang nagpadala nun?

Music class..

“ok class, malapit na ang school dance festival. Ang theme for this year's dance fest is ballroom dancing. As your music teacher, kailangan ko na kayong i-pair up and kailangan ko narin mamili nang mag choreograph sa class na ito.”

“wow masaya yun!” nagpapalakpak naman si Yanna

Every year kasi, meron dance festival sa school na ito. Mag bibigay sila ng theme then maglalaban-laban each class. Isa rin namang fair sa school na to, kahit biased sila sa sectioning, hindi sila biased pag-dating sa mga competition. Kahit star section kailangan mag-effort para manalo. Last year nga third place lang ang star section eh.

Last year ang theme ng dance fest is hiphop dancing. Ngayon naman ballroom dancing.

“I wish isa sa S6 ang maka-partner ko.”

I wish si labanos ang makapartner ko.

“Mr. Justine Mendrez will choreograph the class because he is the class president. As for the pairing, may list na ko dito. I'm going to announce it now.”

“ayan na!!”

Sana naman si labanos ang makapartner ko. Naku please!

“baby Lance, for sure tayo ang magka partner .” kinindatan ni Yanna si Lance

“sana hindi!!” sagot ni Lance sa kanya

In-announce ni sir isa-isa yung mga magkakapartner. Hanggang sa maubos na ang students ang S6 at ako na lang ang hindi natatawag.

“Ano ba yan hindi S6 ang kapartner ko!”

“look oh, yung dukha sure nang isa sa S6 ang partner niya. Kaasar!”

“may lahi atang mangkukulam yan!”

Ako ba yung tinatawag nilang dukha at may lahing mangkukulam?!

Kung dukha ako sana hindi na ko kumakain more than three times a day!!!

at ako? as in ako? mangkukulam? sa ganda kong to?!

“ok class please be quiet!!” tumahimik naman sila **“ok. Ms. Michelle Rhias and Mr. Lance Victorino.”**

“alright! Partners tayo Mich!”

“let’s do our best!” nag hi-five naman silang dalawa

“Mr. Ren Salvador and Ms. Yanna Scott.”

“WHAT?!” sabay na sabi ni Yanna at Ren

What? Hindi ko partner si labanos. *sniff*

“bat ako ang pinartner niyo sa makulit na yan?!” tumayo si Ren at tinuroturo si Yanna

“bat kapartner ko yang matakaw na yan?!” ganun din ang ginawa ni Yanna kay Ren

Hay. Mukhang magkakagulo na ang star section. Sa S6 kasi, yang dalawa na yan ang pinaka-makulit at pinaka maingay sa kanila. Si Justine naman ang dakila nilang taga-saway.

“ano ba yan sir, alam niyo ba ang ginagawa niyo?” pagrereklamo ni Yanna kay sir

“gusto niyo bang maghalo ang balat sa tinalupan?” ginatungan pa ni Ren

Nagtawanan yung buong klase. Hay pasaway nga tong dalawang to!

Wait..

Magkapartner si Michelle and Lance. Tapos si labanos and Yanna. Ang hindi na lang natatawag ay ako at si..

Napatingin ako dun sa katabi kong tulog na tulog at halatang walang alam sa mga nangyayari.

Naku po! D-don’t tell me—

“Mr. Jiro Festin and Ms. Arcie Morales.”

Ulp.. sabi na nga ba!

“teka sir! Dapat ang kapartner ko ang baby Lance ko!!”

“sir wag kayong makinig diyan!!”

“sir bat kapartner ng babaeng yan si Prince Jiro!!”

"sir hindi pwede yun!!"

"sir palit na lang kami ni Jiro!!" pumunta si labanos sa harap ni Jiro **"huy ok lang naman sayo na palit tayo di ba?"** niyugyog naman ni Ren si Jiro.

"hbggigehbhg" sagot ni Jiro kay Ren

Ano daw?

"oo daw sabi ni Jiro! Ayan palit na kami ah! Partner ko na si binbo!"

Yun ba meaning nun? Paano nalaman ni labanos, eh mukhang salitang alien ang sinabi ni Jiro? Nakakaintindi ba ng salitang alien ang mga radish?

"hindi pwede!! Kayo na lang ni Lance ang palit! Baka ma-high blood lang sakin si Jiro. Ako pa maging cause ng kamatayan niya!" reklamo naman ni Yanna kay Ren.

"ayoko naman no!! baka ako naman ang mamatay dahil sayo"

Lumapit si Yanna and pinulupot niya yung braso niya kay Lance tsaka sinandal ang ulo niya sa shoulders ni Lance **"ano ka ba naman honey! Alam kong gusto mo kong makapartner! "**

Tinanggal niya yung braso niya sa braso ni Yanna **"tumigil ka nga!!"**

"class please be quiet! Hindi ko pwedeng palitan yung mga nakasulat dito."

Nagsigawan naman si radish at Yanna. Dumagdag pa yung apat na maarte at nagreklamo din kung bakit daw S6 ang nakapartner ko at si Prince Jiro pa daw nila. Si Lance naman tuwang tuwa.

"class please be quiet!!" nagsisigawan parin sila

"tumahimik muna nga kayo!" natahimik silang lahat

Aba, bat parang mas takot sila kay Justine kaysa sa teacher?

"hindi ko pwedeng palitan yung mga pairs niyo. Ang principal mismo ang nag pair sa inyo. I'm very sorry. If you don't have any questions, please go back to your proper seats. We'll start the lesson."

Si Ms. Jennica ang nag pair saamin? Bat naman ako ang naisipan niyang i-pair sa kapatid niya. May lihim kayang galit sakin si Ms. Jennica?

Lunch Break..

Bago ako dumiretso sa leisure room ng S6, dumaan muna ko sa locker para ilagay yung mga books ko. Oo nga pala, madalas sa leisure room na ko kumakain kasabay sila. Lagi kasi akong hinihila ni Michelle dun eh. Pero ok narin, masaya din pala ang kumain na may kakwentuhan ka. Pero kahit papaano na-mimiss ko ang kumain sa garden.

Speaking of garden, kamusta na kaya si Jacob? Hindi ko na siya nakikita eh. Nakakamiss din pala yung isang yun. Di bale bukas sa garden ako kakain baka ma tyempuhan ko siya dun.

Binuksan ko yung locker ko and I was shocked kasi wala ng nakalagay na red este pink notice.

Aba, mukha atang napagod na si secret admirer kakapadala sakín ng mga notes!!

“well, well, well”

Napalíngon ako sa likod ko and ayun nakita ko ang apat na maarte. Ano naman kaya kailangan ng mga to?

“nagtataka ka ba dahil wala ng nakalagay diyan?”

“huh?” tinignan ko yung locker ko. Madami namang laman ah? Ano ba ibig sabihin ng mga bruhildang to?

Ibig ba nilang sabihin yung notice?

“ah! Kayo ba yung mga gaya-gaya sa F4 na nagpapadala sakín ng pink notice?”

“hoy excuse me no hindi kami gaya-gaya sa F4!!”

Eh ano tawag niyo dun?

“hindi mo ba kami kilala?!”

“uhmm.. hindi?”

“OMG hindi mo kami kilala?! End of the world na!!”

“girls! Magpakilala tayo sa kanya!!”

“I’m Sandy!”

“I’m Hana!”

“I’m Mia!”

“and I’m Emily! The leader and the queen bee of this school!”

“and we are the Fabulous Four!!” duet nilang apat

Ahhh.. so yun pala ang meaning ng F4?

“atsaka hindi ‘pink notice’ ang tawag dun sa pinapadala namin sayo no!!”

“it is called SPSFN”

“SPSFN?”

“yes! It’s stands for Super Pink Super Fabulous Notice”

Ano namang ka-ek-ekan yun?

“I guess nabasa mo ang aming sweet note? Humanda ka ngayon!”

Ano naman ang balak nilang gawin ngayon? Tsaka paki sabi nga sakín kung saan banda ang ka sweet sweet sa mga katagang ‘prepare to die’?

“hoy mga avid fans ni Jun Pyo wala akong panahon—“

“OMG si Jun Pyo!! Ang gwapo talaga nun!!” nagtatalon naman yung isa dun na nakalimutan ko na ang pangalan

“ano ka ba! Mas gwapo yung sa Japanese version no! si Domyuji!”

“no! mas gwapo parin si Dao Ming Xi!” nagtilian naman sila

“basta si Prince Jiro lang ang nagiisa sa puso ko” nagtilian ulit sila.

“gwapo din si Prince Ren!”

“ano ka ba! Pati si Prince Justine no!”

“don’t forget Prince Lance” nagtilian na naman sila. Ang sakit sa tenga ah!!

“girls, idagdag sa listahan ang ating new English teacher! Si sir Nike!”

“oh my gosh! Gwapo din yun!!” Nagtilian sila hanggang sa mapatakip na ko sa tenga.

Ok? Nakalimutan na ata nila ang presence ko.

Habang busy pa silang kiligin, umalis na ko sa harapan nila at wala akong balak alamin kung ano yung gagawin nila sakín.

ang aarte na ang lalandi pa! tsk

Leisure Room...

Kumatok ako ng tatlong beses then binuksan ko yung pinto. Nagulat naman ako kasi nakita ko si Jiro dun na nagbabasa ng libro. Aba, anong nakain nito at mukhang balak sumabay mag lunch. Karaniwan kasi pag lunch break lagi siyang wala dito. Sabi nila baka daw kumakain kasabay ni Ms. Jennica.

“uhmm.. wala sila?”

“nakita mo ba sila dito?” hindi rin siya pilosopo no!

“uhmm ano Jiro. Dun sa dance fest. Mag kapartner daw tayo”

“alam ko”

“sinabi ko lang. kasi tulog ka kanina eh.”

“dahil nakita mong nakapikit ang isang tao, it doesn’t mean na tulog siya”

Grr.. bat ba napaka-sunget ng isang to ha?!

“Sige.. hanapin ko muna si Michelle”

Lumabas ako ng leisure room. Grabe! Hindi ko matatagalan ang lalakeng yun! Pinaglihi ba yun sa sama ng loob at napaka sunget?!

Tsaka ba bat parang ang init ng dugo sakín ng taong yun? i’m trying to be friendly pero wa epek parin!! nakakayamot!

Nasan naman kaya si Michelle? Baka nasa cafeteria. naglakad ako papunta sa cafeteria.

“yung babae tatamaan!!”

Napalingon ako bigla, sino ang tatamaan?

Nakita ko na may lumilipad na sapatos at tatamaan na

Tatamaan na....

O_O O_O

Tatamaan na ako!!!

Napapikit na lang ako kaya lang bigla kong naramdaman na may humila sakín, at niyakap ako. lumagpas samin yung flying shoes.

Napatingin ako dun sa humila sakín at biglang nanlaki ang mata ko.

Si Jiro

Binitawan niya ko sa pagkakayakap sakín. And he looked very angry.

“bobo ka ba? Papikit-pikit ka pa diyan. Kung umiwas ka na lang di ba?!”

Err.. teka bat ba siya galit at yung mga tingin niya parang gusto kong tunawin?

“p-pasensya na .”

"magiingat ka kasi! hindi palaging may mapapadaan dito at hihilahin ka! "

"pasensya na "

Tumingin lang siya sakín then umalis na siya

Aba! May manners!! Pasalamat siya niligtas niya ko!! Grr!!

Tsaka saan ba galing yang lumilipad na sapatos na yan!!!!!!!!!!!!

(Dismissal..)

“bye Arcie ingat!” nag wave saakin si Mich

“ikaw din bye”

“tomorrow ah may practice tayo” paalala ni Justin

“sure. Una na ko.”

“bye”

Lumabas na ko ng room. Uwing-uwi na talaga ko. Gusto ko na kumain ako’y gutomguts na!!

Masyadong nakakapagod ang araw na to eh!! Siguro dahil dun sa mga bruhildang F4, sa lumilipad na sapatos at sa kasungitan ni Jiro!!

Naglakad na ko pauwi, kaya lang may isang kotse na humarang sakín. May bumabang mga lalake at hinawakan ako sa braso.

“bakit ano kailangan niyo?! ” tinakpan nila ng panyo yung bibig ko

Nakaramdam na ko ng kaba .

OMG kidnappers ba to!

Sinakay nila ko sa kotse.

Hala baka napagkamalan nila kong anak mayaman! Gulay!! What should I do?!

Help...

Mama, Papa help

Radish help me

Chapter 8

The Contract

Leisure room..

Ren: "eto na ang meryenda natin!! Tada!!"

Michelle: Nilapag ni Ren ang hawak niyang pagkain sa table. Isang unknown na pagkain na bilog at color orange. Ano naman kaya yan?

Lance: Eto ba yung sinasabi ni Ren na masarap na meryenda? Mukhang candy ah!

Lance: "ano yan?"

Ren: "Ano.. pagkain"

Ren: Ano na nga ba ulit tawag dito? Basta sa K nag sisimula yun eh, or baka sa Q. basta masarap yan! Pinatikim sakín dati ni Arcie!

Lance: "parang delikado kainin yan ah. Saan mo ba nabili yan?"

Ren: "sa kariton. Yung naglalako sa may park."

Michelle: "you mean street food yan? Naku! Hindi ako pinapakain niyan! Madumi daw yan sabi ng mom ko."

Ren: "ano ba kayo! Matagal na ko kumakain niyan no at hanggang ngayon healthy and alive parin ako!!"

Lance: "ano ba tawag diyan?"

Ren: "ano.. yan yung tinatawag na ano eh.." ano na nga ba ulit yun?

.....

Ren: Ayun naalala ko na!!

Ren: "quack-quack! Yan ang tinatawag na quack-quack! "

Lance: "quack-quack?"

Michelle: "gawa ba sa duck yan?"

Ren: "hindi!! Quail egg ang nasa loob niyan! Try niyo kaya! Si Arcie ang nagpatikim sakin nito. Masarap siya."

Jiro: Si Arcie? Infairness nung nagpunta ko sa house nila as Jacob ang sarap nung meryenda na pinakain niya saakin.

Jiro: Kumuha ako ng isang bbq stick then tumusok ako ng quack-quack na to at tinikman ko.

Jiro: "masarap"

Michelle: "eh?"

Lance: "sure ka?"

Jiro: "oo"

Michelle: "matikman nga!"

Kumuha ako ng isa at tinikman ko.

"oo nga masarap tikman mo" binigyan ko si Lance.

Lance: "oo nga no!"

Ren: "sabi sa inyo eh! Bat ayaw niyo maniwala saakin? Kung hindi pa sinabi ni Jiro na masarap di kayo titikim!"

Michelle: "kasi Ren wala kaming bilib sa panlasa mo. "

Lance: "tama, tama. Lahat kasi sayo masarap no! "

Ren: Ang sama naman ng mga to! hmp!

"oo nga pala, nasan si Justine, Yanna at Arcie?"

Michelle: "si Justine umuwi na. Kailangan daw niyang pag-isipan yung gagawin natin sa dance fest. Si Arcie naman kailangan narin daw umuwi kasi mag luluto pa daw siya ng ulam para sa mga kapatid"

Lance: "si Yanna naman nag shopping."

Ren: Sayang wala pala si binbo dito. Bumili pa naman ako ng quack-quack!

[Arcie's POV]

"Hoy mga unggoy pakawalan niyo ko dito!!"

Nandito na ko sa loob ng van kasama ang mga lalaking naka amerikana na kala mo lalabas sa commercial ng tanduay. With matching shades pa ha!!

Inalis nga nila yung takip sa bibig ko pero tinalian naman nila ko at nilagyan ng seatbelt kaya hindi ako makagalaw. Pero nagkamali sila ng pag-alis ng takip sa bibig ko. Tignan lang natin kung hindi sila mairita sakini!!

"hoy mga gorilla, unggoy, orangutan, kalahi ni tarzan, mga taong tabon pakawalan niyo na ko!!! Hindi ako anak mayaman!! Isa kong DUKHA!! Naiintindihan niyo ba yun?! DUKHA!! As in D-U-K-H-A!! walang maipang ra-ransom ang mga magulang ko sakini!! Papatayin niyo lang din ako. sige kayo diretso sa hell yang mga kaluluwa niyo pag nangyari yun!! Mainit dito sa pinas, mas mainit pa dun!! Sige na pakawalan niyo na ko!!! "

Hindi parin ako kinikibo ng mga kidnappers kong model ng tanduay! Anak ng tinapa naman oh!! pansinin niyo na ko!!

"hoy maawa naman kayo sakini! Paano na mga kapatid ko?! Siguro mamamatay na sa gutom yung mga yun dahil wala pa ko! Ako pa naman ang naka toka na mag luto ngayon! Hindi ba kayo nakokonsensya?! Tsaka kung papaslangin niyo ako, naku! Paano na ang mundo?! Hindi niyo ba alam na ako ang pag-asa ng bayan?!"

Makapal na kung makapal ang mukha ko! Bakit ba, walang pakialamanan ng strategy! Masyado na kong desperadang makakawala sa mga goons na to!!

"hoy! Nakikinig ba kayo sakini?! Please naman pakawalan niyo na ko!!"

Dedma parin ang mga gorilla! Talagang snob ang beauty ko dito ha?!

Waaaaaaahh!!

Labanos nasan ka na ba?! Please naman help meeeeeee

"andito na tayo"

Ha? Were here na?

Tumingin ako sa labas ng bintana. Nandito kami sa tapat ng isang malaking bahay. aba naman! Sosyalin ang hide-out ng mga kidnappers kong model ng tanduay!! Baka naman balak din nila kong gawing model ng tanduay? Hala!! Baka model sa calendar yun ah?! Wholesome ata ako!! pwede bang mag amerikana narin ako at makipag-inuman kasama sila Richard Gutierrez?

Nilabas nila ko sa kotse at kinalagan kaso hinawakan naman nila ko sa magkabilang braso at pinasok sa loob ng malaking bahay.

"hoy ano ba balak niyo talagang gawin sakin ha? Tsaka mga pipe ba kayo?! Kanina pa ko dito dada ng dada hindi niyo naman ako kinikibo!!"

Hindi parin nila ko pinasin. Baka naman bingi ang mga to?!

Dinala nila ko sa isang room. At sa loob ng room may taong naka talikod.

"nandito na po siya"

Humarap yung tao sakin

"hay! Ang tagal mo naman girl! Kanina pa kita hinihintay!! "

"Y-Yanna?! "

Teka, si Yanna ang kidnapper ko?

"oh masaydo ka naman na shock. Ano tara na, shopping na tayo!"

"ha? T-teka, ikaw ba nagutos sa kanila? Ikaw ba ang boss ng mga tanduay models na to?"

"Tanduay model? Mga bodyguard chuchu ko yan. And yup, ako nagutos sa kanila! "

"ha?! Akala ko nakidnap na talaga ko! Kinabahan ako dun!! "

"hay ang galing ko talaga!! Napapaniwala kita!! "

So pinlano niya talaga yun?! Anak ng tinapa!

Napaupo ako sa sahig dahil biglang nang lambot ang tuhod ko. Grabe, nasayang pala ang sinigaw-sigaw ko doon!

"h-hindi ba talaga nila ko pwedeng dalhin dito in a normal way?"

"normal way? I hate that!! I love surprises you know "

Surprises? Waaah!! Kung ganito nila ako i-su-surprise, nevermind na lang!! halos atakihin ako sa puso kanina dahil sa sobrang kaba!!!

"teka Yanna, kailangan ko pa kasi ipagluto yung mga kapatid ko"

"yun lang ba? Leave it to me" kinuha niya yung phone niya "hello chef Martin? Paki sabi naman kay yaya Anita na paki hanap sa address book ko ang address ni Arcie Morales then pumunta ka dun and ipagluto ang family niya nang specialty mo. Iteindes? Good! Sige bye" binaba na niya yung phone niya "problem solve! Tara na!"

Talaga bang ganito niya ko ka-gusto isama sa pag shoshopping niya?

"teka, wala akong pera"

"nye! At sino naman nagsabi na gagastos ka? Ako lahat ang gagastos for you no! I think you need a little make-over!"

"ha? Naku wag na! nakakahiya naman sayo"

Totoong nakakahiya naman. Tsaka as much as possible, iniwasan ko na ilibre nila ko palagi. Ayoko naman na isipin nila na nag te-take advantage ako dahil lang sa friend ko sila.

"hindi ka pwedeng tumanggi no! welcoming gift ko sayo to. and you sign the contract na hindi ka tatanggi sa ano mang welcoming gift sayo ng S6."

"ha? Welcoming gift? Contract? I can't remember na nag sign ako sa contract."

May kinuha siya na papel sa drawer niya at pinakita sakin.

Kinuha ko and binasa.

This contract states that Arcie Morales, being the official friend of Star 6, will accept all the gifts that the S6 will give her without any hesitation.

Signed by: Arcie Morales

At ayun nga, nakita ko ang napaka gulo kong pirma sa taas ng pangalan ko and biglang nag flashback sakin ang nangyari.

Flashback

Nasa leisure room ako mag isa at hinihintay ang S6. maya-maya lang pumasok silang anim looking so serious.

"whaaaa ayokong umalis si Arcie dito sa school na ito " yumakap sakin si Yanna.

Aalis? Ako?

"teka, anong aalis? Bat naman ako aalis?"

"may mga students kasi na nag rereklamo bakit daw dito ka nag-aaral" paliwanag saakin ni Justin

"huh?! Eh nakakuha kaya ako nang scholarship no!"

Nilapitan ako ni Ren "yun nga, kaso ang problema nila yung status mo"

Lumapit din si Michelle sakin "nakakainis sila! Wala naman ginagawa si Arcie sa kanila eh"

"they judge the person by their status in life. Mahirap talaga makisalamuha sa mga ganun."

Parang nabingi ako sa mga narinig ko. Gusto nila ako ma-expel sa school na to? for sure yung F4 ang nangunguna sa pagpapaalis sakin dito!! Ano ba ginawa ko sa kanila?

Napatayo ako bigla "dahil ba sa sinasabi nila na dukha ako? bakit? Kumakain naman ako nang tatlong beses sa isang araw ah! Tsaka ano naman kung hindi kami kasing yaman nila?! Mga katulad lang ba nila ang may karapatan na mag-aral dito ha?" niyakap ako ni Michelle

Bat naman ganun? Kung kailan ako nakahanap ng mga true friends sa school na to. kung kailang graduating na ko tsaka kung kailang lagi ko na nakakasama si Ren, bakit ngayon ko pa kailangang umalis?

"wag ka nga mag drama diyan" napatingin ako kay Jiro

Aba naman!! Pati ba sa mga ganitong pagkakataon susungitan parin niya ko?!

"palibhasa hindi ikaw ang paaalisin eh"

"huh?"

"ah..arcie-" pagpipigl ni Ren sa sasabihin ko. pero syempre hindi ako nagpapigil. Nakakainis na kais tong si Jiro eh!

"tsaka bat ba ang sungit sungit mo sakin? Lagi mo na lang ako tinatarayan, ano ba kasalanan ko sayo?"

"tumahimik ka na nga lang diyan at pirmahan mo to" may inabot siya saking papel

"ano to?"

"papel. Obvious ba."

Wow! Philosopher!

"para saan to?"

"nakalagay sa contract na yan na nag top 1 ka sa entrance exam dito and according sa policy ng Prince Academy, makakakuha ng scholarship ang nag top one. And besides, student assistant ka din dito kaya karapatdapat ka na mag aral. Kaya kesa mag drama ka diyan, kung pumirma ka na lang kaya?"

Ok medyo pahiya lahi ko dun ah.

Pumirma ako sa contract

End of flashback..

WAAAAAAAAAAAAHHHHHHHH

"y-yung pinirmahan ko. Eto yun?!"

"korek! Hindi namin alam na mauuto ka namin ng ganun kadali! "

Teka.. ibig sabihin..

"hindi totoo yung balak ako paalisin sa school?"

"yup! Hindi totoo yun!"

Naisahan ako ng mga to ah!! Pati si labanos naloko ako?! at nakisali pa si Jiro!! Nakakahiya pa man din yung mga sinabi ko sa kanya nun!!

Kasi naman Arcie!! Pirma agad ng pirma hindi nagbabasa!!

"ano pang hinihintay mo? Let's go!!"

At tuluyan na kong hinila ni Yanna palabas ng house nila.

Chapter 9

the shopping monster

[Arcie's POV]

Mall...

"naku I'm so excited!! Madami na kong nakitang damit na bagay sayo, tsaka ibahin din natin yang hairstyle mo!"

Nagmamadaling pumasok sa loob ng mall si Yanna habang hatak-hatak ako at with matching pa-bounce bounce pa!

"ah Yanna kasi, ano—"

"—wag mo nang isipin pang magdahilan para hindi kita maibili ng damit! Naku walang epek lahat ng sasabihin mo. Tsaka wala ka bang bilib sa taste ko?"

"ah hindi naman sa ganun. Ang akin lang kasi, ikaw lahat ng damit na isuot mo babagay sayo kasi ang galing mo mag dala, samantalang ako, ang kaisa-isa lang atang bumagay na damit sakín eh itong uniform natin. Atsaka hindi naman kasi ako palalabas ng bahay kaya baka hindi ko rin magagamit"

"ano ka ba girl!" umakbay siya sakín **"hindi lang pang school uniform ang beauty mo no! tsaka magagamit mo yang mga yan swear! Naku lalo na next month!!"**

"next month? Ano meron next month?"

"hay naku basta!! But before that, ihuli na natin yung sayo. Samahan mo muna ko mamili ng mga clothes ko" hinila na ko ni Yanna papasok sa unang boutique na nakita namin.

[after three hours..]

Nandito kami ni Yanna sa isang ice cream parlor nagpapahinga. Hay grabe pala mag shopping tong si Yanna! Ang tindi! Kada isang boutique ata na papasukan namin, bumibili siya! And take note ha, sa loob ng three hours, hindi pa niya nabibili yung sinasabi niyang 'welcoming gift' sakín. Buti na lang napagod na siya! Baka mag bago na ang isip niya sa pag bili sakín ng damit. Ahihihhi.

Umupo si Yanna sa harap ko dala-dala yung inorder niyang ice cream para samin.

"tada! Chocolate chip ice cream. Naku try mo yan, super sarap. Ayan yung madalas naming orderin ni Lance pag pumupunta kami dito."

"thank you Yanna ah. Nahihiya talaga ko sa inyo. Hindi niyo naman kasi kailangang gawin

to eh.”

“ano ka ba! Nag eenjoy rin naman ako no. tsaka for sure pati yung iba! Kaya mag ready ready ka na sa mga susunod na araw kasi lahat kami may welcoming gift na hinanda para sayo. Ako nga lang ang nauna.”

Ibig sabihin lahat sila iddate ako? parang na-excite ata ako sa idea ah! Ano kaya hinanda sakini ni labanos? Eh si Jiro kaya?

Waaaaaaah! Ano ba yan! Asa naman ako na hahandaan ako ng welcoming gift nun no! eh mukha ngang hindi ako welcome sa kanya eh. Ewan ko ba, magaan naman ang loob ko kay Jiro kaya lang hindi ko talaga maintindihan kung bat ang sungit sungit niya sakini. Wala naman akong ginagawa sa kanya! Tsaka to think na mag ka-partner kami sa dance fest! Susme!

Nag scoop ako sa ice cream ko then sinubo ko.

“nga pala, next na nating bilhin ang welcoming gift ko sayo” bigla kong nakagat yung spoon ng ice cream ko kaya nangilo ako dahil sa sobrang lamig

“ah!”

Hay! Akala ko limot na niya!! Naman eh!

“ok kalang ba?”

“ah.. hehe oo ok lang!”

“hay naku! Basta leave it to me! Naka ready na ang lahat para sayo.”

“uhmm.. talaga bang kailangan kong mag make over? Ok lang naman talaga sakini ang itsura ko eh”

“ano ka ba! Mas pagagandahin pa kita no! tsaka wala ka atang bilib sakini?”

“hindi naman sa ganun.. actually hanga nga ako sa mga style mo ng pananamit kaya lang—

“talaga?! Hanga ka? Naku ako pa! eh number one fashionista ata ako no! tsaka hindi ako pwedeng magpatalbog sa mga dinedate ni Lance no! ”

Oo nga pala, number one playboy ang boyfriend niya. Teka, sila nga ba talaga? Kung sila nga, bat pumapayag si Yanna na makipag date si Lance kung kani-kanino?

“pero kahit na bonggashious ako laging pumorma, may isang jologs item ako na laging suot

“jologs?” I look at her from head to toe, wala ni isang jologs na bagay siyang suot. At kung meron man, hindi to halata. Magaling nga talagang magdala ng damit si Yanna and mukha talaga siyang beauty queen.

May nilabas si Yanna na necklace na nakatago sa loob ng damit niya then ipinakita niya sakini. Heart necklace siya kaya lang kalahati lang ng heart yung pendant. Eto yung nabibili sa kanto na tig-sasampung piso.

“actually bigay sakini to ni Lance. Ang kaisa-isang bagay na bigay niya sakini kaya I really treasured it kahit mumurahin lang. yung other half nito nasa kanya. Pero hindi ko alam

kung nakatago ba, suot-suot niya or tinapon niya na. basta yung akin, iniingatan ko. Eto ang pinaka love kong gamit sa lahat .”

Natigilan ako sa sinabi ni Yanna. I’m really touched right now! Hindi ko akalain na ganito pala pahalagahan ni Yanna si Lance!

“uhmm, ano Yanna..”

“hmm?”

“uh.. w-wala” may itatanong sana ako sa kanya kaya lang medyo private eh ayoko naman kasi makialam sa kanila kaya wag na lang.

“hay naku! Magtatanong ka sakín about samin ni Lance no? ”

“ha? Eh kasi.. naku wag mo na ko intindihin”

“ay sus! Nahiya ka pa. itanong mo na, promise sasagutin ko. Official best friend ka ng S6, and ano ba ang role ng mag best friend? Mahalaga ang trust sa relationship so I trust you”

I smiled to her “kayo ba ni Lance?”

“yung totoo? Hindi kami. But I love him. I really do. Siguro yung iba iniisip na biruan lang yung ginagawa namin ni Lance, pero sakín hindi biro yun lahat. Hindi ko talaga alam kung ano ko sa kanya but right now I’m contented with our relationship kasi kahit papano alam kong importante ako sa kanya .”

“Yanna”

“hay, pero mahirap din ang magmahal ng isang Casanova ha?” she laughed “pero one day, hindi na yan titingin sa ibang babae! sakín na lang siya titingin. At ako na lang ang mamahalin niya habang buhay! Bwahahahaha”

Napatayo ako bigla

“uh.. wh-why? May problem ba Arcie?”

“mangyayari yun!”

“huh?”

“mamahalin ka ni Lance! Mangyayari yang sinasabi mo! Kasi kung hindi, si Lance na ang pinaka tangang lalake sa buong mundo!!”

Eto namang kasing si Lance date pa ng date ng kung sinu-sinong mga babae! hindi ba niya alam na napaka swerte niya to be loved by Yanna?!

Tumayo din si Yanna then she hugged me “you’re so sweet Arcie. Na-touch ako ng sobra sa sinabi mo ”

“t-totoo ang sinabi ko swear!”

She smiled at me “hay naku girl! Tara na nga! Excited na kong ipakita sayo ang welcoming gift ko!”

Dinala ako ni Yanna sa harap ng isang boutique na kasing laki ata ng department store sa mall na ito. Tinignan ko yung name ng boutique

PRINCESS YANNA

“sa family niyo to?”

“actually sakin to. gift ng parents ko sakin last Christmas”

Gift?! Huwaw!!

“pero syempre kumuha ako ng mag mamanager niyan. Ano ba naman ang alam ng isang highschool student sa pag manage ng isang business. Pero lahat naman ng kita diyan diretso sa bank account ko”

Speechless parin ako. for sure ang laki ng kinikita niyan! Pwede nang mabuhay si Yanna ng mag-isa kahit yan lang ang business niya!

“taralets!!” kinaladkad niya ko papasok ng boutique.

Ang daming magagandang damit dito kaya lang ang mamahal. Mas mahal pa ata sa kinakain namin for two days! Kinuha ko yung isang cocktail dress na color pink. Simple lang siya pero ang ganda ng dating. Gawa siya sa silk then may ribbon sa side. Halos mabitawan ko naman yung damit nung tinignan ko yung price 4,500php. Binalik ko agad.

Grabe namang mahal niyan! Isang damit lang yan ah!

“bat mo binalik? Gusto mo ba yun?” napalingon agad ako dun sa katabi ko and I was shocked kasi hindi na si Yanna ang kasama ko.

Chapter 10

Prince Sunget

“bat mo binalik? Gusto mo ba yun?” napalingon agad ako dun sa katabi ko and I was shocked kasi hindi na si Yanna ang kasama ko.

“Ji-jiro? Anong ginagawa mo dito?”

“masama na ba kong pumunta dito?”

Eto na naman po siya, nag susungit!

“Arcie bigla-bigla kang nawawala let’s go—“ napatingin siya kay Jiro “oh Jiro nandito ka!! Bat ka naman napadpad sa aking boutique ha? Ikaw ha! May bibilhan ka ba ng damit? Or baka naman tumagilid na ang gender mo! ”

I laughed quietly. Malamang tumagilid na gender nito. Eh mukha namang walang girlfriend or nililigawan ang isang to.

“kukunin ko yung damit na inorder ni ate sa inyo.”

“OH MY--!! I forgot! Nasa house namin. Plano ko kasi dalhin sa school kanina kaya lang na-

excite ako ng husto pumasok kaya nawala na sa isip ko. Teka wait lang.” may tinawag siya na sang saleslady “yung mga damit and accessories na pinakuha ko complete na ba?”

“opo ma’am” inabot nung saleslady yung napakaraming damit kay Yanna and isang box na puno ng accessories.

Inabot naman lahat ni Yanna kay Jiro **“ikaw na muna bahala kay Arcie ha? Lahat ng damit na to pinili ko for her. Kung may makita kang hindi bagay sa kanya palitan mo. Alam kong magaling ka mamili. Sige alis na muna ko.”**

Ha? Ano? Teka iiwan niya ko sa Jiro na ito?!

“ah Yanna—“ hindi ko na natuloy yung sasabihin ko kasi bigla may ibinato si Jiro sa mukha ko na damit

“i-fit mo”

Grrr!!! Wala bang manners to?!

Pumunta ako sa fitting room para mag sukat.

Kada isang damit na isusukat ko, laging walang reaction si Jiro. Titingin lang siya sakín mula ulo hanggang paa tapos aabutan na naman ako ng panibagong damit na isusukat. Hay for sure ni-isa walang bumagay sakín.

More on casual clothes yung pinapasukat sakín kaya lang pang sosyalin talaga yung style niya kaya siguro walang bumagay sakín. Meron din siyang binili na isang cocktail dress para daw sa dance fest namin. Wala rin namang comment si Jiro dito kaya for sure hindi rin bagay sakín yun.

“sir, may naiwan pa po pala na dress para kay Ms. Arcie” inabot nung saleslady yung dress kay Jiro.

Tinignan ni Jiro yung dress na may halong pagtataka **“para saan daw tong dress na to?”**

“hindi ko po sure eh kaso parang nasabi po ata ni Ms. Yanna isang occasion next month”

Napailing si Jiro **“ready talaga palagi si Yanna”** humarap siya sakín **“isukat mo”** inabot niya yung damit

Tinignan ko naman yung dress. Teka eto yung dress na hawak-hawak ko kanina ah? Ang mahal nito! Parang hindi ko na ata matatanggap to!

“uhmm. Ano Jiro. Kasi, wala naman talaga akong pag gagamitan nito eh. Wala naman akong occasion na dapat puntahan na kailangang mag suot ng ganitong kagandang damit.”

“hindi pinagkakagastusan ni Yanna ang isang bagay na alam niyang walang pag gagamitan” tinulak ako papasok ni Jiro sa loob ng fitting room **“masyado kang ma-angal at maarte. Isukat mo na lang kaya di ba?”**

Kesa makipag-away pa ko kay Jiro, sinukat ko na lang yung dress. Ang ganda talaga nitong damit na to! pero baka mag mukha lang basahán pag sinuot ko na.

Lumabas na ko sa fitting room. Bigla namang napatayo si Jiro then again he looked at me from head to toe. This time mas matagal niya kong tinignan kaya medyo na-conscious ako.

“ah.. ano—“

“**magpalit ka na ng damit**” bigla niyang iniwas yung tingin niya sakín then tumalikod siya. At ako naman dahil sa napaka masunuring bata, nagpalit na ko ng damit.

Pag labas ko ng fitting room, binigay niya lahat sakín yung paperbags ng mga damit then naglakad siya palayo. Ako naman, sunod agad sakanya. Ngayon ko lang napag tanto na napaka gentleman pala niya! SUPER!

“**ah Jiro saan tayo pupunta?**”

“**may beauty parlor dito**” and ayun nga nakita ko ang isang beauty parlor sa loob ng boutique ni Yanna. Wow!

Nilapag ko sa isang upuan yung mga paperbags. Bigla naman ako hinila ni Jiro

“**she’s a friend of Yanna. Kayo na bahala sa kanya**”

“**ay ok sir. Nagbigay na po samin si Ms. Yanna ng instructions. Kami na po bahala**” kinuha naman ako nung babae then pinaupo sa harap ng malaking salamin.

“**ah, ano pong gagawin niyo?**”

“**hay naku miss kami na po ang bahala sa inyo! For sure gaganda ka lalo**” she lean on me then may binulong siya sakín “**after nito maiinlove na sayo ng husto ang boyfriend mo** ” she winked

Boyfriend? Sino?

“**uy**” tinapik ako sa balikat ni Jiro kaya napalingon ako “**alis muna ko. I need to buy something babalik din ako**”

“**ah.. ok**” lumabas na si Jiro.

Hay naku naman Yanna!! Bat mo ba kasi ako iniwan sa lalaking to! hindi ko alam kung meron ba siya ngayon, o mag memenopause na or sadyang parang pinagsakluban lang talaga ng langit at lupa ang buhay niya kaya ganyan siyang kasunget!!

“**pero unfairness miss ang gwapo talaga ng boyfriend mo! Nice catch!** ” tinuro niya si Jiro na nakalabas na sa parlor

BOYFRIEND?! AYUN?! NO WAY!!

After one hour na pag gupit nila sa buhok ko at pag manicure sa kuko ko, sa wakas natapos narin! Pero parang wala rin namang pinagbago sa itsura ko kahit ilang beses nilang sinasabi na ang ganda ko ‘daw’

Lumabas na ko sa parlor. Saan na kaya nagpunta yung Jiro na yun? Hanggang ngayon di parin bumabalik! Baka talagang tuluyan na kong iniwan nun ah!

Nakita ko si Jiro na pabalik ng parlor. Tumakbo naman ako papalapit sa kanya.

“**Jiro! Tapos na ko**” tinignan niya lang ako na parang nagtataka then biglang nanlaki ang mata niya.

Ok ano ba talaga ang itsura ko? Bat hindi na lang niya kasi ako diretsuhin na ang panget ko!

“ah, tapos ka na. after thirty minutes pa daw dadating si Yanna kaya mag ikot ikot muna tayo sa mall.”

Sumunod naman ako sa kanya. Tahimik lang kami na nagiikot ikot. Wala narin akong gana na tumingin pa sa mga paninda. Siguro dahil ubos na energy ko ngayon. At ewan ko kung bakit pero bigla ako nalungkot at nabadtrip ngayong araw. Di ko alam kung ano dapat kong maramdaman eh! Dapat ko bang kaawaan ang sarili ko o dapat ko bang kainisan?

Biglang huminto si Jiro kaya nauntog ako sa likod niya.

“aray ko!” napahawak ako sa ilong ko

He faced me looking so serious. **“ano bang problema? ”**

“ha? W-wala. Bakit?”

“yung mukha mo parang pinagsakluban ng langit at lupa”

“ganyan na talaga ang mukha ko. Ang pagpapa retoke na lang ang pag-asa kong gumanda. Dahil sa wala kaming pera pangparetoke sa mukha ko, tingin ko forever na kong mukhang pinagsakluban ng langit at lupa”

Naglakad ako palayo sa kanya kaya lang bigla niya kong hinila and sa hindi ko malamang dahilan bigla akong kinabahan. **“marunong ka ba talagang umintindi ng mga figures of speech?”** binitawan niya yung pagkakahawak niya sa wrist ko kaya nakahinga ulit ako ng maluwag **“ang ibig kong sabihin sa sinabi ko kanina, mukhang may problema ka.”**

“ano kasi eh.. mukhang nasayang lahat ng binigay sakin ni Yanna. Hindi naman ata bagay sakin eh ” I looked down

“bakit may nagsabi ba sayo na hindi bagay yan?”

“kasi ikaw eh halata naman sayo na hindi bagay sakin. Wala ka kasing sinasabi. Kahit itong ayos ko ngayon.”

“ano bang gusto mong sabihin ko? Na ang ganda mo?”

“h-hindi. Ayokong mag sinungaling ka .” Napayuko ulit ako.

“hindi ako nagsalita kanina kasi wala na kong masabi sa galing pumili ni Yanna ng mga damit na babagay sayo” naglakad siya papunta dun sa stand ng mga pabango.

Teka, ang ibig sabihin niya ba dun eh speechless siya dahil ang ganda ganda ko sa mga suot ko kanina at sa ayos ko ngayon? Waheheheh! Sabi na eh!!

Teka, bat ba ang saya ko?

Bigla ko naman naalala yung sinabi ko sakanya nung time na niloko nila ko na paaalisin ako sa school.

“bat ba ang sungit sungit mo sakin? Lagi mo na lang ako tinatarayan, ano ba kasalanan ko sayo?”

Nilapitan ko siya sa stand nang mga pabango.

“ahm, Jiro.. ano..”

Hindi siya lumingon sakin at busying busy parin sa pagtingin ng mga pabango

“ano kasi eh” tumingin tingin din ako sa mga pabango pantanggal nerbyos “nung time na pinapirma niyo ko sa contract.. yung nasabi ko sayo nun, sorry”

Hindi niya ko pinansin at nagtitingn parin siya sa mga pabango. At ako naman, dahil napahiya, tumingin narin ako sa mga pabanggo.

“sorry din”

Ay pusa!! Napalingon ako sa kanya dahil bigla bigla na lang nag sasalita.

Teka, ano’ng sabi niya? Sorry daw?

“kung nasusungitan man kita pasensya na but it doesn’t mean na ayaw ko sayo. Ganun lang talaga ko”

I smiled to him **“nu ka ba! Ok lang yun ”**

“pero hindi rin ibig sabihin na nag sorry ako sayo eh close na tayo. babalik din ako sa dati bukas.”

Ay ganun?

“eh bukas pa naman pala eh. Mag panggap muna tayo ngayon na close tayo ”

“huh? ”

May nakita ako na blue magic at tinuro ko naman agad sa kanya

“tara dali pasok tayo!!”

Hinawakan ko yung wrist niya then bigla na naman bumilis ang tibok ng puso ko.

Ok. Bat ba kada madidikit ang balat ko sa balat ng lalakeng yun eh nagkakaganito ko?! tsaka ano ba naman kasi ang ginagawa ko ngayon ha? Bat ko ba nasabi sa kanya yon? at bat ba ang saya-saya ko ngayon ha?!

Binitawan ko agad siya then in-occupy ko na lang ang sarili ko sa mga stuff toys sa paligid ko.

“ang cuuuttee!! ” kumuha ako ng isang teddy bear then niyakap ko

“para ka namang bata”

“bakit hindi ba sila cute?” tinapat ko sa mukha niya yung hawak-hawak kong bear

“it’s so ... gay”

Hmpf! Hindi marunong maka-appreciate ng cute!

May nakita akong keychain na may dalawang bata. A guy and a girl. Sa baba may naka sulat na: **“Friends is a gift from God”**

Bigla akong may naalala na isang tao. Kinuha ko yung keychain then tinignan ko yung price.

Sakto 35php lang! Very cheap pero ang cute naman.

“uy bibilhin ko lang to ha?”

Tumango lang sakin si Jiro na busying busy sa pagtingin ng mga stuff toys. Teka, akala ko ba hindi siya naku-cute-an sa mga yun? Kunyari pa kasi! Ahaha

After kong bayaran yung keychain, pinuntahan ko na si Jiro.

“ano binili mo?”

“eto oh.” pinakita ko sa kanya yung keychain

“ano naman gagawin mo diyan?”

“wala, may pagbibigyan lang. maganda ba?”

Tinignan niya yung keychain then tumango lang siya ng walang ka-expre-expression ang mukha pero alam ko na nagagandahan naman talaga siya.

“ikaw talaga, laging walang expression ang mukha mo! Marunong ka bang mag smile?!”

“hindi”

Ay sows! Abnoy ba tong kasama ko hindi marunong ngumiti?

“ikaw pala ang parang pinagsakluban ng langit at lupa eh”

“hindi naman ako panget ah? ”

Natawa ako bigla sa sinabi niya

“tignan mo! Ikaw din pala hindi makaintindi ng figures of speech! ”

Nag smile siya bigla pero mabilis lang. at dahil sa sobrang gulat napalapit ako sa kanya at tinuro-turo ang face niya.

“nakita ko yun! Nag smile ka!! Wahahahaha napa smile kita! Yehey!! ”

“h-hindi ah!”

“wag ka na magkaila! Kitang kita ko! Weeeeeee ”

“parang smile ko lang tuwang tuwa ka na agad”

“syempre naman no napangiti ko ang prince ng bato”

“bato? ”

“oo kaya para kang bato diyan na walang expression. Ngayon isa ka ng smiling stone! ”

Napangiti ulit siya ako naman nagtatalon na

“nag smile ka ulit! Wahaha sabi ko na ako lang makakapag pa ngiti sayo eh! wahaha !”

Ewan ko ba bat tuwang tuwa ako. basta ramdam ko na ang saya-saya ng araw na to. the best

si Yanna! Ahaha

Pero teka, yung smile niya parang nakita ko na din dati. Hindi ko lang matandaan kung saan.

“ang kulit mo” he pinched my cheeks **“halika na andun na daw si Yanna”**

For a second, parang huminto ang pag-ikot ng mundo at hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko. Bat ganun? Parang may kung anong gumagalaw sa tyan ko tsaka bat parang ang bilis ng tibok ng puso ko.

Hindi kaya--?

Hindi kaya--?

Hindi kaya--?

Na-tatae ako?

Impossible! Ahaha baka wala lang to. sumunod na ko kay Jiro.

Pinuntahan namin si Yanna sa labas ng mall. After i-abot ni Yanna yung damit na inorder ni Ms. Jennica, nagpaalam narin si Jiro samin at may pupuntahan pa daw siya.

“ingat kayo ha?”

“sure sure, ingat din sila sayo ” sagot ni Yanna

“uhmm Arcie” napalingon ako sa kanya kasi tinawag niya ko sa name ko! That’s the first time I heard my name na nangaling sa boses niya

“bakit?”

“ano, masarap yung quack-quack”

Quack-quack? Ano yun?

Dumiretso kami ni Yanna sa bahay nila para mga kwentuhan ng ‘konti’ na inabot ng dalawa’t kalahating oras. After nun, hinatid niya na ko sa house namin.

“Yanna thanks for today ah, pati dito sa mga damit thank you talaga!”

“ano ka ba girl! Ok lang yun! I had a lot of fun din naman. Sorry pala kung naiwan kita kanina ah?”

“ok lang yun!”

“o siya una na ko!” inistart na nung driver yung engine ng car

“ah Yanna wait!”

“bakit?”

“uhmm, next time na gusto mo kong isama sa pag shoshopping, pwedeng ipatawag mo ko in a normal way?”

Yanna laughed **“I hate the normal way ”** then tuluyan ng umalis yung car.

Papasok na sana ako sa bahay ng may narinig akong nag salita.

“hay salamat dumating ka narin”

Napatingin ako sa paligid kung sino nag salita at ang tangi ko lang nakita ay isang poste sa gilid ko.

Waaaaaaaah!! Nagsasalitang poste?!

“mumu?”

“anong mumu?”

At ayun, sa likod ng poste, lumabas ang isang lalaking may weird na buhok, naka brace at naka salamin.

Chapter 11

Ice cream

[Jiro’s POV]

I’m in my car right now. Sa tabi ko, isang malaking paperbag ng blue magic na may lamang teddy bear sa loob.

Have you ever experienced na pangunahan ng katawan mo ang isip mo? I’ve been experiencing that a lot lately. Katulad ngayon, bago pa ko makapag-isip ng matino, nakita ko na lang ang sarili ko na binibili tong stuff toy na to na yakap yakap kanina ni Arcie. Ano ba kasing meron sa babaeng yun?

I remember all the things that my sister told me.

Flashback..

“ate would you please stop it! I’m telling you that girl has nothing to do with me! ”

“but you’re happy when you are with her!”

“isang beses mo lang ako nakitang tumawa na kasama siya!”

“yes, isang beses lang nga! But everyday lagi mong suot-suot yang mga pang disguise mo na yan then lagi kang nandun sa garden! i know you are waiting for her”

“I’m not! Gusto ko lang sa lugar na yun dahil tahimik!”

“you’re being in denial!”

“ate please drop it! You know my past”

“kaya nga eh! and I know she can help you!”

“no she can’t! no one in this world can help me! Besides, I do believe that history repeats itself! ”

“well Arcie is a different person!”

I sighed. There’s no point in arguing.

“pupunta lang ako sa boutique ni Yanna to fetch your dress”

“your friend likes her also”

“I don’t care” pumunta na ko sa may door

“you know what? Hindi mo lang maintindihan ang sarili mo kung bakit ang gaan ng loob mo sa babaeng yun.”

“please stop”

“you know why? Because Arcie has a good soul that can fix a broken heart and a happy heart that can cure a sad soul”

I opened the door and tuluyan na ko umalis sa office ni ate.

End of flashback..

Yes, maybe what my sister said is true. Arcie indeed has a good heart and a happy soul. Ang mga bagay na matagal nang wala sakin.

Ang mga bagay na hindi ko alam kung magkaaroon pa ko.

But right now, hindi ko alam kung bakit ko ba binili tong teddy bear na to? paano ko naman ibigay to kay Arcie? Tsaka bat ko naman siya bibigyan ng gift eh wala namang occasion?

Pero come to think of it I enjoyed her company today. Natutuwa naman ako sa kanya kasi ang saya saya na niya nung napa-smile niya ko. Maybe I should give this to her as a thank you gift.

Pero kahit na ba! sus! Baka naman sadyang nahumaling lang siya sa smile ko! Alam ko namang ang gwapo gwapo ko! Tsaka wala paring sapat na dahilan para bigyan ko siya ng gift!!

At eto na naman po tayo, nangyari na naman sakin to. hindi pa tapos magtalo ang isip ko, gumalaw na naman ng kusa ang katawan ko. I started the engine and drive papunta kila Arcie.

[in front of Arcie’s house]

Bumaba ako sa car then I knocked on the door. Alam ko sa mga oras na to wala pa si Arcie at baka nandun pa yun sa house nila Yanna na busy sa pakikipag kwentuhan. But I have a plan, sana lang mag work out.

And sinwerte nga naman, ang nagbukas nung door is yung youngest sibling ni Arcie, si Arvin.

“hello po sino po hinahanap nila?”

“wala ako hinahanap” umupo ako para maging ka-level ko si Arvin **“pero kailangan ko tong ibigay sa friend ko. Pwede mo ba kong tulungan? ”**

“sino po ang friend mo?”

“ang ate Arcie mo. Pwede bang pakilagay to sa room niya?”

Inabot ko sa kanya yung paperbag **“bakit mo bibigyan ng gift si ate eh hindi niya pa birthday”** tsismosong bata to!!

“dahil mabait ang ate mo. At ikaw dahil mabait ka din, eto naman ang gift ko

sayo” inabutan ko siya ng lollipop

“alam ko na! ikaw si santa clause!”

“hohoho!” tumawa naman ako na parang si santa “ako nga si santa!” hay mas ok na to para kung magtanong man si Arcie, atleast may sasabihin sa kanya si Arvin .

“pero hindi pa po Christmas santa!” oo nga pala!

“kasi baka ma late na si santa ng dala dahil marami pa kong batang bibigyan ng gift. Kaya inuna ko na kayo ”

“eh di ba mataba si santa? ”

“ahm kasi ang dami pinuntahan ni Santa na mga bahay kaya nangayayat siya. Pero dapat secret lang natin kung an ang itsura ko ah?” pwede na ata akong makakuha ng best in acting awards!

“opo! Yehey! Nakita ko si santa!” tumakbo na papasok ng bahay si Arvin.

Hay! Buti pa ang bata ang daling sumunod! .

Bumalik ako sa loob ng car ko then kinuha ko ang wig, brace and eyeglass ko. Baka mabigla kasi si Arcie pag nakita niya si **JIRO** dito at magtataka yun kung paano ko nalaman na dito siya nakatira kaya magpapakita ako sa kanya as **JACOB**.

Bumaba na ko sa car ko then hinintay ko siya sa may post malapit sa house nila. Maya-maya lang din may nakita na kong car na padating.

It’s Yanna’s car.

Nakita ko na bumaba ng car si Arcie

“Yanna thanks for today ah, pati dito sa mga damit thank you talaga!” sabi ni Arcie habang nakasilip siya sa bintana ng car ni Yannie

“ano ka ba girl! Ok lang yun! I had a lot of fun din naman. Sorry pala kung naiwan kita kanina ah?”

“ok lang yun!”

“o siya una na ko!”

Inistart na nung driver yung engine ng car

“ah Yanna wait!”

“bakit?”

“uhmm, next time na gusto mo kong isama sa pag shoshopping, pwedeng ipatawag mo ko in a normal way?”

I heard the laugh of Yanna “I hate the normal way ” then tuluyan ng umalis yung car.

Nakita ko siya na papasok na ng house nila

“hay salamat dumating ka narin”

Medyo napatawa ako kasi nagulat siya nung nag salita ako then hinahanap niya kung sino yung nagsasalita at mukhang natatakot pa siya ah!

“mumu? ”

Ano daw?

“anong mumu?” nag pakita na ko sa kanya

“Jacob?! Waaaaaaaah!!” tumakbo siya sakin then she hugged at me **“ang tagal na kitang di nakita! Na miss kita!! ”**

Hindi ko alam kung bakit pero biglang bumilis ang tibok ng puso ko.

Bigla naman napabitiw ng pagkakayakap si Arcie sakin

“uhmm, sorry”

“i-it’s ok”

“Ano bat hindi ka pumasok sa loob? Tara dali!”

“ah wag na. Arcie could I talk to you for a while?”

“oh sure”

We walked in silence papunta sa park. Pumunta lang ako saglit sa store malapit sa park to buy ice cream.

“here”

“thanks” kinuha niya yung ice cream sakin **“ano nga pala paguusapan natin?”**

Huminga ako ng malalim, **“Arcie, I’ll be straight to the point, kasi ano alam mo napaka kumplekado ng sitwasyon ko talaga ngayon. Tapos ayoko na nitong ginagawa ko. Alam mo mabait kang tao kaya gusto ko na talagang itigil to. at isa pa talagang nakokonsensya ako. Hindi ko nga alam kung bakit eh. Hindi naman talaga ako ganito, sayo lang. kaya hindi ko ta—“**

“wait wait wait! Akala ko magiging straight to the point ka? ”

Ay oo nga no! sensya, kailangan mag explain eh! **“sorry”** ehem **“this will be the last time you are going to see me.”**

Napatingin siya bigla sakin **“b-bakit? Aalis ka ba?”** sabi na eh mabibigla siya

“no”

“lilipat ka ng school?”

“hindi rin”

“then why? ”

Nakita ko sa face niya na takang taka siya but other than that, I also saw the sadness in her eyes which really shocked me.

Hindi pa kami masyadong close sa isa't-isa as Jacob or as Jiro. Pero bakit? Bakit nalungkot siya sa sinabi ko?

“Arcie, you don’t know the real me. Hindi talaga Jacob ang name ko, hindi ako junior student, hindi ganito ang itsura ko. Lahat ng nakikita mo sakín ngayon is just a mask! I don’t want to fool you anymore. But I’m sorry, hindi ko pa kayang sabihin sayo kung sino ako .”

Tumingin lang siya sakín the she looked at the sky.

We sat in silence for a while.

I looked at her, trying to figure out what’s she’s thinking. Pero hindi ko parin mabasa ang expression sa mukha niya. Hindi ko alam kung galit siya sakín or nasaktan siya. But either way, maiintindihan ko. Kasalanan ko naman from the start eh .

“sabi mo lahat ng bagay na nakikita ko sayo is a mask.”

Nagulat naman ako nung bigla siyang nag salita. She looked at me seriously. Tumango lang ako sa question niya.

“tingin ko hindi”

“h-ha?”

“nakita ko kung sino talaga si Jacob. Alam kong hindi pa tayo nagkakasama ng matagal but kada kinakausap mo ko alam ko na napapakita mo ang sarili mo sakín.” She smiled at me. **“ok lang kung hindi mo pa masabi kung sino ka, alam ko naman na may mabigat kang reason. But I don’t believe na lahat ng nakikita ko sayo is a mask ”**

“Arcie”

“wag ka nang umiwas sakín ha? ”

“but—“

“I can’t bear to loose a friend”

I smiled at her **“I understand. Thank you Arcie ”**

Darn! Bat ba ganyan siya makitungo sa mga tao?!

Bat ganyan siya makitungo sakín?

She laughed softly **“haaay! I really miss you Jacob! ”**

“me too. Busy ka ata lately. Hindi ka na kasi kumakain sa garden”

“ah oo nga eh. lagi kasi ako niyayaya ng S6”

“ayaw mo pa ba sa kanila?”

Naalala ko kasi yung time nung sinabi niya sakín na naiinis siya sa S6 lalo na kay JIRO. Siguro

ngayon hindi na siya inis, kay Jiro na lang!

“ayun nga eh nakaka konsensya yung mga pinagsasabi ko sa kanila. Hindi pala sila ganun tulad ng nasaisip ko. Little by little may nalalaman ako about them. Now I know na karapatdapat nga sila sa S6”

“eh kay Jiro?” curious lang ako no. baka may lihim na galit sakín tong babaeng to. aba! Dapat una pa lang magkaalamanan na!

“ha?”

“di ba sabi mo lagi ka niyang sinusungitan? ”

She laughed **“hay naku ganun parin siya! Hindi ko nga alam kung galit ba yun sakín o hindi eh! ”**

Ganun ba talaga ko ka-sungit sa kanya?

“well, ganun siguro talaga ang tinatawag ng lahat na Prince Jiro. He’s a cold-hearted guy. He’s like a stone.” Parang yan lang yung sinabi niya sakín kanina.

“stone? I don’t think so he’s more like” tumingin siya sa ice cream na hawak niya **“an ice cream to me”**

“Ice cream?”

Bat naman ako parang isang ice cream?

“yup! Ice cream. Sabihin na nating he is really a cold hearted guy. But Jiro is sweet and soft in his on way and ayun ang hindi niya kayang itago. He loves to act like he doesn’t care but deep inside alam kong importante sa kanya ang mga friends niya ”

OK? Hindi ko alam ang ire-react ko sa kanya.

Can she see through people? Bat ba kakaiba siya sa lahat? She views life positively. Bat ganyan ba siya?

“gumagabi na ah. Tara hatid na kita sa inyo

Naglakad kami pabalik sa house nila then nag goodbye na ko sa kanya

“see ya!”

Naglakad na ko paalis

“ah Jacob wait lang!”

Napalingon ako sa kanya then may hinagis siya sakín. Nung nasalo ko nakita ko isang keychain. Yung binili niya kanina sa blue magic.

“nakalimutan kong ibigay yan. Good night! ”

“t-thanks”

She waved then pumasok na siya sa bahay nila.

Napatingin ulit ako sa keychain. Para sakin pala to?

Arcie is right, behind all those disguises, she can see the real Jiro.

I can be myself when she's around. Even yung mga S6 na halos ilang taon ko na nakasama hindi ako ganto sa harap nila.

Pero bat kay Arcie?

Kung pwede nga lang na maging si Jacob na talaga ko .

That's my only way on escaping all the pains in my heart.

Hay.. kaya nga gusto kong umiwas eh.

Ayoko siyang gawing panakip butas

Chapter 12

steps, cookies, and rules in dancing

[Arcie's POV]

OK. Kanino ba talaga galing yun? Kay Jacob ba? Pero imposible naman eh! Hindi naman daw siya pumasok sa room ko. At ni isa sa family ko walang nakakaalam kung paano napunta yun sa room ko.

Well sabi ni Arvin kay santa claus daw?

Naglalakad ako ngayon papuntang classroom at busying busy kakaisip kung saan nanggaling ang napakalaking teddy bear sa room ko.

Ang galing nga naman nung nag bigay nun! Alam na gusto ko ang teddy bear!

Teka hindi kaya si-

Umiling iling ako

Imposible! Mga iniisip ko talaga oh!

Pumasok na ko sa loob ng classroom and-

"bat ka kasi nakikialam!" sigaw ni Ms. Krissa

"hindi ako nakikialam. I'm just trying to help him!" sagot ni sri Nike sa kanya

Nagulantang naman ako sa aking nakita.

Si Mam Krissa and si sir Nike nag-aaway?

"Arcie!!"

Tumakbo sakín palapit si Justine.

"help me! Ayaw nilang tumigil!"

"ano bang nangyari?"

"eh kasi si sir Nike may background daw siya sa pag ballroom dancing then he tried to help me making the steps and formations. Kaya lang medyo hindi sila nagkasundo ni mam krissa kung anong magandang formation kaya ayan"

Nyek! Sus! Talagang nauwi sa sigawan?!

"eh basta ako may handle ng class na to kaya wala kang karapatan para i-contradict ang mga sinasabi ko"

"I'm not contradicting you! nag su-suggest lang ako nang mas better na formation"

"arcie, ikaw na bahala dito. Mukhang magaling ka namang umawat ng dalawang nag aaway. Aalis muna ko ah? Dun sa mas tahimik. Di na ko makakapag concentrate dito."

"ah sige. Saan ka?"

"kahit saan. Baka sa gym!"

Tumakbo na palabas ng room si Justin. Si Mam krissa and si sir nike naman, ayun, bangayan mode parin ang dalawa.

Tumingin ako sa paligid. Ang tao lang dito sa room ay ako, si sir and mam na nag-aaway at si...

..Si jiro na natutulog.

Ganun parin kaya ang pagtrato sakin ni Jiro tulad nung nasa mall kami?

Ano ba! Bat ko ba iniisip eh alam ko naman yung sagot! Natural hindi! Siya na mismo nag sabi na sa araw lang na yun siya ganun sakin!

Teka, pana-panahon ba talaga mood ng taong to? once in a blue moon maging masaya?

"don't you dare touch me!! "

Bigla naman akong bumalik sa aking katinuan dahil sa dalawang teacher na nag-aaway sa harap ko.

"okay okay!" nakita ko nakataas yung dalawang kamay ni sir Nike, yung para bang hinohold-up siya

Lumapit ako sa kanila

"ah mam, sir tama na po-"

"teka nga bat ka ba nagagalit? " tanong ni Sir Nike kay Ma'am Krissa nang may mapangasar na tono

"ah sir-"

"kasi nakikialam ka!"

"mam magbati na p-"

"baka naman nag seselos ka? "

"sir-"

"what?! Ako? Mag seselos?! Saan naman?! "

"ma-"

"malay ko, baka dahil sa sakin nagpapatulong ang estudyante mo or.." lumapit si sir Nike kay mam Fuentes, as in malapit ".baka nagseselos ka kasi nasakanila ang attention ko wala sayo "

"WHAT?! ANG KAPAL MO HA!! "

Nag walk-out si Mam Fuentes, sinundan naman siya ni sir nike.

Susme! parang mga bata yun ah! At talaga pang estudyante ang naging taga-awat sa away nila!! At talaga din namang inisnob ako dito ha!! ni hindi ako nakapagsalita!!

[Michelle's POV]

1, 2, 3 SPIKE!

Nagpapractice ako dito sa gym, and sa mga bleachers nandun naka upo si Justine looking so serious sa ginagawa niya.

I can't help my self but to stare at him.

Ang gwapo talaga nito lalo na kapag ganyan siya ka serious.

Inihagis ko yung bola na nasa kamay ko then I spike it papunta sa direction niya kaya lang-

"ouch"

"oh my-I'm sorry!"

Napatakbo ako papunta sa kanya. Paano ba naman tinamaan ko siya ng bola sa ulo.

"are you ok?"

"yes I'm fine " hinimas himas niya yung ulo niya

"sorry talaga Justine. I didn't mean it "

"it's alright " he smiled "pero malakas ka talagang mag spike ha? No wonder ikaw ang captain ball ng volley ball varsity "

"sorry talaga!" nakita ko yung mga papel dun sa kamay niya. Siguro yun ang mga formations "tapos mo na ba gawin yung para sa dance fest?"

"yup! Actually katatapos ko lang ngayon. May practice na tayo mamaya"

"oh, that's good. Malapit narin kasi yun" sayang nga lang at hindi siya ang kapartner ko. Hay

"ah Michelle"

napatingin ako sa kanya then I saw that he's staring at me. Then bigla siyang lumapit sakin. His face is getting closer and closer. I can feel my heart beats faster and faster.

Is-he---g-gonna-k-kiss---m-me?!

Bigla niya pinunasan yung cheeks ko "may dumi ka" then lumayo na siya.

"th-thanks"

Grabe kinabahan ako dun ah!

I've known him for so long yet, everytime na nagiging ganun siya kalapit sakin, lagi na lang ako kinakabahan. And I also felt that my stomach is full of butterflies!

Nakita ko yung box ng cookies sa tabi niya. Ayun yung cookies na binigay ko sa kanya anonymously. Actually everyday ko siya binibigyan kaso wala parin siyang idea kung sino talaga yung nagbibigay ng mga cookies na yun.

"ah Justine, cookies ba laman niyan?" hehe syempre kunyari no wala akong idea!

"yup! Gusto mo?"

"ah no thanks. Ayan ba yung bigay nung laging nagiiwan ng cookies sa locker mo?"

"eto nga yun"

"uhm.. hindi ka ba nagsasawa kasi lagi ka na lang niya binibigyan niyan?"

"actually, no. Natutuwa nga ako kada iniiwan niya to sa locker ko. "

"mukhang nagustuhan mo talaga yung mga cookies" I'm relived! "may idea ka ba kung sino yung taong yun?"

"yun nga eh, wala akong ka id-idea kung sino man siya. Sana nga magpakilala na siya. Pero may isang tao din akong ineexpect na sana siya yung nag bibigay sakin." He smiled. "hey it's almost time. Tara balik na tayo sa room?"

"ah sure. Uhhh you go first, magpapalit lang ako saglit

"ok. Kita na lang tayo"

Umalis na siya.

May ineexpect siya na sana yun yung taong nagbibigay sa kanya ng cookies. Meaning may mahal na siyang iba?

Paano kung hindi ako ang taong yun? Madidissappoint kaya siya.

Ngayon hindi ko na alam kung aamin pa ba ko o hindi na.

[Krissa's POV]

GRRR!! Nakakayamot talaga na lalake yun oh! Bat ba kasi naging katrabaho ko siya?! Masyadong pa-epal! Masyadong mapapel! MASYADONG MAHANGIN!! Ang kapal naman ng mukha niya para sabihing nagseselos ako?! Sino ba siya ha?! Hindi porket naakit niya ang mga babae dito ganyan na siya kung maka asta! Nakakagigil talaga!! Siguro masyadong nagpapasikat lang yun ng mas mapansin ng mga estudyanteng babae!!

"krissa wait!"

Nakita ko siya na nakasunod saakin. Kinuha ko yung ruler na dala ko at inamba ko sa kanya.

"don't you dare go near me or else I'll kill you!!"

"um, hindi nakakamatay ang ruler "

"siguro kung naging wand tong ruler na hawak ko ginamitan na kita ng killing curse kanina pa!!"

"kaso hindi yan wand" lumapit siya saakin, "bati na tayo ha? Binibiro lang kita kanina "

"CHE!!" tinalikuran ko siya and naglakad palayo. Kaya lang may nakakalat na bote sa sahig and bigla akong nadulas. Naramdaman ko na lang na may mga kamay na sumalo saakin.

Napalingon ako sa kanya.

"are you alright? "

Err.. I think I'm going to suffocate!

His face is very close to mine

And pakiramdam ko parang pwede nang ipanlaban sa karera ng kabayo ang puso ko.

Ok! Malapit lang naman ako sa kanya. Malapit na malapit. Halos yakapin na niya ko sa position namin ngayon. YUN LANG NAMAN!

Pero bat ako kinakabahan ng ganto?!

[Arcie's POV]

Nandito na kami sa court ngayon para sa practice ng ballroom dancing. Pinaliwanag na samin ni Justine kung paano ang gagawin namin, pero hindi ako nakinig. Basta ang naintindihan ko lang sa mga sinabi niya is yung word na 'tatlo' 'iikot' then 'change position'. Masyado kasing

pre-occupied ang utak ko dun sa kung sino man ang nag bigay sakín ng teddy bear na yun!!
Siguro dahil iniisip ko na si Jiro ang nagbigay! Pero impossible talaga eh!!

Inayos narin yung formation namin. Sa right side namin ni Jiro, si Yanna and Ren. Sa unahan naman namin si Mich and Lance. Talagang ayaw maghiwa-hiwalay ang S6 no?

"psst! Jiro!! Palit na lang kasi tayong ng partner!"

Hay, ilang beses nang nakikipagpalit si Ren kay Jiro kaso hindi na lang siya pinapansin. Ako naman medyo kinikilig! Haha! Aba aba si labanos gusto kong makapartner!! Wahahahahaha

"Ren makinig ka!!" napatingin naman agad si Ren sa unahan kung saan busyong busy na nagpapaliwanag si Justin dun sa first step

Ayan special mention tuloy! Ang ingay kasi!!

"ok everyone please face your partner" humarap ako kay Jiro pero hindi ako tumingin sa kanya. Ewan ko ba pero bat ba ko kinabahan? Siguro dahil parehong kaliwa ang paa ko at baka maapakan ko siya magalit pa to sakín!

May isang pair na nag dedemonstrate dun sa harap. Siguro yun yung na-hire ni Justine na choreographer namin. Sinusundan naman namin yung ginagawa nila. Yung next step, hinawakan nila both hands ng isa't isa. Ako naman parang hindi makagalaw sa kinatatayuan ko.

Bat ba ko ninenerbyos ha?!

Napatingin ako kay Jiro and nakita kong nakatingin din siya sakín and very serious ang itsura niya. Napayuko ulit ako.

"ahm.. ano.. kasi parehong kaliwa yung paa ko"

"I know how to dance ballroom" tumingin ulit ako sa kanya and nakita kong ganun parin yung tingin niya sakín kaya napayuko ulit ako

"p-pasensya hindi talaga ko marunong. Baka maapakan ko yung paa mo."

"then follow my lead"

Nagulat ako bigla dahil bigla niyang hinawakan yung both hands ko.

Mas lalong bumilis yung tibok nang puso ko then parang may kung ano na naman sa tyan ko na hindi ko na maintindihan kung ano.

Kung saan-saan ako tumingin kasi hindi ko talaga siya matignan.

"kung hindi ka marunong then I'll teach you" iniharap niya yung face ko sa kanya "the first rule is

you should look into the eyes of your partner"

Err.. bat parang first rule pa lang ang hirap na?

Chapter 13

m..my..my..fi..first--

[Arcie's POV]

“the first rule is you should look into the eyes of your partner”

Hindi parin ako makatingin ng maayos sa kanya kaya ang ginawa ko, yung forehead na lang niya ang tinitignan ko kesa siya. Nakakailang eh. Ewan ko ba. Tinry ko na tumingin sa eyes niya pero parang matutunaw ako. Waaaaah! Bat ba ganito?!

Naintindihan ko na yung sinasabi kanina ni Justine habang naglilwaliw ako. Tatlo palang sayaw ang sasayawin namin. Chacha, swing and salsa. I-re-remix na lang daw yung song. So first yung chacha at dahil nga parehong kaliwa yung paa ko, nalilito ako sa steps and napapatingin ako sa mga paa ko. Kada naman gagawin ko yun, sinasaway ako ni Jiro.

“wag kang yumuko”

Siguro pang sampung beses nang sinabi ni Jiro sakin yan.

“ano kasi Jiro practice pa lang naman and talagang hindi ako marunong mag sayaw eh. Nalilito ako sa mga step kaya pwe—“

“just follow my lead. Pag lagi kang nakayuko, makakasanayan mo yan”

Tumingin ulit ako sa kanya..sa forehead hindi sa eyes.. then nagulat na lang ako nagagawa ko na yung mga steps at hindi ko na siya naapakan. Siguro dahil nadadala niya ko.

Aba magaling din pala to sa ballroom. Wala sa itsura niya ah. Pero paano kaya siya natuto?

“ARAY!!”

Napatingin naman agad ako sa paa namin at baka naapakan ko na naman siya. Hindi naman.. Sino yung umaray?

Nakita ko nakatingin si Jiro dun sa likuran niya kaya napatingin din ako. And ayun, nakita kong nagtatalon si Ren habang hawak yung right foot niya!

“bat mo ko inapakan?! ”

“eh kasi naman puro pagkain kaya nasa isip mo no! wala pang isang oras tayong nagpappractice eh gutom ka na agad!” galit na sagot ni Yanna sa kanya

“eh sadyang mabilis ang metabolism ng pagkain sa katawan ko eh! ”

“YOU TWO!! AYUSIN NIYO NGA YAN!!” sigaw ni Justine sa kanila

“sorry po ” sabay na sabi ni Ren at Yanna

Hay pasaway talaga yung dalawang yun. Pero hindi sila nag-aaway ah? Sadyang ganyan lang sila sa isa't isa. Ganyan nila ipakita ang closness nila.

After ng mga ilang steps na naituro, pinag break narin kami. Medyo gutom na nga rin ako eh.

Dumiretso naman ako kasama nung iba pang S6 papunta sa leisure room. Nakita ko nga yung kikay version ng F4 na ang sama ng tingin sakín nung nakítang kasama ko ang S6. Hindi ko na lang sila pinansin.

Umupo ako dun sa sofa ng leisure room then tumabi sakín si Jiro pero wala naman siya sinabi. Nakita ko na binasa niya yung buhok niya and mukha ding pagod siya. Siguro napagod siya katuturo sakín. Nakakahiya tuloy, ang galing niya mag sayaw tapos ako napaka slow maka gets ng steps.

Napansin ko na mas gwapo pala siya pag wet look. Nakababa lang lahat ng buhok niya. Meron din talagang mga pinagpala sa itsura at isa na siya dun. Siguro nung nagsaboy si God ng kagwapihan si Jiro na ata ang pinaka nabiyayaan.

Hindi ko napansin na napatitig na pala ko sa kanya. The worst part is

He caught me staring at him

“bakit? ” tanong niya saakin

“h—ha? Ano g-gusto m—m—mo--?” itinaas ko yung bote ng mineral water na hawak ko “w—w—wa—wat—er?”

Biglang kinuha ni Ren ang water sa kamay ko “thanks! Naku uhaw na ko!” umupo si Ren sa gitna namin ni Jiro.

“grabe nakakapagod! Magkaroon ka ba naman ng ka-partner na napaka taas ng energy! Ha! Kayo napagod ba kayo?”

Walang sumagot saming dalawa

“gutom pa ko! Hay! Binbo tara kain tayo!”

“h-ha?”

“tara dali!!”

Hinila ako ni Ren palabas ng room

[Ren’s POV]

Hilahila ko ngayon si Arcie papunta sa cafeteria.

Ok, ano ba talaga nangyayari sakín? Bat ba ko nagkakaganito?

Nakita ko kanina na nakatitig si Arcie kay Jiro. Unang pumasok sa isip ko kung nagkakagusto na ba siya sa kanya. And I was shocked because I felt hurt in the idea! Bat ba ganito? Sadya din yung paglapit ko sa kanila kanina and pagkuha nung mineral water sa kamay ni Arcie pati ang paghila sa kanya.

Ok, I like Arcie for a long time pero ayokong aminin sa kanya kasi baka hindi ganun ang nararamdaman niya sakín. Kuntento naman na ko na lagi siyang nandiyan sa tabi ko. Tsaka never parin na may lumapit o nanligaw na guy kay Arcie kaya kampante parin ako. And besides, wala rin naman nasasabi si Arcie sakín na may nagugustuhan siya.

Pero bat ngayon? Tsaka bat kay Jiro?

Teka, bat ba ko na insecure ngayon? Hindi ko rin naman sure kung gusto ba talaga siya ni Arcie lalo na kung gusto siya ni Jiro. Well, alam ko iba ang pinapakita ni Jiro kay Arcie at medyo nakakakutob ako pero siguro naman dahil sa lagi na naming siyang kasama kaya ganun siya di ba?

Ano ba to? bat ganito kagulo ang utak ko ngayon?

“ah radish”

Napatingin ako agad sa kanya “bakit?! ”

“hey! Bat ganyan ang itsura mo? What’s wrong? ”

Bigla ko naman binago yung facial expression ko and tumawa ako ng malakas “HAHAHA! Got you! Niloloko lang kita! ”

“eh?” hinampas niya ko sa braso “hay naku labanos!”

“bakit mo pala ko tinawag?”

“saan ba kasi tayo pupunta?”

“Sa cafeteria kakain”

“lagpas na kaya tayo”

“ha? Lagpas na ba?”

Boom

“bat parang wala ka sa sarili? ”

“ha? Ako? Ano pagod lang ”

Tumingin lang sya sakin

“hay naku! Kumain na nga tayo nang magka energy narin ako at matapatan ko yung energy ni Yanna!”

[Arcie’s POV]

Katatapos lang ng break and nandito na ulit kami sa gym para mag practice.

Kanina Ren is acting weird pero siguro nga dahil pagod lang siya kasi ngayon balik ulit siya sa pakikipag asaran kay Yanna.

Hindi parin namin tapos sayawin yung chacha ngayon. Para ma recap namin yung mga tinuro samin steps, pinaulit samin mula sa umpisa. Yung dalawa naman sa tabi namin patuloy parin ang pagaapakan sa paa ng isa’t-isa!.

“YANNA! REN! STOP FOOLING AROUND! ” saway ni Justin sa kanila

Napatigil yung dalawa sa paghaharutan

“to naman Justin! Pinapasaya lang namin yung practice! ”

“kaya nga naman. Wag kang high-blood ”

“puputi agad ang buhok ko sa inyong dalawa eh! Please be serious!”

“yes sir!” they both said in chorus

Inulit uli namin yung mga steps. Natawa naman ako kasi nagkaapakan na naman si Yanna at Ren then nauna pa sila sa pag change ng position. Bale makatalikuran ngayon si Ren and Jiro. Dahil sa taranta nila na bumalik sa dating position, napalakas ang ikot ng dalawa and naitulak ni Ren si Jiro sakin which leads to..

Oh no!

“uy sorry Jiro ok lang ba kayo--? ”

Nabigla ako sa nangyari

Accidentally our lips met.

Natulala ako.

Natulala din si Jiro.

Th...that’s m..my..my..fi..first...my fi..rst...

Kiss

Chapter 14

Mr. Casanova

[Jiro’s POV]

“that’s her first kiss!! Bat mo ginawa yun? First niya yun! Alam mo ba? First niya yun!”

Ok. Siguro pang isang daang beses na sinabi sakini ni Ren na first kiss ni Arcie yung nangyari kahapon.

“enough Ren! Bat ganyan ka ba makapag react? Hindi naman ikaw ang nahalican ko ah? Hindi naman ikaw ang nawalan ng first kiss”

“pero kahit na bestfriend ko yang si Arcie! Bat mo ba siya hinalican kahapon?!”

Honestly! He doesn’t have any idea?!

Hinarap ko siya **“dahil sayo”**

“d-dahil sakini? B-bakit? Pinag seselos mo ko no?! naku hindi tatalab yan! Hindi ko naman gusto si Arcie!! ”

That’s what you called *defensive*

Para naman tong babae!

“ikaw kaya ang may kasalanan ng lahat. Kung hindi dahil sa kaharutan niyo ni Yanna, hindi mo ko mababangga. At kung hindi mo ko nabangga, hindi ako matutumba kay Arcie at hindi ko siya mahahalikan”

Natulala siya dun sa explanation ko

“nabangga? Ako? May kasalanan?” napatakip siya ng bibig “kasalanan ko! ”

“right!”

Hay naku naman. Ngayon niya lang naintindihan ang mga nangyari. Tsaka totoo naman. Kung hindi nabangga ng pwet niya ang pwet ko hindi sana ako matutumba kay Arcie. Err.. what a word..

Tulala parin ang expression ni Ren.

“hey! Wag mong masyadong isipin. Hindi naman talaga yun ang first real kiss niya. It’s just an accident”

“kasalanan ko... ka..sa..la..nan k..k..ko ”

Oh God!

Iniwang ko si Ren. Mukhang hindi ko to makakausap ng matino ngayon eh.

[Yanna’s POV]

Lunch Break.

Andito kami ngayon ng baby Lance ko sa diner. Haha grabeng pagkukumbinsi ko sa kanya na dito kami mag lunch ngayon. Paano ba naman sawang sawa na ko sa mga foods sa cafeteria no.

“hay naku Yanna! Dahil dinala mo ko dito ilibre mo ko!”

“eh? Dapat kaya ikaw ang nanlilibre no! pero dahil sa mabait at maganda ako, sige na nga ililibre na kita!! ”

Umupo na kami then nag order. Nakakatuwa naman solo ko ang baby lance ko!

“ano tinitingin-tingin mo sakin? Masyado ka na bang naga-gwapuhan diyan? ”

“hindi naman, iniisip ko lang kung kelan mo ko sasagutin ”

Haha! At talagang ako pa ang bumanat ng ganun no?

“teka, at bat ikaw ang nagsasabi ng ganyan? Tsaka babae na ba ngayon ang nanliligaw?”

“ako na ang magpapauso na babae ang nanliligaw ngayon tutal naman napaka bagal mo at hindi mo pa ko nililigawan ”

“At bat naman kita liligawan?”

“aminin mo na kasi na matagal mo na kong gusto! ”

“paano kung nagkakamali ka?”

“ha! Alam kong hindi ako nagkakamali no! sus sa ganda kong to imposibleng hindi ka nahuhumaling sakin!”

“bahala ka nga isipin ang gusto mong isipin ”

We both laugh.

“hey” he leaned closer to me **“what do you think dun sa girl na malapit sa counter?”**

Lumingon ako dun sa girl na tinuro niya. Halatang nakatingin siya samin kaya lang lumington bigla sa iba nung tumingin ako.

“normal girl bakit?”

“wala lang. she keeps on staring at me”

Hmp! Natuwa ka naman diyan? Eh hamak na man na mas maganda ko dun!!

Tinawag niya yung waitress

“bakit po sir? ”

halatang pati yung waitress nagpapacute dito!

“paki bigyan naman ng milkshake yung girl sa may counter”

“yes sir”

Lumingon ulit ako dun sa girl.. nakatingin siya kay lance then I look at him,nag wink siya dun sa girl!

What a cassanova!!

“uhm, cr lang ako”

“sure go ahead” sabi niya habang busying busy na nakikipag ngitian dun sa girl

Dumiretso ako sa CR.

Grabeng lalaking yun oh!! Ilang beses niya na ba ginawa na lumandi sa harap ko?! Hay naku! Nakakita lang ng babaeng nagkainteres sa kanya binigyan naman niya agad ng milkshake! Samantalang ako na apat na taon nang nagpapakita sakanya ng interes never pa kong nilibre sa isang restaurant! Kahit nsa cafeteria ng school hindi pa! ako pa ang nanlilibre sa kanya! Hay naku naman!!!

Lumabas na ko ng CR and nakita ko si Lance na nakaupo narin dun sa may counter kasama yung girl na trying hard kanina pa na magpa cute. Nakalabas yung mga cellphone nila and mukhang nagbibigayan na ng mga digits!

Naku naman!!

I strode pass them pero syempre dahil sa may pagka dugong maldita ako, bago ko sila

malampasan hinila ko yung ilang strands ng hair nung girl

“ouch!! What the--?! ”

“Yanna!! What are you doing?! And where are you going?!”

“babalik ng school! ang panget ng view dito! ”

“paano yung inorder natin and di ba ikaw ang magbabayad? ”

Aba naman!! Talagan concern siya dun sa pangbayad namin!

Nag lapag ako ng 2000 bill dun sa may counter.

“ayan pambayad mo kasama na yung” tinuro ko yung iniinom nung pa-cute na girl “milkshake na iniinom niya. Baka namumulubi ka na eh! ”

Nag walk-out na ko palabas pero before pa kong tuluyan makalabas narinig ko yung usapan nila.

“who is she? ”

“a friend. Anyways, don’t mind her. So are you free this Saturday night? ”

NAKAKABADTRIP!!

Hay naku naman! THAT GUY! Kelan kaya niya ko matututunan pahalagahan?

Chapter 15

ayokong magkaroon ng partner na lumpo

[Arcie's POV]

Dismissal time..

Parang ang gloomy ng araw na to! hay!!

Si Ren mukhang kanina pa tulala..

Si Yanna and Lance hindi nag kukulitan ngayon

Si Justin busy sa pag gawa ng mga steps kaya buong araw naming hindi nakita

Ganun din si Michelle, may training kasi ng volleyball kaya wala din sa klase.

Ako naman at si Jiro.. uhmm hindi nagpapansinan dahil dun sa "accident" na nangyari samin kahapon.

But come to think of it, hindi naman kami talaga nagpapansinan ah!?

Pero yung sa 'accident' na yun, first ko yun no kaya hindi ako maka get over!

Aba ang tagal kong pinangarap na si labanos ang maging first kiss ko. Ilang beses ko pa nga yun pinagpantasyahan sa utak ko eh! Tapos sa iba pa napunta! And worst, si Ren pa ang dahilan kung bakit may biglang naka-tuka sakin.

Haaaaaaaayy.

Right after ng class, umuwi na ako agad at gutom na ko. Gustong gusto ko nang mag meryenda.

Nag tatatalon naman ako habang naglalakad pauwi samin pero bigla akong napatid kaya sumubsob ako sa semento.

"aray!!"

Nakita ko na may isang tali na nakatali sa magkabilang dulo ng bangketang nilalakaran ko.

Nagulat ako dahil may biglang nag buhos ng tubig sakin. Tumingin ako dun sa taas ng bahay kung saan nanggaling yung tubig and ayun nakita ko sa may terrace ang F4 (na ibig sabihin para sakin eh Fafansin Four) at mga nakapamewang at ang tataas ng kilay.

"pulubi! Anong pakiramdam na mabasa ng tubig?! Masarap ba?! Ngayon ka lang nakaligo no?!"

Nagtawanan silang apat dun na parang mga baliw

"ikaw! Bat mo hinalikan ang prince Jiro namin kahapon ha?!"

"hindi sinasadya yun-"

"don't you dare na mag explain samin! Kitang kita namin ang mga nangyari!"

OK! Kanina tinatanong ako tapos nung nagpapaliwanag ako pinapatigil naman ako. May saltik ba tong mga to?!

I tried to stand up pero bigla din akong natumba dahil malaki yung sugat ko sa tuhod gawa nung pagkakatapa ko. Nagtawanann naman ulit sila

"buti yan sayo slut! Flirt! Haha! Magdusa ka diyan!"

Nagpasukan naman yung mga bruha sa loob ng bahay at naiwan ako na nakaupo dun.

Oh great! Talagang ang napili pa nilang lugar eh yung bihira lang ang mga taong dumaan.

Tumayo ulit ako pero natumba parin ako.

Bat ba ko naghihirap nang ganito?!

Tumayo ulit ako and this time ginamit ko yung wall para pang support pero ganun parin, natutumba parin ako.

So paano na ko makakauwi ngayon? Ano na gagawin ko?

Bigla na lang ako naiyak dahil sa sobrang frustration na nararamdaman ko. Ano ba naman kasi kasalanan ko sa mga yon? At bat ba dahil mayaman sila inaapi na ko?

Iyak lang ako ng iyak dun then bigla akong may nakitang isang lalakeng nakaupo na sa harapan ko

"J-jacob? "

"yo !" naka smile siya sakin na parang ang saya-saya niya na nakita niya ko.

"JACOB!!!! "

"what are you doing here? At bat basang basa ka?"

"k-kasi-"

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko kasi bigla na lang niya ko pinunasan sa mukha. He also wiped my shirt then my hair.

He looked at me and he smiled then he wiped my tears.

I was just staring at him.

Na coconfuse ako ngayon sa nararamdaman ko. Kanina lang I felt very frustrated pero nung nakita ko na ang smile ni Jacob and nung pinunasan niya ko bat nawala lahat ng frustration na nararamdaman ko? Parang ang saya saya ko and also I can feel butterflies in my stomach.

The same feeling when I'm with Ren.

The same feeling when I'm with Jiro.

Hay ano ba ito?!

Nahahati sa tatlo ang puso ko?!

"Arcie"

"J-Jac-ob " humihikbi parin ako galing sa pagkakaiyak ko.

Tumalikod naman siya sakin "hop in"

"h-ha?"

"I'll give you a piggy back ride "

"p-pero"

"dali na! I know you can't walk"

Wala na kong nagawa kundi sumampa sa likod niya. Aba kesa naman mabulok ako dito no!

He carried me hanggang sa car niya. Nagulat naman ako kasi siya yung umupo sa driver's seat and ako yung nakaupo sa passenger's seat tabi nun.

Wala siyang driver? He's only a high-school student at mag d-drive na siya ng car?

"umm pwede ka na ba mag drive?"

Kinuha niya sakín yung wallet niya then he show me his student's license.

"ah.. ok"

"don't worry marunong na kong mag drive eversince I was 10 years old " he winked at me.

Ako naman eto napa smile na lang.

Pansin ko lang, Jacob has been smiling a lot lately. Bat kaya?

Anyways, after a couple of minutes, nakita kong dinala niya ko sa isang hotel.

HOTEL ah?! And sa itsura nitong hotel na to, halata mong five-star siya.

"ah Jacob?"

"I think we need to do something to your wound"

Pero bat sa hotel? Di ba dapat sa hospital or sa clinic?

Teka...

Bata pa ko!! And I'm not planning to do that until the time that I got married!!!

"dito kasi ako nag stay for the time being. Pinipinturahan kasi yung wall ng room ko sa house" paliwanag ni Jacob saakin

"oh I see"

ACHECHE!

Kay dumi naman ng isip mo Arcie!!

Pumasok na kami sa loob ng hotel and as expected, ang ganda nga ng loob niya. Ang sarap siguro mag stay dito no?

Pumunta na kami dun sa room niya then may kinuha siyang first aid kit.

"let me see your wound"

"ah Jacob it's ok. Ako na lang ang gagamot"

"don't you trust me?"

"ha? Hi-hindi naman sa ganun.. kasi ano eh.. kasi uhmm ano.. "

He burst in laughter "don't worry I'm not going to bite you or something. I just want to clean your wound "

"h-ha? A-alam ko naman yun--"

"why are you blushing? "

"ha? "

"don't tell me," he leaned closer to me "nainlove ka na sakin? "

"ha-what?!"

He burst in laughter again

OK? Mukhang napagtitripan na ata ako nito ah!

"b-bakit mo naman nasabi yan?!"

Tinapik niya yung noo ko "don't be so defensive, I'm only joking "

Defensive? Ako?!

"h-hindi ako defensive no?"

Grr.. pero bat nga ba parang defensive nga ako?

Tsaka ano naman kaya nakain nitong si Jacob at parang super saya niya ngayon?

He started to clean my wound. Medyo mahapdi siya kaya naluluha ako. Hinihipan naman niya para hindi ako masyadong masaktan.

After niyang linisin, may kumatok sa door. Nung tinignan ko, housekeeper pala na may dalang mga damit. Inabot naman niya sakin yung damit para makapag palit ako kasi basang basa nga yung uniform ko.

Pag labas ko sa comfort room, nakita ko naman siya sa may terrace na may hawak na ice cream then he signaled me na lumapit.

Inabot niya sakin yung ice cream "here"

"thanks"

"I treat you an ice cream. Kawawa ka naman eh umiyak ka "

Ganun ba yun? Para naman akong bata nito. Ice cream ang ginamit pang patahan?

"ganun? Anyways kakainin ko parin to! This is the second time you've treat me an ice cream. Thanks"

"no problem! Arcie.. everytime ba na kumakain ka ng ice cream naaalala mo si Jiro?"

Bigla naman akong nasamid sa tanong niya.

"are you alright?!" hinimas himas niya yung likod ko.

"yea.. yea I'm fine.. bat mo naman natanong yan?"

"wala lang kasi di ba nasabi mo dati na Jiro is like an ice cream to you"

"ah.. hehehe.. hindi naman sa naaalala ko siya pag kumakain ako ng ice cream "

Naaalala pa pala nito ang mga pinagsasabi ko about kay Jiro. Dapat binaun na lang niya yun sa ilalim ng lupa!

"ohh I see"

"anyways, thanks nga pala kanina ah? Buti dumating ka talaga. Sa totoo lang hindi ko alam ang gagawin ko nun eh."

"ano bang nangyari sayo kanina?"

"ah.. kasi ano.. yung may ari nung bahay nagdidilig ng halaman hindi ako nakita kaya ayun nabasa ako.. tapos nagkataon pa na may isang malaking bato na nakaharang kaya nadapa ako"

White lie ang tawag dito. Ayoko nang lumala pa ang gulo, it's better to lie.

"ah I see. Next time be careful "

"yes! Thanks again ha?"

"ok lang yun no! besides ayoko magkaroon ng partner na lumpo !" he laughed

Napatingin naman ako bigla sa kanya nun

"partner? "

Natigil naman siya sa pagtawa bigla "ha? Ano.. what I mean is.." he looked at me seriously "Arcie..." lumapit siya sakin ng onti then bigla na naman ako kinabahan "have you experienced your first kiss?"

Fi-first k-kiss?

Parang kahapon lang ata?

Teka, bat naman niya tinatanong yan?!

"ha? A-ano kasi.. ah-ehh ano-"

Bigla naman kinurot ni Jacob ang ilong ko.

"you know what, you're not really good in lying "

"h-ha?"

"hindi ko nagustuhan yung ginawa ng mga babaeng yun sayo. And I really can't understand kung bakit mo sila pinagtatakpan."

"k-kasi eh-"

"Arcie" he hold my hand at parang tumigil na ang mundo ko dito lalo na dun sa sinabi niya...

"I'll be your savior from now on."

Chapter 16

punch

[Jiro's POV]

It's been two week eversince that day. Hindi ko talaga alam kung ano ba ang pumasok sa isip ko bat ko nasabi kay Arcie yung mga bagay na yun. Muntikan pa akong mabuko. Buti na lang nakalusot. Alam ko naman na makakalimutan niya yung sinabi ko once I bring up the topic about her first kiss.

About dun sa savior thing, I really mean it. Eto na lang din naman yung way para makabawi ako sa kanya. Tsaka para kahit papano mabawasan yung konsensyang nararadaman ko.

Mukha kasing ayaw ko na na magpakilala sa kanya as Jiro.

Dumaan muna ko sa locker room para alisin ang wig, braces and eyeglass sa mukha ko. Katatapos lang kasi ng lunch break and as usual nakapang disguise na naman ako.

Papasok na sana ako sa locker room but someone caught my attention.

"for sure iiwan ni Arcie yung dress niya sa locker room."

Napatingin ako dun sa mga babaeng naguusap nung narinig ko ang name ni Arcie.

"what if kung sa leisure room niya iwan?"

"it's not a problem!" may nilabas siya from her pocket **"may duplicate key ako ng leisure room"**

"oh my! Paano ka nagkaroon niyan?!"

"duh! Sa store room nandun lahat ng mga duplicate keys no! "

"you're so bright Emily!"

"of course! "

"basta ah? Kailangan masira natin ng husto ang dress ni dukha!"

"syempre no! I can't wait to see her na mapahiya infront of everyone specially sa S6!! Hahaha "

Bigla naman ako nagulat sa narinig ko kaya napalapit ako agad sa kanila. Hinawakan ko yung isang babae na may hawak ng susi sa wrist niya ng mahigpit

"what are you trying to do?! "

“who the hell are you! Bitawan mo nga ako!!”

Bigla kong naalala na nakapang disguise ako kaya hindi niya ko nakilala.

Inalis niya yung pagkakahawak ko sa wrist niya

“don’t you dare na ituloy ang mga gagawin mo or else mapapalayas ka sa school na to!”

“at baket ha?! Sino ka ba para gawin yan?! Tsaka hindi mo ba ko nakikilala?! I’m Emily from star section! ”

“kaya nga naman no! hamak na mas rich kami kesa sayo!”

Kung alam lang ng mga to ang pwede kong magawa sa kanila!!

“and who are you ba?!”

“maybe he is Arcie’s boyfriend!”

Nagtawanan sila

“perfect combination!”

“but still, wala kang kayang gawin para pigilan kami!”

Umalis na silang apat.

Yes, maybe wala akong kayang gawin as Jacob

Pero marami akong kayang gawin as Jiro.

[Yanna’s POV]

“basta ha? Yung favor ko sayo”

“oo nga Jiro don’t worry! Leave everything to me!”

Ay sows kay kuleeeett na batang ito oh! Ilang beses ko nang sinabi na ako na bahala eh. Habang naglalakad kami papuntang leisure room, kinukulit ako nitong Jiro na to dun sa favor niya.

At himala si Prince Jiro mukhang concern na concern kay bestplen Arcie namin ah!

Hindi kaya--?

WEEEEEEEEEE!! Haha pag nagkataon ako unang kikiligin!!

“anyways, sigurado ka ba talaga sa mga narinig mo ha? Tsaka bakit hindi—“ bigla naman akong may nabanggang lalake. Nahulog pa yung mga dala niyang libro.

“ay!”

“oh sorry sorry”

Tinulungan ko siyang pulutin yung mga books niya.

“here.. pasensya na”

“ah.. o—o—ok l-lang. t-thanks!”

Humarap na ulit ako kay Jiro **“as I was saying, bakit hindi mo na lang sila patalsikin dito sa school? kayang kaya mo naman yun!”**

Binuksan ni Jiro yung door ng leisure room **“I have a plan. Basta yung favor ha?”**

“ok fine.”

Kumpleto naman silang lahat dun sa leisure room pag pasok namin. At syempre una kong hinanap ang baby Lance ko. And ayun, nakita ko siyang nakaupo sa sofa kaya lumapit ako

“hunny!! ” tumabi ako sa kanya then pinulupot ko yung braso ko sa braso niya

“hay naku Yanna!!”

Maybe you are wondering kung bakit bati na kami. Pinatawad ko na siya kahit walang sorry sorry. Naisip ko rin naman na sadyang gwapo talaga tong si Lance at hindi maiwasan na may maatract siya na ibang girls. At dahil sa may dugong gentleman siya, syempre nagpapaka friendly lang siya sa mga girls.

Alam ko naman na ako parin ang love niyan eh! Wahahaha

Lumapit saamin si Michelle at naupo sa tabi ko **“guys punta tayo dun sa newly opened na café malapit dito sa school. balita ko kasi may live band daw ngayon dun. Sige na?”**

“game ako diyan!!”

“syempre no kung game si Lance game din ako!!”

“ikaw Justin?”

“sure I’m in. Tatal nabo narin natin ang mga steps. Might as well makapag relax ako ngayon”

“Arcie sasama ka?” tanong ni Jiro kay Arcie

Bgilang pumagitna si Ren kay Jiro and Arcie **“syempre sasama siya! Diba binbo? Diba? Diba?”**

“ha? O-oo sige sama ko”

“ayan! Yehey!!”

Hmm.. I smell something fishy dun sa tatlong yun.

Dumiretso na kami dun sa cafe and tama nga si Mich, may live band nga dito. And hindi siya mukhang cafe ha? More like a bar na to. Pero syempre hindi naman ganun ka-wild ang mga tao dito. And mostly panay high school students lang din. Karamihan pa nga mga taga Prince Academy eh.

Umorder naman na kami. at dahil si Mich ang nagyaya samin dito, libre niya lahat ng foods! Haha eto ang maganda kay Mich eh hindi kuripot

“arcie!! Tara kain lang ng kain!” nilagyan ko pa ng maraming foods yung plate ni Arcie

“thank you Yanna. Baka tumaba naman ako niyan! ”

“naku binbo! Mas masarap parin yung quack-quack diyan! Maniwala ka sakin”

“quack-quack? ”

“oo mas masarap yun promise!”

“hay naku Ren! Wag ka nga magulo! Gusto mo lang mapunta yung mga foods ni Arcie sayo!”

“hindi no!!”

Bigla naman nagsalita yung MC sa harap “our next singer is a fourth year high school student from Prince Academy. Please welcome Mr. Patrick Gonzales” nagpalakpakan naman yung mga tao

Teka, nasan na pala ang baby ko?

Nakita kong umakyat na yung kakanta sa stage and kinuha yung mic “good afternoon to all. I’m going to dedicate this song to the girl I’ve been loving for four years already. Actually andito siya ngayon. Yun nga lang hindi niya alam na siya yung tinutukoy ko. Sana isang sulyap man lang pansinin niya ko because this song is for her.”

Hindi ko naman masyadong napapansin yung sinasabi nung lalaki sa stage dahil busy ako sa paghahanap kay Lance

Tumayo naman ako at hinahanap si Lance. Saan na naman kaya nagpunta yun?

*I wanna make you smile whenever you’re sad
Carry you around when your arthritis is bad
All I wanna do is grow old with you*

*Ill get your medicine when your tummy aches
Build you a fire if the furnace breaks
Oh it could be so nice, growing old with you*

Nakita ko naman si Lance dun sa may counter. May kausap na naman na babae! Naku naman!!

Nilapitan ko siya!

*Ill miss you
Ill kiss you
Give you my coat when you are cold*

*Ill need you
Ill feed you
Even let ya hold the remote control*

Ha! Naghanda na ko sa mga ganitong pangyayari! Maghahalo ngayon ang balat sa tinalupan!
Mwahahaha

*So let me do the dishes in our kitchen sink
Put you to bed if youve had too much to drink
I could be the man who grows old with you
I wanna grow old with you*

Thank you!”

“ahh, excuse me?”

Lumingon sila pareho sa kinin!

“M-**Ms. Yanna!** ” oh biruin mo nga naman taga Prince Academy pa ang babaeng ka flirt ni Lance!

Pinulupot ko yung braso ko sa braso ni Lance “**what are you doing?!**”

“h-ha a-ano k-kasi—“

“yanna!” inalis niya yung braso niya sa pagkakahawak ko

Nakatingin parin ako dun sa girl “**taga prince academy ka pero nakukuha mong makipag flirt sa boy friend ko. Di ba gawain lang yun ng mga babaeng mababa ang lipad? ”**

“M-**ms. Yanna** ”

“Yanna stop it!”

“**palalampasin ko to pero wag mo na uulitin to ha? Intiendes?!**”

“h-ha.. o-opo”

“**YANNA!** ”

Napatingin ako bigla kay Lance and kitang kita ko na galit na galit siya.

“**bat ganyan ka ba makaasta ha?! ”**

“h-ha?”

“**YOU ARE NOT MY GIRLFRIEND!** ”

“L-lance ” nagsimula na kong kabahan and alam ko any minute now tutulo na ang luha ko.

“**you are nothing to me Yanna so please stop it!**” Hinawakan niya ko sa braso then hinarap niya ko dun sa girl “**apologize to her!**”

“b-but”

“**I said apologize to her!! ”**

“s-sorry ”

Binitawan niya yung pagkakahawak niya sa kinin then he faced the girl “**don’t mind her. Let’s go somewhere else ”**

“pero—“

“let’s go? ”

Hinawakan niya sa waist yung girl then pareho na sila tumalikod saakin.

Ako naman bigla na lang tumulo ang luha ko.

That was the most painful words na sinabi saakin ni Lance.

Ngayon ko lang na realize na napaka pathetic na ng pinag gagagawa ko for the past years. Pero kahit ilang beses na kong nasaktan patuloy ko parin siyang minamahal.

But I think sumusobra na. Grabe na niya akong pinahiya sa harap ng maraming tao. Parang sasabog na ang dibdib ko dito sa dami ng gusto kong sabihin sa kanya ngayon

Hindi ko na napigilan yung sarili ko. Hinila ko ang braso ni Lance then napaharap siya saakin

Sasampalin ko na sana siya kaya lang bago ko pa maidampi ang palad ko sa pisngi niya--

punch

Nakita ko nang tumumba si Lance.

“wag na wag na wag mong sinasabihan si Ms. Yanna ng mga ganyang bagay!!” nagulat na lang ako ng may isang lalaki na ang nasa gitna namin ni Lance.

Sinuntok niya ulit si Lance.

“who the hell are you?! ”

Bigla naman nagsidatingan ang S6 then pumalibot sila kay Lance. Si Arcie naman pinigilan yung guy na sumuntok kay Lance.

Ako naman pumagitna sa kanila.

Napatingin ako kay Lance and nakita kong gulat na gulat siya at the same time galit siya.

Napatingin ako dun sa lalake and nakita kong galit din siya

Teka nga muna..

Who the hell is this guy?!

And why did he punch my baby?!?!

Chapter 17

Patrick "koala" Gonzales

[Yanna's POV]

"napakamanhid mo ba talaga? Hindi mo ba alam maraming lalakeng nagkakandarapa kay Ms. Yanna pero ni isa dun hindi niya pinansin kasi ikaw lang ang gusto niya! Pero bat mo ba ginagawa to sa kanya?! " galit na sabi nung lalaking hindi ko alam ang pangalan

"sino ka para pangaralan ako?!" galit din na sagot sa kanya ni Lance.

Nakatayo parin ako sa ginta nilang dalawa at hindi naiintindihan ang mga nangyayari. I am very much aware na lahat ng mga mata dito nakatingin samin.

Susugod na si Lance dun sa lalake kaso pinigilan siya ng S6, si Arcie naman, pinigilan yung guy.

"hey kumalma ka"

"eh kasi siya eh!!" inalis nung lalake yung pagkakahawak ni Arcie sa kanya kaya muntikan ng matumba si Arcie.

"watch your move!" hinawakan ni Jiro yung guy sa collar ng polo niya

"s-sorry hindi ko sinasadya."

Hinawakan naman ni Arcie yung kamay ni Jiro "please stop, hindi niya sadya. Calm down"

Bigla namang lumapit si Ren kay Jiro and pumagitna sa kanila ni Arcie

"oo nga naman Jiro bitawan mo si Arc-yung lalake!!"

Jiro released him. And biglang sumugod si Lance kaya napatakbo si Justin and Mich sa kanya, si Jiro Arcie and Ren naman pinipigilan yung guy

OKKKKAAAAYYYY??

Bat parang OP ako dito?!?!

Pumagitna ulit ako sa kanila

"ENOUGH!!!!!!!!!!!!!! WHAT THE HELL IS HAPPENING BA?!" tumingin ako dun sa guy "and who are you?!"

He stand in attention then he raised his right hand yung parang makikipag shake hands siya

"I-I-I'm P-p-p-pa-p-pa"

"p-pa--?"

"P-p-patrick G-gonzales po! "

"Patrick Gonzales?" hindi ko parin kinukuha yung kamay niya

I looked at Lance and masama parin ang tinign niya dito kay Patrick Gonzales

I took Patrick's hand hindi para makipag shake hands. Bigla ko siyang hinila palayo

"we need to talk!"

"ah-

"Yanna"

Huminto ako pero hindi ko siya tinignan

"where are you going and why is he coming with you? He's-errm-dangerous. He attacked me! Don't go!!" lumapit si Lance samin then inalis niya yung pagkakahawak ko kay Patrick "we're going home" tumingin siya kay Patrick "leave her alone!"

Nagreklamo naman si Patrick "but--!!"

Kinalas ko yung pagkakahawak sakín ni Lance

"wala kang karapatan para sabihan ako kung saan ako pupunta! You are not my boyfriend remember?!"

Halata kong nagulat si Lance dun sa sinabi ko. Bakit?! Totoo naman ah?! Tsaka siya narin nagsabi niyan kanina!

Kinaladkad ko si Patrick palabas ng café

"M-ms. Yanna"

"shut up will you!" kaladkad ko parin siya and hindi ko siya nililingon "nakakainis talaga!!! Never pa kong na frustrate ng ganito sa buong buhay ko!! Tapos dumagdag ka pa!!"

"m-ms. Y-yanna k-kasi-"

"hindi ko alam kung ano pumasok sa kukote mo bat mo siya sinuntok!! Kita mong nag eemote ako dun eh!! Sasampalin ko na nga siya naki epal ka pa! "

"ah.. M-ms. Y-yanna-"

"WHAT?! " lumingon ako sa kanya and he look very scared of me

"ah k-kasi----yung----yung s-sapatos k-ko! W-wait lang! " Mukhang naiwan ata yung sapatos niya habang kinakaladkad ko siya. Nagtatatalon naman siya para balikan yung sapatos niya. Muntik-muntikananan pa siyang masubsob sa sobrang pagmamadali.

Looking at him, mukang lampa ang isang to. He got some nerve para suntukin si Lance eh nag ggym yun!

Tumakbo na siya pabalik sakín "naghinaty ka ba ng matagal Ms. Yanna? P-pasensya na talaga ha?"

Umupo ako dun sa bench sa may puno

"ah---Ms. Y-yanna?-"

"YOU!!!" napatalon naman siya bigla "what the hell are you thinking?! Bat mo siya sinuntok ha?! At bat ka nakikialam sa gulo namin?!?"

"s-sorry. Kasi naman siya eh! He shouldn't s-say those words to you!! Hindi ba niya alam na maraming nagkakagusto sayo?! Na any minute pwede mo siyang iwan at ipagpalit! H-he doesn't know your worth."

Napatingin ako sa kanya and lahat ng sinabi ni Lance biglang nag flash back sa isip ko. I know any minute now tutulo na ang luha ko.

And hindi nga ako nagkamali

"WAAAAAAAAAAHHH!!!! " bigla na lang ako humagulgol ng iyak dun.

"M-ms Yanna!! Bat ka umiiyak? " halata kong gulat na gulat siya and at the same time natataranta

"ikaw kasi eh!!! Oo alam ko naman yun!! I'm such a pathetic woman!! A----a----desperate---- pathetic----woman!! But I love him!! Ano ba magagawa ko! I'm trying my best here to win his heart! Pero wala parin! He treats me like I have a contagious disease or something! But still, I continue loving him! Oo napaka pathetic ko alam ko na ang iinisip mo! I'm desperate, I'm pathetic!!! WAAAAAAAAAHHHHHAAA!! "

"no----n-no you're not!"

"shut up!!"

"t-totoo yung sinasabi ko! You're not desperate, you're not pathetic, you're just----just---love him " napatigil ako sa pag iyak and napatingin ako sa kanya. He look sad. "you just love him--- and---you're beautiful! "

Bigla ko naman siya binaktukan "aray!!"

"I know I'm beautiful! You don't need to tell me you fool!!"

"s-sorry!" may inabot naman siya sakin "here use my hanky"

Kinuha ko sa kanya then I look away

"uhm Ms. Yanna gusto mo ba makarinig ng joke?"

"ha? "

Tumayo siya sa harap ko "okay please answer this question, ano ang kahoy na lumilipad? "

Huh? Kahoy na lumilipad? Ano naman yun?

"ano?"

"edi fly wood (plywood) wahahahaha "

Napataas naman ang kilay ko habang tawa siya ng tawa dun.

Paki explain nga sakin kung saan part ng joke niya ang nakakatawa

"hindi naman nakakatawa eh! Kung paliparin ko kaya ang punong kahoy na to papunta sayo?! Baka mas matawa pa ko!"

"nakakatawa kaya Ms. Yanna! Eto pa isa bakit nahulog ang koala sa puno?"

"I don't know"

"come on! Try to answer it!"

This guy is annoying. Honestly!

"kasi hindi siya nakakapit ng maigi sa branch ng puno?"

"eng!!! Wrong!! Kasi patay na siya! Wahahahahahahaha "

Napataas ulit yung kilay ko. I can't find the humor!

"eh bakit nahulog yung pangalawang koala?"

"I dunno! "

"kasi naka dikit siya dun sa unang koala! Wahahahahha "

Geez!

"eh bakit nahulog yung pangatlong koala sa puno?"

Kalian ba siya titigil huh?!

"hindi ko alam!! "

"come on! Keep on guessing!"

"kasi tinulak siya nung isa pang koala?! "

"eng! Wrong again!! I see you're bad at this! "

"eh ano?! "

"kasi akala niya isang game yung ginagawa nung nauna and pangalawang koala!
WAHAHAHAHAHA!! "

GRRRR!!!

"this is the best one! Listen carefully! Bakit nahulog yung puno?"

"huh? Nahulog bat naman mahuhulog ang puno stupid! May ugat kaya yun and it's supposed to be in grounds!!"

"basta bakit nga?"

"kasi pinutol siya! "

"nope nope! Kasi akala niya koala din siya! WAHAHAHAHA!! "

Napatitig naman ako sa kanya then I burst in laughter too.

"hey hey you're funny huh! "

Tumawa lang kami ng tumawa dun until our tummy aches

Hey this koala guy is so korny he made me laugh so hard! Hahaha

Thanks to him

Kahit papano nawala yung pain sa heart ko

Chapter 18

heart break

[Ren's POV]

"...you are not my boyfriend remember!"

Nakatingin lang kaming lahat kay Yanna habang hila-hila niya yung lalake palabas ng café.

Lumapit ako kay Lance then I put my hand on his shoulder "bro, hayaan mo muna sila"

Tumingin siya sakin "tell me, yung---yung sinabi ko kay Yanna kanina ---never mind. I'm going home " tumalikod na samin si Lance.

"hey Prince Lance how about me?"

Tuloy tuloy lang si Lance maglakad then susunod na sana yung girl na ka-flirt niya kanina kaya lang hinila siya ni Mich.

"you're the cause of argument here tapos may gana ka pang sumunod? "

Mukhang nahiya naman yung girl kaya nag walk-out na lang.

"I guess it's time to go home" Michelle said

"yes, ihahatid na kita" Justin offered her

"th-thanks!"

Umuna na ng alis samin si Mich and Justine.

"Arcie" me and Jiro said in chorus

Nagkatinginan kami ni Jiro

"may maghahatid ba sayo? / ihahatid na kita" sabay na sabi namin ni Jiro

I held Arcie's hand "ihahatid ko na siya"

He looked at Arcie then "sige, ingat kayo. Una na ko" lumabas na siya.

"Binbo let's go? "

"ah su-sure!"

Lumabas narin kami ni Arcie.

Dumiretso na kami sa parking lot. Buti na lang at nadala ko ang kotse ko.

"wala si manong driver?"

"pinauwi ko na siya kanina. Don't worry I know how to drive"

"sus! Baka naman makasagasa ka lang ng pusa diyan! "

"ok lang yun ipapalibing ko na lang yung pusa! "

She laughed.

God, the sound of her laughter is like heaven. Hay, inlababo na talaga ko sa kanya.

Nag drive na ko papunta sa house nila.

"Ren, bat ganun si Lance? Bat hindi niya maappreciate si Yanna?"

"He appreciate yanna so much believe me"

"pero bat ganun yung ugali na pinapakita niya?"

"he has a reason"

"ano naman yun?"

"hindi ko rin alam. Pero naiintindihan ko siya"

"hay naku bat ganyan kayong mga lalake ang hirap i-predict ng ugali? "

"kasi gwapo ako"

"connection nun?"

"malalaman mo rin balang araw! Haha"

Pero totoo naman ang sinabi ko. Naiintindihan ko si Lance sa ginawa niya. Kasi parang yun din yung choice ko dati. Yun nga lang Yanna reaches her limit already. And ayokong mangyari sakin yun. Ayokong maging huli na ang lahat. Kaya I'll take every chances that I could get. I know the fact that Jiro likes Arice. Hindi ko pa siya nakitang nagkaganyan sa ibang babae dati except na lang dun sa naging girlfriend niya na kinukwento niya samin na ni-isa man sa S6 eh

walang nakakita dun sa girl. Hindi rin malabong mangyari na magustuhan siya ni Arcie. Ayokong maging huli na ang lahat kaya aamin na ko.

I park the car malapit dun sa house nila

"uhmm Arcie, before you go I want to tell you something."

Hindi ako nakatingin sa kanya. First time ko tong gagawin ah.

I breath deeply.

"Arcie, kasi dati pa lang.. ano.. uhmm.. I-I l-like you. Hindi ko lang masabi sayo. Ngayon mahal na mahal na ata kita. Hindi ko alam kung bakit pero yun talaga nararamdaman ko. Arcie could I court you--?"

I look at her and viola!! Natutulog ang babae!!

Grabe naman oh!! So kanina pa ko nag i-speech dito wala naman pala nakikinig sakin?!

Ang malupet pa, nagtatapat na ko tulog pala yung taong pinagtatapatan ko!!

OWKAMON MAMON!!!!

Heart break ito!!!

[Yanna's POV]

RRRRRRRRRIIIIIIIINNGGGG

Hay tsalamat lunch break na din

Nagtayuan na silang lahat. Pero syempre bago sila makaalis nangibabaw naman ang napaka ganda kong tinig.

"CLASSMATES WALA MUNA AALIS!!"

Aba may iaannounce pa ang magandang si ako no!

Oo nga pala kung nagtataka kayo kung ano yung nangyari kahapon samin ni Patrick Gonzales, ayun after ng napakasakit sa tyan na pagtawa umalis narin ako. Syempre hindi ako nagpahatid dun no! hindi ko pa siya pinagkakatiwalaan at isa pa kakailala ko lang sa kanya. Alam kong wala sa mukha niya pero malay ko ba.. malay lang ha.. na rapist yun!

Kami naman ni Lance? Hmp! Bahala siya sa buhay niya!! sadyang sawa na ko sa mga pinag gagawa niya!!

Hindi naman sa galit ako sa kanya. Hindi ko magagawa yun no. Gusto ko lang talagang maka move-on sa kanya.

Ayoko nang ipagpilitan ang sarili ko sa isang taong hindi naman talaga ko gusto

Pumunta na ko sa harap para i-announce kung ano man ang dapat kong i-announce. Actually lahat to pakulo ni Jiro eh. Pero syempre kinausap naman namin si Justine dun sa plan.

"classmates I have an important announcement to make. Anyways, para lang naman to sa mga ladies. I'll be providing the ballroom dress you are going to wear during the dance competition. Next week na yun and my staffs are working for it na. Me and Justin talked about it na"

Nagbulungan naman sila and lahat sila sumangayon. Aba naman paanong hindi eh mabibigyan sila ng chance para makapag suot ng dress purchased by Princess Yanna! Once in a lifetime lang yun no! hahaha

Bumalik na ko sa kinauupuan ko kasi magsasalita naman si Justin.

"final rehearsal natin is tomorrow after class kaya magpaalam na kayo baka gabihin tayo"

Um-oo naman din silang lahat

"ok, you may go"

Patayo na sana kami kaya lang may biglang pumasok sa room namin.

Isang guy na may dalang upuan at gitara

"p-please wag muna kayo umalis"

Patrick Gonzales?!

Lahat kami nakatingin sa kanya habang naglalakad siya papunta sa harapan naming dala-dala ang upuan at gitara na hawak niya. Muntikan pa nga niya mabagsak yung gitara eh.

"uhm.. ano.. gusto ko kasi kantahan ang isang babae na nasa room na to"

Nagbulungan silang lahat.

Geez. Siguro alam nila na ako yun dahil malamang nakita nila lahat ng nangyari dun sa café kahapon

"ah ngayon lang kasi ako nakakuha ng lakas ng loob na gawin to. I really like this girl yun nga lang she doesn't know my very own existence. Naalala ko dati binigyan ko siya ng bag from France pa yun. Well, she accepted it kaya lang sabi niya iba parin ang love niya. Naalala ko din nakabangga ko siya dati sa hallway, lahat ng books na dala ko nahulog pa nun. Grabe nerbyos ko! Pero ang saya saya ko kasi kinausap niya ko yun nga lang ni-hindi man lang siya tumingin saakin. Tapos kagabi lang nag dedicate pa ko ng kanta sa kanya, kaya lang hindi niya ata napakinggan, busy kasi siya sa ibang bagay nun eh. Lagi ko siya nakikita. Kada papasok siya sa school lagi siyang naka smile. Ang wish ko dati sana kahit isang beses ako ang maging reason ng pag smile niya. Kaya ang saya saya ko talaga nung napatawa ko siya kahapon. Yun nga lang nainis din siya saakin. Kaya sorry na sana. Pero ngayon, I will sing a song for her and I hope, I really hope na this time pakinggan na niya ko. This is for you Ms. Yanna Scott."

Nakatingin lang ako sa kanya. Hindi ko alam kung ano dapat ko maramdaman ngayon, kilig o inis?

Bakit kaya nangangamba

Sa tuwing ika'y nakikita

Sana nama'y magpakilala

Ilang ulit nang nagkabangga

Aklat kong dala'y pinulot mo pa

'Di ka pa rin nagpakilala

Bawat araw sinusundan

'Di ka naman tumitingin

Ano'ng aking dapat gawin

Bakit kaya umiiwas

Binti ko ba'y mayroong gasgas

Nais ko lang magpakilala

Dito'y mayroon sa puso ko

Munting puwang laan sa 'yo

Maaari na bang magpakilala

Maganda naman ang boses nitong si Patrick. Kung tutuusin nakakakilig nga eh pero bat ganun? Parang wala ako sa sarili ko ngayon?

Bawat araw sinusundan

'Di ka naman tumitingin

Ano'ng aking dapat gawin

Siguro dahil first time itong gawin saakin ng isang guy. And hindi ko expected na isang duwag at lampang si Patrick Gonzales ang gagawa saakin ng ganito.

He's..he's sweet.

Kailan, kailan mo ba mapapansin ang aking lihim

Kahit ano'ng aking gawin, 'di mo pinapansin

Kailan, kailan hahaplasin ang pusong bitin na bitin

Kahit ano'ng gawing lambing, 'di mo pa rin pansin

Alam ko na ang nararamdaman ko! I'm sad. Yes, I'm soooo sad kasi matagal ko nang gustong kantahan ako ni Lance but never niya pang ginawa to. matagal ko nang gustong patawanin ako ni Lance pag malungkot ako pero never din niyang ginawa yun. Kung tutuusin siya lang naman ang nagiging reason kung bakit ako malungkot

Dito'y mayroon sa puso ko

Munting puwang laan sa'yo

Maari na bang magpakilala

Bawat araw sinusundan

'Di ka naman tumitingin

Ano'ng aking dapat gawin

Si Patrick na hindi ko man lang pinapansin dati. Si Patrick na dinadaan-daanan ko lang dati, na ni-hindi ko nga alam na nag eexist dito sa mundong to at nagmamahal sakin, siya pa ang gumawa ng ganitong bagay.

Kailan, kailan mo ba mapapansin ang aking lihim

Kahit ano'ng aking gawin, 'di mo pinapansin

Kailan, kailan hahaplusin ang pusong bitin na bitin

Kahit ano'ng gawing lambing, 'di mo pa rin pansin

Natapos siyang kumanta nun and lahat sila nagpalakpakan, well of course except me and Lance.

"Ms. Yanna sana nagustuhan mo ang ginawa ko "

Nakatingin parin ako sa kanya and speechless

"Uhhh, ano kasi, ahmm ano kasi.. "

"tell me." Lumapit ako sa kanya "tell me. Come on! Walang mangyayari sa buhay mo kung lagi kang duwag!"

Hindi ko alam kung bakit ko nasabi ang mga words na yun basta lumabas na lang siya sa bibig ko.

Gosh Yanna Scott what the hell are you doing?!

"a-ano kasi. Uhhh.. I-I l-like you. P-pwede ka bang s-sumama sakin mag lunch t-today?"

Ano ba? Sasama ba ko o hindi?

[Lance POV]

"a-ano kasi. Uhhh.. I-I l-like you. P-pwede ka bang s-sumama sa kinakain ngayon?"

Nakatingin ako sa kanila.

Please Yanna wag ka sumama.

Nagulat ako nung bigla kong nakita na hinawakan ni Yanna ang hand nung Patrick na yun

"sure! I'll come with you"

Napatayo ako bigla

"don't!"

Nakatingin siya sa kinakain. And I could see in her eyes na she's still mad at me. Very mad.

"bakit na naman?"

"k-kasi, Friday ngayon!"

"and so? "

"di ba kada Friday sabay tayo kumain sa diner? "

"sorry I can't come with you today"

Lumabas na siya ng room and nag sitayuan narin naman yung mga classmates namin.

Ako naman hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko.

I'm such a jerk!

Nagulat ako ng biglang akong tinapik ni Ren sa likod "You love her right? Then chase her"

Tumakbo ako palabas ng room and nakita ko sila na palabas na ng gate ng school namin.

"YANNA WAIT UP!!"

Napatigil ulit sila sa paglalakad

"please.. please come with me"

"para ano? Para makita ko ulit kung paano mo bigyan ng milk shake ang babaeng tingin ng tingin sayo? Para saktan mo ulit ako? Or para pahiyain mo ulit? "

"No! please, please!"

"I'm sorry!" tumalikod na ulit siya kaya lang hinawakan ko ang kamay niya.

"I promise you, hindi ako titingin sa ibang babae kundi sayo lang. hindi ko sila papansinin lahat, ikaw lang. hindi ako makikipagusap sakanila, sayo lang. lahat ng atensyon ko sayo. Sumama ka lang sakin, please."

Bumitaw siya sa pagkakahawak ko sa kanya then she held Patrick's hand

"it's too late Lance, I'm sick and tired of you"

Umalis na sila.

Tama ang sinabi ni Ren. I love Yanna. I love her a lot to the point na pinipilit kong magalit siya sakin para lang wag ko siyang masaktan. I'm a play boy right? And natatakot akong masaktan ko si Yanna. I don't want to loose her that's why I choose to be her friend. In that way, I could be in her side forever.

Pero hindi ko alam sa ginagawa ko mas nasasaktan ko siya.

Now, am I going to loose her like this?

Hindi ko ata kaya.

I'm a Casanova.

And she's the only girl who gave me this kind of heart break.

Chapter 19

lab

[Arice's POV]

Ang gloooooooooooooommmmmmyyyyyy!!

Ok hindi ako sanay nang ganito. After nung mga nangyari dun sa café, parang biglang tumahimik ang S6 ngayon.

Hindi ako sanay na hindi nag papansinan si Yanna and Lance. Hindi rin ako sanay na walang Yanna and Ren na nagkukulitan.

Etong si radish naman hindi ako pinapansin, mukang galit ata sakin. Hindi ko naman alam kung ano ba nagawa ko. Kahit anong piga ng utak ko hindi ko matandaan kung ano ginawa kong mali sa kanya.

Oo nga pala, parang may something na kakaiba sa kinikilos ni Jiro. Parang hindi na siya masyadong masungit sakin ngayon. Ano kaya ang nakain nun?

Baka naman in-love na sakin yun ah? Hahaha. Malakas ba mangarap?

Lunch break na. And syempre dahil miss ko na ang best friend ko, hindi ko rin natiis na hindi pansinin.

"radish!! Tara kain tayo sa labas!!"

Hinila-hila ko siya pero inalis niya yung kamay ko **"dito na lang ako kakain"**

Hindi parin ako sumuko, hinila ko parin siya **“tara na kasi ang arte mo! Kain tayo streetfoods”**

Halata sakanya na nag ningning ang mga mata niya kaya lang mukang pinipigilan parin ang sarili **“ayoko”**

Hmp pakipot! Bibigay ka rin! Bwahaha

Kiniliti ko naman yung tagiliran niya **“uy sige na. Bat ka ba kasi galit sakin?”**

Tumalikod siya saakin pero ramdam kong natatawa na yan

“huy labanos! Kung ano naman ang nagawa ko sorry na. teka, ano ba nagawa ko? Uy sorry na kasi” pinindot pindot ko yung pisngi niya **“alam kong hindi mo matitiis ang napaka ganda mong best friend ”**

“hindi ka maganda no”

“sus!” kiniliti ko ulit siya sa tagiliran **“baka nga inlove ka na sakin eh! ”**

“h-hindi no!”

Hinila ko ulit siya **“tara na kasi! Li-libre kita”**

He smiled to me. Oha oha! sabi ko sa inyo bibigay din yan! Wahahahaha

“sige na nga tutal mapilit ka! ”

At dahil may lahing pangasar ako. Umupo naman ako bigla

“kala ko ba kakain tayo?” tanong niya saakin ng may halong pagtataka

“sabihin mo muna saakin bat ka nagalit?”

“kasi ikaw!” piningot niya ilong ko **“may sinasabi ako nung isang araw sayo, natutulog ka na pala! Nakakaasar ka!”**

“ay ganun? Sorry na! antok na kasi ako nun! Hehe sabihin mo na lang saakin ngayon?”

“ayoko na no! bahala ka diyan!”

“eeehhhh! Sabihin mo na?”

“bahala ka!” hinila niya ko **“tara na nga kain na tayo!! Marami-rami ka pang ililibre sakin”**

[Jiro’s POV]

Tinitignan ko si Arcie and si Ren habang nag lalambingan dun hanggang sa lumabas sila ng leisure room.

I know the fact that Arcie likes Ren. Nasabi niya saakin dati yun nung ako si Jacob. And alam ko rin naman, sa kinikilos ni Ren, na he likes Arcie too. Siguro hindi parin nila masabi sa isa’t isa.

Pero bakit ba parang nageselos ako pag nakikita ko silang dalawa?

Maybe I like Arcie?

No.

Kung gusto ko siya siguro matagal ng nawala yung pain ng past ko. Pero nandito parin eh.

Maybe, she's my crush.

Yes, that's acceptable. She's my crush.

Normal girl lang naman si Arcie. Ibang-iba sa *kanya*. But still, there's something extra ordinary about her. Kaya napapansin ko siya.

Pero tingin ko hindi ko na hahayaan pang mag transform yung 'crush' na yun into much deeper feeling. Mahirap na baka masaktan.

Ren is my friend, and he loves Arcie and I know Arcie loves him too. Wala akong laban di ba? and anyways, kung magkataon man, bibigyan ko lang ng reason ang kapatid ko na sabihin sakín na she was right about Arcie. Ayoko naman ng ganun.

Kinuha ko yung bag ko and lumabas na ko sa leisure room

Tinatamad ako pasukan yung mga subjects after break. Siguro hahanap na lang muna ko ng place na pwede kong tulugan.

"Jiro wait!"

Lumingon ako sa likuran ko and nakita kong hinahabol ako ni Yanna.

"where are you going?"

"diyan diyan lang"

"hey, alam ko nasa isip mo"

"huh? "

"You like Arcie right? Nakita kita kung paano mo sila tignan kanina"

Iniwás ko yung tingin ko sa kanya **"bakit hindi mo kasabay ngayon kumain si Patrick?"**

"wag mo ibahin ang usapan"

"why are you asking anyway?"

"w-wala lang. Pansin ko lang kasi."

"mali ka ng pansin Yanna"

"concern ka sa kanya"

"because she's my friend"

"ganyan ka din ka-concern dati kay—"

"drop it!"

“Jiro—“

I face her “Yanna alam kong sensitive ka rin pagdating sa mga nararamdaman ng mga taong malalapit sayo. Alam mo kung bakit hindi ko siya pwedeng gustuhin. And I know na alam mo na—“ I breath deeply and I pointed my heart “--there still pain in here. Hindi niyo siya nakilala pero you all know how much pain it puts me through. And alam mo na ibig sabihin nun di ba? I know you understand.”

“Jiro”

“tinatamad ako pumasok sa last subject natin. Tell Arcie na sa general rehearsal na lang ako aattend. Baka mag-isip kasi siya na wala siyang makakapartner mamaya.”

I walked away. May naalala ako kaya bigla ulit ako humarap sa kanya. “Oo nga pala Yanna. I am sensitive too sa mga nararamdaman ng mga taong malalapit saakin. Alam kong mahal mo parin si Lance. And alam kong alam mo rin na mahal ka ni Patrick. Alam mo ba kung bakit hindi ako pwedeng maging malapit masaydo kay Arcie? Kasi ayokong maging panakip butas siya. Sana ikaw din wag mong gawin sa ibang tao yun”

Umalis na ko.

Yun nga lang parang may lie akong sinabi kay Yanna.

Hindi ako pwedeng mapalapit kay Arcie.

Pero kada magiging Jacob ako, hindi ko maiwasang hindi mapalapit sa kanya.

[Yanna’s POV]

Panakip butas?

Ganun ba ang ginagawa ko kay Patrick ngayon?

That koala guy is so nice to me. Pero dahil sa sinabi ni Jiro parang nakonsensya tuloy ako. Whenever i’m with Patrick ang laging nasa isip ko sana si Lance na lang siya.

Unfair ba yung ginagawa ko?

Masama na ba ko sa lagay na to?

Life is so ironic. We ignore who adores us, adore who ignores us, love who hurt us but hurt who loves us.

Mali ba talaga ko ng taong minahal ko?

[Arcie’s POV]

Butas ang bulsa!!

Sa susunod talaga iiwasan ko ng makagawa ng kasalanan kay labanos! Or kung hindi man, tatadtarin ko na lang to ng sorry. Abay di ko sukat akalaing ganun pala kadaming kwek-kwek, fish ball at gulaman ang ipabibili nung labanos na yun.

sniff

Hindi na tuloy ako makakain ng meryenda mamaya. Labanos kasi eh!! manguubos lang ng pera, sa binbo pang tulad ko!

“huy bat mukha kang nalugi diyan? ”

At talagang tinanong niya pa!

“patay gutom!”

“aba aba, ikaw kaya ang nag prisinta na manlibre sakin”

Kala ko kasi may kahihyan sa katawan mo! Hmp!

Hindi ko siya pinansin

“sorry na binbo, di bale libre ko lunch mo for two weeks ”

Nag ningning naman ang mga mata ko

“talaga?”

“oo naman!”

Mwahahaha gaganti ako!! bubutasin ko din ang bulsa mo! Mwahahaha

Pero mukhang imposible ata yun. Baka malaki na tyan ko kakakain hindi parin butas bulsa nito!

Dahil sa malapit ng mag time, hindi na kami dumaan sa leisure room. Dumiretso na agad kami sa classroom.

Sinalubong naman ako agad ni Yanna para sabihing hindi makakapasok si Jiro ngayon pero aattend siya mamayang general rehearsal kaya wag ako mag-alala.

“bakit daw siya hindi makakapasok?”

“tinamaan ng katamaran. Maghahanap daw muna siya ng place na pwede niyang tulugan.”

“oh I see”

“sige Arcie, balik muna ko sa upuan ko.”

“ah ok”

Napatingin ako sa bakanteng upuan sa tabi ko.

Bat ba umabsent pa si Jiro? Wala rin naman pinagkaiba kung pumasok siya paano natutulog din naman yun pag nagtuturo na ang teacher namin.

Teka, eh pakielam ko ba sa gusto niyang gawin sa buhay niya? Bat ba ko nagiisip?

Dumating na yung teacher namin. Last subject, physics. At dahil yan ang pinaka hate kong subject, halos malunod na ko sa lalim ng iniisip ko. Ni hindi nga maabsorb ng utak ko yung

mga bagay na pinapakita niya dun sa mga posters na dala niya

Pasaway na bata, hindi inaalala na may scholarship siyang hinahabol.

Eh kasi naman hindi talaga ako makapag concentrate no! ewan ko ba kung bakit. Umabsent lang naman si Jiro ah? Bat ganito?

Let's see

Siguro dahil mukha akong loner dito sa likod at magisang nakaupo?

Not really. Kahit nandito naman si Jiro loner parin ako. paano ko ba naman makakausap yun eh tulog?

Pero kahit papano nandun parin siya.

Natapos narin ang mala novenang lesson ng teacher namin.

Nagsilabasan na yung mga classmates ko. Siguro mga mag memeryenda muna before going to the gym for the general rehearsal.

Paalis narin sana ko kaya lang napagutusan pa kong mag balik ng posters sa laboratory.

“hey binbo, samahan na kita”

“no need. Sandali lang ako”

“sure ka?”

“yup”

“teka, absent si Jiro. May makakapartner ka ba mamaya?”

“sabi niya pupunta daw sia sa general rehearsal ”

“oh I see. See you later then”

“ok”

Dumaan muna ko sa locker ko para iwan yung bag and cellphone kong wala namang load and wala rin namang masyadong nag tetext. Oo nga pala eversince na makatanggap ako ng mga walang kamatayang pink notice galing dun sa fafansin four, nilagyan ko na ng lock itong locker ko. Hindi kasi uso ang lock dito sa school nato. Sino ba naman kasi ang magnanakaw ng mga gamit eh lahat sila mayayaman na?

Dumiretso na ko sa laboratory. May nasipa pa akong bote ng mineral water na nakaipit dun sa pinto nung pagpasok ko. Mga estudyante talaga hindi marunong mag tapon ng basura nila sa tamang tapunan.

I closed the door then nilapag ko yung bote ng mineral water sa lamesa.

Hmm, nasan naman kaya yung lagayan ng mga poster?

And woooooott nakita ko dun sa taas ng cabinet yung lagayan ng posters. So paano ko ngayon to ilalagay ngayon eh kay taas naman nito? Dapat pala isinama ko na nga si labanos dito!

Kukuha sana ko ng upuan kaya lang halos mapasigaw ako sa sobrang gulat nung makakita ako ng mga paa sa likod ng lamesa.

h-hindi k-kaya b-bangkay y-yan?

Hindi ko malaman ngayon kung tatakbo ako palabas o sisilipin kung sino ang nagmamay-ari ng mga paang yun.

Ok, I need to confirm first kung bangaky ba talaga ang nakikita ko. Syempre no baka naman mamaya manikin lang pala yan, nagtatakbo ko sa labas habang sumisigaw ng tulong edi napahiya pa lahi ko?

I breath deeply.

Inhale. Exhale. Inhale. Exhale.

Dahan-dahang kong sinilip then nakita ko si Jiro

NATUTULOG!!

Haru jusku!! Akala ko naman makakadiskubre na ko ng karumaldumal na krimen dito. Si Jiro lang pala natutulog!!

Pero ngayon ko lang nakita ang mukha niya pag natutulog. Pag kasi tulog siya sa classroom, laging nakasandal yung head niya sa armchair kaya natatakpan ng mga braso niya yung face niya.

Aba ang gwapong nilalang naman nito pag tulog. Alam kong gwapo siya pag gising pero di hamak na mas gwapo siya pag tulog. Bat ba hindi ko nadala yung cellphone ko. Hindi ko tuloy makuhanan ng picture! Wahahaha

Hala Arcie, ano ba yang iniisip mo? Ano ka stalker?!

Pero sadyang kaakit-akit talaga ang pagmumuka nitong si Jiro habang natutulog, lalapit sana ako para mas makita ko maigi yung mukha niya kaya lang hindi ko napansin yung bag sa may paanan niya kaya napatid ako at sa hindi inaasan at kahiya-hiyang pangyayari

BOOOGGG

“ARAY!!”

“OW!”

Dinilat ko yung mata ko para tignan kung saan ako nag landing at nung makita ko kung saan, pumikit ulit ako.

Naku naman, sana hindi ko na inalam kung saan ako naglanding!!

Nakadagan ako ngayon kay Jiro and his face is inches from me.

Tama nga kayo, kay Jiro ako nag landing!

Oh lupa lamunin mo na ko now na!!

“Arcie? ”

Napadilat naman ulit ako then napaupo agad palayo sa kanya.

Umupo din siya then hinimas-himas niya yung tummy and yung likod niya. Mukhang malakas ang pagkakabagsak ko dun ah.

“what are you doing? ”

“h-ha? Hehe ”

Naku Arcie!!

“m-mag b-balik s-sana ako n-n-ng P-pos-t-er?” hinanap ko agad yung poster na mukhang lumipad sa kamay ko nung napatid ako.

Naramdaman kong naginit yung mukha ko kaya tumalikod ako sa kanya dahil positive ako, namumula ako ngayon! Hindi lang namumula, pinagpapawisan pa ng malagkit!

Ayan kasi Arcie, kalandian mo!!

Tumayo naman ako then kinuha ko yung upuan. Tumungtong ako then inilagay ko yung poster dun sa taas ng cabinet. Ramdam na ramdam ko yung panginginig ng buong katawan ko kaya oting maling galaw lang dito, alam kong mahuhulog ako sa upuan.

“sana sinabi mo ako na sana ang naglagay.”

Nagulat naman ako sa kanya and nagkatotoo nga yung sinabi ko kanina.

Nahulog ako sa upuan.

Naramdaman ko na lang na may mga brasong sumalo sakin. Napaupo kami ni Jiro sa sahig.

Yung pwesto namin ngayon, parang naka hug siya sakin, yung ulo ko nasa chest niya. Amoy na amoy ko ang pabango niya.

Ang bango naman nito! Sows! Sana lagi na lang niya ko saluhin! Nakaka-addict ang amoy niya! Wahaha.

Naramdaman kong bumitiw siya sa pagkakahawak sakin

Awww, wag muna!!

Hala! Ayang ka nanaman Arcie, nagiging wild ka ngayon ah!

Tumayo kami pareho.

“th-thanks!”

“you’re so prone to accident”

“eh..hehe s-sorry”

“tara na nga. Baka magsimula na ang general rehearsal”

“s-sige!”

Naglakad na siya papunta dun sa pintuan. Sinundan ko naman siya.

Nagulat ako nung bigla siyang huminto then kinuha niya yung bote ng mineral water dun sa lamesa.

“Arcie, tell me sinarado mo ba yung door pag pasok mo?”

“ha? Oo. Bakit?”

“oh no!!” napatakbo siya sa may pintuan then he tried to open it pero hindi niya mabuksan **“sh1t! sabi na!!”**

“b-bakit?”

“sira ang door knob nito. Sa labas lang nabubuksan. Inipitan ko ng bote ng mineral water para hindi maisara see?”

Ah, so meaning hindi pala litter yung nakita ko kanina? Hehe

Pero teka, ibig sabihin--?!

Kinapa ko yung bulsa ko kung nandun ang cellphone ko ng maalala ko na iniwan ko pala sa locker ko. Humarap ako kay Jiro **“pahiram ng phone. Baka pwede natin silang tawagan!”**

Umupo siya sa sahig then he lean his head on the wall **“no use. Walang signal dito sa lab”** Kung kanina pinagpapawisan ako ng malagkit, ngayon naman mukhang mala-lahar na ang pawis ko.

“y-you mean t-trap tayo dito? ”

“yup. And it’s all your fault”

Nanay ko!!

Chapter 20
***I’m in lab with her**

[Arcie’s POV]

“calling the attention of all the students, please proceed to the gymnasium for the general rehearsal”

Almost 30 minutes na kami dito sa loob ng laboratory. Siguro kanina pa ko hinihintay ni Labanos sa gym.

Nakaupo narin ako ngayon sa sahig katapat ni Jiro. Tumingin ako sa kanya. Natutulog ata ulit tong isang to. O baka naman talagang galit siya sakin dahil ako ang may kasalanan kung bakit kami na trap dito?

Aba teka, kasalanan ko ba talaga?! Eh malay ko bang sira ang doorknob nun! naku naman!

Tumingin ulit ako sa natutulog na si Jiro. Hindi ko talaga maipagkakaila na ang gwapo ng lalakeng to. Yun nga lang bat ba ang sungit niya? But lately pansin ko hindi na siya ganun ka sungit sakin. Mas nicer na ang pakikipagusap niya sakin. Pero kahit na! minsan may mood

parin siya na ang sunget niya!!

Pero ang gwapo niya kasi ngayon eh! at isa pa dalawang beses ko siya nadaganan ngayong araw kaya malamang galit nga yan.

Naku naman kasi Arcie, ayaw mo talaga ng isang kamalasan sa isang araw no? gusto mo yung madami at sunod sunod pa! >__<

Dumilat si Jiro then he look at me. I look away. Napatitig na pala ko sa kanya hindi ko napansin.

“uhmm. Ano, s-sorry” bulong ko pero yung tamang maririnig niya

Nakatingin lang siya sakin and hindi ko mabasa ang expression niya. Yumuko naman ulit ako. shocks! Parang matutunaw ako ah.

“tell me, bat ka nakadagan sakin kanina?”

Naramdamang kong naginit ang mukha ko sa tinanong niya

“h-ha? Ah.. k-kasi..a-ano eh-“

“pagsasamantalahan mo ko no? ”

“h-ha?! H-hindi no!!” alam kong pulang pula na ang mukha ko ngayon. Feeling ko lahat ng dugo sa katawan ko nagsipuntahn na sa mukha ko eh!

Nakayuko lang ako at hindi ko ma-angat ang ulo ko. Aba for sure makikita niya ang mala-kamatis na pamumula ng mukha ko no.

“ui”

Nagkamali naman ako ng move dahil biglang napaangat ang ulo ko. Pero mas nakakagulat

His face was inches from me.

Nanlaki naman ang mga mata ko nun.

He is looking at my lips then he stared at me

“ah.ehh Ji-jiro”

Umatras ako pero lumapit siya

“t-teka-“

“oh bakit ka namumula? ”

Umatras ulit ako pero lumapit ulit siya.

Ok I think I'm going to hyperventilate any minute now and pag itong gwapong nilalang sa harapan ko eh hindi ako nilayuan...

I'm gonna suffocate to death.

Bigla niyang pinunasan ang pisngi ko

“may dumi ka” then lumayo na siya

Bigla naman akong nakahinga ng maluwag nun

I thought he is going to kiss me.

Tsk, sayang!

Hala ano'ng sayang?! Arcie Morales ano ba talaga yang mga pinagiiisip mo ngayon?!

“ikaw, may gusto ka sakín no?”

Nagulat naman ako sa tanong niya

“h-ha? W-wala no!”

Anak ng tinapa! Kay lakas ng hangin naman! Ano bang klaseng accusation yan no! ako? si Arcie Morales? May gusto kay Jiro Festin?

MWAHAHAHAHA! What a joke!

“hindi mo pa sinasagot ang tanong ko. Bakit ka nakadagan sakín kanina?” he gave me an evil smile **“are you trying to kiss me? ”**

“HA?! H-hindi!!”

Ang kapal niya ha?! Bat ko naman siya hahalikan no! kaya lang naman ako lumapit kasi...kasi...ano eh... ang gwapo gwapo niya, nakita ko pa ang kissable lips niya tapos ayun may nakaharang na bag at---

Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaahhhh!!!!!!!!!!

Bat ba kailangang ipaalala ang mga pangyayaring yun!! Sa lahat ng mga nangyari sakín dito sa lab ayun ang pinaka ayokong maalala!!

“I'm just teasing you. I'm shock masyado ka palang defensive ” he laughed

Ay sows! Napaghalataan ba ko?

Pero teka, he laughed?!

Waaaaaaaaaahh hahahahah I made him laugh again!!

Ang galing galing ko talaga! Napapatawa ko ang prince of stones! Wahahaha

“wag kang ngumiti diyan para kang sira”

Napatikom naman ang bibig ko. Hindi ko napansin naka ngiti na pala ko.

“eh hehe”

He smile **“you really amuse me ”**

Ano daw?

Bigla namang may nagbukas ng pinto kaya napatayo kami agad ni Jiro.

“thank God”

Isang janitor yung nagbukas. Siguro maglilinis siya. Hay salamat makakalabas na kami!!

“Sir Jiro, kanina pa po kayo hinahanap ni Mam Jennica”

Dumiretso na kami ni Jiro sa court and nakita na naming patapos na ang general rehearsal.

Maya-maya lang nagsialisan na ang mga students. Nakita ko namang palapit samin ang mga S6

“Hey Jiro, Arcie where have you been?”

“Bat hindi ka pumunta?”

“sorry kasi—“

“you two” napatingin kami sa palapit na si Ms. Jennica. She looks very mad **“sumama kayo sakin sa office.”**

Bigla naman akong kinabahan kasi alam kong we’re in big trouble.

I’m in BIGGG trouble!

“k-kita na lang mamaya” nag wave ako sa kanila

Nakatingin lang sakin si Ren.

Naku naman!!

Sumunod kaming dalawa ni Jiro kay Ms. Jennica sa principal’s office.

Umupo si Ms. Jennica then she instructed us to sit down.

“where have you been?” nakatingin siya kay Jiro

“we’re trapped—“ pagpapaliwanag ni Jiro kaso hindi naman siya pinapatapos ni Ms. Jennica

“tumawag ang kuya mo from states then hanap ako ng hanap sayo and you are no where to be found!”

“kasi nga—“ defense ulit ni Jiro na hindi pinakikinggan ni Ms. Jennica

“hindi mo ba alam na importante ang tawag na yun?!”

“ate kasi—“

“and you Ms. Morales, wala ka din sa practice. It is considered as cutting. You know na scholar ka tapos ganun”

“Ms. Jennica kasi po—“

“pwede ka mapatalsik sa ginawa mo unless magbabayad ka ng tuition”

Kinabahan ako sa sinabi ni Ms. Jennica.

Oh no!! hindi pwedeng mangyari yun!! Kailangan kong umalis ng school pag nagkataon kasi hindi namin afford ang tuition dito. >__<

Ayokong umalis! Kung kelan namang masaya na ko dito.

[Jiro's POV]

Napatingin ako kay Arcie dun sa sinabi ni ate.

Hindi siya pwedeng mapaalis ng school na to. At alam kong mag rerebelde ang S6 pag nangyari yun!

Eto naman kasing si ate salita ng salita ni hindi kami hayaang mag explain!

“Ms. Jennica please listen—“

“Ate you don't understand everything”

“huh? How dare you—“

“I'M IN LAB WITH HER SEE?” sigaw ko sa kanya bago pa siya makapagsalita

Nagulat naman ako sa expression ng mukha nilang dalawa dahil sa sinabi ko. And doon ko lang naisip ang mga words na lumabas sa bibig ko.

O sh1t!

“no, no I mean—“

Ate burst in laughter!

Oh god!

“should I change my career? ” sabi niya habang hawak hawak niya ang tyan niya dahil sa sobrang kakatawa “I'm a good match maker! Hindi mo naman kaagad sinabi sakín kapatid!
”

“no I mean I'm in the laboratory with her and na trap kami dun!”

“oh hindi mo na kailangang magpalusot kapatid! ”

“mam, hindi po talaga yun ang ibig sabihin niya”

“it's ok Ms. Morales. I like you for my brother. Boto ako sa inyo! ”

“Ate!! ”

“it's ok. You too may go now”

“but—“

Hindi na kami naka-angal dalawa kasi pinagtulakan kami palabas ni ate.

“naku mag gagabi na. siguro Jiro dalhin mo siya sa isang restaurant and you too eat dinner together!” she closed the door

Oh God!

[Arcie’s POV]

Teka, ano ba talaga ang iniisip ni Ms. Jennica?! Naku naman! Kapahamakan ata to!

Eto naman kasing Jiro at kailangan pa talagang mag English! Ayan nag kamali tuloy ng interpretation!

“wag mo ng isipin yung sinabi ni ate. Ako na bahala mag paliwanag sakanya”

“sige”

“una na ko”

“ha- ah o-ok”

Umalis na siya. Hay makauwi na nga rin.

Dumaan muna ko sa locker para kunin yung mga gamit ko. Nilagay ko na sa bulsa ko ang cellphone. Naku hinding hindi na talaga ko magiiwan ng cellphone dito!!

Teka, nasan na ba yung panyo ko? Kinapa ko yung bulsa ko, wala dito. Tinignan ko sa bag, wala rin. Naku naman! Baka naiwan ko sa lab yun ah. Bigay pa naman yun sakin ni mama.

Dumaan ako sa lab para tignan, and ayun nga naiwan ko sa isang table doon. Pumasok ako para kunin pero syempre dahil nadala na ko sa nangyari kanina, hindi ko na sinara yung pinto.

Naramdaman ko namang nag vibrate ang cellphone ko

**CALLING...
Labanos**

Hmm? Si Labanos? Bakit naman kaya? Sinagot ko yung tawag niya.

“hello?”

“binbo! Nasan ka? hatid na kita”

“ah may kinuha lang ako. sige punta na lang ako parking lot”

“bilisan mo ha? Pag hindi ka dumating dito within five minutes ililibre mo ulit ako!”

“yes sir!”

binaba na niya yung phone.

Wait a minute kapeng mainit!

Napatingin ako sa cellphone ko and tinignan ko yung left side ng screen. And ayun nakita ko na malakas ang signal sa loob ng lab.

Akala ko ba walang signal?

Nagulat naman ako kasi may biglang humila sakin then isinandal ako sa wall.

“Jiro?”

He lean closer to me and naramdaman ko na naman ang paruparo sa bituka ko. Mukha ngang hindi na paruparo eh, paniki na ata to! bats in my stomach?

He touched my lips **“come to think of it, madami kang kasalanan sakin today”**

Ha? Ano naman ang aking kasalanan?!

Hindi ako makapagsalita kasi yung finger niya nasa lips ko. And isa pa, mukhang wala ding boses na lalabas sakin. Ramdam na ramdam ko ang bilis ng pintig ng puso ko.

“dinaganan mo ko habang natutulog ako, nahulog ka sakin, at na trap pa tayo ng dahil sayo”

Bat naman niya sinasabi sakin lahat ng to? >___<

And please sana lumayo na siya kasi mukhang mag h-hyperventilate na ko dito. >____<

parang.. parang.. kikiligin na ata ako?

oh gulay ano bang pakiramdam to!

He whispered something on my ear **“kailangan mong bumawi sakin. Monday, before lunch I’ll fetch you ”** he winked then umalis na siya.

Napaupo naman ako sa sahig dahil kanina ko pa nararamdamang nanlalambot ang tuhod ko dahil sa ginawa niya.

Monday?

Before lunch?

He’ll fetch me?

Wait wait!!

Is he asking me on a date?! O__O

Chapter 21

OUR first date

[Arcie's POV]

Sunday night...

"Monday, before lunch I'll fetch you"

Mula kahapon ko pa iniisip yang mga sinabi sa kinikilig ni Jiro pero ngayon ko lang napagtanto na bukas pala eh dance competition na namin so paano yung date? Baka naman ginu-good time lang ako ni Jiro!! Naku naman! Ang lakas na pang go-good time nun ha! Talagang magdamag akong pinagisip at dalawang gabi akong hindi nakatulog kasi kinikilig ako ng hindi ko malaman kung bakit! Feel kong magpagulong gulong sa kama!!

At eto pa, naalala ko yung mga sinabi sa kinikilig ni Ms. Jennica na she likes me daw for her brother. Ayieeeeeee wahahahaaha ang haba talaga ng hair ko! Sows! Dahil naramdaman ko nanaman ang kilig, tinakpan ko ng unan ang mukha ko tsaka nagpagulong-gulong sa kama. Good thing solong solo ko tong kwarto na to kung hindi naku kanina pa ko nabato!

Siguro crush ko na nga si Jiro. OH! crush lang ha! Naku kayo wag kung anu-ano iniisip niyo! Crush lang talaga. Simpleng nagagwapuhan, simpleng humahanga, at simpleng kinikilig! Wahihihhi.

Syempre mukhang si labanos parin ang nasa heart ko eh

...siguro...

Pero teka!! Tuloy ba ang date namin dalawa? Wala pa kong damit na isusuot! Tsaka bat naman before lunch? Siguro gusto niya ko makasama ng matagal? Naku! Baka inlababo na sa kinikilig! Wahihihhi

ay malanding babae! paano nga matutuloy eh dance fest na bukas!

Ok I'm positive! Nang go-goodtime nga lang talaga siya! Walang date bukas at wala akong dapat pagkaabalahan kundi yung dance fest lang kaya wag na kong mangarap dito! Makatulog na nga!!

.....

WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAH!

Hindi ako makatulog! Ano ba naman yan!

Time check: 2:30am

Bakit ba ko masyadong nag wo-worry?!

Ok ng matapos na to! ma-text na nga si Jiro! Kaso mag reply kaya siya? Eh hating gabi na malamang tulog na yun! Pero kahit na mai-text na nga

Kinuha ko yung cellphone ko sa side table then nag type ako

Tuloy pa b bukas?

Binura ko yung tinype ko.

Hay, hindi ko nga pala alam ang number ni Jiro. Paano ko siya itetext?

Ngayon ko lang naisip, lahat ng S6 alam ko ang number nila, kay Jiro lang talaga ang hindi.

Hay maitext na nga lang si labanos!

"labanos, alam mo b numbr ni Jiro?"

Sending message...

Messeage sending

Failed

Ay sows! Wala pala kong load! Napaka walang sibling cellphone talaga nito! Ang use lang sakín nito eh alarm clock every morning!

Tinapon ko yung cp ko sa drawer ng side table ko. Hay bahala na bukas! Tuloy o hindi bahala na! pero malakas talaga kutob ko na hindi tuloy. Dance fest bukas, hindi talaga tuloy! Kaya ang dapat kong gawin ngayon eh matulog ng hindi ako magka eyebag bukas!

.....

*KNOCK*KNOCK*

Hmpfjsndla

*KNOCK*KNOCK*

"Arcie gumising ka na!!" narining kong sigaw ni Mama mula sa labas

Bumangon ako at tnignan ko yung orasan. 7am?! Naman si mama eh!

"ma 5pm pa ang dance fest! Mamaya na ko babangon!"

Nagtalukbong ako ng kumot

"Arcie--!! Hay naku naman tong batang to! papasukin ka na namin!"

Narinig kong bumukas yung pinto

"Arcie bumangon ka na diyan!"

Hindi ko inalis yung pagkakatalukbong ng kumot at tinakpan ko pa ng unan ang tenga ko. Aba hindi ata ako nakatulog kagabi no! I want to get some sleep! Kainis naman tong si mama eh!!

Narinig ko naman na sinarado na yung pintuan. Hay atleast! Mukhang nilubayan na ko! Makakatulog na ko ng maayos ulit.

Maya maya lang may naramdaman akong kumalabit saakin. Mukhang hindi pa ko nilulubayan ni mama! Naman!!

"ma naman! Antok pa ko! Hmmpfpmfmm"

Hindi parin tumigil sa kakalabit si mama kaya bumangon na ko

"ma sabi ng 5pm pa po ang dan-"

"good morning"

Nanlaki ang mata kong bagong gising ng marinig ang boses ni Jiro. Napatalukbong ulit ako ng kumot.

Teka... te-teka.. si Ji-jiro? Nandito?

Ok hinga ng malalim

WAAAAAAAAAAAAH! Si Jiro andito?! Waaaaaaah!!

What to do?! What to do?! Waaahhh!!!

Teka, baka naman nag ha-hallucinate lang ako?! baka naman nananaginip pa ko?!

Kinurot ko ang sarili ko! Waaahh ano ba to?!

Sumilip ako sa kumot and nakita ko ang gwapong nilalalang sa harap ko na naka smile saakin.

Ok totoo ngang nandito siya!

"ah.. hehe.. good morning.. ano wait lang-" tumakbo ako agad sa CR and tinignan ko ang sarili ko sa salamin

Magulong buhok..

Nanliliit na mata

May panis na laway pa ata..

Naka pantulog which is oversized na t-shirt lang at maikling short..

OK! Mukhang hindi ako makakalabas ng CR!! Waaaaaaaahh nakakahiya!!

"una na po kami "

"sige mag-ingat kayo. Ikaw na bahala sa anak ko"

"opo salamat po "

Lumabas na kami sa bahay at naaninag ko ang mukha ni mama na ngiting-ngiti. Ako naman ni-hindi ko na maiangat ang ulo ko sa sobrang kahihyan.

Ganito pala ang before lunch kay Jiro, 7am! Ni hindi pa ko nakakapag almusal! At nadatnan pa niya ko sa ganung itsura. Grabe nakakahiya talaga.

"Arcie?"

"hmm?" sagot ko without looking at him.

"sakay ka na"

Binuksan ko yung pinto ng kotse at nauntog pa ko dahil sa nakayuko ako.

"ok ka lang?"

"h-ha? Oo!"

"bat kanina ka pa nakayuko diyan?"

"w-wala lang "

"then look at me"

"h-ha? A-yoko ko!"

Inangat niya yung ulo ko. Iniwas ko naman yung tingin ko.

"don't worry, you still look good kahit na medyo weird ang hairstyle mo kanina pagkagising mo"
" he chuckled

Hinampas ko yung braso niya "kasi naman eh! don't tease me!" tinalikuran ko siya "hiyang-hiya na nga ako eh "

He held my hand "I told you you're beautiful "

Naramdan ko na naman ang pakiramdam na para akong ma su-suffocate at parang nanlalambot na naman yung tuhod ko. Inalis niya yung pagkakahawak ng kamay ko sa kanya.

Aww, wag muna!!

"kaya wag ka ng ma-conscious diyan"

He started the engine, then nagdrive na siya.

After a couple of minutes, he stop in front of a hotel. Napatingin ako sa kanya.

"ah Jiro--?"

"let's eat breakfast for a while then punta na tayo mall"

Bumaba siya ng kotse. Ako naman hinintay ko na pagbukisan ako ng pinto kaso wala! Hmp!
What a gentle dog! Sapilitan na nga tong date na to eh! naku!!

Teka, bat parang wala akong matandaan na pinilit niya ko?

Pero kahit na! buti pinagbigyan ko siya! Kahit alam ko mamayang hapon ang dance fest!

Humabol naman ako sa kanya.

"Jiro, madalas ka ba dito?"

"hindi naman. Minsan lang pag gusto kong kumain sa labas. Why?"

"wala lang. nadala na kasi ako ng friend ko dati dito"

Naalala ko tong hotel na to. this is the same hotel na pinagdalan saakin ni Jacob nung nadatnan niya kong basang sisiw at may sugat sa paa dahil sa pam-bubully ng F4 saakin.

"oh I see" sagot ni Jiro saakin

Nyek! Yun lang?! hindi manlang niya tinanong kung sino yung friend ko na yun at kung ano ginawa namin! Hindi naman sa pinalalabas ko na may nangyari samin or something kasi wala naman pero kasi..

Hindi man lang ba siya nagseselos?!

Hmp! Bato talaga to!!

"actually sa family ni Michelle tong hotel na to" sabi ni Jiro

Napatingin ko bigla sa kanya "really?!"

"yup! They also own five restaurants around the country"

"wow"

Sa itsura pa lang ng hotel na to paniguradong ang laki na ng kita nito. I wonder kung gaano kayaman sila Mich?

We walk in silence. Gawd! Ang tahimik ng date na to! ano ba? Dapat na ba ko magsalita? Ano naman sasabihin ko? Alam ko na! tatanungin ko nalang siya kung ano ang plan niya ngayon. Maybe I could suggest a place kung saan kami pwede mag date. Sabihin ko kaya na gusto ko makita ang sunset mamaya sa beach? Weeee ang romantic nun pag nagkataon! Wahihihi

"uhmm Jiro?"

"hmm?"

"ano, saan mo ba plan magpunta ngayon para sa date natin?"

He look at me then he smile "date? Actually, napagutusan kasi ako ni Yanna na bilhan ka ng accessories and dalhin ka sa parlor para mamaya"

Natigilan ako sa sinabi niya.

So hindi pala date to?! Assuming lang pala ko!!

Three nights akong hindi nakatulog kaiisip ng araw na to yun pala NAPAGUTUSAN LANG SIYA!
Oh come on! It made me mad!!!!

"ok.." I breath deeply "ok.. let's eat breakfast and diretso na agad tayo sa mall ng matapos na to! "

Naglakad ako palayo sa kanya while stomping my feet hard on the grounds

Grr!!! Nakakahiya! Bat ko ba sinabi ang word na 'date'?! ano na lang kaya ang iisipin ng lalaking to?! tsaka nakakainis yung way ng pagyaya niya sakin! Kasi parang lumalabas talaga na he is asking me for a date!!

Assuming lang pala ko.

Nagulat na lang ako nung hinila niya ko. He smile brightly at me

"I didn't know you look so cute when you are pissed off" he grinned at me.

"h-ha?"

He held my hand "ok then. Let's consider this day our first date ."

He drag me inside the hotel.

Chapter 22

The Star

[Arcie's POV]

Binigyan kami ng menu ng waiter. Pagkapasok ko pa lang dito na-vibes ko na agad na hindi ko afford ang food kaya mukhang kape lang ma-oorder ko.

Tinignan ko ang mga prices

Holy cow! kape lang bat umaabot ng 100+?! May ginto ba sa mga kapeng to?! dapat pa lang nagtimpla na lang ako sa bahay eh!

Tinignan ko yung iba pang mga pagkain and as expected, mahal din. Kung kape nga lang ang mahal na eto pa kaya! Butas ang kawawa kong bulsa! Kumukulo pa naman ang tyan ko.

May lumapit na waiter samin **"hi mam, hi sir can I get your order"**

"Arcie ano sayo?"

"h-ha? W-wait lang. Ikaw muna"

“one classical cappuccino and clubhouse sandwich”

Tinignan ko ang laman ng wallet ko, and ayun nakita ko ang nagniningning na 50 pesos. Ano naman ang mararating nito?!

“Arcie sayo?”

“h-ha? Ano.. uhmm w-water! Water na lang! busog pa ko eh.. hehehehe ” waaaaaaaaaaa
I'm gonna starve to death!

“same na din ng order ko yung sakanya”

“ha?! T-teka lang Jiro.. kasi ano.. ano hindi pa talaga ko gutom promise!”

“we have a long day ahead. You need to eat”

“pero kasi.. ”

Paano ko ba sasabihin na wala akong pera! Nakakahiya naman! Bat hindi ako nakahingi kay mama kanina! Tama ba namang sumabak sa galaan kasama ang isang sosyal na lalake na singkwenta pesos lang ang laman ng bulsa?! Haaaay

“jiro.. ano p-pwede bang pautang? Babayaran kita promise!”

“can I ask why?”

“kasi ano eh you see..wala akong nadalang pera” nakakahiya ka talaga Arcie. Ang kapal pa ng mukha mo.

He smiled at me **“we're on a date right? Then this is my treat ”**

Bigla naman akong kinilig dun **“o-kay.. thanks ”**

Haaaay nakakatuwa naman, lagi na lang ako napapahiya sa harap ni Jiro but in the end, he manage na mapalitan yung kahihyan na yun sa kilig.

Dumating na yung foods na inorder namin. Actually masarap nga eh. kaya siguro ganito kamahal to.

I thought we are going to eat in silent.. well ang plano ko naman talaga eh hindi siya kausapin ng buong araw. Aba kahiya-hiya naman talaga yung inasal ko kanina. Hindi naman talaga niya kasi kasalanan yun. Talagang assuming lang ako. He's so nice pa nga para sabihin na first date namin to para lang hindi ako mahiya sa sinabi ko, but in the end nakakahiya parin talaga.

Nagulat naman ako ng kinausap niya ko casually. Tinanong niya ko kung masarap yung food, I said yes tapos yun na, hindi na nahito ang paguusap namin. Hanggang sa pumunta kami sa mall, nag kukwentuhan kami. Marami rin naman akong nalaman about him, ganun din siya siguro sakin. We have a lot in common but we also have a lot of differences. Masaya din naman pala tong kakwentuhan, hindi ko maimagine na mas madaldal pa siya sakin. Aba biruin niyo ang Jirong nakilala natin bilang isang masungit na prince eh madaldal pala talaga?

O sadyang bi-polar lang talaga tong taong to?

Hindi naman kaya inlababo na siya sakin? Wahahahaha

What I've notice is hindi niya binibitawan ang kamay ko unless kailangan talaga. He's been

holding my hand all the time which I found very sweet. Sabi na eh, he's like an ice cream, cold but sweet in his own way. Siguro grabe kinilig or kikiligin ang mga naging at magiging girl friend nito!

Speaking of girl friend..

“how about your love life? May mga naging girlfriend ka na ba?” tanong ko sa kanya.

He pinched my nose **“let's go there, bilhin naman natin yung shoes mo ”**

Ilang beses ko na siya tinanong tungkol sa bagay na yan pero laging iwas sa topic! Sa lahat pa naman ng mga gusto kong malaman sa kanya dun ako pinka naitriga! Hmp!

Oo nga pala, everytime Jiro smiles, he kinda reminds me of Jacob. Ewan ko ba kung bakit. Medyo nakakalungkot din kasi once in a blue moon ko lang kung makita si Jacob. Sobrang miss ko na siya. Sana sa dance fest makita ko siya.

Natapos kami mamili ng bandang 2:30. tamang tama, I have time para mag-ayos pa.

“Jiro tara na—“

“timezone tayo”

“ha?”

“let's go!”

“t-teka, baka ma-late tayo sa dance fest. 5pm ang start nun di ba?”

“hindi yan! Tara na!”

Hinila naman niya ko sa timezone.

Yanna's parlor

Naku naman! Eto na nga ba sinasabi ko eh! malapit na kaming ma-late! Paano ba naman isang oras kami dun sa timezone. Uhm, well, enjoy din naman ako at nakalimutan ko rin ang oras kaya ayon, mukhang grand entrance kami ni jiro nito mamaya!

“uhmm, miss pwede po ba simplehan niyo na lang po yung ayos sakini? Medyo late narin po kasi”

“sorry Ma'am pero may instructions po kami. Don't worry aabot kayo”

Tumingin ako sa orasan, it's already four in the afternoon at ang tanging nagagawa pa lang sakini eh plantsahin ang buhok ko. Naku naman!

Natapos ang pag-aayos sakini 15 minutes before five at dahil wala na talaga, kahit anong madali ko late parin, hindi ko na binilisan ang pagbibihis ko.

Maganda yung ballroom dress na gawa dito sa boutique ni Yanna. Dahil nga uniform kami, ganito lahat ng ballroom dress na isusuot ng section namin. Aba sa itsura pa lang eh mukhang

mamahalin na, tapos ibibigay lang to ni Yanna for free? Now I wonder kung gaano sila kayaman.

After kong magbihis lumabas na ko sa dressing room and nakita ko si Jiro na nakatayo sa harap ng salamin habang inaayos yung necktie niya.

He look so...*dazzling*

Napatulala naman ako nun. Ako ang inayusan ng isa't kalahating oras pero bat mas mukhang kaakit-akit siya kesa saakin?

Ang gwapo talaga ng crush ko oh! and I'm so lucky na siya ang naging kapartner ko ngayon.

Nakita naman niya ko na nakatitig sa kanya. He smiled at me then lumapit siya.

"you look so good " he told me

"well, uhm you look, uhmm dazzling" he chuckled

Lumabas na kami sa boutique. Habang naglalakad kami sa mall pinagtitinginan kami ng tao. Well actually ang tamang term ay pinagtitinginan si Jiro ng mga girls. Sino ba naman kasi ang hindi mapapatingin sa taong to!

Ako naman nakayuko lang. Medyo nauuna si Jiro mag lakad saakin. Nakakahiya naman kasi, ngayon lang ako nakapaglakad sa mall ng naka ballroom dress at naka make-up. Isa pa pinagtitinginan ng mga tao itong kasama ko na mukhang prinsipal.

Huminto siya sa paglalakad kaya napahinto rin ako.

He faced me **"now Ms. Arcie Morales, you look so pretty yet nakayuko ka diyan,"** tumabi siya saakin then he place my hand around his arm **"chin up. Be proud of yourself "** he smiled at me.

I smiled back, then naglakad na kami palabas ng mall.

Tumingin ako dun sa mga girls na nakatingin kay Jiro.

Ha! Mamatay kayo sa ingit! He's mine! Mwahahaha

As expected, dumating kami sa Prince Academy ng late. Ang mas nakakagulat pa ang section na namin ang magsasayaw. But instead na dumiretso kami ni Jiro sa formation namin, sa backstage niya ko dinala.

"teka Jiro, tayo na yung sasayaw bat ba nandito tayo? "

He held my hand **"Arcie, I wanted you to trust me. Wag kang kakabahan mamaya ha?"**

"h-ha?"

Bigla kong narinig ang boses ni Justin na nagsasalita sa microphone.

"and now, our star dancers, please give a warm of applause to Mr. Jiro Festin and his partner Ms. Arcie Morales"

Nanigas ako bigla ng marinig ko ang mga sinabi ni Justin

t-teka, star dancers?! What the--?! Saan nangaling yun?!

At bago pa ko tuluyang makapag react, hinila na ko ni Jiro palabas ng backstage, sa harap ng buong estudyante, teachers and guests ng Prince Academy.

Chapter 23 *The Dance night*

[Arcie's POV]

Habang papalapit kami ni Jiro sa dance floor, ramdam na ramdam ko ang panginig ng tuhod ko.

Star dancers?! What the heck is going on?! Kelan pa kami naging star dancers?!

Juskooooo

What am I doing here?!

Ang isa pang ikinagulat ko eh iba ang ballroom dress ko sa kanila. Medyo kahawig pero let's just say mas mukhang pina-bongga yung akin? Dahil ba sa star dancer kuno ako?!

Hindi ko alam kung ano ang i-re-react ko. Nagulat pa ko kasi nagulo ang formation namin dahil bigla nalang mga nagsi-walk out yung F4 kaya naiwang nakatayo doon ang mga kapartners nila.

Pakiramdam ko naman gusto ko narin mag walk-out.

I look at Jiro.

No! hindi pwede! Hindi ko kayang iwan at ipahiya si Jiro dito.

Pero bat ba kinukutuban ako na pag hindi ako umalis dito eh ako naman ang mapapahiya?!

Waaaaaaaaaaaaaaaaahhh ano ba ito?!

Nagsimula na ang tugtog and feeling ko hihimatayin na ko.

Jiro looked at me then he held my hands.

Oh yea great I forgot, the first rule in dancing, look in the eyes of your partner.

Now tell me, wala kang talent sa pagsasayaw bigla mong malalaman na star dancer ka pala at inilagay ka pa sa unahan sa gitna, isa pa, may kapartner ka na ubod ng gwapo at nakakalusaw tumingin

How can I stay calm in this kind of situation?!

[Yanna's POV]

Yehey we won!! We won!!

Third place nga lang.

Aba aba paano namang hindi eh nagkagulo ang formation namin dahil sa pag w-walk out ng apat na babaeng yun.

But oh well, we still won! Haha

Victory means celebration. Celebration means party. And of course party means Yanna!! Wahaha

Anyways, Jiro is such a genius. Talagang hindi dinaan sa pagpapalayas sa school na to yung mga babaeng yun.

Well as expected sira yung ballroom dress talaga ni Arcie na inilagay sa leisure room. But yung real ballroom dress niya eh nasa boutique ko no. and pinlano talaga na ibang ballroom dress and gawing star dancer si Arcie para mag stand out siya sa lahat. Para

Una. I-frustrate yung mga babaeng yun

Pangalawa. Para ipamukha sa buong Prince Academy na ang inaapi nilang 'commoner' ay may "K" at carryng carry silang talbugan lahat.

Ha! Syempre creation ko yan eh! natural talbog silang lahat.

After ng kainan, they turn off the lights then syempre binuksan na nila yung disco ball. Aba sayawan na no. tingin ko eto naman talaga ang pinaka inaabangan ng mga students dito eh—ang sayawan!

Narinig ko naman ang boses ni Ren na kumakanta. Malamang ang band niya ang tumutugtog kasi narinig ko din na may naghihiyawan na mga girls.

"grabe no? boses palang nitong si labanos kinikilig na lahat ng girls dito" Arcie said

"syempre naman gwappings yang si Ren eh" sagot ko naman sa kanya

"edi kinikilig ka din?" nagulat naman ako sa question ni Jiro kay Arcie

"h-ha? Ano..kasi.. eh"

Jiro smiled **"let's dance?"** he offered his hand to Arcie. She took it then they headed on the dance floor.

Aba aba aba. Habang tumatagal mas lalo kong napapatunayan ang hinala ko ah?

Nakaw! Si jiro oh nag smile because of Arcie! Haha now I'm positive! May kung anong nag totoktokitoktok sa heart ni Jiro! Let's celebrate!! Wepeeee!!

But paano naman tong si Ren? Well, sabihin na nating halatang halata na gusto din niya si Arcie pero sadyang torpe lang tong romantic prince na ito? Halata din naman kay Arcie na gusto niya na si Ren pero mukhang naiinlababo narin siya kay Jiro?

Now arcie, kawawa ka naman. You are torn between two superduper mega extreme to the highest level na mga gwappings na lovers . Sino ngayon ang pipiliin mo?

Excited ako!!! wahaha

"M-m-miss Y-an-na"

Napalingon naman ako dun sa kumalabit sakin

“oh koala!!”

Tama si Patrick “the koala” Gonzales. Wala parin tong pagbabago. Ilang beses ko nang sinabi na Yanna na lang ang itawag sakin lagi parin may ‘miss’ na kasama. Feeling ko tuloy para akong teacher. Tapos kada kakausapin ako lagi na lang siya nauutal. Ganun ba ko kaganda at katindi ang presensya ko kaya ganyan na lang siya kung kabahan pag kinakausap ako?

“a-ano. Kasi ano..ang..ang galing m-mo suma..yaw k-kanina!”

“thank you! Ikaw din!” bolera kang babae ka Yanna! Ni hindi ka nga nanuod sa sayaw niya dahil busy ka sa pagtingin diyan kay Lance na may kinakausap na babae! -- _____ --

Hmp! Wala parin kasi pagbabago! Sabi na eh, hindi naman talaga ako gusto nun .

“th-thanks! Nap-panuod mo pala ko! Ano miss yanna. Mmm—mmm”

“hmm?” mukhang alam ko na sasabihin nito. Yayayain niya akong sumayaw!

“mmm-mmm.. g-gusto mo.. ano.. ahmm ahmm...mag.. ano.. mag dessert? ”

Nyek!!! Anong dessert?! Kay torpeng lalake!!! Susme!!

“ayokong mag dessert” tumayo ako **“pero gusto kong mag sayaw!!”** hinila ko siya papunta sa dance floor.

Nag sayaw naman kami ni Patrick kaso mukhang speechless siya sa mga nangyayari at halatang ninenerbyos dahil nararamdaman ko na nanginginig siya.

Tumingin ako sa stage and nakita ko na si Ren parin ang kumakanta. Poor guy, habang kumakanta siya nakaka points na si Jiro kay Arcie.

“M-ms Yanna?”

“hmmm?”

“Ah kasi—“

“excuse me?”

Napalingon agad kami ni koala kay Lance. Ano na naman kaya ang kailangan ng isang ito.

“pwedeng ako naman?” tanong ni Lance kay Patrick

I answered Lance with a sarcastic tone **“no. kasasayaw pa lang namin. Di ba?”** tumingin ako kay Patrick

Nagulat ako dahil bigla akong binitawan ni Patrick then ibinigay niya yung kamay ko kay Lance

“anong--?” gulat na gulat kong sinabi

Patrick gave me an encouraging smile. **“I think you need to talk. A-alis muna ko.”** Naglakad palayo si Patrick

Lance placed my hands around his neck, then he placed his hands in my waist.

“mabait din pala yang Patrick na yun” sabi ni Lance habang nakatingin saakin

“what do you want? ” I ask without looking at him.

Bat ba ko nakikipagsayaw dito sa taong to?!

“I miss you ”

Ano gusto niyang isagot ko diyan?!

“shut up”

“totoo nga”

“what a lie. Masaydo kang maraming babaeng iniintindi. Paano ka magkakaroon ng panahon na ma-miss ako?!”

“iba ka sa kanila Yanna ”

“don’t make me laugh!! ” I told him sarcastically

“Yanna—“

“alam mo, ano bang problema mo?! Pagkatapos ng lahat ng masasakit na bagay na sinabi mo sakin, sasabihin mo ngayon yan?! ”

“Yanna, let me explain—“

“explain what?!”

“I’M JEALOUS!” napatingin naman ako sa kanya. At mukhang hindi lang ako, mukhang pati yung mga katabi naming nagsasayaw.

“I’m freakin jealous pag nakikita ko kayong magkasama ni Patrick. Yanna” he touched my face“gusto ko ako lang tinitignan mo, I want you to smile only to me, gusto ko ako lang ang sinasamahan mo, ang pinapakinggan mo .”

I slapped him “what a selfish jerk!! ”

Tumakbo ako palabas ng gymnasium then nagpunta ako sa parking lot. Pumasok ako sa car then I started the engine.

Biglang tumulo ang luha ko.

What a mean, selfish jerk!

But still, lahat ng sinabi niya,

Yun ang gustong gusto kong gawin.

[Arcie’s POV]

Hyperventilating. >__<

Nandito ako sa CR ngayon at kinakalma ang sarili ko.

Juskoooo nanginginig ang buong katawan ko ngayon. Paano ba namang hindi eh grabe na tong si Jiro.

Flashback

**“Because of you, my life has changed
Thank you for the love and the joy you bring
Because of you, I feel no shame
I tell the world
It’s because of you”**

Habang naririnig ko ang napakagandang boses nitong si labanos na kumakanta, kasayaw ko naman ngayon ang gwapong prinsiphe na si Jiro at busying busy na nagkukwento tungkol sa dessert na kinain namin kanina. Aba ako naman puro oo na lang ang sagot ko. Nakalimutan ko agad yung lasa ng dessert na yun nung sinayaw niya ko.

Kasalanan ko bang sadyang mas matamis siya kesa dun sa dessert na kinain namin. Wahhihihi

“the truth is favorite ko talaga ang almond jelly. Actually lagi nga akong ginagawan ng sister ko nun dati.” pagku kwento saakin ni Jiro habang nag sasayaw

“oo”

“but which do you prefer, cake or almond jelly?” tanong niya saakin

“ikaw” sagot ko naman sa kanya

Bigla na lang nanlaki ang mata niya then he burst in laughter.

Tsaka naman nag-reflect sa utak ko yung sinabi ko.

Oh no I didn’t!!! nasabi ko ba talaga yun?! Dapat sa utak lang yun!! Naku naman nakakahiya!!!!!! O_____O

Kasi naman eh hindi ako makapag focus ng maayos sa sinasabi ko! Masyadong napakalaking distraction ang mukha niya. --___--

“ano! Teka.. iba iniisip mo.. what I mean is.. ano.. ano.. ” pag papaliwanag ko habang nauatal!

“you’re funny! ” sabi ni Jiro habang walang humpay na tumatawa.

Naramdaman ko na lang na gumagalaw yung dalawang hands niya sa waist ko papalapit sa isa’t-isa. And before I knew it, magka lock na ang mga fingers niya around my waist kaya mas napalapit ako sa kanya and para na niya akong niyayakap.

Napalunok ako bigla.

Shocks, kinikilig ako.

Naramdaman ko nanaman ang butterflies este paniki sa stomach ko. Nanlambot agad ang tuhod ko.

And before I knew it

Napaupo ako sa sahiḡ

“Arcie!! Are you alright?!” gulat na gulat na tanong saakin ni Jiro

“h-ha? O-okay lang ako”

Tinulungan niya kong tumayo **“what happened? Bat bigla kang napaupo? Nahihilo ka ba?”**inalalayan niya ko paupo sa chair **“do you want me to get you a drink?”**

“no! I’m alright! Really..” tumayo ako **“punta lang ako sa comfort room”**

End of flashback

Waaaaaaaah nakakahiya talaga

I can’t believe it!! Pinanlambutan ako ng tuhod sa harap niya! Nakakahiya

At nakaka hyperventilate!!

Nung medyo nahimasmasan na ko, lumabas na ko sa CR. But still I was lost in thoughts kung ano ang magandang palusot ang sasabihin ko kay Jiro kung bakit bigla bigla na lang akong natumba.

Basta wag na wag lang niya sanang ma-bring up yang tungkol sa dessert na yan!

Nagulat ako ng biglang may humila ng braso ko.

Hay, ang F4 na naman, as usual

“bakit?” i ask them with an exsaperating tone

“aba aba!” tinulak ako ng isa **“nagiging matapang ka na porke nasa side mo ang S6 ha!”**

“ano na naman ba to?”

Hinila nung isa yung strands ng buhok ko **“ang kapal mo din no!!”**

“aray ko!!”

“nakalusot ka ngayon! Pero may oras ka rin tandaan mo yan!”

“aray nasasaktan ako! tsaka ano ba ang pinagsasasabi niyo?!”

Hinawakan naman nung isa yung mukha ko, and medyo nasasaktan ako kasi naramdaman kong bumabaon sa cheeks ko yung kuko niya

“ang kapal ng mukha mo para isayaw ang prince jiro namin! Basura ka lang tandaan mo yan!”

“bitawan niyo nga siya” napatingin kami doon sa dumating and was shocked to see Jiro.

Napabitaw naman agad sila sakin. Hinila ako ni Jiro papalapit sa kanya

“please stop giving my crush a hard time”

Inakbayan niya ko then he lead me palayo dun sa mga bruha.

“c-crush?” nasabi ko bigla before I could stop myself

He chuckled “yes, hindi mo ba alam” he removed his arms from my shoulders then he held my hand “matagal na kitang crush ” he winked

Nagulat naman ako sa sinabi niya.

Crush?

Ako?

Hindi ko napigilan ang sarili ko, bigla na lang ako napa ngiti.

He smiled back “let’s go”

Pero bago pa kami maka-galaw, nakita namin si Ren na nakatingin samin

He’s eyes are wide open.

Lumapit siya samin then kinuha niya yung hand ko kay Jiro.

He dragged me away.

[-----]

London, England

“what is the meaning of this young lady?!” my mom asked me while waving the classcard on my face

“failing grades. I need to repeat almost all my subjects. Good night” i answered her

I went up to my room. I could hear my mom shouting

“come back here Amber! ”

She followed me in my room

“what is happening to you?! Hindi ka naman ganyan dati!”

“I’m too lazy to study that’s why I failed” i answered her

“you’re a smart kid! Bat ka ba nagkakaganyan ha?! ”

“I’ve been answering the same question a lot of times already! But not even once you’ve listened to me! ” this time i am already shouting at her.

Crap!

“because what you are saying is non-sense! Please, isipin mo na lang yung future mo!” she said with a tone of exsaperation.

“my future?! I don’t belong in here mom! I want to go back to Philippines! Mas masaya ako dun!”

“hindi na tayo babalik dun and that’s final! You are grounded unless maipasa mo lahat ng subjects mo! ”

“ground me if you want!”

My mom stormed out of my room then she slammed the door.

She and daddy doesn’t understand me!

No one can understand me!

Kinuha ko yung box sa side drawer ko then I opened it.

Inside the box are pictures of the two of us. Nandito rin yung mga letters niya sakin.

He’s such a romantic guy. He’s too sweet. He always makes me feel so loved. But in the end I have to leave him. Maybe he’s mad at me now. pero hindi ko naman ginusto na iwan siya eh. pero mali parin na hindi ko sinabi na aalis ako. But I’m afraid, hindi ko kayang magpaalam sa kanya. That’s the most painful thing that I will do.

Pero ganunn parin, iniwan ko parin siya. Bigla na lang ako nawala sa buhay niya. I didn’t try to get in touch with him kasi alam kong mahihirapan lang kaming dalawa. Akala ko makaka move on ako but I’m wrong. Very wrong.

Everyday siya parin ang naaalala ko. A guy like him is very hard to forget especially kung napakadami niyong good memories na pinagsamahan.

I think of burning all this pictures and letters pero hindi ko parin magawa-gawa.

I wanted to see him badly. I wonder kung namimiss niya ko. Naiisip pa kaya niya ko? Masakit parin ba yung nangyari para sa kanya? Does he still love me? Or naka move on na siya and may mahal na siyang iba?

The idea pierced my heart.

Not, it can’t be!

Hindi ko kakayanin yun.

I want to see him now. I miss him so badly.

I don’t belong in this place.

I want to be with him. :(

Chapter 24

Songs, signs, moves

[Ren’s POV]

Jiro likes Arcie. That's a fact.

But I love her. Love is greater than like right?

Pero dahil ba dun ako ang pipiliin ni Arcie? Or si Jiro? Maybe Arcie likes Jiro too. And ang like pwedeng mag transform sa love di ba?

Should I give up now without even trying? >_<

"Ren wait!" kumalas sa pagkakahawak ko si Arcie. Hindi ko napapansin na nakakaladkad ko na siya dahil sa lalim ng iniisip ko

"what's wrong?" she asked me with a confuse look on her face

Hindi ko siya tinitignan "s-sorry "

She faced me "bat ka nag react ng ganun? "

"Arcie" I breath deeply "I need to tell you something"

"ano yun?"

I need to tell her now that I love her. Kasi pag hindi ko sinabi sa kanya ngayon baka hindi ko na masabi pa sa kanya to.

I cannot give her up. Mahal na mahal ko na siya and I can't bear it kung hindi ako gagawa ng moves para iparamdam ko sa kanya yun.

"Arcie, I want you to know that...that...that..."

"that..?"

"..that..." I breath deeply. It's now or never right? "ano.. hindi bagay sayo yang damit mo!"

What the hell am I saying?!

"huh?!" gulat na gulat niyang reaction

"uhm.. mas bagay sayo ang naka uniform"

Bigla naman niya kong binatang

"OUCH! " napahawak ako sa ulo ko

Swear malakas ang pagkaka batok niya sakin! Akala ko matatagal na ang ulo ko!!

well, I deserve it! >__<

"anong hindi bagay! Tong labanos na to! baka naman nahuhumaling ka na sakin niyan ng husto!!"

Tama yang sinasabi mo

"hindi no!! bat naman?!" tumingin ako sa orasan "oh no! I need to go! Bye" bigla akong tumakbo palayo sa kanya

Oh god! Sana lamunin na ko ng lupa. Why did I said that?!

Tsaka bat hindi ko ba magawang mag-tapat?! Nandun na eh! moment na yun! Tapos biglang yun ang lalabas sa bibig ko?! Naku naman Ren!!

Bigla kong narinig ang boses ni Yanna na nag play sa utak ko

"torpe.. torpe.. torpe.."

Siguro nga pag sinabi ko to kay yanna ayan ang sasabihin niya sakin!

Pero bakit ba?!

Hindi madaling maging lalake no!

Kayo kaya ang magtapat!

Naku naman!!!!

[Yanna's POV]

I'm looking at myself in the mirror.

I'm Yanna Scott. I'm rich, I'm pretty. I was crowned Ms. Prince Academy and wala pang nakaka-agaw ng crown ko. A lot of guys was attracted to me but still

Still...

Yung kaisa-isang taong nagustuhan ko, yung kaisa-isang bagay na gusto ko

Yun pa ang hindi ko makuha.

Bakit ganun?

I'm crying right now.

This is the first time I cried this hard. I really love Lance pero bakit ganun? Why can't he love me back?

Yung mga sinabi niya sakin kanina, alam ko ang ibig sabihin nun. Siguro dahil naapakan ko ang pride niya. Ang isang lalake na lahat ng babae nakukuha niya, ngayon pinagpalit siya ng babaeng grabe siyang kahumalingan sa isang taong mukhang nerd? Yes, nakaka baba nga siguro ng dignidad niya yun.

But does he have a heart?

Kahit papano naman I'm his friend. Bakit ba napaka selfish niya?!

Or does he likes me?

God, I need a sign.

I heard my phone ring then I look who's calling

Si Michelle

I tried to straighten out my voice

"h-hello?"

"Yanna! Bigla kang nawala sa party"

"ah.. ano kasi.. emergency. Bat ka napatawag?"

"hey, are you alright? Bat ganyan ang boses mo? Umiiyak ka ba?"

I breath deeply "h-hindi. Sinisipon kasi ako. so, bat ka napatawag?"

"nagayayaya sila na mag celebrate bukas. Tayo lang S6 pati si Arcie. Videoke daw tayo sa house nila Justine. So ano game ka?"

"h-ha? Oh sure. Count me in"

"that's good. So see you tomorrow?"

"s-sure. Uhm mich look, I really need to go"

"oh, ok then. Bye"

"bye" I hang up the phone

Videoke?

That's a sign.

May isang bagay akong matagal ng ni-rerequest kay Lance pero hindi niya magawa-gawa.

But if he do it this time, I think I'll forget all the painful things he said to me.

But if not, then I think that's the time I need to forget him

[Ren's POV]

Lance's house

"You're hot then you're cold

You're yes then you're no

You're in then you're out

You're up then you're down...woooohhhoo! Thank you! "

Nag palakpakan naman kami.

Grabe itong si Yanna kala mo lalamunin ang mic. Aba kanina pa siya kanta ng kanta diyan. Ayaw bigyan ng chance ang iba!

Kahapon lang bigla-bigla nawala sa dance fest tong babaeng ito ng wala manlang pasabi. Nagaalala tuloy kami lahat. Akala namin kung ano na ang nangyari. Mukhang napapraning lang kami kasi mukha namang ok tong si Yanna. Napaka energetic parin parang hindi broken hearted

Samantalang ako...

Haaaaaaaayy

Sa lahat ng gwapong tao sa mundo, ako lang ata ang nagiiisang torpe.

Sayang naman ang gwapo ko kung hindi ko manlang magamit to sa babaeng gusto ko dahil sa pagka torpe ko. Haaaay naman.

I looked at Arcie. Katabi niya si Jiro. Pansin ko this past few weeks parang nagiging close sila sa isa't-isa.

Tinitignan ko lang sila ngayon. Jiro was smiling while he was talking to Arcie. I've never seen his smile for a long time. Mukhang masaya siya lately.

is it because of Arcie?

Well, masaya din naman ako kasi mukhang bumabalik na ang dating Jiro but still hindi ko maiwasan na hindi ma-bother sa relationship nila.

I don't wanna hurt Jiro but I cannot give up my feelings for Arcie. It's too late. Mahal na mahal ko na siya.

"hay paos na ko, sino naman ang kakanta?" tanong ni Yanna habang nakatingin saamin.

"hay naku Yanna, ikaw lang naman ang kumakanta!" sagot sa kanya ni Justin

"ang daya! Akala ko ba celebration natin to, eh bat mukhang ako lang ang nag ce-celebrate?!"

"eh pano kasi inangkin mo na yung mic!" sagot ni Mich

Kinuha ko yung mic sa kamay ni Yanna "ok ako naman!"

"ayan! Ayan! Kakanta na ang ating Romantic Prince!! "

I choose a song. "i dedicate this song to my binbo"

"huh?" gulat niyang tanong sa sinabi ko.

HUH?!

Kahit ako nabigla sa sinabi ko. Pero wala nasabi ko na, pati ba naman pag de-dedicate ng kanta sa kanya hindi ko pa magawa?

Kung palagi akong ganito wala ng mangyayari sakin. Mawawala sakin si Arcie.

I breath deeply

"I said I dedicate this song to my beloved best friend. Makinig ka maigi minsan ko lang to gawin "

Narinig ko naman ang hiyawan ni Yanna and Michelle at ang mga pang-aasar ni Justin at Lance

"I've known you for so long you are a friend of mine

But is this all we'd ever be.

I've loved you ever since you are a friend of mine

And babe, is this all we ever could be

You tell me things I'll never know

I'll show you love you never shown

But then again when you cry I'm always at your side

You tell me bout the love you've had

I listen very eagerly

But deep inside you'll never see

This feeling of emptiness, it makes me feel sad

But then again, I'm glad"

Lumapit ako kay Arcie then I held her hand

"sabayan mo naman ako " hinila ko siya.

Tinulak-tulak naman siya ni Yanna at Mich

"go Arcie! Go Arcie!"

"yikee mukhang may namumuong love team! "

"Michelle!"

"dali na!"

"labanos"

"please? "

Kinuha ni Arcie yung isang mic

"I've known you all my life you are a friend of mine" - Arcie

Sabi na hindi ako matitiis ng best friend ko

[Arcie]

"I know this is how it's gonna be.

I've loved you then and I love you still

You're a friend of mine

Now I know friends are all we ever could be"

[Ren]

"You tell me things I'll never know

I'll show you love you never shown

But then again when you cry I'm always at your side"

I held Arcie's hand then I looked at her in her eyes

[Ren]

"You tell me bout the love you've had

I listen very eagerly"

Tumingin ako sa gilid then I saw Jiro, he stand up then he leaves the room. Tumingin ulit ako kay Arcie.

[Ren]

"But deep inside you'll never see

This feeling of emptiness, it makes me feel sad

But then again, then again.

Then again, I'm glad"

They clap

"naks kumakanta si binbo! "

"ikaw talaga labanos!! Mga kalokohan mo! "

"so did you like it?"

She smile then she pinched my cheeks.

"teka, nasan nga pala si Jiro? "

"lumabas lang sandali, mag C.R lang daw siya" sagot ni Michelle kay Arcie.

"oh, I see"

Sigh

In the end si Jiro parin ang hinanap niya.

[Yanna's POV]

Inaamin ko kinilig ako dun sa ginawa ni Ren kay Arcie ha.

Aba, aba mukhang hindi na nagpapaka torpe tong isang to. Buti naman, para mas gumanda ang laban! Mwahahahaha.

Now it's my turn

Kinuha ko yung book na pilian ng songs, may hinahanap ko ang aking favorite song.

Sana lang talaga.. sana.. sana

Tumingin ako kay Lance, nasa sulok lang siya at kanina pa tahimik.

Usually, pag nag vi-videoke kami, hindi naman siya kumakanta pero nangungulit siya. Nantitrip pa nga eh. Pero ngayon ang tahimik niya, nakakapanibago.

Kung sabagay, may nagbago naman na talaga eh.

Nung nahanap ko na yung song na gusto ko, pinindot ko na yung code.

Gitara by Parokya ni Edgar

"ok it's my turn again!"

"ikaw na naman kakanta yanna? Buti hindi ka pa namamaos! " pangaasar saakin n Justin

"Anong ako?" lumapit ako kay Lance then inabot ko sa kanya yung mic "sing for me please"

"h-huh--?" halatang gulat na gulat si Lance saakin

Matagal ko ng hinihiling na kantahan ako ni Lance pero never niya pang ginawa yun. Hindi talaga kumakanta siya kumakanta. Kahit sila Ren hindi siya mapilit

"will you sing this song for me?" tanong ko ulit kay Lance

Mukhang nagulat naman siya sa request ko.

Bakit ba? Lagi ko naman yan nire-request. And he always turns me down.

"uh.. ano.. I don't sing" sagot niya saakin

"please" pakiusap ko ulit sakanya.

Tinignan ko lang siya direct to the eyes. Siya naman nakatingin dun sa mic na hawak ko. Mukhang hindi niya malaman kung kukunin ba niya or hindi.

Bigla niyang tinabing yung kamay ko

"a-ayoko. I don't sing "

"ok"

Nilapag ko yung mic sa tabi niya

"uhmm C.R lang ako" I excused myself.

Parang eto din ang palusot ni Jiro kanina ah.

Kung siya ang prinsipe ng walk-out ako naman ang prinsesa.

"Yanna--?" Arcie tried to stop me.

"babalik din ako " I tried my best to smile

Lumabas na ko sa room

That's it! That's the sign. I think I should forget him completely.

Sa totoo lang wala na kong balak bumalik ulit. I think I need to be alone.

Nararamdaman kong parang tutulo na yung luha ko kaya I run away palabas ng house nila Justin.

Ramdam na ramdam ko ang sakit!

Damn! Si Yanna ba ko?! Bat ako nagiging ganito?! Bat ako malungkot? Bat ako nasasaktan?

Dati naman masayahin ako, yes nasasaktan ako sa ginagawa dati ni Lance but still masaya parin ako kasi kahit papano alam ko na mahalaga ako sa kanya.

But now.

Nakalabas na ko ng gate and nagaabang na ng taxi pero may biglang humila sa braso ko.

"where are you going?" nagulat ako ng makita ko si Lance.

"let go of me! " kinalas ko yung pagkakahawak niya sa braso ko pero masyadong mahigpit!

"no.. no listen to me!"

"ayoko ng makinig pa sa mga sasabihin mo!!"

"I LOVE YOU!"

Natigilan ako sa sinabi niya.

"w-what?"

"I said I love you Yanna! Mahal na mahal kita dati pa! I'm just afraid na aminin sayo kasi baka masaknan kita. That's why I remain to be your friend, at least sa ganung paraan maiiwasan kong maskan ka. Pero hindi ko pala kayang makita na mapunta ka sa iba. I love you Yanna, I really do"

Nakatingin lang ako sa kanya. My mind tried to absorb the things that he said to me.

Bigla akong napailing

"no.. no.. you don't love me"

"Yanna-"

"kantahan mo nga lang ako hindi mo magawa. Tingin mo maniniwala ako sayo? "

Kinalas ko ulit yung pagkakahawak niya sa braso. This time binitawan niya na ko.

Tinalikuran ko siya kaya lang bigla niya kong hinila ulit.

"kung ayaw mong maiwala then I'll let you feel it"

He dragged my head palapit sa kanya then

He started kissing me gently

Tinulak ko siya kaya lang ayaw niya kong bitawan.

He's still holding the back of my head then this time he started kissing me aggressively.

I don't want to kiss him back but I can't just resist it.

I let him kiss me.

Nung medyo natauhan ako tinulak ko ulit siya, this time napaupo na siya sa sahig sa lakas ng pagkakatulak ko.

"you.. you.."

Tinalikuran ko siya then I started to run.

Nung nasa park na ko, bigla naman akong natisod kaya nadapa ako.

Bigla na lang tumulo yung luha na matagal ko ng pinipigilan.

Ano ka ba naman yanna! Matagal mo ng pinangarap na mapunta ang first kiss mo kay Lance! Ngayong nangyari na iiyak iyak ka diyan!

Bakit ba naman kasi magmamahal ako dun sa playboy pa?

I want to believe what he told me, pero hindi ko na magawa. Nasaktan na ko ng husto. Lagi na lang niya ko pinalalayo sa kanya. Kada didikit ako parang diring-diri siya sakín. Nakikipag flirt siya sa kung sinu-sinong babae sa harap ko. Kada magagalit ako, laging nauwi ako pa ang napapahiya. Pinaramdam niya sakín na wala akong pag-asa sa kanya

Now he is telling me he loves me?

Tingin niyo mapapaniwalaan ko pa yun? Sa lahat ng ginawa niya, saang banda dun yung sinasabi niyang mahal niya ko?

Lance is so mean. Hindi ba sapat na nasaktan na ko sa kanya? Bat parang gusto niya pang mag-suffer ako ng husto?

I don't want to love Lance anymore, bat ba hindi ko magawa yun?!

Naramdaman kong may umalalay sakín na tumayo galing sa likod.

Hinarap ako ng taong yun

"k-koala "

He wiped my tears then he hugged me

"Yanna, come with me. I want to show you something. But before that please stop crying. Nasasaktan din ako pag nakikita kitang umiiyak "

I nodded.

Bakit ba kada nasa ganito akong sitwasyon, laging dumadating si Patrick?

Chapter 25

HIS life

[Lance's POV]

I stared at Yanna's back while she is running away from me.

She's mad. Alam ko yun. I shouldn't kiss her in the first place but I can't resist myself. And besides I know she's not mad at me because I kiss her. She's mad at me because I'm a jerk. Hindi ko siya pinahalagahan dati. Ngayon wala na siya sakín. Hindi ko na mababalik yung dati.

If only I was given a second chance..

I felt my tears flowing from my eyes. This is the first time I ever cried for a girl.

So ganito pala ang ma-heartbroken. Kung alam ko lang hindi na sana ko nagpaiyak ng madaming babae dati.

Karma strikes me.

I went to my car and dun ko binuhos lahat ng sakit. I cried hard. Ngayon ko lang nararamdaman kung gaano ko kamahal si Yanna. I love her so much that it hurts me like hell. But still, I don't want to stop loving her.

Ganito ko na pala siya kamahal, hindi ko pa narealize. Una pa lang siya na ang gusto ko pero ang tanga ko para makipag fling sa mga babae kung pwede naman akong magkaroon ng serious relationship with her. Sana dati pa lang narealize ko lahat ng to. bakit ba matututo ka lang kung kelang huli na ang lahat?

"kantahan mo nga lang ako hindi mo magawa. Tingin mo maniniwala ako sayo?"

Alam ko hindi na siya maniniwala sakin kahit ilang beses ko pang sabihin na mahal ko siya. I'm so stupid! I ruined everything.

Biglang napaangat yung ulo ko.

Wait...

Wait..

Maybe there still a chance.

Bat ba ko susuko? Bat ba ko nagpapaka depress dito.

I don't care if she won't believe me. Gagawin ko ang lahat mahal lang niya ulit ako.

She always do something for me.

It's about time that I do something for her.

I drove my car papunta sa house nila Ren. Nung makarating na ko, sinalubong agad niya ko ng tanong.

"bro saan ka ba nag punta! Grabe kayong tatlo nila Jiro at Yanna! Mga nagpaalam kayong mag pupunta lang sa CR mga hindi na bumalik! Akala tuloy namin na-flush na kayo sa inodoro! Tsaka bat ganyan ang mata mo bro, namamaga? May sumapak ba sayo? Kinagat ka ban g bubuyog? O umiyak ka? "

"Ren, help me " sagot ko sa mga tanong niya.

"huh?" takang taka naman niyang reaction

[Yanna's POV]

Tahimik lang ako habang nakasakay sa car ni Patrick. I don't have any idea kung saan kami pupunta and hindi narin ako nag abalang magtanong sa kanya. Ang gusto ko lang ngayon, makalayo kay Lance.

Hindi rin naman nagtanong si Patrick kung bakit ako umiiyak. He just tried to make me smile. Pero hindi rin naman ako nag effort na mag smile.

I feel bad. Patrick is so nice to me pero ganito pa ang inaasta ko ngayon. Maybe I am hurting him.

Bat kasi ako pa nagustuhan nitong taong to. he don't deserve me. He deserve someone better.

Maya-maya lang, nag park si Patrick sa garage ng isang magandang bahay.

"where are we?"

"my house "

Bumaba ako ng car and ang unang bumungad saakin is yung garden nila na napaka ganda and ang daming flowers

"wow!!! "

Napa-smile naman ako ng di-oras. I love flowers!

"hay ang garden lang pala namin ang magpapa-smile sayo. Good thing ngumiti ka na "

He smiled at me.

I smiled back.

Lumapit ako dun sa mga lilies. "let me guess, ang mom mo siguro ang nagtatanim nito no?"

"nope."

"sino? Siguro ikaw no? "

He laughed "of course not. I don't have a green thumb. Actually, sister ko"

"oh.. I see. May sis ka pala."

"yup older sis," he held my hand "let's go inside, I want to show you something"

Pumasok kami sa house nila.

Hmm wait a minute, may napapansin ako. mukhang hindi na nauutal si Patrick saakin.

Hay thank goodness. That's a relief!

Maganda naman ang bahay nila Patrick, malaki and malinis. Kaso syempre mas malaki ang amin. Yun nga lang talo talaga nila ang garden namin. I love their garden!

Umakyat kami sa taas and pumasok kami sa room na parang studio. Nakita ko na maraming paintings sa wall. Mostly puro painting ng nature.

"ikaw ang nag paint ng lahat ng to?"

"yup. Pero hindi yan ang ipapakita ko sayo. Come here"

Dinala niya ko dun sa other side ng room and nakita ko yung mas marami pang painting.

Paintings of me.

Hindi ko alam kung ano itsura ko nung nakita ko yung mga paintings, pero alam kong gulat na gulat ako.

May painting dun nung time na nanalo ako as ms. prince academy. Meron yung nakaupo ako sa bench sa school namin while I was talking to someone. Meron pa yung palabas ako sa classroom namin.

"so, do you like it?"

"I'm... I'm speechless. Paano mo na-idrawing to lahat?"

he laughed "natural, stalker mo kaya ako dati pa! "

may kinuha siyange painting then pinakita nmiya sakin "this one is my favorite "

ako parin yung nasa painting. I was wearing a simple dress and pababa ako sa car. I'm holding my hat above my head para hindi siya liparin. I remember this scene. Volleyball tournament to nila Michelle.

"I'm pretty. Siguro nahirapan kang i-draw ako no? " I teased him

"not really. Kung kung mapapansin mo may pagkakaparepareho sa mga paintings ko sayo."

Tinignan ko silang mabuti "pagkakapareparehas? Bukod sa ako lang ang nasa painting mo and kahit saang anggulo ang ganda ko, ano ang common diyan?"

"you're smiling sa lahat ng paintings ko"

Tinignan ko lahat ng painting and he's right. Naka-smile nga ako.

He held my hand "yanna, I really really like you. I don't want to loose that smile. Sana yanna, if you think na may kailangan kang bigyan ng second chance, gawin mo. Alam kong magiging happy ka sa kanya."

Inalis ko yung pagkakahawak niya sa kamay ko "no. lahat ng babae napapansin niya, except me. Nasaktan na ko ng husto, tama na yun. " I hugged Patrick "kung may dapat akong bigyan ng chance, ikaw yun"

I made up my mind. Starting today, kakalimutan ko na si Lance. Ang dapat kong mahal in si Patrick because I know, hindi ko mararanasan sa kanya ang mga naranasan ko kay Lance.

[Patrick's POV]

Hinatid ko palabas ng bahay si Yanna. Dapat nga ihahatid ko pa siya hanggang sa house nila pero mapilit eh. ayaw magpahatid. Mag ta-taxi na lang daw siya.

Pag pasok ko sa house naming, may isang babae naman na bumulaga saakin

"siya ba yun? "

"a-ate?!what are you doing here?! Kelan ka pa bumalik?!"

"kagabi pa "

"kagabi pa?! bat hindi kita nakita?!"

"nu ka ba kapatid! May jetlag pa ko no! diretso agad ako sa room kaya hindi na ko nakapag pahinga. Anyways, siya ba yung girl na kinukwento mo? "

"yup. Siya nga ate."

"oh I see. She's very beautiful. siguro nahirapan kang mapasagot siya no? hay, paano bay an mukhang hindi na talaga sasama saakin ang aking baby brother pabalik ng states. "

"not really."

"huh? Bakit naman? "

"pag na-realize na niyang si Lance ang kailangan niya, siguro pupunta na ko sa states. "

"wait, wait you mean wala kang gagawin para pigilan siya? Para iparamdam mong mas deserving ka sa kanya?"

"her smile is my life. Kung saan siya mas masaya gusto ko yun ang sundin niya "

Chapter 26

The Reconciliation

[Lance's POV]

"Ren, help me"

"huh? " takang-takang tanong saakin ni Ren

"hindi ko kayang mawala saakin si Yanna, please "

"ok, I understand you. Sabihin mo saakin ano ba ang matutulong ko."

Kinuha ko yung guitar sa tabi ng kama ni Ren **"turuan mo ko tumugtog"**

"hmm.. babawi ka sa hindi mo pagkanta sa kanya . Sure! Kelan mo gustong mag start?"

"right now" sagot ko kay Ren

"err—now?"

"yup! Para bukas matugtugan ko na siya"

Nanlaki naman bigla yung mata ni Ren “you mean, ituturo ko sayo lahat ngayon?!”

I nodded

“that’s impossible! Hindi ka matututong tumugtog in just one night! Tsaka ano ba yung gusto mong pagaralang tugtugin?”

“yung gitara ng parokya ni edgar”

“mahirap pa yung gusto mong pagaralan! Naku naman Lance! Kailangan natin unti-untiin yun!” galit na sagot niya saakin

“ok lang yun! Hindi ako matutulog hanggat hindi ako matuto ”

“wahahaha”

“hahaha ”

“nyahahaha”

“hehehe”

Bigla naman akong binatang ni Ren

“aray ko! ” sabi ko habang hinihimas himas ang ulo ko. Lokong Ren to bigla biglang namamatok! >_<

“ugok! Ako magtuturo sayo ibig sabihin hindi din ako matutulog! ”

“parang ganun na nga”

“a big NO! kasi naman eh, kung kumanta ka nalang sana nung nag videoke tayo edi sana pareho tayong hindi nahihirapan ngayon ” galit na pangaral ni Ren saakin

Lumuhod naman ako sa harap ni ren at niyakap ko ang mga hita niya “sige na Ren, bro! para saan pa at naging mag bro tayo? nasa tyan palang tayo ng mga magulang natin, magkabuhol na ang buhay natin! Ibig sabihin kailangan natin tulungan ang isa’t isa! Please turuan mo ko!!” >_<

“huy! Bitawan mo nga ang mga hita ko!” sabi niya habang nagpupumiglas sa mga yakap ko sa hita niya

“Sige na please!! Hindi ako aalis dito hangga’t di ka pumapayag!! ”

“imposible naman kasi yang sinasabi mo eh!”

“Walang imposible sa taong nagmamahal! Sige na Ren! Libre ko lunch mo for two months”

Bigla naman natigilan si Ren “libre ba kamo?”

“yup”

“ok then! Let’s start the lesson ”

Ay sows! Yun lang pala ang dapat kong sabihin para pumayag to! lumuhod luhod pa ko! Sayang ang effort!

[Yanna's POV]

*“No, happily never after
That just ain't for me, because finally
I know, I deserve better after all
I never let another teardrop falls”*

Ang boooooooooooooooooooooorrrriing
Sana andito si Patrick para kwentuhan ulit ako tungkol dun sa mga koala na nahuhulog sa puno.

Sunday ngayon, plan ko sana na mag simba kaya lang ang lakas ng ulan.

Ondoy ikaw ba yan?

Kaya eto maghapon na nasa kwarto at puro soundtrip ang ginagawa ko.

Eto ang ayoko eh, yung walang magawa, naisip ko tuloy *siya*.

Ano ba yan! Ayoko na nga siyang isipin eh! gusto ko ng mag move-on. Kakalimutan ko na siya!
At ayokong magpaka bitter kaya dapat tantanan ko na tong mga panamang kanta na to ng hindi ako maging bitter!!

Bigla namang may kumatok sa pintuan ko.

“Ms. Yanna?”

“bakit po manang?”

“may bisita po kayo”

Ayan ayan may bisita ako.

“ah wait lang magbibihis lang ako”

Kinuha ko yung damit sa cabinet ko

“Sino daw po yung bisita?” tanong ko kay manang habang busy parin sa paghahalungkat ng pwedeng maisuot

“si Sir Lance po”

Natigilan naman ako. binitawan ko yung mga damit na hawak ko at wala na kong plano na buksan ang pintuan sa room ko

“tell him wala ako ”

“pero po—“

“it's ok manang, ako na po bahala” narinig kong sinabi ni Lance kay manang.

Naku naman! Siguro kanina pa yan sa may pintuan ko! Mapapagalitan ko si manang mamaya!
Naku!!

“uhmm Yanna”

“get lost! ”

“Yanna, I know you’re mad at me, but please, kausapin mo naman ako ”

“no! umalis ka na nga lang Lance! Stop bothering me!!”

“please yanna” I heard a knock “please, open the door”

“I said no!!”

“please? I’m soaking. Sumugod ako sa ulan and nilalamig na ko. Please?”

Ay ang loko! Kita ng bumabagyo sumugod sugod pa! paano kung magkasakit siya?! Loko talaga!!

Wait, pake ko ba?

“s-so? I don’t care!!”

“ayaw mo ba talaga akong kausapin?”

“ayoko nga sabi eh!!”

“ok then”

Hindi ko na narinig yung boses niya. Siguro umalis na yun.

Ang bilis naman sumuko.

Hay ano ba?! Bat ba parang naiinis ako na umalis na siya?! Sabi ng move-on eh! sabi ng dapat ng kalimutan ang playboy na yun!!

Sumilip ako sa bintana ko para tignan kung tuluyan ng umalis yung mokong na yun, but no sign of him.

Baka hindi pa nakakalabas ng bahay.

Inabangan ko yung paglabas niya ng bahay pero nangawit na ang leeg ko kakasilip, hindi parin siya lumalabas.

Nagulat naman ako dahil bigla akong nakarinig ng tunog ng gitara sa labas ng kwarto ko.

Medyo familiar sakin yung tunog kaso para atang wala sa tono and napaka bagal nung pagstram.

*“Bakit pa kailangan mag bihis? Sayang din naman ang porma
Lagi lang naman may sisingit, sa tuwing tayo’y magkasama.
Bakit pa kailangan ng rosas, kung marami namang mag aalay sayo?
Upo na lang at aawit
Maghihintay ng pagkakataon”*

Nagulat naman ako dahil boses ni Lance yung kumakanta. Well, ngayon ko lang siya talagang narinig kumanta pero na-identify ko parin yung voice niya.

*“hahayaan na lang silang magkandarapa na manligaw sayo
Idaraan na lang kita sa awitin kong ito.*

*Sabay ang tugtog ng gitara
Idadaan na lang, sa gitara”*

Napatakbo naman ako sa pintuan ng kwarto ko then binuksan ko. And ayun nga, bumungad sakin si Lance. Basang basa, may hawak na gitara and puro band aid ang daliri niya.

*“Mapagaod lang sa kakatingin kung marami namang nakaharang
Aawit na lang at magpaparing
Ng lahat ng aking nadarama”*

Pumasok siya sa loob ng room ko

*“pagbibigyan na lang silang magkandarapa na manligaw sayo
Idadaan na lang kita sa awitin kong ito
Sabay ang tugtog ng gitara
Idadaan na lang sa gitara”*

He looked at me then he kneeled down

“Yanna ayan nag-aral ako tumugtog para makabawi ako dun sa times na hindi kita kinantahan. Pagpasensyahan mo na kung wala sa tono yung pagtugtog ko pati narin yung boses ko. Yanna I’m sorry, sana patawarin mo na ko. Siguro hindi mo na ko magagawang mahal in ulit, pero kung tingin mo happy ka na kay Patrick, wala na kong magagawa kundi maging happy narin para sayo. But please believe me, I really love you Yanna. Hindi ko napakita yun sayo kasi wala akong lakas ng loob na aminin sa lahat na nagmamahal din ako ng totoo. Kung kelan nagkaroon na ko ng lakas ng loob tsaka naman huli na ang lahat. Siguro tatanggapin ko na lang na nagkamali ako. kaya sana yanna patawarin mo na ko.”

I’m a jerk.

Hindi naman ako galit kay Lance eh.

Mahal ko parin naman siya kahit nasaktan ako

Sadyang pride lang ang pinairal ko.

But still, I’m happy.

Kaya palang gawin ni Lance ang ganitong bagay

Hinawakan ko siya sa braso and I signaled him to stand up

“I’ll forgive you if you promise me one thing”

“a-ano yun?”

“don’t you dare break my heart again”

Before he could answer, I place my arms around his neck then I kissed him.

Humiwalay siya sa pagkakahalik ko sa kanya then he looked at me in the eyes

“I promise ”

Then he started kissing me.

Chapter 27

The Thief

[Patrick's POV]

Nasa studio ako the whole day nag sketch ng picture ni Yanna.

She's not just pretty she's also kind and bubbly. Napaka swerte ko na para maging kaibigan siya.

Nakita ko naman si ate na nakatayo sa may door ng pintuan ko kaya tinakpan ko yung sketch ko.

"ate kanina ka pa ba diyan?" I asked her

"hindi naman. Umakyat lang ako para tawagin ka kasi kakain na tayo ."

"oh ok. Sige susunod na ko"

Lumapit siya sakin then tinapik niya ko sa likod

"I'll be leaving tomorrow."

"ganun ba? Susubukan kong makasunod sayo as soon as possible"

She hugged me

"kapatid, talaga bang hindi mo siya ipaglalaban?"

"pag pinaglaban ko siya pareho lang kami masasaktan kasi hindi naman ako ang love niya eh "

Hinimas niya ang ulo ko "ate, am I being coward? " tanong ko sa kanya

"no, you are being brave. Alam kong napaka painful na pabayaang ang girl na mahal mong mapunta sa iba put still, you are willing to let her go."

"then, am I a martyr?"

"not really. Because you are doing this kasi gusto mo siyang sumaya. And you told me her smile is your life "

I smile "thanks ate "

"hay ang kapatid ko talaga! I'm so proud of my brother! Kaya bumaba ka na at mag dinner na tayo! "

Before siya lumabas, she gave me a thumbs up.

Hay ako din, proud ako na I have an understanding sister.

Niligpit ko na yung mga gamit ko, then I heard my phone rings.

Calling..

Yanna

Si Ms. Yanna?

Sinagot ko agad

"hello Ms. Yanna?"

"uhmm Patrick, busy ka ba?"

"oh, hindi naman, kaso kasama ko kasi si ate. Why?"

"kasi, well you see.. uhmm Pat, bati na kami ni Lance."

Natigilan naman ako sa sinabi niya.

Bati na sila ni Lance? Ibig sabihin--?

"oh, that's-that's nice. Buti b-bati na kayo "

"I'm sorry"

"you shouldn't be. Alam ko naman na happy ka sa decision mo and I'm also happy for you."

"thank you very much koala! Uhmm gusto mo ba sumabay samin kumain tomorrow lunch?"

"oh mukhang hindi ako makakapasok tomorrow, aalis na kasi si ate pabalik ng states."

"oh sayang naman."

"uhmm Yanna, kakain na kami ng dinner and I also need to fix my things."

"oh sorry. Basta ha next time sumama ka na?"

"sure. Sige yanna I'm going to eat my things este dinner and magaayos pa ko ng gamit. bye"
>__<

"oh ok bye"

"ah wait-" narinig ko na yung dial tone, siguro binaba na niya yung phone

"wag ka na sana umiyak ulit Yanna. I love you "

Lumabas ako ng room then nakita ko si ate na hinihintay na ko sa dining room

"oh Patrick, kain na"

"ate, I guess makakasama na ko sayo pauwi bukas sa states "

"oh dear" my sister hugged me

Then, like a child,

I cried in her arms.

[Yanna's POV]

Riiiiiiiiiiiiinnnnnngggg

Lunch time!!

Hay sa wakas!! I'm starving!

"Yanna let's go lunch na tayo." pagyayaya saakin ni Mich

"wait, where's my Lance?" tanong ko naman sa kanya

"lumabas agad eh. may kailangan daw siyang asikasuhin saglit." sagot ni Justin saakin

"oh I see"

Ano naman kaya yun? Naku! Siguraduhin niyang hindi babae yang 'aasikasuhin niya saglit' na yan! Wag niyang hayaang pagsisihan ko ang pagpapatawad ko sa kanya. Pag nagkataon forever ko na siyang pagpapalit kay koala!

Dumiretso na kami sa leisure room. Si Arcie naman pumunta muna sa principal's office dahil may mga ipagagawa daw sakanya yung mga teacher.

Hay naku! Tong mga teachers na to utos ng utos kay Arcie! Dapat bawas bawasan na nila yun. Baka maging future boss na nila si Arcie pag nagkataon. Wahahaha.

Pagdating namin sa leisure room, nakahanda na ang foods. Aba syempre no ganto talaga ang S6.

"tara kainan na!!" nag amba nang kumuha si Ren ng pagkain

Pinigilan naman siya ni Mich "hintayin muna natin si Arcie"

Katakawan ng lalaking to

"teka, si Lance din wala pa" paalala ko sa kanila

Bigla namang bumukas yung door and pumasok si Arcie

"kainan na?" tanong ni Arcie saamin

"sure, tara umupo ka na dito binbo"

Tumabi naman si Arcie sa gitna ni Ren at Jiro.

Ang love triangle ng bayan amen!

"tara kain na tayo!!" kukuha na naman ulit sana si Ren ng food pero pinigilan ko naman siya

"matakaw ka talaga! Si Lance pa!"

"hindi ata makakasabay si Lance ngayon, sabi niya may kailangan pa siyang gawin" sabi saakin ni Jiro

"ganun?"

Nasan naman kaya yung lalaking yun?!

"sige na sige na kain na tayo!"

Nagdasal kami then we ate.

"wow!! Binbo gusto mo palit tayo ng pagkain?"

Tinignan ko si Ren. Lagi na lang nakikipagpalit to kay Arcie.

Oo nga pala, sinabihan namin si Arcie na wag na siya magbaon at kainin narin niya ang mga hinahanda dito, tutal libre naman namin, ayaw niyang pumayag. Syempre si Ren din ayaw pumayag no!

"Hay naku labanos tumikim ka na lang oh"

"sure ka ayaw mo ng steak? Tara palit tayo!" ilalagay na sana ni Ren yung steak sa baunan ni Arcie kaso inilayo naman to sa kanya ni Arcie

"ayoko! Luto to ni mama eh!"

"patikim na nga lang. adobo to di ba?"

"yup"

Kumuha siya sa pagkain ni Arcie "ang sarap talaga binbo! Palit na kasi tayo!"

"tumigil ka nga labanos!!"

"hay naku Ren, nagmumukha kang patay gutom diyan!" comment ko kay Ren.

"hmp!" pagmamaktol naman nito

"ikaw Jiro gusto mo tikman?" alok naman ni Arcie kay Jiro

Tinignan ni Jiro yung lunch box ni Arcie then kumuha siya ng onti

"thanks"

Hmm, mukhang uuwing luhaan ang aking matakaw na friendship na si Ren pag hindi pa to kumilos kaagad.

"anyways Yanna, kayo na ba ni Lance?"

Muntikan naman akong mabilaukan sa tanong ng matakaw na to!

"wh-what are you talking about "

"ang sweet niyo kaya kanina halos langgamin na kayo" pang gagatong pa ni Arcie

At talaga namang nakisali pa tong si Arcie!

Actually sinabihan ako ni Lance na wag munang mag kwento sa S6 dahil gusto niya na sabay kaming magsasabi ng about saamin..err kung meron man.

"wala lang yun. Bati na kasi kami. Ganun naman kami di ba?"

"nope. Not really. Kasi dati ikaw lang ang sweet, si Lance layo ng layo sayo at lagi kayong naghahabulan sa room. " sabi ni Michelle while rolling her eyes heavenwards

"ngayon, si Lance naman ang dikit ng dikit sayo." panggagatong pa ni Justin

"holding hands pa nga kayo kanina" pakikisali pa ni Arcie

"dala dala pa nga ni Lance yung bag mo kanina pag pasok eh" dagdag pa ni Michelle

"so kayo na ba?" tanong ni Ren

"or nanligaw siya sayo?" dagdag na tanong ni Justin

HOTTTT SEATTTT! >__<

Grabe naman tong mga to ginigisa ako! naku naman!

Mukhang si Jiro lang kakampi ko dito, siya lang ang hindi nagsasalita eh. Huy Mr. Ultimate Prince, wag kang manahimik diyan, defend me!! >__<

"wala!! We're friends that's all!" sagot ko sa lahat ng mga intriga nila

"sus we're friends daw. Ano to showbiz? Samantalang dati kung ipagsigawan mo sa buong mundo na boyfriend mo si Lance " pangaasar saakin ni Ren

Grrr, patay tong matakaw na to saakin!

"wala nga lang-"

"bat ka namumula?" tanong ni Jiro saakin

Napatahimik naman ako.

sniff kala ko kakampi kita!

"err-"

Bigla naman nag ring yung speaker kaya lahat ng attention nila napunta dun.

WHEW! Save by the bell!

Kaso nagulat naman ako ng marinig kong si Lance ang nagsalita sa speaker.

"calling the attention of all the Prince Academy students please proceed to the assembly hall now."

Sa boses pa lang ni Lance halatang mahalaga ang sasabihin niya. Seryosong seryoso siya eh.

Ano kaya problema nito?

"bakit kaya?" takang takang tanong ni Justin

Sinenyasan naman kami ni Jiro na lumabas na "let's go. Pumunta na tayo sa assembly hall"

Pumunta na kami agad sa assembly hall and pagdating namin, ang dami nang nandun. Aba naman si Prince Lance ba naman ang nagpatawag, imposibleng hindi kumaripas ng takbo ang mga madlang people papunta dito.

Maya-maya lang lumapit si Lance sa mic. He look so serious.

"I think kumpleto na kayong lahat dito. I have a very important announcement to make"

Bat ba parang kinakabahan ako?

"there's a thief in this school"

Nagulat kaming lahat sa sinabi niya. Lahat ng estudyante nagbubulungan na dahil sa sinabi ni Lance.

Never pang may na-report na may nanakawan sa school na to kasi lahat ng tao dito puro elites.

"that thief stole something for me na napaka halaga. I think kung sino man siya, that person need to be punished severly" sabi niya ng seryosong seryoso at mukhang galit

kinalabit naman ako ni Arcie "Yanna, may alam ka ba dito?"

"wala. I'm as shock as you are."

Siguro napakahalagang gamit yung nanakaw sa kanya kaya ganyan na lang siya kaseryoso. Ang tanong, ano yun?

"Prince Lance, do you have any idea kung sino yung thief na yun?" tanong nung isang estudyante sa kanya

"actually, kilala ko talaga kung sino siya"

"kilala naman pala ni Lance bakit kaya hindi nalang niya ni-report sa principal?" takang takang sabi ni Ren

"maybe because mahalaga talaga yung nakuhang gamit sa kanya. Siguro gusto niyang ipahiya yung taong yun" sagot ni Justin

"sino siya Prince Lance?"

Lance looked at our direction

"Si Ms. Yanna Scott"

Lahat ng tao sa assembly hall nagulat. And ramdam ko na lahat sila naka tingin sakin.

Ako naman, parang nanlamig ang katawan ko and hindi ako makaalis sa kinatatayuan ko.

"hey wait Lance what are you talking about?!" galit na tanong sa kanya ni Ren

"Yanna is the thief. Sinasabi ko lang sa buong school." Lance answered him with a straight face

So, yun pala yun. Kaya pala siguro nakipag ayos siya sakin para ipahiya ulit ako? maybe he's still frustrated nung muntikan ko na siyang ipagpalit kay Patrick

"stop it Lance! Bat mo ba ginagawa to?! ano na naman to?!" sigaw ni Mich kay Lance

He look at me seriously then tumingin siya sa mga students na nandito

"everyone, tignan niyo ang magnanakaw sa school na to"

I am humiliated. Swear! Gustong gusto ko nang mag walk out pero ayaw gumalaw ng mga paa ko. I want to defend my self pero walang lumalabas sa bibig ko. Napayuko na lang ako and I can feel na lalabas na yung mga luha sa mata ko.

"look at the person who stole my heart " narinig kong sinabi ni Lance

Bigla naman napaangat ang ulo ko. Lance was looking at me, and he was smiling.

Bumaba siya sa stage palapit sakin. He held my hand then he lead me paakyat ng stage.

"everyone, Yanna Scott is the one and only girl who stole this Casanova's heart. Di ba sinabi ko sainyo na the thief needs to be punished severly." Lance looked at me "as your punishment, you also need to give your heart to me and spend the rest of your life with me. "

Nagtilian ang lahat ng nasa assembly hall.

Lance knelt down in front of me "Yanna, will you give your heart to me?"

Hindi ko alam kung ano ang irereact ko. So set up to? Pinagplanuhan niya to? mukhang maiiyak na talaga ako but this time because of happiness

I smile "you don't have to ask for my heart" inalalayan ko siya na tumayo "because my heart is yours already "

Naghiyawan naman lahat ng tao. Shocks, para naman akong nasa movie nito!

"so you mean tayo na?"

"hmm yes? "

"YES!!" Lance hugged me.

May mga nagpapalakpakan, yung iba naman sumisigaw ng "kiss!"

Napaka stupid ko talaga para isipin na ipapahiya ako ni Lance. Pero na-surprise talaga ko sa ginawa niya. I'm very happy. I really love this guy, and I'm glad he loves me too.

"Mr. Lance Victorino baka nakakalimutan mo ako ang tumulong sayo kaya yung libreng lunch ko walang kalimutan! Ikaw ang sanhi ng eyebags ko!" sigaw ni Ren

Nagtawanan naman lahat.

"bakit ano ba naitulong ni Ren?"

"it's a secret between the two of us " he wink

Si Ren na lang ang tatanungin ko! Madali naman ma-bribe ng pagkain yan eh. wahaha.

"but before that. May kailangan tayo puntahan"

"ha? Saan?"

"batsa, ipapaliwanag ko na lang sayo sa car"

Hinila niya ko pababa ng stage. "Jiro ikaw na bahala mag explain sa mga teachers"

"sure!"

Sumakay kami sa car ni Lance. Saan ba talaga kami pupunta?

"Lance where are we going?"

"sa airport"

"huh? Why?"

"Yanna" lance held my hand "si Patrick, aalis na siya"

Chapter 28 ***Parting Gift***

[Patrick's POV]

All my life, I thought of love as some kind of voluntary enslavement. Well, that's a lie: freedom only exists when love is present. The person who gives him or herself wholly, the person who feels freest, is the person who loves most wholeheartedly.

And the person who loves wholeheartedly feels free...

...I am convinced that no one loses anyone, because no one owns anyone.

That is the true experience of freedom: having the most important thing in the world without owning it.

“pat, do you want coffee?”

I close the book that I'm reading then I look at my sister.

“no thanks. Sa plane na lang ako kakain mamaya”

“ok, if you say so. Sure ka na ba talagang sasama ka sakin?”

“ate, kagabi pa ko naka impake. Sure na sure na ko. ”

she looks at me like she don't believe any single word that I've said.

“ate I'm fine swear! Tsaka kung iiwan mo ko sa bahay, sige ka magkakasakit ako sa sobrang depression at heart broken. Naku, baka ikasanhi pa yun ng pagka baliw ko. Gugustuhin mo ba na ang iyong nagisang cute little brother eh tumira sa mental hospital?”

Kinurot ako ni ate

“oo na oo na! sasama ka na sakin ”

“ayan! ”

“sige, I'll just buy a coffee ha. Dito ka lang”

“sure. Bilisan mo, malapit na flight natin”

Umalis na si ate.

I look at my watch. 30 minutes to go.

30 minutes na lang, mag papaalam na ko ng tuluyan sakanya. Maybe I won't be seeing her again.

Ano kaya magiging reaction niya pag malaman niyang umalis na ko? Ayoko na kasi mag paalam sakanya, baka umiyak lang siya.

Ok ng ako ang nasasaktan kaysa siya.

Sayang hindi ko manlang nabigay yung gift ko sa kanya.

Dumating na si ate na may dala-dalang cup ng coffee.

“hay wala parin” she sat beside me

“ang alin? ”

Tumingin siya sa watch niya **“nothing”**

Tumayo siya and nag lakad pabalik balik sa harapan ko while drinking the coffee. Panay din

ang tingin niya sa malayo pati sa watch niya.

“may hinihintay ka ba ate?”

“wala naman”

“eh bat palakad lakad ka? Siguro hinihintay mo ang boyfriend mo no?”

“boyfriend? Ano ka ba kapatid! Nandun ang boyfriend ko sa abroad!”

Eh sino naman hinihintay nito?

Umupo ako then tinignan ko ang relo ko. Ilang minuto na lang.

Kinuha ko yung book na binabasa ko then nag start ulit ako na basahin siya. Kesa naman si ate ang tignan ko, nakaka hilo lang ang pag paparit-parito niya.

“KOALA GONZALES!!!”

Napatayo ako bigla ng marinig ko ang boses na yun.

“hay at last!”

“wha---what the--? ” gulat na gulat ako ng makta ko kung sino ang sumigaw.

Yanna is standing in front of me.

She was crying.

I look at my ate

“bat mo sinabi? ”

“she needs to know”

Yanna is crying because of me! Great!! Because of my sister ayan ang last memory namin sa isa’t isa!!

Tumalikod ako then kinuha ko yung mga gamit ko

“let’s go”

“b-but—“

Hindi ko na hinintay si ate, tuloy tuloy na ko sa paglalakad palayo sa kanila kaya lang

BBBBBBBOG

“ARAY!!”

Napahawak ako sa likod ng ulo ko. Paano ba naman binato ni Yanna yung sapatos niya sakín. Take note, may takong pa yun. Muntikan na atang bumaon yung takong sa ulo ko. >__<

“HOY GONZALES!! SINO KA PARA TALIKURAN ANG ISANG YANNA SCOTT?! ”

I look at Yanna and kita kong galit na galit siya sakín

“YOU’RE A COWARD!!” sigaw niya saakin

Lumapit siya saakin

“bat ka aalis ha?! Bat hindi ka nagpapaalam saakin?!” this time umiiyak na siya “bakit? Galit ka ba saakin kasi pinaasa kita tapos bigla kong babalikan si Lance? Patrick I’m so sorry, hindi ko naman talaga sinasa—“

Before she could finish what she’s trying to say, I hug her.

“ayokong makitang umiyak ka kaya hindi ako nagpaalam. Yanna, I’m very happy for you and Lance, swear. Alam mo naman na suportado kita sa kahit anong makakapagpasaya sayo diba? ”

I release her

“do you really have to go? ”

“yes. I also need to find my happiness ”

“then, hindi na kita pipigilan. Just promise me one thing”

“ano yun?”

“be happy”

I smile “I will. You too”

Tumingin ako kay Lance “sorry pala dun sa pag punch ko sayo dati”

“ok lang bro, I deserve it. Natauhan ako nun. Thank you Patrick” sagot niya saakin

“ikaw na bahala kay Yanna. Don’t hurt her or else babalik talaga ko dito para suntukin ka”

“don’t worry, I won’t hurt her anymore”

“Oy koala, papakilala mo saakin kung sino man ang magiging girl friend mo ha?”

“of course ”

“and dadalaw ka dito ha?”

“sure”

“And padadalhan mo ko ng chocolates and imported bags?”

“marami pa kung gusto mo ”

“And... and... don’t forget me. Ang nagiisang napakagandang best friend mong si Yanna Scott ”

“I won’t forget you. I promise ”

Tinapik ako ni ate sa likod “Pat, it’s time to go”

“wait” binuksan ko yung bag ko and kinuha ko yung naka roll na papel dun
Inabot k okay Yanna “my parting gift” kinuha niya sakin “see you soon Yanna ”
“see you soon Koala”

I picked up my things then nag lakad na kami paalis.

At least, God gave the chance to know Yanna Scott.

Ang first love ko.

[Yanna’s POV]

Tinignan ko yung binigay ni Patrick sakin.

Isang sketch. And syempre ako na naman yung dinrawing niya. Kung hindi ako nagkakamali, yung naka drawing dito, eto yung time na pumunta kami sa house nila and tuwang tuwa ako nung nakita ko yung garden nila.

Magaling talaga mag drawing si Patrick.

Naramdaman kong tinap ni Lance ang likod ko

“He’s a good guy”

“yes, he really is ”

Lance put her arms around my shoulder

“let’s go back?”

I nodded.

Tinignan ko ulit yung sketch. napansin ko may nakasulat sa ibababa.

I read it

“smile Yanna”

Patrick is OUR angel. Kung hindi dahil sa kanya, hindi sana ko ganitong kasaya ngayon.

I’m glad I met him

Sana maging happy narin ang angel ko.

Chapter 29
The Past

[Amber’s POV]

London, England

“I’m going” i told mom without even looking at her

“Wait Amber, hindi ka manlang ba kakain ng breakfast?”

“no thanks”

Dire-diretso akong lumabas ng bahay.

“Wait Amber! Lagi ka na lang hindi nag bbreakfast! Ano ka ba!” sinundan ako ni mommy sa labas ng bahay. **“and bakit ba hindi mo ko kinakausap ng maayos ha?! What’s your problem? I thought naayos na natin to?!”**

I look at her **“no, not really. Kasi hanggang ngayon ayaw mo parin ako pabalikin sa Pinas”**

Sumakay ako sa bike ko then umalis na ko

Tsk. Nagaalala siya dahil hindi ako kumakain, pero bat hindi siya nagaalala na baka mamatay ako sa sobrang depression dito?!

Dahil ilang blocks lang ang layo ng school ko from my home, nakarating ako agad.

Sakto lang ang dating ko sa school namin. I’m not late, hindi rin naman ganun kaaga. Marami ng students ang nandito.

Nag lakad ako papunta sa locker ko kaya lang nakita ko yung isang group ng mga boys na papalapit saakin.

Here we go again

One of the guys approached me **“hi there Amber, baby, how’s your weekend? ”**

“my weekend is perfectly fine. Actually I’m also planning to have a marvelous school week, but since you came, you’ve ruined my plan” I told him with a straight face

“woah, you’re such a snob” he leaned forward to me **“Hey would you like to go out with me tonight? ”**

“no”

“stop playing hard to get and come with me ” he told me angrily

“I’m not, I just don’t like guys with a bird brain”

Naglakad na ko palayo dun sa lalaki.

Geez ang kulit niya. Ever since na dito ko nag-aaral lagi na kong kinukulit ng lalaking yan.

Ang taray ba ng dating ko? Ewan, nagkaganyan na ko simula ng umalis kami sa Pinas. I don’t have any friends here. Loner ako sa school na to not because walang gustong makipag friends saakin. Sadyang ganun lang ang gusto kong mangyari.

At dahil diyan, tinatamad na kong pumasok. Makapag cutting na nga lang ulit.

Ang bad ko ba? Let me tell you something

I used to be an honor student nung nasa Philippines pa ko. I joined a lot of clubs in our school.

I have a lot of friends. I'm one of the school buddy officer. And I have a loving, sweet, caring boyfriend. Iniwan ko ang lahat ng bagay na yan nung nag migrate kami dito. Alam ko pwedeng pwede akong makahanap ng ganito dito, but I don't. Lahat ng bagay na iniwan ko sa Philippines is yung mga bagay na sobrang mahahalaga saakin. Alam ko na kahit anong gawin ko, hindi sila mapapalitan sa puso ko.

Especially him.

I try to forget *Jiro Festin* but I can't. One year na ang nakakalipas but still, mahal ko parin siya. I badly want to see him, lalo na ngayon, malapit na ang birthday niya, and our 3rd anniversary sana.

I used to give him cheese cake every birthday niya kasi favorite niya yun. I wonder, ngayon kayang dadating na birthday niya, may magbibigay kaya sa kanya nun?

I guess not.

Pumunta na lang ako dun sa favorite park ko. Medyo malayo siya sa school at sa house namin. For sure mamaya tatawag na naman ang school sa house and tatanungin kung bakit hindi ako pumasok. Hindi lang naman kasi ako nagyong nag-cutting. I've done this loads of times already. Kaya nga lagi akong napapagalitan ni mom. And sanay na ko. Pasok sa isang tenga, labas sa isang tenga lahat ng sinasabi niya. Non sense rin naman kung iintindihin ko siya

Because she never understands me.

Mag gagabi narin nung umuwi ako sa bahay. For sure mahaba-habang pag sesermon na naman ang gagawin saakin ni mommy.

But I was wrong.

Gulat na gulat ako sa nakita ko

“d-dad? ”

Yes, my dad. Minsan lang siya umuwi dito because of work. And ang biglaang pag-uwi niya means kailangan ko ng ihanda ang lamay ko.

Shoot. I'm a dead meat >__<

“ayan Amber nakarating na sa dad mo lahat ng kalokohan mo.” Mom looked at my dad “I cannot discipline that girl anymore. Ikaw na ang bahala sa kanya”

“Is it true na lahat ng grades mo bagsak?” my dad asked me

Yumuko na lang ako **“y-yes dad ”** alam kong yari ako pag nagsinungaling ako

“lagi kang nag cutting classes like today?”

“yes dad ”

Para akong nasa military swear.

“you don't join any of the clubs in your school and wala ka rin friend ni-isa”

It's a fact, hindi patanong ang ginawa niya.

“let’s make a deal” napaangat agad ang ulo ko sa sinabi niya “I’m going back to the Philippines before Christmas”

“y-you mean isasama mo ko dad? ”

“no”

“Dad please! I’m begging you”

“isasama kita but make sure aayusin mo ang buhay mo dito. Finish this grading without failing grade and maraming kaibigan then I’ll let you come with me”

“but—“ pagkontra sa kanya ni Mom

Bago pa maka-kontra si mom I hugged my dad **“thank you dad you’re the best !”**

“sige na umakyat ka na sa taas and change you’re clothes. We’re going to eat dinner outside ”

“yes dad! ”

Tumakbo ko papasok ng room ko and nagtatalon ako sa kama.

I’ve never been this happy ever since nag migrate kami!!

I’m so happy!!

Kinuha ko yung picture naming ni Jiro sa side drawer ko.

Babalik na ko. Babalikan na kita. Itatama ko na lahat ng maling nagawa ko.

[Arcie’s POV]

“cheesecake medyo nalilito ako dito sa number 6 na problem may answer ka na ba?” pinakita ni Lance ang notebook niya kay Yanna

“wala pa apple pie eh, how about number four?” tanong naman niya kay Lance

“oh it’s easy cookies, eto tignan mo kung paano ko sinolve” pinakita ni Lance yung scratch paper niya kay Yanna

“ang galing naman ng chocolate ko. I love you ”

“I love you too ”

“WAAAAH!! TIGILAN NIYO YAN! ” biglang sigaw ni Ren.

Napatigil kaming lahat at napatingin kay Ren.

“please naman, maawa kayo sakin mas lalo akong nagugutom dahil sa tawagan niyo eh! Pwede bang mag break na muna kayo?! Now na!! ” pagmamakaawa ni Ren sa kanila

“hay naku ingitero! Mag hanap ka narin kasi ng girlfriend no kung naiingit ka!” sagot sa kanya ni Yanna

“hindi ako naiingit no! pinapakulo niyo sikmura ko dahil sa mga tawagan niyo! ” galit na

sabi ni Ren kay Yanna

“patay gutom ka talaga ” singit naman ni Lance

Nandito kami sa leisure room ngayon gumagawa ng assignment sa geometry. Kanina pa sobrang sweet si Yanna at Lance kaya siguro nag freak out ng ganito si Ren. Paano ba naman hindi siya nakakain kaninang lunch dahil nautusan siya ng teacher.

Kawawang bata.

But in fairness, naging sweet na nga silang dalawa. At least happy na si Yanna at Lance. Sus etong si Lance bibigay din pala. Malaki pala talaga ang tama nito kay Yanna nag de-deny lang.

Haaaaaaaay nakakainggit sila. Sana ako din magka lovelife na.

Napatingin ako kay Jiro. Busyng busy siya sa pag gawa ng assignment sa geometry. Ang cute niya tignan pag napapakamot siya sa ulo.

Bigla naman tumingin sakín si Jiro **“bakit?”**

“h-ha? W-wala ” napayuko naman ako.

Nakakahiya naman. Nakita niya ko nakatingin sa kanya. >__<

“nga pala Jiro, malapit na ah, two week to go” tanong ni Justin kay Jiro

“ay ay oo nga no!! bonggasio na handaan ba to?” dagdag pa ni Yanna

“malamang ganun ang mangyari ” sabi ni Michelle

“weee party party!” sabi naman ni Yanna habang tumatalon talon

“kailangan narin pala natin maghanda!! ” dagdag ni Lance

Bigla naman sumingit sa usapan si Ren **“dapat sarapan niyo ang foods ah?!”**

Teka, teka ano ba pinaguusapan nila?!

Hindi ako maka-relate

“tumigil nga kayo” sabi ni Jiro

“bakit naman?! Ano ba gusto mo Jiro ng mabili na namin” tanong ni Ren kay Jiro

“wala” sagot ni Jiro kay Ren

“Asus ang sungit no! bilhan na lang natin ng anti-sungit tablets ang taong to!” sabi naman ni Ren

Nagtawanan naman sila

“nice one Ren! ”

“ano’ng meron? ” tanong ko sa kanila dahil kanina pa ako hindi maka relate! >__<

Napatingin sila sakín at parang gulat na gulat sa sinabi ko.

“Err hindi mo alam?” takang takang tanong ni Mich saakin

“hmm—hindi? Ano ba yun?”

Mukha namang gulat na gulat si Lance sa sinabi ko. “lahat ng estudyante ng Prince academy alam na alam yun ikaw lang ang hindi.”

“Ang alin nga?”

“birthday ni Jiro” sabi ni Yanna

“ahh”

??? ??? ** ____ ** O__O

WAAAAAAAAAAAAAAAAAH

Birthday?
Birthday
Birthday?!?! O.o

Hala.. hala

Hindi ko alam

Wala ako pangregalo!

Patay >__<

Chapter 30

gift, hunted castle and roller coaster

[Arcie's POV]

One hundred ninety-seven, one hundred ninety-eight, one hundred ninety-nine...

One hundred ninety nine

One hundred ninety nine

Kinuha ko yung ruler na hawak ko. Sinugkit ko yung alkansay ko baka may natitira pang pera sa loob.

May nalaglag naman na 25 cents.

Inalog alog ko yung alkansya. Hay wala ng laman.

One hundred ninety nine pesos and twenty-five centavos.

Tell me, ang isang lalaking born with a golden spoon on his mouth, napaka spoiled at mukhang kayang bilhin ang lahat, paano mo bibigyan ng regalang worth 199.25 pesos?!

Saan ako pupulot ng kakaibang regalo na worth ganyan ang presyo?!

Hay naman!! Wala akong maisip!

Eh kung underwear na lang? for sure wala naman makakaisip na magbigay ng regalong ganun?

And tingin ko hindi ko rin naman kayang mag regalo ng ganun. Dyahe!!

Eh kung wag ko na lang regaluhan?!

Tama! Hindi naman mahalaga yun eh! Ang mahalaga mabati ko siya ng happy birthday ng bukal sa aking puso.

Pero nakakahiya, hindi ko na nga naalala na birthday niya tapos wala pa kong regalo?!

Tinignan ko yung 199.25 pesos na barya na nagkalat sa kama ko.

Arcie, binbo ka talaga kahit kelan! >__<

Dapat unique ang regalo ko sa kanya! Unique pero dapat 199.25 lang. Paano naman kaya yun?

Pwede bang puso ko na lang ang ibigay ko sa kanya?

Keso ka talaga Arcie. Nagagaya ka na kay Lance!

Ano ba dapat ibigay ko dun sa taong yun!!

Inikot ko ang tingin ko sa kwarto ko, and biglang napako ang tingin ko dun sa frame na nakasabit sa wall ko.

Wait a minute, oo nga! Bat hindi ko naisip agad yun?!

Agad kong kinuha yung 199.25Php sa kama ko.

Ok, color brown muna for the cone. One, two, three.. Mali mali, sumobra.

WAAAAAAAAAAH! Nakakaloka pala itech!

Nandito ako ngayon sa park malapit sa bahay namin, nagtatahi ng cross-stitch. Ayun yung naisip kong ibigay kay Jiro, isang cross-stitch ng ice cream. Nakita ko kasi yung cross-stitch na nakasabit sa room ko. Si mama ang tumahi nun. Pero di ko akalain na nakakaduling pala to.

Hay, nagastos ko na pera ko dito, might as well tapusin ko na to. Dapat matapos ko to bago siya mag birthday kundi yari ako.

Nagulat ako biglang may nag-abot ng hamburger sa harap ko.

"hello "

Inangat ko ang ulo ko at nakita ko si...

"Jacob!!!!!"

"Hi Arcie kumain ka muna"

Kinuha ko yung hamburger sa kanya, aba gutom na ko eh "thanks. te-teka, kamusta ka na? ang tagal mo bago nagpakita ulit ah"

"nandyan lang ako sa tabi tabi, baka hindi mo lang ako napapansin " sagot niya saakin

"hindi mo naman ata ako nilalapitan eh. Na miss kaya kita"

"ano nga pala yang ginagawa mo?"

Pinakita ko kay Jacob yung tinatahi ko. "Ok ba?"

"ano yan? Telang namantsahan? " panlalait niya sa gawa ko habang tumatawa

"ang sama mo!! Ice cream cone yan!"

"para saan naman yang ginagawa mong cross-stitch?"

"pang gift ko sana"

"kanino? " tanong niya

"err-kay Jiro sana"

Nagulat naman ako bigla siyang tumawa.

Teka ano ang nakakatawa?! Hmp

"bakit? Hindi ba niya magugustuhan to?! Hmp " tanong ko sa kanya

"no, no" humawak siya sa tyan niya sa pagpipigil ng tawa "not because of that. Natawa lang ako kasi sinabi mo sakín kung ano ang gift mo " tawa parin siya ng tawa. Walang humpay sa pagtawa

Ako naman nagtaka sa sinabi niya "ha? Oh eh ano nakakatawa kung sinabi ko sayo kung ano ang gift ko kay Jiro? "

"ano ka ba eh- " bigla naman siya natigilan sa sasabihin niya "paano kasi mukhang telang may mantsa yang gawa mo. Ayusin mo kaya para magustuhan ni Jiro. Alam mo naman yun maarte "

"pinaghirapan ko naman to eh. Gaganda din yan! " sabi ko sa kanya. Sige na ako na optimisctic!

"bakit nga pala ice cream?" tanong naman niya

"remember nung diniscribe ko si Jiro like an ice cream? Kaya naisipan kong ito ang ibigay ko sa kanya. Bahala na siya mag interpret kung bakit ice cream!"

"pwede ka naman bumili na lang ng ice cream tsaka ibigay mo sa kanya" suggestion niya saakin

"ano ka ba! Wala namang effort yun eh! Syempre gusto kong pinaghihirapan ang bigay ko sa kanya niyo "

"kahit na ang sungit niya? Kahit lagi siyang nagsusungit sayo? "

"yes kahit na no! he's still my friend and mahalaga siya saakin. Tsaka kahit palagi siyang highblood, suplado, moody, masungit, madami rin naman siya naitulong saakin. Kahit sa simpleng bagay na to gusto ko naman makabawi."

Nagulat naman ako kasi bigla akong hinawakan ni Jacob sa kamay.

"b-bakit?"

"Arcie"

Hinila niya ko papalapit sa kanya then he hugged me.

"Jacob--? "

"Arcie, I'm sad" he hug me tighter "please let's stay like this for a while "

Papalag sana ko sa pag yakap niya but I can't. I don't know why, parang bigla kong naramdaman ang sadness niya kahit hindi ko alam kung anong nangyari.

Ewan ko kung bakit, pero bigla din akong nalungkot.

After awhile, umalis si Jacob sa pagkakayakap niya

"s-sorry " he told me

"Jacob, what's wrong? " tanong ko naman sa kanya

He smiled at me "I want to go to the carnival"

"huh? "

"tara!" bigla naman niya ko hinila

"Wait wala akong pera"

"my treat "

"t-teka, paano tong cross-stitch?"

"next time mo na gawin yan! Tara"

Hindi na ko nakaangal ulit kasi bigla naman niya kong hinila papunta sa car niya.

Oh well, makasama na nga din. Mukhang kailangan ng isang to ng taong makakpagpasaya sa kanya ngayon.

"tara roller-coaster tayo dali!!!! " hinila ko si Jacob pero pumiglas naman siya

"err bump car na lang muna tayo"

Hinila niya ko papunta sa bump car. At dahil sa laking carnival ako na halos linggo-linggo dinadala kami dati ng papa ko dito, natuto ako sumakay ng bump car.

At ngayon ko lang nalaman na mas kaskaserang driver ako kesa kay Jacob . Paano ba naman iniwasan niya yung mga nambabangga, samantalang ako kahit sino binabangga. At syempre papalagpasin ko ba naman na hindi siya banggain. Naging main target ko siya kaya ayun ginantihan ako.

"ang tindi mo palang sumakay ng bump car. Parang analog ang utak ko sa kakabangga mo ah " sabi niya saakin habang tatawa tawa

"haha ako pa ! tara roller coaster tayo!!"

"huh? Sa carousel na lang." pag p-protest ulit niya

"bata ka ba? "

"oh!" bigla naman siya tumuro "cotton candy oh, tara bili tayo"

"huh teka, roller coaster-"

Bago pa ko makapag-salita hinatak naman ako agad ng isang to.

Hmm mukhang may isang lalaking naduduwag sa roller coaster ah. BWAHAHAHA

After namin bumili ng cotton candy nag libut-libot kami sa carnival. Siguro kung may makakita samin iisipin na mag-on kami ni Jacob.

Well I don't know why, hindi kami madalas nagkakasama and once in a blue moon lang magpakita tong lalaking to but I feel very comfortable pag kasama ko siya. Na-eeenjoy ko lahat ng ginagawa namin. Nakakatawa ako ng totoo. Nakapagsalita ako ng walang kaba sa dibdib na baka ma turn-off siya. Parang napapakita ko yung "ako"

Ang gulo.

Tapos ewan ko kung bakit, pero kada kasama ko tong lalaking to laging si Jiro ang nasa isip ko.

Bat ba kay daming lalaki sa buhay ko ngayon ha?!

"Arcie dun naman tayo oh"

Tinignan ko yung tinuro ni Jacob na parang castle and binasa ko yung sign niya

"Hunted Castle"

"err tara carousel tayo!! "

"ano ka bata? Dun na tayo!"

Hmp! Sino kaya nagyayaya kanina diyan sa carousel!

"sa teapot na lang tayo!" pag protest ko sa kanya

"ang corny, walang thrill. Dyan na kasi!"

"edi sa roller coaster na lang!"

Tinulak naman ako ni Jacob palapit dun sa hunted castle kaya wala na kong nagawa.

Hmp! Ayaw akong pagbigyan sa roller-coaster pero siya daya talaga!!!

Sa lahat talaga ng gagawin sa carnival, ang pag punta sa mga hunted house ang iniwasan ko. Napaka duwag ko kasi pagdating sa mga ganyang bagay. Kahit alam ko na mga tao lang din yang mga nananakot na yan ewan ko ba kung bakit takot na takot parin ako.

Nung nasa loob na kami, mas nauuna ng onti sakin si Jacob.

Huy lumapit ka dito, sabayan mo ko I'm scared!

Nanay, gusto ko na umuwi! >__<

Napahinto ako sa paglalakad kasi biglang may malamig na kamay na humawak sa paa ko.

Tumingin ako sa sahig para makita kung sino yung humawak, and ayun, may isang babaeng naka puti, mahaba ang buhok at sobrang puti at lamig ng kanyang balat ang nakahawak sa paa ko.

"AAAAAAAAAAAAHHHHHHHHHHHHHHHHH!!!"

Napatakbo ako bigla nun.

"hey ok lang yun, tao lang din yun wag ka matakot"

Napaangat ang ulo ko and I saw Jacob smiling at me. Dun ko lang din napagtanto na nakayakap ako sa braso niya.

"s-sorry "

Bigla naman niya kinuha kamay ko

"I'll hold your hand hangga't makalabas tayo para hindi ka matakot "

Bigla naman nag init mukha ko nun.

Waaaah ano itech?! Yung pakiramdam ko pag hinahawakan ni Jiro yung kamay ko, bat ko nararamdaman to?! Tsaka yung pagka-kilig ko pag kasama ko si Ren nararamdaman ko din .

Hala hala, ano ito nagkakagusto ako sa tatlong lalaki?!

Sana, tatlo ang puso ko, hindi na sana kailangan pa, mamili sa inyo * ___*

Kaso impossible yun!

Pati ba naman kay Jacob ma-ffall ako?!

Anak ng kwatong na puso naman to oh! Tatlo tatlo kung magmahal!!

Hay naku, pero sa ngayon parang gusto kong sulitin ang pagkakataon na hawak hawak ni Jacob ang kamay ko! Mwahahaha

"pero baka bitawan ko din ang kamay mo kasi nakakatawa ka talaga pag natatakot ka eh. Gusto ko ulit makita " tumawa naman siya ng malakas

EPEK! Loko talaga to!! Grrr!!!!!!!!!!

Bumitiw ako sa pagkakahawak namin "che!! Tignan mo hindi ako matatakot! Bahala ka jan! aswangin ka sana diyan !"

Binilisan ko naman yung lakad palayo sa kanya

"huy, halika nga dito baka mamaya niyan may mangulat sayo atakihin ka pa sa puso " hinabol niya ako habang natatawa tawa

"Che!! "

Nag tuloy-tuloy lang din ako sa paglalakad. Lokong yun, lakas ng trip talaga!

bigla naman akong bumangga sa isang tao

"Ay sorry po" tumingala ako para tignan yung tao kaso ang nakita ko sa harap ko ay isang taong walang ulo.

"WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHHHHH!!!!!!!!!!!!!! "

Napatakbo ko pabalik kay Jacob

Waaah nakakatakot! I'm scared!! Takot talaga ko! Ayoko na, uwi na ko kay mama! Waaahh iiyak na ko!! >___<

"haha ayan kasi kala ko ba hindi ka na matatakot "

Naramdaman ko na parang lumulutang ako sa ere kaya napadilat ako.

Nanlaki ang mata ko nung nakita ko na buhat buhat ako ni Jacob. Yung buhat na parang bagong kasal kami.

"waah, bat mo ko binubuhat "

"ikaw kaya ang biglang tumalon sa mga braso ko "

Namula ng husto yung mukha ko.

Ginawa ko yun?! Waaah di nga?!

"s-sorry po. Pwede mo na ko ibaba "

"Ayoko nga "

"huh?"

"bubuhatin na lang kita hanggang sa makalabas tayo "

"Err no need. Ok lang ako talaga promise"

"ayoko. Baka takbuhan mo lang ulit ako. I'm not going to let you go hangga't hindi pa tayo nakakalabas " he winked at me.

At tinotoo nga niya, hindi niya ako binaba hanggang sa hindi pa kami nakakalabas. Kahit na pinagtitinginan na kami ng mga tao.

[Jiro's POV]

"yehey yehey! Sasakay na tayo ng roller coaster! " nagtatalong sabi ni Arcie

After namin makalabas ng hunted castle, pinagbigyan ko na rin tong si Arcie na mag roller coaster. Kawawa naman mukhang natakot ng husto sa loob eh.

Kaso sure ba talaga ako na sasakay ako diyan? Tinignan ko yung roller coaster.

Hay.

"oh Jacob bat ganyan na mukha mo? Natatakot ka no? may fear of heights ka siguro no? wahahahaha "

Ginulo ko yung buhok niya. "sira, wala no "

Fear of heights? not really. Ayoko lang talaga sasakay diyan.

Gusto niyo malaman kung bakit?

FLASH BACK. 2 YEARS AGO

"Oh my gosh, oh my gosh, oh my gosh I'm really scared!! Waaaaahhh hihimatayin na ko!! Oh my gosh!!"

I look at her. Ang higpit ng pagkakahawak niya sa rail and nakapikit siya

"Haha Amber relax, hindi pa nga tayo umaandar eh natatakot ka na agad diyan! "

"eh kasi naman eh-" bigla ng umandar yung roller coaster "Ay pusang gala! Ayan na! "

Kahit pala natatakot tong si Amber ang cute parin niyang tignan.

Natatawa naman ako kasi wala pa kami dun sa pinaka mataas na loop tili na siya ng tili. Nung paakyat na kami dun sa pinaka loop nakapikit na siya nun

"Amber sigaw tayo pag pababa na ha"

"sige!"

"ok one, two, three.."

"AAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHHHHHHHHHHHHHHH!!!"

"I LOVE YOU AMBERRRRRRRRR!!!"

Bigla siyang napadilat nun then she looks at me "w-what did you said?"

"I said I love you Amber " She smiled "oh," I pinched her sa cheeks, "smile ka naman diyan. Kilig ka no? "

"oo naman. That's the first time you told me you love me. Usually laging I like you Amber. Ngayon I love you na. at pinag sigawan mo pa!"

"eh love naman talaga kita eh . Pakinggan mo yung susnod kong isisigaw"

Umakyat ulit sa isang loop yung roller coaster then nung pababa na, sumigaw ako

"AMBER WILL YOU BE MY GIRLFRIEND?!?!?"

Napatingin ulit siya sakín nun but she didn't answer my question. Wala rin siyang sinabi. Hindi ko mabasa yung expression ng mukha niya. Masyado kasing seryoso.

Basted na ba ko?

Ouch. >__<

Or mali lang talaga na binigla ko siya?

Hay you're so stupid Jiro. Walang ka roma-romantic naman kasi sa place kung saan ka nag sabi ng ganyan eh.

Kahit kelan palpak ka.

Paakyat na ng pang last loop yung roller coaster.

I look at her and I was about to tell her na I didn't mean what I said. It's ok kung hindi pa siya sumagot ngayon. But before I could open my mouth, bigla naman siyang sumigaw

"I LOVE YOU TOO JIRO AND I'LL BE YOU'RE GIRLFRIEND!! WAAAAHH!"

"r-really?!"

"basta ba wag mo kong papaiyakin eh! "

"no, I will never make you cry!! Oh my gosh, totoo ba to? Tayo na?!" she nodded
"WOHOOOOOO!!!"

She touched my face and gave me our first kiss.

"Happy birthday Jiro "

Bumabagal na yung andar ng roller coaster

"This is my most happiest birthday ever and ikaw ang nag bigay ng pinaka magandang gift sakin "

"alin dun? Yung sinagot kita or yung kiss ko? "

"both "

I pull her closer to mine then I started kissing her.

"Walang iwanan ha?"

"promise, walang iwanan "

END OF FLASHBACK

Walang iwanan? That's the reason why I don't want to ride this damn roller coaster

It just reminds me that promises are meant to be broken.

I was quiet the whole ride habang si Arcie naman tili ng tili. Every loop na dadaanan ng roller coaster na to reminds me of Amber.

Nasaktan niya talaga ko ng husto. I remember a day before she leaves me ang saya saya pa namin nun. Then kinabukasan bigla na lang siyang nawala ng parang bula. Malaman ko na lang nag migrate na pala sila ng family niya sa ibang bansa. And hindi ko malaman kung bakit hindi

manlang niya sinabi sa kinabibilangang reason. Napaisip tuloy ako bigla kung talagang mahal niya ko. Para kasing ang dali-dali niya lang tinapon lahat ng pinagsamahan namin. That day, pumunta ko sa place kung saan kami unang nagkakilala. Umiyak ako nun. The first time I ever cry for a girl.

Walang iwanan?

Dun ko na-realize na hindi ka pala dapat maniniwala sa mga pangakong ganyan.

After ng ride, nauna ko maglakad kay Arcie.

"Wait Jacob!"

Tumingin ako sa kanya

"Ano, sorry. Pinilit kita sumakay ng roller coaster kahit alam kong ayaw mo naman talaga. Sorry "

Napatigil ako sa expression ng mukha ni Arcie.

This is all wrong, in the first place bakit ko ba siya dinala sa lugar kung saan nagpapaalala kay Amber sa kinabibilangang? Tapos ngayon bigla akong mananahimik at manlalamig sa kanya?

This is wrong.

I tried my best to smile "ano ka ba! Hindi kaya! Tara kain tayo dun oh"

"s-sige! "

Pumunta kami sa sweet station ni Arcie.

"arcie ano gusto mo?"

"ang dami namang mga sweets dito hindi ko alam ang bibilhin ko "

"ma'am do you want to try our cheesecake? Ayan po yung madalas na binibili samin "

Cheesecake?

Flashback

"hmm parang hindi ko naman feel na isang kiss lang at sinagot na kita ang b-day gift ko"

"ano ka ba! Sapat na sapat na yun no! sobrang saya ko nga eh!" i told her

"kaso wala kang cake sa birthday mo!"

"hindi na kailangan yun no!"

"kailangan yun! It's a tradition! Tara bibilhan kita!"

Kinaladkad ako ni Amber papunta dun sa Sweets shop

"alam ko ang favorite mo, one chocolate moose please"

"sorry ma'am hindi na siya available"

"ouch"

"how about black forest mam?"

"allergic ako sa cherry" Amber told the sales lady

"cheesecake na lang"

"masarap ba yun? "

"haven't tried it yet. Gusto mo subukan natin?"

"Sure! One whole cheesecake please"

end of flash back

Nagustuhan namin ni Amber yung cheesecake. Actually naging favorite nga namin pareho yun eh. Every birthday ko, lagi niya kong binibilhan ng cheesecake sa store na to.

"masarap po ba talaga yan?" tanong ni Arcie doon sa babae

"wag yan hindi masarap yan. Eto na lang oh" tinuro ko yung chocolate moose

"oh, ok"

Umupo na kami ni Arcie near dun sa bintana while eating our chocolate moose

"Jacob.."

"hmm?"

"alam mo, medyo nakakagulat ka. Bigla bigla kang hindi magpapakita tapos bigla bigla kang susulpot. Hindi kaya-"

Ano naman iniisip nito? Hindi kaya ako at si Jiro ay iisa?

"hindi kaya--? " sabi ko

Nakaka kutob na ba tong babaeng to?

"hindi kaya may lahi kang kabute? " tanong ni Arcie saakin na seryosong seryoso

Halos mabilaukan naman ako dun sa sinabi niya

"What?! Of course not. Ikaw talaga, kung anu-ano iniisip mo "

She smiled "I'm just joking. Masyado ka kasing seryoso diyan eh. At least ngayon tumatawa ka na "

I smile

Arcie is so nice. But I know mali na tong ginagawa ko. Baka unti-unti ko na siyang nagiging panakip butas.

"Arcie, do you like Ren?"

Nasamid naman siya bigla sa question ko

"bakit m-mo naman biglang natanong yan?"

"wala lang"

"to tell you the truth? Oo, I like Ren. Pero parang may nag-iba narin nung may isang taong dumating sa buhay ko."

"paano?"

"naguguluhan parin kasi talaga ko sa nararamdaman ko. I don't know if I could call it love, yung taong yun kahit may pagka moody minsan, may pagka masungit, suplado at antukin, he never fails to gave me butterflies in my stomach. Everytime he did something special to me, halos lumundag na ang puso ko. And whenever he is near me, nanlalambot yung mga tuhod ko. I don't know, pero pag kasama ko siya, parang nakakalimutan kong may gusto ko kay Ren"

"si Jiro"

"err.. paano mo nalaman??"

"arcie, don't fall for that guy"

"huh?"

"hindi mo pa siya masyadong kilala. He's a cold-hearted guy. Sasaktan ka lang nun." I look at my watch "mag gagabi na, let's go home"

Tumayo ako sa kinauupuan ko.

Mukang kailangan ng tigilan ni Prince Jiro ang pagiging mabait niya kay Arcie.

Chapter 31

Prince sungit is back

[Arcie's POV]

“Arcie, I really love you. Matagal ko na gusto sabihin yun. Mahal na mahal talaga kita”

Nasa harap ko ngayon si labanos. He's opening up his feelings for me. Dati gustong gusto kong marining sa kanya yung mga salitang yun pero bakit ganun, parang wala na kong nararamdaman?

“Ren—“

“It's too late Ren” lumingon kami sa nagsalita.

It's Jacob

“you're too late” lumapit si Jacob sakin then inakbayan niya ko **“she doesn't love you now dahil ako na ang gusto niya.”** Jacob placed his hand on the back of my neck and pulled me closer. He leaned on me then he kissed me.

“how dare you?! Sino ka ba?! ” galit na tanong ni Ren sa kanya.

“gusto mong malaman kung sino ko?” he faced Ren, then unti unti niyang tinatangal yung wigniya

Unti-unti..

...

...

...

“Ms. Morales!!”

“sir!”

Napatayo ako bigla and nakita ko lahat ng mga classmates ko nakatingin sakin.

“are you sick ms. Morales? Do you want to go to the clinic? ” tanong ni si Nike saakin

Napatingin agad ako kay sir Nike na nasa harap ko **“n-no sir. I'm fine”**

“ok then, don't sleep in my class please. We have a quiz next meeting, so it's better if you listen to my discussion ”

“y-yes sir. I'm sorry .”

“tsk ano ba yan! Ginagawang hotel ang school natin. Mga hampas lupa talaga” rinig kong sinabi ni Emily, ang leader ng fafansin four.

English time namin. Hindi ko namanalayan nakatulog pala ko. Sobrang puyat kasi dahil dun sa cross-stitch.

Napahawak ako sa lips ko. Grabeng panaginip naman yun. Pero sayang! Kung hindi ako ginising ni sir edi nalaman ko na kung sino si Jacob.

Napatingin ako kay Ren, and he's smiling at me. I smiled back.

Sa dream ko nagtapat siya sakin pero hindi ako kinilig?

Hay ang weird talaga ng panaginip ko na yun! Sobrang weird!

Breaktime..

“binbo ano nangyayari sayo bat parang nagiging antukin ka ata ngayon?”

“oo nga Arcie, may pinagkakaabalahan ka ba?” tanong ni Yanna

“err—wala naman. Gabi na kasi ako nakatulog dahil dun sa movie na pinanuod ko”

“naku binbo sige pagpatuloy mo lang yan baka sa susunod ma detention ka na. hindi lahat ng teachers natin kasing bait ni sir Nike no.”

“opo labanos”

Sabi na masesermonan ako nitong labanos na to eh. Gusto ko sanang sabihin yung gift ko para maitanong ko narin kung ayos lang ba kaso kasama kasi namin si Jiro eh, mahirap nang mabuking.

Speaking of Jiro, kanina pa siya tahimik. Well tahimik naman talaga yang tao na yan but lately kasi nagsasalita narin yan kahit papano. Ngayon bumalik na naman sa pagiging tahimik to.

Lalapitan ko sana siya para kausapin kaya lang bigla na siyang tumayo

“guys una na muna ko. May 15 minutes meeting kasi ng team.”

“oh oo nga no malapit na ang sports tournament” sagot ni Lance kay Jiro

“hay kaya nga kami din medyo pressured na sa pag papractice eh” sabi ni Michelle

Oo nga pala, captain ball sa volleyball team si Michelle and member naman ng basketball team si Jiro.

“sige goodluck Jiro” sabi ni Justin kay Jiro

“bye” Jiro waved at us then tumalikod narin siya

“ah w-wait. Sabay na ko may kailangan din kasi ako gawin sa office”

Mukhang hindi naman ako narinig ni Jiro dahil tuloy tuloy parin siya lumabas ng pinto kaya hinabol ko na lang siya.

“Jiro wait!”

Hindi huminto sa paglalakad si Jiro kaya napatakbo ako. Grabeng lalaking to ang lalaki ng hakbang!

“hay nahabol din kita ang bilis mo maglakad” I looked at him wala naman siyang reaksyon **“kelan pala ang tournament niyo?”** tanong ko sa kanya

“next month” he answered me coldly

“oh, malapit na nga talaga. Siguro magiging busy narin kayo ni Mich sa mga practice. Anyways, ganmbatte ne ”

Hindi na naman siya nag react sa sinabi ko

“it means do your best. Katuturo lang yun kanina sa Japanese class natin” paliwanag ko sa kanya

“I know”

Hmm? Bat ang tahimik kaya ng isang to ngayon?

“uy may problem ba? Sorang tahimik mo ata ngayon” tuloy tuloy parin siya sa pag lalakad. **“naku pag di ka nag salita mapapanis ang laway mo. At alam mo ba ang panis na laway nag le-lead yan sa bad breath. Sige ka. ”** pananakot ko sa kanya

Bigla naman siya tumingin sakin at sinandal ako dun sa wall. Medyo nasaktan ako kasi malakas ang pagkakatulak niya sakin. Hinarang niya yung dalawang braso niya sakin and he looked at me seriously.

“j-joke lang yun ” sabi ko sa kanya

“please don’t talk to me kung hindi lang din importante ang mga sasabihin mo.”

Inalis niya yung pagkakaharang ng braso niya then tinalikuran ako tsaka umalis. Napaupo ako bigla sa sahig.

Grabe ang tibok ng puso ko, halos lumabas na siya sa dibdib ko.

Bakit galit na galit siya sakin? Bakit ganun na naman siya? May problema kaya?

Baka naman naasar nung sinabihan kong magkaka bad breath siya?

Halos maiyak ako sa kaba ko. Nakakatakot magalit si Jiro. Takot na takot ako pag tinitignan niya ko ng masama at sinisigawan niya ko. >__<

Natatakot ako at the same time parang nasaktan ako.

Tumayo ako then inayos ko yung uniform ko.

Baka bad mood lang talaga siya. Dapat kalimutan ko na yung nangyari.

“bravo!”

Napalingon ako sa tao sa likod ko.

Hay, ang fafansin four na naman.

“ha! Girls nakita niyo ba yung ginawa ni Prince Jiro sa dukha?!” sabi nung isa, Sandy ata ang pangalan

“naku good thing natauhan na ang prince namin” dagdag pa ni Mia

“wala ng magtatanggol sayo ngayon dahil galit narin siya sayo!” at pag epal ni Hana

“sumama ka samin!” hinawakan ni Emily yung braso ko tsaka hinila ako.

“ano ba bitawan mo nga ako!” nagpupumiglas ako kaso mas dinidiinan niya yung hawak niya sakín kaya bumabaon yung kuko niya sa balat ko **“ano ba nasasaktan ako!!”**

Tumulong naman yung tatlo pa niyang julalay sa pag hatak sakín.

Anak ng tinapa naman oh! Mukhang mapagtitripan na naman ako ngayon!! >__<

Dinala ko ng F4 dun sa rooftop ng school namin. Nung nandun na kami, tinulak nila ko kaya napahiga ako sa sahig.

“you humilitate us for a long time dear lalo na nung dance fest. Now it’s time for you to pay ”sabi saakin ni Emily

“wala akong ginagawa sa inyo”

Bigla akong sinipa ni Emily sa tagiliran kaya namilipit naman ako sa sakit. Nagtatawanan lang yung tatlo niyang mga kasama.

She mocked me **“bakit masakit ba? Marunong palang masaktan ang mga dukha”**

Tumayo ako and tinignan ko sila ng masama then I laughed **“nakakatawa talaga kayo. Tanging kaligayahan niyo lang ba eh mang-insulto ng kapwa? Napaka babaw niyo naman.”**

“how dare you?!” galit na sigaw saakin ni Emily

Itinulak niya ulit ako. This time, pinagpasapasahan nila ako ng tulak hanggang sa tumumba ulit ako. Napalakas na yung tumba ko kaya nasugatan ako sa braso at sa tuhod.

Lumapit si Emily sakín at binuhusan ako ng juice na iniinom niya

“oopps, sorry, nag slip sa hands ko eh ” nagtawanan yung mga kasama niya **“ayaw mo nun, atleast nakatikim ka na ng paligo, orange juice pa! ”**

“Emily look” tinignan ko yung tinuturo ni Hana kay Emily, yung bag ko.

Bigla kong naalala na nasa loob ng bag ko yung cross-stitch na ireregalo ko kay Jiro.

“A-amin na yan!!” kinuha ni Emily yung bag ko tsaka niya ibinalibag ng malakas at pinagaapakan sa harap ko.

“tigilan mo yan!!” pinilit ko makatayo kaso bigla naman ako itinulak ni Sandy at Mia kaya napaupo ulit ako.

“oh? Bakit? Siguro naman hindi malaking kawalan sayo kung sirain ko ang gamit mo. Mayaman ka naman dahil nakapag aral ka sa Prince academy” bigla siyang tumawa **“oh sorry, I forgot, tinorture mo nga pala utak mo para lang makakuha ng scholarship dito”**

“in short, nagpaalipin siya sa mga teachers dito at pumayag na maging dakilang utusan lang nila, makapag aral lang dito” sabi ni Hana

“para feeling niya mayaman siya no!” dagdag pa ni Sandy

Lumapit si Mia saakin at inangat ang ulo ko sa pamamagitan ng paghila ng buhok ko **“nagpipilit makihalubilo sa mayayaman, di naman bagay sa kanya!”** sabi niya saakin

“kaya ang bagay sayo sa basurahan!” sigaw ni Emily

Wala akong pakialam sa kung ano man ang sinasabi nila. Ang gusto ko lang ngayon eh makuha na ang bag ko at makaalis dito.

Pinilit ko ulit tumayo. This time hindi nila ko tinulak pero pinagtatawanan naman nila ko. Dinampot ko yung bag ko at tinalikuran ko sila kaya lang hinila ako pabalik ni Emily

“wait, wait, saan ka pupunta? Ayaw mo na bang makipag kwentuhan samin? Dito ka lang ”

Aagawin niya ulit sana yung bag ko kaya lang hinawakan ko na ng mahigpit para hindi niya makuha.

“amin na yang bag mo or else mas may mangyayari pa sayo!” pagbabanta ni Emily saakin

“pwede bang pabayaang niyo na lang ako!! ” sigaw ko sa kanila

“girls, hawakan niyo nga ang babaeng to!!”

Hinawakan naman nila ang magkabilang braso ko kaya naagaw sakín ni Emily yung bag ko.

“Emily naman please, pagod na ko ”

“ngayon nagmamakaawa ka?! ” kumuha siya ng gunting sa bag niya

Oh no hindi na maganda pakiramdam ko sa mangyayari.

Inilapit ni Emily yung gunting sa bag ko **“kung tuluyan ko na kaya sirain to”**

“Emily please naman oh, akin na yan ”

“oh,, mukha ka ng kaawa awa diyan. Mga dukha talaga. Pero sorry wala akong awa sayo eh ”

Gugupitin na sana niya yung strap ng bag ko kaya lang bigla kaming may narinig na nag dribble ng bola kaya napatigil kaming lahat.

Nakita namin na may isang lalaking may hawak ng bola at nag di-dribble habang naghihikab at papalapit samin.

Si Jiro.

“ang iingay niyo. Ang pinaka ayoko pa naman sa lahat yung iniistorbo ako sa pagtulog.”Dinirbble niya ulit yung bola habang papalapit siya samin.

“P-prince Jiro ”

Bigla naman akong binitawan nung mga humahawak saakin kaya napatumba ako dahil sa sakit ng sugat sa tuhod ko.

“anong ginagawa niyo?” tanong ni Jiro saamin

Nagisip naman si Emily ng palusot **“err—we’re just.. we’re just.. ”**

Tumingin si Jiro sa orasan niya **“class hours na. 10 minutes nang tapos ang lunch break, so considered cutting class ang ginagawa niyo right?”**

“b-babalik na kami ng room”

“oo nga Prince jiro, sige matulog ka na ulit”

Nagsi-alisan naman yung F4 kaya naiwan kaming dalawa ni Jiro.

Nilapitan niya ko then he kneeled in front of me

“grabe ka naman magmakaawa kanina. Halos wala ng natirang pride sayo dahil lang sa bag na yan. Ganyan ka na ba kahirap para hindi makabili ng panibagong bag?”

“h-ha?”

“you’re weak. Ni hindi mo manlang kayang ipagtanggol ang sarili mo” may inilapag siyang panyo sa harapan ko then tumayo na siya **“hindi sa lahat ng pagkakataon may mga taong magtatanggol sayo”** tinalikuran niya ko then naglakad na siya palayo saakin.

“wait!” huminto siya sa paglalakad pero hindi siya humarap saakin **“salamat sa pagligtas ”**

Hindi siya nag comment sa sinabi ko, umalis na lang siya kaagad.

Pagkaalis na pagkaalis ni Jiro, bigla naman tumulo ang luha ko.

Halos walang natirang pride saakin dahil lang sa bag ko? Kung alam lang niya kung bakit.

Sumandal ako sa may gilid ng door pababa sa rooftop. Wala ding kwenta kung tatayo ako ngayon, for sure matutumba lang ako dahil sa laki ng sugat sa tuhod ko. Kinuha ko yung panyo na ibinigay saakin ni Jiro at tinali ko dun sa sugat ko sa tuhod. Nanlalagkit narin ako dahil dun sa juice na ibinuhos saakin kanina ni Emily. Kinuha ko yung bag ko then niyakap ko.

Wala akong energy para tumayo o maglakad. And isa pa, parang ayoko muna umalis sa lugar na to.

Isinandal ko yung ulo ko sa mga tuhod ko.

Bakit kaya ganun? Nasasaktan ako? Hindi dahil sa mga ginawa saakin ng F4 pero dahil kay Jiro. Bat ako nasasaktan? Bat ako naapektuhan?

Maya-maya lang biglang narinig ko ang boses ni Ren

“binbo nasan ka na ba? grabeng bubwit ka san ka nag suot?” bigla naman siya sumilip dun sa lugar na kinauupuan ko **“binbo?”** nanlaki yung mata niya nung nakita niya ko kaya napatakbo siya palapit saakin **“binbo ano nangyari sayo?! O__O”** nilabas niya yung panyo niya and pinunasan niya yung mukha ko **“sino may gawa sayo nito?! Binully ka na naman ba?! Sino sila sabihin mo saakin?! Ang dami mong sugat ah!”**

“labanos ” I hugged him then bigla na lang tumulo ulit yung luha ko.

“what happened?” binuhat ako ni Ren, yung parang sa bagong kasal “dadalhin kita sa clinic. Kailangan magamot ang mga sugat mo”

“pwede bang iuwi mo na lang muna ko saamin? ”

He looked at me then he nod “don’t worry. Hindi ko na ulit hahayaang may mang aaway pa sayo dito.”

Sumakay kami sa car ni Ren. Good thing hinihintay siya nung driver nila. Habang papunta samin, sinandal ko yung ulo ko sa chest ni Ren. Napaka comfortable dito, kahit papaano nawala yung sakit na nararamdaman ko.

But I realized, hindi ko na pala mahal si Ren. Yung nararamdaman ko sa kanya dati, wala na ngayon

Arcie’s Room

Napakasungit mo talaga!! Ang sama sama mo pa! ang sahol ng ugali mo!! Grr!!!!

Itinapon ko yung cross-stitch na ibibigay ko sana kay Jiro. Dapat pala hinayaan ko na lang sirain nung f4 na yun tong cross-stitch eh! Walang silbi ang paghihirap ko dito! Dahil hindi naman to maaappreciate ng isang tulad ng lalaking yun!!

Iyak ako ng iyak ngayon sa room ko at the same time super frustrated. Hindi ko alam kung ano ang problema nung taong yun kung bakit bigla na lang yun nagkaganun ulit! Wala naman akong ginawang masama sa kanya para sabihan niya ko ng mga masasakit na salita ah?!

Tinignan ko yung cross-stitch dun sa basurahan ko. Kinuha ko ulit yung cross-stitch.

Hay. But he still saves me.

And hindi ko na mabago ang fact na mahal ko na si Jiro.

Bigla kong naalala yung sinabi sakín ni Jacob

“don’t fall for that guy. Hindi mo pa siya masyadong kilala, he’s a cold-hearted guy. Sasaktan ka lang nun.”

Pero bakit ganun, parang sinasabi na ng heart ko na ready na siyang masaktan?

[Arcie's POV]

“this is for you Arcie. Keep yourself pretty. Use it well. This is our welcoming gift for you.”

- Michelle and Justin

“Arcie!! Kala mo nakalimutan ko na ang iyong welcoming gift! Aba’y hindi no. (sa araw araw ko ba naman kasama si Yanna at walang ibang ginawa kundi ipaalala sakin yun) anyways, para sayo yan, sure na sure akong bagay sayo yan. Syempre ako pumili eh. Take good care of it ok?”

- Lance

Tinignan ko yung make-up na bigay sakin ni Mich and Justin pati yung high-heeled shoes na bigay sakin ni Lance.

Anak ng tokwang S6 to! Kala ko pa naman tuluyan na nilang nakalimutan yung pinirmahan kong contract, hindi pa pala! >__<

Si Ren na lang at si Jiro ang hindi nagbibigay. Sana naman wag na nilang maalala.

Pero kung sabagay, si Labanos kuripot naman yun eh. Mismong fishball at kwek kwek nagpapalibre pa yun. Impossibleng bigyan ako nun ng regalo. At si Jiro naman, mukhang hindi naman ako importante dun eh.

Speaking of Jiro, birthday na nga pala niya ngayon and sakto din tong bigay nila Mich sakin.

Siguro naman dahil dito hindi na ko mapagtitripan. Balita ko kasi lahat ng batchmates ni Jiro invited sa party niya.

Maya-maya lang naligo na ko at nag bihis. With the help of my mom, naayos ko ang buhok at mukha ko.

Kinuha ko yung gown na bigay sakin ni Yanna. Ngayon gets ko na yung sinasabi niyang occasion na pag-gagamitan ko ng gown na to.

Ngayon hinihintay ko na lang na dumating ang aking magiting na sunda na si labanos. Kahit kelan talaga napaka late nung lalaking yun. Busy siguro magpagwapo.

Tinignan ko yung invitation ni Jiro.

Hay, pupunta ba talaga ko eh this past few days mukhang mainit ang dugo ng taong yun sakin eh. Sa lahat naman kasi ng taong nakilala ko siya ang pinaka bipolar! Minsan mabait, kadalasan masungit! Unpredictable ng mood!

Narinig ko naman na may humintong kotse sa tapat ng bahay namin. Sumilip ako sa bintana and nakita ko ang magiting kong sunda na si labanos.

Pinapasok siya ni mama sa loob ng bahay namin. Sinalubong ko naman siya agad.

“labanos!!!”

“b-binbo?! Ikaw ba yan?!”

Umikot ako sa harap niya.

“Ayos ba? ”

“mukhang hindi muna kita dapat tawaging binbo ngayon ah ”

“Eh ano itatawag mo sakin? ”

“oujo-sama (princess) ”

Binatukan ko naman siya “parang nung ikaw ang nagsabi kinilabutan ako ah”

“ang sama mo naman!” he held my hand “let’s go my princess! ”

“ingat kayo ha” sabi ni mama saamin

“opo ma”

“ihahatid ko narin po siya pauwi”

“ah wait lang!” kinuha ko yung paperbag sa may sofa namin. Ang gift ko kay Jiro “let’s go”

Umalis na kami ni Ren.

Nung makadating naman kami sa reception, which is ang house ni Jiro, namangha naman ako sa sobrang laki. Nagkakakitaan pa kaya mga tao dito? Siguro pag ganito ang bahay namin lagi akong maliligaw.

Sinalubong naman kami agad nila Yanna.

“ARCIE!! Oh my gosh sabi na eh maganda ang damit na yan sayo!! ”

“good thing suot mo na yung shoes na binigay ko.” sabi saakin ni Lance

“and make-up na bigay namin yang gamit mo no? maganda ka eh ” sabi ni Mich

“thank you talaga ng marami sa inyo ah? Hindi ko alam kung paano ako babawi”

“hindi mo naman kailangan bumawi eh! Wala yun” sabi ni Justin

“WAAAAAIT!” sigaw ni Ren

Napatingin kami lahat kay labanos

“bakit si binbo lang pinapansin niyo?! Tignan niyo naman ako! Hindi ba ko gwapo?!”

Tinignan ko si labanos. Well, ang gwapo nga naman talaga ng best bud ko. Prince na prince ang dating!

“ang taba mo diyan sa suot mo Ren!!” panlalait ni Yanna sa kanya

“oo nga! Kumain ka siguro bago ka pumunta dito no?! tignan m nga yan puputok na yung butones ng coat mo sa laki ng tyan mo!” dagdag pa ni Lance

“hoy ang sama niyong dalawa! Ako ang dahilan kung bakit naging kayo tapos aapihin niyo ko!”

Tumakbo sina Yanna at Lance. Hinabol naman sila ni labanos.

“hay para talagang bata yung mga yun ” sabi ni Justin

“sinabi mo pa.” pag-sangayon ni Michelle

“Gwapo naman si Labanos ngayon ah ” sabi ko sa kanilang dalawa. Aba dapat ipagtanggol ang bestplen ko! XD

“Arcie ayan ba yung gift mo kay Jiro?” tinuro ni Mich yung paperbag na hawak ko

“ah, o-oo” tinago ko yung paperbag sa likod ko kasi nakakahiya kaso kinuha naman ni Justin.

“ah Justine—“

“ilalagay na namin to sa table. Dun kasi nilalagay yung mga gift ”

“p-pero—“

“yung akin din ilalagay ko sama na ko” sabi ni Mich kay Justin

Umalis na yung dalawa

Gusto ko sana ako ang magbibigay! Hay

Wait, iniwan ako nung mga yun! Saan naman ako pupunta ngayon?

Nasan kaya si Jiro?

Lumingon-lingon ako sa paligid but no signs of Jiro. Bigla naman ako napatingin dun sa buffet table and nakita ko may ilan narin na kumakain dun.

Hmm medyo gutom narin ako, hindi naman siguro masama kung titikim ako ng food di ba?

Lumapit ako sa buffet table and nakita yung yung kinakain nung ibang guests. Sa isang maliit na plate meron silang kinuhang strawberries, marshmallow, cornflakes pati melon then idinip nila dun sa isang mini chocolate fountain sa gitna ng mesa. Tinry ko naman yung ginagawa nila and infairness ah masarap siya! Mukhang dito pa lang busog na ko!

“Oh my gosh muntik mo na ko matapunan!” napatingin naman ako dun sa isang girl na nagsalita.

It's Emily together with her F4 julalay.

“ay pasensya na hija! Ikaw naman kasi hindi ka tumitingin sa dinadaan mo” sabi nung matanda na may dala-dalang pagkain kay Emily

“Eh sino ho ba kayo?!” pagalit na tanong ni Emily doon sa matanda

“ay ako ang may ari ng eskwelahan na pinag-aaralan ni Jiro” sagot nung matanda kay Emily

Nagtawanan naman sila **“ang tanda tanda na poser parin! ”**

Binangga naman nila yung matanda kaya na-off balance. Nagtuloy-tuloy lang sa paglalakad yung f4

Napakasama talaga ng ugali nung mga yun!!

Nilapitan ko yung matanda and tinulungan kong tumayo. “lola ayos lang po ba kayo?”

“ay ayos lang naman. Salamat hija”

“wala po yun. Pag pasensyahan niyo na po yung mga yun”

“nag-aaral din ba sila sa Prince Academy?”

“ah, opo”

“naku dapat ng makausap ko si Jennica tungkol sa mga ugali ng mga batang yan. Eh ikaw dun ka din ba nag-aaral?”

“opo lola. Ah mawalang galang na po pero kaano-ano niyo po sina Ms. Jennica?”

“ay naku ako nga ang may ari ng Prince Academy. O siya sige mauna na muna ko at hinihintay ako ng apo ko”

Naglakad na palayo yung matanda sakín.

Hmm, eh ang may ari ng Prince Academy yung family nila Jiro eh. Si lola talaga.

Bumalik ako sa buffet table and tinuloy ko yung pagkain. Maya-maya lang may kumalabit sakín.

“enjoying your self? ”

“labanos! Try mo to oh. Ang sarap”

“ah sawa na ko diyan eh. Hay si Jiro talaga hindi marunong mag handa! Wala manlang fishball, taho at quack quack dito!”

Ibang klase din ang taste ng labanos na to eh no?!

“teka ano ba tawag dito? Ang sarap. Ngayon ko lang nalaman na pwede pala i-dip sa chocolate ang marshmallow, melon, cornflakes at strawberry”

“chocolate fondue yan. Madali lang gumawa niyan. Gusto mo dalhan pa kita niyan sa inyo araw-araw eh! ”

“sabi mo yan ha!”

“oo naman! Halika na umupo na tayo at mag uumpisa na ang program! Takaw takaw mo eh di pa start kumakain ka na agad! ” hinila ko ni labanos papunta dun sa table na kinauupuan ng S6.

Maya-maya lang nagsalita na si Ms. Jennica sa mic

“ok. Good evening everyone! I’m very glad na maraming umattend sa inyo. Actually sapilitan lang tong party na to dahil in the first place ayaw mag handa ng birthday

celebrant.” Kung sabagay, halata naman talaga kay Jiro na hindi mahilig sa party. “but anyways, I manage to convince my beloved brother na mag handa. And now, let’s all greet and welcome the birthday celebrant together with one of the owner of Prince Academy, and our lola, Mrs. Shiela Festin”

Nagpalakpakan naman lahat and lumabas na si Jiro kasama ang isang matanda.

Wait, yun yung lola kanina ah?! Ibig sabihin hindi siya nagbibiro nun?!

Naku, mukhang yari na naman ang F4 nito! Mwahahahahahaha

May nagdala ng malaking cake sa harap ni Jiro and kinantahan namin siya ng happy birthday. Si Jiro? No reaction ang lolo mo! Isa-isa rin nag sabi ng dedication yung mga kamag-anak and malalapit na kaibigan niya at syempre ang S6. Sabi nga ni Yanna mag salita din ako kaso tumanggi ako. Ano naman kasi sasabihin ko sa kanya?

“happy birthday Jiro, alam mo ba sa lahat ng taong nakilala ko ikaw ang pinaka moody. Tinalo mo pa ang babaeng may dalaw. Napaka suplado mo sana magbago ka na. best wishes to you. Happy birthday again.”

Siguro pag sinabi ko ang award-winning speech ko na yan mapapalabas ako dito sa party ng di oras. XD

After ng mga dedications nag start na ang party. Kainan muna then nag sayawan na sila. Ako naman dahil wala akong hilig sa mga ganyan ganyan, nasa isang sulok lang ako at kumakain ng chocolate fondue. Bigla ko naman nakita na dumaan si Jiro kaya hinabol ko.

“J-jiro!!” lumingon siya sa sakin **“ano, h-happy birthday”**

“thanks” sinabi niya ng hindi manlang ngumungiti tsaka siya umalis

Masungit talaga siya swear! Hindi ko talaga alam kung ano ba ginawa ko at bat nag susungit siya sakin. Bat nga ba nagpunta ko dito eh mukha namang hindi ako welcome eh. =___=

Hay, at least nag thank you siya.

May nakita naman akong pinagkakaguluhan ng mga guests kaya lumapit ako para tignan yun. Nag bubukas na pala ng mga regalo, sa pangunguna ng F4.

Teka, bat kaya wala si Jiro? Dapat siya nagoopen ng mga regalo ah?

“guys tignan niyo yung gift ni Ms. Michelle kay Prince Jiro oh, isang watch” tinaas ni Emily yung gift ni Mich kay Jiro

“naku for sure mahal yan!”

“itsura pa lang mahal na”

Mga comments nung nanunuod

“eh yung bigay naman ni Ms. Yanna na Polo, siguro galing sa store niya to”

“wow ang ganda naman talaga niyan”

“samahan mo pa ng rubber shoes na bigay ni Prince Lance”

“ang bango naman nitong perfume na gift ni Prince Justin”

“alam ko from Paris pa yang perfume na yan”

“oh my!!! Shades ba to from Prada? Ang ganda nito! Bagay na bagay sa Prince Jiro natin!”

“Sino nag bigay?”

“sino pa edi si Prince Ren!”

Nag bukas lang sila ng nag bukas ng gifts ni Jiro. Halos lahat ng gifts niya puro mga mamahalin, yung akin lang ata ang hindi. Parang nahiya naman ako sa regalo ko. Wala naman kasi akong pambili nung mga sinasabi nilang brandnames ng kung anu-anong damit, pabango at shades eh.

“eto naman i-open mo”

Nagulat naman ako kasi nakita ko na bubuksan na yung gift ko kay Jiro

“from Arcie” nag evil grin si Emily “I wonder kung ano ang gift ni Ms. COMMONER sa Prince Jiro natin”

Inalog-alog ni Emily yung paperbag at bago ko pa makuha sa kanya binuksan na niya.

“what is this crap?” tinaas niya yung naka-frame na cross-stitch ko “look people oh!”

Nagtawanan naman yung mga tao sa paligid ko.

“ang cheap ha!”

“grabe ni-hindi manlang nahiya! Sana hindi ka na lang nag regalo”

“saan bang bangketa nabili yan! Nakakahiya naman ilagay sa bahay yan”

“so dapat na bang itapon to?” tanong ni Emily sa mga nanunuod

“oo! Itapon na yan!”

“itapon! Itapon!!”

Pagsangayon sa kanya nung mga nanunuod

Lumapit naman ako sa kanila para kunin yung regalo ko “a-amin na yan!” Nakakahiya >__<

“oh kunin mo pulubi!”

Ibinato ni Emily yung gift ko sa sahig kaya tumakbo ko para saluhin. Nasalo ko yung gift kaso gumulong naman ako sa sahig and naramdaman kong nagasgasan yung siko ko.

Grabe ha! Hindi pa nga magaling ang sugat ko sa tuhod gawa ng F4 na to dinagdagan pa nila sa

siko!

Nakita kong lahat ng mga guests sa paligid nakatingin saakin at nagtatawanan kaya namula at nanliit naman ako sa sobrang kahihyan.

Bat ba hindi pa ko nasanay? Tatal lagi naman akong nagaganito eh!

“diyan ka nababagay! Sa sahi!”

Naramdaman ko na palabas na ang luha sa mata ko pero pinipigilan ko parin na wag umiyak.

“excuse me”

Bigla naman napatingin sa likod yung mga guests and ayun nakatayo ang Prince Jiro nila at seryosong nakatingin saakin.

Lumapit si Jiro saakin and inalalayan niya kong tumayo.

“are you alright?” nagulat naman ako kasi ang tono ng pagkakatanong niya is may halo talagang concern and yung expression ng mukha niya is halatang nag-aalala

Wait, wait bat biglang nag iba na naman ang ihip ng hangin?!

Napatango na lang ako sa kanya

Tinignan niya yung naka frame na cross-stitch na hawak ko.

“is this for me?” tanong niya saakin habang nakatingin sa cross stich na hawa ko

“h-ha? A-ano. O-oo. S-sorry---“

“I like it ” he smiled.

Ang pinaka brightest smile na nakita ko sa kanya

“h-ha?”

“eto na ata yung pinaka magandang gift na nakita ko dito” tumingin siya sa mga nakapalibot na guests **“I think it is rude na buksan ang gifts na hindi sa inyo without a consent dun sa may-ari. But anyways, among those other gifts, ang bigay niya ang pinaka maganda. You know why? Dahil sa regalang to, I saw her effort, her willingness niyang mag-bigay ng gift and above all, her heart. Walang wala ang mga bigay niyo sa bigay ng commoner na nasa harap niyo.”**

Bigla naman na nahimik yung mga guests **“Well that’s all for tonight, thank you for coming here. The party is end”** announced ni Jiro sa kanila at bigla niyang hinawakan yung kamay ko. Bigla namang parang nakuryente ang buong katawan **“let’s go”** hinila niya ko palayo sa mga guests.

Dinala ko ni Jiro sa isang room then kumuha siya ng first aid kit. Balik na naman ang expression niya sa pagiging masungit.

Hinawakan niya yung braso ko, medyo nasaktan naman ako kasi may sugat yung siko ko **“aray”**

“Wag ka magulo gagamutin ko sugat mo,” dinampian niya ng bulak na may betadine yung

sugat ko **“ayaw mo naman masyado niyan sa sugat. Kahit anong gawin mo nasusugatan ka palagi!”**

Hindi ko naiwasang mapangiti kay Jiro. Kahit napaka sungit ng taong to sakin, eto siya ngayon ginanamot ang sugat ko.

“Jiro, thanks kanina ah. Lalo na dun sa mga sinabi mo ”

“hindi ko ginawa yun para ipagtanggol ka wag kang mag assume. Tsaka yung sinabi ko..*ehem*...ano.. totoo naman lahat yun eh” tumingin siya sakin **“Wag mong subukan mag sabi ulit ng thank you, hindi ko kailangan yun”**

Napangiti ako sa kanya

“tsaka wag kang ngumiti para kang sira!” sabi niya saakin ng may halong pagkainis at pagkahiya

Tinakpan ko yung bibig ko pero naka smile parin ako. Bat parang namumula ngayon ang prince sungit?

Kahit gaano pang coldness ang ipakita niya sakin, he will always be like an ice cream to me. Bat nga ba ko na dedepress this past few days? Eh hindi naman talaga nag bago si Jiro.

Maya-maya may biglang kumatok sa door

“busy ako” sabi ni Jiro doon sa kumatok

“ah sir, may nagpa deliver po ng gift para sa iyo”

“paki lagay na lang dun sa table ng mga regalo”

“sa fridge ko na lang po ilalagay. Cheesecake po kasi siya baka matunaw”

Bigla naman napahinto si Jiro sa pang gagamot ng sugat ko at tumayo.

“sandali lang” pinagbuksan niya ng door si manang atsaka kinuha yung gift na cheesecake daw.

Tinignan ko yung name nung cheesecake **“oh, alam ko yang cheesecake na yan”** tama ayun nga yung pastry shop na kinainan namin dati ni Jacob nung nag carnival kami **“sabi ng friend ko hindi daw masarap yan”** nagulat naman ako kasi pagtiningin ko kay Jiro, hindi maipinta yung expression ng mukha niya **“w-what’s wrong?”**

“pwedeng, lumabas ka muna saglit. Gusto ko mapag-isa”

“J-jiro—“

“please umalis ka muna!”

Kinabahan ako sa expression ng mukha niya kaya lumabas na ko agad ng room niya

Ano kaya ang problema? Yung cheesecake, sino kaya nagbigay sa kanya nun at bat ganun ang expression niya?

Chapter 33
gay..gay..gay!!

[Arcie's POV]

Kawindang ever!! Di ko malaman bat ganun ang reaction ng taong yun kahapon. Ano bang meron dun sa cheesecake na yun?

*Baka naman nagalit nung sinabi kong hindi masarap yung cheesecake tapos favorite pala niya yun? * _____ **

Bakit ba? Eh sinabi sakin ni Jacob na hindi daw masarap yun eh!

But wait a minute, parehong-pareho ang reaction ni Jacob at ni Jiro dun sa cheesecake na yun! Ano bang meron?

Mga lalake talaga ang hirap intindihin. Siguro kung sa harap naman ni Ren ibinalandra ang cheesecake na yun tuwa at galak ang pipinta sa mukha niya

[school]

Lunchbreak..

“AAAAAAAAAAAAHHH ” sigaw ko habang tinuturo ko ang F4

“what's your problem?! ” galit na sabi saakin ni Emily

Lalapit sana ko sa mga F4 na busying - busy sa pagwawalis ng school ground ng school kaso parang may masamang arua ang lumalabas sa katawan nila at nagsasabi saking wag ko ng ituloy.

Pero teka, bat naman kaya nagwawalis ang mga to?

Mukha atang naparusahan sila ng lola ni Jiro dahil sa inasal nila sa party ah.
BWAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

Naramdaman ko naman na may yumakap bigla sakin kaya napalingon ako

“l-lola..? e-este ma’am!”

“hija! Nagkita na tayo’t lahat sa birthday ni Jiro hindi mo pa sinabi sakín na girlfriend ka pala niya!”

“gi-girl friend?? P-pero hindi po—“

“naku wag ka ng mahiya! Halika sumama ka sakín!!”

Kinaladkad ako ng lola ni Jiro papunta sa principal’s office and nandun si Jiro nakaupo sa may sofa

“guess who’s with me?” sabi ng lola ni Jiro

“huh?” sabi naman ni Jiro ng may pagtataakang expression

“Ang girlfriend mo!! ” sagot ng lola niya sa kanya

“ah teka po ahm, hindi po ako—“

Bago ko pa matapos ang sasabihin ko, hinila ulit ako ng lola ni Jiro papupo katabi ni Jiro

“I’m giving the two of you a task” sabi ng lola ni Jiro saamin

“ano po yun?” tanong ko naman

“kayo ang mag organize ng school fair for next month! Simulan niyo na ngayon. Excuse na kayo sa class niyo. So maiwan ko na kayo. Goodbye!”

“t-teka po—“ again hindi na naman ako pinatapos magsalita ng lola ni Jiro

“the two of you really look good together!” sabay labas ng pinto

“geez” tumayo si Jiro papunta sa harap ng computer “si ate talaga kung ano ano kinukwento kay lola”

“Jiro bat akala ng lola mo girl friend mo ko? ”

“wag mo nang tanungin.”

“bakit nga?”

“no idea. Hay si lola talaga, hindi man lang naisip na ang type kong babae yung mga mukhang superstar” sabay tingin sakín mula ulo hanggang paa at balik ang tingin sa computer screen.

Nanlalait ba to?!

“as if naman gusto kong mapagkamalan na girl friend mo” sabi ko sa kanya sabay irap

“bakit hindi ba?” tanong niya saakin ng may nakakalokong ngiti

Grrr ang yabang!

Sabi na bipolar ang taong to.. mabait na nagiging masungit.. gentleman na nagiging

mahangin!!!!!!!!!!

“excuse me hindi no!” sabi ko naman sa kanya

Tumingin siya sakin “bat namumula ka?”

Grrr.

Hinuhuli ba ko nito?!

Tumayo ako at lumapit sa kanya.. kala niya magpapatalo ako?!

“ayoko kayang maging girl friend mo?! Sino ba gusto?! Napaka yabang mo, napaka hangin, napaka moody talo mo pa ang matandang menopause!!!! Ha! Kaya siguro wala kang girl friend kasi dahil ganyan ka?! Wahahaha! Siguro gay ka no?! gay gay gay! ” pangaasar ko sa kanya habang tumatawa ako. Bwahahahaha

Nagulat naman ako ng biglang tumayo si Jiro at tumingin ng masama sakin.

Natigilan naman ako bigla sa pagtawa “ah.. eh .. hehe joke lang..?” sabi ko sa kanya ng may nanginginig na boses

Lumapit siya sakin, napaatras naman ako.

“what did you say?” tanong ni Jiro saakin

Err he looks mad. Yari ka Arcie

“ah.. hehehe”

Niluwagan niya yung neck tie niya

“gusto mo bang patunayan ko sayo na mali yang sinabi mo?”

“j-joke lang yun.. ikaw naman Jiro di ka na ma joke.. hehehe ”

Mas lumapit pa siya ng lumapit sakin habang ako naman palayo ng palayo. Hindi ko namalayan na nasa likod ko na pala yung sofa kaya napaupo ako.

Nag lean naman siya sakin

“w-wait lang Jiro ”

Palapit na ng palapit yung mukha niya sakin

“gay pala ha?”

He touched my face then naramdaman ko na yung breath niya alam kong sobrang lapit na ng mukha niya sa mukha ko.

Oh gulay ang init na ng mukha ko!!

Bigla naman may kumatok.

He smiled to me.. a very evil smile.

“you’re save.” Nilapit niya yung lips niya sa ears ko **“pero hindi pa tayo tapos ”**

Tumayo siya para buksan yung door.

I’m hyperventilating O_____O

[Michelle’s POV]

Freshly baked cookies.

Every morning dumadaan ako sa locker ni Justin para ilagay yung mga cookies. I’ve been doing this for almost four months already. Akala ko ok na yung ginagawa ko but I was strucked by Ren’s word kanina.

..FLASHBACK..

“penge!!” sabi ni Ren sakin sabay ambang kukuha dun sa cookies na binake ko

Pinalo ko yung kamay niya **“don’t you dare touch that!!! Ipapalapa kita sa aso namin!”**

“grabe ka naman Mich, isang piraso lang naman eh!” >__<

“hindi pwede! Hindi para sayo yan no!!” nilagay ko yung mga cookies sa box bago pa makain ni Ren. Mapanganib eh **“bat ka nga pala nandito?”** tanong ko sa kanya

“nag hatid lang ng message sa mom mo from my mom. Nag-yayaya na naman kasi yun mag spa.”

Oo nga pala spa buddies ang mom ko and mom nitong si Ren.

“sana tumawag ka na lang” sabi ko kay Ren

“gusto ko dumaan sa bahay niyo baka sakaling nagluluto ka na naman ng masarap eh !”

“ang takaw mo talaga!!”

Tumingin si Ren dun sa box ng cookies na pinaglagyan ko **“ehh, ang sarap siguro magkaroon ng girlfriend na masarap mag luto tulad mo. Ang swerte talaga ni Justin ”**

Bigla naman ako napahawak sa mukha ko **“wh-what are you saying.. h-hindi naman kami ni Justin”**

Pero mukhang hindi niya pinakinggan yung sinabi ko **“—pero si Arcie mukhang walang alam sa kusina yun. Turuan mo nga minsan Michelle”**

“teka nga may gusto ka kay Arcie no?! ”

“w-wala ah!” pag de-deny ni Ren. Sus halata naman deny deny pa!

“aysus bat namumula ka? Ikaw umamin ka na sakanya baka maunahan ka pa!”

“nagsalita ang dapat umamin”

“h-huh..?”

“hanggang kelan mo naman itatago na ikaw ang nagbibigay kay Justin ng cookies? Ano forever mo na bang bibigyan ng cookies si Justin without telling him?”

I looked down “p-pero kasi.. ”

“have you ever saw his expression pag nakaka receive siya ng cookies from you?” tanong ni Ren saakin

“no” come to think of it hindi ko pa nga nakikita ang expression ni Justin. Alam kong happy siya base sa sinasabi niya. Pero never ko pang nakita ang expression niya once na nakita niya yung box of cookies sa ibabaw ng locker niya.

“akin na lang tong apple ah!! ” bigla naman kinuha ni Ren yung apple sa lamesa namin at kinagatan agad

“Ren--!!”

“see you at school Mich! Make sure may progress ka na pag nagkita tayo! ”

..*END OF FLASHBACK*..

Grrr I'm this kind of state because of that Ren!!

Pero tama naman talaga yung sinabi niya.

Hay. Sige na nga! If his expression is good aamin na ko sa susunod na cookies na ibigay ko. But if it's bad aamin parin ako sa susunod na cookies na ibibigay ko.

Nilagay ko yung box sa ibabaw ng locker niya then nagtago ako sa gilid while waiting for him.

Medyo madami nang dumaan sa locker niya kaya lang wala parin siya. Hmm, malapit na ang time ah? President talaga oh. Mukhang malalate pa siya!

Medyo isolated na yung corridors kasi panigurado na mga nagsisipag puntahan na sila sa mga classrooms nila. May narinig naman akong footsteps kaya napsilip ako.

Hay, hindi parin siya. Tatlong babae lang. kala ko siya na.

“Kaye bilisan mo baka dumating na si sir”

“hehe sorry girls naabala ko pa kayo. Naiwan ko kasi ang book ko sa locker”

“wow katapat mo pala ng locker si Prince Justin? Edi lagi mo siyang nakikita?”

“naku minsan ko lang yan makita hindi ko alam kung what time siya kumukuha ng gamit eh.”

“Kaye ang bang naman nitong pabango mo!”

“paamoy.. oo nga! Saan mo nabili to?”

“oh bigay ng mom ko. From Paris”

“oh nice. Siguro in love ka na kaya gumagamit ka nito no?”

“I’m not!”

“yieeee in love si Kaye!”

Narinig ko naman nagtawanan yung mga babae.

Hay Justin nasaan ka na ba?

Bigla naman akong may narinig na bumangga sa isang locker kaya napasilip ulit ako

And ayun nakita ko ang mga naghaharutang babae na nabangga ang locker ni Justin at ang cookies ko..

Oh no!

“Kaye yung box malalaglag!”

Tinamaan sa ulo nung Kaye ata yun ng box ng cookies

Pinulot niya yung box **“ano to?”** inalog alog niya

GRRR WAG MONG ALUGIN BAKA MADUROG YUNG MGA COOKIES!!!

“Kay Prince Justin ata yan. Ibalik na natin”

“oh sure” inilagay niya yung box ng cookies dun sa ibabaw ng locker ni Justin.

Whew. Buti naman at hindi nila napag interesan.

“ah wait excuse me”

Nagulat ako dun sa boses kaya napasilip ako ulit.

Si Justin.

“y-you--?”

Nakaturo siya dun sa girl na nakalaglag ng box ng cookies

“ah y-you saw it? ” sabi nung girl kay Justin and mukhang natatakot

“yes”

Oh no parang hindi maganda pakiramdam ko dito

“s-sorry Prince Justin, I didn’t mean—“ paliwanag nung babae kaso pinutol ni Justin yung sinasabi niya

“ikaw ba ang naglalagay ng cookies dito everyday?”

Say no, say no, say noooooooooo

The girl nodded

Bigla naman lumapit si Justin then yumakap sa babae

“hay, now I found you ”

My heart sank.

He sure looks happy.

But I guess wala ng ‘next box of cookies’ para umamin ako sa kanya

Chapter 34

The Impostor

[Michelle’s POV]

Bago pa ko makita ni Justin, tumakbo na ko palayo and bumangga ako sa isang lalaki. napatingin ako kung sino ang nabangga ko.

Si Ren.

“Mich!!!!!!!!!! Ano kamusta na? nakita mo na si Justin? Oh dahil diyan ipagluluto mo na din ako ah!!” sabi ni Ren habang tumatawa

Bigla naman ako yumakap kay Ren then I started to cry

“t-teka Mich bakit what happened? ”

Umiyak lang ako ng umiyak.

“uhh Mich baka makita tayo ni Arcie magselos pa yun ”

Hindi ko pinansin yung mga sinasabi ni Ren dahil alam ko naman na wala namang ibang alam yan kundi kumain kaya hindi niya ko maiintindihan. i just need a shoulder to cry on.

Pero bakit ba kasi nangyari to? Ang bagal ko kasi. Kung sana dati ko pa sinabi kay Justin hindi sana nangyari to. Bakit ba hindi ako nakakuha ng lakas ng loob nun?

“err Mich baka ma-guidance tayo dito. Akalain PDA. ”

Bigla ko naman tinulak si Ren **“SINO BANG GUSTONG MAHULING KA-PDA KA!!!!!! ”**

“o t-teka chill ka lang. I’m just joking. Tell me ano bang nangyari?”

“i.. I can’t ”

“bakit?”

“Ren, please, kahit anong mangyari don’t tell anyone na ako yung nagbibigay ng cookies kay Justin”

“kahit kay Justin?”

“especially Justin”

“bakit?”

“basta.. please?”

“ok I understand. But you know you can tell me kung ano ang problem. Just remember that. ”

“thank you Ren”

Sabay na kami pumasok ni Ren ng classroom. And as expected, start na ng first subject namin which is English.

“Mr. Salvador and Ms. Rhias, why are you late?” tanong samin ni Sir Nike

“Ah hehe sorry sir nagutom kasi ako, kinaladkad ko si Mich para samahan ako kumain.”palusot ni Ren.

“ok, palalagpasin ko kayo but ayoko nang mauulit to, understand?”

“Yes Sir Nike!” sagot ni Ren kay sir Nike

Umupo na kami ni Ren. Si Ren sa harapan ko, ako sa tabi ni Justin. Seatmate nga pala kami ni Justin.

“you’re late. nag papractice ka na naman ng volleyball? Malapit na nga pala ang tournament ”tanong saakin ni Justin

Tumango lang ako ng hindi tumitingin sa kanya **“uh”**

sinilip naman ni Justin ang mukha ko and alam kong na-halata na niya na galing ako sa iyak. **“hey, what’s wrong? ”**

Nag taas ako ng kamay

“sir”

“yes Ms. Rhias?”

“uhm, I’m not feeling well” sabi ko kay Sir Nike

“do you want to go to the clinic?”

“n-no! pwede po ba kong lumipat near the window? Magiging ok na po ako nun”

“ok. Sino gusto makipag change seats kay Ms. Rhias” tumingin si Sir sa mga nakaupo near the window

As expected madami naman nag taas ng kamay. First dahil gusto nilang magpa-impress sa ‘Ms. Michelle’ nila. Second dahil gusto nilang makatabi si ‘Prince Justin’ nila.

Nakipag palit ako dun sa isang guy na nakaupo sa likod tabi ng bintana.

Sa ngayon kailangan ko munang iwasan si Justin. For the better.

[Lunchbreak]

“Mich!” Hinawakan ako ni Justin sa balikat, **“here”** may inabot siya saakin **“you’ll feel better after drinking this. Pero kumain ka muna ng lunch ha?”** tumingin siya sa orasan niyo **“I Need to go. Kita tayo sa leisure room ok?”**

Umalis na siya

Tinignan ko yung binigay saakin ni Justin na gamot then tinago ko sa bulsa ko.

Ngayon ko nararamdaman yung pagsisisi sa dami ng panahong pinalagpas ko. Bakit ba kung kelan nagkalakas na ko ng loob na umamin sa kanya tsaka pa nagkaganito?

[leisure room]

Pagkapasok ko ng leisure room, nai-serve na yung food ng S6.

“Michelle, tara kain na tayo” pagyaya ni Arcie saakin

Umupo ako sa tabi ni Ren.

“Ok ka na ba Mich?” tanong naman ni Yanna saakin

“yes I’m ok ” sagot ko

“oh kumain ka na before ka pang maunahan nitong si labanos” naglagay naman ng food si Arcie sa plate ko

“grabe naman kayo no. Mich kain na” sabi ni Ren

“thanks” kumuha na ko ng food. Napatingin naman ako sa bakanteng upuan sa tabi ko **“nasaan si Justin?”**

“may dadaanan lang daw saglit” nilagyan ng food ni Yanna yung isa pang plate and binigay niya sakin **“kumain ka ng marami. Bawal magkasakit ngayon lalo pa’t malapit na ang tournament niyo ”**

And maya-maya lang biglang pumasok si Justin...

...and he’s not alone. He’s with that girl.

“oh Justin nandyan ka na pala---who is she?” tanong ni Yanna

Hinawakan ni Justin yung hand nung girl then iniharap niya samin.

“Guys, I want you to meet Kaye, the girl who is mysteriously giving me those cookies ”

“HA?!?! ” sigaw ni Ren

Inapakan ko yung paa ni Ren **“ha-ah-ah -eh hehehe. Wait, siya? ”** tanong ni Ren

“Yes none other than ”

“Hello po sa inyo ” sabi ni impostora saamin

“ohh. So ikaw pala yung laging nagbibigay ng cookies kay Justin? Nice meeting you ” bati ni Yanna

“buti naman at nagpakilala ka na. halos mabaliw ni Justin kakaisip kung sino yun eh. He wants to know you badly ” sabi naman ni Lance na medyo natatawatawa

“yes, kasi I think it’s about time na magpakilala na ko. I’m so happy na nagustuhan pala ni Prince Justin yung gawa ko. Akala ko never niya na kong mapapansin ” sagot ni impostora!

Nakita ko sa mukha ni Justin na sobrang saya niya. Panigurado pag sinabi kong ako talaga yung gumawa ng cookies magkakaroon lang ng gulo. Justin will just be confused. Masaksatan lang siya. So what else can I do? Maki ride on sa babaeng to?

Siniko naman ako ni Ren then he gave me a ‘who is she?’ look. I just smile at him, a sad smile.

“Kaye, come and join us. Justin paupuin mo naman yung new friend mo” pagyayaya ni Yanna

“oh sure” kumuha naman ng upuan si Justin then kinuha ni Kaye sa kanya at inilagay sa gitna ng upuan ko at upuan ni Justin.

“excuse me, pero lagi kasing makatabi si Mich at Justin” sabi ni Ren kay Kaye

“oh I’m sorry! You don’t mind if I sit here Ms. Michelle do you?” tanong niya saakin

“o-oh sure, go ahead.” sagot ko

Humarap ako kay Ren then binulungan ko siya “may request ako sayo”

“ha? Ano yun?” tanong ni Ren saakin

“please don’t follow me” sabi ko kay Ren

“wh-what--?”

Inilapag ko yung spoon and fork ko

“Mich? Tapos ka na? hindi mo masyadong nagalaw food mo ah?” tanong ni Arcie saakin

“Ha? Kumain ka Mich para mainom mo yung gamot mo” sabi naman ni Justin

“uhm, I think I need to go home. I’m not feeling well” sagot ko sa kanila

“huh? Hindi mo na ba talaga kaya?” tumayo si Justin “ihahatid na kita”

Pinigilan ko naman agad si Justin “no! May bisita ka. It’s not nice na iwan mo siya ”

“but—“ tumingin siya kay Kaye

“Prince Justin please don’t leave me” pagmamakaawa ni Kaye sa kanya.

Grrr bwisit na impostora!

Tumingin si Justin saakin “sure ka bang kaya mo na?”

“yes ” i told him

“ok then. Ingat ka ha? ”

Ouch = _____ =

“Mich I’ll call you later” sabi ni Yanna saakin

“s-sure”

“pagaling ka” sabi ni Arcie

“thanks”

Lumabas na ko ng leisure room then tumakbo paalis. Hindi ako umuwi sa house instead pumunta ako hotel namin. Pagkapasok ko dumiretso ako agad sa receptionist

“may naka check-in sa presidential suite?”

“wala po ma’am”

“ok good”

“w-wait ma’am. Magagalit po ang dad mo pag ginamit mo yun”

Tumingin ako sa kanya **“I’m going to run this business soon kaya please wag mo kong diktahan”**

“s-sorry po ma’am”

Tumakbo ko papunta sa presidential suite then pagkasaradong pagkasarado ko ng pinto, tumulo na agad ang luha ko.

I’m stupid! Justin doesn’t love me! He just love those cookies but not me! Kung hindi ko ginawa yun hindi rin naman niya ko mapapansin eh. Sana matagal ko nang na-realize yung para umpisa pa lang tinigil ko na ang kalokohan na yun!

Bakit ba ko masyadong umasa sa kanya? T__T

[Justin’s POV]

I checked my cellphone, tinignan ko kung may text from Michelle pero wala. Ok na kaya siya?

“..so how did you know na favorite ni Justin ang cookies?” tanong ni Yanna kay Kaye.

Nandito pa nga pala kami sa leisure room at eto naka hot seat na agad si Kaye. Hehe kawawa naman. But the more na nagtatanong sila sa kanya the more ko siyang nakikilala. And as expected ang taong nagbibigay saking ng cookies has a good heart. Hindi naman niya magagawa yun kung hindi galing sa heart niya right?

“actually, hindi ko talaga alam. I just love baking cookies. Matagal ko nang gustong bigyan si Prince Justin kaso sa dami ng nagbibigay ng gifts sa kanya I doubt na mapansin pa niya sakin”

“but it turns out na sayo yung napansin ko ” I smiled at her

“oww, ang sweet naman mukhang may mamumuong bagong relasyon ah? ” pangaasar ni Yanna saamin

“ikaw ba talaga yung gumawa ng cookies?” tanong ni Jiro ng may seryosong tono.

Napatingin kaming lahat bigla kay Jiro. Natural ng tahimik si Jiro pero nakakagulat naman ng bigla siyang nagtatanong ng ganyan

“y-yes, ako nga. You don’t believe me?” sabi ni Kaye

“well madaling sabihin na ikaw nga ang gumawa. What’s your proof?” sagot naman sa kanya ni Jiro

“tama! Nasa yung proof mo na ikaw nga?” dagdag pa ni Ren

Inawat ko naman agad yung dalawa “Jiro, Ren please stop!”

“I don’t know kung bakit ayaw niyo maniwala sakín pero wala akong kailangan patunayan sa inyo” sagot ni Kaye sa kanila

“ok if you say so” tumayo si Jiro “hihintayin na lang namin na ipag bake mo ulit kami ng cookies. Alis muna ko at matutulog bye”

“me too!” tumayo din si Ren at sumunod kay Jiro

“..labanos--”

Lumabas ng leisure room si Jiro at Ren.

Ano’ng meron sa dalawang yun?

“Prince Justin, hindi ba ko welcome dito? ” tanong saakin ni Kaye. She looked down

“ha? Oh no don’t think that way. Wag mong intindihin yung dalawang yun. Ganun lang talaga sila pag hindi masyadong magnda araw nila mamaya mag so-sorry din sayo yang mga yan ”

“oo nga Kaye. Ayos lang yun” sabi ni Lance sa kanya

“so, tikman niyo yung cookies na bake ni Kaye”

Inilapag ko sa table yung cookies and kumuha sila isa-isa

“in fairness masarap ha?” puri ni Yanna sa gawa ni Kaye

“saan ka natuto Kaye?” tanong naman ni Lance

“uhmm, nag-aral lang ako mag-isa ”

“wow, natural talent mo pala yan” sabi ni Lance

“sabi nga nila a way to a man’s heart is through is stomach. No wonder napansin ka ni Justin ”dagdag pa ni Yanna

Bigla namang sumigaw si Arcie “Ah!”

Napatingin kaming lahat kay Arcie

“Arcie are you alright? ” tanong ni Yanna sa kanya

“ah, hehe yes I’m fine. May naalala lang ako bigla”

“.. oo nga pala, maalala ko din. Nung una talaga akala ko si Mich ang nagbibigay ng cookies sayo” sabi ni Yanna saakin

“me too, knowing that Mich loves baking and stuff” pag sangayon naman ni Lance

I smiled.

Kahit din ako I thought it was Mich. And how I wish na si Michelle nga yun. Kaso bakít naman niya gagawin yun?

I love Michelle ever since kaso I doubt na may nararamdaman din siya para saakin. Ayoko namang lumayo siya kaya hindi ako umaamin. Nung may nagbibigay na ng cookies saakin akala ko siya na yun, but I was wrong.

Well, I guess I need to move on. I have Kaye right now, baka matulungan niya ko.

I need to forget Michelle Rhias.

Chapter 35 *The real intention*

[Michelle's POV]

I heard a knock on the door. Tinignan ko yung orasan, it's already 5pm. Kanina pang 11am ako nandito. Nakatulog siguro ako kakaiyak

“sino yan?” tanong ko doon sa kumatok

Hindi sumagot yung kumatok sa door. Malamang isa sa mga staff dito. Siguro nalaman na ni daddy na ginamit ko yung presidential suite.

Kasi naman Michelle, iiyak ka na nga lang gusto mo pa dun sa pinaka sosyal na room ng hotel

Tumayo ako para buksan yung door kaso nagulat ako nung makita ko kung sino yung kumatok

“Arcie? Ano ginagawa mo dito and how do you know na andito ako? ”

“magaling ang source ko eh ” pinakita niya saakin yung plasticbag na hawak niya “dinalhan kita ng food. Alam kong gutom ka na dahil wala ka naman halos kinain kaninang lunch. Kaso Jollibee lang yan ah? ”

Napa-smile naman ako “I love Jollibee's chicken joy ”

Pinapasok ko siya sa loob. Bigla ko namang naramdaman ang gutom. Tamang tama pala ang dating ni Arcie.

Binuksan ko yung bigay niya then I started eating

“Mich, I know you love Justin” sabi ni Arcie saakin habang pinapanuod akong kumain

Nabulunan naman ako sa sinabi niya

“wh-what? What are you talking about? ” sagot ko sa kanya

“kung hindi, hindi ka iiyak ng ganyan”

“h-huh? What are you saying? Hindi naman ako umiyak ” palusot ko

“nagsisinungaling ka parin kahit obvious na namamaga ng husto ang mga mata mo dahil sa sobrang iyak”

Napatingin agad ako sa salamin and yeah, maga nga ang mata ko

“hi-hindi siya ang dahilan. Ano—masama kasi pakiramdam ko kanina kaya ganyan”

“bat hindi mo sabihin sakanya na ikaw ang gumagawa ng cookies at hindi yung impostor na yun?” nagulat naman ako sa sinabi ni Arcie. Paano niya nalaman yun?

Pero syempre hindi parin ako umamin “wh-what are you saying? Hindi ako ang nagbibigay sa kanya ng cookies ”

Mukhang sinabi sa kanya ni Ren ah! Yari sakin yung matakaw na yun!!!

“don’t lie to me. Kanina ko lang na realize ang lahat nung matikman ko yung cookies”

“huh? What do you mean?”

“natatandaan mo ba kung bakit naging kaibigan ko ang S6 Mich? Dahil sayo yun”

“huh?”

“I remember kumakain ako magisa sa cafeteria nun, then bigla kang tumabi sakin, tapos out of nowhere binigyan mo ko ng cookies then you introduce me sa S6 as your new friend. Hindi ko makakalimutan yun Mich. Ikaw yung nagmistulang angel ko nung mga panahon na yun ” Arcie held my hand and smile at me

“Arcie”

“and of course hindi ko rin makakalimutan yung lasa ng cookies na binigay mo sakin ”

I’m speechless. Hindi ko alam na yung simpleng ginawa ko napakalaking bagay na pala kay Arcie yun.

“ngayon malinaw na sakin ang lahat. Naalala ko tinanong din ako ni Ren nun, kung ano ang mas masarap, yung cookies na gawa ng isang professional pastry chef or yung home made cookies and I choose—“ hindi ko pinatapos si Arcie sa pagsasalita and ako na ang nag dugtong sa sinasabi niya

“yung home made cookies because it came from the heart kasi pinaghirapan ” sabi ko sa kanya

I hug Arcie then I started to cry again

“Arcie, ang sakit! Sobrang sakit! ”

She tap my back

“it’s alright. liyak mo lang yan”

Umiyak lang ako ng umiyak kay Arcie

And for the first time sa araw na to, parang gumaan ang pakiramdam ko.

[Arcie’s POV]

“Arcie, thank you talaga ha? I feel better ”

“ok lang yun. I’m also glad na kahit papano napagaan ko pakiramdam mo ”

“halika na ihahatid na kita”

“ayos lang, malapit na rin naman ang house namin kaya wag na na lang. umuwi ka na and magpahinga ka.”

Pumasok sa loob ng car si Mich

“thanks again Arcie.”

“you’re always welcome”

“bye”

“bye-bye. Ingat ”

Umalis na yung car na sinasakyan ni Michelle.

Hay nasaan kaya si Jacob? I need to thank him. Sa kanya ko kasi nalaman kung nasaan si Michelle. Right after class kasi tinakasan ko si Jiro sa pag-plan ng school fair na yan at pinuntahan ko agad-agad si Michelle sa house nila kaso wala naman siya dun. Bigla namang sumulpot si Jacob sa likod ko at sinabing nasa hotel si Mich. Kung paano niya nalaman, hindi ko alam.

Hay, kung sabagay regular guest nga pala si Jacob. Baka nakita niya si Mich.
“h-ha? Y-yes it’s fine with me”

“See?”

Mich didn’t say a thing

“let’s go”

Bat ba pag si Jiro na ang nagsalita hindi na sila nakakaangal?

I followed them sa mga booths para pumili ng makakain. At dahil nakalimutan ko kung ano ang food na gusto ni Arcie, bumili na lang ako nung mga tingin ko na magugustuhan niya.

“grabe Ren ang dami niyan ah? Sayo lang lahat yan?” tanong ni Lance habang nakatingin siya sa mga binili ko

“of course not, yung iba kay Arcie”

“hindi naman ganun kalakas kumain si Arcie, so 99% sayo”

“hindi no!!”

Bumalik na kami dun sa mga girls after we buy foods.

“here’s your food!! Ano gusto mo binbo? Binilan kita ng burger, hotdog sandwich, waffle. Meron din dito cotton candy, chocolate bars. What do you want?”

“err, juice muna?”

“juice jucie. Nakalimutan ko bumili ng drinks! Wait lang bibili ako”

Aalis na sana ko para bumili kaya lang—

“here” inabot ni Jiro yung isang juice kay Arcie **“dalawa nabili ko”**

“t-thanks”

Arcie blushed.

Palpak ka na naman Ren. > ___ <

After naming mag lunch naglibot-libot pa kami sa mga booths. Nung medyo gumagabi na, pinaandar narin yung ferris wheel.

As usual kami na namang tatlo ang magkasama.

Bakit ba parang love triangle ang dating namin ha?!

Bakit hindi ba?

Nung makasakay na kami sa ferris wheel, magkatabi kami ni Arcie, then sa kabilang side naman si Jiro.

Arcie stood up then tumingin siya sa labas ng cab

“wow! Ang ganda pala ng view dito. Hindi ko alam na ganito pala kalaki at ka-ganda ang school natin!!”

“syempre naman no! ” sabi ko sa kanya

None of us spoke for a while. Maya-maya biglang huminto ang ferris wheel. Arcie was about to fall kaya napatayo ako para saluhin siya.

But I'm too late

Jiro caught her already

“please be careful” sabi ni Jiro sa kanya

“s-sorry”

Hindi pa binibitawan ni Jiro si Arcie

“look” may tinuro si Jiro kay Arcie habang yung isang arm niya nasa shoulders parin ni Arcie

Arcie slightly lift her head and tumingin siya sa labas.

The fireworks is starting.

Before riding the ferris wheel, I punched Justin and tandang tanda ko pa ang mga words na sinabi ko sa kanya kanina.

“don't be a coward! Just tell Mich how you feel!! Hindi mo malalaman kung hindi mo sasabihin. Anong gusto mong mangyari, forever na kayo magiiwasang dalawa?! Just tell her! Tell her, bago pa maging huli ang lahat. Wag ka ng gumaya sa isang taong nag took advantage sa kaibigan niya kasi alam niyang hindi naman siya iiwan nito . Wag mong hayaang maging huli na ang lahat para sayo.”

The one I am talking about here is myself. Never kong naisip na pwede ma fall si Arcie sa iba.

Kaya ako nagsisisi ngayon.

I look at them. Jiro is still holding Arcie.

Tumayo ako at pinaghiwalay yung dalawa. Then I kneeled and may pinulot ako.

“may piso”

I stood up then inabot ko kay Jiro yung 1 peso coin **“I think it's yours”**

Nung matapos na yung ferris wheel ride, bumaba ako without saying a word.

End of flashback

Tumingin ako sa door kung saan lumabas si Arice and Jiro.

There's something about the way how Jiro treats her.

And it bothers me.....*a lot.*

[Arcie's POV]

Sumunod kami ni Jiro sa principal's office.

"you two may sit" Ms Jennica instruct us

Umupo kami sa chair opposite sa chair ni Ms. Jennica.

"I just like to congratulate the two of you for a job well done. Successful ang outcome ng school fair natin"

"thank you po" we both said in chours

"you'll recive an award during your graduation, and of course may incentives din kayo na ma-rerecive sa mga subjects niyo. And as for you Ms. Arcie Morales, if makakaya mong i-maintain ang grades mo hanggang graduation, we will help you get a scholarship sa university na balak mong pasukan sa college."

"t-talaga po?"

"yes."

"napatayo ako bigla "thank you po Ms. Jennica!! Thank you po talaga!"

I can't believe this! Mag-aaral talaga ako ng mabuti mapa-French or Japanese class pa yan! A scholarship? Aba malaking tulong na yun sa parents ko.

"once again congratulations. You two may go"

Lumabas kami ni Jiro sa prinicipal's office.

Sa sobrang kasiyahan ko sa news na natanggap ko, pagakalabs namin napayakap ako bigla kay Jiro.

"we made it Jiro!! Successful! Ang saya saya!! " sabi ko sa kanya habang nagtatalon at nakayakap parin sa kanya

Bigla akong tinulak ni Jiro sa pagkakayakap ko kaya napaupo ako sa sahig.

“J-jiro--?”

“please, don’t come near me” he told me coldly

Lahat ng saya na naramdaman ko, sa isang kislap nawala bigla.

I stood up

“bakit... bakit mo ba ginagawa to?” tanong ko sa kanya habang nangingilid ang luha sa mata ko.

Tinalikuran niya ko at naglakad palayo pero hinabol ko siya. Hinawakan ko siya sa braso niya kaya lang tinabing niya.

“I said please don’t come near me. Nakikiusap ako ”

I slap him

“ano bang ginawa ko para maging ganyan ang pakikitungo mo sakini?! Bakit ba parang diring-diri ka sakini?! Bakit?! Dahil ba na-realize mo na hindi mo ko ka-lebel?! Na hindi ako mayaman tulad niyo?! Pero bakit mo ko ginagawaan ng magagandang bagay nun?! Bakit ang bait mo sakini dati? Tapos ngayon ang sungit mo na naman sakini?” napaiyak na ko sa harapan niya **“bakit ba ayaw mo sakini? Ano bang nagawa ko? ”**

I run palayo sa kanya.

I know what I did was wrong. But I loose control. Sa buong buhay ko ngayon ko lang naranasan na hindi ma-control ang emosyon ko.

Pero sobra na kasi eh.

Alam ko namang hindi ako masyadong maapektuhan ng ganito

..kung hindi ko siya mahal

Tumakbo ako papunta sa pool area. Dun ako nagiiyak.

Jacob is right. Hindi nga dapat minamahal ang isang tulad ni Jiro.

He’s mean, he’s heartless. I didn’t know what did I do to make him hate me so much.

Naramdaman kong may humila sakini then hinarap niya ko sa kanya.

“J-jacob”

He wiped my tears then he hugged me. **“please don’t cry. I’m so sorry ”**

“h-huh?”

Mas hinigpitan niya ang pagkakayakap niya sakini **“you don’t know how much I want to hug you like this ”**

“J-jacob?”

Nagulat kami ng may biglang may ng flash. Bigla kaming naghiwalay ni Jacob ng makita naming may camera na nakatapat samin.

“bravo! Perfect couple!”

It’s the F4

“so pulubi that’s your boyfriend? Infairness bagay kayo!”

“shut up” I told them

“pero hindi ko alam na may ganitong mukha pala na nag-aaral sa school na to.”

“hey you, are you an elite?”

“or baka naman katulad ka din ng babaeng yan na pulubi”

“you look so cheap”

They laugh

“tumigil na nga kayo ng pangiinsulto!!” sigaw ko sa kanila. Ok lang na ako ang insultuhin nila, pero bakit pati si Jacob idadamay nila?! wala na ba talaga silang matinong magawa sa buhay?!

“bakit ha?! Lalaban ka?!” paghahamon sakin ni Emily

Humarang si Jacob sa harap ko

“give me that camera” Jacob told her

“ayoko nga! Gagawa ako ng scandal about the two of you. Pumasok kayo ng maaga bukas ha? ”

Nilapitan siya ni Jacob **“I said give me that damn camera! Hindi mo kilala kung sino ang kinakalaban mo.”**

“ohhh I’m scared. Haha bakit sino ka ba?!” biglang tinulak ni Emily si Jacob kaya nahulog siya sa pool

Oh no. O_____O

“Jacob!!!”

“gusto mong sumunod?!”

Hinawakan ako sa braso ni Emily

“aaaaaaaaahhhh!!! Emily look!! ” O_____O

Napatingin kami bigla sa pool and may nakita kaming buhok na lumulutang, or should I say, ang wig ni Jacob.

“what the--?! ” O_____O

May nakita kami na pares ng kamay na humawak sa gilid ng pool. Biglang inangat ni Jacob ang ulo niya. He remove his eyeglass and braces.

We are all shock to see Jiro's face.

“P-prince Jiro?! ” O_____O

Umahon siya sa pool then nilapitan niya si Emily

“give me that damn camera”

Inabot naman agad ni Emily yung camera kay Jiro. Biglang itinapon ni Jiro yung camera sa pool.

“I told you, mag ingat kayo kung sino ang kinakalaban niyo” Jiro told her habang tinitignan siya ng masama. Kitang kita ko ang takot sa mukha ng mga F4.

Jiro grabbed my wrist then he dragged me. Hinayaan ko lang na hilain niya ko kasi nasa in-state of shock pa ang utak ko sa mga nangyari.

Jiro is Jacob

Jacob is Jiro

Paano nangyari to?! O__O

Chapter 40

The Prince Behind the Mask

[Jiro's POV]

The moment that Arcie ran away, bigla akong nagpalit bilang Jacob. And the moment that I saw her crying, hindi ko na napigilan ang sarili ko. Nilapitan ko siya then I hug her. I'm longing to hug her like this. Hindi ko alam kung ano ang pumasok sa kukote ko at ginawa ko yung mga bagay na yun kay Arcie. Yes, I'm afraid na baka maging panakip butas ko siya. But yung mga times na magkasama kami, I totally forgot Amber. Arcie is not hard to love.

Pwede bang this time magpaka selfish na ko?

I don't want to avoid her anymore.

Because the more I resist her, the more I fall for her.

If I already have a feelings for her, hindi na siguro pagiging panakip butas yun di ba?

But unfortunately, because of that four girls na lagi na lang nanggugulo sa buhay ni Arcie, nalaman niya na me and Jacob are only one.

I'm very afraid of her reactions.

I bring her to the roof-top. Nung nandun na kami I release her hand.

"I-I'm sorry " tinalikuran ko siya

"p-please explain. Paanong naging ikaw si Jacob?" she asked me with a confused yet calm voice

I took a deep breath **"I'm using that disguise ever since I was in first year. Escape ko to sa mga tao. I grew tired of all the attentions they are giving me. Whenever I wear those disguises, walang pumapansin sakin, well except for one person"** hinarap ko si Arcie **"nung unang araw na nakilala mo ko as Jacob I thought of you as an annoying and very nosy girl. But in the end, ikaw pala ang magiging best and only friend ni Jacob."**

I kneeled down in front of her then I bow my head

Nagulat naman si Arcie sa ginawa ko **"Jiro-- "**

"I'm very sorry Arcie. I'm very sorry for all the things that I've done. kaya ako ganito is because I'm afraid na baka masaktan kita. but the more I avoid you, the more I want to be close to you. Sorry din kung hindi ko sinabi sayo kung sino talaga si Jacob. But I'm very happy because for a brief moment I am able to show myself, yung dating Jiro " hindi ko namalayan tumulo na pala ang luha ko. This is the first time I cry infront of a person **"I thought--I thought hindi na babalik yung dating ako because of too much pain that I feel. pero naibalik mo sakin yun. but in the end nagawa parin kitang saktan. i'm just afraid na baka maramdaman ko sayo yung isang bagay na ayoko ng maramdaman ulit. you must be mad but I'm really sorry. I became unfair. Hindi ko dapat ginawa sayo yung mga bagay na yun. I'm sorry "**

I felt her arms around my neck. I was shocked to see that she is hugging me.

"Jacob, Jiro nakalimutan mo na ba yung sinabi ko sayo nung time na sinabi mo sakin na Jacob is just a disguise?" hinimas niya yung likod ng ulo ko **"I told you I won't be mad at you kung hindi mo man masabi sakin or dumating yung time na malaman ko. I am very happy kasi sa likod ng disguise na yun I am able to know the real Jiro."** Umalis siya sa pagkakayakap niya saakin then she wiped my tears **"I am very shocked to see you cry. But still I'm happy because nakita ko nanaman ang other side mo. I should consider myself lucky kasi mukhang ako pa lang ata ang nakakakita sayo ng ganito."**

I slightly smile **"to tell you the truth, oo ikaw pa lang"**

Tumayo kami pareho then she hugged me again **"please don't avoid me anymore, my prince"**

I face her **“yes, I think it’s about time para matauhan na ko. I wont’ avoid you anymore my dear ”** I touch her face then I kiss her forehead. I felt that she trembled dahil dun sa ginawa ko kaya natawa naman ako **“that’s the reason why I can’t resist you ”**

“h-huh?”

Nilapit ko yung face ko sa kanya and napapikit siya bigla. I smiled.

How I love teasing her like this. Ganti na to dahil pinaiyak niya ko. ^ _____ ^

“ganito ka ba talaga ka-affected sa presence ko?” I ask her with a teasing voice

“a-anong ibig mong sabihin? ”

“do you feel butterflies in your stomach because of me?”

“h-ha? H-hindi n-no!! ” pag de-deny niya

“why are you trembling?”

“i-im n-not”

“you’re stuttering ” naatawa tawa kong sabi sa kanya

“che!!” tinalikuran niya ko but I was fast. I grab her arm then sinandal ko siya sa wall.

Nilapit ko ulit yung mukha ko sa mukha niya. Now I can feel her breathing.

“wanna know why I can’t resist you?”

“b-bakit?”

“it’s because..” nilapit ko yung lips ko sa may tenga niya then I softly whisper **“I’ll tell you later ”** I released her then I winked at her

[Arice’s POV]

Isang bagay na ayoko kay Jiro ay kayang kaya niya akong pakiligin without giving too much effort.

Katulad ngayon.

Halso di ko parin makalakad ng maayos ang paa ko dahil sa pinaggagagawa niya. Nanlalambot ako!! >__<

30 minutes na lang before ang next class kaya dumiretso na kami agad ni Jiro sa Leisure room para makakain na kami.

I look at him and he's smiling

Grr ano naman kayang ngingingiti-ngiti nito ngayon samantalagan kanina iiyak iyak!

Hinila niya pa ko papalapit sa kanya, dahil ang layo daw ng distansya namin habang naglalakad. Napansin ko naman na pinagtitinginan kami ng mga students, mostly babae. Paano ba naman kasama ni "commoner" si "ultimate prince" nila. Pero syempre la akong care no! aba kinikilig ako. Bwahahahah

Nung pumasok kami ng leisure room, he's still wearing that grin

Tumingin ako sa kanila. Sweet na sweet si Yanna and Lance pati si Justin and Mich. pinagitnaan pa nila ang nagisang si labanos.

Owww poor radish

"hello!" bati ko sa kanila

"oh arcie, Jiro" bati ni Yanna saamin

Humarap sila samin

At eto lahat ang reaksyon nila >> O.o O.o O.o

"err, what happened? May maganda bang balita?" tanong ni Miche

"she received a good news " sabi naman ni Jiro habang nakaturo saakin

"talaga ano yun Arcie?" tanong ni Lance

Kinwento ko sa kanila yung about sa scholarship.

"wow, that's great!" sabi ni Lance saakin

"congratulations Arcie" bati naman ni Justin

"you should do your best from now on " sabi ni Yanna

"I'll help you with your French " offer naman ni Mich saakin

"thanks Mich, thank you sa inyo "

"let's eat " sabi ni Jiro, still wearing those big grin on his face

Umupo kami ni Jiro then we started to eat

“teka, teka teka.. nagtataka talaga ko! Nakakapanibago! Why are you grinning Jiro?! What the heck is happening?!?!?!?” Nagulat kami sa sigaw ni Yanna.

I can't blame her. Wala sa personality ni Jiro ang ngumiti! Bilang na bilang mo lang ang mga times na nakangiti siya. Then all of the sudden ngingiti siya ng ganyan.

Kung ako ang nasa lagay ni Yanna, I will also freak out.

Jiro just laughed. **“just eat and don't mind me ”**

Tinuro siya ni Yanna **“y-you l-laugh?! I haven't heard you laugh for a year already O.o”**

“me too. Ano bang nangyari bat parang ang saya mo ngayon?” tanong ni Mich sa kanya

“oo nga bro nakakapanibago ka. Ano bang nangyari?” sabi ni Justin

“are you in drugs? ” seryosong tanong naman ni Lance

“of course not. You're all over reacting. I just feel I'm happy. Let's just eat ok? ”

Bat naman to happy?

Ako ba ang dahilan? Kinikilig talaga ko. ^ _____ ^

Nagulat ako dahil biglang tumayo si labanos.

“uhmm, I'll go first”

“huh? Ok ka lang ba Ren? Hindi ka masyadong nakakain ah” tanong ni Yanna kay labanos

“band practice” lumabas siya ng door.

“bat ba parang ang daming kakaiba ngayon? Nakangiti si Jiro and Ren doesn't have an appetite today? It's unbelievable!”

Ren doesn't have an appetite?

Ganyan siya pag depress. Nakita ko na siyang ganyan dati nung magkaaway ang parents niya

Ano kaya problem niya and bat hindi siya nag-oopen sakin? Dati naman lagi niya sinasabi.

Oh well, I'll just ask him later.

Sabay-sabay kami bumalik ng class room. Pero start na ng next subject namin, hindi parin dumarating si labanos. Siguro excuse na siya dahil sa band practice.

After dismissal, umuna na kong umuwi sa kanila.

Masyadong maraming nangyari ngayong araw na to. Si Jiro si Jacob. Ok na kami ni Jiro. Jiro cried. Jiro smiled. Hanggang pag uwi masaya siya.

I'm glad ok na ang lahat. Sana tuloy-tuloy na to.

Habang naglalakad ako pauwi, may biglang humatak sakin.

“J-jiro?”

He held my waist and pull me closer to him

“bat ka umuwi agad?”

“h-ha?”

His face was inches from mine and he look so serious.

Napalunok ako. Kanina lang naka ngiti siya ah?

“may dapat pa kong sabihin sayo di ba?”

Oo nga pala! The reason why he can't ... resist me? Yun ba yun?

Bat ko nga ba nakalimutan yun!!

Tsk, paano ba naman kasing hindi eh sobrang kinikilig ako buong klase kanina!

But now I'm curious!! Super!!

He place his lips near my ears

“zhu tem”

He released me.

“una na ko. Ingat ka pag uwi my princess ” he winked at me then nag wave na siya saakin palayo

Tumalikod na siya and sumakay dun sa car.

Oh so that's the reason.

Zhu tem.

...

...

...

...

WHAT THE HECK IS ZHU TEM?!

Chapter 41

Zhu Tem

[Arcie's POV]

Zhu tem, zhu tem, zhu tem.

I googled the word zhu tem pero wala parin matinong lumabas na sagot. I tried different spelling like, shu tem, xhu tem, pero wala!

Ano ba ang zhu tem na yan? Is it a Chinese word, Taiwanese, Japanese, Korean, or alien language?

Juskoooo Jiro bakit mo ako winiwindang nang ganito.

Pero sa totoo lang, familiar sa akin yang word na yan and I think I've heard it somewhere.

Oh well, walang mangyayari sa buhay ko nito. Nag open na lang ako ng facebook ko. Oo nga pala, friend ko na dito ang buong S6 except kay Jiro. Well, I tried asking for his email add pero ang sagot lang niya sa akin nun eh wala siyang email at lalong wala siyang facebook. Napaka boring talaga ng buhay ng lalaking yun. I know na wala siyang fb but I still try to search his page. Instead I came up with a fan page "*Jiro Festin is our Ultimate Prince*" wow, so may fan page pala si Jiro ah. Complete details din ang nakalagay. Halatang avid fan talaga ang gumawa nito.

Isa, isa kong binasa yung mga post nila sa wall.

"Jiro Festin, kalian mo ba ko mapapansin, I loooovvvveee yooooou"

"I saw him yesterday after dismissal, he's smiling. My gosh! Parang nakakita ako ng anghel"

Exaggerated masyado ha.

Binasa ko pa yung ibang mga post nila sa wall and puro I love you Jiro, at ang gwapo mo jiro ang nakalagay.

Buti hindi pa sila nag cocomment about dun sa nakita nila na magkasama kami kahapon.

Aalis na sana ko dun sa fan page but something caught my attention.

“Jiro, Je suis désolé. Tu me manques :’(“

It was a post from a girl name Amber.

Honestly speaking, wala akong naintindihan sa sinabi nung girl!

Grrr bat ba ang dami niyong alam na words na hindi ko maintindihan! Haller, nasa pinas tayo, pwede bang magtagalog na lang?!

I close the page.

Hay bwisit, matanong na nga lang si labanos baka may idea siya kung ano ibig sabihin nung zhu tem na yun!

[next morning]

Sakto lang ang dating ko sa school. Meron pang 15 minutes before the bell. Pag pasok ko sa room, unang hinanap agad ng mata ko si Jiro.

Hmm wala pa siya, mukhang late na naman yun. Ganun naman talaga yun eh.

Nilapag ko yung bag ko sa chair ko. Nakita ko naman si Ren na nakayuko sa armchair niya at mukhang tulog.

Aba, aba mukhang puyat ang aking labanos ah?

Nilapitan ko si Ren and pinindot ko yung pisngi niya. Inangat niya yung ulo niya then he look at me

“good morning labanos ”

Ipinatong ulit niya yung ulo niya sa desk.

Aba dinedma ako!!

Niyugyog ko siya **“labanooooossss!!! Bat ang tamlaaaaay mo?! ”**

Tumingin siya sakín then inilipát niya ng pwesto yung ulo niya.

“wag ka nga magulo binbo inaantok ako”

So cold! >____<

Nilapít ko yung lips ko sa may tenga niya then sumigaw ako **“labanooooooooooooooooooooooooossssss!! ”**

Napatayo naman bigla si Ren.

Wahahahahaha.

“WHAT THE--!!! IKAW BINBO KA HUMANDA KA SAKIN! ”

Tumakbo ako palayo sa kanya pero hinabol niya ko. Hinarang ko yung mga upuan sa dadaanan niya kaya lang masyadong mabilis kaya naabutan ako. Nung maabutan niya ko kiniliti ba naman ako ng kiniliti.

“ikaw binbo ka ha!”

“waaaaaaaaahahahahahahaha labanos tama na!! wahahahahaha ”

“oh ano ka ngayon!!”

“hahahahahahahahaha”

Nung tinigil niya yung pangigiliti sakin, sobrang nanlalambot na ko.

Grrrr labanos!!

“ayan nagutom tuloy ako!” he grab my wrist **“tara samahan mo ko kumain!”**

“malapit na kaya mag-bell”

“So what?! Saglit lang naman!”

Pumunta kami sa canteen then bumili lang kami ng doughnut. Nilibre pa nga ako ni Ren. Take note, NILIBRE AKO, hindi siya kuripot ngayon ah!

Bigla ko naman naalala yung word na zhu tem. Baka alam ni Ren maitanong nga

“labanos, zhu tem”

Napatingin bigla sakin si Ren then his eyes widened **“w-what?”**

“oh that—“ biglang nag ring yung bell kaya napatakbo naman ako bigla habang hila-hila si Ren.

Whew muntik na kami ma-late! buti naunahan namin si Ma’am Krissa!

Nag start na ang homeroom and ang lessons. As usual, binabara-bara na naman si mam krissa ng iba naming mga classmates sa pangunguna ng F4, pero mukhang di na siya affected unlike dati. Mukhang naging immune na siya.

Nung lunch break nawala bigla si labanos kaya hindi ko na natanong sa kanya kung ano ang ibig sabihin ng zhu tem.

Hay naku makapunta na nga lang sa leisure room para makakain.

Bigla namang may humila sakin. And as usual sino ba ang lalaking mahilig manghila?

“Jiro?”

“let’s eat”

“oh o—k?”

Hinila niya ko palabas ng school. Teka kala ko ba kakain kami

“Jiro, andun ang leisure room, bat dito tayo papunta?”

“because I want to eat in a restaurant”

“EH?!”

Ay sows na ginoo itech! Wala akong pera! How on earth na makakakain ako?! Ang baon ko nasa leisure room.

“my treat”

At dahil sa word na ‘treat’ wala na kong nagawa kundi sumama sa kanya.

Pumasok kami sa isang restaurant. Actually it is more of a bistro kasi may bar sa loob.

“Goodafternoon, ma’am sir, table for how many?” bati nung isang server saamin

“two”

“smoking, or non-smoking?”

“non-smoking”

The girl led us to our table then inabot niya samin yung menu. I opened the menu and tinignan ko ang mga pwedeng kainin.

Smoothies. Php 185

*Tropical Runner * Gold Medalist * Perfect Ten * Summer Cyclist * Tropical Oasis*

Php185?! Drinks lang?! anak ng tokwa!

Nilipat ko yung page.

New York Strip Steak

8 oz - Php 1, 575

10 oz - 1, 955

Napasara ako ng menu.

Pagkain na namin yun sa isang linggo ah!

May lumapit samin na server.

“ma’am, sir can i take your order?”

“is there something you like?”

“ah, ikaw na lang pumili”

Tama! Tatal siya naman magbabayad! Tsaka nakakahiya umorder pag ganito kamahal ang pagkain.

“ok then, two strawberry lemonade slush, two French onion soup, two Jack Daniel’s burger and one mocha mudpie”

The server repeated his orders then umalis na.

“uhmm Jiro, bakit pala bigla-bigla mong gustong kumain tayo dito?”

He slightly smile “I told you the reason yesterday ”

“uhmm, ano ba ang ibig sabihin ng zhu tem?”

He looked at me confused then he laugh

OMG Jiro laughed! I must be in heaven!

“you’re running for salutatorian and you don’t know what zhu tem means? ” sabi niya saakin ng may pangasar na mukha

Grrr. Sorry naman!! I’m not smart masipag lang talaga mag-aral!

“saan subject ba yan tinuro?”

He grinned “know it yourself ”

Anak ng tinapang zhu tem yan oh! Saan ko ba narinig yan?!

After naming kumain, bumalik na kami sa school. Syempre nagtaka ang S6 kung san lupalop kami nagpunta ni Jiro! At eto lang ang sinagot ni Jiro sa mga tanong nila **“I kidnapped her for a while. Masama ba kung kumain kami sa labas paminsan-minsan?”**

And that answer made their eyebrows raised

Absent ulit si labanos sa mga next subjects namin. Hmm saan kaya nagpupunta yung taong yun? Band practice ulit? Ang dami na niyang namimiss na lessons!

After dismissal, dumiretso agad ako sa leisure room. Mich volunteered in teaching me French dahil isa yan sa mga subjects na mahina ako. Si Yanna naman sa Japanese.

Pagkadating ko ng leisure room, si Mich, Justine and Jiro lang ang nandun. Si Mich nasa may table and ready na akong turuan, si Justine naman mukhang nag rereview at si Jiro nasa sofa nakahiga at natutulog habang may nakatakip na libro sa mukha niya.

“ok Arcie, the kind of exam our teacher prepared for us is oral. So important na tandaan mo dito is the right pronunciation. Basic expression muna tayo. let’s start with the greetings”

She scribbled the word *Bonjur* and *Bonne nwit* in my notebook

She pointed the word *bonjour* **“this is pronounced as Bonshu meaning Goodday. The other one is bon wi meaning goodnight”**

Nagsulat ulit siya sa notebook ko

Vous vous appelez comment?

“do you know the meaning of this?”

“Errr.. hehehe no”

“what is your name?”

“oh I see”

“pronounced as voo-voo-sapley-coma”

“voo-voo-sapley-coma” I repeated her

Tinuruan pa ko ni Mich ng maraming French word. Infairness, French is not that bad. Masaya rin naman pala mag-aral ng French though ang hirap nga lang talaga i-pronounce yung mga words nila unlike sa Japanese.

Lumapit samin si Justin

“how’s the lessons going?”

“fine. Arcie is doing great. Actually patapos na kami ”

Tinignan ni Justin yung notebook na puro French words then he wrote something

Je t’aime

“oh I forgot to teach that. It is pronounced as zhu tem”

Napalingon agad ang ulo ko kay Mich **“zhu tem?”**

“yes. Zhu tem. Meaning...

“I love you” She and Justin said in chorus

Halos di ako makakilos sa narinig ko. I love you? Maybe I heard it wrong. I love you? I love you ba talaga ang sinabi nila?

“oh Arcie, una na kami ah”

I just nod

“see you tomorrow!”

“o-ok”

Pagkalabas nila, nagulat naman ako na nasa harap ko na si Jiro.

“now you know the meaning of zhu tem, hindi ka na siguro magtataka ngayon kung ihahatid kita sa inyo? ”

He held my hand and lead me outside.

Chapter 42

the heart break

[Jiro’s POV]

It’s been a long time since I felt the feeling of being in love. Eversince Amber, I swore to myself I will never love again. I loath the feeling so much to the point that I forgot how good it is to be in love.

But thanks to Arcie, she fixed my broken heart and show me the beauty of loving someone again.

Now I'm starting to show my real self again. The old Jiro is back.

I opened my computer and started to make a facebook account. Naalala ko dati nung dance fest when she asked me kung my fb ba ako and sinabi ko wala. Actually hindi naman talaga ako mahilig sa mga social networkings. Binubuksan ko lang tong computer namin if I need to reaserch something or pag naglalaro ako.

After kong gumawa ng account, I searched Arcie's profile. I add her up immediately. Natawa naman ako kasi pagtingin ko sa wall niya wala manlang naka post sa status niya. Puro games lang ang pinopost niya. Farmville, café world, restaurant city, pet ville, nightclub city at madami pa. I never knew na ganito pala kaaddicted si Arcie sa mga computer games .

Nakita ko sa gilid ng friends list niya yung profile ni yanna. I-ci-click ko sana kaso something caught my attention.

She joined in a fan page named "*Jiro Festin is our Ultimate Prince*"

Eh?!

I opened the account and infairness ang daming fans. Sino naman kayang epal ang gumawa nito? And ang dami kong pictures ah! Puro stolen. Mga stalkers ko ba sila?! Eh mukhang buong school na ang stalker ko nito eh! Complete details pa ang nandito and honestly speaking tama naman talaga ang nakalagay sa info.

I browse the posts baka nag comment si Arcie but instead ibang post ang nakita ko.

It's from Amber

"Jiro, Je suis désolé. Tu me manques :'(" [Jiro, I'm sorry. I miss you]

Napatigil ako saglit at hindi makapaniwala sa nababasa ko.

What the heck is she saying! After she left me ayan lang ang sasabihin niya?! After a year magpaparamdam ulit siya?! I think of exiting the page and gusto ko ng i-shut down ang computer but instead I find my self clicking on her profile. Nakaprivate ang wall niya. Am I going to add her?

Nah!

I close the page. Why would i? wala na kong pake kay Amber. Right now I'm happy because of Arcie and I am planning to bring our friendship in to a much deeper relationship.

I love Arcie now, hindi na si Amber.

[Ren's POV]

Je t'aime

I smiled at the thought.

Did Arcie really told me that? I don't know what she really feels when she told me that word. Maybe she loves me as a friend, or even much deeper than a friend, but whatever it is, those words gave me an encouragement.

Bakit ba ko nado-down everytime that I fail? I'm fighting for her but I think it's useless if she doesn't even know what I feel for her.

I remember the gift that the S6 gave her. Yanna gave her clothes, Lance gave her shoes while Mich and Justin gave her jewelries. Ako na lang and si Jiro ang hindi nagbibigay sa kanya.

This time ayoko ng maunahan.

I know Arcie is not fond of materialistic things. Mas gusto niya yung mga bagay na mahalaga hindi dahil mahal but yung thoughts na nandun sa bagay na yun. That made that thing sentimental for her.

And dahil dun alam ko na ang ibibigay ko sa kanya.

One week na akong absent because I'm preparing for my gift. I'm recording songs, syempre ako kumanta though puro revival nga lang. At dahil sadyang mahal na mahal ako ng aking mga bandmates, they covered up for me. Pinalabas namin na there's an upcoming event and we need to practice, so ayun napapayag namin si Ms. Jennica to sign our excuse letter.

But after one long week, natapos narin ang recording namin. Most of the songs na kinanta ko is yung may mga message na gusto kong iparating kay Arcie.

After the recording of songs, ang inayos ko naman is yung loction kung saan ko to ibibigay kay Arcie and kung saan ako magtatapat sa kanya.

I know Arcie loves beaches kaya dun ko naisipan gawin yung plan. When everything is set I texted her.

“Hoy binbo, mag bebeach tayo tomorrow! Mag ayos ka ng gamit! Bawal tumanggi!”

Wala pa atang isang minuto nag reply agad siya sakín. Aba himala may load to ngayon ah!

“LABANOS!! I haven’t seen you for one long week!! I miss you :’(! Anyways, ano naman gagawin natin dun?”

“haha I miss you too my binbo! Ano pa ba gagawin natin dun edi gagawa ng sandcastle, magtatampisaw sa tubig at papanuorin ang sunset! Basta bukas ah! Ang tumanggi panget!”

Alam ko naman na hindi makakatanggi si Arcie sakín eh! Sus ako pa malakas ako diyan sa panget na yan!

The next day, sinundo ko siya ng after lunch sa kanila. She was wearing a short shorts, a blouse and a hat.

Thank you Yanna for teaching her the word ‘fashion’ ^ _____ ^

“labanos, ano ba talaga gagawin natin sa beach?” salubong agad sakín ni Arcie na mukhang takang taka talaga.

“edi kung ano yung ginagawa natin dun nung mga bata pa tayo ”

Oo nga pala, when we are still a little kid, we used to sneak out and go to the beach. Tapos we are going to play with the waves. Then magbabasaan kami dun, after nun we are going to build sand castles, pick up shells at pag napagod na kami hihiga kami sa sand habang hinihintay ang sun set. Nung first time kaming tumakas our parents are very mad and we are both grounded for a week. Pero dahil sa pareho kaming pasaway, tumakas ulit kami hanggang sa nasanay na ang parents namin samin at pag kami nawala ni Arcie alam na nila kung saan nila kami hahanapin.

Well it’s been a long time. 9 years old pa lang ata kami ni Arcie nun. Na-miss ko na yung mga panahon na to.

Siguro naman we are not yet too old to play in the beach again?

Arcie smiled. Siguro naalala niya rin yung mga pinaggagaagwa namin nun sa beach.

Bigla naman bumaba galing sa taas yung mama ni Arcie

“good afternoon po tita” bati ko sa mom bni Arice

“oh Ren! Ang tagal mo nang hindi napapasyal dito ah?” lumapit siya sakín then she touched

my face “grabe ang laki mo na ah? Tumatangkad ka! Nakukuha mo yung height ng daddy mo. At gumagwapo ka pa!”

“thank you po tita!”

“hay naku ma wag mo na nga masyadong bolahin si labanos at baka lumaki ang ulo.”

“sus nagsasabi kaya nang totoo si tita. Di ba po tita?”

“oo nga naman Arcie. Tignan mo ang gwapo ng boyfriend mo!”

“ma!! Best friend!!”

I just laughed.

Hay naku Arcie, I hope you’ll realize how perfect we are together. Kilalang kilala na namin ang isa’t isa. Close ako sa parents niya. Close siya sa parents ko. Lagi ako inaasar sa bahay na girlfriend ko daw si Arcie, ganun din naman si Arcie sa kanila.

Sana kami na lang.

“o siya o siya best friend kung best friend! Ren alagaan mo ang *bestfriend* mo ha?” tinignan ako ng mom ni Arcie ng nakakaloko

“opo tita don’t worry! Aalagaan ko po ang *bestfriend* ko”

We both laugh

“hay naku pinagtitripan niyo na ko! Tara na kaya labanos!”

“sige po tita una na kami”

“ingat kayong dalawa! Dalaw ka ulit dito Ren”

“opo. Miss ko na po mga luto niyo ”

Arcie grab my arms and dragged me **“halika na labanos baka tuluyan mong ma-brainwash ang aking ina”**

Lumabas kami ni Arcie then i opened the door of my car for her.

“so, this time nagpaalam na tayo sa parents natin. Hindi narin natin kailangan magipon ng pamasaha papuntang beach. Ready ka na ba binbo? ”

“readyng ready na! let’s go labanos!! I miss the beach so much!! ”

I started the engine.

Pagkarating na pagkarating namin sa beach, Arcie run straight to the sea!

“labanos ang bagal mo! Bilis bilisan mo yung kilos mo! ”

I ran after her.

We played at the waves for a while. It’s been a long time since nung huling beses kaming nagbasaan sa beach ng ganito. After that we tried to ride the banana boat. Then of course mawawala ba naman ang sand castle making and pagpulot ng mga sea shells?

After we watched the sunset, pumunta kami sa hotel to change clothes. By this time medyo nagtataka na siya kasi usually after the sunset uuwi na kami.

We arranged to meet at the lobby after one hour. For sure pagdating ni Arcie sa room niya she’ll gonna be shock kung ano ang madadatnan niya .

After an hour I saw Arcie approaching me in the lobby, looking beautiful as ever.

“labanos!!! What’s the meaning of this? Bakit may mga tao kanina sa room ko? Mga staffs sa salon ni Yanna? Tsaka bat nila ko inayusan eh uuwi na naman tayo?” takang taka niyang tanong saakin

I look at Arcie from head to toe. She was wearing a simple but beautiful dress which matches

the beach's ambiance. Her hair was braided through her shoulders and has a flower on the side. She's wearing light make up but still lutang parin ang ganda niya.

Ibang klase ka talaga Yanna!! I salute you! I asked Yanna for a dress that will match the beach ambiance and a make up artist that can bring out Arcie's natural beauty. Yanna will be a great fashion artist in the future! There's no doubt in that!

“hoy labanos natulala ka? Ano bang meron?”

I held Arcie's hand **“we are going to have a date ”**

“huh?”

“basta! Sumama ka na lang sakin!”

We went to the restaurant I reserved. Favorite ko kasi tong restaurant nato kasi overlooking the sea siya.

I reserved the place para may privacy kaming dalawa. Buti na lang at friendship na kami ng manager nito kaya pumyaga siya. Bwahahahaha

Pagkadating namin, a receptionist lead us to our table which is yung nagiisang table lang talaga sa place na yun. Pagkaupo namin, they immediately served the appetizer.

We talked while eating. Mga usual things lang. pero ngayon ko lang na-realize, it's been a long time since we talked like this. Usually kasi palagi namin kasama ang S6. Minsan lang kami mapag-solo ng ganito. We talked about our childhood. Yung mga kalokohan namin nung bata pa kami. Yung mga times na madalas kami mapagalitan ng teachers. Tsaka yung mga times na nag-away kami.

“haha naalala mo ba labanos yung first time tayong nag-away nun?” tanong niya saakin

“oo naman hindi ko makakalimutan yung time na binuhusan mo ng glue ang ulo ko! ”

“paano ba naman nilagyan mo ng glue yung armchair ko! ”

“mas malala naman yung ginawa mo no! napilitan kaya ako magpakalbo nun! ”

She laughed **“galit na galit ka kaya sakin nun! Umuwi pa nga ako na umiiyak kasi ayaw mo ko pansinin nun eh!”**

“pero hinabol naman kita nun kasi I’ve realized na hindi pala kita kayang tiisin. ” I smile at her

I held her hand, natigilan naman siya bigla.

Inalis ko yung pagkakahawak ko sa kamay niya then nilabas ko yung mp3 na nasa pocket ko then I gave it to her.

“ano to?”

“my welcoming gift. Siguro hindi mo pa limot yung contract that you signed sa S6. Well, maybe it’s too late for a welcoming gift, but at least nabigyan kita.” kinuha niya yung mp3 “may mga songs na diyan. Ako mismo ang kumanta niyan, but puro revival lang naman”

“wow thanks labanos! I really appreciate it! Alam mo naman na number one fan mo ko eh! Biruin mo yun nag record ng mga kanta ang idol ko para sakin!” she told me habang tumatawa

I smile **“buti naman nagustuhan mo ”**

“syempre naman! Pinaghirapan mo to eh! Thank you talaga!”

“uhmm, Arcie..” I breathe deeply. Siguro naman ngayon wala ng makakaistorbo sa pagtatapat ko sakanya? “I need to tell you something... about the word je t’aime—“

“oh that! Zhu tem!! I love you pala ibig sabihin nun?”

Naguluhan naman ako bigla sa sinabi niya **“ha?”**

“itananong ko sana sayo yun eh kaso biglang nag bell naman! Pero nalaman ko na ibig sabihin nun. Uhhh actually J-Jiro was the one who told me t-that word” she told me shyly

Nagulat naman ako sa sinabi niya **“wh-what? He told you he loves you? ”**

“y-yes” she slightly tap my shoulder “uy labanos secret lang natin yun ah! Ikaw palang nakakaalam! Promise mo ah wag mo muna sasabihin sa iba!”

Parang nabingi ang tenga ko sa mga naririnig ko “do you like him?”

“Err.. to tell you the truth, I love Jiro. Mahal ko na talaga siya kaya nga sobrang saya ko nung sinabi niya sakín na mahal niya din ako. Sana magtuloy-tuloy na. Actually labanos, minahal din kita . Hindi ko lang masabi sayo dahil baka masira yung friendship natin. Pero don’t worry, wala na yun ngayon! I still love you but as a brother! Yun naman talaga dapat di ba? kaya wag ka maiilang ha? Tsaka may Jiro na ko ” she giggled

Hindi ko alam ang irereact ko sa sinabi ni Arcie. Minahal niya ko dati? Pero may mahal na siyang iba ngayon?

Ang pakiramdam ko ngayon parang sinaksak ako ng paulit ulit. Well I think mas masakít pa to kesa pag sinaksak ako eh. Gustong lumabas ng mga luha ko pero alam kong hindi ako pwede umiyak sa harap ni Arcie. Hindi pa pwede ngayon.

I forced a laugh “ha-ha-ha.. ikaw a may lihim ka palang pagnanasa sakín!”

“naku sabi na lalaki ang ulo mo pag sinabi ko sayo! Hoy wala na kaya ngayon!” sabi niya sabay tawa

I fake a smile “let’s dance binbo”

“oh sure!”

We both stood up.

I place my hand in her waist, she place hers around my neck.

The music plays and it’s a sad song. I instruct the staffs in this restaurant to play only the love songs while we are eating. I forgot to instruct them na puro pang in love na songs lang ang ilagay. Kaya soguro nakasama tong song na to dito. And honestly speaking, fit na fit ang kanta sa nararamdaman ko ngayon. *[click the video on the side to play the background music >>>]*

*This is my last dance with you
This is my only chance to do all I can do
To let you know that what I feel for you is real*

*This is the last chance for us
This is the moment that I just cannot let end
Before I know that there's a chance we were more than friends*

*So don't let go
Make it last all night
This is my last chance to make you mine*

I hug Arcie.

She used to love me and I'm too numb to notice it. I take her for granted, and now I'm too late. I never expected na maiinlove si Arcie sa iba. Ganito pala kasakit yun? I blew up all my chances. Siguro kung nasabi ko sa kanya to noon pa lang, Masaya na kami sa isa't isa ngayon. Kung dati pa lang naisip ko na na pwedeng magmahal si Arcie matagal ko na sana siyang niligawan. pero nagpakatanga ko! Ako na ang pinaka tangang lalaking nabuhay sa mundo!

Hindi successful ang pagpigil ko ng luha kasi bigla na lang itog bumagsak sa mata ko. I hug Arcie tighter para hindi siya mapalinging sakin. But I know napansin niyang iba na kinikilos ko.

"labanos? Ok ka lang? umiiyak ka ba? "

"let's just stay like this for a while "

"what's wrong?" she tried to break free pero mas lalo ko pang hinigpitan yung yakap ko

"please.. please don't let go.. let's just stay for while.. ngayon lang Arcie, please "

She hugged me back **"I don't know what's wrong, pero sige let's just stay like this for a while. And pag ok ka na can you tell me what's the problem?"**

I nod.

Pero alam kong hindi ko na pwedeng sabihin kay Arcie kung bakit ako umiiyak. Hindi ko na pwedeng sabihin sa kanya na mahal ko siya kasi alam kong mahiirapan lang siya dahil hindi niya kayang makitang nasasaktan ako ng dahil sa kanya.

I should be happy for her because she found a good man and I know na hindi siya papabayaang ni Jiro.

But for now, I want to cry for my self.

Sobrang sakit. I don't know kung paano ako makakapag move on sa ganitong kasakit na bagay. This is the first time I felt so much pain, too much regret.

I remember the time when my mom enrolled me in an average school. I was very mad at her because all the S6 are enrolling in Prince Academy Elementary. But me, in a commoner school? at first I thought that we are getting poor. But then my mom explained me that she enrolled me there because she wants me to learn an important lesson that Prince Academy cannot teach us.

That is, being thankful and contented on what you have. She also wants to make me see the life of a commoner, to treat myself as a commoner. She wants me to learn to be humble.

Nung una akala ko nonsense lahat ng pinag-gagagawa ng mom ko. My first week in that school was hell. I don't have any friends. I'm a total loner! Our teacher asked us to find a pair for our game in P.E. walang gustong makipag pair saakin, lahat sila may sari-sariling pair, may sari-sariling kaibigan. Ako lang ang wala. Then a little girl offer her hand to me and told me "tara pair tayo" with a big smile on her face.

That is how I gain my first and only best friend. *Her name is Arcie Morales.*

Kasama ko siya in my whole gradeschool life. Partners in crime, partners sa kalokohan. Nung dumating ang graduation, I was very happy nung sinabi niyang sa Prince Academy din siya magaaral. Pero hindi na pala kami madalas makakapag sama nun because I am one of the s6. Dun ko na-realize kung gaano ko kalungkot nang wala si Arcie. And dun ko na-realize na mahal ko na pala siya .

My heart is full of regrets right now .

If only I told her how much I love her earlier, if only I didn't take her for granted, if only I show how much she means to me

Ako siguro ang mahal niya ngayon, not Jiro

Chapter 43

face to face

[Arcie's POV]

At 10pm hinatid na ko ni labanos sa bahay namin. I offered him to went inside for a while but he refuse. Hay ang daya ni labanos di naman talaga sinabi sakín yung problem niya.

I asked him kung ano ang problema nung medyo na-calm down na siya, ang sagot naman niya namatay yung pet niya. Gusto ko siyang batukan nung mga panahon na yun kung hindi lang siya depress na depress! Magpapalusot na lang kasi yung hindi pa kapani-paniwala ang rason! I mean, sino ba namang isang matinong teen-age guy ang iiyak dahil sa namatay ang pet niya? Ano siya three years old? Well, he looks so sad when he said his pet died and promise muntikan na rin ako maniwala. Naalala ko lang talaga na wala naman pet si labanos, and in fact he hates animals!

Pero hindi ko na siya pinilit na sabihin sakín. I know he has a reason kung bakít niya tinatago yun, and time will come mai-shshare niya din sakín yun. Parang si Jacob/Jiro lang.

Pagkabihis ko hindi agad ako natulog. Aba naman whole day akong di nakapag open ng facebook. Paano na ang mga tanim ko sa Farmville? Tsaka kailangan ko ng i-restock ang bar ko sa nightclub city!

And I need to check if there's an update in 'Jiro Festin is our Ultimate Prince' fan page. Aba paano ba naman kasi mas updated pa sila kesa sakín eh.

I open my facebook then may new friend request. Jiro Festin ang name.

Another fan page? Pero mukhang hindi to updated kasi ni profile picture wala.

I accepted the request then pumunta na ko dun sa "Jiro is Our Ultimate Prince" page. Tinignan ko yung mga posts ng mga members sa wall kasi baka may update sila kay Jiro. Isang buong araw ko ata siyang hindi nakita.

Nagulat naman ako may nag message sa chat box.

Yung isang fan page ni Jiro.

Tinignan ko kung ano yung nakalagay sa chat box

Jiro:

if you want to be updated to me you should better talk to me personally kesa yung fan page ang tinitignan mo. How's your date with Ren?

Halos malaglag ako sa upuan sa nabasa ko. Si Jiro ba talaga to? Bat niya alam na tinitignan ko yung fan page? Tsaka si Jiro may facebook?

End of the world na. O_____O

Me

si Jiro ka po ba? As in yung real Jiro? Or fan ka lang?

Jiro

Haha mahirap bang paniwalaan na may facebook ako. You want me to prove na ako si Jiro?

Me

Uhhh kasi ang daming fan page ni Jiro eh.

Prove? Paano naman niya gagawin yun?

Jiro

Je t'aime

This time tuluyan na kong nalaglag sa upuan ko.

Si Jiro nga siya.

Me
Hi Jiro

Jiro
Naniniwala ka na?

Me
Hehe yes.. nakakagulat lang po my fb ka na

Jiro
So hows your date with Ren?

Me
Uhhh ok lang naman po. And hindi siya date, gumala lang kami.

Jiro
It's still a date for me. selos ako. O siya out na ko. Sleep well Arcie, make sure to study your lessons. Exam na on Monday. I love you

Sasagot pa sana ako kaya lang nag offline na siya.

Selos daw siya?

Nag logout na ko then I turned off the computer.

Humiga ako sa kama and nagpagulong gulong.

Gulay kinikilig ako!!! ^ _____ ^

Ibang klase ka talaga Jiro Festin! Ngayon ko lang napagtanto kung bakit ikaw ang Ultimate Prince, ibang klase kang magpakilig ng babae!

Oh well, Jiro is “the prince” of my heart. Bwahahahaha

Ilang oras pa kong nagpagulong-gulong sa kama dahil sa sobrang kilig at todo yakap pa sa unan ko na feeling ko eh si Jiro ang kayakap ko, at last nakatulog narin ako.

“ate Arcie nakakatawa ba yung binabasa mo? ”

Pumasok yung bunso kong kapatid na si Ariel sa room ko then tumabi siya saakin.

“hindi, nagrereview si ate” sagot ko kay Ariel

“Bat ka naka-smile?”

“hmm wala lang ”

Paano ba naman kasi akong hindi mapapa-smile. Hanggang ngayon hindi ako maka-get over dun sa sinabi saakin ni Jiro.

“nagseselos ako”

“I love you”

Ay sows! Kinikilig talaga ko! Ganito pala kasarap ang mainlove ulit!

“ate bat namumula ka?”

Tumingin ako sa kapatid ko. Kabata-bata intrigero. Siguro pag lumaki na to mismong lovelife ko pakikielamanan

“wala lang”

Tumakbo naman palabas yung kapatid ko. **“mama si ate in love!!”**

Napatayo agad ako sa kama.

Ay lokong bata ito!

Maniniwala ba kayo kung sasabihin kong 8 years old pa lang yan?

Tumakbo ako palabas ng room ko sabay hinatak ko si Ariel at tinakpan yung bibig niya

“ma wag kayong makinig sa kanya!” sabi ko kay mama habang nakatakip parin ang kamay ko sa bibig ni Ariel

Tinanggal niya yung pagkakatakip ko sa bibig niya **“ma kasi si ate naka smile siya kanina tapos namumula pa”**

“mainit kasi!!” tinakpan ko ulit yung bibig ng magaling kong kapatid

Tumingin sakin si mama ng nakakaloko **“si Ren ba yan?”**

“ma!! Hindi!! Tsaka parang kapatid ko lang yun no!” kahit na inlove ako sa kanya dati :p

“o siya sige hindi na, bitawan mo na kapatid mo. basta pag ikaw nagka boyfriend sabihin mo sakin agad ha? Hindi ako magagalit basta matino siyang lalaki”

Bumitiw ako sa kapatid ko

Hmm matino naman si Jiro, mabait, gentleman, nakakakilig, at gwapo. For sure magiging botong boto si mama sa kanya! Hihihi

(the next day)

First day of exam. At dahil inspired ako, nakapag review ako ng bonggang bongga!

Nakakatawa kasi pag pasok ko ng school namin, feeling ko nasa international school ako. Puro Japanese and French ang naririnig ko sa paligid.

Pag pasok ko sa classroom, ganun din ang aura tulad ng nasa labas

“bonjour mademoiselle!” [*good morning miss*] bati saakin ni Yanna

“ohayo gozaimasu monamie!” [*good morning my friend!*] sagot ko sa kanya

Yanna giggled. “combination of French and nihonggo? Naku ingat sa exam ha? Baka mamaya mapaghalo mo din”

“haha kabisado ko na siya lahat. Thanks to you and Mich. Masaya rin pala mag-aral ng foreign language”

“no problem sis!”

“arigato gozaimasu!” [*Japanese- thank you*]

“du rien” [*French - you’re welcome*]

Bumalik na si Yanna sa upuan niya para mag scan ng notes niya. Ako naman nilagay ko yung earphones sa tenga ko then I played the mp3 player Ren gave me. Kagabi ko pa to pinapakinggan. Ang ganda talaga ng boses ng labanos na to! Siguro kantahan lang niya yung girl na liligawan niya, mapapasagot niya na to.

Ngayon ko lang napag-isip, paano kaya kung minahal din ako ni Labanos and niligawan niya ko. Siguro kami na ngayon, and masaya rin kami. Pero hindi nangyari.

Dati lagi akong nagtataka bakit kaya hindi man lang ako mapansin ni Ren, lagi naman akong nasa tabi niya. Matagal na kami magkakilala. Kilala ako ng parents niya, ganun din siya sa parents ko. Pero bakit hindi na lang naging kami? Bakit hindi niya ko nagawang mahalín? Oo masakít dati yun para sakín. Naisip ko siguro hindi lang talaga ko pansinin ng mga lalaki. Hindi naman kasi ako maganda tulad nung ibang girls diyan.

Pero ngayon alam ko na ang purpose ni God kung bakit nangyari yun.

Siguro kasi alam ni God na dadating si Jiro sa buhay ko.

Now I am seeing God’s plang for me. And I am very glad. Sana nga maging kami na lang ni Jiro. Sana.

But speaking of Ren kamusta na kaya siya ngayon? I know may malaki siyang problema. Kasi kung wala hindi naman siya iiyak ng ganun sa harap ko. He really looks in pain nung mga panahon na yun. Wala naman akong magawa nun kasi hindi ko alam kung ano ang problem niya.

Hay sana mai-share na niya sakín yun. I want to help him. He's still my best friend.

Maya -maya lang pumasok na si Ren sa classroom namin. Nakayuko lang siya and ang lungkot nung aura niya. He look at me.

Napalitan naman agad ng smile yung malungkot na mukha niya. Dali-dali siyang pumunta sakín

“gooooooooo moooooooooorrrrning binbo!!! Nag review ka na ba?” he said while grinning widely.

Fake. He is pretending to be happy. Sa tagal ko ng kasama si Ren, alam ko na ang fake sa tunay niyang smile.

Pero naki-ride on ako. It's better para kahit papano gumaan ang pakiramdam niya.

“oo naman! Pataasan pa tayo gusto mo!” paghahamon ko sa kanya

“sige ba! Ang matalo manlilibre ha! Naku maghanda ka na ng pera!” tumawa siya ng malakas

“haha sige promise yan ah pero sumabay ka narin kay Ren ah? And text me pag nakauwi ka na”

“yes boss!” nag salute ako sa kanya then naglakad palayo

Kay labanos? Eh ilang araw ko narin hindi nakakausap yun eh. Paano nagkikita lang kami sa loob ng classroom, hindi pa kami makapag usap kasi papasok siya mag start na ang class, pag break naman kasama niya yung mga bandmates niya kasi busy sa pag practice. Ganun din pag uwian.

I miss my labanos,

Oh well siguro baka after ng battle of the bands hindi na siya maging busy.

Hindi na ako nag abala pa para hanapin si Ren. Dumiretso na agad ako pauwi saamin. Habang naglalakad ako napastop ako dun sa eskinita kung saan ko iniligtas dati si Jacob sa mga nang hoholdap. Napa smile ko.

Diyang nagsimula ang lahat.

Maglalakad na sana ako kaya lang may narinig akong boses dun sa kasulok sulukan ng eskinita.

“you lowly fellas! Let go of me!!”

“tignan mo nga tong mga babaeng to! Sila na nga ang nasa piligro sila pa ang nanlalait!”

“piligro? Super lalim naman the tagalong. Please translate it in English! I can’t understand!”

“eeww let go! Let go!! You’re so mabaho!”

Kilala ko ang mga boses ng mga yun ah!

Sumilip ulit ako dun sa eskinita and yun nga nakita ko ang Fafansin four na hawak hawak ng anim na mga lalake. Puro highschooler din pero nga hindi taga Prince Academy.

“hay nako mga miss kung makipag date na lang kasi kayo saamin!!”

“no way! We don’t date lowly fellas!! Ang bagay lang saamin eh ang mga kagaya ni Prince Jiro no!!”

“hoy miss! Nananaginip ka ba?! Walang prinsipal sa pilipinas no!!”

“bitiwan niyo kami mga amoy imburnal!!!”

Heto na naman ang instinct ko na sumugod dun at tulungan sila. Pero swear napipigilan ko dahil sa mga words na lumalabas sa bibig ng F4.

Sino ba naman magkakagana na tulungan sila!! Naku naman

“sumama kayo saamin!!”

Hinatak sila nung mga goons!

Naku naman!!

Susugurin ko na sana sila kaya lang biglang nag flashback ang boses ni Jiro sa tenga ko.

“baka lang kasi may makita kang hinoholdap na student”

“I promise I’ll call the police instead ”

“haha sige promise yan ah”

Hmm pero hindi naman sila hinoholdap. Kinikidnap lang. siguro magkaiba naman yun?

Naku ano ba naman kasi pinag gagagawa ng F4 na to!!

Bago pa ako makapaglakad palayo para humingi ng tulong sa police, napansin kong lahat sila nakatingin saakin.

Both ang F4 at ang mga kidnappers.

Yari tayo diyan. O_____O

“kaibigan mo ang mga to?!” tanong saakin nung isang holdaper

“ha? Ano.. oo este hindi este oo este”

“ano ba talaga?!”

“excuse me no! wala kaming friend na lowly fella!” sabi ni Emily doon sa lalaki

Kanina ko pa naririnig ang salitang yan ah!! Hindi ba nila alam na ako ang pag-asa nila?! Grrrr

“oo nga wala din ako kaibigan na tulad nila! Sige aalis na ko. Goodluck sa inyo”

Tinalikuran ko na sila

“uy teka best friend!! >__<” sigaw ni Emily

Eh?! At ngayon best friend na nila ko?!

May lalaking humawak sa braso ko

“sumama ka samin!!”

Naku naman!!!

T-teka? Kinikidnap ba talaga ko?! As in for real na to!!

Waaaaaaaaaaaaaaaaahh

Help! >_____<

[Krissa’s POV]

Nilapag ko yung mga notebook ko sa table.

Hay nakakabadtrip talaga ang lalaking yun! Simula ng nagtrabaho siya dito sa Prince Academy nagulo na ang buhay ko. Pinoproblema ko na nga mga estudyante kong brats eh dumadagdag pa siya!!

Naku napaka manyak pa ng taong yun!! Hindi ko alam bat pinagkakaguluhan siya ng mga estudyanteng babae dito!!

Oo alam ko gwapo siya, ang amo ng mukha, ang ganda ng mata, matangkad, ang ganda ng diction pag nagsasalita siya ng english, mabango.

Hay perfect guy

Teka anong perfect guy?

Impaktong guy!!! Ggrrrrrr

“ma’am!! Ma’am!!!”

Nabigla ako sa dalawang estudyanteng tumatakbo papalapit sakin

“ma’am!!”

“oh ano nangyari?!”

“ma’am nakita po namin ang F4 at si Arcie! Daladala sila ng anim na lalake!!!”

“ha?! Sigurado ba kayo sa nakita niyo?! Saan sila dinala?!?! ”

“opo ma’am siguradong sigurado po!! Dun sila dinala sa lumang factory sa likod ng park!!”

Tumayo ako at tumakbo palabas.

Malapit lang yun dito sa school pero tago ang lugar na yun kaya baka walang makakita sa kanila.

Nung nakarating ako dun, nakita ko ang F4 at si Arcie.

“teka pakawalan niyo na kasi kami. Ako na humihingi ng dipensya sa ginawa nila. Please. Tsaka walang panransom ang mga magulang ko saakin. Kahit nga nakawan niyo ko wala naman kayo makukuha!” sabi ni Arcie doon sa mga lalaki

“tumahimik ka!! Kaibigan mo sila!! Mahihirapan sila mahihirapan ka rin di ba ganun ang magkakaibigan?!?!”

“ewww your so kadiri talaga wala nga kami friend na like her no!!”

“oo nga di ko sila kaibigan no!!”

“samantalang kanina tinawag mo siyang bestfriend!!”

Anong gagawin ko?! And bat ba ko nag punta dito in the first place?! Ano feeling ko ako si yankumi?! Dapat sa police station ang takbo ko hindi dito!!

Tumalikod ako dahan dahan para tumakbo papunta sa police station kaya lang bigla akong may nasipang bote.

Lahat sila sa loob nagtinginan saakin

“eh-ehehehehe”

“hawakan niyo siya!!!!”

Yari. >_____<

Chapter 48
real friends

[Arcie's POV]

“ma'am Krissa, ano po ang ginagawa niyo dito?” tanong ko kay ma'am habang nakatali ang kamay namin sa isa't isa

“I’m trying to save you”

“eh?”

Ok, thank you God, at least ngayon alam ko ng hindi ako nag-iisa. Hindi lang pala ako ang taong gumagawa nang basta sugod sa mga holdaper, kidnaper, rapeist.

“I’m a fool. Bat ba ko dumiretso dito kesa pumunta sa pulis?!”

“Ma’am Krissa, I know how you feel. Ganyan din dapat ang ginawa ko >___< ”

Nakatali kaming dalawa ni ma’am krissa. Sa other side naman ang F4.

Hay. Ano na kaya mangyayari saamin dito?!

Pero bat ganun? Bat parang hindi ako nakakaramdam ng kaba?

“kayo. Mga highschooler pa lang kayo di ba?” tanong ni ma'am doon sa mga kidnaper namin

“wala kang pakielam!”

“ano ba balak niyong gawin saamin?” tanong ko naman sa kanila

“oo nga boss, ano ba gagawin natin sa kanila?”

“ano! Pagbabayaranin natin ang mga maarteng mga taga-Prince Academy!”

“OMG! You’re gonna rape us!!! Oh no!!! ” sabi ni Emily

“rape?! Mangarap kang mag isa mo! Hindi namin gagawin yun no! baka hawaan niyo pa kami ng kaartehan! Hmp umiinit ang ulo ko! Dyan nga muna kayo bibili lang ako ng makakain! Bantayan niyo silang maigi ha!”

“yes boss!”

Umalis na yung lalaking parang pinaka leader nila. Yung tatlong lalaki naman naiwan saamin.

Hay ano na kaya ang mangyayari? Sana dumating na ang mga pulis. Naku naman for sure nagaalala na si mama at ang mga kapatid ko kasi hndi pa ako umuuwi.

Anong oras na kaya?

Bigla kong naramdaman na parang may nag loosen sa wrist ko. Nagkatinginan kami ni Ma'am Krissa.

Biglang nagsitayuan ang mga kidnappers namin at pumunta sa other side ng bodega.

“mag laro na nga lang tayo! tong-its!”

“pare hindi ako marunong nun eh.. unggoy-ungguyan na lang!”

“sige yun na lang!”

Now's the time.

Dahil naputol ang tali sa kamay namin, nakakawala kami.

Nakita ko ang gunting na hawak ni ma'am

“ma'am saan niyo nakuha yung gunting?”

“ah hehe nadala ko ata dito. Hindi ko namalayan. But good thing”

Pinutol namin ang mga tali sa kamay ng F4.

“oh c'mon! Let's get outta here!”

Talaga naman wala manlang thank you?!

Dahan dahan kaming naglakad palabas habang busy pa sa pag uunggoy-ungguyan ang mga unggoy nay un kaya lang...

“EEWWW!!! OMG!! Cockroach!!! Eeewww!!” sigaw ni Sandy

Gulay!

Napatingin saamin ang mga kidnappers

“NAKATAKAS SILA! HABULIN NIYO!”

Sabay sabay kaming tumakbo

“ano ba kayo?! Hindi niyo ba pwedeng isantabi muna ang kaartehan niyo?! ”

“eh it’s so kadiri naman talaga!!! Ano gusto mong gawin ko!!!”

Naku naman! Pwede bang isantabi niya muna ang kaartehan niya ngayon?! Kahit ngayong araw lang?!

At dahil nga nahuli na kami, tumakbo kami sa may pintuan. Makakalabas na kami kaya lang pagkadating dun, may nakabangga kay Emily na lalake.

“saan kayo pupunta ha?! ”

Hinawakan niya yung braso ni Emily.

“ouch! You’re hurting me!”

He dragged Emily. Naabutan narin kami nung iba pa naming kidnappers at dinala rin kami sa loob.

“akala niyo makakatakas kayo dito ng basta basta lang?!” tinulak niya si Emily sa sahig kaya napadapa ito. Naglabas siya ng latigo tsaka niya hinampas si Emily.

“stop! ”

Nakita ko na nagkasugat sa braso si Emily.

Oh no, mukhang hindi na maganda to.

“tumigil ka!”

Humarang si Ma’am Krissa dun sa kidnapper

“itigil mo na yan! Hindi mo ba alam pwede mangyari sayo pag nahuli ka?!”

“wala akong paki! At dahil nagpapaka bayani ka diyan, ikaw ang pumalit sa pwesto niya!!”

Itinulak niya si ma’am Krissa kaya napaupo din siya sa sahig. Then naglabas siya ng balisong.

Bumilis ang tibok ng puso ko. Dito na ko nagsimulang kabahan. They are higschoolers. Hindi ko expected na kaya nilang gumawa ng ganito.

What should I do?

Itinaas nung kidnapper yung balisong at nakaamba ng sasaksakin niya si ma’am krissa

“WAG!!!!!!!!!!!!!! ”

Napapikit ako bigla. Ayoko ng makita ang nangyari. Ayoko. .

“delikadong laruan ang isang balisong. Alam mo ba yun?”

Napadilat ang mata ko at nakita ko na lang si Sir Nike na hawak-hawak ang kamay ng kidnaper.

“N-nike? ”

“Yo! Ma’am Krissa Fuentes, you haven’t finished checking the quiz papers of your students!”

“sino ka?! Panibagong pakielamero?!”

“hindi naman sa ganun. Kaso gabi na eh. Hinahanap na sa mga bahay nila ang mga batang to. Pati miss ko na ang asawa ko. Ano bang ginagawa niyo dito? Group date? Krissa my love! Pinagpapalit mo na ko sa mga highschoolers na to?! ”

“h-ha?! Wag mo kong tawaging ganyan! Tsaka mukha ba kaming nag eenjoy dito ha?! ”

“hoy! Wag mo nga akong ginag*go!!” sinenyasan niya yung tatlong kidnapers

Lumapit sila at tinutukan ng balisong si Sir Nike sa likod

“walang kikilos sa inyo kundi sasaksakin namin siya!”

“ganun? Grabe naman! ” sabi ni sir Nike sa mga kidnapers

Naku po! Bat naman ganito pa makapag react si sir! Parang wala lang sa kanya? Naku naman!!! Nadagdagan pa kaba ko ngayon!

Biglang nagbukas ang pinto kaya napatingin kaming lahat. And ayun, nakita kong tumayo si Yanna sa may pintuan.

Oh no.

“Y-yanna! TUMAKBO KA!” sigaw ko kay Yanna

“huh? Ayoko nga nakakapagod no!” she laugh

Naku naman! Ano ba naman tong mga taong to!! Tumawag nga kayo ng pulis! Wag niyo kaming gayahin ni Ma’am Krissa na dakila masyado! Feeling superhero..

Kami lang yun. Wag kayo gaya gaya!

“naku bakla! Kanina pa kita hinahanap nandito ka lang pala!”

“BAT BA ANG DAMI NIYONG PAKIELAMERA?! Pero mas maganda! Mas madaming taga-prince academy na mapapahirapan ko, much better! HULIHIN NIYO SIYA!”

Tumakbo yung tatlong kidnaper papalapit kay Yanna. Pero hindi parin gumagalaw si Yanna sa kinatatayuan niya.

“boys!” she snapped her fingers

Biglang may nagsidatingan na Men in black at humarang sa harap ni Yanna.

Kung kanina sila ang patakbo papunta kay Yanna, ngayon naman ginagawa nila patakbo palayo kay Yanna.

“catch them boys! Pinahirapan nila ang Arcie ko!”

“sh^t!”

Tinutukan nung pinaka leader ng kidnapper si mam Krissa ng balisong kaso nasipa ni Sir Nike yung kamay niya kaya lumipad yung balisong na hawak niya.

Tinulungan ni sir si mam na makatayo **“Krissa, are you alright?”**

She nodded nerviously **“y-yes”**

“halika na. Arice tara na”

I offered my hand to Emily. **“let’s go?”**

Tinignan niya maigi yung kamay ko then hinawakan niya.

“t-thanks” inalalayan ko siya tumayo

“Emily!”

Nagsilapitan pa ang ibang F4 sa kanya then inalalayan nila si Emily na maglakad.

Dahan-dahan kaming naglakad papunta sa labas. Kaya lang—

“not so fast sweetie”

Hinila ako ng leader ng mga kidnapper. Tinakpan niya ang bibig ko kaya hindi ako makasigaw. Hindi rin nila na halata na hinila ako.

Oh no. oh no. oh no. akala ko ligtas na ako, hindi pa pala.

Hinila niya ako sa kadulu-duluhan ng room.

Nung out of sight na kami sa mga men in black ni Yanna, tinulak niya ko sa sahiig.

“hindi pa ko tapos sa inyo!” nilabas niya ulit yung balisong niya. So he managed to retrieve it? Naku po

“b-bat ka ba ganyan ka-galit sa mga estudyante ng Prince Academy?”

“kasi wala kayong ibang ginawa kundi kumutya nang kapwa niyo! Porket ang yayaman niyo grabe niyo ng maliitin ang iba! Kung ngayon kaya kayo naman ang pumalit sa pwesto namin? Tignan ko kung hindi ka lait-laitin sa gagawin ko!”

Hinawakan niya ang buhok ko at itinapat ang balisong sa mukha ka.

“m-mali ka. A-alam ko ang nararamdaman mo naranasan ko lahat yan. But to tell you the truth, hindi lahat ng estudyante ng Prince Academy pare-pareho”

“MANAHIMIK KA!”

Nagkaroon nang maliit na cut ang pisngi ko.

“kung ayaw mong palakihin ko ang sugat dyan sa mukha mo, manahimik ka!”

“wag mo naman gawin yun. Wag mong sasaktan ang mahal ko.”

Napatingin ako sa likod ng kidnaper and yun nakatayo si Jiro habang tinututukan niya ng kung anong bagay sa likod yung kidnaper ko.

t-teka.... Baril yung tinutututok niya

m-may baril si Jiro?!

“drop the knife” utos ni Jiro doon sa kidnapper

Binitawan niya balisong na hawak niya then he stood up habang nakataas ang dalawa niyang kamay.

“hawakan niyo siya”

Hinawakan ng mga men-in-black ni Yanna yung kidnapers

Tinulungan naman ako ni Jiro makatayo

“Ji-jiro” nakatingin ako sa baril na hawak niya

“oh.. this” itinatapat niya sakín yung baril then he pulled the trigger. But instead of bullet, tubig ang lumabas

“water gun?”

“yep! Madami akong ganito sa bahay. Mahilig ako dati maglaro ng water gun nung bata pa ko. Kalaro ko nga palagi nun si Ren, Justin and Lance eh. Syempre ako ang palaging panalo! ”

Nakahinga ako ng malalim. “akala ko tunay na”

Inalalayan ako ni Jiro tumayo then iniharap niya ako dun sa kidnaper

“Siguro may hindi ka magandang naranasan sa mga estudyante ng Prince Academy, but I’ll tell you this, mas malala ang naranasan niya kesa sayo. She’s the only commoner in our school and madalas siya ang nabubully. But unlike you, hindi niya nagawang manakit ng tao. In spite of that, she still manage to survive. Nasa honor siya. Nagawa niyang mapagsabay ang studies at ang pagiging Student Assistant. And now, she’s happy because she find real friends. And I salute this girl” he grabbed my hand “Let’s go”

He lead me to the door then nandun naghihintay sa labas ang S6.

“Hi Arcie we’ve been waiting for you” salubong saakin ni Michelle

“hay, at last you’re saved!” sabi ni Justin

“nagustuhan mo ba ginawa ng mga boys ko? Maasahan talaga sila no!” Yanna laugh

“grabe kahit kinabahan kami enjoy din pala to! Once n a while naging super hero ako! Hahahaha” sabi ni Lance

“binbo” lumapit sakín si Ren “I’m glad isang galos sa pisngi lang ang natamo mo. Pero ayan nadagdagan na naman ang kapangitan mo! Hahahahaha ” ginulo niya ang buhok ko

“let’s go Arcie”

Naglakad na sila palayo. Ako naman hindi halos makagalaw sa kinatatayuan ko. Parang ayaw gumalaw ng tuhod ko. And bago ko pa mapigilan ang sarili ko, napasigaw na ko bigla

“WAIT”

Nagtinginan silang lahat sakín

“Binbo what’s wrong?”

“I hate S6”

“huh?”

“ayun ang nasaisip ko dati. I hate S6. Wala silang ibang ginawa kundi magpasikat. Akala nila pagmamayari na nila ang school. And isa pa, sila ang dahilan bat hindi ko makasama ang nagiisa kong bestfriend, si labanos. For the past three years, wala akong nakikitang kaganda-ganda sa ginagawa ng S6. Si Justin, naturingan president, pero laging late. Si Mich hindi marunong umappreciate ng regalo na ibinibigay sa kanya. Si Yanna, sinasabi na sila ni Lance pero, feeling ko pa-cute ka palagi sa ibang mga boys. Si Lance ginagawang laruan ang mga babae. Si Ren, mukang nakalimutan na niya na may best friend siya dahil sa S6. And si Jiro, ang prinsipeng bato. Ni ngiti hindi ginagawa. I judge you all” tumulo ang luha ko “but I was wrong. Very wrong. I never thought na ibang iba kayo sa mga hinusga ko sainyo. Like what Jiro said, I found real friends. I’m very happy na nakilala ko kayo at naging kaibigan ko kayo. My highschool life wouldn’t be this fun without you guys. I’m very blessed. I’m very sorry sa lahat ng bagay na naihusga ko sa inyo. I’m very sorry na I judge you kahit na hindi ko naman talaga kayo kilala nun. Now I know kung bakit ang daming estudyante na humahanga kayo. Iba kasi ang S6. Ibang-iba ”

“oowww” lumapit sakin si Yanna then she hugged me “we’re not mad Arcie. And beside, Masaya din kami na dumating ka sa buhay namin”

“right!” sabi ni Michelle

Nagsilapitan ang S6 then they hugged me

“power hug!!” sabi ni Lance

We all laugh.

I’m happy and thankful, to find real friends.

[Next morning]

“It’s party timeeeeeeeeeeee!!!”

Dahil daw na-save kami kahapon. Yanna threw a party inside our classroom. Hay kahit saan talaga ang venue, basta party, hindi uurungan ni Yanna.

Nagkaroon kami ng small banquet. Pika-pika lang naman. Laro ng parlor games and sayawan.

Sa side ng room nakita kong naguusap si Ma'am Krissa and si Sir Nike.

"t-thanks for saving me" sabi ni Ms. Krissa kay Sir Nike

"may bayad yun, hindi libre"

"ha? Kaso wala akong pera eh"

"sapat nang ikaw ang kabayaran"

Binatukan ni ma'am si sir **"pervert!"**

"joke lang! hehe. Pero seryoso, may bayad ang pagtulong ko no"

"hmp! Sige na nga ano? Magpapalibre ka?"

"no." hinawakan niya ang kamay ni ma'am **"please go out on a date with me"**

"y-yes "

Hay. Sa wakas gumawa na ng first move si sir Nike. Siguro naman wala na kong madadatnan na nagbabatuhan ng libro sa teacher's office pag umaga?

"sige na nga tinatanggap ko narin ang teacher na yan. I guess she's not that bad"

Napalingon ako sa gilid ko, katabi ko na pala si Emily.

"I guess you're not that bad also. Thanks for helping me" sabi ni Emily saakin

"it's nothing"

"so in be half of F4.." she reached out her hand **"friends?"**

I accepted it **"Friends "**

I guess everything is fine now. Bati narin kami ng F4. And I think oras na.

Lumingon ako kay Jiro.

Why should I prolong it? Eh mahal ko naman din talaga siya.

Tomorrow, after dismissal, in front of my S6.

Sasagutin ko na siya.

[Amber's POV]

“OMG COUS! Look at you! Ang laki ng iginanda mo!!” Steffie hugged me

“You too Steffie! I'd missed you a lot!”

“So, at last nakauwi ka narin dito sa Philippines! Welcome back!”

“thanks couz.”

“tara na! iuuwi na kita! for sure magugulat si mommy at daddy pag nakita ka nila”

“sure. I miss tito and tita! I'm very excited to see them soon”

I can't believe I'm home atlast.

Nasa Pinas na ko.

Makikita ko na si Jiro.

Chapter 49
She's back

[Ren's POV]

Binbo <3
0917*****

Message: *My dear S6. Please meet me at the leisure room after class. I need to tell something important. Thank you.*

I read Arcie's text message. She need to tell something important? I guess I know what it is.

Pag pasok ko ng room sinugod agad ako ng other S6 kung may idea ba ako about sa text message ni Arcie. Mukang ni-isa sa kanila walang clue ah? Even Jiro.

“talaga bang walang nababagnggit sayo si Arcie?” tanong ni Mich saakin

“wala nga”

“oh no! baka naman ang sasabihin niya mag ddrop na siya? Or baka iniisip parin niya yung mga nasabi niya satin nung nakidnap siya at nakonsensya siya kaya lilipat siya ng school? o baka naman— “

“ang pessimist mo talaga Yanna!”

“eh kasi naman eh! Tignan niyo nga hanggang ngayon wala pa si Arcie dito sa school! usually maaga pumapasok yun eh!”

“she's excused in the class. Tinutulungan niya ang faculty sa pagoorganized ng event” sabi ni Jiro

“yep. So as Justin. Kaya don't panic Yanna. Wag ka muna mag assume ng kung anu-ano ha? Hintayin na lang natin sila mamayang dismissal ok?” dagdag naman ni Mich

“o-ok!”

Nagsibalikan na sila sa mga assigned seats nila. Pero bago yun I heard Yanna asked Jiro

“sunget, wala ka ba talaga alam? ”

“wala.”

“may idea ka kung ano yun? ”

“I'm clueless”

“iniisip mo ba kung ano yun? ”

“oo”

“ano naiisip mo? ”

“mahal ko siya”

“bat ang keso mo? ”

“bat ang kulit kulit mo?!”

“haha to naman! Joke lang! sige na babalik na nga ako sa upuan ko!”

Hay, ako lang ba ang nagiiisip na good news ang ibabalita ni Arcie at hindi yung mga pinagsasasabi ni Yanna?

Teka good news nga ba yun para sakin? Or heartbreaking news? >__<

Kung ganun man maging announcement niya mamaya. Magiging happy ba ko para sa kanila?

I let her go. Ang wish ko sana maging masaya siya. Akala ko pag nangyari yun magiging ok ako. Masaya naman si Arcie, pero bat ganun

...nasaasaktan parin ako...

[Lunch Break]

Hindi ako sumabay sa S6 sa pagkain ng lunch break. Parang mas trip ko magpaka alone ngayon

GAAAAAAA

Ano ba ito?! Bat ba ko nagiging emo! Hindi bagay sakin! Grabeng transformation naman ang nangyari sakin

Bat ba nagkakaganito ang mga taong broken hearted?

Nakakabaliw!

Pakiusap Ms. Author! Bigyan mo na ko ng kapartner sa storyang to! Kahit isa lang sa mga readers mo pwede na sakin! Kasi naman si Lance may Yanna! Si Justin may Mich! Si Jiro may Arcie! Si Sir Nike may mam Krissa! Eh ako?!

Ako may gitara! = _____ =

Naku naman!

My guitar and me

Haaaaaaaay. Kawanang Ren.

Pinatugtog ko ang guitar ko at kinanta ang isang line sa favorite song ko.

**“Letting go is not an easy task
When smiling feels like I must wear this lonely mask
It hurts deep inside, but I Just cannot hide
That there’s anguish at the thought that we should have to part.**

**If loving you is all that means to me
When being happy is all I hope you’d be
Then loving you must mean
I really have to set you free”**

I heard a clap from behind and I saw Arcie.

“binbo”

“naks! Ang ganda talaga ng boses mo labanos! Nakakainlab! ”

Kung naiinlove ka sa boses ko, araw-araw kitang kakantahan para mahalín mo ulit ako.

“t-thanks binbo”

Tumabi saakin si Arcie atsaka niya kinuha ang pagkain niya at nagsimulang kumain

“bat dito ka naglulunch? Ayaw mo sa leisure room?” tanong niya saakin

“ha? Ah kasi ang ganda ng view eh. Ikaw ano ginagawa mo dito?”

“maglunch din. Mas malapit kasi to sa faculty office eh. Saglit lang lunch break ko ngayon”

“oh I see”

“alam mo ba, nung hindi ko pa kaibigan ang S6 lagi ako dito naglulunch”

“bakit? Dahil malapit sa faculty office?”

“nope. Kasi tanaw dito ang leisure room. Lagi kita tinitignan nun ”

“ikaw ah. Stalker pala kita dati! ” pangaasar ko sa kanya

“che!”

“so ano naman ang usually na ginagawa ko sa leisure room? ”

“kumakain! Punong puno ang plate mo palagi ng pagkain! ”

“oy! Hindi kaya!”

“ay tsaka pala nag gigitara ka palagi sa may tapat ng bintana! At minsan nakikipag harutan ka kay Yanna!”

“congratulations! Isa kang certified avid fan ko! ”

“hoy dati lang yun no! nung wala pa ko sa tamang pag-iisip! Wahahaha ”

“hahaha”

Hay sana lagi ka nalang wala sa tamang pag-iisip para ako parin ang mahal mo hanggang ngayon.

“by the way, pwede ko bang malaman kung ano ang sasabihin mo samin mamayang uwian?”

“Eeehh, mamaya na lang, wag kang excited! Malalaman niyo rin mamaya”

“dali na! best friend mo naman ako eh!”

“hmmm sige na nga but promise hindi mo sasabihin kahit kanino? Na you won't spoil the surprise?”

“promise”

“cross your heart?”

I traced a cross sign on my chest “cross my heart ”

“ok” she smiled happily “sasagutin ko na si Jiro mamaya ”

“oh?—oh! T-that's nice!”

Sabi na eh. Ang galing ko talaga manghula

“medyo kinakabahan ako, syempre siya ang magiging first boyfriend ko, but I hope magtagal kami”

“magtatagal talaga kayo”

“you think so?”

“o-oo naman no!”

“Pag naging kami, siguro ieenjoy ko na lang muna ang mga times na kasama ko siya. Kasi hindi ko naman alam ang pwedeng mangyari sa future eh. Malay mo hindi pala kami talaga hanggang sa huli. But it’ll be nice kung siya na ang first and last ko ”

“r-right!” I look at her “Binbo, I want you to be happy. Please promise me that you’ll be happy”

She smile “of course I will ”

“that’s great ”

She looked at her watch “oh no, it’s almost time!” niligpit niya yung baunan niya “see ya later labanos!”

“ha? Sige sige. Bbye”

Tumakbo na siya palayo sakin habang sumusigaw ng “wag mong sasabihin sa kanila ah!”

“sure!” I shouted back

Napahiga ako sa may grass.

I’ll never know what will happen in the future. Siguro makakahanap din ako ng girl na mamahalin ko higit pa kay Arcie. Or baka naman in the end maging kami din.

Pero kung ako papipiliin, mas gusto ko yung pangalawa kong sinabi. Sa ngayon kasi parang pakiramdam ko wala na kong mamahalin pa katulad ng pag mamahal ko kay Arcie.

I close my eyes

God, kung sakali mang hindi si Jiro para kay Arcie, please let it be me.

And a tear drop rolled down my eyes.

[Dismissal]

Message From Arcie:

Labanos nasan ka na? nandito na kami lahat. Dali punta ka na leisure room.

Ako na lang pala ang hinihintay? Pwede bang wag ko nang marinig? Baka hindi ko lang kayanin

“iho eto na ang kwek-kwek mo”

“thank you manong”

Kinuha ko kay manong quack quack yung quack quack ko.

Sa panahong brokenhearted ako, tanging ito lang quack quack ang nakakapag-pasaya saakin.

Bumalik na ko sa Prince Academy and on the way papunta sa leisure room kaya lang may isang babaeng nagmamadali na maglakad ang nakabangga saakin

“OMG! WHAT THE HECK?!” sigaw nung babae saakin

Nabitawan ko yung hawak kong quack quack at kitang kita ng aking dalwang magagandang mata ang pag-gulong nito sa sahig.

Oh no. My quack quack. T_____T

Tinignan ko yung salarin

“HEY! LOOK WHERE YOU’RE GOING!! ” sigaw ulit nung babae saakin

“Excuse me?! ako pa ang dapat tumingin samantalang ikaw diyan ang nakabangga?! Tignan mo nga nangyari sa pagkain ko oh!” tinuro ko yung quack quack ko sa sahig. Ang kawawa kong mga quack quack T__T

“then look what you did to my scarf! Do you know how much it cost?! I went all the way to Paris just to buy this.! It’s a 100% cashmere! Then you’ll just ruin it?! Bloody Hell!!! ”

“ang OA mo ha? Parang namantsahan lang eh! Pwede naman ipalaundry!”

Sino ba tong meztisang hilaw na to? Mukang balik bayan ah? At grabe mag English ha! With british accent talaga? Pero kung makapag react naman grabe!

“No! Paano ko pa ipapalaundry to e mukhang nadamage mo na ng husto!”

So nagsasalita rin pala to ng tagalong!

“hello, suka lang ang natapon diyan no! Arte mo naman! Tsaka sino ba naman kasing matinong tao ang magsusuot ng scarf dito?! Hello, Pilipinas to, tropical country! Guso mong mamatay sa sobrang init?! ”

“you don’t care on how I dress! Just help me find Jiro!”

“Jiro? Bakit ano ka niya? Avid fan nanaman? ”

“heck no! I’m his....his friend ”

“talaga lang ha?” I look at her from head to toe. Kelan pa nagkaroon ng ‘friend’ si Jiro na meztisang hilaw?

“so ano? kilala mo ba si Jiro?” tanong nung meztisang hilaw na may british accent pero marunong palang magtagalog saakin.

“well, it so happen that I’m his friend too”

“good, please bring me to him”

“ayoko! ”

“at baket?!”

“you pay for my food first before I do you a favor!”

“grr fine! Later! ”

I grinned.

Magpapabili ako sayo ng maraming quack quack! Wahahahaha

“so pwede mo na ko dalhin sa kanya?”

“sure”

“hmp!” inalis niya yung scarf na natapunan atsaka niya isinampay kung kanino mang locker yun.

Kinuha ko yung scarf

Cashmere eh?

“hey! Let’s go!” sigaw niya saakin

Demanding naman nito!

[Arcie's POV]

Hay ang tagal naman ni labanos! Excited na ko sa inaannounce ko eh. Though kinakabahan, at the same time, ang saya ko ngayon.

Sa sobrang saya at kaba, hindi ako mapakali. Paikot-ikot ako sa room.

Nilapitan ako ni Jiro

“Arcie, are you worried about Ren? Sabi niya he’ll just eat a snack at the park”

Naku for sure kwek-kwek at fishball na naman ang pinaginteresan nun

“I know. Hindi naman ako nagaalala”

“but you look so nervous” sabi ni Mich saakin

Nilapitan naman ako ni Yanna **“Arcie! Ano ba yung iaannounce mo. You can announce it without Ren”**

“no. let’s wait for him. Siguro important ang iaannounce ni Arcie, at dapat kumpleto tayo” sabi ni Jiro

“right”

He held my hand and lead me to the sofa. **“relax ok? ”** he smile

“o-ok ”

Hindi niya binitawan yung kamay ko, instead we wait for Ren while holding hands.

Maya-maya may nag open na nang door.

“hay atleast dumating ka rin!” salubong ni mich sa kanya

“sorry I’m late!”

“it’s about time! Nang maumpisahan na ni Arcie ang sasabihin niya.”

“oh wait, before that. Jiro may naghahanap sayo”

“ha?”

May pumasok na girl. Matangkad, maganda, maputi, she looks like an angel, pero there’s a sadness in her eyes. She look straight on Jiro.

Jiro let go of my hand and napatayo siya. Mukang gulat na gulat sa unexpected visitor niya.

“Amber? ”

“J-jiro” nilapitan ni Jiro yung girl. The the girl started to cry **“I-I’m sorry. I can explain. I didn’t mean to— “**

Naputol ang sinasabi niya because Jiro hugged her. She cried even harder.

“I love you. I still do. Sorry iniwan kita. Pero ngayon hindi na ko aalis. I promise ”

Hindi ko naiintindihan ang mga nangyayari. Pero isa lang ang alam ko..

...parang unti unting nadudurog ang mundo ko

[Arcie's POV]

*I'm lying alone with my head on the phone
Thinking of you till it hurts
I know you hurt too but what else can we do
Tormented and torn apart.*

Sinara ko yung bintana ko.

Anak ng tokwa namang mga kapitbahay na nag vivideoke na to oh! So talagang kailangan niyong mang-asar ng bongga sakin?! Kailangang patamaan pa ko sa kinakanta nila! >_____<

Tumingin ulit ako sa cp ko. No messages.

Mula kanina hanggang paguwi ko eh ni-isang message wala ako na-re-receive mula kay Jiro. Puro messages lang ni labanos, nag sosorry sa pagdala niya dun sa girl.

Napabuntong hininga ako then tinignan ko yung orasan.

3am.

Hanggang ngayon di parin ako makatulog sa mga kadahilanang

Una. Ang ingay ng kapitbahay naming alas-tres na eh todo parin sa pag vivideoke. Paguwi ko sa school nagkakantahan na sila, hanggang ngayon nagkakantahan parin.

Pangalawa. I'm waiting for his text/call. Gusto ko marinig ang side niya, pero wala.

Pangatlo. May kung anong mabigat sa dibdib ko. Gusto kong umiyak, pero hindi ako makaiyak.

Paulit-ulit ko naalala yung mga nangyari kanina. Paulit-ulit ko pinagdadasal na sana panaginip na lang lahat. Ano nangyari sa pagsagot ko kay Jiro?

Disaster.

[flash back]

“I love you. I still do. Sorry iniwan kita. Pero ngayon hindi na ko aalis. I promise ”

Jiro wiped her tears. Then biglang pumagitna si Yanna.

“wait—wait a minute, who are you? ”

“I’m Jiro’s girlfriend”

“Oh so you are his *ex-girlfriend*” diniinan ni Mich ang word na ex sabay tingin kay Jiro “you two broke up didn’t you?”

“tama, and you left him” sabi naman ni Lance doon sa girl

“I can explain”

“you can explain? Hindi mo ba alam malaki ang naging epekto nang nangyari kay Jiro because of you? ” sagot ni Justin doon sa girl

“he changed! Malaki ang naging pagbabago niya!” dagdag pa ni Yanna

“I know you are all mad at me. You’re his friends since childhood and alam kong parang kapatid na ang turingan niyong lahat. I didn’t get a chance to meet you nung kami pa, but believe me, hindi niyo nakita kung gaano ko siya kamahal. Please, please let me explain myself ”

“no need. There’s a person who helped Jiro to moved on. And kahit mag explain ka pa wala ng katutunguhan ang explanation mo” sabi ni Yanna

“guys please, let us talk first” sabi naman ni Jiro

“no. Arcie need to tell something” tumingin si Ren sakin “right, binbo?”

“h-ha?”

“tama. You need to tell something to us. Ano yun?” tanong ni Yanna

“ah---ahmmm, ano, t-thanks for everything..err I need to go..”

Lumabas ako ng leisure room and mabilis na naglakad palayo. Bigla namang may humila ng braso ko

“binbo..”

“please.. please wag ka muna mag tanong sakín kung bakít di ko sinabi, please. I want to be alone for a while” I tried my best to smie “I’ll be alright. Don’t worry ”

He let go of my arm.

[end of flashback]

Bakit hindi ko nga ba sinabi ang dapat kong sabihin?

Let’s see.

Sasagutin ko siya sa harap ng ex niya na nagtapat sa kanya na mahal na mahal parin siya at binalikan siya after a long time?

Parang hindi ata tama.

And medyo nag doubt na ko...

When he hugged her.

I closed my eyes, and atlast nakatulog narin ako.

[next morning]

“Arcie, gumising ka na! alas-dose na nang tanghali eh nakahiga ka parin”

I opened my eyes and ramdam ko ang sakit ng ulo ko

“paki-bili naman ito sa mall” may inabot saking listahan si mama **“mga gamit na kailangan ng kapatid mo.”**

I get the list

“sige po”

Bumangon na ko and nagbihis. Hindi na ko kumain ng lunch, dumiretso na lang agad ako sa mall.

I know aware si mama na may problema ako kahit di ko sinsasabi sa kanya. Alam ko naman na alibi lang ang pagbili ko para lang ma occupied ang utak ko.

Nagpunta ako sa national bookstore kasi dun lahat mabibili yung mga ipinapabili ni mama. Nung matapos ko na nagikot-ikot muna ako and napadpad ako sa boutique ni Yanna. Umupo ako sa bench katapat nung boutique.

I checked my cellphone. Still, no message from him.

Dati kahit walang problema oras-oras ata siyang nag tetext sakin. Pagkagising ko, pagkakain na, hanggang sa bago ako matulog puno ng messages niya ang inbox ko.

Pero ngayon ni ‘hi’ wala.

Ano bang nangyayari samin?

Napayuko ako and ang luha na hindi ko mailabas feeling ko lalabas na ngayon.

Pero bago pa ko makaiyak may tumapik sa balikat ko.

“Hi ”

It’s Amber.

God, of all people, why Amber?! >__<

“oh h-hi”

“di ba friend ka ni Jiro?”

She was smiling at me brightly

“uhm.. yes”

“I’m Amber, sorry kung di ako nakapag pakilala ng maayos sa inyo kahapon. Maybe lahat kayo na shock sa pagdating ko. May I know your name?”

“Arcie”

“nice name. So nag shoshopping karin ba?”

“ha? Ah may binili lang ako sa bookstore”

“I see. Madami ako binili na damit today” tinaas niya yung paperbags na dala niya and mukha ngang madami siya napamili “puro winter clothes kasi nadala ko. So do you know any good shops here?”

“there” tinuro ko yung boutique ni Yanna “kay Yanna yang boutique na yan, ah friend namin nila Jiro”

“oh so ito yung sinabi sakín ni Jiro dati.” She grabbed my hand “come with me ”

“h-ha? W-wait”

Wala na kong nagawa kasi hinila na niya ko papasok sa boutique.

Naku naman sana nandito si Yanna. >___<

Lumapit ako dun sa sales lady “miss nandito ba si Yanna?”

“oh sorry ma’am, wala po si ma’am Yanna, may lakad po sila ng parents niya eh.”

“I see, thanks”

Malas naman =___=

“Arcie you’re right, the clothes here are amazing!”

Kaya nga mahal eh

May kinuha siya na damit

“I’m gonna try this one”

Pumasok sya sa dressing room then sinukat niya yung damit

“Arcie look, bagay ba sakin”

Tinignan ko siya. Bagay sa kanya yung damit. Simple top and shorts lang pero bagay sa kanya. Maganda kasi siya, maputi, makinis, maganda magdala ng damit, muka siyang model. Compare to me.

“bagay sayo”

“really then I’ll buy this one”

Binigay niya dun sa sales lady yung damit.

“arcie, can you do me a favor?”

“ano yun?”

“pwede mo bang isukat tong blouse na to? i’m planning to give it to my cousin eh mukang magka size naman kayo”

“s-sure”

Kinuha ko yung blouse then sinukat ko. Bago ako lumabas tumingin muna ako sa mirror. Ang ganda nung blouse super, parang ang isang plain na tulad ko gumaganda dahil sa blouse na to.

Oh well, di ko naman afford bumili nito eh and besides wala naman ako pag gagamitan.

Lumabas na ko ng dressing room then pinakita k okay Amber

“perfect! ”

She bought the blouse then lumabas na kami.

“ahmm Amber I need to go”

“oh, samahan mo muna ko mag meryenda please, saglit lang talaga”

Naramdaman ko na kumulo ang tyan ko. Naku naman gusto ko na umuwi eh.

“o-ok”

Pumunta kami sa isang café na sobrang mamahal ng mga bilihan, pero nilibre niya ko.

“Arcie, thanks for accompanying me. mahilig ka rin ba mag shopping?”

“uhmm, not really, and hindi ko naman afford ang mga damit dito. Pang divisoria lang ako”

“What?! You shop at divisoria?!”

Ok go laitin mo na ko. Oo mahirap lang ako and yea lahat ng damit ko ay galing divisoria!
=____=

“ahmm, hindi kasi kami mayaman para—“

“OMG! Then magkakasundo tayo! ”

Nagulat ako bigla sa sinabi niya “ha?”

“I mean divisoria is like my second home ”

“eh?”

“I love shopping there! Hindi kasi mahal mga paninda dun. Naku I remember tumatakas pa talaga ko kila mommy para lang makabili dun. Dapat nga dun ako pupunta eh kaso my cousin insist na mag car ako. Maybe you should accompany me sometime.”

“oh.. ok”

“so gaano na kayo katagal magkaibigan ni Jiro?”

Muntik na ko mabilaukan dahil sa tanong niya

Eto na po ang topic na ayokong mai-open

“uhmm almost one year lang”

“so you must be mad at me”

I look at her.

Galit nga ba ko sa kanya?

Or insecurities lang tong nararamdaman ko?

“but I have reasons kung bat di ko sinabi sakanya na aalis ako. Goodbye is painful. But one thing I knew, he never left my heart. I love him now more than I love him before, and I promise if he still wants me, I’ll stay”

“Amber, w-what if, nung wala ka nagmahal na ng iba si Jiro? Paano kung may iba na siyang mahal?”

She smile sadly “masakit, kasi madami akong naging sacrifices para makabalik lang dito,

but I'll accept it." She hold my hand "ganun talaga pag mahal mo Arcie, kung san siya masaya dapat suportado mo siya"

"amber.."

"hay ayan nakita mo na ang madramang side ng personality ko" she laughed "uhmm medyo mag gagabi na rin, maybe we should go. Sana ang house mo ihahatid na kita?"

"oh, no, it's ok Amber, I can manage. Malapit lang naman bahay namin dito"

"are you sure?"

"yes, and besides, nilibre mo na ko ng meryenda, nakakahiya naman kung magpapahatid pa ko"

"ano ka ba! Ayos lang yun no! hmmm friends na tayo di ba?"

"h-ha? Ah.. yes, friends"

"so hatid na kita"

"I'm fine, mag co-commute na lang ako"

"ok then be careful"

"thanks"

"then I'll go first "

"bye"

"see ya Arcie"

Tumayo na siya then naglakad na paalis. Kinuha ko yung mga gamit ko and nagulat ako kasi may isang paperbag na naiwan si Amber.

Tumakbo ako palabas ng café baka nandun pa siya kaso wala na, nakaalis na siya.

Siguro ipabibigay ko na lang kay Jiro

Tinignan ko yung paperbag and may note na nakadikit. I read it.

*Arcie,
This is yours. Thanks for accompanying me. You are my very first friend here nung bumalik ako galing England. Thank you for treating me nicely. I hope makapag bonding pa tayo sometime.*

Amber

Tinignan ko yung laman nung paperbag. Yung blouse na pinasukat niya sakín kanina.

Amber, bat kailangan niyang maging sobrang bait?

Stupid Arcie, kaya nga minahal siya ni Jiro eh.

Pero ngayon kaya? Mahal pa kaya siya ni Jiro? Or ako na?

Ako parin kaya ang piliin ni Jiro?

[Jiro's POV]

KRRRRRRRIIINNGGGG

“sir phone po, si Ms. Yanna”

“tell her I'm sleeping”

Nakailang tawag na sakín ang S6, mostly si Yanna and Mich. Kahit inbox ko punong-puno ng messages nila.

But no messages from Arcie. Hindi niya ko tinext last night or kahit ngayong buong araw. Well hindi ko rin naman siya tinetext eh. Kung mag tanong man siya sakín about dun sa nangyari hindi ko rin alam kung ano ang isasagot ko.

Ok. Amber is my ex. Siya ang dahilan ung bakít ako nasaktan ng husto dati. But when I meet Arcie, nagbago lahat. Bumalik ang dating ako. Masaya na ko and alam kong mahal ko na si Arcie.

But why...

Nung makita ko ulit si Amber nawala ako sa sarili ko. Bat naramdaman ko ulit yung pakiramdam na sobrang miss na miss ko siya? Mahal ko pa ba si Amber?

But how about arcie? Ano ang nararamdaman ko para sa kanya?

Naguguluhan ako ngayon. I don't know what to do.

I close my eyes. Naalala ko yung reaction ni Arcie kahapon., bigla tuloy ako na guilty.

I grab my cellphone and start typing.

Hello, let's have dinner together. I'll fetch you at 7:00. I want to talk to you

I send the message to

Amber.

Chapter 51 *Conversations*

[Amber's POV]

I am combing my long black beautiful hair in front of a mirror. And kitang kita ko ang mukha kong kinikilig.

I had a dinner date with Jiro today! Lalalalalala!

Sabi niya kailangan daw niya talagang makipag kita. And important daw.

Naku no. Alam ko na yun. Before when he's still courting me tinext din niya ako ng ganyan. Syempre ako naman nataranta! Tapos malaman ko kaya niya gusto makipagkita sakín is because he misses me. Sweet.

I missed him too. Sa tagal ng hindi naming pagkikita, miss na miss ko na siya. Kahti nakita ko na ulit siya, miss ko parin siya. And alam ko patuloy ko siyang mamimiss kasi mahal na mahal ko siya.

And I am very glad that I came back.

“COUZI!”

Napatalon ako bigla dahil biglang binuksan ng pinsan ko yung pinto at sumigaw

“WHAT?!”

She grinned. **“I got something for you ”**

May inabot siya saking paperbag na may tatak na **“Topshop”**

Kinuha ko sa kanya yung paperbag then I opened it. Inside was a pink scarf with a labeled **“100% Cashmere”** O_____O

“Oh my gosh! Wh-who gave this?! ”

“a very handsome guy in front of our house ”

Sumilip ako sa bintana and ayun nakita ko yung lalaking nakatapon ng pagkain niya sa scarf ko. He’s leaning on his car.

Err—well, to tell you the truth I lied nung sinabi kong 100% cashmere yung scarf na yun. Divisoria lang yun eh. Binili ko before akong umalis =___=

Hindi ko naman alam na maniniwala siya.

“couz! Naku! Hindi mo sinasbi sakin na may sobrang papable ka palang suitor! Ibang klase ang beauty mo! Kauwi mo pa lang may manliligaw ka na. Pero may Jiro ka na di ba? so can I have him? ”

“oh stop it Steffie!”

“naku! Tigil-tigilan mo nga ang kaka-english mo na may british accent no! para tuloy akong nanunuod ng Harry Potter. So can I have him? ”

Napatingin sa window ko yung lalaking nagbigay sakin sa scarf. He smiles then he put his phone on his ears.

Bigla namang tumunog ang cellphone ko.

Unknown number.

“hello?”

“I’m paid. Now it’s your turn. Go down here para mailibre mo na ko ng pagkain”

Oh shocks. I totally forgot!

“ok fine”

Binaba ko yung phone then binuksan ko yung closet ko para maghanap ng pwedeng maisuot.

Simple short and simple shirt. Hindi ko naman siguro kailangan magpaganda para sa kanya?

“so couz, can I have him ?” tanong ni Steffie saakin

“nope”

Binuksan ko yung door and binaba ko na ang gwapong lalaking naghihintay saakin.

Nakasandal siya sa kotse niya.

Honestly speaking, kung ise-set aside ko ang ugali niya, ang gwapo gwapo nga niya. Papasa na siyang papable material!

Kaso bagsak nga lang pagdating sa attitude.

“ayan lang ang suot mo?” he looked at me from head to toe

“so? What’s wrong with my clothes? do i need to wear dress?”

“wala lang. nakakapag taka. It took you 30 mins para makababa samantalang shorts and tops lang naman ang isusuot. Mga babae talaga.”

see? bagsak talaga siya pagdating sa attitude

He opened the door of his car

“hop in”

Pumasok ako dun sa car and he closed the door. Pumasok naman siya sa driver’s seat

He leaned on me. As in sobrang lapit to the point na amoy na amoy ko na ang pabango niya.

Hmmm so he’s using lacoste?

Mas dumikit pa siya saakin kaya napa-pikit ako.

Oh no, what will he do? Is he going to kiss me? hug me? r-rape me?

Oh no! hndi pwede may boyfriend na ko!!!

“stop!! ”

“huh?” kinabit niya saakin yung seatbelt **“ano masama sa ginawa ko”**

“ah.. hehe.. w-wala”

Ok, di ko naman kasi expected na kahit may attitude problem siya, eh may dugong gentleman parin naman pala.

malay ko bang ikakabit niya yung seatbelt para saakin?

Sige na nga, papasa narin siya bilang crush ko. Pero crush lang naman. Nagiisa parin sa puso ko si Jiro.

[Ren's POV]

Instead sa house ako ni Arcie and ni Jiro pumunta, dito ako napadpad sa bahay ng maarteng babaeng to.

Pag pumunta ko sa bahay nila Arcie, I know, mas magiging miserable siya dahil sa nangyayari. Pag kay Jiro naman, baka mabasag ko lang ang mukha niya. Kaya ang dapat ko munang kausapin ay ang babaeng ito. Sukat nag balik pa siya!

I know I should be hopeful kasi baka magkabalikan sila ni Jiro and pwede ko nang ipagtapat kay Arcie na mahal ko siya, but I'm not. I know kung gaano masasaktan si arcie. Ayokong maranasan niya ang sakit na yun.

Dahil ayokong mag start ng conversation sa babaeng to, nagpatugtog na lang ako.

*Do you ever feel, like a plastic bag?
Drifting through the wind
Wanting to start again*

“so you like Katy Perry?” tanong niya saakin

“a little”

“that's a nice song, but I think this one is better”

Nilipat niya yung music

*Can't make my own decision
Or make any with precision
Maybe you should tied me up
So you I don't go where you don't want me*

“so you like Paramore?” tanong ko naman sa kanya

“no, I love them ”

So opposite talaga kami and halatang umpisa pa lang di na kami magkakasundo. She like rock, I like acoustics.

“anyways, where do you want to eat? Italiannis? Fridays? Fish and Co.? Flapjack? Or maybe mas gusto mo pang mas mahal? Tita Ysabel? Or Lolo Dad’s?” tanong ulit niya saakin

Ang dami namang suggestions nito eh quack-quack lang at scramble ang gusto ko!

“I know a good place. And please stop with the british accent!”

“I can’t help it! I’ve been in London for one and a half year!”

“sus isa’t kalahating taon lang pala. Kala ko naman sobrang tagal na.”

“one and a half year for me is quite long because I left someone I love behind. ”

Hindi ko na siya sinagot.

In the first place, why did you left him? >:(

“teka san nga ba tayo kakain?”

“nandito na tayo”

“sa school niyo?”

“hindi”

“sa park? Ano naman makakain natin dito?”

“ayan oh” itinuro ko yung isang hilera ng mga street foods

Ipinark ko yung kotse

“oh my, are you serious? ”

“yes I am” I smirk **“bakit? Hindi ba kumakain ang mestizang hilaw ng mga ganyang pagkain? ”**

A big smile formed in her lips **“shut up ”**

Tumakbo siya papunta dun sa hilera ng mga street foods

“manong pabili nga po ng fishball, sampung piso” sabi niya kay manong fishball

Nilapitan ko siya

“kumakain ka niyan? ”

“obvious ba?”

“miss eto na fishball mo”

“thanks. Ay gulaman din po pala”

“ehem, baka makalimutan mo ang quack quack ko?”

“ay ou nga, manong bigyan mo po siya ng kwek-kwek limang piso”

“anong limang piso?! ”

“este bente pesos ”

Good. Akala ko nagkakalimutan na kami eh.

Nung makuha ko na ang aking quack-quack, umupo kami dun sa bench under the mango tree.

Tsaka ko naman napansin na hindi lang fishball at gulaman ang dala ng babaeng to. May dala pa siyang cheese corn at cotton candy. Napatitig ako sa kanya.

“oh? Bat ganyan ka makatingin?”

“let’s see, you are wearing a flipflops from havaianas, short and tops from Yanna’s” I look at her lips “a lip gloss maybe from The face shop? And,” I smelled her, “Victoria’s secret perfume, vanilla lace”

Tinaasan niya ko ng kilay “so?”

“...you are eating a fishball, gulaman, cheesecorn and cotton candy. Weird huh?”

“look who’s talking!”

“at least ako suki na ng mga nagtitinda dito!”

“baket?! Porket suki ka na dito ikaw na lang may karapatang bumili?!”

“wala akong sinasabi no. ang weird lang tignan na isang mestizang hilaw na tulad mo eh kumakain ng street food”

“kung maka meztisang hilaw ka ah kala mo naman ikaw hindi sobrang puti! Eh para ka na ngang walang dugo! Tsaka for your information, isa’t kalahitng taon ako din aka tikim ng mga pagkaing ganito no kaya normal lang na mag crave ako ng sobra.”

“eh bat ka kasi umalis?”

Hindi siya nakapag salita

“bat mo iniwan si Jiro?”

She looked away “I can’t do anything”

“pero pwede mo namang sabihin sa kanya na aalis ka! ”

“I can’t! hindi ko kayang magpaalam sa kanya ”

“kaya pinagmukha mo siyang tanga? ”

“i-I didn’t—“

“alam mo kung ano ang tingin ko sayo? A selfish brat! Because of you naging miserable ang buhay ni Jiro! At ngayong bumalik ka, ibang buhay naman ang ginagawa mong miserable! ”

She was taken a back “What do you mean?”

“Nung mga panahon na wala ka, may isang taong tumulong kay Jiro para maka move on. Alam kong mahal siya ni Jiro, and yung taong yun, mahal na mahal rin niya si Jiro. Pero nung bumalik ka naging komplikado ang sitwasyon nilang dalawa! Please, mahal na mahal ng taong to si Jiro. Wag mo na silang guluhan.”

I know I shouldn’t be telling these things to her, but I need to. Kahit ano gagawin ko maging masaya lang si Arcie.

“Na kay Jiro na kung sino ang pipiliin niya”

“wala kang pakielam kahit may masaktan kang iba?!”

“if Jiro chose that girl, kahit masakit, tatanggapin ko. Pero kung ako ang pinili niya, I’m sorry I cannot give up Jiro para sa ibang tao lang. Pag ginawa ko yun pareho kaming dalawa masasaktan. Mas mabuti pang isa na lang ang masaktan kesa dalawa.” She stood up “I’m sorry but I need to go. Mag kikita pa kami ni Jiro mamaya.”

She walks out.

[Amber's POV]

“Nung mga panahon na wala ka, may isang taong tumulong kay Jiro para maka move on. Alam kong mahal siya ni Jiro, and yung taong yun, mahal na mahal rin niya si Jiro. Pero nung bumalik ka naging komplikado ang sitwasyon nilang dalawa! Please, mahal na mahal ng taong to si Jiro. Wag mo na silang guluhan.”

Hindi mawala sa isip ko yung sinabi ni Ren saakin.

Nagmahal ng iba si Jiro? Naging komplikado ang sitwasyon nila dahil saakin?

Naging isang malaking PANGGULO AKO simula nung umuwi ako?

Ganun ba talaga ang nangyari?

Hindi ako masamang tao. But I can't deny na nasaktan ako sa narinig ko. Alam ko namang mali na magalit ako dahil nagmahal siya ng iba, mali na magselos ako dun sa babae, kasi in the first place ako naman ang nangiwang eh. Pinagmukha kong tanga si Jiro. Naging miserable ang buhay niya dahil saakin.

Pero ako? Hindi ba naging miserable din ang buhay ko? Masakit din ang napagdaanan ko. Halos ikamatay ko na nga eh.

Halo-halo ang nararamdaman ko ngayon.

I feel pain, jealousy and naiinis ako hindi ko alam kung sa sarili ko ba, kay Jiro ba, or dun sa girl na tinutukoy ni Ren.

Pero alam ko naiingit ako, kasi nung mga panahong yun, may tumulong kay Jiro para maging masaya ulit, pero saakin wala. Walang nagligtas saakin nung mga panahong nalulungkot ako. Niligtas ko ang sarili ko. Pero pag uwi ko hindi ko expected na may mga tao rin pala akong masasaktan.

Kaya ba ko niyaya ni Jiro na mag dinner kasama siya kasi gusto niyang sabihin saakin na hindi na niya ko mahal?

Pero hindi na nga ba niya ko mahal?

Nung unang beses ko siyang nakita after one and a half year, I saw in his eyes that he longs for me. When he hugged me at that time, I felt how much he misses me and how much he loves me.

Pero paano yung girl na tinutukoy ni Ren?

Humiga ako sa kama.

Paano kung hindi kami nag migrate sa England, kami pa kaya ngayon? Siguro, matatag naman kasi ang relationship namin eh. Paano kung umalis nga kami pero sinabi ko kay Jiro, kami pa kaya ngayon? Maybe kami pa. Pero mamahalin pa kaya niya yung girl? Siguro hindi, kasi hindi naman siya magiging miserable kung sinabi ko sa kanya yung pagalis ko.

Minahal niya yung girl kasi miserable siya.

Hindi ba rebound ang tawag dun?

Siguro nga ganun ang nangyari.

Pero kesa maging masaya ako kung ganun mantalaga ang nangyari, bakit ganito? Na gugilty ako.

Ako ba talaga ang magiging dahilan kung bakit magiging miserable ang buhay ng babaeng yun?

Mag-hapon lang akong nakahiga sa kama at nagiisp. By 4:30pm bumangon na ko kasi by 6pm dadating si Jiro.

Before siyang dumating naka bihis na ko.

Exactly 6pm kinatok ako ni Steffie. Mukhang nandiyan na siya

“couz, nasa baba na ang boyfriend mo, at sinusundo ka na. Grabe ah, ka-uuwi mo pa lang ng pinas ang dami ng papable ang dumadalaw sayo!”

Nandyang na siya!!

Biglang nawala sa isip ko yung mga sinabi sakin ni Ren. I excitedly go downstairs to greet him.

“Jiro” I run towards him to hug him

He smiled **“good evening Amber ”** napatigil ako and hindi ko tinuloy yung pag hug ko sa kanya.

He's too...*formal*.

“err. so let's go?”

“let’s go”

Nauna siyang lumabas.

Usually dati pag nagkikita kami he held my hand then sabay kaming lalabas.

Nauuna siya saking maglakad papunta sa car niya.

Nung nasa may car na kami, sumakay siya ng driver’s seat tsaka niya inopen yung passenger’s seat.

Dati binubuksan niya muna yung passenger’s seat bago siya pumasok sa loob.

Nung pumasok na ko, he started the engine.

Bigla naman ako may naalala **“uhmm Jiro, may ibibigay ka ba sakín?”**

“ibibigay? Wala naman. Bakit?”

“oh, ok”

I looked down.

Dati kada aalis kami lagi niya kong binibigyan ng flower, callialily.

Pero ibang iba na pala yung ngayon .

Mukhang mali ako. Siguro hindi lang rebound yung girl, baka mahal niya na talaga.

And maybe the reason why he asked me to have a dinner with him is because he wanted to tell me na hindi na niya ko mahal.

[Jiro’s POV]

“and alam mo ba, ang gaganda pala talaga nung mga damit sa shop nung friend mo. Madami nga akong napamili eh”

“really that’s nice”

Habang nag didinner kami, madami nang kinukwento sakín si Amber. About sa mga magandang places sa England, sa mga nangyari sa kanya pag balik niya dito, at sa plano niyang pag-enrol sa Prince Academy.

Pero hindi ako interesado sa lahat ng sinasabi niya.

Hindi ko alam in the first place kung bat ko siya niyaya sa dinner. Ano nga ba ang gusto kong sabihin sa kanya?

Alam ko madami. Sa sobrang dami hindi ko alam kung saan ko sisimulan.

We are about to finish our dinner pero hindi ko parin talaga ino-open ang about kay Arcie.

“alam mo ba nakita ko pa nga sa mall yung isa mong friend. Si Arcie”

Napatingin ako bigla **“Si Arcie?”**

“yep. Sinamahan niya ko mamili. She’s nice, I like her.”

“err, ano naman mga napagusapan niyo?”

“madami-dami. About sa Prince Academy, about sayo”

“sakin?”

“yep”

Ano kaya sinabi ni Arcie kay Amber? Sinabi kaya niya yung about saaming dalawa?

“uhmm, are you done eating?” tanong niya saakin

“ah, yes”

She look at her watch **“it’s still early but I think umuwi na siguro tayo?”**

“huh?”

She smiles at me **“muka kasing pagod ka ngayon eh. Anyways I still enjoy eating dinner with you. Ang tagal narin kasi nating di nagawa ito eh ”**

Amber look sad

“I want to go to the carnival”

“h-huh?”

“gusto kong sumakay ng ferris wheel ngayon. Ok lang ba na samahan mo ko? ”

Bigla siyang sumaya **“sure!”**

I held her hand.

[Carnival]

“Jiro, after the ferris wheel gusto mo bang sumakay ng roller coaster?”

I look at the roller coaster. Dyan sa roller coaster na yan naging kami. **“S-sure”**

Dahil hindi naman holiday ngayon, hindi ganoong karami ang tao sa carnival. mabilis lang kami nakasakay ng Ferris Wheel

“wow! Ang ganda ng city oh!”

I smiled a little **“ganyan ang palagi mong sinasabi everytime na sasakay tayo ng ferris wheel ”**

She giggled **“ang ganda naman kasi talaga eh ”**

I look at the city

“nagalit ako sayo” napatingin siya bigla saakin **“nung iniwan mo ko ng walang pasabi, hindi mo alam kung gaano kasakit yung naramdaman ko. Para mo narin akong pinatay nun alam mo ba?”**

“J-jiro ”

“ang sakit sobra. Of all people, I didn’t expect na ikaw ang makakasakit saakin ng ganun”

Hindi ko alam kung bakit ko isinusumbat sa kanya ang mga bagay na yan ngayon. Pero tama naman ako di ba? masakit ang ginawa niya saakin.

Pero eto nga ba talaga ang gusto kong sabihin?

“pero ano nga ba ang mararating ng sorry if the damage is done?”

“wh-what do you mean?”

“Amber, masyado akong nasaktan sa nangyari. Hindi ko alam kung dapat bang maging tayo ulit”

I look away.

Hindi siya nagsalita nun. Hanggang sa matapos ang ride namin sa ferris wheel, hindi siya nagsasalita.

Gusto kong malaman kung ano ang tumatakbo sa isip niya, pero I don't dare ask. Siguro mas ok na muna yung ganito. Mas mabuti pang wag ko muna siya tanungin.

Nauuna siyang maglakad, sinusundan ko naman siya. Namalayan ko na lang nandun kami sa may parking area kung saan kami madalas mag star gazing dati.

She sat on the grass, then I sat beside her.

“do you still love me?” tanong niya saakin

I didn't answer her. Mahal ko pa nga ba siya?

Bat ganun? hindi ko *maramdaman*.

“do you still love me Jiro? Please yung tanong lang na yun sagutin mo ”

Hindi ko alam ang isasagot ko.

Nung nakita ko siya after one and a half year, naramdaman ko agad na gustong gusto ko siyang yakapin nun, gusto ko siyang halikan. It is as if nakalimutan ko lahat ng sakit na ibinigay niya saakin. Nung bumalik siya, I know, isang kita ko palang sa kanya, napatawad ko na siya.

Mahal ko pa nga ba siya kaya ganito nararamdaman ko?

But what about Arcie?

“I don't know ”

“is it because of her?”

Napatingin ako agad sa kanya. She knew about Arcie?

“hindi ko kilala kung sino yung girl na tinutukoy ni Ren, pero dahil ba sa kanya kaya hindi mo na malaman kung mahal mo pa ko o hindi na?”

“n-nag usap kayo ni Ren? ”

“answer me! ”

“YES! ” napataas bigla ang boses ko “dahil sa kanya!! Bakit masisisi mo ba ko ha?! Iniwan mo ko dito ng walang pasabi! Pinagmukha mo kong tanga!! Anong i-expect mo?! Habang buhay akong magpaka miserable para sayo?! Kasalanan mo naman ang lahat eh!! ”

She burst into tears “yes I know kasalanan ko ang lahat! Simula ng bumalik ako wala kayong ginawa ng mga kaibigan mo kundi ipamuka sakín na ang laki ng kasalanan ko! Oo alam ko naman na tama lang yun eh! Malaki naman talaga naging kasalanan ko! And pinagsisisihan ko yun! Napakadaming ‘sana’ ang tumatakbo sa isipan ko! Pero ako ba, ni-isang beses, natanong niyo ba ko kung kamusta naging buhay ko dun?! Tingin mo miserable naging buhay mo dito?! Pwes sinasabi ko sayo tripleng paghihirap ang naranasan ko dun! Ikaw may mga kaibigan ka dito na nagpapasaya sayo! Maraming nagmamahal sayo sa school mo kahit na mga taong di mo kilala! May babae pang dumating sa buhay mo para tulungan ka! Eh ako?! Ni-isa wala ako niyan! Mag-isa lang ako dun!! Araw araw ang lungkot ko! Ni-hindi ko na nga alam paano pa ko mabubuhay eh! Oo inaamin ko, naisipan ko naring kitilin ang buhay ko nun pero hindi ko tinuloy... hindi ko tinuloy kasi alam ko pag tinapos ko ang buhay ko, baka di na talaga kita makita kahit kaliaan... hindi pa ba sapat na bumalik ako? Kung hindi ka pa kuntento sa sorry ko at sa pagbalik ko...” she kneeled down in front of me “sana sa pagluhod ko mapatawad mo na ko ” she bowed her head no my feet

“Amber tumayo ka na” itinatayo ko siya pero hindi parin siya gumagalaw. Instead umiyak lang siya ng umiyak

“Jiro, patawarin mo na ko, mahal na mahal na mahal kita. ”

“amber.. please tumayo ka na”

“hindi ako kikilos hangga’t di mo ko napapatawad. Tama lang naman sakín to eh. Kahit hindi mo na ko balikan, patawarin mo lang ako ”

“Amber.. nung bumalik ka pa lang dito, nawala na galit ko sayo. I’m sorry kung nasigawan kita ngayon ”

“t-talaga? ”

Inalalayan ko siya sa pag tayo then I wiped her tears “yes, hindi ako galit”

And again she burst into tears. She hugged her tight

“Jiro, thank you. Mahal na mahal na mahal talaga kita. ikaw lang talaga. Wala ng iba ”

Nag tip-toed siya then she kissed me

And when our lips met

I realized..

Kung ano talaga ang nararamdaman ko

Chapter 52 *Goodbye*

[Arcie's POV]

Monday morning. Tinatamad ako pumasok, at the same time natatakot ako.

After two days, na feeling ko eh isang taon ang lumipas na hindi naming paguusap ni Jiro, hindi ko alam kung anong mangyayari ngayong araw.

Ano nga ba ang unang magiging reaction ko pag nakita ko siya?

“Jiro! Bat di ka manlang tumawag, o mag text sakin?! Ni hindi mo pinaliwanag ano yang payakap-yakap effect mo sa babaeng yan eh!”

Err, parang ang taray naman ng dating nun?

“Jiro, bat mo siya niyakap? Mahal mo parin ba siya? Paano na ko? Akala ko ba mahal mo ko? Di pa tayo tinwo-two time mo na ko?”

Parang masyadong madrama

Alam ko na, mag h-hi na lang ako sa kanya, na parang walang nangyari. It’s up to him kung mag explain siya or hindi.

Tama yun na lang ang gagawin ko.

...

.....

.....

.....

OMG LATE NA KO!!!! O_____O

Tumakbo ko mula bahay namin hanggang sa Prince Academy

Hinintay ko kasi sa house namin si Jiro eh. Kasi every morning sinusundo niya ko, ngayon lang hindi.

Bigla tuloy ako kinabahan.

Ano na kaya nangyayari samin?

Pag dating ko sa classroom namin, nag start na ng homeroom si Ms. Krissa.

Pa-simple naman akong pumasok sa back door, tutal sa likod din naman ako nakaupo.

Nagulat si Jiro nung nakita niya ko.

“h-hi” bati ko sa kanya

Paupo na sana ko ng mapansing kong may bag na nakapatong sa upuan ko.

“Ms. Morales you’re late” sabi saakin ni Ms. Krissa

Napatingin ako sa harap, and ayun nakita ko si Amber na nakatayo sa harap.

“i-‘m sorry ma’am”

“by the way this is amber, a new student here. I hope class you’ll be nice to her”

“nice meeting you all ”

She bowed her head then she look at my direction then she waved at me.

Ako naman parang hindi makagalaw sa kinatatayuan ko.

Kaya ba ko hindi nasundo ni Jiro is because of her? And kaya ba di niya ko tinetext or tinatawagan buong weekends is dahil din sa kanya?

“anyways Ms. Morales, please take the seat beside Mr. Salvador.”

“ok ma’am”

Umupo ako sa tabi ni labanos. Si Amber naman ang nag occupy ng seat sa tabi ni Jiro.

I breath deep. Hindi ko alam kung anong nangyayari ngayon. Pero isa lang ang alam ko, *nasasaktan ako.*

“are you ok?” tanong ni Ren saakin

I nod, pero hindi ko tinignan si labanos sa mata.

Wala ako sa concentration ko buong klase. Ilang beses na ngang natawag ng teacher ang attention ko. Ilang beses narin akong napagalitan dahil hindi ako nakikinig.

“Ms. Morales, please tell me the truth, are you ok?” tanong saakin ni Sir Nike

“Sir, I’m not feeling well”

“ok then” kumuha siya ng piece of paper then he scribbled something, pagkatapos inabot niya saakin **“go to the clinic”**

“ok sir, thank you po”

“binbo, wag kang aalis dun. Pupuntahan kita” bulong ni Ren saakin

I smile sadly at Ren.

Napatingin ako sa mga S6, they all look worried, including Jiro.

And alam kong aware sila na hindi talaga masama pakiramdam ko.

I excused myself then went to the clinic.

Pagdating ko dun iniabot ko sa nurse in-charge yung note ni Sir Nike then she let me lay down dun sa isa sa mga beds. Binigyan niya ko ng medicine pero sabi ko siguro kulang lang ako sa sleep kaya sinarado na lang niya yung curtains then she let me sleep.

But there is no use in sleeping. Mukhang iwas sakín si Jiro ngayon. Madaming tanong ang gumugulo sa isip ko. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari na ngayon. Madaming tanong na hindi ko alam ang sagot. Kanina sa classroom nararamdaman ko na any minute baka magkaroon na ako ng emotional breakdown sa dami ng iniisip ko. Pero ngayon namang napag-isa ako hindi ko mailabas ang luha ko. Parang pinaghalong pain and frustration ang nararamdaman ko. Pain, kasi nasasaktan ako dahil wala akong idea sa mga nangyayari ngayon and feeling ko ang buong S6 aware sa mga nangyayari. Frustration, kasi parang lahat ng sinabi sakín dati ni Jiro, is a big fat lie.

So ano na ngayon? Bumalik na si Amber, na-realize niya na mahal pa niya? Sila na ulit?

Ano yung sinasabi niyang mahal niya ko? Totoo ba talaga yun?

I closed my eyes, because I realized the answer to my question

And swear, ang sakit sakit niya.

.....

.....

.....

Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ko. Ginising na lang ako ng nurse nung lunch break na.

Instead na sa leisure room, sa canteen na lang ako dumiretso. Alam ko naman na nandun sa leisure room si Amber at Jiro. Sa ngayon parang ayoko muna sila makita.

Tingin ko masyado ako maaga mag lunch kasi wala pang masyadong tao sa canteen. I sat on the corner then nilabas ko yung baon ko. Maya-maya lang nag dagsaan nadin ang mga tao.

“excuse me, may I seat here? ”

Napa-angat naman ang ulo ko and saw Amber smiling at me.

Oh shocks

“s-sure”

Anong sure arcie?! Dapat tumanggi ka!! Iniiwasan mo nga sila ni Jiro tapos sure sure ka pa diyan?! =____=

Naku naman!!

But wait a minute, bat wala si Jiro?

“err, di mo kasama si Jiro?”

“oh, nasa leisure room siya eh. Ummm, mukha kasing hindi pa ako welcome sa mga friends niyo, kaya dito muna ako. Sabi ko na lang kay Jiro na gusto ko mag libot sa school mag-isa, but good thing I saw you”

“oh, I see”

So ayaw sa kanya ng S6? Hindi na nakakagulat. Sa ginawa ba naman niya kay jiro. Dapat nga pati ako mainis sa kanya, kaya lang bat pakiramdam ko napakahirap niyang kainisan? Hay naman. Sana naging mataray na lang siya

“anyways, bat dito ka nag lu-lunch?”

“ah, kasi malapit sa clinic?”

Ilang beses na ba ko nagsinungaling ngayong araw na to?

“oh, oo nga pala, kamusta na pakiramdam mo? Ok ka na ba?” she puts her hand in my forehead **“buti naman wala kang lagnat”** may inilabas siyang tupper ware **“here share tayo dito, crème brulee yan, masarap, gawa ng cousin ko ”**

“t-thanks”

Hinati niya yung crème brulee. Then nilagay niya sa maliit na plate tsaka ibinigay sakin.

“ay wait” tumayo siya then pumunta siya sa counter and may binili.

“here drink this” nilapag niya yung orange juice sa harap ko **“para magkaroon ka ng vitamin C sa katawan mo ”**

“thanks, Amber ” I smiled at her

She’s caring, nice, beautiful, smart, and rich. Complete package. A perfect girl.

Oo nga naman, bat nga ba ipagpapalit ni Jiro si Amber sa isang babaeng katulad ko. Di hamak naman na mas magandang gf si Amber kesa sakin.

Oo nga pala masyado ko naging ambisyosa. Nakalimutan ko na hindi kami bagay ni Jiro.

Dati I don’t believe in social status when it comes to love. Bakit nga kay Cinderella may na-inlove na prince eh. Pero ngayon narealize ko nangyayari lang naman yun sa fairy tale.

And I’m not in fairy tale. This is reality.

After lunch break, pumasok narin ako sa class. Nagulat pa nga ang S6 nung makita nila kaming sabay pumasok ni Amber and we are happily chatting with each other.

Ang pagkagulat sa kanilang mukha ay para lang nakita nila si Heidi at Angeline na masayang nag-uusap (Temptation of Wife?! hehe)

Hindi naman nag-open sakin si Ren about kay Jiro, he just asked me kung ok na ang pakiramdam ko and he offered na ihahatid niya na ko sa house namin. Sabi ko naman wag na dahil may mga kailangan pa kong asikasuhin after class.

"ok but promise me na itetext mo ko kung pauwi ka na and pagka nakauwi ka na" paalala niya saakin

"i promise"

Nung matapos na ang class, nag paalam na ko sa S6 na pupunta ko sa teacher's office dahil may mga pinapagawa pa saakin dun. Hindi naman sila nagreklamo and hinayaan lang nila ako.

Siguro nakakaramdam sila na gusto kong mapag-isa ngayong araw.

Actually wala naman talaga akong gagawin sa teacher's office. Inayos ko na lang yung mga files na nakatambak dun at naglinis ng mga shelves. By 3:30pm wala na talaga akong magawa. Kinuha ko na lang yung book ko sa Literature and naghanap ng mababasang story or poems dun kaso nung nagbabasa na ko wala ring pumapasok sa isip ko.

"Arcie, hindi ka pa pala umuwi? Magpahinga ka na. Wala naman masyadong gagawin ngayon"sabi saakin ni Ma'am Krissa

Naku ayun nga ang ayokong mangyari eh, ang walang gawin at tumunganga dahil ayokong mag-isip about kay Jiro. Pero dahil wala na kong magawa, inayos ko na yung gamit ko at lumabas ng teacher's office.

"I've been waiting for you"

Nagulat ako nung nakita ko si Jiro na nakasandal sa tabi ng office

"Arcie, can we talk? "

Eto na ang kinatatakutan ko.

I followed him at the glass house. Tanaw ko na medyo makulimlim ang langit, parang uulan ata.

Mukhang nakikisabay ang panahon saakin ah?

"uhmm, kamusta na pakiramdam mo?" tanong niya saakin

“ayos lang ako”

Halatang hindi siya makatingin sakin.

“sorry pala kanina hindi kita nasundo sa inyo, and sorry din this weekend I didn’t contacted you. Nagiisip kasi ako ”

“about Amber”

“siguro alam mo na siya ang ex-girlfriend ko”

“yes, I know. And kahit walang nagsasabi saakin, nararamdaman ko na naguguluhan ka ngayon”

Lumapit siya saakin **“Actually, nalaman ko na ang sagot ”**

I breath deeply. Alam ko any moment tutulo na ang luha ko. Kasi malapit ko nang marinig ang mga salitang ayokong marinig.

“Arcie, p-parang imposible na maging tayo s-sa ngayon”

Nanlambot bigla ang tuhod ko and napaupo ako sa bench. Nilapitan naman niya ko agad

“Arcie!! Are you ok?!”

Tumulo ang mga luhang pinipigilan ko. Niyakap ako ni Jiro.

“I’m sorry, I’m so sorry ”

Hindi ako nagsasalita. Humahagulgol lang ako habang yakap-yakap niya ko.

Ngayon ko lang naranasan na panghinaan ng ganito sa buong buhay ko. Ngayon ko lang din naramdaman ang ganitong ka-sakit.

Gusto kong itulak si Jiro, sigawa, sampalin, dahil pinaasa niya ko, pinagmukha niya kong tanga.

Rebound lang pala ako? Panakip butas? At nung bumalik na yung mahal niya, itinapon na lang ako ng basta basta?

Ang sakit.

Oo, nung nakita ko na si Amber ang katabi kanina ni Jiro, expected ko na mangyayari to. Pero bat ganun? Nung narinig ko yung sinabi niya bat parang nagulat parin ako?

Akala ko kanina naihanda ko na yung sarili ko sa mga sasabihin niya. Pero iba parin pala nung narinig kong lumabas mismo yun sa bibig ni Jiro

Ang sakit pala magmahal.

Nung medyo kumalma-kalma ako, I took a courage to ask him **“Jiro, minahal mo ba ako?”**

He didn't answer me instead he looked away.

Hindi ko narin naman kailangan marinig ang sagot dahil alam ko na.

Pinunasan ko ang luha ko then tumayo ako at tumalikod sa kanya.

“I want to request something” sabi ko sa kanya

“a-ano yun?”

“please treat me like you used to treat me nung mga panahong hindi pa tayo masyadong magkakilala. Ibalik mo yung pakikitungo mo sakin dati na hindi mo ko pinapansin and lagi mo akong sinusungitan. Please do this, para makapag move on ako”

“ok then. I understand ”

Naramdaman ko na naman na patulo ang luha ko. Nasasaktan ako kasi hindi manlang siya nag reklamo sa request ko. Pero ang mas masakit, alam kong sa sarili ko na hindi ko kaya na iwasan siya, pero tama lang na pumayag siya sa request ko para sa ikabubuti namin.

“so this is it then” I breath deeply.

I faced him, teary-eyed, but I try my best to smile

“goodbye” I place my hand on his cheek and gave him the most honest smile I could give **“my prince ”**

Tumalikod na ko then I walk through the door. The moment I step outside the glass house, biglang bumuhos ang ulan. And kasabay ng pagbuhos ng ulan, tumulo ang luha ko.

[Ren's POV]

I've been looking for my cellphone every 2 minutes just to check if Arcie texted me. Pero hindi pa siya nag text. Sabi niya kasi saakin itetext niya ko pag nakauwi na siya. Medyo ninenerbyos na ko. I tried calling her phone pero cannot be reached.

Ano kaya ang nangyari sa kanya?

Hay naku Ren, napaparanoid ka na ata. Ganun naman kadalasan si Arcie, laging lowbatt ang cellphone kaya baka di siya maka-text.

Para mawala and kaba ko, binuksan ko yung t.v sa living room namin and I started browsing the channels.

Hay ang lakas ng ulan, nakauwi na kaya siya?

Naku naman!!

Arcie Morales ano na ba nangyari sayo? Mag text ka na sana.

Bigla namang may nag doorbell.

Sino naman kaya ang bibisita sa gitna ng bagyong to?

Binuksan ko yung pinto and I was shocked to see Arcie soaking wet.

“Binbo?! Ano nangyari sayo?! Bat ka nagpaulan?! ”

“labanos” bigla niya kong niyakap **“Ang sakit. ang sakit, sakit ”**

She started to cry.

Chapter 53

Promise

[Ren's POV]

“labanos, ang sakit. Ang sakit, sakit ”

“Arcie, ano nangyari ” takang taka at gulat na tanong ko sa kanya

Humagulgol ng iyak si Arcie hanggang sa mapaupo na siya sa floor. I help her stand then inupo ko siya sa sofa.

“tell me what happened. Is it because of Jiro?”

“mahal ko siya, sobrang minahal ko siya. Pero bat ganun? Bat niya ko ginamit? Hindi naman pala niya ko mahal eh. Bat niya ko pinapaniwala na mahal niya ko? Ang selfish niya!”

Patuloy parin sa paghagulogol si Arcie and wala akong masabing comforting words sa kanya.

“Arcie, wag ka ng umiyak. Di bale gugulpihin ko si Jiro para sayo ”

Yan sana ang gusto kong sabihin sa kanya ngayon pero alam ko naman na walang maitutulong yun.

Sabi na ganito ang mangyayari eh. D^mn you Jiro!!! Bat bo sinaktan ng ganito si Arcie!!

“alam mo, gusto kong isumbat sa kanya lahat ng ginawa niya. Pero bat ganun? Bat di ko kayang magalit sa kanya? Nababaliw na ba ko? Ren, tulungan mo ko, ang sakit sakit ”

Humagulgol ulit ng iyak si Arcie hanggang sa nahihirapan na siyang huminga

It took me an hour para mapakalma ko siya. Nung kumalma na siya kinumbinsi ko siyang mag shower and magpalit ng damit dahil basang basa siya ng ulan. Kumuha muna ko ng mga damit ng ate ko na nasa states then pinasuot ko muna sa kanya. After niyang makapagpalit umiyak ulit siya hanggang sa nakatulog na siya. Inakyat ko muna siya sa kwarto ko then inihiga ko siya sa kama ko and kinumutan

I brushed away her tears then I held her hand

She was badly hurt. Ngayon ko lang siya nakitang umiyak ng ganito and nasasaktan siya because of Jiro.

I felt betrayed. Hindi ko expected na magagawa ni Jiro ang ganitong bagay. Pinagkatiwalaan ko siya na aalagaan niya si Arcie. I gave up my love for her dahil ang akala ko sasaya siya kay Jiro. But I'm wrong.

Naiinis ako sa sarili ko! Dapat pala hindi ko hinayaang mapunta si Arcie kay Jiro! Kung alam ko lang na ganito ang gagawin ni Jiro, sana pala ipinaglaban ko yung nararamdaman ko kay Arcie.

I look at her face. Alam kong hindi peaceful ang pagtulog niya ngayon. And I am also hurt to see her like this.

Tumayo ako then I grab my car keys. Lumabas ako ng room and tinawag ko yung maid namin

“ipagluto niyo siya ng lugaw then ipakain niyo sa kanya pag nagising siya ha. And paki timplahan narin siya ng juice” bilin ko kay manang

“opo sir”

“aalís lang ako saglit”

“san po kayo pupunta?”

“I made a promise to someone. Tutuparin ko lang ang pangakong yun”

[Jiro's POV]

“goodbye, my prince”

The moment she walks through that door, a part of me was telling na habulin ko siya, yakapin and tell her na binabawi ko na lahat ng mga sinabi ko sa kanya and that I really really really love her

Masakit pala talaga.

Napaupo ako sa bench then I put my hands on my face. Biglang tumulo ang luha ko.

I hate myself for hurting a girl like Arcie. She doesn't deserve what I've done to her, pero kailangan.

Naalala ko lahat ng mga nangyari last night habang magkasama kami ni Amber.

Flashback...

When our lips met, I realized, kung ano talaga ang nararamdaman ko.

I still love Amber, but not the way I use to love her before.

I break the kiss, then she hugged me.

Nung dumating si Arcie sa buhay ko, akala ko nakalimutan ko na lahat ng sakit na ibinigay saakin ni Amber. Pero nung bumalik siya, naalala ko tuloy kung gaano ako nasaktan. Oo totoo yung sinabi ko na napatawad ko na siya, pero kahit ganun, mahirap parin kalimutan ang lahat.

I'm still tied in the past. Takot parin pala ako magmahal, and habang nandito si Amber, alam ko, maalala at maalala ko parin ang sakit na naramdaman ko dati.

Nung minahal ko si Arcie, I thought that love can cure the pain Amber left in my heart. Akala ko maalís na ni Arcie yung trauma na naramdaman ko. Pero hindi parin pala talaga.

Bat pa ba kasi bumalik si Amber, ok na ko eh, masaya na ko. Nagmahal na ko ng iba. Unti-unti na kong nakakalaya, pero ngayon parang bumalik ulit ako sa dati. Yung takot, nabuhay ulit sa puso ko.

Mas mahal ko na si Arcie ngayon, mas kailangan ko na siya. Si Arcie ang gusto kong makasama, hindi si Amber, pero mali. I don't want to take Arcie for granted. Pag naging kami alam ko masasakal siya saakin. And I don't want to cause her too much pain.

Ngayon unti-unti na naman bumabalik ang takot ko na magmahal at masaktan ulit. Parang lahat ng nangyari sa nakaraan ay bumalik saakin. Yung pain na nararamdaman ko dati, nararamdaman ko na naman ngayon. At alam ko, habang nadun pa ang takot na yun saakin, hindi ko makakayang pangalagaan si Arcie. Sa huli siya din ang masasaktan. At natatakot akong saktan siya ng husto. Ayoko nang umabot pa sa point na mamahalin niya ko ng sobra.

I looked at Amber

“gusto mo bang maging tayo ulit?”

“Jiro, t-totoo ba ang naririnig ko”

“pero di ko maipapangako na babalik tayo sa dati ”

“don't worry, I'll do anything maibalik ko lang sa dati ang relationship natin”

She hugged me again

Maibalik? I don't think so.

Kahit kalian hindi na maibabalik, lalo na ngayon, parang kapatid na lang ang pagmamahal na maibibigay ko sa kanya.

Pero alam ko hangga't nasa buhay ko si Amber hindi ako makakalaya. Tama narin siguro na maging kami muna, para marealize niya na iba na nararamdaman ko para sakanya. Ngayon, gusto ko na siya na ang kusang mapagod saakin. In that way, mas magiging ok kami pareho. Pag si Amber na ang bumitiw, tsaka lang ako makakalaya

And Arcie? I don't know kung matatanggap pa niya ko pag bumalik ako sa kanya after ng mga gagawin ko. Pero isa lang ang nasa isip ko ngayon,

her happiness

Kung mainlove siya sa iba ok lang. Kahit masakit, basta masaya siya.

Sa aming lahat, siya ang may pinaka karapatang sumaya. Kahit ako ang pinaka masaktan, makita ko lang na maging masaya siya.

Sana...

[end of flashback]

I made a strong decision. Pero hindi parin pala ganun katatag ang puso ko.

Naalala ko nung una kong nakilala si Arcie, ano nga ba ang tingin ko sa kanya?

She's annoying, pakielamera, lapitin ng disgrasya. But on the other side, she's the girl who made me laugh for the first time after Amber left me. Kinaibigan niya ang tulad ni Jacob, marunong siyang magpahalaga ng kaibigan.

Oo sinusungitan ko siya dati, kasi alam ko malaki ang tendency na mainlove ako sa kanya. And hindi nga ako nagkamali, nangyari yun

Gusto ni Arcie ibalik ko ang dati kong pakikitungo sa kanya, does this also mean I'm gonna fall for her all over again? Ibabalik ko ba ulit yung unti-unti akong kumakawala habang unti-unti akong nahuhulog sa kanya?

Tama lang naman na masaktan ako ng ganito eh. I hurt her, pero alam kong mas dobleng sakit ang nararamdaman ko ngayon. I let go the girl I really love because of my past. Nasaktan ko siya, and sa bawat pagiyak niya parang dinudurog din ang puso ko.

Mas masakit pala na makita mo na naghihirap ang mahal mo ng dahil sayo kesa sa naghihirap ka dahil sa mahal mo. Dobleng sakit.

Pero mas ok narin tong ganito. Kung itutuloy ko kung ano ang meron saamin, mas masasaktan lang siya. Ayokong masakal ko siya kaya hangga't hindi pa ko nakakalaya sa nakaraan, hindi ako pwedeng magmahal ng iba.

Ang mali ko lang, hindi ko manlang naipaliwanag kay Arcie ang totoo kong nararamdaman.

Tumayo na ko sa kinauupuan ko then umuwi na ko.

Pagdating ko sa bahay namin, sinalubong agad ako ng maid namin.

“sir, may naghihintay po sa inyong mga bisita”

Mukang alam ko na kung sino sila.

Tama nga ang hinala ko, pagkapasok ko, nakita ko ang S6.

“we’ve been waiting for you” salubong agad saakin ni Justin

Lumapit bigla si Yanna saakin **“Jiro what’s the meaning of this?! Hindi ka namin maintindihan!! ”**

“Kayo na ba ulit ni Amber?!” galit na tanong ni Mich saakin

I look away **“yes ”**

“then what about Arcie?” tanong naman ni Lance

“don’t tell me ginamit mo lang siya? ” biglang sigaw ni Justin saakin

I didn’t answer

“paano mo nagawa yun! ”

Lumapit si Lance saakin then he held my collar at kitang kita ko na galit na galit siya **“Jiro! Mahal ka ni Arcie! Tapos ginamit mo yung pagmamahal na yun para makalimutan si Amber?!”**

“ngayong bumalik si Amber iiwan mo si Arcie?! Hindi ko alam ganyang klase ka pa lang lalaki”sigaw ni Yanna saakin

Hindi ko sila tinitignan, and hindi narin ako sumasagot sa mga sinasabi nila. Pero sana kung alam lang nila kung gaano naging kahirap sakín na pakawalan si Arcie.

Biglang may nag-open ng door and lahat kami napatingin sa bagong dating.

It's Ren.

“Ren! kausapin mo nga si Jiro, best friend ka ni Arcie, ipagtanggol mo nga siya” salubong ni Yanna kay Ren

“I'm sorry, pero sinabi ko na dati kay Jiro na pag sinaktan niya si Arcie, I won't say anything to him”

“ren, bat mo nasasabi yan”

Lumapit si Ren sakín

“instead, he have to talk to my fist! ”

Ren punched me hard on my face hanggang sa mapaupo ako. Naramdaman kong may dugo na lumabas sa nose ko.

Pinigilan siya ni Lance and Justin pero nagpumiglas siya

“you also told me na pag sinaktan mo si Arcie, I should make sure na malakas ang suntok ko sayo. Nandito lang ako para tuparin ang promise na yun! ”

Lalapit na si Ren sakín, pero pinigilan ulit siya ni Lance and Justin

“let him go” I told Lance and Justin

“Jiro, nahihibang ka na ba?!”

“I said let him go!!!”

Binitawan nila si Ren then sinugod niya ko. He punched me again and this time mas malakas dun sa unang suntok niya sakín. Nung napaupo ako, he held my collar and kitang kita ko ang galit sa mata niya.

“how dare you hurt Arcie!!! Nagkamali ako sayo! Dapat hindi ko na siya ipinaubaya sayo!! Alam mo ba nung araw na dumating si Amber, yun din ang araw na sasagutin ka na niya sana!!! ”

Nagulat ako sa sinabi ni Ren. Sasagutin na niya ko? Nung araw na yun sana ang magiging pinakamasayang araw sa buhay ko.

Nakaramdam ako ng inis kay Amber. Bakit pa niya kasi kailangang bumalik eh. Though hindi ko siya masisisi. Dahil ako naman din ang may kasalanan sa lahat.

“Jiro!! Mahal na mahal ka niya! Kung alam mo lang kung gaano siya nahihirapan ngayon!! Pero bat mo nagawa yun?! Ha?! ”

Inalog-alog ako ni Ren, pero hindi parin ako makatingin sa mata niya. Hindi ko na alam kung ano pang dapat maramdaman ko.

“Ren!! Jiro!! ” napatingin kami sa dumating and nagulat kaming pareho nung makita namin si Arcie. **“Ren wag mo siyang saktan!”**

“Arcie, alam mo ba yang sinasabi mo?! Sinaktan ka nitong lalaking to!!”

“please..”

Nag loosen yung grip ni Ren sa collar ng damit ko.

Arcie looked at me, then tinalikuran niya ko and inilayo niya si Ren sakín.

For a second, akala ko tutulungan ako ni Arcie.

Tumingin si Arcie sa S6 then she bowed her head

“please, I’m begging you, tanggapin niyo si Amber”

“Arcie, ano ba tong ginagawa mo? Bat ka nakikiusap para sa babaeng yun” gulat na sabi ni Yanna sa kanya

“she ruined everything and yet you are begging us na tanggapin siya?” dagdag ni Mich

“she hurts you” sabi ni Yanna

“she’s not a bad person”

“binlackmail ka ba niya kaya mo ginagawa to?” tanong ni Justin kay Arcie

“no! I told you she’s a nice person. Kaya nga siya nagustuhan ni Jiro eh. But she’s lonely kasi wala siyang kaibigan. Please tanggapin niyo siya, please”

“arcie..”

“Please.. ” napaupo si Arcie sa floor then nilapitan siya ni Yanna

“Arcie,” she hugged her “Why are you doing this? Why are you torturing yourself? ”

“ayokong makitang magkasira kayong lahat dahil saakin. ”

“hindi naman dahil sayo to eh. Dahil kay Amber!”

“wala siyang kasalanan. She just loves Jiro so much. And besides, hindi naman talaga kami ni Jiro eh. Hindi inagaw sakin ni Amber si Jiro, parang ako pa nga ata ang nang-agaw ”

“but—“

“please do this for me. I’m alright, I swear and sa totoo lang, hindi ko naman talaga mahal si Jiro. Kaya ko lang siya balak sagutin, because alam kong malungkot siya. Naawa ako. Please do this for me”

Tumalikod na si Arcie then lumabas siya sa bahay namin.

“you know what, Arcie is not a very good liar. Kitang kita naman na mahal na mahal ka niya eh. Mamamaga ba naman ang mata niya ng ganun kung hindi siya umiyak dahil sayo” sabi ni Lance

I know.

“Jiro, remember this. Hinding-hindi mo na makukuha si Arcie ulit. ” Sunod na lumabas ng bahay namin si Ren.

Maya-maya lang naglabasan narin ang S6 and naiwan na lang ako mag-isa.

Kung tutuusin unang minahal ni Arcie si Ren, siguro kung hindi ako dumating sa buhay nila, malamang sila na ngayon.

Hindi malabong mangyari na mahal in ni Arcie ulit si Ren.

Masakit isipin, pero ano pa nga ba magagawa ko?

Basta maging masaya si Arcie, ayos lang.

“Masaya ka ba talaga sa desisyon mo?”

Nagulat na lang ako nung makita ko ang ate ko na nakatayo sa may stairs

“you’ve seen everything?”

“yes”

“nakakatawa ka talagang principal. Nakita mo na ang estudyante ng eskwelahan mo na nangugulpi pero nakatayo ka parin diyan”

“because I know he is fighting for a reason. Susugod ba naman siya sa bahay ng principal kung hindi?”

“yeah, and I deserved to be punched ”

“you didn’t answer my question, masaya ka ba sa desisyon mo?”

Masaya nga ba ko?

Iniwang ko ang babaeng mahal ko dahil sa past ko. Iniwang ko siya kasi ayokong masakal ko siya. Nasasaktan ako ngayon kasi alam kong malaki ang posibilidad na mawala siya saakin. Nagsinungaling ako na ginawa ko siyang rebound kahit ang totoo mahal na mahal ko siya hanggang ngayon. Siya ang gusto kong makasama, pero pinakawalan ko siya kasi alam kong hindi siya magiging masaya saakin

Masaya nga ba ako sa naging desisyon ko?

“I’ve done this for Arcie. Kahit masaktan ako, basta makita ko lang siyang masaya, masaya narin ako ”

Lumapit si ate saakin, then she spread her arms.

“Principal nga ako ng school mo, pero ate mo parin ako”

I hugged her

“ate ang sakit. Ayoko siyang pakawalan pero kailangan ”

I cried in her arms.

Chapter 54
*I love you..Ren *

[Jiro's POV]

“Alam mo bro, pagdating sa love ang bobo mo mag-isip! Ang gwapo gwapo mo eh pero ang tanga mo talaga.”

Ayan ang sinabi sakin ng kapatid ko nung ikwento ko sa kanya ang dahilan kung bakit iniwan ko si Arcie.

“ate naman, hindi ka nakakatulong ”

“eh totoo naman eh! Hindi ko malaman kung ano ang tumatakbo sa isip mo eh. Hindi mo naman na pala mahal si Amber eh bat mo siya binalikan?”

“kasi hindi pa ko handang magmahal”

“o, yun naman pala eh, bat mo niligawan si Arcie?”

“akala ko kasi ok na ko. Pero nung dumating si Amber, I realized hindi pa pala”

“pero bakit mo binalikan si Amber?”

“because I'm still tied with the past?”

Nabatukan ako ni ate

“ano bang klaseng sagot yan!! Walang kalinaw linaw! ”

“ok” I take a deep breath “I am afraid na baka masaktan ko siya tulad ng ginawa saakin ni Amber. Ate, mahal na mahal niya ko and ako ang pinaka unang tao na pwedeng makasakit sakanya ng husto, and ayokong mangyari yun ”

“sa tingin mo hindi ba siya nasasaktan sa ginawa mo sa kanya ngayon?”

“Alam kong masakit pero mas ok sa umpisa masaktan siya kesa pag kami na. baka masyado akong maging paranoid sa kanya. Ang pagiisip ko ngayon, lahat ng babaeng mamahalin ko iiwan ako. Baka maging mahigpit ako ng husto sa kanya, ayokong mangyari yun. Ayokong masakal ko siya. ”

“tingin mo kaya kang iwan ni Arcie?”

I looked away, “yes, alam kong mangyayari at mangyayari din naman yun”

Binatukan ulit ako ni ate

“aray naman! Masakit na nga puso ko pati ba naman ulo ko pasasakitin mo?! ” sigaw ko sa kanya habang hinihimas ang ulo ko.

“eh hindi ko expected na may kapatid ako na makitid ang utak eh!!”

“bat ba di mo maintindihan ang desisyon ko?!”

“sino ba naman kasing matinong tao ang makakaintindi diyan!! Jiro, lahat naman ng tao naghihiwalay eh. Kung hindi man siya ang para sayo hanggang huli, atleast naging masaya ka na kasama siya. Pero anong ginawa mo ngayon?! inalis mo yung chance na maging masaya kayong dalawa! eh kung ganyan ang pagiisip mo, pwes sinasabi ko sayo, forever single ka na! At hindi ko mapapayagan yun kasi kailangan magparami ng pamilyang Festin! pag hindi natin ginawa yun ma-eextinct na mga gwapo’t magaganda sa mundo!”

Nanahimik ako sa sinabi ni ate. She has a point there. *(pero hindi kasama yung point niya na kailangan naming magparami. Tignan niyo nga siya! 28 years old na yan pero hindi pa nag-aasawa! ni boy friend wala!)*

“pero natatakot ako masaktan and makasakit. Arcie is a very important person to me. Baka pati ang friendship namin mawala.”

“bakit hindi pa ba nasisira ang friendship niyo ngayon?”

Nanahimik ulit ako.

Tama siya. Iniiwasan ako ni Arcie. Pati friendship namin at stake dahil sa naging desisyon ko.

Napabuntong-hininga ako “ano bang dapat kong gawin ate? ”

“kung hindi ka pa talaga handang pumasok sa isang relasyon then, tell Arcie the truth para mas malinawan siya. Mabait si Arcie and I know maiintindihan ka niya kesa ganito na pinagmumukha mong masama ang sarili mo.”

“pero paano kung hintayin niya ako?”

“then tell her not to expect anything. At least alam niya ang nararamdaman mo sa kanya. And please lang, i-break mo na si Amber and sabihin mo sa kanya na wala ka nang nararamdaman sa kanya. She flew all the way to London para makasama ka, wag mo na siyang hayaang mag expect pa. Walang kasalanan si Amber dito, mahal ka lang talaga niya. And sana wag mo na rin siyang saktan.” Tumayo si Ate, “may gagawin pa ko. So maiwan na kita. and gamutin mo nga yang mga sugat mo, baka magkapeklat pa yan pumangit ang mukha mo.”

Nagsimula ng lumakad si ate paakyat pero bigla ulit siyang huminto and lumingon saakin "and kapatid, hindi masamang magkamali. Ok lang na masabihan kang tanga o g*go o ng kung ano pang masasakit na salita. Ang mahalaga natuto ka at alam mo kung ano talagang nararamdaman mo" she smile at me then umalis na siya

Napangiti din ako sa sinabi ni ate.

Hindi ko expected na pwede na palang love guru ang kapatid ko. Bakit nga ba pag pi-principal ang pinasok niyang trabaho? Sana nag sulat na lang siya ng libro about love. Baka sumikat pa siya.

Tama lahat ng sinabi niya. Ang bobo ko nga talaga, bakit di ko na lang naisipang magpaka totoo kesa yung ganito na pareho pa kaming nahirapan ni Arcie?

Pati si Amber baka masaktan pa dahil sa ginawa ko.

Umakyat ako sa room ko then na-higa ako.

Tomorrow, I promise I will make things right.

[the next day]

Maaga akong nagising. Sinundo ko muna si Amber sa house nila tsaka kami pumasok sa school.

Amber is quiet for the whole ride.

“are you ok?” tanong ko sa kanya

“yeah, I’m just nervous”

“ha? Bakit?”

“I don’t know. Baka may hindi magandang mangyayari ngayong araw na to”

Is this what they called human instincts? Nakakaramdam na ba siya sa sasabihin ko?

Hindi ko muna inopen agad sa kanya yung plan ko kasi gusto ko munang makausap si Arcie, and alam ko kasi na mahihirapan ako mag explain kay Amber.

Kahit papaano, minahal ko ng husto si Amber and I can’t deny na mahalaga parin talaga siya saakin. Ayoko rin siya makitang masaktan pero kailangan.

Nung bumaba kami ng car, as usual all eyes are on us.

“Jiro, sa classroom na ba tayo?”

“hmm daan muna tayo sa leisure room?”

“ha, ah, o-ok”

Nakita ko sa mukha niya na may pag-aalangan

“ayaw mo ba?”

“hindi naman sa ganun, kasi parang hindi ako welcome ” napayuko siya

Inangat ko naman ang ulo niya “anong hindi welcome? Wala ka naman ginagawang masama eh. Everything will be alright ”

Her face lightens then she held my hand

“let’s go”

Pag pasok namin sa loob ng Leisure room, nandun sa ang S6 except Arcie and Ren

“g-good morning” bati ni Amber sa kanila

Napatingin silang lahat kay Amber and hindi nila malaman kung ano ang i-re-react nila.

“good morning Amber! ” napalingon kaming lahat and nakita namin si Arcie.

“Arcie ”

“good morning” sabi ni Yanna kay Amber

“good morning Amber” bati ni Lance

“g-good morning!” Amber told them while smiling brightly

“tara na pumasok na tayo? ” yaya ni Justin

“s-sige”

Parang kahit papaano gumaan ang pakiramdam ko.

They are smiling at Amber. Tama naman si ate eh, wala siyang kasalanan dito, kung magagalit sila dahil sa nangyari, dapat saakin, hindi kay Amber.

Napatingin ako sa side ni Arcie, she was happily chatting with Ren. She looks fine now, pero matanggap pa kaya niya ko? Maniwala kaya siya sa mga sasabihin ko?

Bahala na. Basta sasabihin ko sa kanya lahat ng nararamdaman ko, and sana maintindihan niya.

[Lunch break]

“Amber kain ka” hinila ni Mich si Amber papunta sa table.

“t-thanks”

“oh, jiro kumain ka na” sabi ni Lance saakin

“ah, sige wait lang, punta muna ko sa comfort room”

Lumabas ako ng leisure room to look for Arcie. Kanina habang nag le-lesson kami, hindi ako halos makapag concentrate kasi iniisip ko yung mga sasabihin ko kay Arcie and Amber.

Sana maayos ko ‘to. I really wish na maniwala saakin si Arcie. It’s about time para maging masaya na ko. And the one who can give me happiness is Arcie. Hindi ako nag-eexpect na maniwala siya saakin kaagad. Pero I promise to myself that I’ll do anything para lang mapatunayan ko sa kanya na siya ang mahal ko. Kahit na lumuhod ako sa harap niya or araw araw ko siyang suyuin, gagawin ko.

Pumunta ako sa garden kung saan siya madalas mag-lunch dati pero wala siya dun. Tinignan ko rin siya sa teacher’s office pero wala din siya. Nasaan na kaya yun?

Nakita ko naman ang kapatid ko na papalapit sa direction ko **“oh kapatid, bat pagala-gala ka?”**

“ate, have you seen Arcie?”

“bakit mo naman siya hinahanap?”

“I need to talk to her”

“natauhan ka na ba dahil sa mga sinabi ko, and sa mga batok ko sayo” biglang tumawa ng malakas si ate

Tinignan ko siya ng masama **“Ms. Festin have you seen Ms. Morales?”** I asked her seriously

She laughed hard **“alam mo ang gwapo mo eh, pero masungit ka! Nadagdagan lang ang kasungitan mo nung umalis si Amber! Hindi mo ko gayahin, masayahin. Sige ka tatanda ka agad! ”**

“Ate!!” hay, bat ba ko nagkaroon ng older sister na mas bata pa magisip kesa saakin

“oh, wag highblood, I saw her sa rooftop! Bilis bilisan mo ang pag punta dun baka maunahan ka na! ”

Iniwang niya ko dun while laughing.

Umakyat naman ako sa rooftop. Malayo pa lang aninag ko na si Arcie because the door was slightly open.

When I reached the top stair, napansin ko na hindi lang siya mag-isa dun.

She's with Ren.

And I heard her say something that breaks my heart

"I love you, Ren"

Ren held Arcie's hand **"I love you too, Arcie "**

He leaned closer to her. Tumalikod ako dahil alam ko na ang susunod na mangyayari and I don't want to see it.

Parang nanlambot bigla ang tuhod ko. Dumiretso ako sa glasshouse, at napaupo agad ako sa bench.

So ganito ang naramdaman ni Arcie nung iniisip niyang mahal ko pa si Amber?

Masakit pala talaga.

Pero nasaktan nga ba siya? She loves Ren. Ilang araw lang ang nakalipas after that incident tas ngayon napagpalit na niya ko kaagad. So sila na ni Ren? ang bilis naman niya ko napag palit. Or baka rebound lang si Ren?

No, she can't do that to him. Matibay ang pinagsamahan nila at alam kong hindi magagawa yun ni Arcie.

Baka naman hindi talaga siya nagsisinungaling nung sinabi niyang hindi niya ako mahal.

I'm too late.

"Jiro? "

Napaangat ang ulo ko and I saw Amber looking so worried

"Jiro, bat hindi ka na bumalik? Ano ginagawa mo dito? May nangyari ba? Ok ka lang ba? Ano ba kasing—"

I hugged her

"ah, jiro?"

"let's stay like this for a while "

I hug Amber tightly.

Bat ganun? Sabi ni Ren sasagutin na dapat ako ni Arcie nung araw na dumating si Amber. Tapos ngayong aayusin ko na ang gulong ginawa ko, atsaka ko naman narinig ang mga sinabi ni Arcie.

Sign na ba to na hindi talaga kami para sa isa't isa? Siguro nga, wala na talaga.

Amber is here. She still loves me. And before siyang umalis, masaya ako na kasama siya.

Siguro kailangan ko na talaga ibalik yung dati naming relationship.

Chapter 55 *Arcie's new boyfriend*

[Arcie's POV]

"please do this for me. I'm alright, I swear and sa totoo lang, hindi ko naman talaga mahal si Jiro. Kaya ko lang siya balak sagutin, because alam kong malungkot siya. Naawa ako. Please do this for me"

After I said those words, lumabas na ako sa house ni Jiro. Totoo naman talaga lahat ng sinabi ko. Hindi ko talaga mahal si Jiro. Sadyang naawa lang ako sa kanya.

What a liar, Arcie.

Naglakad na ko paalis ng biglang may humila saakin.

“Arcie wait!”

“Ren ”

“bat mo sinabi yun?! Alam kong mahal na mahal mo si Jiro pero bakit mo sinabi na hindi mo siya mahal?”

I looked at Ren

“para hindi na siya makonsensya sa naging desisyon niya”

“Arcie”

“Ren, pwede ba ako humiling sayo?”

Lumapit si Ren saakin then he hugged me **“anything”**

“can I stay with you tonight? Ayokong umuwi saamin. Ayokong makita ako nila mama nang ganito ako. Mag-aalala sila. ”

He smile at me **“ok then leave it to me”**

Inihatid muna ako ni Ren sa house nila then pinuntahan naman niya sila mama para kumuha ng mga damit ko.

“may pantulog ka na diyan and uniform. I told tita na mag o-overnight ang S6 dito para sa project na gagawin natin”

“thank you labanos ah, sorry kung nakakaabala ako. ”

“ano ka ba! Para saan pa naging mag best friend tayo!” He put his arms around me

Hay. Sana mahal in ko na lang ulit si Ren. Ok lang saakin kahit best friend lang ang tingin niya saakin, atleast alam ko hindi niya kayang gawin akong panakip butas.

“so dito ka muna sa room ko matutulog. Dun ako sa room nila mommy. Buti na lang at wala sila ngayon”

“labanos sorry talaga sa abala ha”

“ano ka ba!!” ginulo niya ang buhok ko “dahil broken hearted ka ngayon susundin ko lahat ng gusto mo! So My princess, ano bang gusto mong gawin ko? ”

I look at him seriously **“pwede ba kitang maging boyfriend?”**

Halata kong nagulat siya sa sinabi ko. **“h-ha? Se-seroyoso ka ba?”**

Nakita kong namula yung tenga niya pero pinigilan ko yung tawa ko. I look at him straight in his eyes **“oo naman”**

“ha? Kasi, well, s-sige na nga! Tatal best friend naman kita!”

I burst in laughter **“hahahah joke lang labanos eto naman oh! Joke lang yun! Grabe! Di ko akalain na mapapatawa mo ako! Wahahahaha ”**

“ah, joke lang pala” seryosong seryoso ang muka niya “sige, joke lang ”

Tinalikuran niya ako and lumabas sa room, pero kita ko parin na namumula ang ears niya.

Naku po nagalit ata. =___=

Tumayo ako then sinundan ko siya sa labas kaya lang pagkabukas ko ng pintuan may bigla naman humila saakin then binuhat ako

“Joke pala ha! ”

“waaaaaaaaaaaaaaaaah labanos!!!!”

Inihiga niya ako sa kama then pinagkikiliti

“wahahaha labanos tama na!! joke nga lang eh!! Joke lang yun!!! Wahahahaha ”

“ano ka ngayon ha! ”

Bigla naman niya ako dinaganaan

“Waaaah labanos ang bigat mo!!! Tumayo ka nga diyan!!”

“ayoko nga! Gusto ko bawiin mo muna yung joke ”

“h-ha?”

“ikaw na girlfriend ko ngayon!!”

“naku no! ayoko nga!”

“sus dali na, 1 year lang”

“muka mo! Ayoko!!”

“1 month?”

“ayawww”

“ok, 1 week?”

“ayoko nga!!!”

“ah ganun!!” bigla niya ako kiniliti sa tagiliran ko

“Wahahah sige na sige na. 1 week! ” pag suko ko sa kanya. Grabe eh kahinaan ko talaga ang kiliti sa tagilira. =____=

“sabi mo yan ha?! Yehey!!! ”

Umalis siya sa pagkakadagan saakin

Bat naman tuwang tuwa ang isang to?

“sus, eh bat mo ba ko gusto maging gf?” tanong ko sa kanya habang nakangiti ng nakakaloko

“wala, trip ko lang ”

Hmm, sige na nga, makasakay narin sa trip ng matakaw na to. Wala naman mawawala eh. Tsaka loko-lokohan lang naman. At least may manlilibang saakin, wala akong balak magpaka-emo.

“oo nga pala binbo, bakit ka naman nakiusap ng ganun sa S6 para tanggapin si Amber. Aminin mo saakin, does she threatens you?” she ask me with a concern tone

“no! hindi nga niya alam na niligawan ako ni Jiro eh .”

“then why?”

“kasi mali na magalit tayo sa kanya. Wala naman siyang kasalanan eh”

“but because of her, nasasaktan ka!”

“I’m not hurt because of her, I’m hurt because of Jiro. Hindi naman siya aware sa nangyari eh, and besides, kahit na dumating siya, kung mahal talaga ako ni Jiro ako ang pipiliin niya. Pero hindi ” I hold Ren’s hand “Ren, sana mapagbigyan niyo ko. Amber is not a bad person. Nakaka guilty nga eh because she’s so kind to me, tapos ganito ang nakukuha niyang treatment. Please? ”

“hay sige na nga. Sabi mo eh. Alam mo naman gagawin ko ang lahat para sayo. ”

“thank you, labanos ”

Maya-maya lang din, bumaba na kami para kumain, after dinner, iniwan na ako ni Ren sa room nya para daw makapag rest na ako.

Makakapag rest nga ba ako? Sa isang araw parang ang dami-daming nangyari. Hanggang ngayon hindi ko parin matanggap. Hindi parin ako makapaniwala na nagawa ni Jiro yung mga bagay na yun saakin.

I closed my eyes then bigla na lang nag flashback sa isip ko yung face ni Jacob. Nung mga panahong hindi ko pa alam na si Jiro at Jacob ay iisa, Jacob is always giving me a comfort. Pag malungkot ako at nagiisa, lagi na lang dumadating si Jacob. Makita ko lang siya gumagaan ang pakiramdam ko.

Sana hindi na lang si Jiro si Jacob. Sana may Jacob parin na nag co-comfort saakin.

Bigla na naman ulit tumulo ang luha ko.

Mahal ko si Jiro. But I need to set him free.

The next morning sabay kaming pumasok ni labanos. And tinotoo nga niya ang boyfriend ko siya for 1 week. Pagkagising ko dinalhan ako ang breakfast sa room with flowers pa ha!

Naglakad lang kami papasok ng school. And siya naman may pahawak-hawak ng kamay saakin. Syempre ako naman inaalis ko yung kamay ko pero makulit eh, kaya hinayaan ko na lang.

“tara na sa classroom binbo”

“di ba tayo dadaan ng leisure room?”

“hmm, kasi baka nandun sila Jiro”

“kung ako ang iniisip mo, ok lang ako no! tara na dumaan na tayo ” sabi ko sa kanya with a smile

Kinaladkad ko si Ren

“I’m a battered boyfriend! T___T”

“ok lang yan, for 1 week lang naman! ” tinawanan ko siya

Pag bukas namin ng pinto ng leisure room, boses agad ni Amber ang una kong narinig

“g-good morning”

Hindi ata nila napansin na pumasok na kami ni labanos kasi lahat ng attention nila na kay Amber. Hindi nila malaman kung papansinin ba nila si Amber or hindi

“good morning Amber! ” bati ko kay Amber

Napalingon silang lahat saakin

“Arcie ” she smile at me

“good morning” bati naman ni Yanna kay Amber

“good morning Amber” sabi din ni Lance sa kanya

“g-good morning”

Justin smile at her **“tara na pasok na tayo?”**

“s-sige!”

Nakahinga ako ng maluwap

Thank God at nakinig sila saakin

“mukang tanggap na nila si Amber ah” bulong ni Ren saakin

“sana nga”

“sana matanggap din nila ako na boyfriend mo kahit na mas boto sila sa Jiro-Arcie love team”bigla naman tumawa si Ren

Pinalo ko si Ren sa braso

“eh isang lokohan lang naman yung atin eh! ”

We both laughed

Napatingin ako sa side nila Jiro and I catch his eyes. We both look away.

Bigla na naman nagbago ang mood ko.

Bat ba niya ako tinitignan? He's checking if masaya ko?

Tama yan. Jiro magiging masaya ko.

Sana ikaw din

Lunch break, hindi muna ako sumabay sa S6. Pero sinabayan naman ako sa pagkain ni labanos sa kadahilanang, boyfriend ko daw siya.

Talagang siniseryoso na niya ah?

Nagpunta kami ni labanos sa rooftop para kumain.

“WOW binbo!! Ang sarap naman ng ulam mo!!!”

Napatingin ako sa ulam ko, munggo. Tinignan ko ang ulam niya, puro Japanese food from Saisaki.

“palit tayo please” pagmamakaawa niya sakín with matching puppy eyes pa

Nakakapagtaka talaga ang taste nitong si labanos. Mas pipiliin ang munggo ko kesa sa Japanese food nya?

Pero dahil luto ito ni inay at favorite ko to, hindi ako pumayag

“hati na lang tayo.”

“sure!”

Binigay niya yung kalahati ng food niya saakin, binigyan ko naman siya ng kalahati ng munggo ko.

“ang sarap naman nito binbo!! ”

“teka, ikaw ang kumuha ng baon ko sa bahay namin kanina, bat hindi ka na lang naghingi kay mama?”

“eh kasi naman nagmamadali na ako nun no!”

“aysus!”

“kain na!”

Sumubo ako ng munggo. Masarap talaga magluto si mama. Pero hindi ko maenjoy ngayon.

Hay. Ano ka ba Arcie! Akala ko ba wala kang planong magpaka-emo, eh ano itong ginagawa mo ngayon?!

“binbo” naramdaman kong may humawak sa kamay ko **“I’ll do anything para maging happy ka ulit. I promise ”**

“labanos”

“isipin mo na lang at least, narinig mong sabihan ka ni Jiro ng I love you” he smile at me

Napayuko ako

“pero hindi naman totoo ”

“actually napagisip-isip ako kagabi. Maybe minahal ka talaga ni Jiro, but yung love niya kay Amber is greater”

“siguro nga ”

Kiniliti niya ko sa tagiliran “o tawa na ha! Sus! Eh ako nga eh sa gwapo kong to hindi pa ko nasasabihan ng I love you!”

“naku no! eh ang dami na kayang mga babaeng nagsasabi sa iyo niyan!”

“eh hindi ko naman sila love eh! Teka girl friend kita ah! Dapat sinasabihan mo ko ng I love you!”

“tumigil ka nga labanos! Kumain ka na lang diyan! Gutom lang yan!”

“dali na baby ko! Sabihan mo na ko!”

“che!”

“sige na my dear binbo! Ililibre kita ng scramble at isaw! Please?”

Natawa naman ako sa itsura niya

Sige na nga mapagbigyan na!

“lab yu! Yan na!”

“eh, ano ba yun! Gusto ko with feelings!”

“I love you, Ren ” sabi ko sa kanya na medyo natatawa tawa

Ren held my hand “I love you too, Arcie ” He leaned on me then bigla naman siyang ngumuso

Binatukan ko nga

“oh ano na naman yan!”

“syempre boyfriend mo ko, dapat may kiss! ”

“muka mo! Bat ba parang gustong gusto mo na magka gf! Sigurado naman pag may niligawan ka sasagutin ka agad agad! Yun ang ikiss mo!”

“eh ayoko nga. Pag nag gf ako ng ibang babae malulungkot ka! ”

I laughed **“napaka sira mo talaga! Kumain ka na nga!”**

He grinned at me then nag simula na siyang kumain.

I’m still lucky.

I had Ren. Bat ba si Jacob ang hinahanap kong mag comfort saakin? Eh nandyan naman si Ren. He’s trying his best para sumaya ako.

I’m happy to have Ren by my side.

After lunch, dumiretso na kami agad sa room for home economics. Pagkadating namin dun, nandun na yung teacher namin and mukang kami na lang ang hinihintay.

“ok I think we’re complete. Masyado ata nag enjoy sa pagkain ng lunch si Mr. Salvador and Ms. Morales” nagtawanan yung mga classmates namin.

We both take our seat pero bago ako makaupo, napatingin ako sa likod kung saan nakaupo si Amber and Jiro. Amber smiled at me, si Jiro naman malayo ang tinatanaw sa labas ng bintana. Mukhang nag e-emo.

“ok, next meeting, we are going to bake cookies”

Cookies? Wow! Swerte naman ni Mich for sure mataas ang makukuha niyang grades dito.

“You’re going to cook by pair”

“ma’am choose your own partner po ba?” tanong ni Ren sa teacher namin

“nope! We are going to have a draw lots”

“wah sayang! Gusto ko pa namang maging ka-group si....Mich”

Binatukan ko siya

Kala ko pa naman ako!

Nag start na ang bunutan. Bubunot kami dun sa mga list ng iba't ibang cookies kung ano ang ibbbake namin. Kung sino ang nakabunot same sa nabunot namin, kayo ang partners.

Bumunot ako, pagkatingin ko sa papel, nabunot ko ang pinaka common na cookies sa lahat.

Chocolate chip.

“ano nabunot mo?” tanong ni ma'am saakin

“chocolate chip po mam”

“ok” she scribbled something **“you may sit”**

Sunod-sunod nang bumunot ang mga classmates ko

“what did you get?” tanong naman saakin ni Ren

“chocolate chip”

“oh, di tayo magka partner, I got oatmeal cookie. Hay sana si Mich ang makapartner ko. I'm not good in baking”

“oo magaling ka lang kasing kumain! ” tumawa ako

“ang sama mo! Hindi kaya!” nag pout naman si Ren

“ok class quiet!!”

Tumahimik kaming lahat

“I'll announce your partners”

Nag start ng magbanggit si ma'am ng mga pairs. Hiwa-hiwalay ang S6 ngayon. Iba-iba ang mga naging partners.

“Mr. Ren Salvador and Ms. Amber Lopez!”

“what the--?! ” gulat na sabi ni Ren

“Mr. Jiro Festin and Ms. Arcie Morales”

“HA?!” napatayo ako bigla. Lahat sila napatingin saakin

“any problem Ms. Morales?” tanong ng teacher namin saakin

“ah.. eh hehe wala po ma’am ”

Grabe naman ito. Kapartner ni Ren si Amber, kapartner ko si Jiro, hindi ba pwedeng exchange partners na lang?! > _____ <

“I forgot to announce, no changing of partners.”

Naku naman!

“malas!” sabay naming bulong ni Ren

Chapter 56
The Dog and the Cat

[Ren's POV]

Goodmorning my beloved girlfriend. Gumising ka na. Hay di tayo magkikita ngayon. Ingat sa pamimili mo. Uhhh, just text me pag inaway ka ni Jiro ah. I love you. Mwah

Send to: Binbo

Talagang pinangatawan ko na pagiging boyfriend niya no? Kahit tagus-tagusan sa puso ko ang sakit.

Ano nga ba nasa isip ko nung mga panahong sinasabi ko na gusto ko maging girlfriend si Arcie?

Isa lang.

I want to make her happy. To the point na I'm willing to be a rebound.

Akala niyo siguro biru-biruan lang yung 1 week girlfriend/boyfriend? Sakanya siguro oo, pero saakin hindi.

At kahit matapos ang 1 week hindi parin ako titigil. Baka eto na ang way para maibalik ko yung feelings saakin ni Arcie.

And pag nangyari yun, I will never let go of my chance again.

Pero sa ngayon may delubyo akong kahaharapin.

And ayun na, palapit na ang delubyo.

“sorry for waiting.” sabi ni Amber saakin while smiling from ears to ears

“usapan 9am aalis na tayo. at exactly 9 am nasa tapat na ako ng bahay niyo naghihintay. Pero ikaw? Magbibihis pa lang ng mga panahong yun! Sobrang kapal ba ng libag sa katawan mo at inaabot ka ng siyam-siyam sa paliligo?! ” pagalit na sigaw ko naman sa kanya

Tinawanan lang ako ni Amber **“oh relax! Aga aga ang highblood mo! ”**

Wednesday morning. Natapat na Founder’s Day ng school namin kaya walang pasok. Dapat nasa bahay ako ngayon eh, nanunuod ng T.V at kumakain ng masarap na quack quack pero hindi. Dahil sa bwiset na baking class na yan na mamatay na ang nagpauso nun eh kailangan kong mag market at makasama itong babaeng ito.

God naman. Mabait naman po ako, matulungin sa kapwa, magalang, gentleman at higit sa lahat gwapo. Pero bat niyo po ako pinarurusahan ng ganito? T_____T

Bigla akong kinalabit ni meztisang hilaw **“huy! Maputlang lalaki! Natutulala ka diyan, nagagandahan ka sakin? ”**

Napataas ang kilay ko

“hindi ako maputla! Sadyang meztiso lang! and wag ka nga mangarap diyan! Sumakay ka na nga sa kotse! ”

Inirapan niya ako then sumakay na siya sa kotse.

Naku naman! Mukang ma bbreak ko ang promise ko kay binbo na maging mabait ako sa meztisang hilaw na to ah! =_____ =

Pumasok na rin ako sa car ko then I started to drive

“hmm that’s weird. You’re still a minor student. How come allowed kang mag drive? Is that legal? ” tanong ulit sakín ng epal na si meztisang hilaw

May kinuha ako sa gilid then ibinalandra ko sa mukha niya ang student license ko.

“oh I see.”

“alam mo, kesa makiusyoso ka sa pag ddrive ko, pwede bang paki aral na yung ibbake natin. Marunong ka naman siguro mag bake no?”

“Err, actually, no ”

Bigla akong nag brake

“Ouch! Please be careful! Are you trying to kill me?! ” galit niyang tanong saakin

“HINDI KA MARUNONG MAG BAKE?! O____O” sigaw ko naman sa kanya

“sabi ko nga diba hindi! Ano ba sa word na ‘hindi’ ang hindi mo maintindihan?! And bat ka ba ganyan maka react?!”

“naku naman! Paano na tayo?! anong grade na makukuha natin?! Hindi din ako marunong mag bake!! Naku naman! Palibhasa spoiled brat eh! ”

“Excuse me! Never akong naging spoiled brat no!!”

“sus! Balita ko honor student ka! Mukang tsismis lang ata yun! Mismong pag bbake hindi marunong!”

I started again the engine and nagsimulang mag drive

“ano namang kuneksyon ng pag bbake sa pagiging honor student ko?! Hello!! Tsaka kung makapag salita ka kala mo kung sinong marunong! Eh hindi rin naman! ” pakikipag talo pa niya sakin

Hindi ko na siya sinagot kasi baka maibangga ko lang tong kotse ko pag nakipag talo pa ko sa kanya. Aba! Mas mahal pa sa buhay niya tong kotse ko no!

Pero sa ngayon, isang word lang ang nasa isip ko.

GOOD LUCK.

Hindi pa kami nag start mag market at mag bake nag aaway na kami. What more kung nag bbake na kami. Baka maipasok ko siya sa oven! Magkasala pa ako!

Pagkarating na pagkarating namin sa supermarket, dinivide ko agad yung recipe.

“ikaw maghanap nitong mga ingredients na to, ako naman dito” binigay ko sa kanya yung listahan

“ok fine!”

Kumuha siya ng cart and pumunta doon sa kabilang dulo ng supermarket.

I'M FREE AT LAST! MWAHAHAHAHAHAHAHA

Isa isa kong kinuha ang mga kailangan na ingredients. After an hour natapos kami sa pamimili.

“ok aalis na ko” sabi ko sa kanya

“Wait! Kumain muna tayo!”

“wag na! kakain na ako mag isa!”

“sige na please. Ang lungkot kaya kumain mag isa!”

“hindi ako nalulungkot, basta pagkain. Ikaw umuwi ka na, mauuna na ako. Sige good bye!”

Iniwang ko siya dun. Grabeng babae talaga yun! Ganyan ba mga tipo ni Jiro? Grabe! Buti hindi sumasakit ang ulo niya sa babaeng yan!

Dumiretso agad ako sa isa sa mga favorite kong kainan, Jollibee. Madalang lang ako makakain diyan kasi lagi na lang kami sa mga casual/fine dining restaurants pumupunta. Pag nagyayaya naman ako ayaw nila kasi sabi nila ang cheap daw. Si binbo nga lang ang nakakasama ko kumain diyan eh.

Tama nga naman ang sinabi ni mestizang hilaw, nakakalungkot kumain mag-isa. Pero mas prefer ko ng mag-isa kesa kasama ko siya.

Pumasok na ko sa loob ng Jollibee and dumiretso sa counter

“Miss, one palabok, 1 yum burger, regular fries and chocolate sundae. Oh, ang drinks is iced tea”

She repeated my order then ibinigay niya na saakin.

Puno ang Jollibee ngayon, pero buti na lang may isang table pa na bakante.

Umupo ako dun and sinimulang haluin ang palabok ko.

Hmmmm my favorite!! Matagal na akong nag-crave dito ngayon lang ulit nagkaroon ng chance na kumain. Hay sana kasama ko ngayon si binbo! Bat kasi sa dinami dami pa ng magiging partner ko si Amber pa. At bat ba sa dinami dami ng magiging partner ni Arcie eh yung manggagamit na si Jiro pa?! kada maiisip ko yun kinakabahan ako.

Siguro wala naman masamang gagawin si Jiro kay Arcie. Naku subukan lang niyang hawakan ni isang hibla ng buhok ng binbo ko siguraduhin kong di na siya sisikatan ng araw! Grrrrrrr! grrrrrr!

Oh well. Kailangan ko ng kumain.

Susubo na sana ako ng biglang may babaeng sumulpot sa harap ko

“siguro naman pwedeng dito ako umupo kasi wala ng vacant na table eh”

Halos mabilaukan ako ng makita ko si Amber na nasa harap ko

“WHAT THE--?! Sinusundan mo ba ako?! ”

“wag ka ngang sumigaw! Grabe naman tong makapag react! And hindi kita sinusundan! Nagkataon lang na dito din ako kakain!” umupo siya sa katapat kong chair

“ikaw?! Kakain dito?! Talaga lang ha!”

“anong nakakagulat dun? You’ve seen me eating fishball, kwek kwek and scramble tapos nagulat ka pa na kumakain ako dito? Duh!”

Anak ng tokwa talaga! Hindi ba ko bibigyan ng babaeng to ng peace? Bat ba ayaw niya akong lubayan! Alam ko gwapo ako! Pero may Arcie na ko!

Napatingin ako sa inorder niya and parehong pareho kami.

“so kailangan gumaya ka sa food ko?”

“huh? Hindi kita ginagaya ah! Ganito lang ang madalas kong orderin sa Jollibee. Buti nga at hindi pa nila inaalis to!”

Kumuha siya ng fries then she dipped it into her sundae

“sinasawsaw mo rin sa sundae ang fries mo?”

“oo bakit? Masarap kaya! Try mo!”

“lagi kong ginagawa yan”

Hindi ko na siya pinansin at kumain narin ako.

Siguro kung hindi ako asar sa babaeng to magiging close kami. Marami kaming pagkakapareho lalo na pagdating sa pagkain.

Pero bat nga ba asar na asar ako sa kanya? Bat ang init ng dugo ko sa kanya? Sa totoo lang alam ko naman na wala siyang kasalanan dito at ang dapat sisihin ay si Jiro. Pero bat ganyan ako sa kanya?

Hindi ko alam.

Siguro sa kadahilanan na siya ang epal na character dito at bat pa kasi siya bumalik balik ng Pilipinas. Hindi ko alam kung ano ang takbo ng pagiisip ni Ms. Author at isiningit niya pa ang character ng babaeng yan dito eh panggulo naman masyado. Pasakit pa sa buhay ko!

Teka, baka dahil ako talaga ang makakatuluyan ni Arcie?

Wahahahaha

Sana nga. Sana nga talaga. Pero gagawin ko talaga ang lahat mahaliniya lang ulit ako. I am very much aware na mahirap mapalitan si Jiro sa puso niya ngayon, but I am willing to wait, kahit gaano pa katagal yan.

“bat ka naka ngiti? Nagagandahan ka sakin ”

Napatingin ako sa kanya. Hindi ko napansin na nakangiti na ako dito na parang sira

“sige lang, libre mangarap!”

Tinuloy ko na ang pagkain ko at hindi na pinansin ang mestizang hilaw sa tapat ko.

“alam mo, ang sungit mo no? Sayang ang kagwapuhan mo! ”

Napataas naman ang kilay ko. Ako? Masungit?

She’s the very first person who told me that.

Kung sabagay she’s also the very first person na pinagsungitan ko ng ganito.

I ignored her then tuloy tuloy parin ako sa pagkain. Ayokong makipagusap sa kanya and isa pa ayokong magpa istorbo sa pagkain ng mahal kong palabok.

Ng matapos akong kumain, lumabas na ko ng Jollibee and iniwan ko siya. I heard her calling my name pero dedma. Kunyari walang naririnig.

Bago ko lumabas ng mall, dumaan muna ako sa Blue Magic para humanap ng stufftoy para kay Arcie. Mahilig yung babaeng yun sa stufftoy but not once nabilhan ko siya. Syempre no kailangan may gift ako sa girlfriend ko!

Kinuha ko yung baboy na stuff toy. Hmm cute naman, pero magustuhan kaya niya? Dapat pala sinama ko si Mich or si Yanna eh! Wala naman akong alam sa pagpili ng stufftoy.

“wag yan, madami ng may ganyan! Eto ang bilihin mo”

Halos mapatalon ako nung marinig ko ang boses ng babaeng yun!

TOKWA TALAGA!! HINDI BA NIYA KO LULUBAYAN?!

“ikaw, are you following me?! ”

“naiwan mo kasi to no!” may inabot si Amber sakin. Yung wallet ko.

“bat nasayo to?! Magnanakaw ka no!”

“alam mo, pwede ka naman kasing magsabi ng thank you eh! Pasalamat ka pa nga at pinulot ko pa yang naiwan mong wallet sa Jollibee! And excuse me mayaman ako! Hindi ko kailangan magnakaw no!”

“t-thanks”

She grinned **“ayan marunong ka naman pala ng word na yun eh! ”**

Nginitian ko naman siya ng nakakalokong ngiti **“ayan nagpasalamat na ko! So pwede mo na siguro ako iwan?”**

Dinedma niya yung sinabi ko. Instead kinuha niya yung baboy na stufftoy na hawak ko

“masaydong madami ng ganitong stufftoy, eto na lang ang bilhin mo, ang cute pa!” itinapat niya sakin yung dog na stufftoy **“anyways, sino yung pagbibigyan mo niyan? It’s impossible naman na para sayo yang binibili mo”**

Kinuha ko yung dog na stuff toy. Infairness, mas cute nga naman kesa dun sa kinuha ko **“for Arcie”** sagot ko sa kanya habang nakatingin parin sa stufftoy

“oh, really? Hmm pansin ko sobrang close kayo ah? Kayo ba?”

Pinagmasdan ko maigi yung stufftoy. Ang cute pala talaga. Bat di ko ba nakita agad to? “oo kami.”

“sabi na eh! May something sa inyong dalawa! Teka, alam ba nila?”

“nope, malalaman pa lang” Mas mabuti ng ipagkalat ko na kami na ni binbo! Aba! Proud ako na maging girlfriend siya no! kahit for 1 week lang! malay niyo pag naasar na kami sa isa’t isa, maging totooan na to! mwahahahaha

“aba, edi ako pala ang unang nakaalam!”

“parang ganun na nga. Sige babayaran ko na to” mas mabuti ng sundin ko ang payo ni mestizang hilaw about sa stufftoy kesa naman hindi maganda ang mabili ko. Tatal muka namang may taste ang isang to.

Binayaran ko na yung stufftoy sa cashier then lumabas na ko sa blue magic.

Bigla naman ako hinabol ni Amber “wait! Hintayin mo naman ako!”

“bakit ba? Uuwi na ko ok?”

“errr, pwede ba akong magpahatid saamin?”

“no”

Tinalikuran ko siya atsaka tinakbuhan. Wahahahaha bahala siya diyan

“uy wait lang naman!! Bat mo ba ko tinatak–aray!!”

Napahinto ako bigla and nakita ko na lang na nakaupo na sa sahig si Amber

“Amber!” tumakbo ko papalapit sa kanya “are you ok?!”

Nakita ko na may galos yung tuhod at yung kamay niya and mukhang paiyak na siya

“sus, ayan lang pala. Wag mong sabihing iiyakan mo ang maliit na galos na yan! ”

Bigla siyang humagulgol ng iyak “waaaaaaaah!! Nakakainis ka!! Nakakainis ka!! ”pinaghahampas niya ko

“he-hey!”

“alam ko namang ayaw niyo saakin eh! Alam ko naman kasalanan ko kung bakit nagkaganyan si Jiro eh! Aminado ako nasaktan ko siya ng husto! At alam kong galit na galit

kayo saakin dahil sa ginawa ko! Pero bumalik naman ako para itama ang lahat! Bat ayaw niyo ko tanggapin! ”

Pinagtitinginan na kami ng mga tao dito.

“LQ? Naku kawawa naman yung girl!”

“siguro niloko siya ng boyfriend niya!”

“ang gwapo pa naman pero nagpapaiyak ng babae!”

“naku mga lalaki talaga pare-pareho!”

WAAAH! Napagbibintangan na ang inosenteng si ako! =_____ =

“Amber, please stop crying”

“waaaaah! Nakakainis talaga! Ano ba ang dapat kong gawin para matanggap niyo ako? Ha? Tsaka ikaw, napaka sungit mo saakin! Wala naman ako ginagawa sayo! Bat ka ganyan? Kung layuan mo ko para akong may contagious disease! ”

“amber, hindi naman sa ganun. Please stop crying”

“waaaaaaaah! Nakakainis na!!! ayoko na!! ”

Oh gosh! Para siyang bata! Nag ffreak out pa naman ako pag may umiiyak na babae sa harap! What more kung nag ta-tantrum pa?! Juskooo maaga akong mamatay dahil sa babaeng to. Oh God spare me >_____<

“Amber, sorry na ok? Hindi ko na uulitin. Tumahan ka na please. Halika na, gagamutin ko na mga sugat mo, and I promise gagawin ko lahat ng sasabihin mo ngayon saakin. Basta tumigil ka lang, please?” I wiped her tears

Bigla naman siya tumigil sa pagiyak **“really?”** nagliwanag ang mukha niya then tumayo na siya **“then let’s go!! ”**

Mukang napasubo ata ako ah! =_____ =

“wow!!! Ang sarap pala nito!! Bago ako umalis ng Pinas inihaw na isaw lang ang meron! Ngayon may fried isaw narin pala! ”

“oh, kumain ka pa! ” inabutan ko pa siya ng isaw.

Sus, eto lang pala ang makakapag patahimik sa babaeng to. She is very hard to handle. Nakakapagtaka talaga na Jiro chose her instead of Arcie. Pero siguro mahal talaga siya ni Jiro.

Pero ngayon lang ako nakakita ng elite na babaeng kayang magwala sa gitna ng mall, at parang patay gutom kung kumain ng isaw.

Kakaiba talaga.

“ano busog ka na?”

“ang sarap Ren grabe! Ang dami na palang masasarap na street fods dito sa pinas, or baka sadyang na-miss ko lang talaga kumain ng mga ito”

“kaya ayoko manirahan sa ibang bansa eh. Walang fishball, scramble. Quack wuack at isaw dun! ”

We both laughed

“tama!! Puro burgers and chips! ”

“anyways, sorry kanina ah? Sorry kung nasungitan kita”

“sorry din kasi nagwala ako ng ganun. Nakakahiya”

“oo sinabi mo pa! ”

Ok din naman pala ang babaeng ito eh. She’s not that bad, pero medyo asar parin ako sa kanya. Hahaha.

After we ate, inihatid ko na siya sa kanila.

“thanks sa paghatid”

“no prob”

I started the engine then pinaandar ko na pabalik sa bahay namin.

The first thing I do pagkauwi ko is to grab my cellphone and dialed Arcie's number.

“hello labanos?”

“Binbo my loves!!! Nasaan ka ngayon?”

“nag mamarket kami ni Jiro eh.”

“oh, kanina pa kayo?”

“nope kasisimula palang. Bat ka pala napatawag?”

“aba! Masama bang kamustahin ang girlfriend ko? ”

“naku labanos! Tigil-tigilan mo nga ako dyan!”

“please focus on what you're doing. That's cornstarch not flour. Mamaya ka na muna makipag usap sa phone!”

“labanos, nagagalit na si menopausal prince. BBye na.”

“oh... ok.. bye...I love you—“

Before ko pa matapos ang sasabihin ko, she already hang up the phone.

Narinig kaya niya ang I love you ko?

Alam ko naman na hindi niya siniseryoso ang relationship namin.

I know 1 week is too short, and hindi nga naman talaga kasiryo-seryoso.

But I'm still hoping na mamahalin niya ulit ako.

Chapter 57 *stolen moments*

[Arcie's POV]

Butter, butter, butter. Ang daming butter naman dito, ano kukunin ko?

Tinignan ko yung mga price. Hmm parang butter lang nasa 100 na agad? Ang mahal naman!

Kinuha ko yung dairy crème na butter. Mas mura pa.

“Jiro, eto na yung butter”

Hindi ako pinansin ni Jiro dahil busying busy siya sa pag tingin ng mga ingredients.

May kinuha siyang maliit na bote dun na may nakalagay na vanilla extract. Tapos kumuha din siya ng almond extract

“ah, Jiro, walang nakalagay dito sa recipe na kailangan natin ng almond extract”

“hindi naman yan ang recipe na sinusunod ko eh. Recipe ni Mich to. Kung may doubt ka sa recipe ni Mich then I think mas better kung mag individual na luto na lang tayong dalawa”

Ang taray ng lolo mo!

Hindi ko na siya inimikan. Aba eh talo pa ang mag me-menopause na babae kung makapag sungit eh!

Kung sabagay, hindi ko rin naman siya masisisi kasi ako ang nag request sa kanya na bumalik siya sa dating pakikitungo niya saakin.

And infairness ginagawa nga niya. Mula pa kanina nung sunduin niya ko saamin, grabe na

makapag taray. Isang word lang ang sabihin mo napipikon na siya. Parang mas lumala pa nga pagsusungit niya sakín eh!

Kinuha niya yung isang bar ng butter na nilagay ko sa basket.

“what’s this?” tanong niya saakin habang hawak hawak yung butter

“butter?”

“hindi to butter, margarine to!”

“huh?” kinuha ko sa kanya **“nakalagay sa label butter eh”**

“that kind of butter is not applicable for baking. Pang palaman lang yan sa tinapay. Palitan mo. Kunin mo yung anchor ang brand. Yung unsalted ah”

“pero ang mahal nun eh”

“may pera ako” tinalikuran niya ako at nag tingin nanaman ng mga ingredients

[A/N : Readers ganyan talaga pag baking, daming arte sa ingredients, pati measurements dapat sukat na sukat or else palpak ang product.. Kaya love na love ko din ang baking eh ..kasi gusto kong pinahihirapan ang sarili ko.. wahaha joke]

Tumalikod ako para palitan yung butter. Sige na! siya na ang mayaman! Ako na ang binbo!
Hmp! =_____ =

Binalikan ko siya dala dala ang butter niyang anchor ang label at unsalted. Balak ko sanang ibato sa cart namin yung butter kaso napigilan naman ako.

“wag mo nang subukan ibato yan kung ayaw mong madurog yan”

Nilapag ko sa cart yung butter ng mahinahon at dahan-dahan.

I get a glimpsed of Jiro and he looks like he’s grinning.

Pinagttripan ba ko ng isang to?! Grrrr

Bago pa maginit ang ulo ko, tinignan ko na lang kung anong kulang sa ingredients.

Wala pang flour

say you love me, say you love me and put it in a love song (put it in a love song)

Nagulat ako bigla ng tumunog yung cp ko. Tinignan ko kung sino ang tumatawag.

*Calling..
Labanos...*

Hmm ano naman kaya ang kailangan ng lalaking ito?

“hello labanos?”

“Binbo my loves!!! Nasaan ka ngayon?”

“nag mamarket kami ni Jiro eh.”

“oh, kanina pa kayo?”

“nope kasisimula palang. Bat ka pala napatawag?”

“aba! Masama bang kamustahin ang girlfriend ko?”

“naku labanos! Tigil-tigilan mo nga ako dyan!” Kumuha ako ng isang box ng flour and inilagay ko sa basket.

“please focus on what you’re doing. That’s cornstarch not flour. Mamaya ka na muna makipag usap sa phone!” sigaw ni Jiro saakin

Napatingin ako sa kinuha ko. Naku po! Cornstarch nga!

“labanos, nagagalit na si menopausal prince. BBye na.”

I hang up the phone. Ang sungit talaga!! Grabe!!

Siguro kung walang Amber sa buhay niya iisipin kong nag seselos to!

Kaso meron eh.

Maya-maya lang binayaran na namin yung mga pinamili namin. At dahil may pera nga daw siya, 100 lang ang hinigi niyang contribution saakin, and the rest sa kanya na. Mayaman nga kasi siya. Sige na siya na!

Nung mabayaran na lahat, kinuha ko yung isang plastic bag.

“sige una na ko.”

Tinalikuran ko na agad siya. Naku ayoko ng makasama pa ang lalaking yan for another minute! Baka mapatulan ko ang kasungitan niya.

Pero yan naman ang gusto mo di ba Arcie?

Hay.

Napahinto ako kasi biglang may humawak sa balikat ko.

“ihahatid na kita”

Kinuha niya yung hawak hawak kong plastic bag. Nagdikit ang mga daliri namin at nagkatinginan kami.

Eto na naman ang pakiramdam na to. Madikit lang ako sa kanya para na kong kinukuryente. Hay naiinis na ko sa sarili ko. Bat ba hanggang ngayon ganito pa din makapag react ang katawan ko sa kanya?

Iniwas ko yung tingin ko sa kanya.

“hindi na. kaya ko naman umuwi mag-isa.”

“I insist”

Tumalikod na siya and naglakad palayo.

Ano pa nga ba magagawa ko? Dala-dala na niya yung mga pinamili eh.

Sinundan ko siya.

Nung nasa kotse niya na ko, inilagay ko sa tenga ko yung headset and nagpatugtog lang sa mp3 na binigay saakin ni labanos.

*It's her hair and her eyes today
That just simply takes me away
And the feeling that I've fallen further enough
Makes me shiver but in a good way.*

Out of my league version ng aking labanos. Ang ganda talaga ng boses ng lalaking to, wala akong ma-say!

Tinignan ko yung time sa watch ko. 2:30pm. Usually pag ganitong oras nasa room ako at natutulog. Pero ngayon, kasama ko tong menopausal prince na to. Hay.

I closed my eyes. And hindi ko namalayan nakatulog na pala ako.

.....

.....

.....

.....

“hanggang kelan mo kaya balak matulog”

Napadilat and nakita ko yung mukha ni Jiro sobrang lapit saakin

“Waaaaaaaah! ”

Napa-ayos agad ako ng upo. Teka, nasa bahay na ba ko? Tumingin ako sa bintana ng car niya and natanaw ko ang dagat.

Imposibleng nasa bahay ako!

“t-teka, bat tayo nandito? Ano ginagawa natin dito? Bat mo ko dinala dito? ”

“wag ka nga mag freak out. Nasa MOA lang tayo. may dinaanan kasi ako saglit dito eh biglang nagloko tong kotse, ipinapahinga ko lang saglit”

Napatingin ako sa orasan ko. It’s already 4:00 in the afternoon. Gaano na kaya kami katagal dito?

Bumaba ako sa car and pumunta sa seaside. Umupo ako sa may bay walk.

Aba kesa manatili ako sa kotse kasama yung lalaking yun, mas mabuti pang mag sight seeing na lang ako dito. Minsan lang mapunta sa seaside dapat sulitin na!

Hindi ko pa nasusulit ang sight seeing ko, bigla namang tumabi si sunget saakin.

“ngayon ka lang ba nakakita ng barko?”

“hindi no!”

“ah, kitang kita kasi sa mukha mo na manghang mangha ka!”

Hmp! At nanlait pa!!

Tinalikuran ko siya at tumingin sa kabilang side.

But honestly speaking, ngayon nga lang talaga ako nakakita ng barko! Wahahahaha

May narinig ako bigla na tumunog na cellphone.

“hello? Oh Amber”

Errr, eto ba yung tinatawag nila na awkward? Alam kong dapat kanina ko pa nararamdaman to, pero ngayon ako tinamaan.

“nope, hindi pa ako nakakauwi saamin. Ikaw?”

I try my best para hindi making sakanila pero wala, hindi ko maturuan sarili ko na maging bingi!

“Oh hey-- hi... yeah...I miss you too. I love you too”

Dahil hindi ko na kinaya, tumayo na ko.

“maglalakad lang ako saglit”

Hindi ko alam kung narinig niya yung sinabi ko dahil busy siya makipagusap kay Amber. Pero umalis parin ako at nagpunta doooooonn sa kabilang dulo kung saan malayo kay Jiro.

ARCIE WAG NA WAG KANG IIYAK!

Huminga ako ng malalim para hindi tumulo ang luha ko. Hay nakakainis! Nananadya ba siya?! Siguro naman aware siya na mahal na mahal ko siya at nasasaktan ako! Pero ni hindi manlang lumayo! Talagang ipinarinig pa saakin ang conversation nila?!

Loka Arcie, sinabi mo kaya sa kanya na hindi mo siya minahal.

Siguro kung si Amber maldita, mataray, palaaway, mapang-api at spoiled brat mas magiging madali ang lahat. Ang sama ko ba? Pero mas mahirap kasi dahil hindi ko magawang magalit kay Amber! Nagugilty ako pag nakakaramdam ako ng insecurities sa kanya kasi sa umpisa pa lang puro kabutihan na ginagawa niya saakin.

Ang hirap. Mas ok siguro kung nagpapaka bitter ako ngayon pero hindi eh. Hindi ko magawang magalit kay Amber lalo na kay Jiro. Kasi hanggang ngayon mahal na mahal ko parin siya. Kanina nga nung makita ko siya gustong gusto ko siyang yakapin. Kaso alam ko hindi na pwede.

“alam mo hindi masama kung iiyak ka”

Napalingon ako sa kanya. He’s wearing the weird wig, eyeglasses and brace.

“Jacob. Bat ka naman nakaganyan” I look away

“sabi mo ibalik ko sa dati ang pakikitungo ko sayo. I did. Pero kasama naman sa past si Jacob di ba? Ibig sabihin pwede ko ibalik si Jacob ”

“Jiro please—“

“Y-yung kausap ko kanina sa phone na sinabihan ko ng I love you, yung pinsan yun ni Amber na 10 years old. Malapit kasi ako sa batang yun eh.” ibig sabihin hindi si Amber ang kausap ni Jiro? hindi siya yung sinabihan niya ng I miss you and I love you? wahahaha ha. teka bat ba ang saya ko? Hindi pwede to =___= **“And by the way I’m Jacob not Jiro! Please Arcie, kung ako babalik sa dati dapat ikaw din! Magkaibigan kayo ni Jacob diba?”**

“pero iba na nung nalaman ko kung sino siya talaga”

“Arcie” iniharap niya ko **“please give me this time. Just this day, hayaan mong mapasaya kita. I’m begging you ”**

Nakita ko sa mata niya na paiyak na siya.

Huminga ako ng malalim.

Just this time. Just this moment.

I hug Jiro then I cry.

Para sa huling pagkakataon, mayakap ko ulit siya.

“Shh shhh” pagpapatahan niya saakin

Humiwalay siya saakin then he wiped my tears

“ang panget mo umiyak. Hindi bagay sayo! ”

Napatawa ako **“Jiro naman eh!”**

“I’m not Jiro”

“ok, Jacob naman eh! ”

“that’s good! At dahil ayokong nagmumukha kang panget, mag gagala tayo!”

“huh? Saan naman? Dito sa moa?”

“ayoko nga dito! Wala naman tayo magagawa dito! Hmmm saan kaya... kung mag star city tayo? ano? Game?”

“star city?”

“oo masaya yun! Tara!!”

Hinila niya ako.

“Wait!”

“why?”

“can I request something?”

“ano yun?”

“hmm pwede mo ba alisin yung disguise mo as Jacob? I want to have fun with you, as Jiro”

He smile “sure” he removed his disguise then inilagay niya sa car

“so let’s go”

“tara!!”

Nag commute lang kami papunta sa Star City. At nung makarating kami, aba manghang mangha naman ako! Napaghahalataan nang mall lang ang tanging alam kong pasyalan sa mundo! Wahahaha

Bumili ng ticket si Jiro then pumasok na kami sa loob.

“Arcie dun tayo oh!” tinuro niya yung Winter Fun Land

“tara!!”

Pumila kami sa Winter Fun Land. Pero bago kami pumasok inabutan muna kami ng mga jacket.

“ginawin ka ba?” tanong niya saakin

“hindi naman masyado”

“sure yan ah?”

“oo naman!”

Pumasok kami sa loob. Wala pa kami sa pinaka loob ng winter fun land pero ramdam kong malamig talaga doon. Bago kami papasukin may ilang mga reminders pang sinabi yung isang staff. Maya maya lang inopen na nila yung door

“WOW!!! ” tumakbo ako sa loob **“Jiro oh, snow!!”**

“hindi real snow yan, artificial lang yan”

“yeah I know! Pero kahit na no!” kumuha ako ng artificial snow then ibinato ko sa kanya

“ah ganyan pala ang gusto mo ha!” ginantihan niya ko at binato din ako

“ang lamig!!”

“haha sabi sayo eh! Tara nga dun mag slide tayo!”

Umakyat kami sa taas and nag slide kami. Siguro mga naka sampung balik na kami sa slide bago kami lumabas dahil sa hindi na ko makahinga dahil malamig.

After ng winter fun land, sa laser blaster naman kami nagpunta. Napasama kami sa grupo ng mga babaeng kilig na kilig dahil may ‘gwapo’ silang kasama sa team.

“kuya handsome, first time namin mag laro, pwede mo ba kami turuan?” tanung nung isang pa-cute na babae kay Jiro

“ay sorry hindi kasi ako magaling eh. Pangalawang beses ko pa lang naglalaro nito.”

“oh I see. Then, siguro pwede namin mahingi number mo para makapag laro ka naman dito for the third time. ” she winked

I know wala akong karapatang magalit, pero nanggigigil ako sa mga malalanding to!

“uhmm you should ask my fiancée first kung payag ba siya na ibigay ang number ko”

Right! Magpaalam muna kayo kay Amber! Mwahahahahahaha

Biglang umakbay sakin si Jiro “what can you say my queen? Pwede ko ba ibigay sa kanila ang number ko?”

“h-ha?” ano ba pinagsasasabi nito?! I gave him a what-are-you-talking-about look

“oh, but I guess hindi siya papayag eh. You see after graduation magpapakasal na kami. And we’re already engaged. The moment na na-engaged kami, ah no, the moment na minahal ko siya, I promise to myself na magiging faithful ako sa kanya. Let’s go babes ”

Pumasok na kami sa loob.

Hay ang sarap pakinggan.

Kung sana totoo lang lahat ng yan.

May isinuot na kung anong vest saakin si Jiro then may inabot siya saaking baril

“hawakan mo dito Arcie” inayos niya yung kamay ko **“wag mong aalisin yung kamay mo dito ah, kahit pag tumira ka. Nakikita mo yung name dun sa screen? Ayan yung code name mo. Tandaan mo yan para mamaya malaman mo kung anong rank mo.”**

“yes boss! Eh yung sayo ano code name mo?”

Pinakita niya saakin yung codename niya

“ok, let’s go!”

Pumasok na kami sa loob ng arena and the moment na nag start, nagtakbuhan na yung mga tao sa kani-kanilang station. At dahil sa first time ko, nataranta naman ako kung saan ako pupunta, kaya sinundan ko na lang si Jiro. Enjoy naman ang paglalaro ng laser blaster, feeling ko nga nasa action movie kami eh. Ako yung amazonang leading lady ni Jiro. Wahahahaha.

“tara Arcie tignan natin yung ranks natin”

Lumabas kami ni Jiro and tinignan sa screen yung mga rank namin. Hinanap ko yung codename ko and nakita ko sa pang number 15

“Jiro look, pang 15 ako! O di ba! first timer ako niyan! Wahahahaha ”

Ginulo niya yung hair ko **“ang galing ah!”**

“ikaw anong rank mo?” hinanap ko yung codename niya sa screen and nakita ko sa pang number 1. Napatingin ako sa kanya **“so ganyan pala ang PANGALAWANG BESES pa lang naglalaro dito? Nag number 1 na? ”**

He grinned **“well, actually madalas kami dati dito ng S6. Halos araw-araw nandito kami para maglaro lang ng laser blaster, kilala na nga kami ng staffs dito eh. “**

Kaya naman pala, may practice na siya

“tara sakay na tayo sa mga rides!”

Dinala ako ni Jiro sa Viking.

“Ano Arcie gusto mo ba diyan?”

“h-ha ehh...”

Napatitig ako. Tinitignan ko pa lang parang nahihilo na ko. Paano kaya kung sumakay pa ko diyan?

“teka, don’t tell me naduduwag ka? ” tiningnan niya ko ng pangasar na tingin

“h-ha? Of course not!”

“ok then sakay tayo?”

“s-sige! ”

Umakyat na kami para pumila.

Naku Arcie may chance ka pang mag back out. Tinignan ko ulit yung Viking, err mas maliit naman siya kesa sa anchor’s away ng EK. Siguro mas less ang pagkahilong mararamdaman ko?

Maya-maya rin, natapos na yung isang ride at pinasakay na kami isa isa.

“tara Arcie dun tayo sa pinaka dulo umupo!”

“s-sige”

Maya-maya lang din, nag simula na umandar yung Viking. Hindi naman masyadong mataas, actually nakaka enjoy pa nga

“whooo ang boring naman dito Jiro! Akala ko naman nakakatakot eh! Sus! Para lang ako dinuduyan!”

“haha ganon? Kala ko nga takot na takot ka eh”

“tignan mo nga walang tumitili! Wahahaha borrrriinngg”

After a while...

**“WAAAAAAAAAH!!! IBABA NIYO NA KO DITO!! TAMA NA! MAY SAKIT AKO SA PUSO!
HIGHBLOOD AKO! DIABETIC AKO! MAY CANCER AKO! PABABAIN NIYO NA KO DITO!!
WAAAAAAAAAAAAHHHHHHHHHHH”** sigaw ko habang nakapikit

Nandun na sa pinaka mataas ang Viking at halos malaglag na ang puso ko! Waaaaah ayoko na talagaaaaaaaaa!

“oh akala ko ba boring? Wahahahaha ang sarap whoooooo!” pangasar pa sakin ni Jiro
=____=

Nung natapos ang ride, sobrang nanginginig ang tuhod ko. Hay buti na lang ang huling kain ko ay kanina pang tanghali kung hindi malamang nagsusuka ako ngayon.

“oh, Arcie kaya pa?”

Tumayo ako! Akala niya ah!

“oo naman! Tara dun tayo!” tinuro ko yung star flyer

“sure ka? Mamaya magwala ka nanaman dun!”

“hindi no! tara Masaya diyan!”

Tinignan ko yung star flyer, kung iisipin nakakatakot nga pero yan ang mga trip ko kesa sa Viking or anchor’s away!

Nung nakasakay na kami halos hindi ko na maidilat ang mata ko

“WOOOOOOOHHHHOOOOOOO! ANG SARAP!!!!!!” sigaw ko habang nakakapit ng maigi at nakapikit.

“WOOOOOOOHOOOOOOOOOOO IBABA NIYO NA KOOOOO!” rinig ko namang sigaw ni Jiro.

Hindi ko nakikita kung saang part na kami, ang naramdaman ko na lang, nakataob na kami

“WOOOOOOOOOHHHHHHOOO I LOVE ITTTT!” sigaw ko ulit

“WAAAAAAAAAAH AYOKO NA!!!!!!!!!!!! MAHUHULOG AKO!!! AYOKO NA!!” sigaw naman ni Jiro

Nung matapos ang ride si Jiro naman ang hinang hina, ako naman ang enjoy na enjoy.

“Wahahahahaha, weak ka pala Jiro eh! Weak!”

“h-hindi no!”

“aysus! Ano kaya pa?”

“oo naman! Tara sakay pa tayo!”

Sumakay kami sa Surf Dance pati sa Wild River, na pareho din namang nakaka enjoy. May picture pa nga kaming dalawa sa wild river.

“Miss pwede ba naming makita yung picture namin sa wild river?”

Hinanap nung babae yung picture naming sa computer

“uy ang ganda ko diyan oh!” sabi ko habang nakaturo ako sa picture

“ang gwapo ko diyan! Miss bibilhin ko, two copies please”

Ibinigay saakin ni Jiro yung isang copy ng picture then after nun kumain muna kami. Pagkakain namin, naglibot libot kami sa loob then pumasok sa hunted house at kung saan saan pa. Nung medyo bumaba na ang kinain namin, sinakyan ulit namin lahat ng mga rides.

“Arcie, mag gagabi na, san mo pa gusto sumakay? For our last ride?”

Tinuro ko yung ferris wheel **“dun tayo dali! Di pa natin nasasakyan yan eh”**

“sure”

Pumila na kami sa ferris wheel.

Last ride. After nito matatapos na ang lahat.

If only I could make the time stops. Para habangbuhay kasama ko na siya.

Nung umandar na ang ferris wheel, manghang mangha na naman ako sa ganda ng city pag gabi

“grabe Jiro, ang ganda pala talaga ng city pagka gabi no?” lumingon ako sa kanya and nagulat ako na sobrang lapit na ng mukha niya sa mukha ko. **“J-jiro?”**

“Arcie, m-may sasabihin ako sayo”

“ha? Ano yun?”

“Ang totoo kasi I—“

krrrrriing

Pareho kaming napatalon sa gulat nung nag ring ang phone ko. Tinignan ko kung sino yung tumatawag

*Calling...
Labanos...*

“hello?”

“binbo! Nasaan ka? Gabing gabi na ah?”

“h-ha? Nasa house kasi ako ng tita ko may dinala ako eh naaliw ako sa paglalaro sa mga pinsan ko”

Best liar, Arcie =_____ =

“oh, ok. gusto mo sunduin kita?”

“h-ha? Hindi! Otw na ko saamin”

“ok then, ingat ka ha.”

“opo”

“I love you binbo”

“che tigilan mo ko!”

“hmp! Bat walang I love you too? Ano ka ba bf mo ko for 1 week dapat panindigan mo!”

Ay talaga naman, nagdrama?

“ok fine, I love you too”

“yun! Kilig ako! Bbye loves!” he hang out the phone.

Pasaway talaga.

Tumingin ako kay Jiro “err ano yung sasabihin mo?”

“ah, wala. I just want to thank you for the night. Salamat pinagbigyan mo ko ”

I smiled “thank you din ah. You really made me happy today ”

“I’m glad ”

After ng ride umuwi na kami then hinatid naman niya ako saamin. Good thing hindi ako tinanong ni mama kung bakit ako ginabi. Ang alam kasi niya hanggang ngayon nanliligaw parin saakin si Jiro. Ewan ko ba hindi ko masabi sabi sa kanila na hindi na siya nanliligaw.

Umakyat na ko sa room ko then nahiga sa kama. Tinitigan ko yung picture namin ni Jiro.

Eversince bumalik si Amber, I thought hindi na kami makakapag enjoy ng ganito ni Jiro. Today is a stolen moment for both of us. Alam kong mali, pero choice ko na magkamali for the last time. Because I know

Back to normal na naman bukas[

Chapter 58 *The Accident*

[Arcie's POV]

As expected, back to normal kami ni Jiro the next day after ng star city. Wala ng kulitan, walang tawanan, walang harutan. Para kaming stranger sa isa't isa. Baking class went well. Divided na divided ang trabaho namin. Parang hindi din kami magkagrupa. Nakita ko sa ibang group na nagtutulungan sila sa lahat ng work. Habang gumagawa ang isa, nag oobserve naman ang isa. Yung iba sabay pa nila ginagawa, pero kami, hindi. Nakakainggit nga yung ibang groups eh, well except sa group ni Labanos at Amber na hindi na nakatapos ng pagbabake dahil may lumipad na wire whisk galing sa table nila at tinamaan yung teacher namin sa noo. Kung sino nagpalipad? We don't have any freaking idea. Basta ang alam namin, pareho silang napalayas sa kitchen.

As usual, pinaka mataas na grade si Mich and her partner. Butterfinger cookie ang ginawa nila. Yung saamin naman ni Jiro, well it taste ok to me.

Today is our sportsfest day. May mga school na nandito saamin para lumaban. And I was

assigned to make the documentary kaya whether I like it or not, kailangan kong panuorin yung mga laban.

Katatapos lang ng laban ng volleyball team namin and good thing they won.

Agad namin sinalubong sina Mich **“Mich! congrats!”**

“nice game!” sabi ni labanos sa kanya

“thanks!”

Lumapit si Justin sa kanya then inabutan siya ng drink and towel

“that’s my girl! Pawis na pawis na pero mabango at maganda parin ”

“alam mo, ibang klase ka din mambola eh ”

“no, I’m dead serious sa sinabi ko”

“haha! Tama naman si Justin eh!” pag sangayon ni Yanna

Bumulong sa kanya si Lance **“that’s my apprentice! ”**

“so, nagpapaturo ka na pala kay Lance ng pambobola ha? ” sabi ni Mich habang nakatingin kay Justin ng nakakaloko

Justin threw Lance a warning look.

Natawa nalang bigla si Yanna **“haha hay naku Lance you cannot keep your mouth shut. Tayo na sa gym B at magsstart narin ang laban nila Jiro”**

Umalis na kami at lumipat ng Gym. Sila Mich naman susunod na lang daw dahil kailangan pa niya magpalit ng damit.

“calling Ms. Arcie Morales, please proceed to the principal’s office”

Napatigil naman ako doon sa announcer. Ako?

“Binbo samahan na kita”

“Wag na, bantayan mo na lang ang seat ko. Babalik ako agad.”

Tumayo ako sa kinauupuan ko then pumunta sa principal’s office.

Pagdating ko dun, si Ma’am Jennica lang ang nandun

“hi Arcie!! ” salubong niya agad saakin

“g-good morning po ma’am. Bat po niyo ako pinatawag?”

“ay, gusto ko sana ibigay mo to kay Jiro” may inabot siya saaking kung anong tela, damit ata **“naiwan niya kasi eh ”**

Tinignan ko yung inabot niya saakin and halos mabitawan ko nung malaman ko kung ano yun.

Boxer. O ____ O

Na may naka print na Patrick Star. = _____ =

Huminga ako ng malalim para hindi ako matawa.

“err is there a problem?” tanong saakin ni Ms. Jennica

“ah.. ehhh kay Jiro po ba to?”

“yep. That’s his. And favorite boxer niya. ”

Naku naman ma’am bat hindi mo na lang kay Amber ipabigay to? At bat kailangan saakin pa? at bat kailangan ko pang malaman na ang isang tulad ni Jiro Festin nag susuot ng boxer na may naka print na Patrick star?

Kinagat ko yung dila ko para mapigilan ang pagtawa.

“sige po ibibigay ko na po sa kanya to”

Lumabas na ako sa principal’s office and pumunta sa varsity locker room.

Nakita ko naman na naglalabasan na yung mga Varsity sa locker room nila kaya naghintay ako sa labas pero wala parin si Jiro.

“ah excuse me, nandyan ba si Jiro sa loob?” tanong ko doon sa isang ka-team mate niya

“ah yes, he’s inside. Pumasok ka na lang. Siya lang naman nandun”

“ok thanks”

Pumasok na ko sa loob and nakita ko agad si Jiro.

Naka tapis lang. O_____O

“WAAAAAAAAAAH!!! ”

“What the--!!!”

Nagtago ako sa likod ng mga locker

“I didn’t see anything, I swear! ”

Lumapit saakin si Jiro, na nakatapis parin at hinarang niya ang braso niya sa gilid ko

Oh tuksoooooooooo layuan mo akoooooooooooooo

“ano kaya ginagawa ng isang babae sa locker room ng mga lalaki?”

“err, may pinabibigay si Ma’am Jennica”

Inabot ko sakanya yung boxer

Katulad ng reaction ko nung makita yung boxer, gulat na gulat din siya nung makita niya to. **“what the--?! ”**

“so, you love patrick star? ” I smirk then tumakbo na ko palabas.

Nung makalabas ako, I burst out laughing.

Wahahaha sunget mo kasi eh! Patrick Star pala ha! Wahahaha

Bumalik na ako sa Gym, and good thing hindi pa nag start.

After a couple of minutes, nag labasan na yung varsity ng magkabilang school. Sa right side yung Prince’s Academy basketball team, sa left side naman yung Saint Albert’s Academy. Nagtilian yung mga estudyante. Paano ba naman hindi eh lantaran ka ba naman ng mga nag ga-gwapuhang varsity team ng magkabilang school. Siguro kung Mr. Pogi ang labanan nito napaka hirap mag decide. Kahit ako halos malaglag sa kinauupuan ko sa gwapo ng mga lalaking to. But of course, my eyes is on Jiro. As usual he look so serious. Pero ang gwapo. Mala Kaede Rukawa ang dating niya ngayon. Naiinlove ako.

Kahit hindi pwede.

Naku Arcie tigil tigilan na ang pag eemote ha! May trabaho ka pa na dapat gawin.

Tumayo ako at lumapit sa railings then kinuhanan ko ng picture yung mga papasok na varsity. Umupo na sila sa mga bleachers then dun ko lang napansin na nasa bleachers din ng varsity nakaupo si Amber.

Bigla ako nakaramdam ng inggit. Paano kaya kung ako ang gf ni Jiro ngayon, siguro ako ang nakaupo diyan.

I close my eyes then naalala ko yung nag star city kami. Kahit papaano napangiti ako. I could count myself as lucky. Nakita ko nanaman ang other side ni Jiro. His playful and childish side. I never knew na kaya niyang tumawa, or sumigaw ng ganun kalakas. Atleast for the last time I was able to see that side of him.

Nagstart na mag warmup yung mga varsity, then maya maya lang the game has started.

Kasama sa limang players na maglalaro si Jiro. This was my first time na mapanuod siya na maglaro. For the past three years, hindi naman ako nanunuod ng sportsfest ng school namin. Nasa bahay lang ako at natutulog. And tama nga ang naririnig ko, magaling siya maglaro. Everynow and then, kumukuha ako ng pictures ng laro nila pero I can say na hindi ko talaga maialis ang tingin ko kay Jiro. Sa bawat shoot niya ng bola, sa bawat rebound niya di ko maiwasan na mapa sigaw. By the end of the game, lamang ng 3 points ang Prince Academy.

Tumabi saakin si labanos sa may rails. **“that was a very nice game! Hindi ko maidedeny na magaling talaga yang si Jiro”**

I nod then bigla ako napapikit **“aray! May pumasok na dumi sa mata ko!”** kinusot-kusot ko yung mata ko.

“ha? Patingin nga” inalis niya yung kamay ko then hinipan niya yung mata ko **“ano ok na?”**

“yes, thanks”

Nakarinig ako ng tilian kaya lumingon ako sa court.

I didn't expect na mas masakit pa pala sa puwing ng mata ko ang makikita ko.

It was Jiro, kissing Amber.

I know any minute tutulo na ang luha sa mata ko.

Tumakbo ako pababa ng gym

“wait Arcie!!!” narinig kong sigaw ni Ren pero tuloy tuloy parin ako sa pagtakbo

Masakit nung sabihin saakin ni Jiro na mahal pa niya si Amber. Masakit nung piliin ni Jiro si Amber. Masakit malaman na ginawa lang pala niya kong rebound. Masakit marinig na sabihan niya ng I love you si Amber.

Pero mas masakit na makita kong hinahalikan niya si Amber sa harap ng ibang tao. Mahal na mahal niya talaga. Dahil sa ginawa niya halos ipagsigawan na niya sa buong mundo kung gaano niya kamahal si Amber.

Sobrang sakit.

“Arcie!!”

Hindi ko pinakinggan ang tawag ni Ren saakin. Tuloy tuloy lang ako sa pagbaba. Wala na ko halos makita sa dinadaan ko dahil blurred na ang panigin ko gawa ng mga luha. Naramdaman ko na lang na napatid na pala ako at nahuhulog na.

“ARCIE!”

The last thing I heard was Ren’s voice, and then

Black out.

Chapter 59
Break up

[Jiro’s POV]

20 seconds remaining. Tie ang score namin sa kalaban. Masyadong naging mabilis ang pangyayari, I got the ball. I ran immediately,

5 seconds, 4, seconds,

I jump then I threw the ball, 3 point shot

3, 2, 1...

I heard the buzzer. Na shoot ko ang three point shot. The next thing I knew, nagtatalunan na ang mga ka team mates ko.

“Nice one Jiro!!!” tinapik ako sa balikat ng team captain namin!

“We won!! We won!!”

I smile.

Grabe naman mga team mates ko, may championship game pa!

Nakita ko si Amber na papalapit saakin.

“Hey congrats!”

“thanks ”

“nandun pala sila Yanna, nanunuod ng game niyo”

Itinuro niya saakin yung bleachers sa taas and nakita ko sila Yanna. Pero meron mas umagaw ng attention ko.

It was Ren and Arcie.

Ren is holding Arcie’s face then malapit ang mukha niya sa mukha ni Arcie.

I look away, alam kong walang mali sa ginagawa nila pero nakaramdam ako ng selos. And eto na naman ang pakiramdam na nagsisisi.

“are you ok?” tanong saakin ni Amber

“y-yes! Tara na!”

Tumalikod na ko pero hinawakan ako bigla ni Amber **“wait Jiro”**

I was shocked kasi bigla na lang niya ako hinalikan.

After a while humiwalay na si Amber saakin then she smile at me “a congrats gift ”

“t-thanks ”

Pumasok na ako sa locker room and took a quick shower at nagpalit ng damit. Si Amber naman hinintay ako sa labas ng locker room.

Bago ako lumabas, inayos ko yung gamit ko and nakita ko yung Patrick star na boxer na bigay ni Arcie.

Bigla na naman naginit ang mukha ko!

Jennica Festin, kung sa school na ito principal ka, sa bahay natin kapatid kita kaya humanda ka mamaya saakin pag uwi! > _____ <

That boxer was not mine! Nasa itsura ko ba ang nagsusuot ng boxer na ganyan?

Siguro nagtataka kayo bat ipinabigay ni ate yang boxer na yan kay Arcie no? simple lang, gusto niya ulit kami magkabalikan.

Pero kung pwede nga lang matagal ko na binalikan si Arcie. Kaso hindi eh. Masyado ng kumplikado ang lahat.

Atsaka sana naman kung tutulungan ako ni ate wag naman sana sa paraang mapapahiya ako ng husto. Ibang klase din takbo ng pagiisip ng babaeng yun.

After kong ayusin ang gamit ko, lumabas na ko and nakita kong nagaantay na si Amber

“tara Jiro, let’s eat. Mukhang gutom ka na eh ”

“sure, yung iba nga pala nasaan?”

“ayun nga eh bigla na lang sila nawala.”

Nakita ko naman bigla si Mich na papalapit saamin.

“ay ayan na pala si Mich.”

“Jiro ”

She looked like she was about to cry and bigla na lang ako nakaramdam na may hindi magandang nangyari.

“bakit? What happened?”

“i-its Arcie— “ naluluha na siya

Mas lalo ako kinabahan **“bakit ano nangyari? Tell me!”**

“she was rushed to the hospital, na-aksidente siya ”

“what?! ”

Bigla akong tumakbo papuntang parking lot, sumunod naman saakin si Amber at Mich. Ng makasakay na kami sa kotse agad kong pinaandar.

Oh god, please sana hindi malala ang nangyari sa kanya. Please, please...

Ng makarating kami sa ospital, agad agad akong nagpumunta sa information area to ask kung saan ang room niya.

“sir, nasa room 213 po siya”

Tumakbo ako papunta sa room

“Wait Jiro!”

Kanina pa siguro habol ng habol saakin si Amber and si Mich but I don't care. I just want to see Arcie right now.

Nung makarating ako sa room, I saw Arcie lying in bed then sa tabi ng kama nakaupo si Ren. Si Lance, Yanna and Justin naman, nasa other side ng bed.

“Jiro!”

“hay naabutan ka din namin!”

Napatayo naman bigla si Yanna nung nakita ako **“Jiro.. ”**

“w-what happened to her?”

“nahulog siya sa hagdan kanina. Medyo mataas ang binagsak niya, but not to worry, she's not in danger anymore.” paliwanag saakin ni Yanna

“she just need to stay in the hospital for 4 days para ma-observe siya ng doctor” dagdag pa ni Lance

“oh thank goodness! Kinabahan kami masyado!” Amber told them

Lumapit ako kay Arcie

Thank you God, for saving her.

I was about to touch her hand ng bigla akong pigilan ni Ren

“don’t you dare touch her ”

“Ren ”

“are you stupid? Hindi mo ba alam bat siya naaksidente ha? It is because of you! Napaka mangagamit mo kasi! Wala kang karapatan na hawakan o kahit kausapin man lang si Arcie! Napaka kapal mo!! ”

I look away

“Ren, please stop” pagawat sa kanya ni Justin

“bat ako titiggil? Totoo naman ah!”

“t-teka, w-what do you mean?” lumapit si Amber saakin “Jiro, ano ibig sabihin ni Ren?”

“oh, so hindi mo pa pala alam?” sabi ni Ren kay Amber

“ren, tumigil ka na”

“why? Are you afraid na malaman ni Amber? ” tumingin si Ren kay Amber “alam mo ba ginawa ni Jiro? He courted Arcie, pinaramdam niya kay Arcie na mahal na mahal niya to, but that’s not true. He just used her, rebound lang si Arcie para sa kanya! And nung bumalik ka, ano ginawa ni Jiro? Iniwan niya si Arcie and bumalik sayo! ”

“w-what?” she looked at me and I could see na paiyak na siya “Jiro, is that true?”

Hindi ako makatingin sa kanya ngayon. Pakiramdam ko ako na ang pinakamasamang taong nabuhay sa mundo.

“Sumagot ka!! ” hinawakan ako ni Amber “Bat di ka makatingin saakin? Totoo yun no?!” bigla niya akong sinampal “I’m disappointed, I never knew na magagawa mo yun. And why Arcie? Of all people Jiro, bat si Arcie pa napili mpng sakatan? S-she’s been good to me. I c-cant believe this !”

She run outside

“wait Amber!”

Hinabol ko siya hanggang sa maabutan ko siya sa may park

“Amber ”

“Jiro, hindi ko na alam kung paano ako haharap kay Arcie ngayon. Please iwanan mo muna ako!”

“p-please listen to my explanation”

Lumingon siya saakin and she look furious

“explanation?! Ano pa i-eexplain mo ha?! Na minahal mo si Arcie pero narealize mo na mahal mo ko?! Or na hindi mo sinasadya ang ginawa mo sakanya?! Oh baka naman sabihin mo hindi totoo mga pinagsasabi ni Ren?! oh ano?! Idedeny mo lahat?! Magsisinungaling ka?! Ha?! Nagugilty ka ba sa ginawa mo kay Arcie kaya ka ganyan makapag react nung nalaman mong naaksidente siya?! Ha?! ”

Napapikit na lang ako dahil sa sinabi ni Amber. Masakit, tagos sa buto. All I do is to protect Arcie from pain. Oo mali ang naging approach ko, pero sino bang tao ang hindi nagpaka tanga at hindi naranasan magkamali sa buhay niya?!

Hindi ko na mapigilan ang emotions ko. Naghalo-halo ng frustration, guilt, pain pati narin ang pagaalala ko sa nangyari kay Arcie. Alam ko any minute now I will explode. And before i knew it, napasigaw na lang ako bigla.

“OO GRABE AKO NAGAALALA KAY ARCIE HINDI DAHIL SA NAGUGUILTY AKO KUNDI DAHIL MAHAL KO SI ARCIE! MAHAL NA MAHAL!”

Bigla siyang natigilan sa sinabi ko. I feel very insulted at the same time naiinis ako ng ganito. Lahat na lang ng tao iniisip na napaka manggagamit ko. Hindi ko na kaya itago. Sobrang mahal na mahal ko si Arcie, and nasasaktan narin ako. Gusto ko na ngang iumpog ang ulo ko sa pader eh. Tangang tanga na ko sa sarili ko! Ako na ata pinaka tangang taong nabuhay sa mundo.

Hindi ko na alam kung paano ko pa aayusin to.

Masama bang protektahan ang taong mahal mo from pain? Tell me, pag sinabi ko ba kay Arcie na mahal ko siya pero sa ngayon wala na akong lakas ng loob para maging kami dahil sa takot na nararamdaman ko, hindi ba siya masasaktan? Oo maiintindihan niya, alam ko. Pero alam kong masakit. Masakit na alam mong mahal ka ng taong mahal mo PERO ANG DUWAG NIYA PARA MAGING KAYO.

“J-jiro”

“I’m sorry Amber. I didn’t mean na papaniwalain ka na mahal pa kita. Akala ko maibabalik ko pa ang feelings ko sayo but I can’t. Mahal na mahal ko si Arcie. Sobra. ”

And with that, I also started to cry

“J-jiro, please tell me you’re lying ”

“I’m sorry Amber ”

“Jiro please!! ” hinawakan niya ang magkabila kong braso and niyugyog ako “mahal kita Jiro, please tell me you love me too! Please Jiro, please!! ” she hugged me “mahal na mahal kita. binalikan naman kita di ba? ”

Inalis ko ang pagkakayakap saakin ni Amber “I’m sorry Amber, but let’s end our relationship. Pare-pareho lang tayo na nagkakasakitan”

“Jiro—“

“di na kita kayang lokohin at saktan. Pareho tayong nasasaktan na ng husto. I’m breaking up with you. I’m very sorry Amber ”

"may Ren na siya, hindi mo na siya pwedeng balikan!"

"I don't care. Kahit mahal na siya ni Ren, still, I can't be with you anymore. There's no point for us to be together Amber. I don't love you anymore."

"but I still love you, hindi pa ba sapat yun? "

"i'm sorry "

I turned my back then started walking away with guilty feelings.

Chapter 60

The visit

[Jiro's POV]

After I've left Amber, dumiretso agad ako sa house to change my clothes and mag pack narin ng clothes. After nun sumakay ulit ako sa car ko and nag drive papuntang hospital.

I know what I've did to Amber is very painful, and also to Arcie. Pero nung nalaman kong naaksidente si Arcie, dun ko narealize na I can't live without her. I cannot give her up.

Ang tanga mo talaga Jiro.

Nung makarating ako sa hospital, dumiretso agad ako sa room niya. Walang ibang tao dun except si Arcie, and a man seating near her, reading a newspaper.

“good evening po”

Napatingin saakin yung lalaki

“goodevening.” Tumayo siya then lumapit saakin **“kaibigan ka ba ng anak ko?”**

Anak? This must be Arcie's dad. Ngayon ko lang siya nakita. Ang pagkakaalam ko nagttrabaho kasi ang dad niya sa ibang bansa.

“opo” I extend my hand **“I'm Jiro, sir. Errr, ok lang po ba na bantayan ko si Arcie until makalabas siya sa hospital?”**

He smile **“why? It's 11pm and dumiretso ka dito ng dis oras ng gabi. Then you would tell**

me na sasamahan mo si Arcie dito hanggang sa makalabas siya?” tinitigan niya ako sa mata. Ang tingin na parang binabasa niya kung ano ang nasa isip ko **“do you love my daughter?”**

Kinabahan ako sa question ng father niya. But still, kailangan kong sagutin **“yes sir, I love your daughter and I want to take care of her. What had happened right now is, I think, my fault. But I promise I won’t let the same incident happened again. I-i’m sorry sir”**

Tinapik niya ako sa braso. **“just put your things in there. Bibili lang ako ng mga makakain natin. Look for her okay?”**

“yes sir!”

“just called me Tito Andrew ”

He left me in the room.

Nilapag ko yung gamit ko dun sa ibabaw ng table and sat near Arcie’s bed.

She’s still sleeping. Hindi ko alam kung nagising siya kanina.

I held her hand

“Arcie, how are you?” I placed her hands in my cheeks **“break na kami ni Amber. Sorry dahil nagsinungaling ako sayo ha? Ayoko lang naman na paasahin ka. Mas masakit ang pakiramdam na alam mong mahal ka ng isang tao pero wala siyang lakas ng loob para maging kayo, para magkasama kayo. Kaya mas minabuti ko pa na magsinungaling. I’m sorry. Pero mahal na mahal talaga kita Arcie. ”**

I kissed her in her forehead then ipinatong ko yung ulo ko sa may kamay niya.

I drifted off to sleep.

[Arcie’s POV]

I opened my eyes and naramdaman ko na naman ang sakit ng ulo ko.

“ma?”

Inikot ko ang panigin ko para hanapin ang mami ko but instead I saw an angel sleeping beside my bed.

What is he doing here?

I gently touched his face and bigla ko naalala lahat ng nangyari before ako maaksidente.

Masakit. Mas masakit pa sa nabagok kong ulo. Akala ko wala ng mas sasakit pa ng sabihin saakin ni Jiro na mahal niya si Amber. Mas masakit pala kung actual mong makikita kung paano niya mahal in si Amber.

“Arcie?”

Napalingon ako sa kanya and nakita kong gising na siya.

“You’re awake. Tamang tama, kapapasok lang ng breakfast mo. Kumain ka na ”

“nasan si mama at papa?”

“umuwi lang sila saglit to get some clothes. Anyways pwede ka narin daw makauwi tomorrow.”Kinuha niya yung tray ng pagkain “you better eat this before lumamig”

“bat ka nandito?” there is a coldness in my voice. Hindi ko alam kung saan nanggaling pero feeling ko naiinis ako sa kanya ng sobra. Dahil ba sa kiss nila ni Amber? Maybe.

Pero wala naman ako karapatan magalit diba?

Tinulak ko yung tray “ayoko kumain” sabay talukbong ng kumot.

Nakikita ko sa eyes niya na naawa siya saakin. Bakit? Dahil alam na niya dahilan kung bat ako naaksidente?! Hindi naman ako nakakaawa ah kasi tanging sugat lang naman sa ulo ang natamo ko! *And a big scar in my heart* . Pero kahit na ba! hindi naman ako nabaliw or nagka brain damage sa nangyari saakin! Kahit na sa kinikilos ko parang may brain damage ako! =___=

Readers, wala akong brain damage ok? topak meron! Sino ba naman ang hindi totopakin na pagkagising mo makikita mo ang taong nanakit sayo ng bongga? Di ba? Di ba? Diba?

“Arcie, kailangan mong kumain”

Inalis ko yung talukbong ko and hinarap siya “bat ka ba nandito? Dapat si Ren ang kasama ko hindi ikaw! Tsaka bat ka ba nagaalala ha? Bakit? Nakokonsensya ka? Hindi ko kailangan ng awa. Umalis ka na ”

Epekto ba to ng pagkaka bagok ng ulo at for the first time nagawa kong sumbat-sumabatan si Jiro? Mukha atang may magandang side effect sa nangyari saakin ah?

“I-I care about you and you know that. I’m sorry pero kahit ipagtabuyan mo pa ko o ipabugbog mo ko hindi ako aalis. Kahit na si Ren pa gusto mo makasama hindi parin ako aalis hangga’t hindi kita nakikitang kumain ”

GRRRRR. OK! pagkain lang pala ang solusyon eh!

Kinuha ko yung breakfast ko and inubos ko lahat sa harap niya.

“ok I’m done eating, pwede mo na ko iwan?”

Biglang pumasok sa room si mama at papa.

“Arcie, gising ka na. Ano na pakiramdam mo?”

“ok na po ma compare kahapon”

“good to hear that.”

“pa, sorry ah, sinabayan ko pa ng accident ang paguwi mo ”

“ano ka ba naman ok lang yun!” he looked at Jiro **“oh Jiro, kumain ka na ba?”**

Aba't magkakilala na pala sila ng papa ko.

Before siya makasagot, inunahan ko siya **“hindi pa, uuwi na siya”**

Jiro looked at me with a sad expression **“Arcie.. ”**

“oh? Bat mo naman pinauuwi agad si Jiro? Hindi mo ba alam na buong gabi siya nagbantay sayo? Halos wala pa nga tulog yan eh” sabi ni papa saakin

Buong gabi siya nagbantay saakin? But why would he do that?

Bat hindi na lang niya samahan si Amber. Mas OK pa.

I look away. **“yun naman pala. Pagod na siya eh. Pauwiin niyo na po siya”**

“sige po tito, aalis po muna ako. Babalik na lang po ulit ako mamaya. ”

Lumabas na ng room ko si Jiro.

I know deep inside nalulungkot ako kasi pinaalis ko siya. I want to spend more time with him, pero mas makakabuti na siguro kung iiwasan ko na lang muna siya. Mas magiging ok ang lahat.

Maya-maya dumating narin si labanos at buong araw niya ako sinamahan. Hindi narin bumalik si Jiro. Siguro kasama na nun si Amber.

Dinalaw ulit ako ng iba pang S6. And tama nga ang hinala ko na kasama ni Jiro si Amber. Hindi kasi sumama si Amber sa pagdalaw saakin eh, wala din si Jiro. For sure magkasama yung dalawa.

“kain pa Arcie” nilagyan ni Mich ng pagkain yung plate ko

Ipinagluto ako ni Mich ng aking favorite na carbonara and enjoy na enjoy ko ang pagkain.

“Mich you’re so unfair. Bat si Arcie lang may carbonara? Paano naman yung buong araw na nagbantay sa kanya?T__T” sabi ni labanos

“gusto mo ba labanos? Eto oh maki share ka saakin”

“naku Arcie wag mo nga mabigyan bigyan yang si Ren! wala naman ibang ginawa yan dito kundi tumunganga eh!” pag kontra naman ni Yanna

“ang sama niyo!”

“gusto mo dumaan ka na lang sa house namin before ka umuwi. May carbonara pa dun”

“talaga? Yes!! ”

“Arcie, kamusta na pala ang ulo mo?” tanong saakin ni Justin

Eto may brain damage na. Echos

“ok lang naman. Medyo masakit pa yung sugat pero ok na pakiramdam ko”

“that’s good to hear. Pagaling ka agad. Pagkalabas mo ng hospital isasama kita sa bar. May mga ipapakilala ako sayo ” Lance winked at me

Ren and Yanna threw an angry looks in Lance.

“j-joke lang Arcie ”

“naku arcie, panibagong sakit sa ulo na naman pag sumama ka kay Lance! Saakin ka na lang sumama! Mag shoshopping tayo!” sabi ni Yanna saakin

“tapos tayo naman kakain ng fishball at quack quack!” dagdag naman ni Labanos

Nagbiruan pa kami ng nag biruan hanggang sa maisipan na nilang magsi uwian.

Maya-maya lang din pinauwi ko na sila mama. Nag insist pa nga sila na maiwan dito eh kaso pinilit ko sila na umuwi na. Wala kasi magbantay kay Ariel and alam kong si papa simula nung umuwi siya sa Philippines wala pa siya masyadong tulog kaya in the end napapayag ko silang umuwi.

Dahil sa napagod ako, samantalang nakaupo lang ako dito magdamag, nakatulog narin ako agad. But before I close my eyes naalala ko si Jiro.

Hindi na nga siya bumalik.

The next morning, nagising ako sa liwanag na nanggagaling sa curtains. Mukhang wala pa sila mama kasi tahimik. Anong oras kaya sila dadating? Suppose to be ngayon ang labas ko sa hospital.

“good morning. Gusto mo na ba mag breakfast”

Halos mapatalon ako sa gulat nung makita ko si Jiro sa may sofa na nakaupo.

Don't tell me nagbantay na naman siya saakin magdamag?

And mukha ngang dito siya nag sleep kasi naka pantulog pa siya.

“bat ka nandito?”

“I told you babalik ako. I think kailangan mo ng kumain ng breakfast then afterwards, magbihis ka na. Aalis na tayo”

“w-what? Nasaan sila papa? Bat ikaw kasama ko?”

“ipinagbilin ka na nila saakin”

“ha?!”

Nak ng tokwa! Sana kay Ren na lang! pero bat kay Jiro pa?!

“But I am very sorry Arcie, hindi ka pa muna pwede maligo kasi hindi pa pwede mabasa yung sugat mo.”

“hindi pwede! Maliligo ako!”

“ok then, you need assistance para hindi mabasa yung wound mo” lumapit siya saakin then he smile. Ang ngiting may iniisip na kalokohan **“want me to assist you?”**

Napalunok naman ako bigla.

Pwede rin...

Teka anong pwede rin!!!! Galit ako kay Jiro.. dapat galit ako sa kanya! Tofu na lalaki naman to oh! O sige itempt daw ba ako! =____=

“tumigil ka nga!!” I pushed him away **“nagkasugat lang ako pero nasa matinong pagiisip parin ako!! ”**

Kumain na ko at hindi ko na pinansin si Jiro. After ko mag breakfast, tumawag ako ng nurse para may mag assist saakin sa paliligo. Nung matapos na ko maligo nakita ko na bihis narin si Jiro and ayos na lahat ng gamit ko.

“do you need a wheelchair?”

“no thanks. I can walk properly”

Bat ba kung itrato niya ako para akong baldado?!

Pumunta na kami sa kotse and then pinaandar na niya. No one spoke. Nakakabingi.

Mayat-maya tinitignan ko si Jiro habang nag d-drive siya. Alam kong nagiging bitter na ko and tinataboy ko na siya, pero deep inside miss na miss ko na si Jiro. Gusto ko siyang makasama. Natutuwa ako sa ginagawa niyang pagaalaga saakin kahit alam kong out of pity lang lahat ng yun.

I sighed

Kelan ka kaya mawawala sa puso ko?

Iniwas ko yung tingin ko sa kanya and instead I look outside. Alam kong any moment tutulo ang luha ko. Pero bago pa ako maiyak, may bigla akong napansin.

“wait, hindi ito ang way papunta saamin. Saan tayo pupunta?”

Hindi niya ako sinagot but instead pinark niya yung car dun sa nerby park sa may hospital.

“Jiro, bat tayo nandito?”

“Arcie..” he looked at me **“I want to talk to you about what I really feel. ”**

“h-ha?”

He held my hands

“would you still believe me, pag sinabi kong mahal kita?”

Chapter 61
confession

[Arcie’s POV]

“would you still believe me, pag sinabi kong mahal kita? ”

Loading.. Loading.. Loading..

Siguro more than a minute na nung sinabi saakin yan ni Jiro. Nakalabas na ko ng kotse niya at nakaupo sa isa sa mga bench dito sa park but still nag lo-loading parin ang utak ko. Parang ayaw mag sink-in ng sinasabi niya.

Mahal niya ko? Ano ba dapat ang ireact ko? Matuwa? Mainis? Mahal ako ng taong mahal ko. But still yung nagsabi nun is yung taong once na akong niloko?

Maniniwala ba ko?

Ano ang dapat kong maramdaman?

“hindi ko alam”

I answered him after 5 minutes. Delayed answer? Nak ng tokwa! Epekto ba talaga to ng pagkaka bagok ko?! Loading masyado utak ko!

“I know you will say that. Alam kong mali na biglain kita ngayon ng ganito. Arcie, I broke up with Amber”

Napalingon ako sa sinabi niya **“ha?! Bakit?!”**

“She deserve someone better. Ayokong ma-stuck siya saakin. Ayoko narin siyang lokohin. It's about time for her to find her happiness”

“Jiro please, i-explain mo naman ng maigi. Gulong gulo na ko ngayon ”

Huminga siya ng malalim **“When Amber came back, parang lahat ng pain na naranasan ko bumalik. I thought I am fully cured by that pain because of you, pero hindi pa pala. Natakot ako that time. Naramdaman kong hindi pa ako ready for another commitment. Hindi ko alam kung gaano katagal bago ako maging ready and ayokong pagintayin at paasahin ka. I lied to you. Alam kong mas masasaktan ka pag nalaman mong mahal nga kita but I don't have any courage to be with you,”** he looked down **“but I was wrong, very wrong. I tried protecting you from pain but in the end mas masakit pa ang nagawa ko sayo. Pero nung naaksidente ka, natakot ako na baka mawala ka saakin. Naramdaman ko na pag nawala ka,”** he held my hand **“parang buong buhay ko mawawala na rin ”**

Tumulo ang luha ko sa mga sinabi niya. Hindi ko alam kung dahil sa sakit, sa inis or sa tuwa sa mga naririnig ko. Mixed emotions. Nasasaktan ako at the same time natutuwa ako. Para tuloy akong baliw

But still, hindi ko alam kung maniniwala ako sa kanya o hindi. Binigay ko na once ang tiwala ko sa kanya, at nasaktan ako. Pero ngayon... hindi ko alam.

“you always jump into a conclusion Jiro. Bat mo dinidiktahan kung ano ang maramdaman ko? Bat di mo sinabi saakin ang totoo? Paano kung sabihin ko sayo na willing ako mag antay sayo kahit gaanong katagal kasi mahal na mahal din kita? ”

“I’m sorry Arcie” he wiped my tears “I’m very sorry for causing you too much pain and for making you cry. Arcie, hindi kita pipilitin ngayon na paniwalaan mo na mahal kita. pero gagawin ko ang lahat para maramdaman mo ulit kung gaano kita ka-mahal. Kahit ipagtabuyan mo pa ko, hinding hindi ako susuko. I promise you. This time hindi na ko magpapakaduwag. Hindi na ko tatakbo ulit kahit ipagtabuyan mo pa ko. Kahit may Ren ka na wala akong paki. Basta maramdaman mo lang ulit kung gaano kita kamahal, kahit ayaw mo na saakin, ok lang. maparamdamm ko lang sayo ”

Napatigil ako sa pag-iyak and I bite my tounge to stop my self from laughing.

Kahit may Ren na ko?

Is he thinking that me and Ren is...?

Ayan ang sinasabi kong ang hilig niya mag jump into conclusion! Kung batukan ko kaya to ngayon?

Pasalamat ka hanggang ngayon ikaw parin!

Pero syempre hindi ko sinabi na wala naman talaga kami relasyon ni Ren. Bahala siya diyan manigas sa selos. Ganithan lang pre!

Tumayo ako **“hay tama na nga usapan natin. I heard your side and that’s enough for me “ I smiled at him “may gusto ka patunayan di ba? why don’t you start from driving me home?”** I turned my back on him and naglakad na papunta sa car.

"y-yes ma'am" hinabol niya ako

Now ano na plano ko?

Talaga bang bibigyan ko siya ng second chance?

Pero ang tanong....

Mahal niya ba talaga ako...

or guilty feelings lang ang nararamdaman niya para saakin?

Chapter 62
advices and efforts

[Arcie's POV]

“what?! Sinabi niya yun?! Naku Arcie, sinasabi ko sayo, wag na” Yanna told me

“But you should give him a chance. Malay mo totoo ang mga sinasabi niya.” sabi naman ni Mich

“binbo, sinaktan ka niya ng husto remember? Baka masaktan ka lang ulit ” paalala saakin ni Ren

“but maybe this time pinagsisisihan niya lahat ng mga ginawa niya. Malay mo willing talaga siyang itama ang mali” pangontra naman ni Justin

Hanggang ngayon nag lo-loading ang utak ko sa mga sinabi ni Jiro. Nakabalik na ko't lahat sa school di ko parin alam ang desisyon ko. I tried asking the S6 for advices pero mas lalong gumulo ang utak ko.

Pero meron isa sa kanila ang may matinong advice at talagang tinamaan ako. Ang advice ni Lance.

“alam mo Arcie, ikaw lang ang makakasagot niyan kung dapat ba bigyan mo siya ng second chance o hindi. Mahal mo pa alam ko yan. Hayaan mo lang siya gawin lahat ng gusto niya. Hayaan mong patunayan niya na mahal ka niya. Then afterwards dun mo i-judge kung totoo ba ang mga pinakita niya sayo or hindi ”

And he's right. Siguro sa ngayon mas maganda na hayaan ko na lang muna si Jiro. Bat ba kailangan kong mag decide agad samantalang siya naman ang nag sabi na patutunayan niyang totoo ang mga sinasabi niya. Then hindi ko na siya pipigilan.

Pero ang pinagaalala ko is Amber. Sabi nila she went out of town. Hanggang ngayon hindi ko alam kung ano ang reaksyon niya sa mga nangyari. Malamang nasaktan siya ng husto kasi bumalik siya dito for Jiro. I feel guilty. Gustong gusto ko makausap si Amber pero hindi ko alam kung anong sasabihin ko sa kanya.

Hay bahala na nga. Hihintayin ko na lang siya na makabalik and tsaka ko na pagiisipan ang mga sasabihin ko.

Dumaan muna ako sa teacher's office para gawin yung mga ipinagagawa saakin then before the homeroom, pumasok na ako sa classroom namin.

Pagpasok ko ng classroom pinagtitinginan ako ng mga classmates ko and parang natatawa sila na ewan. Teka, may problema ba sa mukha ko? O baka dahil sa bandage sa ulo ko? Dahil sa na-

conscious ako sa mga tingin nila saakin, inayos ko yung buhok ko habang papunta ako sa upuan ko.

Ng makarating na ko sa chair ko, nagulat ako sa nakita ko. Isang malaking teddy bear at isang bouquet ng flowers at may note na kasama.

Good morning Arcie. I hope this simple gift made you smile today

- Jiro.

Napatingin ako kay Jiro and nakatingin siya sa may window, but he's smiling.

I also smile.

Simpleng bear pa lang na bigay ni Jiro ang saya ko na, what more sa iba pa. Siguro nga tama narin na bigyan ko siya ng second chance. Tama rin na hayaan kong patunayan niya na mahal niya ako. Masaya naman ako eh.

Kasi mahal ko pa talaga siya.

For the whole day, nakabuntot saakin si Jiro. Si Ren naman iniawasan ako. Malamang nagtatampo saakin yun kasi hindi na ako galit kay Jiro. Nakita niya kasi kung gaano akong nasaktan and normal lang na magkaganyan saakin si labanos kasi alam ko naman na labs na labs ako ng bestfriend ko. Kaya nung magdidismisal na, hindi ko rin siya natiis na kausapin.

“labanos!!! Kain tayo sa park ng fishball paguwi ha?” hinila hila ko si Ren pero inalis naman niya ang kamay ko sa pagkakahawak ko sa kanya.

“may practice ako ng banda, kay Jiro ka na lang magpasama”

Positive. Nagtatampo nga siya. **“eh ayoko. Pag sa kainan ikaw ang gusto kong kasama! Syempre no masarap ka kaya kumain kaya ginaganahan ako kumain pag ikaw ang kasama ko. ”**

Iniwas niya yung tingin niya saakin **“sana Arcie oras-oras na lang kung kumain ang isang tao para oras-oras ako ang gusto mong makasama ”** he stood up **“sorry but I really can’t accompany you today”** umalis na siya.

Nagalit ba talaga si labanos sa ginawa kong desisyon?

Pero kasi wala naman talaga kong nakikita na mali sa ginawa ko... Ganyan ba siya naapektuhan sa nangyari saakin?

[next morning]

Maaga akong nagising. Ewan ko ba hindi ako makatulog ng maayos. Hindi ko alam kung tama ba talaga ang ginawa ko or hindi. I want to let Jiro prove to me that he loves me, besides, sa umpisa pa lang naman ako na ang iniisip niya eh. Nagkamali nga lang siya ng way. But still, nagagalit si labanos sa naging desisyon ko. Hay ang gulo.

Hindi ko maintindihan bat siya nagagalit saakin.

“ma, pa papasok na po ako”

“ang aga naman”

“may kailangan pa po kasi ako gawin eh”

Sa totoo lang wala naman ako dapat gawin, pero kesa magliwaliw ako sa bahay, mas mabuti pang pumasok na lang ako.

Lumabas na ko ng house namin.

“good morning Arcie”

“ay tipaklong!” napalingon ako sa likod ko and I saw Jiro riding a bike **“bat ka nandito? ”**

“sinusundo ka”

“ha?”

“alam ko gusto mong makalanghap ng hangin every morning, kaya nag dala ako ng bike. Sakay ka na ”

Dahil sa wala na ko magagawa, sumakay ako sa likod ng bike ni Jiro **“hawak ka maigi ha,”**

Pinaandar niya na yung bike but instead na sa school kami dumiretso, inikot muna niya ang buong village.

Nung makarating na kami sa school, may isang teddy bear at flowers na naman na nasa desk ko. And syempre kanino pa ba galing?

For two weeks naging daily routine na ni Jiro ang pagsundo saakin sa umaga and pagbibigay niya saakin ng teddy bear. Isang araw nga sinabi niya saakin na natutuwa siya na kahit

papaano napapangiti niya na ko. Natutuwa rin naman ang S6 sa nangyayari saamin ngayon. Madaming nagsasabi na sagutin ko na daw si Jiro,

except Ren.

Umiiwas siya talaga saakin. Akala ko simpleng pagtatampo lang and eventually magiging masaya narin siya pero hindi pala. Minsan tinanong ko siya kung bat siya nagkakanagyan eto ba naman sagot saakin

“hanggang ngayon ba wala ka parin ba idea? Nahihirapan na ako ”

Tinapat ko naman siya na wala talaga akong idea. Aba mas lalong nagalit at talagang hindi na pinansin mga tanong ko.

Totoo naman eh, naguguluhan ako. May nagawa ba akong mali?

Pero kung ano man yun sana patawarin na ko ni Ren. Namimiss ko na ang bestfriend ko eh.

Maaga ulit ako sinundo ni Jiro ngayon and naglibot muna kami bago ulit dumiretso sa school. Pero hindi muna ako dumiretso sa classroom kasi may mga kailangan pa akong gawin sa teacher's office. As usual before homeroom, umalis na ako sa dean's office para dumiretso sa classroom. Dumaan muna ako sa locker ko para kunin yung mga gamit ko.

“Arcie”

Napalingon ako sa tumawag saakin and I saw Amber standing beside me

“A-amber? ”

Bumalik na siya? Biglaan to. Sa totoo lang nawala na sa isip ko si Amber kaya nakokonsensya ako ngayon. Hindi ko siya matignan ng direktso

“can we talk?” tanong niya saakin

“s-sige ”

Ngayon, anong sasabihin ko sa kanya?

Chapter 63
favor

[Arcie's POV]

“nakalabas ka na pala sa hospital. I'm glad your ok” Amber smile at me

“t-thanks. So nagbakasyon ka daw? Saan?”

“Sa Ilocos lang. May dinalaw”

Hay ano ba tong usapan na to. Paligoy-ligoy.

Nandito kami ngayon sa rooftop para magusap but I think walang marating ang paguusap namin dahil alam kong paligoy-ligoy kami. At ayoko naman nun.

Huminga ako ng malalim “Amber, dun sa nangyari I'm sorry ”

Tinalikuran niya ako “I'm sorry too Arcie. Hindi ko alam na nasasaktan ka na pala. I didn't mean to hurt you ”

I tapped her back “wala naman saakin yun. Hindi mo kasalanan. Hindi mo naman alam eh”

I'm glad na hindi siya galit sa nangyari. Sana magtuloy tuloy na to

She faced me "but, I-I want to ask you a favor. Sana mapagbigyan mo ko"

I smile at her "I will as long as kaya ko "

She held my hand "Arcie, grabe ang tiniis kong sakit nung iwan ko si Jiro. I know it's my fault kung bat hindi na niya ako mahal but still, hindi ko na makakayanan pa na mawala ulit siya saakin. "

Napabitaw ako bigla sa pagkakahawak ni Amber ng kamay ko "a-ano ibig mong sabihin?"

"please, ipaubaya mo na saakin si Jiro. Buong loob ako lumapit sayo. Pati pride ko hindi ko na inisip. Kaya Arcie please.. "

It's my turn to turn my back to her "i-im sorry but hindi ko magagawa yan. Hindi ko narin kayang mawala saakin si Jiro. I love him "

And that's true, masama na ko sa masama, pero hindi ko na kaya bitawan si Jiro. Ayoko ng maramdaman yung sakit na nawala siya saakin. *Ayoko na.*

"Pero may Ren ka na! Nakaya mo naman di ba dati?! Please Arcie, I'm begging you! Mahal na mahal ko si Jiro! "

"I'm sorry Amber pero sa totoo lang hindi ko kinakaya na wala si Jiro. Katulad mo nasasaktan din ako. Mahal na mahal ko siya and hindi ko na kaya na pakawalan ulit siya. About me and Ren, magkaibigan lang kami"

"magkaibigan?! It's obvious na gusto ka niya!"

"hindi ko alam ang sinasabi mo but there's nothing going on between us. Close lang talaga kami at magkapatid lang ang turingan namin."

"But still, nandyan siya para tulungan ka, pero ako wala "

"I'm really sorry Amber. Ayoko magkasira tayo dahil lang dito. Pero di ko rin kaya na mawala saakin si Jiro. I am sorry "

Nagsimula na kong maglakad palayao ng bigla niyang hawakan ang braso ko

“wait Arcie. I want to tell you something”

I faced amber **“please drop it Amber ”**

“no, I think you should know this. J-just don’ tell anyone. It’s a secret .”

Bigla naman ako nagtaka sa sasabihin niya **“ano yun?”**

“nalulugi na ang Prince Academy”

Nagulat ako sa sinabi ni Amber **“nalulugi?! Paano?! Impossible!”**

“it’s true. Actually I went to ilocos to visit Jiro’s grandmother, the owner of this school and she’s ill. Nasabi niya saakin na nalulugi na ang Prince Academy and hindi na nila alam kung paano pa patatakbuhin to. The school might close by the end the year ”

Napaupo ako bigla. No, hindi pwede. Pag nagkataon, maghihirap din si Jiro.

“Jiro doesn’t know anything about this. Ayaw nila ipaalam muna. So please don’t tell him.”

I nod **“kung makakatulong lang sana ako..”**

“I know a way”

Napatingin ako kay Amber **“ano yun? Amber tell me!”**

“Alam kong hindi mo kayang gawin Arcie. And mas mabuti pang wag mo narin marinig ”

“hindi! Gagawin ko kahit gaano pa kahirap matulungan ko lang si Jiro! Please Amber tell me kung ano ang dapat kong gawin! ”

“Arcie, I asked my dad para mag invest sa school na to. Pumayag siya kasi ang alam niya kami ni Jiro and after graduaton, i-e-engage na niya kami”

Biglang sumikip ang dibdib ko “i-ibig mong sabihin..?”

“pag nalaman niyang naghiwalay kami ni Jiro, babawiin din niya ang perang ininvest niya” she tapped my back “nasa iyo ang decision Arcie. Una na ko sa classroom.” Iniwan ako ni Amber sa rooftop.

It’s up to me.

Pakakawalan ko siya para hindi siya mahirapan.

Or magpapaka selfish ako at itutuloy ko to?

Pero hindi ko kayang mahirapan si Jiro dahil sa selfishness ko.

Napayuko ako

God, ayaw niyo ba talaga na maging kami?

Chapter 64
the decision

[Arcie's POV]

It took me a lot of courage to stand up and umalis sa rooftop.

It's up to me.

Pero hindi ko alam ang dapat kong gawin. This time ako naman ba ang dapat mangiwan?

Ayoko. Mahal na mahal ko si Jiro and like Amber di ko na makakayanan na i-give up siya. But still I want to protect him.

Pero tama nga ba to? Tama nga ba na iwan ko siya?

I can protect this school and ang family niya para hindi sila maghirap. But I cannot protect his heart. I cannot protect him from pain.

But still..

Hay ano ba to. Di ko alam ang dapat kong gawin.

Ano ba ang mas mahalaga? His future or his heart?

Nahihirapan ako..

“Ms. Morales? What are you doing here? Classes are about to start”

Napatingin ako kay Ms. Jennica. She's as beautiful as always yun nga lang parang nangangayayat siya ngayon and mukhang pagod na pagod siya. There is also a sadness in her eyes.

“Ma'am sorry po. Babalik na po ako. Uhm ok lang po ba kayo?”

She gave me a weak smile **“I'm fine. Medyo pagod lang. I'm going to Ilocos today. May sakit kasi si lola. Kailangan kong alagaan siya and medyo may problem kasi. Anyways dear thanks for asking. Ikaw muna ang magbantay sa baby bro kong si Jiro. You better go back to your classroom”**

“ok po ma’am ingat po ikaw”

“thanks dear ”

Naglakad na ko pabalik sa classroom. Maybe Amber is not lying.

And now, what should I do?

“Arcie!!”

Napaligon ako then I saw Jiro running towards me “Jiro? ”

“san ka nanggaling? Nag-alala ako sayo kasi hindi ka pa bumalik agad sa classroom, kaya hinanap na kita.” he held my hand “tara pasok na tayo? ”

I try my best to smile

Hindi ko masasabi na ako ang dapat kay Jiro. Maybe may iba pang mas mamahal sa kanya and mas mamahalin niya higit saamin. Kung tutuusin, highschoolers pa lang kami and hindi tamang isacrifice ang future namin for selfish reason.

One wrong decision, madaming masasaktan.

Pero sana this time, hindi ako magkamali.

[Jiro’s POV]

[dismissal time]

Nasa Leisure room kaming lahat. Hinihintay ko si Arcie na matapos ang duty niya. Yung iba naman may other business na ginagawa.

Amber is back and walang makatingin saamin ni-isa sa kanya. Napaka formal ng pagkakausap namin sakanya. *Nakakailang*. Hindi ko rin alam kung ano ang dapat kong sabihin sa kanya. Siguro lahat ng gusto kong sabihin nasabi ko na sa kanya nung day na nakipag-hiwalay ako sa kanya.

Hindi ko alam kung nakapag-usap na sila ni Arcie. Pero pansin ko wala rin sa sarili si Arcie ngayong araw na to.

I sighed.

Pero sana maging ok na siya. I have a surprise for her. And I hope mapangiti ko ulit siya. Everytime na ngumingiti siya dahil saakin, parang gusto ng lumundag ng puso ko. Wala akong paki kung habang buhay ko siya ligawan basta mapangiti ko lang siya.

Maya-maya lang pumasok na ng leisure room si Arcie. Nilapitan ko agad siya. Halos isang oras lang nung huli ko siya makita pero miss ko na agad siya.

“Arcie are you done? ”

Iniwag niya yung tingin niya saakin **“hindi pa”**

Hmm mukhang pagod siya ah.

“ok then. I’ll wait for you ”

“hindi wag na. Umuna ka na ng uwi”

“it’s alright. Hihintayin na lang kita,” she turned her back to me and inayos niya yung mga gamit niya, **“may gusto ka bang inumin Arcie? Mukhang pagod ka ah? Gusto mo bilhan kita ng makakain?”**

“no thanks”

“kahit inumin? Wait I’ll buy you a drink. Ano gusto mo juice? Water? Softdrinks?”

Hinarap niya ako and she look mad **“Wala nga sabi eh!! ”**

Napalingon silang lahat kay Arcie

“uhmm, Jiro, maybe Arcie is tired” sabi ni Yanna saakin

I nod **“yeah, sige mamaya na lang”** I tried my best to smile

“why don’t you get out of my life?! ”

Nabigla ako sa sinabi niya.

May nagawa ba akong mali?

“Arcie why are you saying this?” gulat na tanong ni Michelle

“Arcie, anong problema?” tanong naman ni Justin

Hindi niya pinansin mga tanong nila, instead nakatingin parin siya saakin, **“napapagod na ko ng kakasunod mo saakin! Kada makikita kita paulit ulit kong naaalala yung mga ginawa mo alam mo ba yun?! ”**

Nagulat ako sa mga pinagsasabi ni Arcie, at the same time naguguluhan ako.

“Arcie, b-bat mo nasasabi yang mga ganyang bagay?” tabong ko sa kanya

“bakit? Kasi napapagod na ko! Kailangan kong magpanggap na masaya pag kasama kita kasi naawa ako sayo! Ngayon ayoko ng isipin pa ang ibang tao! Sarili ko na lang iisipin ko!” nakita kong may namumuong luha sa gilid ng mga ata ni Arcie and I know she's trying her best para mapigilan na bumagsak yun

Para akong sinaksak ng paulit-ulit sa mga sinabi niya. Hindi ko kayang paniwalaan. Masakit. **“Y-you’re lying ”**

Hinarap niya ko **“mukha ba kong nagsisinungaling?! Please Jiro nakikiusap ako sayo itigil mo na yang mga ginagawa mo!!”**

“no. sinabi ko na sayo, kahit na ipagtabuyan mo pa ako di ako titigil. Kahit ano pa ang sabihin mo, Arcie, di kita lalayuan. Papatunayan ko na mahal na mahal kita. Kahit magmukha akong tanga”

“alam kong mahal mo ko! Nararamdaman ko yun Jiro! Wala ka ng dapat patunayan. But I’m sorry di ko na kaya na makasama ka. Mas ok pa na iwasan mo na lang ako. ”

Tinalikuran niya ko pero hinawakan ko siya sa braso niya **“please Arcie, don’t do this to me”** ---ayokong mawala siya.

“I’m sorry ”

She grab her bag and opened the door pero bago pa siya makalabas pinigilan ko ulit siya

“Jiro please”

“at exactly 10pm, go to the park near your house. I want to show you something.”

“I’m sorry pero hindi ako pupunta.”

“Maghihintay parin ako”

Tuluyan na siyang lumabas ng room. Napaupo na lang ako bigla sa sofa. No one dare spoke to me. Ni hindi rin nila ako matignan.

I looked at Amber and bigla niyang iniwas ang tingin niya saakin.

I don’t know kung nagusap na ba sila ni Arcie at kung oo wala din akong idea sa pinagusapan nila. Masakit lahat ng narinig ko ngayon. But it doesn’t mean na susuko ako.

I’ll still wait for her.

[Arcie’s POV]

The moment I step outside the leisure room, bigla na lang tumulo ang luha ko. And before pa manghina ang mga tuhod ko tumakbo na ako agad sa glasshouse and dun ako humagulogol ng iyak.

Itong glasshouse na to ang unang naka saksi kung paano ako umiyak ng dahil kay Jiro dahil akala ko mahal niya pa si Amber.

Ngayon dito ako ulit umiiyak dahil ibinalik ko siya kay Amber.

Siguro madami na nagiisip sa inyo na ang tanga tanga ko. Dapat di ko ginawa yun. Nandito na si Jiro bumabalik saakin, pero ipinagtabuyan ko siya.

Ano naman kung maghirap sila. Masaya naman siya kasi nandiyan ako.

Ganun lang ba yun?

Isang lalaking lumaki sa yaman, kaya niya kaya mamuhay ng tulad ko? Or worst mas bagsak pa sa buhay ko ngayon?

I won't let my selfishness ruin his future.

Bata pa kami, at magmamahal pa ng iba.

Pero sa ngayon gusto ko umiyak ng umiyak. Masakit, pero di ko pinagsisihan ang desisyon ko.

Naramdaman kong biglang may yumakap saakin from my back.

“Kaya ayokong bumalik ka sa kanya eh. Kasi alam kong iiyak ka na naman”

It's Ren

Chapter 65
The confession

[Arcie's POV]

“Kaya ayokong bumalik ka sa kanya eh. Kasi alam kong iiyak ka na naman”

“R-ren ” I immediately wiped my tears

“hindi na kita tatanungin kung bakit ka nanaman umiiyak or kung anong dahilan kung bakit mo nasabi kay Jiro yun, pero sana masaya ka sa desisyon mo”

Tumabi siya saakin pero hindi ko siya matignan

“natutuwa naman ako at kinakausap mo na ko ngayon ” sabi ko sa kanya

He smiled “hindi naman kita matitiis eh. But I think hindi mo parin ako naiintindihan ”

“no. don't say that. Naiintindihan kita Ren. Alam ko naman na ayaw mo lang ako masaktan eh kaya ka nagalit saakin”

“paano kung hindi yun ang gusto kong iparating?”

I looked away “Ren, please..”

“binbo natatandaan mo ba yung kapatid kong babae? Si Ria?”

“ha? Oo naman bakit?”

“alam mo ba nagpasama siya saakin sa divisoria para lang bumili ng madaming cd. Mga Japanese and Korean drama. Grabe ang adik talaga nung babaeng yun ”

I smile a little. I know he is trying to cheer me up again. Pero wala atang makakapagpatanggal ng sakit na nararamdaman ko ngayon

“sinolo pa niya yung tv namin kaya di ako makapanuod! Grabe talaga! But infairness may isang drama siya na binili na nagustuhan ko. Nakarelata kasi ako. Gusto mo ikwento ko sayo?” he smile at me

Hindi ko siya pinansin, pero hinayaan ko lang siya na mag kwento saakin.

“so here it goes, dun sa story may isang guy na may gusto sa best friend niya. Bata pa lang sila magkasama na sila kaya naman sobrang lapit nila sa isa’t-isa. Habang tumataggal nare-realize nung guy na mahal na niya yung girl, kaso hindi niya pinansin yung nararamdaman niya. Akala niya wala lang yun. He took his best friend for granted. Akala niya forever na niyang makakasama ang best friend niya kahit di niya ipagtapat ang nararamdaman niya. But he was wrong. Dumating sa point na may nagustuhan ng iba ang best friend niya. Isang araw nakita na lang niya ang sarili niya, nasa simbahan, photographer siya sa kasal ng best friend niya at nung lalaki. Habang nasa reception sila at ipinapakita yung mga highschool pictures nila, dun niya naisip kung sana dati pa lang gumawa na siya ng paraan, kung dati pa lang nagawa niyang magtapat dun sa babae, kahit hindi sila sa huli atleast alam niya na may nagawa siya kesa ngayon nagsisisi siya. Naisip niya kung pwede lang sana na maibalik niya ang oras na magkasama pa sila para maitama niya ang lahat, and ayun biglang may dumating na fairy”

Napalingon ako sa kanya “fairy?! ”

Ok, seryoso siya nagkukwento, samantalang ako seryoso nag eemote tapos biglang may nasingit na fairy sa usapan. San nanggaling yun?

“oo fairy! Wag mo nga kontrahin takbo nung storya! Ikaw ba ang author?!”

“sorry, sige na tuloy mo na ang kinukwento mo”

Hay etong labanos na to oh! Nakakalimutan ko problema ko dahil sa kanya!

“ok, so ayun nga may dumating na fairy and hindi siya yung klase ng fairy na iniisip mo ha na katulad nung fairy sa Cinderella. Lalaking fairy siya. Oh basta ayun. Sabi nung fairy bibigyan niya ng chance yung lalaki na makabalik sa past at maitama yung mga mali niya. Bibigyan siya ng chance na makabalik sa bawat scenes ng mga pictures na ipapakita sa slideshow nung kasal ng bestfriend niya. Ang kailangan niya lang gawin is bigkasin lang ang mga words na “Halleluja Chance!”

Napataas ako ng kilay “pinaglolo-loko mo ba ko? ”

“hindi! Makinig ka kasi muna! May action pa nga yan eh. Pakita ko sayo” tumayo siya sa harapan ko. “Halleluja” inikot niya yung finger niya “chance!” then tumuro siya saakin [watch the video on the side para makita niyo yung action na ginagawa ni Ren. Halleluja Chance! ^__^]

Natawa naman ako sa pinaggagagawa niya

“oh ano na nangyari?”

“ayun, he tried his best para iparamdam sa girl na mahal niya to. Madami siyang mali na binago sa past niya, pero ganun parin, isa parin siyag duwag kasi hindi niya parin maipagtapat ang nararamdaman niya. Yung girl nagtapat din sa kanya na minahal niya dati ito. Nasaktan siya talaga dun. Akala niya nung bumalik siya sa past mawawala na ang regrets niya, pero hindi pala. Mas naipamukha pa sa kanya na napaka palpak niya. He even tried to move on nung nasa past siya, baka daw pag bumalik na siya sa present wala na yung nararamdaman niya, but still hindi niya nagawa. Natapos ang slide show, hindi parin siya nakapagtapat. Pero dahil mabait si fairy binigyan pa ulit siya ng another chance, ibinalik siya sa oras a few minutes before ipakita yung slideshow. Yung sa time na nagbibigay siya ng speech para dun sa newly wed couples. Hindi na siya nagdalawang isip, sa harap ng madaming tao, sa harap ng best friend niya at ng asawa nito, ipinagtapat niya kung gaano niya kamahal ang best friend niya. After nun, umalis na siya sa reception. Nagulat na lang siya hinabol siya ng best friend niya. Sinabi nito na mahal na mahal din niya to. AKala niya nasayang ang pagbalik niya sa past, hindi rin pala.”

“so naging sila?”

“yep, the girl’s husband let her go. Hay siguro ang sarap kung totoo ang mga fairies na kaya ka ibalik sa past. Me too, I badly want to go back to past. Pero dahil walang fairies sayo ako hihingi ng second chance”

Napalingon ako bigla sa kanya “w-what do you mean?”

He took my hand. Napaka seryoso ng mukha niya. Kinutuban na ako sa sasabihin niya pero nakakagulat parin nung narinig kong lumabas ito mula sa bibig niya

“mahal kita Arcie”

Inalis ko ang kamay ko sa pagkakahawak niya “Ren, please— “

“please? Please wag ko na ituloy tong sinasabi ko? Please pigilan ko ang nararamdaman ko? Ayun ba gusto mong sabihin Arcie? ”

“Ren..”

“mahal kita, dati pa. Pero katulad nung lalaki sa story ko, napakatanga ko para hindi ipagtapat agad sayo yun. Ni hindi ko ipinaramdam sayo kung gaano ka kahalaga saakin. Ngayong huli na ang lahat nagsisisi ako, but I hope like that guy, mabibigyan din ako ng second chance para itama ang mali ko”

“Ren I---I—“

I’m speechless. Hindi ko alam ang dapat kong sabihin. After kong ipagtabuyan si Jiro eto naman si Ren lumalapit saakin.

Siguro kung ibang tao ako I would consider myself lucky for being involved with two gorgeous guys, but I don’t. Pareho silang mahalaga saakin and ngayon nalaman ko pareho ko pala silang nasasaktan.

He gently held my hand again and lean closer to me “I love you Arcie, please give me a chance ”

There’s a sadness in his eyes. At this moment gusto ko siyang yakapin at magsorry for hurting him. Pero ayoko. Ayokong gawin siyang panakip butas.

“Arcie..” mas lumapit pa siya saakin. His face was inches from mine. I could feel his breath. He put his arms around my waist and pull me closer to him. Hindi ako makagalaw. I want to push him away but I’m afraid of hurting his feelings. Before I knew it, he gently pressed his lips against mine. Napapikit na lang ako and let him kiss me. His kiss was gentle and full of love.

Love that I cannot return.

I was back to my senses. I gently pushed him away then tumayo ako

“I-I’m sorry ” tinalikuran ko siya and tumakbo palabas ng glasshouse.

Oh God, this isn't happening. Napakagulo na ng sitwasyon. Bat kailangan mangyari ang mga bagay na to?

Bakit kailangang ma-bankrupt sila Jiro kung kelang masaya na ko kasama siya? Bakit kailangang i-sacrifice ko ang pagmamahal ko sa kanya in exchange to his future? And why, God, why

Why does my best friend have to fall in love with me, of all people?

I know, minahal ko rin si Ren dati, pero ngayon ang pagmamahal na lang na nararamdaman ko sa kanya is parang kapatid na lang.

Bakit ba kasi kailangan niyang maging sobrang bagal at ngayon lang nagtapat! Kung dati pa edi sana masaya kaming lahat ngayon?!

GRRR ano ba to, I shouldn't blame him sa mga nangyayari.

"Arcie"

Napalingon ako sa tumawag sakin and saw Amber together with a man around 50's.

"Uhhh, Arcie this is my dad. Dad meet my friend Arcie"

"nice meeting you hija "

"good afternoon sir"

"Arcie we got to go" she looked at her dad **"dad, I'll tour you around and I'll introduce you to Jiro, you'll like him "**

They walked away. Maya-maya lang I heard my phone beeped. Nakita ko nas send sakin si Amber ng sms. 2 pictures. Yung isang picture is picture ng lola ni Jiro na may sakit and nasa hospital at maraming nakakabit na machine sa katawan niya. Siya yung lola niya na nameet ko nung birthday ni Jiro and may ari ng school na to. The other is picture ng isang document. Nakalagay dun yung debts ng mga Festin sa isang bangko. Napaupo ako.

Amber, alam ko naman na tama ang ginawa ko, pero bat kailangan mo pang ipamukha saakin? *I didn't expect a sweet person like you could be so mean.*

I tried my best to stand then bumalik ako sa glasshouse. Nandun parin si Ren and I saw he was crying. Nilapitan ko siya then I wiped his tears and then I kissed his forehead

“A-arcie? ”

“please mend my broken heart ”

We both hugged each other and cry in each other’s shoulder.

A/N: Readers, the title of the story na kinuwento ni Ren is **Proposal Daisakusen**. It is a Japanese drama. Try watching it, ang cute ng story

Chapter 66
Fireworks

[Arcie’s POV]

Thank you Arcie for giving me a chance. I promise I will not waste this chance anymore. I am happy. Starting today maipapakita ko na saiyo kung gaano kita kamahal I love you binbo

- Labanos

Arcie, meet me at the park near your house at exactly 10pm. I have to show you something, please. Maghihintay ako. Kahit anong mangyari hihintayin kita.

- *Jiro/Jacob*

I turned off my cellphone then nahiga ako sa kama. Napakadaming nangyari ngayong araw na to. Ang daming nasaktan.

Pero alam ko ako ang pinaka nasasaktan sa lahat. Mas mahirap palang manakit ng taong mahal mo kesa masaktan ka . Dalawang taong importante saakin ang nasasaktan ng dahil saakin and nahihirapan ako.

Ako naman ngayon ang nangiwang. Ako naman ngayon ang bumitiw. Dati nagawa akong bitiwang ni Jiro kasi gusto niya akong protektahan. Ngayon naman ako ang bumitiw dahil siya naman ang gusto kong protektahan. *But in the end, we end up hurting each other.*

Hindi nakakatuwa.

Tapos bigla kong malalaman na mahal ako ni Ren. Napaka manhid ko nga rin para hindi maramdaman yun. Siguro iisipin ng iba na tama naging desisyon ko para bigyan ng second chance si Ren. Kilalang kilala na namin ang isa't isa and mas maganda kung kami magkakatuluyan dahil matagal narin kaming magkaibigan. But I swear the moment I gave Ren a chance, nagsisisi ako. Hindi ko alam kung magiging ready ba ako pumasok pa sa isang relationship after ng lahat ng nangyari. Worst, natatakot ako baka hindi ko siya matutunang mahal. Nasaktan ko na siya ng madaming beses, ayoko na ulit na saktan pa siya lalo.

I heard a knock on the door

“anak bumaba ka na, kakain na tayo”

“sige po ma”

Tumayo ako sa kama and humarap sa salamin. Parang hindi ko na kilala ang sarili ko. Dati kahit ano natitiis ko. Kahit mag-isa ako nakukuha ko parin maging masaya. Kahit naapi ako nakukuha ko parin maging malakas. Pero bakit ngayon. . . .

. . . .*naduduwaq ako.*

Lumabas ako sa kwarto ko at dumiretso na sa sa hapag-kainan namin. Oo nga pala 1 week na lang si papa dito, babalik na ulit siya sa Italy para mag work. Hay, mamimiss ko na naman siya.

Umupo ako katabi ni Ariel

“anak, ayos ka lang ba? Mukha kang may sakit ah?” tanong saakin ni Papa

“ah, ok lang po ako pa”

“sigurado ka? Kumain ka ng madami” naglagay ng maraming food si mama sa pinggan ko

“oo nga pala anak, di ba ilang buwan na lang at ggraduate ka na? may naisipan ka na bang kunin na course at pasukang iskwelahan?”

Napatigil ako sa sinabi ni papa.

Nakalimutan ko na ang tungkol dun.

Nakakatawa no? habang busy akong protektahan ang future ng ibang tao, yung akin naman ang napabayaang ko. I'm only a highschool student yet ganitong mga bagay ang pinoproblema ko. Anong feeling ko? Adult na ko at grabe na mamroblema sa love life?

Pero patunay din to na walang sinasanto si love. Kahit anong edad, basta natuto kang magmahal, mararanasan mo rin masaktan ng husto.

Pero tama bang problemahin ko pa yan ngayon?

Oo. Dahil bukod sa future ko, may dalawang tao rin ako pinangangalagaan. *Si Ren at si Jiro.*

“uhmm wala pa po ako naiisip papa”

“hay naku wag mo ng i-stress muna itong si Arcie, alam mo ba na nakakuha yan ng scholarship from Prince Academy? Makakapasok siya sa kahit anong college na gusto niya basta maipasa niya ang entrance exam. And lahat ng fees na kailangan sagot na ng Prince Academy” sabi ni mama kay papa

Napangiti ako kay mama.

Oo nga. Hindi lang din pala future ni Jiro ang nakasalalay pag nag-sara ang Prince Academy, pati future ko din.

Pagkatapos namin kumain tinulungan ko muna si mommy mag hugas atsaka ako umakyat sa kwarto.

Tumingin ako sa orasan, it's 9:15pm.

"hihintayin kita"

Napapikit ako. Umupo ako sa chair katapat ng desk ko and then kinuha ko yung book ko then I tried to advance read yung lesson namin for tomorrow, pero wala talagang pumapasok sa utak ko.

Sino ba naman kasi niloko ko? Hindi naman talaga uso saakin ang pag aadvance read ng mga lesson eh. Sadyang naghahanap lang ako ng mapagkakaabalahan

Binuksan ko yung cellphone ko para mag set ng alarm clock. Makatulog na nga lang. Pero nagulantang ako kasi pagbukas ko sunod sunod ang messages na pumasok sa phone ko.

Lahat galing kay Jiro

"Arcie, maghihintay ako"

"Pumunta ka please Arcie"

"hindi kita bibitawan kahit anong sabihin mo"

"mahal kita"

"Arcie.."

Tinignan ko yung orasan

9:50pm

Napatayo ako bigla sa kinauupuan ko then kinuha ko yung jacket ko. Paglabas ko ng room patay na ang ilaw sa baba. Malamang tulog na sila mama. Hindi na ako nagabala pang magpaalam sa kanila kasi alam ko naman na di rin nila ako papayagan. Lumabas ako sa bahay and agad na tumakbo papunta dun sa park.

Nakita ko agad si Jiro, nakaupo siya sa grass. Katabi niya ay isang malaking teddy bear. Hindi ako nagpakita sa kanya, instead nag tago ako sa likod ng bush.

Para lang akong ewan no? Pumunta punta ako dito pero hindi ako nagpakita. Para lang talaga kong ewan. =_____ =

Naupo ako sa likod ng bush habang tinitignan si Jiro. Kitang kita ko na sobrang lungkot niya.

I looked at my watch

9:57

9:58

Napatayo si Jiro sa kinauupuan niya

9:59

10:00

Bigla akong may narinig na putukan galing sa taas. Napatingin ako sa langit, may mga fireworks. Iba ibang klase, ang gaganda. Talo pa ang fireworks display ng MOA.

Habang pinapanuod ko yung fireworks, hindi ko mapigilan na maluha, lalo na sa last part. Bigla na lang may lumabas na **“I Love You Arcie”** sa langit. Hindi ako makakilos or makapag salita.

Ginawan ako ng napaka special na bagay ng taong nasaktan ko. Ngayon, masaya parin ba ko sa naging desisyon ko? Kung oo bakit ako umiiyak at nasasaktan ngayon?

“I love you Arcie”

Napatingin ako kay Jiro, kasabay ng unti-unting pagkawala ng mga fireworks bumagsak ang luha sa mata niya.

“mahal kita”

Napaluhod siya sa kinatatayuan niya **“mahal kita”**

“MAHAL KITA ARCIE!! ”

Tinakpan ko ang bibig ko para mapigilan ang sarili ko sa paghagulgol. I saw my prince crying because of me. Gusto ko siyang yakapin ngayon at bawiin lahat ng mga sinabi ko sa kanya.

I badly want to kiss his tears away

“mahal kita arcie, mahal na mahal ” he said while crying

“mahal din kita Jiro, mahal na mahal. I’m very sorry ” I whisper to myself

My phone beeped and tinignan ko kung sino ang nag text

I hope you received the pictures that I sent you. I'm sorry Arcie, kailangan mong pagdaanan it. I'm really sorry

- Amber

Tumayo ako sa kinauupuan ko and slowly walked away.

Kailangan kong panindigan ang naging desisyon ko, para saamin ni Jiro.

Kailangan.

Chapter 67

confrontation

[Arcie's POV]

3:00am ako nakatulog. Hindi kasi mawala-wala sa isip ko ang itsura ni Jiro habang umiiyak.

5:30am ako bumangon. Sige ako na ang walang tulog. Kahit 8:00am pa ang pasok ko, naligo narin ako agad pero hindi muna ako nagbihis ng uniform. After ko maligo lumabas ako saglit.

Ilang beses kong kinumbinsi ang sarili ko na wag nang bumalik sa park pero eto ako ngayon, naglalakad papunta dun.

Pagdating ko sa park, wala na dun si Jiro but instead nakita ko yung teddy bear. Lumapit ako then kinuha ko yung bear. Napansin kong may kasama itong sulat.

Binsasa ko.

Arcie,

I hope nagustuhan mo yung fireworks. Actually idea talaga ni ate yan eh. Sabi niya kasi, isa sa pinaka special na bagay na magagawa mo sa isang taong mahal mo is yung sabay niyong panuorin ang fireworks. Ako namang si uto-uto sinunod ang payo niya. Pero ok lang, maganda naman di ba? kaya nga hindi na dapat nag principal si ate. Sana nagsulat na lang siya ng romantic novels, baka matalo niya pa si Nicholas Sparks.

Anyways Arcie, I am very happy kasi napapangiti na ulit kita. Dati nung binitawan kita grabe akong nagsisisi kasi naipangako ko na sa sarili ko na ako ang magiging dahilan kung bakit masaya ka, hindi kung bakit nasasaktan ka. I don't want to make the same mistake twice. I'd let go of your hands, and hindi ko na ulit gagawin yun kahit ano pa ang sabihin mo. Mahal na mahal kita Arcie, always remember that.

- Jiro.

I tried my best not to cry pero wala, bwisti na mga luha tumulo na naman sa mata ko.

Now Arcie, paninindigan mo parin ba ang sinasabi mong tama ang naging desisyon mo?

I tried to calm myself, then I stood up. Pumasok ako sa loob ng house namin dala-dala yung teddy bear at letter. Kumain na ako ng breakfast then after nun nag ready narin ako sa pagpasok.

“**ma, alis na po ako**” sinabi ko kay mama habang nakayuko. Baka kasi mahalata niyang namumugto ang mga mata ko eh.

Paglabas ko ng bahay nagulat ako dahil may nakita akong lalaking palapit saakin, habang hila-hila niya yung bike niya.

“**J-jiro?**”

“**good morning Arcie** ” namumugto ang mata niya tulad ko but still he is wearing a bright smile.

I can't help but fall.

Yumuko siya then tinignan niya ang mukha ko **“bat parang namumugto ang mata mo?”** tanong niya saakin

Look who's talking.

Iniwas ko ang tingin ko sa kanya

“puyat ako”

“oh? Parehas pala tayo! tignan mo ang mata ko” itinuro niya yung mata niya **“mugto din ”**

Bat ba ganito siya makipagusap? Para lang walang nangyari kagabi.

“Arcie sakay na sa bike! Di ba gusto mong magikot-ikot before pumasok? ”

“Jiro—“

“Arcie!!”

Napatingin kami pareho kay Ren na kabababa lang sa kotse, **“binbo, sakay na sa kotse”**

Tinalikuran ko si Jiro **“s-sige ”**

“wait Arcie, mas gusto mong nag bbike sa umaga di ba? sabi mo yun sakin dati”

“ano bang pinagsasabi mo Jiro? ” inakbayan ako ni Ren **“let's go binbo”**

Sumakay kami ni Ren dun sa car niya then pinatakbo na nung driver. Napatingin ako sa side mirror and nakita ko si Jiro naglalakad habang hila-hila niya yung bike niya at nakayuko.

Huminga ako ng malalim.

Ilang eksena pa ba na katulad nito ang dapat kong maranasan? Baka kasi hindi ko na mapanindigan ang desisyon ko. Nahihirapan ako lalo na't nasasaktan ko ang lalaking pinakamamahal ko.

Hay ang emo. Kelan ba balak ng author itigil ang pagdurusa namin?

Naramdaman kong may humawak sa kamay ko

“binbo ang panget ng itsura mo, mukha kang nalugi. Alam mo bang mas maganda kung nakasmile ka? ”

Napa-ngiti ako. At least alam kong nandito parin si Ren sa tabi ko masaya na rin ako.

Pagdating ng school humiwalay muna ako kay Ren dahil kailangan kong pumunta sa teacher’s office. Pagdating ko naman dun, si Ms. Krissa and Sir Nike pa lang ang nandun. And hindi sila nagbabatuhan ng libro, pencil case o gunting kundi naglalambingan. Feeling ko nga sila na eh.

Hay inggit ako.

“good morning po” bati ko sa kanila

“good morning Ms. Salutatorian!” sabi naman ni Ma’am Krissa saakin

Napangiti ako sa sinabi ni Ma’am **“naku po, may final grading pa, madami pang pwedeng mangayri ma’am”**

“oo malay mo matalo mo si Justin at maging Validectorian ka?” she laughed

Natawa din naman ako sa sinabi niya, parang impossible naman ata yun.

Pumunta na ako sa desk then inayos ko yung list of students ng mga third years and fourth years para sa JS prom.

Malapit na nga pala ang JS prom. Last year kasi hindi ako umattend dun at ngayon naman nagdadalang isip ako kung aattend ako or hindi.

“good morning ma’am, sir, Arcie”

Napalingon agad ako sa pinto and ayun nga, nandun si Jiro. May nakakabit na pin sa ID niya na katulad ng pin ko.

Ang pin na para lang sa mga student assistants

“oh Jiro” bati ni Sir Nike sa kanya

“hello po, first day ko ngayon sa pag student assistant ”

“oo nga eh, ikaw talaga hindi mo na kasi kailangan gawin to.” sabi naman ni Ma’am

“haha naku krissa hayaan mo na si Jiro, mukhang may gustong makasama ” kinindatan niya si Ma’am Krissa then bigla naman nagliwanag ang mukha na to

“haha kung sabagay. Jiro, tulungan mo na lang si Arcie dun ”

Naku naman Ma’am napaka wrong idea niyan.

Pero ano pa nga ba magagawa ko? Lumapit na si Jiro saakin **“Arcie, ano ang dapat gawin ko?”**

“paki-alphabetize lahat ng names ng juniors and seniors.. ihiwalay mo sila ah.. sayo ang boys, akin ang girls” inabot ko sa kanya yung list ng hindi nakatingin

“ok, kailangan ba by section?”

“no pagsamahin mo by batch. Buong seniors and juniors”

“ok madali lang pala. Lagi ba ganito ang ginagawa mo dito?”

“no”

“I’m happy na makakasama kita dito. Masaya ka din ba?”

Tumayo ako at inayos yung list then tumingin ako sa kanya with a serious face **“no”**

Lumapit ako kay ma’am Krissa then inabot ko yung list **“ma’am eto na po. pwede na po ba ko bumalik sa room?”**

“uhmm hindi mo ba hihintayin si Jiro?”

“may kailangan pa po kasi ako gawin ”

“ok then, sige”

Agad-agad akong lumabas sa room.

Jiro kung alam mo lang, masayang masaya ako sa ginagawa mo. Kaso kailangan mo na talaga itigil to.

[lunch break]

May band practice si Ren kaya hindi muna rin ako sumabay sa S6 na mag lunch. Iniiwasan ko kasi si Jiro. Sana naman hindi ako hanapin nun.

Sa cafeteria muna ako kumain. Sa totoo lang namimiss ko na yung S6. Dahil sa nangyayari nasisira sila dahil saakin. Para bang nagkakawatakwatak.

Mas ok pa yung dati, nung masungit pa si Jiro at bestfriend ko lang si Ren. Mas masaya pa kami, kesa ngayon.

“uhmm pwede ba akong maki-upo dito?”

Napalingon agad ako sa nagsalita at baka si Jiro yun, kaya lang hindi.

It's Amber.

Bago pa ako makapag react, umupo na agad si Amber sa harap ko.

“uhmm here” may inabot siya saaking orange juice **“remember this? ”**

Nung una kaming nagkasabay ng kain dito sa cafeteria, orange juice din ang ibinigay niya saakin.*[chapter 52]*

“thanks”

“uhmm Arcie, I-I'm sorry, alam kong nasasaktan ka ngayon. But I promise you, mamahalin ko ng buong-buo si Jiro. I-I still want t-to be friends with you ”

Napaangat ang ulo ko **“friends? I'm sorry Amber, I think hindi muna tayo pwede maging friends sa ngayon ”** I stood up **“if you'll excuse me”**

“Arcie—“

Hindi ko pinansin si Amber instead tuloy-tuloy akong lumabas ng cafeteria.

I know Amber is trying to help Jiro but still tingin ko hindi din muna tamang maging magkaibigan kami ngayon. Bitter na kung bitter, pero kailangan ko rin ng time para maka move-on. Pag ok na ko then maybe tsaka ko lang ulit kayang maging kaibigan siya

[dismissal]

“Jiro, gusto mo kumain dun sa newly opened na café malapit saamin? The cheesecake there is quite good ” sabi ni Amber kay Jiro

I looked away. Kanina pa saakin tanong ng tanong ang S6 kung bakit ko nagawa kay Jiro na ipagtabuyan siya, pero hindi ko sila masagot-sagot ng maayos kasi nga bawal ko ipagsabi yung about sa nangyayari sa Prince Academy. Ngayon naman halos hindi nila maialis ang tingin nila sa mga pinaggagagawa ni Amber. Kanina pa siya dikit ng dikit kay Jiro pero pinagtatabuyan naman siya nito.

Kinakabahan tuloy ako. Baka bawiin ng papa ni Amber ang tulong na ibinigay niya dito sa school. Wag naman sana.

“Arcie, nagmeryenda ka na ba?” lumapit saakin si Jiro **“gusto mong kumain?”**

“ah wag na lang” tinalikuran ko siya

Nakita ko naman na pumasok sa leisure room si Ren then lumapit siya saakin **“binbo tara uwi na tayo? ”**

“s-sige”

“Arcie.. ” nagulat naman ako kasi biglang hinawakan ni Jiro yung kamay ko. Napatingin ako sa kanya and kitang kita ko sa mga mata niya na ayaw niya ako umalis at nasasaktan ko na siya.

Iniwag ko ang tingin ko.

“Jiro, bitawan mo ko ”

“Arcie ”

Please Jiro bumitaw ka na, baka mamaya bigla na lang kitang yakapin.

“bro” naramdaman kong may kumalag ng pagkakahawak ni Jiro sa kamay ko then nakita ko na lang na si Ren na ang may hawak ng kamay ko **“hayaan mo na si Arcie”**

“sorry Ren hindi ko magagawa yan”

“mahal ko si Arcie”

“what?!” sigaw ni Mich

“totoo ba yan Ren?!” tanong naman ni Justin

“t-teka, ano ibig mong sabihin?” dagdag pa ni Lance

“ano ba naman kayo di pa ba obvious yun? Exciting ito!! ” sabi ni Yanna na medyo natatawa tawa pa

Halata sa mukha ng S6 na gulat na gulat sila sa mga narinig nila well except kay Yanna at kay Jiro dahil nakita ko na napangiti si Jiro

“so inamin mo na pala sa kanya?” bigla ulit sumeryoso ang mukha ni Jiro

“oo. At hindi ko na hahayaan pang mapunta siya sayo”

“hindi ko rin naman hahayaan na mawala ulit siya saakin. kaya hindi ako makakapayag na pigilan mo ko”

Nakita ko sa mukha nila na pareho silang seryoso. Parang any minute ready na silang suntukin ang isa't isa.

Naku po. Lord sana wag naman mag gulpihan ang dalawang to.

Ano na gagawin ko? = _____ =

Chapter 68
Raised fists

[Arcie's POV]

punch

“JIRO!!” sigaw ni Amber kay Jiro

“REN STOP!!” awat ko naman kay Ren

Unang sumuntok si Ren. Hinawakan ko ang braso niya para pigilan siya, si Amber naman tumakbo papunta kay Jiro at tinulungan siya tumayo.

“are you ok?” tanong ni Amber kay Jiro

“Tingin mo papayag akong kunin mo ulit si Arcie?! Binitiwang mo na siya dati at sinaktan tapos may gana kang lumapit sa kanya?! ” sigaw naman ni Ren kay Jiro

Tumayo si Jiro and pinunasan niya yung dugo sa gilid ng labi niya “yun na nga eh! Nagkamali ako sa ginawa ko dati! Ayoko na magkamali ulit ngayon. Kahit anong sabihin mo hindi mo ko mapipigilan!!!”

“you--!!!” susugod na sana si Ren kaya lang hinawakan ko maigi ang braso niya. Nakita ko din na ganun ang ginawa ni Amber sa kabila dahil mukhang lalaban si Jiro.

Nagulat naman ako ng may biglang humila saakin palayao kay Ren

“Yanna—“

“hayaan niyo sila” sabi ni Yanna saakin

Sa kabila, hila-hila rin ni Mich si Amber

“pero—“

punch

This time si Jiro naman ang sumuntok at si Ren naman ang bumagsak sa sahig

“Ren!!” sigaw ko

“Arcie no!!” pigil naman saakin ni Yanna

“Yanna ano ba! Bat ako ang pinipigilan mo? Dapat sila ang pigilan natin!”

“Mich please let me go!” pakiusap ni Amber kay Mich

“Wag kayong makielam!!” Mich told her

“hayaan niyo silang mag-away. Minsan kailangan ng mga lalaking magsuntukan para mailabas ang nararamdaman nila sa isa’t isa.” sabi ni Lance

“pareho silang may pinaglalaban, at ikaw yun Arcie. Wag mo ipagkait sa kanila na patunayan na kaya ka nilang ipaglaban” sabi naman ni Justin

Tinignan ko si Ren at Jiro, parehong duguan ang mukha, parehong hinihingal, but still hindi sila tumitigil sa pagsusuntukang dalawa.

Dahil saakin.

Hindi ko ba alam kung matutuwa ako o malulungkot sa nakikita ko.

Alam ko, sa naging desisyon ko madaming nasaktan. Pero kung hindi ko gagawin yun madami ring buhay na maapektuhan. Hindi lang kay Jiro, hindi lang saakin, kundi sa lahat ng taong nagtatrabaho at nagaaral dito. Hindi lang si Jiro pati narin ang pamilya niya.

Masakit. Sobra. Kung may magagawa lang ako para pigilan ko lahat ng nangyayari. Minsan nga gusto ko na lang matulog at hindi na magising eh. Gusto kong takasan na lahat ng sakit na to.

Sumusuko na ko sa sobrang hirap. Pero ano pa ba magagawa ko?

Parang gusto ko na ata silang layuan lahat at ibalik ang sarili ko sa pagiging loner ng matapos na to.

“mahal ko si Arcie” sabi ni Ren kay Jiro

punch

“mahal ko din siya” sagot naman ni Jiro

punch

“mas mahal ko siya”

punch

“diyan ka nagkakamali”

punch

“anong nangyayari dito?!”

Napatingin kami lahat sa may pinutuan at nakita namin si Ms. Jennica.

Naku. Patay.

[principal's office]

“siya nagumpisa” sabay na sabi ni Ren at Jiro habang nagtuturuan

Lahat kami pinapunta sa principal's office and the moment na makaupo yung dalawa sa upuan sa harap ng desk ni Ms. Jennica ayan agad ang pang bungad nila

“nagturuan pa kayong dalawa. Ano naman bang pumasok sa kukote niyo at nagsuntukan kayo ha? Grabe naman kasing salubong niyo saakin. Ano to welcoming gift? Kababalik ko pa lang galing sa Ilocos tapos ito maabutan ko? Ano ba kasi nangyari?”

“ahm a-ano po kasi—“

“oh never mind! Bibigyan ko na lang kayo ng detention! And you my dear brother, you are grounded!”

“what?! That's unfair! Tsaka teka nanay ba kita ha?! ”

“well, gusto mong ipaalam ko kila mommy ang ginawa mo? For sure di lang grounded ang aabutin mo!”

“blackmailer! You should ground him too!” tinuro ni Jiro si Ren

“muka mo! Di ko naman kayo kamag-anak no!”

“don't worry I'll inform Ren's parents and I'll make sure na ma grounded ka rin. Hay magsiuwian na nga muna kayo at sinasakitan ako!!”

[Amber's POV]

“Amber, di ka ba sasabay saamin mag lunch?”

“ahm ah m-may aasikasuhin kasi ako”

“oh ok then, see you later”

“ok”

Nagsialisan na yung S6 papunta sa leisure room. Ako naman dumiretso sa rooftop para kumain. Wala kasi si Jiro ngayon dahil may detention sila ni Ren kay Ms. Jennica and isa pa gusto ko muna mapag-isa ngayon.

“hayaan niyo silang mag-away. Minsan kailangan ng mga lalaking magsuntukan para mailabas ang nararamdaman nila sa isa't isa.”

“pareho silang may pinaglalaban, at ikaw yun Arcie. Wag mo ipagkait sa kanila na patunayan na kaya ka nilang ipaglaban”

Hindi talaga mawala-wala sa isip ko ang mga sinabi ni Lance and Justin. Pati narin ang expression ni Jiro habang nakikipagsuntukan siya kay Ren.

Mahal na mahal nga niya talaga si Arcie. Nagu-guilty ako sa ginawa ko pero mas nag o-overpower parin ang pagmamahal ko kay Jiro.

I know I cannot give up on him now. Mahal na mahal ko si Jiro.

But still

Hay, ang hirap.

“HUY!! ”

“AY PALAKA! ”

Napatingin ako dun sa bwisit na istorbo sa pag e-emote ko and ayun bumulaga saakin ang mukha ni Ren, naka P.E uniform at may hawak na malaking walis.

“ano ginagawa mo dito? Bat may hawak kang walis? ” tanong ko sa kanya

“ano ba usually ang function ng walis ha?”

“malay ko ba. Baka nag fi-feeling Harry Potter ka diyan at plano mong paliparin yang walis”

“philosopher ka rin pala. May detention nga ako di ba? at eto ang pinagawa nila saakin, ang maglinis ng rooftop.”

“s-si Jiro nandito din?”

“wala. Dun siya sa garden naglilinis.”

“ah ok”

“ano naman ang ginagawa mo dito ha? At bat ang emo ng mukha mo? Di bagay sayo!! ”

Tss, ang yabang talaga!

“masama na ba kong pumunta dito?!”

“oo kasi ako ngayon ang naglilinis!”

“alam mo wag mo na nga ako pakielamanan, mag linis ka na lang ”

“taray!”

Hindi na ulit ako pinansin ni Ren at tinuloy na niya yung pagwawalis niya, ako naman nag start na ko kumain. Nung nakita niya na naglabas ako ng baunan, huminto siya sa pagwawalis and umupo siya sa tabi ko at naglabas narin ng baunan.

“himala nag babaon ka? Di ba may pagkain na dinideliwer sa leisure room?” tanong ko ulit sa kanya

“wala kasi akong balak na kumain dun ngayon. Nakakapagod lang mag pabalik balik. Eh ikaw, marunong palang magbaon ang isang tulad mo”

“FYI before kami nag migrate lagi din ako nag bbaon sa school ko dati”

Hindi na siya nag react sa sinabi ko and nag start narin kumain.

“uhmm Ren, tingin mo bakit kahit tinataboy na ni Arcie si Jiro hindi niya parin iniwan to? ”

“mahal niya eh”

“p-pero di ba parang nag mumukha na siyang t*nga dahil sa ginagawa niya?”

“alam mo meztisang hilaw, walang taong nag mamahal ang hindi naranasang magpaka t*nga, maniwala ka. Kahit ikaw din nagawa mo na yan”

“ha? Paano mo naman nasabi?”

“let’s see, maganda na ang buhay niyo sa abroad pero bat ka pa bumalik dito? Simple lang, kasi nagmamahal ka.”

“eh ikaw? Naranasan mo narin ba magpaka t*nga dahil kay Arcie?”

“hindi pa ba pagpapaka t*nga tong ginagawa ko ngayon? ”

“hindi! Pinaglalaman mo ang mahal mo! Hindi pagpapaka t*nga yun!”

“not really, kasi in the first place alam ko namang hindi saakin sasaya si Arcie”

“ha?”

“mahal niya si Jiro hanggang ngayon. Kahit hindi niya sabihin nararamdaman ko. Alam mo Amber, kung totoong mahal mo ang isang tao, gagawin mo ang lahat sumaya lang siya. Kahit pa ang kapalit nun ay kailangan mo siyang bitawan.”

“p-pero bakit ka pa nakipagsuntukan kay Jiro?”

“test”

“test?”

“tinetest ko si Jiro kung gaano niya kamahal si Arcie at nakita ko mahal na mahal niya to. He only raised his fist kung may bagay siyang pinoprotektahan. Natuwa ako kasi hindi niya lang basta sinalo ang mga suntok ko at lumaban din siya. Ngayon mas kapante na ko sa nararamdaman ni Jiro para kay Arcie. Natutuwa ako kasi nabigyan ako ng pagkakataon na aminin at iparamdam kay Arcie na mahal ko siya. Siguro kung bibitawan ko ulit siya, wala ng regrets.” Tumayo si Ren “hay tapos na ko kumain. Mestizang hilaw bilis-bilisan mo diyan ah and itapon mo sa basurahan ang pinagkainan mo! Don’t you dare na maghulog ni butil ng kanin diyan kundi patay ka sakini!! ” tinalikuran niya na ko then umalis siya.

“kung totoong mahal mo ang isang tao, gagawin mo ang lahat sumaya lang siya. Kahit pa ang kapalit nun ay kailangan mo siyang bitawan.”

Ang pinaka malaking pagkakamali na ginawa ko sa buhay ko ay ang bitawan si Jiro. Pero ngayon, kailangan ko na ba talaga gawin yun para sumaya siya?

Ang sakit.

Chapter 69
Small Talk

[Amber's POV]

“Jiro thank you dahil pumayag ka na samahan akong mag dinner”

“no problem, hindi lang ako pwede mag tagal kasi grounded ako” he said without looking at me

“o-ok”

I stare at him while he was eating, seryoso ang mukha niya and I know hindi siya masaya. Dati kada kakain kami lagi siyang naka smile, kahit pa may problema siya. Sabi niya dati nawawala ang problema niya pag nakakasama niya ako. Masaya siya makita lang ako.

Pero iba na ngayon.

Naalala ko lahat ng mga pinagusapan namin ni Ren. At alam kong hindi ko magagawa na iwan si Jiro kasi mahal na mahal ko siya. Hindi ako kasing tatag ni Ren. Kung magpapaka tanga man ako, hindi sa paraan na iiwan ko si Jiro.

Kasi hindi na pagpapakatanga yun, parang pagpapakamatay na yun.

“J-Jiro ang sarap ng pagkain dito no? naalala mo ba na dito tayo madalas kumain dati?”

“yea”

“uhmm gusto mo bang kumain ng cheesecake mamaya? Dun sa madalas natin kinakainan?”

“sorry Amber pero kailangan ko talaga umuwi ng maaga.”

“o-ok”

We eat in silence. Nabibingi ako sa katahimikan. Gusto kong mag open ng mag open ng topic pero alam kong hindi naman siya interesado.

Nung natapos na kami kumain dumiretso na kami agad ng parking lot.

He opened the door of his car pero bago pa siya makapasok pinigilan ko siya

“Jiro” tumingin siya saakin **“bakit ba mahal na mahal mo si Arcie kahit na pinagtatabuyan ka niya? Bat ba hindi mo siya maiwan-iwanan kahit ayaw niya na sayo? ”**

“Amber please”

“mahal mo ba talaga siya Jiro?”

“I love her”

“pero ayaw na niya sayo!! Nandito naman ako Jiro eh, hindi ba pwedeng *ako na lang?* ”

“Amber please, alam mo naman na hindi na kita pwedeng balikan di ba? ”

Tinalikuran niya ko pero but I hugged him from the back at bigla na lang akong naiyak **“mahal na mahal kita Jiro, please wag mong gawin to. Nagsisisi naman ako na iniwan kita dati eh. Pero bumalik naman ako di ba? And I promise you hinding hindi na kita iiwan kaya please Jiro bumalik ka na saakin ”**

Humarap siya saakin then he wiped my tears **“I’m sorry Amber for hurting you ”**

“no! don’t be sorry! tama lang yung dahil sinaktan din naman kita eh! Pero please Jiro wag mo kong iiwan! Please. Kahit rebound lang ako, kahit si Arcie pa ang nasa puso mo ayos lang saakin basta wag mo kong iiwan Jiro please ”

Jiro hugged me **“alam mo naman na hindi ko pwedeng gawin yun Amber. Hanggang ngayon mahalaga ka parin saakin at ayoko ng masaktan ka pa ”** he faced me then he held my face **“Amber you deserve someone better. Wag mong sayangin ang pagmamahal mo sa isang tulad ko.”**

“pero mahal kita Jiro eh. Mahal kita ”

He wiped my tears again **“listen Amber, kahit gaano mo pa akong kamahal dadating sa point na makakalimutan mo rin ako. Look at you, maganda, mabait, matalino at mapagmahal. Makakahanap ka pa ng mas higit saakin maniwala ka. ”**

Umiyak na lang ako ng umiyak habag yakap yakap ako ni Jiro. Nung medyo napakalma na niya ako tsaka siya humiwalay sa pagkakayakap saakin **“halika na Amber, ihahatid muna kita sa inyo”**

“uhmm wag na Jiro gusto ko muna kasi maglakad lakad”

“huh? Are you sure? Baka maligaw ka! Samahan na lang kita”

“no, you go home. You’re supposed to be grounded right? Tsaka ano ka ba, isang taon lang ako nawala sa Pilipinas. Kahit papaano alam ko naman ang daan”

“o-ok, sigurado ka Amber?”

“yes I’ll be alright don’t worry”

“ok ingat ka ha? Bye”

“bye bye”

He started the engine then he drove away.

Ako naman nagstart narin maglakad lakad

“listen Amber, kahit gaano mo pa akong kamahal dadating sa point na makakalimutan mo rin ako.”

That’ll be impossible to happen. Kahit naman nagkahiwalay kami ng isang taon siya parin . Kasi alam kong hindi ko kayang magmahal ng iba. Sobrang mahal na mahal ko si Jiro and letting him go is impossible.

Pero may choice pa ba ko?

Siguro mahal niya talaga si Arcie. Kahit na ipinagtatabuyan siya ngayon ni Arcie alam kong nararamdaman ni Jiro na siya parin ang mahal ni Arcie kahit hindi niya ito sabihin. Naiingit tuloy ako.

Kung pagkokomparahin kami ni Arcie, maraming magsasabi na mas lamang ako. Mas mayaman, mas may pinag-aralan, mas maganda ang buhay. Pero mali. Aanhin ko naman yun kung ang nag-iisang lalaking pinakamamahal ko ay wala saakin?

I have everything a normal girl want to have.

But Arcie have my world.

And I envy her.

But still hindi ko magawang magalit o mainis kay Arcie. Lahat ng maging pakikitungo ko sa kanya ay totoo, dahil nakikita kong napakabuting tao ni Arcie. Kung may kinaiinisan ako ngayon ito ang sarili ko. Oo alam ko magiging masaya si Jiro sa kanya...

Pero nahihirapan akong tanggapin.

Napasandal ako sa isang pader. Parang hindi ko na kilala ang sarili ko. Tama nga ang sinasabi nilang lahat ng sobra ay masama.

Too much love had changed me to the point na nakakagawa na ko ng mga maling bagay. Nagawa ko rin sirain ang buhay ko. Mali na to. Maling mali.

I used to value life. Bago ko makilala si Jiro sobrang daming bagay ang pinapahalagahan ko. Ang pagaaral ko, ang mga magulang ko pati narin ang mga kaibigan ko. Masaya ako nun kahit simple lang ang mundo na ginagalawan ko. Hindi ako makasarili. Mahal din ako ng mga taong nakapaligid saakin.

Masaya ako noon.

Pero ibang iba na ako ngayon. Nasaan na ang dating ako? Bakit ko hinayaan mawala ang mahalagang bagay saakin? Yun ay ang tunay kong pagkatao? Bakit ko binitawan ang dating ako? Ngayon nagiging sobrang makasarili na ko. Hindi na ko si Amber.

And I want Amber back. The old me. The *real* me.

“miss”

Nagulat ako ng biglang may humatak saakin “s-sino ka?!”

“miss samahan mo naman ako!!”

Hinila niya ako sa tagung lugar. Nagpipiglas naman ako pero ang lakas niya masyado.

Ninerbyos ako ng husto. I know I'm in a big trouble right now.

Shocks, I'm scared

“bitawan mo ko!! San mo ko dadalhin?!! ”

“sa langit. Pupunta tayo sa langit!!”

“b-bitawan mo ko!! TULUNGA NIYO KO!! TULONG!! *J-jiro tulungan mo ko!*”

“hahahaha! Kahit magsisigaw ka pa dito walang makakarinig sayo!!” hinaplos haplos niya ang braso ko “mukhang tiba-tiba ako sayo ah! Ang kinis mo!!”

“TULONG!! TULONG!! Bitawan mo ko!! Please.. let go of me!! Jiro!! JIRO!!”

Itinapat niya yung mukha niya sa leeg ko “sh1t ang bango mo!!”

“BITAWAN MO KO!! Please.. maawa ka! ”

Naghihina na ko. Sa lugar na pinagdalan niya saakin halata ngang walang makakarinig saakin dun. Naramdaman ko na lang na pinupunit na nung lalaki ang damit ko. Wala akong nagawa kundi umiyak ng umiyak habang hinahalikan niya ang leeg ko at hinahawakan ang mga private parts ko.

Jiro please help me.

Nagulat na lang kami ng biglang may tumapat na ilaw saamin dalawa.

“ANO YAN?!” may naaninag akong mga pulis.

“t-tulungan niyo ko!!! Tulungan niyo ko!!”

“sh1t!!”

Tumakbo yung lalaki palayo habang hinahabol siya nung mga pulis.

Napaupo ako sa gilid at napasandal sa pader. Nanginginig ang buong katawan ko habang humahagulgol ako ng iyak.

Jiro... Jiro...

Hindi ko na siya pwedeng tawagin ngayon. Dahil alam ko kahit gaano ko pa ipagsigawan ang pangalan niya, hindi na siya dadating para saakin.

[Ren's POV]

Gusto kong magpasalamat sa aking mga magulang na hindi nila cinonfiscate ang cellphone ko, ang psp, ang computer at ang tv. Binartolina lang nila ako sa bahay. ^ _____ ^

Hay nakakabagot! Hindi pa nagtetext si binbo! Sabi niya kakain lang siya ng dinner eh hanggang ngayon di pa nag tetext. Bubwit talaga yun!!

tenenenen tenenenen tenenenenenen ten PAPA AMERICANO tentententen tenten tenten

Napatalon ako sa kama ko at agad hinanap yung cellphone ko na tumutunog. Bubwit nasaan na ba yun?! Baka si baby binbo ko ang tumatawag!

Nung matagpuan ko na sa kasulok-sulukan ng kama ang aking cellphone agad ko naman tinignan sa screen kung sino ang tumatawag.

*Calling...
Meztisang Hilaw...*

Eh?! Ano naman kailangan ng meztisang hilaw na to dis oras ng gabi?!

Sinagot ko yung tawag

“hello meztisang hilaw bat ka naman tuma—” nagulat ako kasi ibag boses ang sumagot, boses ng lalaki **“oh sino po ito? Saan po?! HA?! ANO PO NANGYARI?! ANO?! Sige po papunta na po ako diyan!!”**

Tumakbo agad ako sa baba at agad kinuha ang susi ng kotse ko.

“sir san po kayo pupunta?! Hindi po kayo pwede lumabas!”

“manang pagbigyan mo na ko please. Emergency eh”

“naku sir di talaga pwede! Papagalitan ako ng mommy mo”

“teka ano yung naamoy ko? Nagluluto ka ba manang? Parang amoy nasusunog”

“ay tipaklong yung niluluto ko!!”

Tumakbo si manang papunta sa kitchen, ako naman tumakbo palabas papunta sa kotse ko at agad nag manheo papuntang presinto.

Pagdating ko sa presinto nadatnan ko agad si Amber na nakaupo sa isang sulok and she’s shaking badly. Punit-punit ang damit and pinipilit takpan ang sarili niya. Agad ko siyang nilapitan

“Amber, are you alright?!”

“R-ren ” bigla siyang humagulgol ng iyak.

Ibinalabal ko sa kanya ang jacket ko then I hugged her

“shhh don’t cry. Ligtas ka na”

Inilabas ko na agad si Amber sa presinto then ipinasok ko siya agad sa kotse habang inaalalayan.

“Ren, sorry ikaw ang pinatawag ko. Wala na kasi akong maisip na ibang tao. Ayokong istorobhin si Jiro at ayoko naman na magaalala saakin si daddy. Sorry ah ”

“ano ka ba naman! Muntikan ka ng ma-rape nagagawa mo pang humingi ng sorry saakin! ayos lang yun ano ka ba!”

“s-salamat ”

“ayos ka lang ba? Gusto mo bang pumunta sa ospital? Or gusto mong kumain?”

“n-no”

“s-sige, ihahatid na kita sa inyo”

“Ren, pwede bang wag muna tayo umuwi? G-gusto ko muna magpahangin ”

“s-sige, gusto mong pumunta sa park?”

She nodded.

Dumaan muna ko sa isang department store para mabilhan siya ng blouse. Nung makapagpalit na siya tsaka naman kami dumiretso sa park.

Lumabas siya ng kotse ko then sumampa siya sa harap ng car at dun naupo. Tinabihan ko naman siya.

“Ren, paano kung papakawalan ko na si Jiro? Pwede mo narin ba bitawan si Arcie?”

Napatingin ako bigla sa sinabi ni Amber

“h-ha? Anong ibig mong sabihin?”

Huminga siya ng malalim

“you see, may nagawa akong malaking kasalanan kay Jiro at Arcie. Kaya iniiwasan ni Arcie si Jiro is because of me. I told her na na-babankrupt ang Prince Academy and ako lang ang makakatulong, but she need to give up Jiro”

Nagulat ako sa sinabi ni Amber **“nababankrupt ang Prince Academy?! But that’s impossible!!! Sa daming elites na nag-aaral dun paanong nabankrupt?! Totoo ba yun?! May mga pinagkakautangan ba ang family ni Jiro?! Alam ba to ni Jiro?!”**

“everything that I’ve said...is a lie ”

Natigilan ulit ako sa sinabi ni Amber. Hindi ko alam ang irereact ko sa sinabi niya. Hindi ko alam kung dapat akong magalit o hindi, pero isa lang ang nakikita ko habang nakatingin ako sa mga mata niya.

She is also in pain.

And I understand how feels.

“bakit mo nagawa to?” I asked her.

Stupid Ren. Alam ko naman talaga ang dahilan niya.

“mahal ko si Jiro. Hindi ko rin alam bat ko na sikmurang gawin ang mga bagay na yun. Dahil sa sobrang pagmamahal ko sa kanya nakasama saakin. and I know kailangan kong itama ang mga pagkakamali ko” Amber looked at me, teary-eyed “I’m letting Jiro go ”

Huminga ako ng malalim then I look at the stars “kelan mo balak sabihin sa kanila? ”

“as early as tomorrow”

“then, could you do it on the evening? Gusto kong makasama si Arcie maghapon bukas. Gusto ko siyang pasayahin at iparamdam kung gaano ko siya kamahal, for the last time. ”

Amber nod then humiga siya “so this is it then? Kailangan na natin silang bitawan. Ang sakit pala talaga” nakita kong may tumulong luha galing sa mata niya “pero ayos na to” she laughed softly “nakakapraning na kasi ang pagkakaroon ng kontrabida role. Pwede bang maging supporting character naman ako? ang sakit na kasi.”

Napangiti ako sa sinabi niya “at sawa narin ako sa pagiging martyr na bestfriend. This time ako naman ang gagawa ng kwento. And I’ll make sure ako na ang bida doon. Kahit hindi na si Arcie ang leading lady ko. Basta ang gusto ko ay maging masaya.” Humiga ako sa tabi niya “hindi na natin pwedeng ipilit ang sarili natin sa kanila. Kasi pare-pareho lang tayo masasaktan ”

Hindi na sumagot si Amber. Siguro aware siya na pareho naming gustong manahimik muna.

Alam kong darating at darating ang araw na kailangan ko na talagang tuluyang bitawan si Arcie. Inihanda ko na ang sarili ko sa mangyayari pero masakit parin pala talaga.

Alam ko na ngayon kung bakit hindi ko mabitaw-bitawan si Arcie. Siguro dahil hinihintay ko si Amber na bumitaw para alam kong magiging masaya na si Arcie at Jiro.

Pero right now alam kong pareho kaming nasasaktan ngayon ni Amber.

She made a tough decision, pero hindi siya nagkamali. Hindi ko magawang magalit sa kanya dahil aaminin ko, muntik ko narin piliin ang magpaka selfish para lang maging kami ni Arcie. Buti na lang at may mga taong pumigil saakin.

Pero natutuwa ako dahil natauhan si Amber na mali ang ginawa niya. Mabigat ang consequences sa ginawa niya. But still I admire her kasi handa siyang harapin yun. *Ang lakas ng loob niya.*

Sana ako din.

May tumulong luha galing sa mata ko. After tomorrow, kailangan ko ng bitawan si Arcie. Alam ko sa gagawin ko kailangan ko narin hanapin ang kaligayahan ko.

But right now gusto ko din magluksa sa nararamdaman ko.

Me and Amber both cry silently under the stars and the moon.

Chapter 70
The Last Date

[Ren's POV]

“hello Amber? Kamusta na ang pakiramdam mo?”

“I'm fine. Salamat kagabi Ren. Susunduin mo na ba si Arcie?”

“yes. Nandito na nga ako sa tapat ng bahay nila”

“ok, then have fun”

“salamat”

“Ren”

“hmm?”

“k-kaya natin to”

Napangiti ako sa sinabi niya

“tama, kaya natin to! ”

She hangs up the phone. Napagkasunduan namin ni Amber na sabihin na ngayong araw ang lahat kay Jiro at Arcie. Pero syempre humiling ako ng onting oras na makasama si Arcie. Para sa huling pagkakataon mapasaya ko siya.

Nakita ko si Arcie na tumatakbo palabas ng bahay nila habang papalapit saakin **“Ren! sorry naghintay ka ba ng matagal?”**

“hindi naman. So let's go?”

“tara excited na ko mag beach ulit! ”

Sumakay na kami sa car then direktso na agad sa beach na madalas naming puntahan dalawa.

As usual pagkadating doon dumiretso na agad siya sa tabing dagat at nag tampisaw na parang bata. Ako naman isa-isa kong inilagay yung mga gamit namin dun sa cottage.

“Labanos halika na! wag ka ng mag aayos pa diyan! Sulong na sa tubig”

Tumakbo naman ako papunta kay Arcie at nakipag basaanan sa kanya. After naming magbasaanan tinry naman naming mag banana boat. Nakakatawa nga dahil takot na takot si Arcie kada tutumba yung boat eh.

Nung nagutom na kami pareho kami dumiretso sa isang seafood restaurant malapit sa beach.

“binbo treat ko to. Alam ko namang binbo ka eh! ” I told her

“sige. Tandaan mo pag ako yumaman ikaw naman ang i-te-treat ko!”

“sabi mo yan ha? So order ka na. Ano ba gusto mo?”

“madami-dami akong oorderin! Patay ka ngayon saakin, gagawin kitang binbo! ”

Tinotoo naman niya ang pag oorder ng madami. May crab, may bangus, may sinigang na hipon, may pusit pa!

Matapos kaming kumain, pareho kaming busog na busog dalawa. Karamihan pa nga eh hindi namin nakain yung mga inorder niya kaya pinabalot na lang niya at iuuwi na lang daw niya sa family niya.

Dahil sa sobrang kabusugan pareho kaming nakatulog ni Arcie sa cottage. Mga bandang hapon nung nagising kami, balik ulit kami sa dagat para mag swimming.

“binbo ano ba yan! Ang negra mo na oh tignan mo! ”

Itinapat ko yung braso ko kay Arcie para tignan kung sino ang mas maitim saaming dalawa.

“eh ang daya daya mo naman kasi eh! Napaka labanos mo! Bat di ka nangingitim? Namumula ka lang! ano bang secret mo ha?”

“sadyang bestfriend ko lang yung araw! ” I laugh

“ah best friend ha” sinabuyan ako ng sinabuyan ni Arcie ng tubig

“ah ganyan pala ang gusto mo ha?” syempre ginantihan ko siya.

Habang nag sasabuyan kami ng tubig, tawa ng tawa si Arcie. Sobrang tagal na panahon ko ng naririnig ang tawa ni Arcie pero ngayon ko lang narealize kung gaano pala kasarap sa pandinig ang mga tawa niya. Para bang pag tumatawa siya, ang saya-saya ko narin. Alam ko after this

day ang taong pinaka makakapagpaligaya na kay Arcie is Jiro but still I'm very happy kasi nakikita kong masaya siya ngayon. Kahit papaano napatunayan kong kaya kong alisin ang pain sa puso niya, kahit panandalian lang.

I grab Arcie's waist then I kissed her forehead.

"R-ren"

"thank you gift lang binbo dahil sinamahan mo ako ngayon dito "

"a-ano ka ba naman! Eh lagi naman tayo nag pupunta dito di ba?"

"baka kasi hindi na ulit tayo makapunta dito ng tayong dalawa lang "

"ha? What do you mean?"

Instead of answering her question, hinila ko na lang siya bigla **"tara binbo! Let's go fishing! Palakihan ng isdang mahuhuli ha?"**

Pumunta kami sa part ng beach ni Arcie kung saan pwedeng mamingwit ng isda.

"labanos tignan mo oh ang laki ng nahuli kong isda! Mas malaki pa kesa sa nahuli mo! "

Tinignan ko yung nahuli ni Arcie at yung nahuli ko **"oo nga no! ang daya mo!!"**

"best friends lang kami ng mga isda! "

Ang daya ng binbo na to! Mas malaking fishda ang kakainin niya kesa saakin =____=

"Tara ipaihaw na natin to"

Pinaihaw namin yung isdang nahuli namin tapos kinain. Nung matapos kaming kumain naupo kami sa may sea shore para panuorin ang sunset.

"wow! The best talaga ang sunset sa beach no?" sabi niya saakin habang manghang mangha na nakatingin sa langit

"oo naman. Pero maganda rin manuod ng sunset sa airplane." ...*at mas maganda ka pa sa kahit anong sunset na nakita ko*

"sana makasakay din ako ng airplane"

“oo naman binbo, kasi makakarating ka sa iba’t ibang bansa dahil magiging super successful ka sa kung anong carrer man ang gustuhin mo. And sana pag nangyari yun wag mo kong kakalimutan ha? ”

“oo naman! Dahil ikaw lang ang nagiisa kong best friend ”

Napangiti ako. Masaya na ko dahil best friend mo ko Arcie. Sobrang saya ko na kahit sa pagiging bestfriend ko, napapasaya kita “binbo pwede ba akong mag request?”

“ha? Ano yun?”

“c-can I hug you? ”

Walang sinabi si Arcie pero bigla na lang niya ako niyakap “Ren, may problema ba? Bat ka nagpapaalam na ihug mo ko samantalang alam mong pwedeng pwede mo namang gawin yun ”

Kasi simula sa araw na ito, pinakakawalan na kita

“wala lang. Arcie, tandaan mo tong sasabihin ko sayo, gusto kitang maging masaya. Kahit ano ang kapalit basta maging masaya ka lang. M-mahal kita Arcie”

“bakit? Masaya naman ako ngayon ha! Bakit mo ba sinasabi ang mga bagay na to?”

“no. I don’t think so. Alam kong may kulang pa sa buhay mo ngayon at hindi ka magiging masaya hangga’t hindi mo nakukuha yung kulang na yun”

Humiwalay siya sa pagkakayakap niya saakin “if you’re talking about Jiro, please stop ”

“Arcie,” I held her hand “may kailangan tayong puntahan”

“ha?”

“please come with me”

Naglakad kami ni Arcie papunta doon sa restaurant kung saan ko siya dinala dati. *Yung restaurant kung saan dapat ako unang magtatapat sa kanya.*

Habang naglalakad kami papunta doon, hindi ko binibitawan ang mga kamay ni Arcie. Sinusulit ko na ang mga huling sandaling hawak ko ang kamay niya. Dahil mamaya, iaabot ko na ang mga kamay na to kay Jiro.

Nung nakarating na kami sa restaurant, mukhang naka set na ang lahat. Ni-reserve namin ang restaurant na to ni Amber para kay Jiro at Arcie.

Dinala ko si Arcie sa may balcony kung saan tanaw niya yung dagat.

“Ren? bat tayo nandito?”

“Arcie, natatandaan mo ba yung nag punta tayo dati dito?”

“oo naman. Paano ko makakakilumtan yun eh umiyak ka nun dahil sabi mo namatay yung pet mo ”

Natawa naman ako sa sinabi niya. Oo nga pala ayun ang unang pumasok sa isip ko nung mga panahon na yun para idahilan kay Arcie kung bakit ako umiiyak “**actually the real reason kung bakit ako umiyak nun is nalaman ko kung gaano ako ka-tanga nung mga panahon na yun. Mahal na pala ako ng babaeng pinaka mamahal ko hindi ko pa nagawang magtapat agad. Ayan tuloy, nagmahal siya ng iba.**”

“Ren..”

“pero dito rin sa lugar na to nakaya kong pakawalan ka para maging masaya ka.” Hinawakan ko ulit ang mga kamay ni Arcie “**kaya dito ulit kita bibitawan at ibibigay sa taong alam kong makapagpapasaya saiyo**”

Nakita kong naconfuse na siya sa sinasabi ko “Ren, ano bang ibig mong sabihin?”

“Ren”

Pareho kaming napalingon ni Arcie sa may pintuan ng balcony. Nakatayo doon si Amber at si Jiro. Hawak din ni Amber ang kamay ni Jiro.

The time has come.

[Arcie’s POV]

Nung makita ko si Amber at Jiro na magkasama, parang kumirot nanaman ang puso ko. Amber is holding Jiro’s hand.

Siguro nagkabalikan na sila.

Nakita kong nginitian ni Amber si Ren. Ren smiled back at him. Kami naman ni Jiro gulat na gulat sa mga nangyayari.

Teka, don't tell me set up to? Ano bang balak ni Ren at Amber? Mag double date kami?

Gusto ba nila kaming saktan?

Hinila ako ni Ren papalapit kay Jiro at Amber. Nakita kong ganun din ang ginawa ni Amber kay Jiro.

“t-teka ano to?”

Ren stretched my arms. Ganun din ang ginawa ni Amber kay Jiro. Tapos pinagdikit nila ang mga palad namin ni Jiro.

Pumiglas ako pero hawak ni Amber at Ren ang mga kamay namin ni Jiro kaya hindi ko mahila.

“a-anong ginagawa niyo?!” sabi ko sa kanila

“I think the time has come for you to be together” sagot naman ni Ren

Tumingin si Amber sa aming dalawa

“Jiro, Arcie, we are letting you go”

Chapter 71
Letting Go

[Arcie's POV]

“Jiro, Arcie, we are letting you go”

Napatingin ako kay Amber nung sinabi niya ito.

What is she talking about? She's letting Jiro go? Paano na ang Prince Academy?

Kumalas ako sa pagkaka-bind nila ng kamay namin ni Jiro.

“hindi ko alam kung anong ibig niyong sabihin. But please itigil niyo na to” tinalikuran ko sila and naglakad palabas ng balcony

“A-arcie I lied to you! ”

Napatigil ako bigla sa sinabi ni Amber **“anong sabi mo?”**

Nilapitan ako ni Amber then she looked at Jiro **“the reason why Arcie drove you away is because of me. Nagsinungaling ako sa kanya na nalulugi na ang Prince Academy and only me can help you ”**

“A-ano?!” Jiro told her in disbelief

“Shut it Amber! Anong nagsisinungaling?! You even send me a picture of a document, pati narin ang picture ng lola ni Jiro na may sakit ” I told her.

“What document? Alam kong may sakit ang lola ko, pero ang sinasabi niyong document? At anong nalulugi ang Prince Academy?” gulong gulong tanong naman ni Jiro

“That document was supposed to be the proof that the school was in debt. Pero peke lang ang lahat ng yun. Hindi talaga nalulugi ang Prince Academy. Gawa-gawa ko lang ang lahat ”

Hindi ako makapaniwala sa naririnig ko. Naramdaman kong nanginig ako, hindi ko alam kung sa galit o sa kung ano. Nilapitan ko si Amber at hinawakan ko siya sa magkabilang braso.

“b-bat mo nagawa yun Amber! Bat mo nagawa mo yun?! I trusted you” I shake her badly. Bigla namang lumapit si Jiro at Ren saakin para ilayo ako kay Amber.

“I’m sorry Arcie, I’m sorry ” nakita kong bumagsak ang mga luha sa mata niya. Bigla narin akong naiyak.

“Amber, bat nagawa mo kaming saktan ni Jiro? Ang akala ko mabuti kang tao, pero bat mo nagawa yun?”

“I’m sorry. I’m really sorry. Mahal na mahal ko lang si Jiro kaya ko nagawa yun eh. Hindi ko siya kayang mawala. Pero ngayon itinatama ko na ang mga mali ko. Mas masakit pala kung pipilitin mo ang mahal mong mag stay sa tabi mo kahit alam mong hindi siya magiging masaya. Arcie, I’m really sorry”

Hindi ako nagsalita. Naiintindihan ko naman talaga si Amber eh. In the first place nasaktan din namin siya.

Pero di ko makuhang hindi mainis.

“Arcie, Jiro please forgive Amber. Nakita naman niya ang mali niya eh at nandito siya ngayon para itama to. Patawarin niyo na sana siya” sabi ni Ren saamin

“R-ren ”

Lumapit si Jiro kay Amber **“I cannot get mad at you dahil alam ko mas nasaktan kita sa ginawa ko. I’m sorry din Amber. And thank you for letting me go”**

“J-jiro, salamat ”

“Arcie?” sabi ni Ren saakin

Lumapit din ako kay Amber and without saying a word, niyakap ko siya.

Narinig kong bigla na lang siyang humagulgol ng iyak **“Thank you Arcie, thank you ”**

Nagiyakan kaming dalawa ni Amber habang magkayakap. Alam kong hindi parin naalis ang sakit na dinulot niya saakin but there’s no point of getting mad. Tama naman talaga si Ren eh, itinama na ni Amber ang mga pagkakamali niya, and alam ko napakahirap na desisyon ang ginawa niya, ang ginawa nila ni Ren.

Maya-maya lang tinapik ni Ren ang braso ni Amber kaya humiwalay siya sa pagkakayakap niya saakin

“we need to go ” Ren offered his hand to Amber, then Amber took it.

“you two, magusap kayo ha” Amber told us

Lumabas na silang dalawa sa balcony at naiwan na lang kami ni Jiro dun.

Nagkatinginan kaming dalawa at sabay din naming iniwas ang mga tingin namin sa isa’t isa.

Awkward.

Eto na Arcie, ok na ang lahat, nagkalinawan na. Pero naspeechless ako. Nahihya ako sa lahat ng sinabi ko kay Jiro pati narin sa ginawa ko. Hindi ko siya masisisi kung galit siya saakin ngayon. Pero hindi ko talaga alam ang sasabihin ko sa kanya ngayon.

"Arcie/Jiro" sabay na sabi namin

"ikaw muna" sabay ulit namin sinabi

"errr ikaw na una" I told him

"uhmm ladies first?"

Naku naman Jiro, sana hindi ka na lang gentleman no? =_____ =

“uhmm J-jiro, I’m sorry sa lahat ng nasabi ko sayo nun. I know galit ka saakin and hindi kita masisisi ”

He smiled at me “Arcie, hindi ako galit sayo and hindi ko rin magagawang magalit sayo. Mahal kita. Atsaka ok lang yun, alam ko namang hindi totoo yun eh ”

“s-so ganito pala ang naramdaman mo dati when you tried protecting me from pain. Mas masakit pala. I’m sorry Jiro ”

“sorry din Arcie, sorry sa mga nagawa ko sayo dati. Hanggang ngayon pinagsisisihan ko yun. ”

I smiled at him “pero narealize ko na mahal mo pala talaga ako. Kahit gaano kita ipagtabuyan hindi mo ko iniwan, maraming salamat Jiro”

“I should also be thankful sa ginawa ni Amber”

“ha?”

“kung hindi niya ginawa yun hindi ko rin malalaman na ganito pala ang pagmamahal mo saakin. Napaka selfless. Iniisip mo ako bago ang sarili mo. Thank you Arcie” lumapit saakin si Jiro then he hugged me “akala ko hindi na kita mayayakap ulit ”

I hugged Jiro back and naramdaman kong tumutulo na naman ang luha sa mata ko. “I’m happy Jiro. I’m so happy ”

He wiped my tears "I'm also happy Arcie. Eversince na nakilala kita, naging masaya ulit ang buhay ko"

"ako naman ever since nakilala kita naging iykain na ko!" sabi ko sa kanya na may halong biro habang patuloy parin ako sa pagiyak.

He chuckled "di bale, next time na tutulo ang luha sa mata mo, I'll make sure na it's because of happiness " Jiro held my hand “I love you Arcie”

“I love you too” humiwalay si Jiro sa pagkakayakap niya saakin then he kissed my forehead

“wait, ano na ba ang status natin? Tayo na ba?” tanong ko sa kanya

“hmmm let’s see” umakto naman siya na parang nag iisip “siguro hind muna ”

“HA?! Bakit? ” bigla akong nalungkot sa sagot niya.

Napagod na ba siya sa lahat ng nangyari?

“I want to court you ”

“Ha? P-pero hindi na naman kailangan yun eh”

Ok, sige, ako na! ako na ang excited maging boyfriend ni Jiro. Paano ba namang hindi? Masyado na kaming madaming pinagdaanan. Bakit kailangan niya pa akong ligawan?

Mamaya niyan may kabuteng alien na naman na susulpot para agawin siya saakin! = _____ =

“kailangan yun my dear” he kissed the tip of my nose “dahil madami pa akong dapat patunayan at gawin bago maging tayo. Hindi ko pa tapos na patunayan kung gaano kita kamahal di ba?”

"p-pero napatunayan mo na!!" = _____ =

"hindi parin ako tapos manligaw sayo"

"sinasagot na kita"

"madami pa akong dapat patunayan."

"patunayan mo na lang yan pag tayo na" = _____ =

"Arcie, excited ka ba talagang maging tayo?" natatawa tawa niyang tanong sakin

" " hindi ba obvious?!?!?!?!"

Natawa siya ulit then he hugged "Everything has a right time, kung magiging tayo man, paghahandaan ko ang araw na yun. Please Arcie, hayaan mo muna kong patunayan sa buong mundo na deserving ako sa pagmamahal mo. Madami parin ang maka Ren-Arcie loveteam you know."

Natawa naman ako kay Jiro

Hay ano pa nga ba ang magagawa ko? Basta alam ko kahit anong mangyari hindi ko na bibitawan si Jiro at hindi niya na ako bibitawan. Pareho naming mahal ang isa't isa.

At yun ang pinanghahawakan ko ngayon.

Chapter 72 *Keep Believing*

[Amber's POV]

*Letting go is not an easy task
When smiling feels like I must wear this lonely mask
It hurts deep inside, but I just cannot hide
That there's anguish at the thought that we should have to part.*

*If loving you is all that means to me
When being happy is all I hope you'd be
Then loving you must mean I really have to set you free..*

“ma’am, nandito na po tayo”

I removed the headset on my ears then bumaba ako sa car namin. Simula kasi nung muntikan na akong ma-rape medyo nagka phobia na akong umalis ng magisa at walang sasakyan.

Nag lakad ako papasok sa Prince Academy. Kung iisipin late na ko para sa first class namin. 8am ang pasok namin and it's already 9:30 in the morning. But instead na sa classroom ako dumiretso, pumunta ako sa principal's office.

I knocked three times bago ko inopen yung door. Nakita ko si Ms. Jennica sa may desk niya and busy na may binabasang mga documents.

“you are quite late for your first class Amber” she looked at me “and you are not wearing your proper uniform”

Naka civilian kasi ako at hindi naka uniform.

Lumapit ako kay Ms. Jennica and may inilagay na letter envelope sa desk niya.

“thank you for accepting me in this school for a short period of time” I told her

“Kung drop-out form yan hindi ko tatanggapin. You only have 2 months left before graduation, bat hindi ka na lang maghintay?”

“malapit narin po kasi akong bumalik ng England and besides, advance po ang mga subjects ko dun and pwede na akong mag college. Kaya po sana payagan niyo na po ako”

Tumayo si Ms. Jennica then nilapitan niya ako **“are you really sure you want to do this Amber?”**

“yes Ma’am. And besides kailangan ko din dumistansya dahil oras na para mag move on ako. And the more na nakikita ko si Jiro, the more na mahihirapan ako mag move-on. Kaya po please payagan niyo na po ako. ”

She smiled at me **“I understand Amber. I’m so happy to see you growing up such a lovely lady ”**nabigla naman ako kasi bigla niya akong niyakap **“thank you for loving my brother, and for letting him go”**

I hugged her back **“can I still call you Ate Jennica?”**

Humiwalay naman siya sa pagkakayakap sakin then she touched my face **“of course you can dear! Minsan ka na ring napamahal sa pamilya namin and kahit na wala na kayo ni Jiro, hindi ka namin makaklimutan ”**

“thank you Ate Jennica ”

Nagkwentuhan lang kami saglit ni ma’am Jennica then after nun nagpaalam na ko na kailangan ko ng umalis.

“hindi ka muna ba magpapaalam sa kanila?”

“hindi na muna po siguro. And besides makaka-attend pa naman ako sa graduation nila. Baka dun na lang po ako magpaalam.”

“ok then ingat ka Amber” she hugged me again

“salamat po, kayo din po”

Sumakay na ulit ako sa kotse then dumaan muna kami sa isang restaurant para kumain. Medyo matagal akong nag stay sa restaurant kaya naman pinauna ko nang umuwi yung driver ni daddy kasi nakakahiya naman sa kanya. Binigyan ko na lang siya ng pamasahe. Tsaka sa totoo lang gusto ko rin munang mapag-isa at mag isip-isip.

Aaminin ko nasasaktan ako sa naging desisyon ko. Parang may nagsasabi parin na dapat lumaban ako, pero alam kong tapos na ang lahat. Hindi ko masasabing natalo ako, dahil alam ko ang desisyon kong palayain si Jiro, ay parang nag desisyon narin ako na maging masaya. Siguro kung hindi ko siya palalayain pareho lang kaming dalawa na mahihirapan.

Oo masakit talaga na kailangan kong pakawalan ang isang tao sa panahong mahal na mahal ko siya. Pero mas ok na to. Siguro hindi talaga si Jiro ang para saakin. Baka may mas higit pang dadating. Sabi nga ni Paulo Coelho sa isa sa mga libro niya:

“My heart might be bruised, but it will recover and see the beauty of life once more. It happened before, it will happen again I’m sure. When someone else leave, it’s because someone else is about to arrive. I’ll find love again”

Maybe I should believe on this quote. Alam ko may dadating ulit para pasayahin ako, at saktan. Pero hindi parin ako mapapagod magmahal. Dahil naniniwala ako na may lalaki akong mamahalin na tatanggapin ako ng buong buo at makakasama ko ng pang habang buhay.

And I'll patiently wait for that guy.

Mga 3pm na ng maisipan kong umalis sa restaurant. Bumalik na ako sa kotse ko pero hindi para umuwi. May gusto kasi akong lugar na puntahan na hindi ko pa nagawang puntahan simula nung nakabalik ako dito dahil sa dami ng nangyari. Isang lugar na napakahalaga saakin dati bago ako umalis ng Pilipinas, *ang dati kong school*.

Nung makarating ako sa school ko dati, nagulat naman ako kasi halos wala parin siyang pinagbago. Bagong pintura lang ang school buildings pero ganun parin siya, hindi parin kalakihan hindi tulad ng Prince Academy.

Bago kami mag migrate sa England, dito ako nag aaral nun. Private school din siya pero hindi kasing mahal tulad ng Prince Academy. Mga tipong kaya na ng mga commoners na makapasok sa school na to. Maliit lang siya at onti lang ang estudyante. Pero maganda ang academics dito at isa pa mababait ang mga tao. May mga mangilan ngilan ding spoiled brat, pero karamihan napaka friendly. Ang mga babae dito hindi kasing hinhin ng mga babae sa Prince Academy. Tumatawa sila ng malalakas, umuupo sa sahig, minsan humihiga pa nga eh. Pero mga tunay silang kaibigan. Ang mga lalaki dito mga basagulero at ang iingay. Grabe mag jokes, minsan below the belt. Pero kahit ganyan sila, mga gentleman yang mga yan.

Naalala ko dati na hirap na hirap kong mapapayag sina daddy na dito ako mag aral ng highschool. Gusto sana nila na sa Prince Academy din ako ipasok. Pero ako, gusto ko lang ng simpleng highschool life. Yung hindi ko kailangan makipag sosyalan sa mga tao. At magkaroon ng mga kaibigan na kaya akong tanggapin may pera man ako o wala. At hindi nga ako nagkamali, nahanap ko yun dito.

Kaya nga nagtataka ako sa sarili ko kung paano ko piniling sa Prince Academy pumasok nung bumalik ako dito sa Pilipinas.

Pumasok ako sa loob ng gate. Ni hindi na nga ako sinita ng guard nun kasi kilala naman niya ako. Nakita kong pauwi na yung ibang mga estudyante. Dismissal time na kasi. Una akong dumaan dun sa classroom ko dati. May mga estudyante pa dun kaya nahiya naman akong pumasok kaya dumaan na lang ako sa my gymnasium dahil alam ko nandun ngayon ang taekwondo club. Member kasi ako dati dun eh at talagang napalapit ako sa mga team mates ko.

Hindi naman ako nagkamali dahil nandun nga sila at nag p-practice. May mga new members sila pero halos lahat kakilala ko parin. Nakita ko naman na gumagawa ng mga drills ang isa sa malalapit kong kaibigan, si Naomi. Nagulat nga ako ng makita ko na black belter na pala siya.

Napansin naman ako ni Naomi na nakasilip sa kanila kaya bigla siyang huminto sa pag sisipa at tumakbo papunta saakin.

“AMBER?! Oh my gosh Amber ikaw ba yan?!” bigla bigla na lang tumalon sa harap ko at niyakap ako **“Nabuhay ka! Na-miss kita grabe!!”** sabi niya habang nagtatalon

Wala parin talagang pinagbago ang babaeng to. Kaya grabe ko siyang namiss eh.

“na-miss din kita Naomi. Malapit ka ng grumaduate ah! Goodluck sa college. And congrats black belter ka na!”

“salamat! Naku ikaw kasi dapat sabay tayo magiging black belter kaso iniwan mo ko”

Bigla namang nagsilapitan pa ang iba naming team mates na kakilala ko and isa isa nila akong niyakap. Sobrang saya ko naman nung makita ko ulit sila. For a long period of time nakalimutan ko ang sarap ng pagkakaroon ng kaibigan. Masyado akong nagpaka depress at nagpaka anti-social. Masyado kong finocus ang sarili ko kay Jiro. Nakalimutan ko na may iba pa palang bagay na nakakapagpasaya saakin.

I'm glad dumalaw ako sa dati kong school.

Nagkwentuhan lang kami ng nagkwentuhan dun. May mga teachers din na malapit saakin ang nakisali sa kwentuhan. Grabe ang dami din pala nangyari sa buhay nila. Masyado akong madaming na-miss. Natutuwa naman ako na makita ulit sila.

Nung medyo dumidilim na, nagsiuwian narin sila. Hindi na nga sila nakapag practice dahil saakin eh.

“tara Amber, sabay na tayo!” yaya saakin ni Naomi

“sige Naomi una na kayo, may kailangan pa rin akong daanan”

“sure ka ha? Teka dadalaw ka ba ulit? Sige na! kain tayo sa Mcdo bukas kasama ng buong team, please”

I smiled at her **“sure ”**

“sabi mo yan ha! Tsaka papakilala din kita sa best friend kong si Kryzel! Ingat ka Amber”

“ingat ka din Naomi” she waved at me tapos umalis na din siya.

Nung makaalis sila, pumunta ako sa locker room ng gym and naupo sa couch sa tabi ng bintana.

Dito nagsimula ang lahat. Naalala ko pa ang mga panahon na yun. Second year palang ako. Intrams ng school namin and may mga inimitahan silang mga school para maglaro.

Isa doon ang Prince Academy.

Tapos na ang match namin nun sa taekwondo. Nag volunteer ako nun na mag medics total wala na naman akong gagawin. Nasa open field ako ng mga panahong yun habang nanunuod ng volleyball tournament ng may biglang tumawag saakin.

[flashback..]

“Hello Amber? Pwede ka bang pumunta sa gym locker room? May na-injured kasi eh”

“oh ok. teka bakit hindi na lang siya i-deretso sa clinic?”

“matigas ang ulo eh. Gusto pang mag laro”

Dala ang first aid kit ko, dumiretso ako sa locker room and nakita ko may isang lalaking nakaupo sa couch sa may bintana habang naka-taas ang kanang paa.

Agad naman akong lumapit sa kanya at ibinaba ang gamit ko sa sahig at ipinatong ang cellphone ko katabi ng bag at cellphone niya.

Hahawakan ko sana yung right foot niya para icheck ng bigla naman niyang tabingin ang kamay ko.

“walang injured yan kaya wag mo ng tignan. Mabuti pa sabihin mo na sakanila na nasa wastong kundisyon na ko para maglaro” seryosong seryoso ang mukha niya nun habang sinasabi niya saakin.

Hindi ko siya pinansin at agad ko na lang tinignan yung paa niya

“ano ba?! ” sigaw nia saakin

Tinabing niya ulit ang kamay ko but it's too late kasi nakita ko na yung paa niya

“ayan ba ang nasa wastong kundisyon?! Eh namamaga nga ang paa mo eh!” sabi ko sa kanya

Hindi niya ako pinansin. Umayos siya ng upo at nag akmang isusuot na yung sapatos niya“babalik na ko sa gym”

“sige bumalik ka! Maglaro ka ulit! Pero wag kang madedepress pag sinabi sayo ng doctor na hindi ka na ulit makakapag laro. Goodluck sa paa mo. Wag ka sanang malumpo”

Dahil sa wala ako masyadong pasensya sa makukulit na tao, tumayo na ako nun at inayos ang mga gamit ko. Siya naman bumalik ulit sa couch at tinaas ang right foot niya “uhmm, pwede mo bang tignan ang paa ko? ” sabi niya saakin

Napatingin ako sa kanya and this time naka smile na siya. Nagulat naman ako dahil ang gwapo gwapo pala niya pag nakangiti. Sobrang ganda ng ngiting yun, yung tipong pag nakita mo napapangiti ka rin.

I smiled back and tinignan ko yung injured foot niya. Nung matapos kong gamutin tumayo na ko at kinuha ang gamit at cellphone ko.

[end of flash back]

Nung araw na makita ko si Jiro para bang hinanap-hanap ko na ulit ang ngiti niya. Hindi ko maipaliwanag pero parang ang saya-saya ko nun. Nag wish pa nga ako na sana pumunta ulit siya kinabukasan sa school namin kahit wala na siyang laban nun. Hindi ko kasi naitanong sa kanya ang pangalan niya.

Pero nung gabi lang nun nagulat na lang ako na ibang cellphone na ang hawak ko. Kapareho ng unit at casing nung saakin pero ibang cellphone. Nagkamali pala ako ng kuha ng cellphone nun. Imbis yung saakin ang madampot ko, yung sakanya ang nakuha ko. That night tinawagan niya ang cellphone niya na nasa akin gamit ang cellphone ko na nasa kanya. Dapat i-se-set lang namin ang araw kung saan kami magkikita para maisoli ang cellphone ng isa't isa pero tumagal ang paguusap namin ng mga apat na oras. Nung araw naman na nagkita kami, nagyaya siya na gumala kami sa mall. Dun kami naging malapit sa isa't isa. Lagi narin kami nagtatawagan palagi. Nagkwe-kwentuhan sa mga kung anu-anong bagay. Isang araw naramdaman ko na lang na mahal ko na siya. At ganun din siya saakin.

Bigla namang tumulo ang luha ko. Parang kelan lang kasi yung mga nangyaring yun. Ngayon iba na ang babaeng nasa puso niya.

Pero kahit ganun masaya narin ako. At least nagkaroon ako ng chance na makilala at mahalina ng isang Jiro Festin.

Tumayo na ako sa kinauupuan ko at bumalik na sa kotse ko. Pero ewan ko ba imbis na umuwi ako may isang lugar pa akong dinaanan.

Ang bahay ni Ren.

Hindi ko kasi alam kung ano ng nangyayari sa taong yun. Baka mamaya nagpapakamatay na yun.

Nag door bell ako sa bahay nila and agad naman ako pinag buksan ng door ng isang girl na maganda at kamukha din ni Ren. mukhang sister niya ata. Pinaakyat naman niya ako sa kwarto ni Ren. I saw the door slightly open kaya hindi na ako kumatok at nag dire-diretso ng pasok. Nagulat naman ako ng makita kong ang daming bote ng beer sa harap niya. Pero mukhang hindi pa niya naiinom dahil isa pa lang ang nakabukas.

Nilapitan ko naman siya agad at inagaw yung bote sa kamay niya **“bat ka umiinom?! You’re still a minor! Are you allowed to drink?!”**

“what the heck are you doing here?!” bigla niyang inagaw yung bote sa kamay ko **“tsaka wag ka nga makielam! Kung gusto kong uminom eh!”**

“plano mong inumin lahat ng to?!”

“oo bakit?! Ano bang problema mo ha! Wag ka nga makielam!!”

“nahihibang ka na ba ha?! Gusto mo bang magpakamatay?!”

“OO SANA MAMATAY NA LANG AKO!” nagulat ako nung bigla siyang sumigaw **“sana mamatay na lang ako.. hindi ko alam ganito pala kasakit yun.. sobrang sakit ”**

Natigilan ako sa sinabi niya. Nakita kong nasasaktan siya ngayon but instead na awa ang maramdaman ko, hindi ko alam, parang gusto ko siyang sapukin ngayon!

“EH LOKO KA PALA EH!! Sino bang nag advice advice saakin na kailangan magparaya at bumitiw?! Di ba ikaw?! Habang ako pinipilit kong pasayahin ang sarili ko ikaw naman nagpapakalasing dito?! Baliw ka ba ha!! Eh nakita mo na nga masaya ang mahal mo ano pa pinanghihimutok mo diyan?! Akala mo ba ikaw lang ang nasasaktan?”

Bigla kong inagaw sa kanya yung bote ng beer at ininom to ng dire-diretso hanggang sa mapakalahati ko ang bote.

“w-wait, what are you doing?” tanong niya saakin

“ako din naman nasasaktan eh!! Mahal ko si Jiro pero kailangan natin sila palayain. Wala tayong karapatang mag mukmok alam mo ba yun?! Nangako tayo sa isa't isa na after natin silang palayain, kailangan na natin maging masaya!!! Pero ano tong ginagawa mo ha?! emo- emohan?! Gusto mo bang mapraning ha?! Ayan nakakainis ka! Naiiyak na naman tuloy ako!” naramdaman kong tumutulo na naman ang mga bwisit na luha sa mata ko. Ininom ko ulit ng isa pang inuman yung beer hanggang sa maubos ko.

“h-hey! Wag ka nga uminom! Hindi ka naman ata marunong uminom eh”

“eh bat ka ba nangingielam?! Gusto kong uminom eh! Kanina pinipigilan kita ayaw mo papigil! Ngayon sige uminom ka diyan iinom din ako!! ” nag ngangawa pa ko ng nag ngangawa ng iyak dun habang binubuksan ko pa ang isang bote ng beer

“hey stop that!” inagaw niya saakin yung beer **“sige na sorry na, mali ang sinabi ko. Tsaka hindi na ako iinom promise. Sorry na”**

Humagulgol ako ng iyak **“ngayon ka pa nag sorry kung kelan naipaalala mo na naman saakin kung gaano kasakit?! Nakakayamot ka eh! Bat ba ko pumunta dito! Sana hinayaan na lang kitang mag suicide dito sa paglalasing! Waaaaaaaahh ”**

“A-amber please don’t cry” nakita kong natataranta na siya saakin pero wala akong paki. Tuloy parin ako sa pag iyak **“ah wait, dyan ka lang ha. May kukunin lang ako”** umalis siya sa tabi ko habang ako naman patuloy parin sa pag ngawa.

Bumalik siya sa tabi ko na may dalang gitara. **“uhmm Amber wag ka na umiyak please. Kakantahan na lang kita”** he started strumming the guitar.

**“When I look into your sad eyes
It makes me feel for you”**

Napatigil ako sa pag hagulgol though yung mga luha sa mata ko patuloy parin sa pagbagsak.

**“Cause I don't see the light
That was always shining through
Someone broke your heart
And now it's easy to give up
I'm tellin you
It's not the end
It's not the end of love**

**Keep believing, baby
Cause everything happens for a reason
And though tonight tears fill your eyes
Don't stop dreamin' girl
I'll be right here to lean on
You're gonna make it through
I wanna see you”**

Tumigil siya sa pag strum ng guitar then he wiped my tears away

“Keep believing”

Nagkatinginan kaming dalawa. Mabilis ang tibok ng puso ko. Hindi ko alam kung bakit. But still may kakaiba akong nararamdaman

Weird.

After all that had happened, this is the first time I felt my heart lightens up.

A/N: For Naomi's participation in the story. Para po sa mga hindi pa nakakakilala kay Naomi, siya ay isang character sa other story ko na "Break the Cassanova's Heart" Operation. Bakit siya napunta dito sa My Prince?

Una. dahil trip ko lang

at

Pangalawa: di ba obvious? pinopromote ko ang Break the cassanova's heart XD wahahaha

Sa mga hindi pa po nagbabasa ng BTCHO sana po basahin niyo :) pati narin yung isa ko pang story... yung The Other Side .. salamat :)

Chapter 73

6 roses, 6 promises

[Arcie's POV]

Today is our Prom Night.

Actually eto rin ang unang prom na pupuntahan ko. Hindi kasi ako umattend last year kasi alam kong magiging bulaklak lang ako sa pader nun. Wala akong makakasama sa table, at walang sasayaw saakin. Tsaka isa pa alam ko naman nung mga panahon na yun busy si Ren na kumanta sa stage at makipag syaw sa iba't ibang babae. Eh siya lang naman ang taong ka-close ko nun.

Pero ngayon iba na.

May mga kaibigan na akong makakasama sa table. At may minamahal na maisasayaw.

“anak nandiyan na ang mga mag-aayos sayo”

Pinapasok ni mama sa kwarto ko yung mga magaayos saakin from Princess Yanna's boutique.

Eto kasing si Yanna ininsist na dapat sila magaayos saakin. Dahil magtatampo daw talaga siya pag sa ibang parlor ako nagpaayos. Dapat nga pati yung gown na gagamitin ko sagot na niya eh. Kaso sabi ko naman gusto ng parents ko na sila ang bumili para saakin. Minsan lang daw kasi nila akong mabilhan ng mga ganitong bagay. Naintindihan naman ni Yanna kaya pumayag siya. Though sa store kami ni Yanna bumili and binigay niya yung gown half the price. Ganyan daw niya kasi ako ka-love!

Sinimulan na nila akong ayusan. Una ang buhok ko, na itinaas nila, then sunod nilagyan na nila ako ng make-up. Nakakatuwa nga eh kasi kung titignan parang ang simple lang ng pagkaka make-up nila pero parang malaking transformation ang nangyari saakin. Mukha na kong tao!! XD

Nung matapos ang final re-touch ng make-up sa mukha ko, sinuot ko na yung gown na binili saakin nila mama. [see the picture on the side]

“ang ganda talaga ng anak ko! Manang mana saakin” sabi ni Mama saakin

“ma naman eh masyado niyo na ata akong binobola niyan ”

“naku anak hindi kita binobola no totoo naman eh! Tsaka bagay na bagay talaga kayo ni Jiro”

“talaga? Kahit parang langit at lupa ang agwat naming dalawa?”

“anong langit at lupa? Paano naman kayo nagkaroon ng agwat? Eh nasa iisang mundo lang kayo nakatira”

“hmm kasi mayaman siya tapos tayo hindi naman ganun kayaman. Normal na tao lang tayo”

“tapos sila abnormal? ”

“ma!” hay naku nanay ko talaga eh no, minsan ang galing bumanat!

“anak pagdating sa pagmamahal walang status ang tao. Mahirap, average o mayaman lahat ng yan pare-pareho lang marunong masaktan at magmahal. Pare-pareho lang yan na mababaho ang utot.” natawa ako sa sinabi ni mama “Walang bagay at hindi bagay. Basta mahal niyo ang isa’t isa yun ang mahalaga ” she touched my face “I’m happy kasi isang tulad ni Jiro ang nagmahal sayo. Mabait na bata at kitang kita ko na mahal ka niya, pati narin kami. At isa pa gwapo!” natawa na naman ako sa sinabi ni mama “sana sagutin mo na siya ”

“naku ma! Binayaran ba kayo ni Jiro at sinasabi niyo yan? ”

“hindi no! eto namang batang to!”

Oo nga pala, nanliligaw parin saakin ngayon si Jiro. Isang buwan na nga nanliligaw eh. Hindi ko naman siya masagot-sagot kasi hindi naman siya nagtatanong. Di rin ako makakuha ng chance na sagutin siya.

Pero kung tutuusin, sobra siya nag eexert ng effort sa panliligaw saakin. Para na nga siyang namamanhikain eh. At syempre mautak din siya. Biruin niyo inuna niyang ligawan ang mama at papa ko pati kapatid ko? Hatid sunder niya ko palagi sa bahay. Every morning din lagi siyang may surprise saakin. Kung hindi flowers na biglang mahuhulog sa locker ko, teddy bear naman na sumusulpot sa upuan ko. Nagawa niya ring kutsabahin lahat ng mga teachers namin. Pagpasok ko sa teachers office nagulat ako kasi madilim at walang katao-tao. Pagbukas ko ng ilaw ayun nakita ko sila na may hawak ng malaking banner na nakalagay “I love you Arcie”

Ibang klase si Jiro.

Hindi man ako maswerte sa ibang bagay, para naman akong nanalo sa lotto dahil minahal ako ng isang tulad niya.

Biglang bumukas ang pinto ng kwarto ko and nakita ko si papa na nakatayo **“Arcie, sinusundo ka na ng prinsipe mo. ”**

Lumabas na kami ng room ni mama and nakita ko nga sa baba nandun si Jiro naghihintay saakin. Ang kulit nga kasi habang pababa ako ng hagdan, nakatitig saakin si Jiro. Para tuloy akong prinsesa dito.

When I reached the last step of the stairs, he held my hand then sinuotan niya ako ng corsage.

“I promise to bring her home safe and sound at midnight ” he told my parents

“thank you Jiro, take care of our daughter ” my dad told him

“I will sir”

“ingat kayo ha. And enjoy” sabi naman ni mama

“opo. Salamat po. Una na po kami” he looked at me **“let’s go? ”**

Nagpaalam na kami kila mama tapos sumakay na kami sa car papunta sa reception ng prom.

Pagdating dun medyo madami naring tao. Pumasok na kami sa loob and hinanap ang Star Six. Nakita naman namin sila na kumpleto na.

Agad naman akong nilapitan ni Yanna **“oh my gosh Arcie you looked dazzling”**

“syempre creation to ng Princess Yanna” I turned around para ipakita yung gown. **“ikaw din Yanna you looked dazzling, and you too mich ”**

“thanks Arcie!” sabi sakín ni Mich

“naku mukhang sayo ko ipapasa ang crown ko ah ” sabi naman ni Yanna

Si Yanna kasi yung naging Prom Queen last JS Prom and si Ren naman ang prom king. Pero maraming nagsasabi nun na si Jiro daw dapat kaso hindi rin siya umattend nun sa JS last year. Kaya eto pareho kaming first timer.

Hmm pero gwapo rin naman ang labanos ko!

Nagsilapitan naman saamin sina Lance, Ren and Justin na pare-parehong ang gu-gwapo din with their suit. Hindi na ako magtataka kung isa sa mga S6 boys ang maging prom king. At mukhang si Michelle ang prom Queen.

Nung mag start na ang program, pumila naman kami para by pair na maglakad sa middle aisle papunta sa assigned tables namin. Dito kasi tinitignan nung mga judges ang mga students kung sino ang pwedeng maging Prom Queen and King. Syempre, unang pumasok sina Yanna and Ren dahil sila ang nanalo last year. Sumunod naman yung iba pang mga estudyante. Nung kami na ni Jiro ang maglalakad, Jiro offered his arm. I placed my hand around his arm.

“chin up, walk confidently. You are beautiful ” he whispered

I smile then sinunod ko ang sinabi niya hanggang makarating kami sa table namin.

Nung makaupo na lahat ng juniors and seniors, nag opening prayer muna kami then nag bigay ng opening speech si Ms. Jennica. After naman ng opening speech, ang sunod na nagsalita is yung guest speaker namin. Nang matapos yun, nagbigay ng intermission number yung section na nag champion nung dance festival.

After that, inopen na ang buffet table and start na ang kainan. Syempre masarap yung food. Sila Michelle kasi ang nag cater. Halos pumutok na nga saakin yung gown ko kasi ang dami kong nakain.

“o baka mamaya niyan hindi na ikaw ang mag Prom Queen sa sobrang katakawan mo ” pang-aasar saakin ni Jiro

“sus impossible naman na ako yun no! hindi na ko umaasa. Ang gusto ko lang ngayong gabi ay maisayaw ka”

He grinned **“talaga? Eh paano kung ikaw ang naging Prom Queen tapos iba ang naging Prom King? Di ba tradition na sila ang mag start ng dance. Ibig sabihin di ako magiging first dance mo”**

“eh hindi nga ako ang magiging Prom Queen, baka ikaw maging Prom King. Pero ayos narin, basta ba saakin mo ibibigay ang last eh ”

He chuckled **“sayo naman na talaga naka reserve ang last dance ko ”**

“promise yan ha?”

“promise”

Biglang kinalabit ni Justin si Jiro **“Bro, si Ms. Jennica”** may tinuro si Justin and napatingin naman kaming lahat dun sa tinuturo niya. Nakita namin si Ms. Jennica na tinatawag si Jiro. Agad namang lumapit si Jiro.

For a moment para akong biglang kinabahan. May pakiramdam ako na parang may hindi magandang nangyari. Nakita kong may sinasabi si Ms. Jennica kay Jiro though hindi ko alam kung ano yun. Nung humarap ulit si Jiro saamin and nakita ko yung expression ng mukha niya, mas lalo akong kinabahan.

“uhmm guys, kailangan kong umalis. May nangyaring hindi maganda kay lola eh ” Jiro told us with a worried expression on his face

“ha? Bakit ano yun?” tanong naman ni Mich

“hindi ko pa alam. Pero mukhang malala” tumingin saakin si Jiro **“I’m sorry ”**

I held his hand **“I understand ”** I tried my best to smile kahit na medyo nalungkot ako dahil aalis siya.

Tumakbo na paalis si Jiro kasama ng ate niya.

Hay.

Sayang akala ko makakasayaw ko siya ngayon.

“cheer up binbo” napatingin ako kay Ren **“nandito pa naman kami eh ”**

I smile at them **“thanks”**

Alam ko naman na nandito naman ang S6 na kasama ko. Pero iba parin pag nandito si Jiro.

Pero kailangan kong intindihin. Lola niya yun, at mas kailangan siya ng lola niya ngayon kesa saakin.

Nung matapos kaming kumain, biglan nagsalita yung MC sa harap then she announced na sasabihin na yung Prom King and Queen of the night.

Tumayo naman si Ren and Yanna at pumunta sa harap.

“our Prom King of the night” may nag drum roll and pa suspense effect pa bago sabihin kung sino ang Prom King **“Mr. Jiro Festin!”**

Nagpalakpakan naman silang lahat.

Si Jiro? Pero paano yun? Wala siya?

Nakita kong binulungan ni Yanna yung MC **“for some important matters our Prom King is not here”** narinig ko ang malalakas na bulungan ng mga estudyante. Siguro nagtataka sila kung bakit wala si Jiro **“we will proceed to the Prom Queen”**

Natahimik ang lahat and attentive na nakinig ulit sa MC lalo na yung mga babae. Malamang ang daming gustong maging Prom Queen. At mukhang mahirap mamili kasi ang dami talaga sa kanila ang magaganda.

“our prom queen of the night” as usual drum roll at pa suspense effect ulit

“Our Prom queen of the night... Ms. Arcie Morales!”

Halos mahulog ako sa kinauupuan ko nung marinig ko ang pangalan ko. Narinig ko din ang malakas na palakpakan ng mga estudyante.

Teka, baka nagkakamali ako ng dinig? Kasi kung pangalan ko ang binanggit hindi palakpakan ang maririnig ko kundi bulungan at mga protests!

“Arcie, ikaw!!” bulong saakin ni Mich

“h-ha?”

“congrats Arcie! Sabi na ikaw eh” sabi naman ni Lance

“a-ako?”

“yep, you better go in front. Naghihintay silang lahat ” dagdag ni Justin

T-teka, ibig sabihin hindi ako nagkakamali ng dinig?

Pumunta ako sa harap ng may nanginginig na tuhod. Muntikan pa nga akong ma-out of balance dahil sa takong ko. Grabe, paano nangyari ito.

Nung makarating ako sa harap, agad akong niyakap ni Yanna “**sabi na eh ikaw talaga ang magiging Prom Queen** ” isinuot niya saakin yung crown niya. Si Ren naman ikinabit saakin yung sash

“congrats binbo ”

“thanks ”

Grabe hindi ako makapaniwala. Biruin niyo naging prom queen ako? Di ko sukat akalain!

Ang saya sana kaso hindi ko ko katabi ang king ko ngayon.

Alam ko namang importante talaga ang pupuntahan niya and kahit ako medyo nagaalala sa lola niya. Kaya lang hindi ko rin maiwasang hindi malungkot.

Bigla akong nakarinig ng malakas na sigawan ng mga estudyante and the next thing I know patay na ang ilaw sa reception and wala akong makita ni-isa.

Naririnig ko ang bulungan at pag pa-panic ng mga estudyante kaya kinabahan narin ako bigla.

“R-ren?! Yanna?! Nasan kayo?!” sigaw ko

Hindi sila sumasagot. Ano bang meron?! Imposibleng brown out lang to kasi may generator naman yung lugar.

Nagulat ako bigla ng may umilaw na spotlight at tumapat saakin. Bale ako hindi ko nakikita ang nasa paligid ko dahil sobrang dilim pero malamang sila nakikita nila ako dahil nakatapat saakin yung spotlight.

“t-teka, ano to?” panic na tanong ko.

Tokwa ano bang nangyayari? Kasama ba to sa program? Ganito ba par prom queen? Parang di ko ata alam yun! Imposible dahil isa ko sa mga nag organize ng JS Prom! Imposible talaga!

“Arcie,” nagulat ako ng marinig ko ang boses ni Jiro na naggagaling sa isang mic. I tried to look for him pero sobrang dilim talaga hindi ko makita. **“alam ko nagtataka ka ngayon sa nangyayari. But please stay where you are”**

Sinunod ko siya.

“Students of Prince Academy, today is a very special day for me, because in front of all of you, I am going to make a six promises to the girl I love. I want you all to witness this para pag may isa man akong pangakong hindi matupad, madami kayong magpapaalala saakin”

6 promises? Tekang naguguluhan ako sa sinasabi ni Jiro. Bakit siya nandito? He should be with his grandmother!

Para kang sira Arcie, kanina nalulungkot ka na wala siya. Ngayon naman na nandito gusto mong paalisin, ano ba talaga ha?

Narinig ko ulit na nagsalita si Jiro **“Responsibility. Arcie, I promise you that I will be responsible to you sa kahit anong bagay. I will take responsibility sa pagpapasaya sayo, sa pagaalaga sayo at sa pagmamahal sayo. I want you to take this rose as a sign of my promise”**

Bigla ulit may bumukas na spotlight at nakita kong tinatapatan nito si Justin. He is holding a white rose on his hand. Naglakad papalapit saakin si Justin habang sinusundan siya ng spotlight na nakatapat sa kanya. Nung kaharap niya na ako, inabot niya saakin yung white rose then he hugged me.

“kung may ginawang hindi maganda sayo si Jiro just tell me ha. At ipapaalala ko sa kanya ang pinangakong responsibility niya sayo ”

“Justin” humiwalay na siya sa pagkakayakap niya saakin then umalis na siya. Bigla naman namatay yung spotlight niya kaya hindi ko nakita kung saan siya nagpunta.

Bigla ulit nagsalita si Jiro **“Time. They say time is one of the most important things you can give to a person because it is the only thing you cannot get back. Arcie, I promise to give my time to you. Kahit pa samahan kita sa pag sho-shopping ng tatlong oras, o kahit samahan kita sa pag rereview mo sa library bago ang exam, o kahit sa pagupo mo lang sa park habang tinitignan ang langit gagawin ko. I whole heartedly giving my time to you because you are the only girl whom I want to spent it with. Please accept this rose as a sign of my promise”**

Bumukas ulit ang spotlight and this time si Lance naman ang tinapatan nito.

Again, lumapit saakin si Lance and inabot yung white rose then he kissed my hand **“just tell me pag hindi ka sinamahan ni Jiro dahil sa ibang babae. Ipapagulpi ko siya. ”**

Natawa naman ako sa sinabi ni Lance. He winked at me and again umalis na siya kasabay ng pagkawala ng spotlight na nakatapat sa kanya.

“Loyalty. Arcie, I promise that I will be loyal to you. You are the only girl whom I will look and admire. I promise you that you are the only girl who has a right to hold my heart as long as we love each other. Please accept this rose as a sign of my loyalty”

And again bumukas ulit ang spotlight at tinapatan naman nito si Michelle.

Nung makalapit na siya saakin inabot niya yung white rose then she kissed my cheeks

“Arcie, please take good care of Jiro’s heart. and I’ll assure you that he’ll also take good care of your heart ”

“thank you Mich”

Umalis na si Mich sa harap ko. Naramdaman kong medyo naluluha na ako.

Ewan ko kung bakit. Simple words lang ang ginagamit ni Jiro pero yung mga promises na yun malalaki. And na-to-touch talaga ako sa ginagawa niya ngayon para saakin.

“Trust. Arcie, I promise to trust you. Kahit anong mangyari, kahit anong sabihin ng iba I promise na ikaw lang ang pakikinggan at paniniwalaan ko. And I also promise to take care of your trust to me. Pangako hinding hindi ko babaliin ang tiwala na ibinigay mo saakin. Please accept this rose as a sign of our trust.”

Bumukas ang spotlight and si Yanna naman ang tinapatan nito. Lumapit siya saakin and inabot yung rose. Nung mapansin niyang maluha-luha na ako, bigla niya akong niyakap.

“oh Arcie, wag ka naman ganyan, pati ako naiyak na dito sa sobrang pagka touch eh! Loko talaga si Jiro ”

Pero mukhang di ko na ata kaya pang pigilan ang luha ko, napaiyak nalang ako habang yakap yakap ni Yanna.

“trust each other. Wag niyong aalisin sa inyong dalawa yun ha? Mahalaga yun sa isang relationship” humiwalay sa pagkakayakap saakin si Yanna then pinunasan niya ang luha ko **“wag ka muna iiyak, masisira ang make-up. Hindi mo pa nakikita ang king mo kaya pag siya na ang inilawan ng spotlight dapat maganda ka ”**

I nod **“t-thanks Yanna”**

Umalis na si Yanna and namatay yung spotlight niya kaya yung akin na lang ulit ang nakabukas.

“Happiness. Arcie, I promise you, I will make you happy in any possible way I can. I will make sure that when you cry, it is because of happiness, parang ngayon,” natawa naman ako sa sinabi ni Jiro. Alam na alam niya talagang mapapaiyak niya ako ngayong gabing to. **“I know hindi sa lahat ng oras magiging masaya tayo. But I promise you, mas madaming beses na magiging masaya tayo kesa sa magiging malungkot tayo. Please accept this rose as a sign of my promise”**

Umilaw ang spotlight and this time si Ren naman ang tinapatan nito. Lumapit siya saakin then he wiped my tears away. After that he handed me the rose then he hug me **“pareho ni Jiro, I am wishing for your happiness. Be happy binbo. ”**

Tumulo na naman ang mga luha na pinunasan ni Ren sa mata ko **“I will. I promise you I will. ”**

Ren gave up his happiness for me. At ang tanging bagay na pwede kong maipambayad sa ginawa niya is yung maging happy din ako. And alam ko mangyayari yun.

Humiwalay na sa pagkakayakap si Ren saakin at pinunasan ulit ang luha ko. Umalis na siya sa harap ko then namatay na ulit ang spotlight niya.

“Love. Arcie, I am giving you my heart and promised to love you with my whole heart. I don’t know what will happen in the future but as of now, ikaw ang babaeng gusto kong mahal in ng panghabang buhay. Alam ko madaming beses ka ng nasaktan at umiyak ng dahil saakin. I am very sorry. I’ll make it up to you by loving you and making you happy. Arcie, I love you very very much.”

Bumukas ang spotlight and tinapatan nito ang aking prinsiphe, si Jiro. Nakatayo siya sa harap ko though medyo may distance sa harap namin. He looked dazzling as always and may hawak siyang red na rose sa kamay niya.

“Arcie, I already asked the permission of your parents. Nasayo na lang ang final desisyon” lumapit siya saakin hanggang sa maging kaharap ko na siya **“This rose is the sign of my love for you. When you accept it, you also accepted my heart. Arcie, will you accept this rose?”**

Tuloy tuloy na ang bagsak ng luha sa mata ko and halos hindi na ako makapag salita. Kahit ang simpleng oo o hindi, hindi ko na magawang sabihin pa. Kinuha ko na lang ang rose sa kamay niya then I hugged him.

Alam kong nagulat siya sa ginawa ko “s-so tayo na?”

“obvious ba? ” natatawa tawa kong sabi sa kanya habang patuloy ang pagbagsak ng luha sa mata ko. Sa totoo lang ngayon ko lang naranasan ang ganito. Ang tumawa habang umiiyak.

He chuckled then he hugged me “I love you Arcie”

“I love you too Jiro ”

Narinig ko ang sigawan at palakpakan ng mga tao sa paligid. Ako naman patuloy parin sa pag iyak. Ganito pala ang pakiramdam ng umiiyak dahil sa sobrang saya? Sobrang sarap sa pakiramdam. Parang sa sobrang saya ko hindi pa sapat ang luha sa katawan ko para mailabas ito.

Humiwalay si Jiro sa pagkakayakap saakin pero hindi niya tinanggal yung mga kamay niya sa waist ko. Unti-unti niyang nilapit ang mukha niya sa mukha ko, closing the gap between us.

Alam ko na ang mangyayari that’s why I put my arms around his neck, then I closed my eyes. When our lips met hindi ko na naman naiwasan na hindi tumulo ang luha ko.

Narinig ko ulit ang malakas na palakpakan ng mga tao then biglang medyo lumiwanag na though, dim parin ang ilaw. Ibig sabihin, start na ng sayawan.

“my queen, will you be my first dance ” he offered his hand to me.

I accept his hand “of course my king ”

Narinig ko naman ang boses ni Ren na kumakanta habang nagsasayaw kami ni Jiro.

It's her hair and her eyes today

*That just simply take me away
And the feeling that I'm falling further in love
Makes me shiver but in a good way
All the times I have sat and stared
As she thoughtfully thumbs through her hair
And she purses her lips, bats her eyes and she plays,
With me sitting there slack-jawed and nothing to say*

*'Cause I love her with all that i am
And my voice shakes along with my hands
Cause she's all that I see and she's all that I need
And I'm out of my league once again*

“Arcie, you made me the happiest guy in the world right now.” bulong saakin ni Jiro
habang patuloy kaming nag sasayaw dalawa

**“me too Jiro. Ako na ata ang pinaka-masaya at maswerteng babae sa buong mundo. Thank
you Jiro. I love you”**

“I love you too Arcie. I love you very very much”

*It's a masterful melody when she calls out my name to me
As the world spins around her she laughs,
Rolls her eyes and I feel like I'm falling
But it's no surprise*

*'Cause I love her with all that I am
And my voice shakes along with my hands
'Cause it's frightening to be swimming in this strange sea
But I'd rather be here than on land
Yes she's all that I see and she's all that I need
And I'm out of my league once again.*

Nakita naming isa-isa naring nagitayuan ang juniors at seniors with their partners at pumunta sa gitna para magsayaw.

Its her hair and her eyes today

That just simply take me away

*And the feeling that im falling further in love makes me shiver, but in a good way
All the times I have sat and stared
As she thoughtfully thumbs through her hair*

*As he purses her lips, bats her eyes
And she plays with me sitting there slack-jawed and nothing to say*

*'Cause I love her with all that I am
And my voice shakes along with my hands
'Cause it's frightening to be swimming in this strange sea
But I'd rather be here than on land
Yes she's all that I see and she's all that I need
And im out of my league once again*

Nung matapos ang first song, napalitan naman to bigla ng masayang tugtog. Binuksan narin ang disco ball kaya mas dumami ang nagpunta sa gitna para sumayaw. Lumapit naman saamin ang buong S6 at nakisayaw din saamin.

All in all, masaya ang gabi ko. Syempre kada slow dance hindi lang si Jiro ang nagsasayaw saakin. Sinayaw din ako ni Lance, Justin and Ren. Nakita ko naman si Jiro na sinayaw din ang iba. Natawa pa nga ako dahil pati si Ms. Jennica sinayaw niya. Though ang sweet nilang tignan magkapatid. Naisip ko swerte ko narin kay Jiro. Alam kong mamahalin at gagalangin niya ako. Ngayon pa lang nakikita ko na ang pagmamahal niya sa ate niya. For sure magiging mapagmahal din siyang boyfriend saakin.

Syempre tinupad naman ni Jiro ang promise niya na ako ang magiging last dance niya. Habang pinapatugtog ang last song tahimik lang kaming nagsasayaw ni Jiro though I know we are both listening to each others' heart beat.

Nakakatuwang isipin. Akala ko talaga noon wala na kaming pag-asang dalawa. Parang pati ang Diyos tutol na maging kami. But now I understand. There is a right time for everything. Siguro nung mga panahong tinatanong ko si God kung bakit parang ayaw niya na maging kami ni Jiro, ang sagot niya siguro saakin is I should wait for the right time. At nung dumating ang right time para saamin, sobrang sarap sa pakiramdam.

Mahal na mahal ko talaga si Jiro and I am very happy right now. I couldn't ask for more.

Chapter 74
Graduation Day

Final Chapter

[Yanna's POV]

“congratulations princess! We're really proud of you!”

“at last you're a college student now. Galingan mo ha! Nandito lang kami ng mom mo”

Mom and Dad hugged me.

“Mom, Dad, hindi pa po nag start ang graduation ceremony. Wag muna kayo umiyak ha? Mamaya na lang pag nakuha ko na ang diploma ko. ”

Humiwalay sila sa pagkakayakap saakin **“sobrang saya lang namin anak”**

Natawa ako.

Nung isang linggo pa sila ganyan. Sobrang excited eh. May handaan nga sa bahay mamaya, kala mo mag de-debut na ako. But naiintindihan ko naman sila. Only daughter lang kasi ako. Syempre natutuwa sila na ga-graduate na ako ng highschool. And after a few years, uumpisahan ko ng tuparin ang mga dreams ko. Alam kong ayun ang greatest wish nila.

Humiwalay na sina mom at dad saakin para humanap ng upuan sa auditorium. Ako naman pumunta na sa assigned room saamin kung saan kami maghihintay bago mag start ang ceremony.

Habang naglalakad papunta sa room, nagulat naman ako ng may biglang humila saakin at niyakap ako. **“you look gorgeous my love ”**

Tumingin ako sa lalaking yumakap saakin **“you look dazzling my love. Pero sana marunong ka mag-ayos ng tie.”** Inayos ko yung necktie ni Lance. **“ayan, ang gwapo talaga ng boyfriend ko”**

He chuckled **“dapat lang, kasi ang ganda ng girlfriend ko ”** he held my hand **“and may surprise ako sayo”**

“ha? Surprise?” hinigit niya ako palayo sa assigned room namin at dinala sa isang room na vacant. Hmm I wonder kung ano ang surprise saakin nito.

Pagkapasok namin dun sa room, may nakita akong isang lalaki na nakatayo habang nakatingin sa bintana. Hindi ko makita ang mukha niya kasi nakatalikod siya saakin. Pero parang familiar ang likod niya.

“she’s here” Lance told the guy

Tumingin saamin yung guy and I was so shocked nung nakita ko kung sino ito.

“Hi Ms. Yanna ”

“Patrick?! Oh my gosh! ” napatakbo ako papalapit sa kanya **“koala?! Ikaw ba talaga yan koala?!”**

He chuckled **“Ms. Yanna naman, hanggang ngayon hindi mo parin nakakalimutan ang joke ko about sa koala. Ang tagal na nun ah! Tsaka ang corny masyado”**

Natawa naman ako sa sinabi niya **“hay atleast! Narealize mo na ang corny ng joke mo! Anyways, grabe nagulat ako na nandito ka! Napabalik ka ata sa Philippines”**

“syempre naman, gusto kong panuorin ang graduation niyo. I’m happy to see na masaya kayong dalawa ”

Lumapit saamin si Lance then he placed his arm around my waist **“we should thank you Patrick. Hindi kami magiging kami ni Yanna kung hindi dahil sayo”**

He smiled at us. Maya-maya may pumasok na isang girl sa room. She looks like a foreigner to me. **“Patrick, I’m sorry I made you wait. I got lost while looking for the restroom”**

“it alright Lorraine” lumapit yung Lorraine kay Patrick then inakbayan naman siya ni Patrick **“Ms. Yannna, Lance, I want you to meet Lorraine, my girlfriend. Lorraine, this is Yanna and Lance, a friend of mine”**

Lorraine held out her hand **“Yanna, nice meeting you. I’ve heared a lot of good things about you ”**

“nice meeting you too Lorraine. ”

Nakipag shake hands din si Lance kay Lorraine.

Napatingin ako kay Patrick. May girlfriend na siya and sa nakikita ko mahal na mahal niya ang girlfriend niya the way he looks at Lorraine.

I smile.

At last, our angel found his happiness.

[Michelle's POV]

“the best talaga to! Sobra!”

I sat beside Justin while he's nibbling the cookies I gave him **“hindi ka pa ba talaga nagsasawa sa cookies na ginagawa ko sayo? Araw-araw kang kumakain niyan eh”**

“never akong magsasawa dito no” bigla siyang napatigil sa pag kain **“ma-mi-miss ko nga to eh”**

“ha? Bakit naman?”

“hmm wala lang. This will be the last box of cookies na iiwan mo sa taas ng locker ko.”

Kahit na kami na ni Justin, everyday parin akong nag-iiwan ng box of cookies sa taas ng locker niya. But since graduation na ngayon, ayon na nga siguro ang huling box of cookies na iiwan ko. Hindi kasi kami papasok sa iisang school. Magkaibang university na ang papasukan namin ni Justin pagdating ng college. Medyo nakakalungkot kaso kailangan eh.

“uhmm pwede ka naman pumunta saamin and ipag ba-bake kita”

“you're right” he put his arms around me **“pero mamimiss ko lang talaga yung joy and excitement kada makakakita ako ng box of cookies sa locker ko. Uhmm actually pati narin ang pangungulit ni Ren para bigyan ko siya ng cookies”**

“at ang landian ni Lance at Yanna ”

“isama mo na ang ka-sweetan ni Arcie at Jiro ”

We both laugh.

Grabe I still can't believe na ga-graduate na kami ngayon. Parang kelan lang start pa lang ng classes and hindi pa namin kakilala si Arcie, pero ngayon maghihiwa-hiwalay na kami. Ang tagal naming naging magkakasama sa iisang school ngayon iba iba na ang papasukan namin. Nakakalungkot lang isipin.

“uhmm Ms. Michelle, Prince Justin” napatigil kami ni Justin pareho at sabay na tumingin sa likod.

It's Kaye. Remember her? The one who stole my cookies and nagpanggap na siya ang naglalagay ng cookies sa locker ni Justin?

“what do you want?” tanong ni Justin sa kanya

“uhmm Ms. Yanna, Prince Justin, I-I just want to say I’m sorry sa nagawa ko sa inyo. Pinagsisisihan ko talaga yun. Matagal ko ng gustong humingi ng tawad kaso wala akong lakas ng loob. But it’s now or never. A-alam kong pag hindi ako humingi ng tawad ngayon h-hindi na ko na ito magagawa pa. S-sorry talaga. ”

Nagkatinginan kaming dalawa ni Justin, then he smiled at her “kalimutan na natin ang nakaraan.”

“s-salamat Prince Justin! ”

I hugged her “yung sorry mo lang ang hinihintay namin ni Justin. Matagal ka na namin napatawad ”

“thanks Ms. Michelle! Thanks talaga! ”

Totoo ang sinabi ko. Matagal ko ng nakalimutan ang ginawa ni Kaye saamin. Bakit pa ako magagalit eh masaya na naman ako kasama si Justin.

Pero natutuwa rin ako dahil nag sorry siya saakin. atleast ngayon alam ko ng ga-graduate ako ng walang kaaway.

And I’m glad.

[Jiro’s POV]

“seniors, the ceremony is about to start, please fall in line in your assigned places. Outstanding graduates at the back”

“see you later Jiro”

“see you Arcie” I kissed her cheeks then pumila na siya sa likod kasama si Lance at Justin.

Valedictorian ng batch namin si Justin, while Lance is the third honorable mention. And syempre ang aking pinaka mamahal na si Arcie ang Salutatorian. Ang rank 1 to 10 ang mag occupy ng front seat kaya sa unahan uupo sina Arcie, and sila din ang huling papasok ng auditorium at magbabaw sa harap. The rest, by alphabetical order na.

Pumila na ako sa assigned place ko and hinihintay ko na lang ng mag start ang ceremony.

“Jiro” napalingon ako doon sa tumagaw saakin and I saw Amber.

Nilapitan ko siya “Amber! I’m so glad nakarating ka sa graduation namin. What are you doing here? You better find yourself a seat inside the auditorium, baka maubusan ka ng magandang pwesto ”

“no Jiro, hindi narin kasi ako magtatagal”

“huh? Why? ”

“uhmm, aalis na ako bukas pabalik ng London and I need to fix my things kaya ngayon na sana ako magpapaalam ”

Nagulat ako bigla sa sinabi niya. Aalis na siya? “ha? Teka parang biglaan naman ata”

“no Jiro, actually naka plano na to”

“Amber, are you doing this because of me? because of what had happened? Look I’m really sorry pl—“

“No Jiro, I’m doing this for myself. I need to find my happiness. And besides dun naman na talaga ako nakatira di ba? ”

She’s right. Pero nakakalungkot parin talaga na aalis na si Amber. I mean kahit papaano mahalaga parin si Amber saakin, dahil naging parte din siya ng buhay ko. Nalulungkot ako na kailangan ko siyang saktan pero kung hindi ko gaagwin yun pareho kaming hindi magiging masaya.

But I guess siguro mas makakabuti para sa kanya ang bumalik sa London.

“I understand Amber. Pero sana this time makipag communicate ka na samin ha? Balitaan mo kami!”

“oo naman no! hindi ko na uulitin ang dati ”

“promise me na magiging masaya ka”

She smiled at me “I will be happy Jiro. I know I will ”

I smiled back “good to hear ”

May inabot siya saaking paperbag “graduation gift ko sa buong S6, paki bigay na lang. And here” may inabot ulit siya saakin, *isang bandage* “paki bigay kay Arcie. Paki sabi sa kanya na lagyan niya ng ganito ang paa mo pag na-injured ka ulit ng dahil sa basketball and dapat pigilan ka niyang maglaro kahit na ang tigas ng ulo mo. Wala na kasi ako para gawin yun”

Napangiti ako sa binigay ni Amber. Naalala ko nung una kami magkakilala, medics siya ang may injury ang paa ko. Gusto ko nun maglaro and ayokong ipakita sa kanya ang paa ko kaya naman tinakot niya ako na di na makakapag basketball kahit kalian.

“thank you Amber ”

“uhmm so kailangan ko ng umalis. Congrats pala ha? And goodluck sa college. So bye bye”

“anong bye bye? Sinasabi lang yan pag hindi na magkikita ang dalawang tao.”

“ano ba dapat?”

“see you soon ”

She smile “see you soon, Jiro ”

[Arcie’s POV]

“And now, let’s all welcome the seniors who outstand others with their excellent performance! The batch’s top ten students! The crème of the crop!” Ms. Krissa announced

We heard a big round of applause from the audience then isa, isa kaming pumasok. First na pumasok yung rank 10 tapos sunod sunod na hanggang saamin ni Justin. Bali ako ang second to the last na papasok tapos si Justin naman ang huli.

Isa-isa kaming nag bow sa harap then pumunta na kami sa designated seats namin.

The ceremony starts. Syempre opening prayer muna, then after that national anthem hanggang sa dumating ang bigayan ng diplomas.

“Morales, Arcie R.”

Umakyat ako sa stage then isinuot ni Ms. Jennica yung toga ko saakin at inabot yung diploma ko tsaka ako kinamayan.

“congrats little sister ” bulong niya saakin

I smile, **“thank you po ”**

Pumunta ako sa harap then nandun si papa then he pinned the flower on my chest tsaka ako niyakap **“pinasasaya mo talaga ako ngayon, anak”**

“thank you po pa”

Sabay kami bumaba ni papa sa stage pero syempre picture, picture muna.

Nung matapos ang distribution of diplomas, nag salita na yung guest speaker namin. Then nagtuloy tuloy ang program hanggang sa dumating sa awardings. Syempre huli ang awarding of honors.

“most valuable player, basketball team, Festin, Jiro O.” I clapped hard.

Boyfriend ko yan! Boyfriend ko yan! Wahahahahah XD

“most valuable player and team captain, volleyball team, Rhias, Michelle P.”

I clapped my hands then nakita ko na tuwang tuwa din si Justin

“ang galing talaga ng girlfriend ko ” he whispered

“syempre naman” sagot ko sa kanya

Pinaakyat ulit ang mga ka team mates ni Mich and ni Jiro sa stage para isa isa ding bigyan ng medal dahil nag champion sila last sportsfest.

“Batch’s Ms. Prince Academy, Scott, Yanna G.” umakyat si Yanna sa stage looking gorgeous as ever. We gave her a big round of applause after niyang mareceive ang award niya.

“We are giving the special award for music to, Salvador, Ren P.” like Yanna, we gave him a big round of applause. Pagka bigay sa kanya ng award, I saw him winked at me. Kahit kelan talaga ang bestfriend ko oh!

Nung matapos na ang pag aaaward ng mga trophies and medals para sa iba’t ibang contests, at last tinawag na nila ang mga honors. Nagsimula muna sa rank 10 hanggang 6 ang pagbibigay ng medals. Then next ang third honorable mention hanggang sa validectorian.

“third honorable mention, Victorino, Lance C.”

Umakyat si Lance sa stage then sinabitan siya ng dad niya ng medal. Tinignan ko si Yanna and mukhang proud na proud siya sa boyfriend niya.

Ganun din yung sa second honorable mention at sa first honorable mention.

Nung ako na ang tatawagin medyo kinakabahan ako. Ewan ko ba kung bakit, siguro dahil ang saya saya ko ngayon. Biruin niyo natapos ko ang highschool sa Prince Academy, salutatorian pa ako.

“Arcie, ngayon pa lang, ico-congratulate na kita. Congrats ”

Justin held out his hand then nakipag kamay ako sa kanya **“sayo din Justin, congrats. ”**

“salutatorian, Morales, Arcie R.” they gave me a big round of applause.

I went up the stage then nakipag shake hands sina Ms. Jennica saakin pati narin sina Ms. Krissa and Sir Nike.

Pumunta ako sa harap and went up the platform. Nakita ko si mama at papa na paakyat din ng stage, parehong teary-eyed. Si papa ang nagsabit saakin ng medal then niyakap nila ako pareho. Naramdaman kong umiiyak na si mama

“anak congratulations, we are so proud of you ”

Hindi ko narin napigilan, napaluha narin ako.

Kung iisipin ang simple ng salitang ‘we are so proud of you.’ Pero di ba ang sarap sarap pakinggan yan na sabihin ng magulang mo sayo? Parang bigla mong nasuklian lahat ng paghihirap na binigay nila?

Ang saya saya ko talaga ngayon. Meron akong mapagmahal na boyfriend, mga kaibigang maasahan, at pamilyang proud na proud saakin. Kahit hindi kami kasing yaman ng mga nagaaral sa Prince Academy, atleast alam kong masaya naman ako.

Bumaba na kami ng stage and ako naman bumalik na ako sa assigned seat ko. Nadaanan ko pa nga yung seat ni Jiro eh. Sinabihan niya ako ng **“congrats and I love you”**

“this batch’s valedictorian, Mendrez, Justin F.! Let’s all give him a round of applause”

Justin went up the stage and rinig na rinig ko kung gaano kalakas ang palakpakan ng mga tao.

Maluha-luha din ang mom ni Justin habang sinasabitan siya ng medal nito.

“we are requesting Mr. Mendrez to please stay in front to deliver your valedictory speech”

Bumaba na ng stage yung parents ni Justin. Justin went up the flatform atsaka kinuha yun mic.

He looked at us for a brief seconds then he started delivering his speech

“1 month before graduation, our adviser, Ms. Krissa Fuentes asked me to write a valedictory speech. Actually hindi ko talaga alam kung ano ang sasabihin ko dito. Ilang linggo din akong nagiisip kung ano ba talaga ang dapat sabihin ko. Naisipan ko na lang na magsulat ng simple thank you para sa mga taong gusto kong pasalamatan, just to get over with this speech. But as I was writing my speech, I’d realized na hindi lang pala simple thank you ang nagawa ko. Masyadong madami akong gustong sabihin at pasalamatan. Unang una na siguro sa listahan ko ay si God. Sa totoo lang dapat lahat tayo pasalamatan natin siya. Binigyan niya tayo ng chance para mamuhay ng maginhawa at makapasok sa iskwelahan na to ng walang kahirap-hirap. Hindi lahat ng tao ay nararanasan yun. Madaming tao ang kailangan pang lumusot sa butas ng karayom. Alam ko yun, kasi may kakilala akong ganun.” Justin looked at me then he smile “Gusto ko din pasalamatan ang mga magulang ko, kung wala sila wala tayo dito. Sila ang unang unang taong naka suporta satin sa lahat ng gusto natin. Marami siguro sa inyo ngayon ang nag e-emo, dahil broken hearted, hindi pinapansin ng crush o binreak ng boyfriend at girlfriend nila” nagtawanan

ang lahat sa sinabi ni Justin **“Feeling niyo wala ng nagmamahal sa inyo. Then siguro nakakalimutan niyo ang mga magulang niyo. Their love is unconditional na tanging gusto lang nila ay ang sumaya ka. Mom, Dad, thank you for raising me”** Justin looked at his parents then he bowed his head. All of us stood up and humarap kami kung saan nakaupo ang mga parents namin. And gaya ni Justin we also bowed our heads. **“Hindi ko rin makakalimutan pasalamatang ang principal ng school na to si Ms. Jennica. Ma’am maraming salamat sa ilang taong pag tanggap niyo saamin sa school na to. Isama niyo na ang pag o-overnight ng S6 sa bahay niyo tuwing wala kaming magawang matino sa buhay. Maraming salamat po. Sa lahat ng mga guro namin na walang sawang nagtuturo at nagpapasensya saamin, maraming salamat po. Makalimutan man namin ang ibang tinuro niyo about sa chemistry, sa math, sa physics o kahit maging sa Home economics pa yan, hinding hindi namin kayo makakalimutan. Ms. Krissa Fuentes,”** tumingin si Justin doon sa side kung saan nakaupo si Ms. Krissa **“siguro sa lahat ng guro dito, sayo kami dapat humingi ng tawad at magpasalamat. Sa totoo lang ang daming hindi makatagal sa section namin. Nagsama-sama ang magagaling at the same time nagsama sama ang pinaka spoiled sa lahat ng spoiled. Minsan ka na naming nakutya at minaliit. For those times, in behalf of the star section, I want to say we’re sorry. Pero kahit ganoon ang pinakita namin saiyong paguugali, hindi mo kami iniwan. Bawat araw na dumadaan, patuloy mo parin kaming hinaharap at walang sawang tinuturuan. Ma’am marami pong salamat sa lahat ng ginawa mo para saamin. Seniors, specially the star section, let us clap our hands for this wonderful teacher.”** But instead of clap, standing ovation ang nakuha ni Ms. Krissa. Nakita kong mangiyak-ngiyak siya dahil sa sinabi ni Justin. Inakbayan naman siya ni Sir Nike at pinunasan ang luha nito.

I’m glad. Ms. Krissa deserved a standing ovation. Sa lahat ata ng teachers dito siya na ang pinaka mapag pasensya at pinaka matyaga sa lahat. Nagawa pa niyang ibuwis ang buhay niya dati nung na kidnap kami.

Matapos namin siya palakpakan, umayos na ulit kami ng upo at nakinig sa speech ni Justin.

“Michelle,” ang salitang yun pa lang ang sinabi ni Justin ang dami ng naghiyawan at kinilig. Syempre isa na ako doon. **“Mich, ano pa nga ba ang masasabi ko kung hindi thank you sa pagmamahal mo?”** mas lalong lumakas ang hiyawan at napansin kong namumula narin si Justin sa harap, but still pinagpatuloy niya ang speech niya **“may mga times man na hindi tayo nagkakaintindihan, or nagiging busy ako sa school works at nawawalan ng time para sayo, nandyan ka parin palagi sa likod ko. Maraming salamat. Ikaw ang nagbibigay ng inspirasyon sa buhay ko. Maraming salamat. For every box of cookies you gave me, salamat. Mamimiss ko yun. Pero masaya parin ako, dahil aalis man na tayo sa eskwelahang to, magkaiba man ang papasukan natin, dala parin natin ang puso ng isa’t isa ”** Naghiyawan ulit ang mga tao and swear natatawa ako dahil pulang pula na si Justin. Ngayon ko lang siya nakitang mamula ng ganyan. Sa buong S6 kasi masasabi kong si Justin ang pinaka kalmado at mahinahon sa lahat.

“Ako nag turo diyan! Estudyante ko yan!! ” sigaw ni Lance habang tinuturo niya si Justin **“congrats bro! graduate ka na sa torpe university! Si Ren na lang ang hindi pa gumagraduate! ”**

Nagtawanan ang lahat dahil kay Lance

“ok lang, madami naman nagmamahal saakin! ” sigaw ni Ren.

Nagtilian yung mga babae dahil sa sinabi niya.

Nung natahimik na ulit kami, itinuloy na ni Justin ang speech niya.

“marami na akong napasalamatan, pero sa lahat ang pinaka gusto kong pasalamatan ay ang anim na taong nag bigay ng kulay sa highschool life ko. Masaya ako na sila ang naging kaibigan ko dito. Alam kong minahal din ng marami ang grupo namin, so I am requesting this six people to please join me in stage. Ms. Michelle Rhias, Ms. Yanna Scott, Mr. Lance Victorino, Mr. Ren Salvador, Mr. Jiro Festin, and Ms. Arcie Morales”

Kahit confused sa nangyayari, umakyat ako sa stage kasama ng iba pang S6.

Pagkaakyat namin sa stage agad ibinigay ni Justin ang mic kay Jiro.

“sa totoo lang nagtataka talaga ako kung bakit niyo kami hinahangaan. Mga normal na estudyante rin naman kami. Nagaaral sa iisang skwelahan tulad niyo, kumukuha ng iisang exam, naglalakad sa iisang hallway, at nag babayad ng iisang tuition fee. Pero ganun pa man salamat sa mga pinakita niyo saamin. Patawad kung hindi man namin masuklian yun, pero hindi namin kayo makakalimutan. Pero ngayong araw na to, kailangan na naming mag paalam sa inyo. From the Ultimate Prince,” ipinasa ni Jiro yung mic kay justin **“the Genius Prince,” ibinigay ni Justin ang mic kay Michelle **“the MVP Princess”** she passed the mic to Lance **“ the Casanova Prince, kahit ngayon ay hindi na ako Casanova ”** nagtawanan ang mga tao, ipinasa naman ni Lance ang mic kay yanna **“oo dear hindi ka na Casanova, kasi ako na lang ang laman ng puso mo ”** naghiyawan ang mga audience **“of course the heartthrob Princess”** she passed the mic to Ren **“the Romantic Prince”** ang dami namang nagtiliian nung si labanos ang nagsalita. Mabenta talaga best friend ko no? he passed the mic to me. nagulat naman ako dahil hindi ko malaman kung kukunin ko or hindi, pero nakita kong lahat sila nakatingin at naka smile saakin. All of them are waiting na kunin ko yung mic.**

Kinuha ko siya sa kamay ni Ren then nagsalita ako **“and the commoner ”**

Biglang nagpalakpakan ang mga tao. Nagulat ako at the same time natuwa

At least alam kong tanggap na nila ako.

Ibinigay ko ulit kay Jiro yung mic **“We the Star Six together with our official best friend..”**

“are officially signing off” we said in chorused then hawak kamay, sabay sabay kaming nag bow sa kanila.

Lahat kami nagulat nung nagsitayuan ang mga estudyante at pinalakpakan nila kami.

The students joined us in stage and nag punta narin kami sa designated places namin para sa graduation song. They played the music then sa pangunguna ni Ren, sabay sabay namin kinanta ang graduation song namin.

**Parang kailan lang
Ang mga pangarap ko'y kay hirap abutin
Dahil sa inyo
Narinig ang isip ko at naintindihan
Kaya't itong awiting aking inaawit
Nais ko'y kayo ang handugan**

**Parang kailan lang
Halos ako ay magpalimos sa lansangan
Dahil sa inyo
Ang aking tiyan at ang bulsa'y nagkalaman
Nais ko kayong pasalamat
Kahit man lang isang awitin**

Habang kinakanta namin yung graduation song, finaflash sa screen yung mga pictures namin. Kada may ipinapakita na pictures ng S6 hindi ko maiwasang hindi maluha.

**Tatanda at lilipas din ako
Nguni't mayroong awiting
liwanan sa inyong ala-ala
Dahil, minsan, tayo'y nagkasama**

Sana matagal ko na silang nakilala at nakasama. Nakakalungkot isipin na isang taon pa lang ang pagkakaibigan namin pero eto kailangan na namin maghiwalay. Masaya ako na naging kaibigan ko sila. Masasabi kong naging tunay sila saakin. Sila ang dahilan kung bakit masaya ako ngayon.

**Parang kailan lang
Halos ako ay magpalimos sa lansangan
Dahil sa inyo
Ang aking tiyan at ang bulsa'y nagkalaman
Nais ko kayong pasalamat
Kahit man lang isang awitin**

Sa mga panahong nasasaktan ako, minamaliit at binubully, lagi lang silang nandiyan sa likod ko para ipagtanggol ako. Sa panahong parang hindi ko na magawang maging masaya, nandiyan parin sila para patawanin ako.

**Tatanda at lilipas din ako
Nguni't mayroong awiting
liwanan sa inyong ala-ala
Dahil, minsan, tayo'y nagkasama**

Hindi ko alam kung nasuklian ko ang mga kabutihan nila. Pero sana sa mga dadating na panahon, kahit magkahiwa-hiwalay man kami, hindi parin sana mawala ang tatag nang pinagsamahan.

Matapos ang graduation song, lahat kami bumaba na. Nakinig sa closing remarks ni Ms. Jennica then nagsitayuan narin kami para pumunta sa mga kaklase namin. Madami narin umiiyak sa mga oras na to dahil oras na talaga para magpaalam kami sa isa't isa.

Nilapitan ako bigla ng F4 then niyakap nila ako isa-isa

“Arcie, mamimiss ka namin. Goodluck sa college and wag ka na magpapaapi ha? ”

“oo naman! natuto na ko, salamat sa inyo” nagtawanan kami **“kayo din, goodluck sa inyo”**

Sumunod na lumapit saakin si Ms. Krissa at Sir Nike

Hinug ako ni Ms. Krissa **“nakakalungkot naman, wala nang student assistant akong makikita sa loob ng teacher’s office. Wala na kong makakakwentuhan. Magiingat ka sa college Arcie, and galingan mo ha!”**

“opo ma’am kayo din po. Ipagpatuloy niyo po ang pagtuturo dito”

“Arcie, salamat sa mga panahong nagiging taga awat ka namin sa bangayan namin ni Krissa”sabi naman saakin ni Sir Nike

“thank you din po sir. Alagaan mo si Ma’am Krissa ah and wag mo na siya aasarin ”

“syempre naman.” niyakap ko si Sir Nike then nagpaalam na ako sa kanila. Nakita ko pa ngang nilapitan ng F4 si Ms. Krissa

“Arcie, tara” hinila naman ako ni Yanna kasama ang iba pang S6 at dumiretso kami sa leisure room.

Binuksan ni Lance yung pinto ng leisure room “kailangan na natin magpaalam sa leisure room natin”

“grabe nakakalungkot pala talaga. Ang tagal na panahon na nandito tayo” sabi ni Mich na maluha-luha

“oo nga eh, parang naging part na ng daily routine ko ang pagpunta sa room na to” - Lance

“dito ako madalas gumawa ng school works. Eto rin minsan ang nagiging pahingahan ko pag pagod na ko sa dami ng ginagawa” - Justin

“dito tayo madalas kumain ng sabay-sabay, na parang isang malaking pamilya” - Ren

“eto ang lugar kung saan tayo nag tatawanan at nagiiyakan.” - Jiro

“at eto ang lugar kung saan tumibay ang pagkakaibigan natin” - Ako

“nalulungkot ako, kailangan na nating maghiwa-hiwalay. Salamat sa inyo ha? ” nakita naming tumulo na ang luha ni Yanna. Hindi ko narin napiglan ang sarili kong mga luha, naiyak narin ako.

“naulungkot din ako. Eto ang unang beses na magkaka-hiwalay tayo. parang ang hirap isipin na papasok ako sa isang room kung saan wala ng S6 doon. ” - Mich

“ano ba naman kayo! Wag nga kayo ganyan! Magkikita kita parin naman tayo eh!” - Lance

“basta mangako kayo dapat pag hindi tayo busy mag bobonding tayo ha?” - Justin

“oo tama yan! Dapat once a week magkikita tayo” - Jiro

“ang tumanggi panget!” sabi ko sa kanila

“guys may sasabihin ako sa inyo” napatingin kaming lahat kay Ren at seryosong seryoso ang mukha niya “aalís na ako. S-sa ibang bansa na ko mag aaral ”

Lahat kami natigilan sa sinabi ni Ren, pare-parehong hindi alam kung paano mag re-react sa sinabi niya.

Aalis na siya?

“h-ha? Teka, bat biglaan naman?” - Jiro

“sorry hindi ko nasabi agad sa inyo ” sabi ni Ren

“Ren naman eh wala namang biruan ng ganyan! ” - Mich

“totoo sinasabi ko”

“then kailangan ka namin bigyan ng despedida party ” - Yanna

“no Yanna, bukas na ng umaga ang alis ko ”

Natigilan ulit kaming lahat sa sinabi ni Ren. bukas na alis niya?

“bakit hindi mo sinabi saamin agad” tinitigan ko ang mata niya. Hindi siya makatingin ng maayos saakin “Ren naman eh! Bat ka ganyan! ” napahagugol ako ng iyak at niyakap siya.

Ren hugged me back “binbo, hindi naman tayo mawawalan ng communication. Promise ko yan sayo. Wag ka na umiyak”

“paano akong hindi iiyak eh aalis na ang bestfriend ko?! Nakakainis ka naman eh! ”

“hay ano ba yan Ren pati ako napapaluha na ng dahil sayo eh” - Lance

“ano ba yan! Group hug nga! ” - Yanna

Lahat kami nagyakapan at nagiyakan na parang sira doon. Hanggang ngayon hindi parin ako maka paniwala na iiwan na kami ni Ren, na iiwan na niya ako. Unang beses kong malalayo sa kanya ng matagal na panahon kaya nalulungkot talaga ako.

Mahigit isang oras din siguro kaming nagiyakan at nagtawanan sa loob ng leisure room. Kung pwede nga lang hindi na matapos ang gabing to eh. Nalulungkot talaga ako na magkaka-hiwalay na kami, lalo pa ngayong nalaman kong sa ibang bansa na mag-aaral ang best friend ko.

Pero oras na talaga para magpaalam. Isang huling sulyap sa leisure room, isang huling sulyap sa Prince Academy, sabay sabay kaming lumabas ng school habang magkakaakbay.

Isa-isa na silang nagsakayan sa kani-kanilang mga sasakyan. Ako naman, pupunta ako sa bahay nila Jiro kasi sabay na naming i-ce-celebrate ang graduation dun. Nauna na nga sina mama at papa doon eh.

Pero bago umalis, nag-usap muna kaming dalawa ni Ren.

“talaga bang aalis ka na? ” tanong ko sa kanya

“oo binbo, kailangan talaga eh. Tsaka alam kong kailangan ko narin hanapin ang kaligayahan ko”

“sorry Ren, sorry, ayoko talagang saktan ka. D-dahil ba saakin kaya ka aalis? Patawarin mo ko Ren. sorry talaga ” humahagulgol ulit ako ng iyak. Nasasaktan ako sa thought na kailangan umalis ni Ren dahil saakin. Parang pakiramdam ko ang selfish ko.

Niyakap ako ni Ren **“ano ka ba naman binbo! Hindi dahil sayo yun no! tsaka magandang opportunity ang makapag aral ako sa ibang bansa. Promise ko naman na lagi parin ako bibisita dito”**

“wala kayang kwek-kwek, isaw, fishball at dirty ice cream dun! ” sabi ko habang humahagulgol parin ng iyak

Natawa naman si Ren **“ikain mo na lang ako ”**

“Ren.. ”

“ren, ren ren. Ano ka ba naman binbo! Hindi naman yan ang tawag mo saakin ha? Tsaka bat ka ba iyak ng iyak? Gusto mo ba akong umalis ng huli kong nakita ay ang pangit mong mukha? ”

Hinampas ko siya **“labanos naman eh!!”**

“o edi smile na”

I tried my best to smile, kahit nalulungkot talaga ako **“magiingat ka doon, labanos ”**

He smiled back **“ikaw din binbo ”** he kissed my forehead then bigla niya akong tinalikuran

“o shocks, binbo pwede bang umalis ka na?”

“ha?”

“naiiyak na kasi ako, please?”

I smile **“bye bye, labanos ”**

Tumalikod narin ako sa kanya at naglakad palayo habang tumutulo ang luha ko. Sinalubong ako ni Jiro then he hugged me.

“ang lungkot ” sabi ko kay Jiro

“don’t be. Ginagawa ni Ren yan para mahanap ang sarili niya ” humiwalay si Jiro sa pagkakayakap saakin then he wiped my tears “maging masaya si Ren, I assure you ”

I nodded “I love you Jiro”

“I love you too Arcie” he leaned on me then he gently kissed my lips.

[Ren’s POV]

It’s already time.

Tumayo ako then I picked up my hand carries then lumingon ako sa likod.

Goodbye Arcie.

Naglakad na ako pasakay sa eroplano then hinanap ko yung seat ko. Nung mahanap ko na, nilagay ko yung hand carry ko sa taas then naupo.

I looked at the window.

Sinadya ko talagang hindi ipaalam kaagad sa kanila ang pag-alis ko. Alam ko kasing gagawin ni Arcie ang lahat makumbinsi lang niya akong mag stay sa Philippines. Pero kailangan ko talagang gawin ito.

Siguro oras na para ako naman ang maging masaya. Nararamdaman ko na pag dating ko doon, magbabago na ang buhay ko. Mahahanap ko na ang sarili ko at magmamahal na ulit ako. Para pag bumalik ako sa Pilipinas, mahaharap ko na ulit si Arcie.

Dahil masaya na ulit ako.

“uhmm excuse me, pwede mo ba akong tulungan ilagay to sa taas”

Tumingin ako sa kumalabit saakin. Biglang nanlaki ang mata ko nung nakita ko kung sino to.

“Amber?! ”

“Ren?! ”

“t-teka, ano ginagawa mo dito?!”

“pasahero ako dito!”

Tumayo ako at inilagay yung hand carry niya sa taas tapos naupo ulit. Umupo siya sa tabi ko.

“saan ka papunta?” tanong ko sa kanya

“obvious ba, edi sa London!”

“ha?! Ano gagawin mo dun?!”

“eh doon ako nakatira eh. Ano ka ba! Eh ikaw, magbabakasyon ka rin sa London?”

“no, doon na ako mag-aaral ng college”

“talaga? Saang university?”

“sa Phineslight University”

Nanlaki naman ang mata niya sa sinabi ko **“really?! Dun din ako mag co-college!”**

“eh?! T-teka anong course mo?”

“business management, ikaw?”

“ganun din”

“wow! What a coincidence! ”

Ang saya niya ha!

Parang kanina kakasabi ko lang na magiging masaya na ako.

Bat ngayon biglang may pakiramdam ako na wala akong gaagwin sa London kundi ang magpatahan ng iyaking mestizang hilaw?!

Epilogue

[Arcie's POV]

I am wearing a beautiful wedding gown and in front of me is a dazzling guy smiling at me. Having him in my life is such a blessing. Hanggang ngayon hindi ako makapaniwala na tumagal kami ng ganito. Nakakatuwa. Akala ko dati wala na kami talagang pag asa. Pero ngayon eto, siya ang kasama ko sa buhay. Masaya ako.

“I, Jiro Festin, promise to love Arcie Morales, for richer or for poorer, in sickness and in health, till death do us part, in my heart I swear”

He put the ring in my ring finger.

“I, Arcie Morales, promise to love Jiro Festin, for richer or for poorer, in sickness and in health, till death do us part, in my heart I swear”

I put the ring in his ring finger

“And now, I pronounced you as husband and wife, you may kiss the bride”

“eeeepp!!!”

Nagulat kaming dalawa ni Jiro ng biglang may nagpatong ng kamay sa balikat naming dalawa and ayun nakita namin si Yanna na nakatayo sa pagitan natin. Lumingon saakin si

Yanna “Arcie, why you look dazzling in that wedding gown! Pumayag ka na kasi na imodel yan para sa shop ko? Pretty please?” tumingin naman si Yanna kay Jiro “and you too Jiro, fit na fit pala sayo ang suit na yan! The best!” tumingin si Yanna kay Lance “and you my love, hindi bagay sayo maging pari, mas bagay ka sa tabi ko!” hinila ni Yanna si Lance papunta sa tabi niya.

“ikaw naman love! Ang ganda na nang scene namin bigla kang sisingit eh. Nandun na kami sa you may kiss the bride! ” sabi ni Lance kay Yanna

“ay ganun ba? Sorry naman! o sige take two ulit. ”

Nagtawanan kami.

“hay naku ayoko na ” sabi ni Jiro na natatawa-tawa “tsaka kailangan na isukat ni Arcie yung dress di ba?”

“ay oo nga pala!”

Kinuha ni Yanna yung dress na isu-suot ko then sinukat ko siya.

Ikakasal na kasi sina Ms. Krissa and Sir Nike and syempre kailangan namin umattend sa wedding nila. Nagsusukat naman kami ng mga damit para sa isusuot namin sa wedding. Provided yan lahat ng Princess Yanna’s Boutique. Mismong wedding gown nga ni Ms. Krissa at ang hair and make-up niya dito din.

After naman namin magsukat ni Jiro, naglakad lakad kami sa mall.

“ano ng balita kay Ren? makakaatend daw ba siya sa wedding?” tanong ni Jiro saakin

“mukhang malabo daw eh kasi busy siya ngayon. Tsaka ang sarap batukan ng isang yun, nasa in-denial stage” sagot ko naman

“hayaan mo na, ma-re-realize din niya kung sino talaga ang mahal niya”

I sigh “hay sana nga, pag nagkataon magiging masaya talaga ako para sa kanila.”

Hinawakan ni Jiro ang kamay ko then sabay kami nagpunta doon sa restaurant na madalas namin kainan.

One and a half year na ang nakakalipas simula nung grumaduate kami sa Prince Academy. Syempre may mga times na madalang kami magkita-kita dahil nga sobrang busy sa mga school works pero nandito parin naman ang samahan.

Magkakahiwalay kami ng mga universities na pinasukan. Iba-iba din ang course na kinuha namin. Jiro took up business management. And after nun plano niyang kumuha ng education. Syempre siya na ang susunod na mag m-manage ng Prince Academy eh. Ren and Amber also took up business management at kasalukuyang nagaaral sa iisang university sa London. Minsan nakaka webcam namin silang dalawa sa net. Si Yanna naman, syempre ano pa ba ang course na kukunin niya? Fashion designing. Si Michelle naman ay culinary arts, while Justin took up Civil Engineering. Si Lance naman ay Architecture.

At ako? Hindi na ko nagaral. Pumasok na lang akong janitress sa restaurant nila Michelle.

Di, joke lang yun! Hehe.

Photo journalism ang kinuha kong course. Abangan niyo ang pangalan ko sa mga dyaryo at magazine ha. One of this days lalabas na diyan ang mga sinulat ko. Hehe. May isa nga kaming subject na may kinalaman sa photography eh. Binilhan ako nila mama ng camera nun. At dahil ang gwapo ng boyfriend ko, puro siya ang laman ng camera ko. Mostly stolen shots niya. Madami ding stolen shots ng S6 dito. Inupload ko nga dati sa facebook and biruin mo bumenta. Lalo na sa mga batchmates namin sa Prince Academy. Kaso kinabukasan naman nun nung nagkita-kita kami, para nila akong kakatayin ng buhay. XD

Dumating ang araw ng wedding nina Ms. Krissa and Sir Nike. Ang lugar ay sa isang church malapit sa beach. Gift sa kanila yun ni Ms. Jennica. Madami ding bisita. Nandito lahat ng faculty members ng Prince Academy. Natutuwa nga akong makita ang mga dati kong teachers.

“Arcie, Jiro!” nakita kong papalapit si Michelle saamin kasama si Justin

“Mich!” nung makalapit siya agad naman niya akong niyakap

“oh I miss you! Sayang hindi tayo nagkita sa shop ni Yanna”

“oo nga eh! Grabe na miss ko rin kayo!”

“uy kain kayo mamaya ah? Sila Michelle ang nag cater ng foods sa reception ” sabi ni Justin

“wow! Edi sure ng masarap yan!” tumingin si Jiro kay Mich **“luto mo ba yun Mich?”**

“hindi, luto ng mga chefs namin, sa pangungua ng aking ina”

“naku, patikimin mo naman kami ng niluto mo! ” biro ni Jiro kay Mich

“sige some other time! Basta ba mag o-overnight ulit tayo sa inyo!”

Maya-maya lang din dumating na sina Yanna at Lance. Naghintay pa kami ng onti then dumating narin ang groom. Agad naman namin siya nilapitan.

“sir, ngayon pa lang congratulations po!” sabi ko kay Sir Nike

“naku salamat Arcie. Tsaka buti nakapunta ka”

“palalagpasin ko po ba naman ang wedding ng dalawang favorite teacher ko?”

“eh pag kinasal ang favorite principal mo papayag ka bang maging bridesmaid? ” napalingon naman ako sa likod and nagulat ako na nandun na si Ms. Jennica, looking young and beautiful

“Ate Jen” I smile at her

Oo, ayan na ang tawag ko sa kanya ngayon. Halos kalahating taon din bago ko makasanayan na tawagin siyang ganyan. Paano nasanay talaga ako na Ms. Jennica, or ma'am ang tawag sa kanya.

“naku ate, buti sana kung ikasal ka pa. Baka mauna pa ko sayo! ” pangaasar ni Jiro sa kanya.

“hoy, tumigil ka nga! Malapit narin ako ikasal!”

Nagtawanan kaming lahat.

“oh no, this isn't happening! ”

Napatingin kaming lahat kay Yanna and kitang kita namin na gulat na gulat siya. Tumingin kaming lahat sa direction na tinitinginan ni Yanna and swear halos malaglag ang panga ko sa nakita ko.

It's Ren.

But he's not alone. Beside him is Amber.

And they are holding each others hands

“hi guys! ”

Napatakbo kaming lahat kay Ren at Amber!

“oh my gosh! Oh my gosh!! Kayo na ba?!” tanong ni Mich

“y-yes” nahihiya hiyang sagot ni Ren

“talaga?! Kelan pa?!” tanong naman ni Yanna

“three days ago lang ” sagot ni Amber

Nagsisigaw naman kami dun na kulang na lang eh labasin kami ng pari dahil sa sobrang ingay namin.

“wow! Congrats bro!!” Tinapik ni Justin yung likod ni Ren

“sa wakas!!! Graduate ka na ng Torpe University!! ” niyakap yakap naman ni Lance si Ren at nagpanggap na parang maluha-luha **“I’m so proud of you!! ”**

Tinulak naman siya ni Ren **“heh! Tigilan niyo nga ako!!”**

Nagkulitan kami ng nagkulitan at inasar asar pa ang new couples na si Amber at si Ren. Nung may dumaang matanda na ang sama ng tingin saamin dahil siguro ang iingay namin, nanahimik na kami.

Nakakuha naman ako ng chance para kausapin ng solo si Ren.

“Oy ikaw!” hinampas ko yung braso niya **“labanos ka talaga! Kala ko hindi ka na matatauhan eh”**

Natatawa-tawa namang hinimas ni Ren yung hampas ko sa kanya **“oo na binbo, ikaw na ang tama! Pero salamat sa help mo”**

“wala yun. Pero ikwento mo naman paano naging kayo? Paano ka natauhan? Nabagok ba ulo mo or something?”

“naku hindi ko na pwedeng ikwento. Gusto mo bang magalit ang author saakin? spoiler na nga daw na sinabi niya kung sino nakatuluyan ko eh. Abangan mo na lang daw dun sa story namin kung paano naging kami ni Amber ”

[author’s note: pinopromote ko po ang story ni Ren at Amber entitled Reaching You. Hindi ba masyadong obvious? wahahahahaa]

“asus sige na nga aabangan ko na lang yun. Pero isa lang ang tanong ko sayo, masaya ka ba?”

Tumingin si Ren kay Amber kung saan busy rin makipag usap kay Jiro **“happy? Oo sobra binbo. Akala ko hindi na ko ulit magmamahal ng ganito. Thanks to her. Sinarado ko ang pinto ng puso ko pero nagpumilit parin siya pumasok. Siguro doon siya sa chimney dumaan. Para nga siyang akyat-bahay este puso”**

Natawa naman ako sa sinabi ni Ren **“ikaw labanos ha! Nagka girlfriend ka lang naging cheesy ka na! ”**

“teka, ano nga ba ulit ako? Romantic Prince? ”

“sige na ikaw na ang romantic!”

Tumingin ulit siya kay Amber **“pero mahal ko talaga siya. Sobra ”**

I smile.

At last, nahanap na niya ang taong makakapagpasaya sa kanya.

Maya-maya lang din, dumating na ang bride. Lahat kami nagpasukan na sa loob ng church dahil mag start na ang wedding ceremony.

Ms. Krissa look stunning on her wedding gown. Pinanood namin kung paano sila magpalitan ng vows ni Sir Nike. Grabe nakaka touch. Biruin niyo, dati nagbabatuhan lang yan dalawang yan ng ruler at libro sa loob ng teacher’s office ngayon nagpapalitan na ng vows sa isa’t isa. Sa hinaba-haba ng bangayan, sa simbahan din pala ang bagsak nila.

After ng wedding ceremony, dumiretso na kami sa reception kung saan overlooking the beach ang lugar. Syempre picture-picture and kain ng mga handa. Hindi naman kami nabigo sa food, dahil masarap talaga.

After kumain naglakad-lakad kami ni Jiro sa may tabing dagat habang magkahawak ng kamay.

“sabi ng professor ko sa theology yung promise daw na binibitawan mo sa simbahan pag ikinasal ka na ay yung promise na pinaka mahirap tuparin. Dahil hindi mo daw hawak ang mangyayari sa hinaharap. Pero para saakin, kung talagang mahal mo ang isang tao, kahit gaano pa kahirap ang pagdaanan niyo matutupad mo parin ang mga promise na yun” sabi ni Jiro saakin

“parang tayo lang?”

Napangiti naman siya sa sinabi ko, then inakbayan niya ako **“oo, parang tayo lang ”**

Yung 6 promises ni Jiro saakin, talagang tinutupad niya. Alam kong mahirap mangako ng ganun pero natutuwa ako dahil pinipilit niyang tuparin lahat ng yon. Ginagawa niya ang lahat para maging strong ang relationship namin. syempre ako din ganoon. Nung Js Prom namin,

nung oras na kinuha ko yung rose sa kamay ni Jiro, parang ipinangako ko narin sa kanya na gagawin ko rin lahat ng mga pinromise niya.

Hindi kami perpektong dalawa. Tulad ng ibang magka-relasyon, nagaaway din kami. May mga times na hindi nagkakaintindihan at nagkakatampuhan. Pero kahit ganoon, hindi naman namin pinalalampas ng isang araw ang pagaaway namin. Pareho kaming marunong umunawa at magbaba ng pride kung kailangan. Kaya siguro kami tumagal ng ganito.

“Arcie, kung sakali man ako parin ang lalaking mahal mo at ikaw parin ang babaeng mahal ko 5 years from now, will you marry me?”

Natawa naman ako sa sinabi niya **“I will marry you Jiro. Basta ba mahal pa natin ang isa’t isa ”**

“then I’ll try my best para mas patatagin pa ang relationship natin ”

I smile.

Sa totoo lang hindi ko rin naman talaga alam ang mangyayari sa hinaharap. Pero isa lang ang alam ko ngayon, masaya ako na kasama ko si Jiro. Contented ako sa kung ano man meron kaming dalawa. Siguro nga napaka laking blessing na ang dumating saakin nung minahal ako ng isang tulad niya.

And napakasarap na pakiramdam na mahal in ang isang tulad niya.

“Jiro, Arcie, pasok na kayo sa loob!” sumesenyas na si Ren saamin

I held Jiro’s hand

“let’s go, My Prince”

Love letter/note ng Author:

Clap clap *Talon Talon* *gulong sa sahig* *iyak*

TAPOS NA ANG MY PRINCE!!!! XD YEHEY!!!!

Wahahahahaha

Dears, THANK YOU SA INYO. Salamat sa pagbabasa ng My Prince mula una hanggang sa huli. Thank you talaga ha? Sinubaybayan niyo to kahit na may mga times na hindi ako makapag update. Salamat talaga.

Sorry sa mga times na nag rereklamo ko dahil sa sobrang stress ko. Pero sana po maintindihan niyo. Nahihiya ako minsan kasi kayo na ang nagbibigay ng time sa story ko, nagagawa ko pang magreklamo. Sorry talaga. Sadyang hindi lang kasya ang time ko para mag update.

But still, salamat po sa inyo.

Doon sa mga readers ko na laging naka support saakin, lagi akong iniintindi at lagi parin nagpapasensya at naghihintay ng update ko. THANK YOU. I am so blessed to have a readers like you. You guys rock! Mahal na mahal ko kayo, big time!

Doo sa mga readers ko na rude, demanding at akala 24 hours a day akong may time sa paguupdate, SALAMAT DIN PO. MAsasabi kong kayo ang challenge saakin. Mahirap pagsabayin ang studies at pagsusulat pero dahil sa inyo nagawa ko yun. Salamat din sa pagbabasa ng story ko. Sana po this time maintindihan niyo na ko. I love you all!

To my loud readers na madalas mag comment at mag vote, you don't know how much you made me happy. Lalo na pag nakakabasa ko ng mga comments niyo, sobrang saya ko talaga! Salamat salamat salamat! I love you all!

To my silent readers, salamat din po na kahit silent ka, patuloy mo parin binabasa ang story ko. Salamat po talaga. Feel free to communicate with me, mabait po ako, hindi nangangagat. XD I love you!

At dahil tapos na ang My Prince, eto na ang second book.

“REACHING YOU” ang title. Story ni Ren at Amber. Opo nagkatuluyan sila, pero do you want to know how? Ang gulo ng situation nila but how come na nag end up sila bilang isang couple? Read niyo ang REACHING YOU ha?

Alam ko meron paring maka-anti Ren and Amber, lahat kayo gustong paslangin si Amber at angkinin si Ren... wahahahahahahahaha But please give Amber a chance. Makikita niyo ang “tunay” na Amber sa story na to.

So, ayun po. Again salamat sa lahat. Pati narin sa mga magbabasa ng Reaching You, salamat po!

Nga pala, I'll be distributing soft copies of My Prince next week. Dahil ako wala parin soft copies. XD Next week ko rin iuupdate ang compilation. Madami po kasi ako gagawin this week. Kung gusto niyo po manghingi just pm me your email adds :)

This is it. Goodbye My Prince na daw, see you sa Reaching You

I love You

- Aly